



MGA BAWAL

1815–1846

ANG PAMANTAYAN NG KATOTOHANAN

MGA BANAL



ANG KUWENTO NG
SIMBAHAN NI JESUCRISTO
SA MGA HULING ARAW

MGA BANAL

ANG KUWENTO NG
SIMBAHAN NI JESUCRISTO
SA MGA HULING ARAW

Tomo 1

ANG PAMANTAYAN
NG KATOTOHANAN
1815–1846

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Pilipinas
Bersyon 1, 8/18

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/18
Pagsang-ayon sa Pagsasalin: 1/18
Pagsasalin ng Saints: The Story of the Church of Jesus Christ in the Latter Days, Volume 1,
The Standard of Truth, 1815–1846
Tagalog
PD60001624 893

Karapatang-sipi © 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng aklat na ito ay maaaring kopyahin sa anumang anyo o sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa permissions@ldschurch.org.

saints.lds.org

Larawan sa pabalat ni Greg Newbold
Disenyo ng pabalat at panloob na layout ni Patric Gerber



Ang pamantayan ng katotohanan ay naitayo na. Walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na.

—*Joseph Smith, 1842*

M G A N A G - A M B A G

MGA BANAL
ANG KUWENTO NG SIMBAHAN NI JESUCRISTO
SA MGA HULING ARAW

Mananalaysay at Tagapagtala ng Simbahan
Ehekutibong Direktor, Church History Department

Elder Steven E. Snow

Katuwang na Ehekutibong Direktor,
Church History Department

Elder J. Devn Cornish

Katuwang na Mananalaysay
at Tagapagtala ng Simbahan
Tagapamahalang Direktor,
Church History Department

Reid L. Neilson

Direktor, Publications Division

Matthew J. Grow

Tagapamahalang Mananalaysay

Steven C. Harper

Tagapamahala ng Produkto

Ben Ellis Godfrey

Tagapamahala ng Digital na Nilalaman

Matthew S. McBride

Tagapamahala sa Editoriyal

Nathan N. Waite

TOMO 1
ANG PAMANTAYAN NG KATOTOHANAN
1815–1846

Mga Pangkalahatang Patnugot

Matthew J. Grow

Richard E. Turley Jr.

Steven C. Harper

Scott A. Hales

Mga Manunulat

Scott A. Hales

James Goldberg

Melissa Leilani Larson

Elizabeth Palmer Maki

Steven C. Harper

Sherilyn Farnes

Mga Patnugot ng Pagrepaso sa Kasaysayan

Jed L. Woodworth

Lisa Olsen Tait

Mga Patnugot

Leslie Sherman Edgington

Nathan N. Waite

Mga Espesyalista sa Pagsasaliksik

Kathryn Burnside

Chad O. Foulger

Brian D. Reeves

M G A N I L A L A M A N

<i>Isang Mensahe mula sa Unang Panguluhan</i>	xv
<i>Paunang Salita</i>	xvii

UNANG BAHAGI:

Ang Aking Tagapaglingkod na si Joseph **Abril 1815–Abril 1830**

1 <i>Humiling nang May Pananampalataya</i>	3
2 <i>Pakinggan Siya</i>	16
3 <i>Mga Laminang Ginto</i>	23
4 <i>Maging Mapagbantay</i>	36
5 <i>Nawala na ang Lahat</i>	49
6 <i>Ang Kaloob at Kapangyarihan ng Diyos</i>	62
7 <i>Mga Kapwa Tagapaglingkod</i>	74
8 <i>Ang Pagsisimula ng Simbahan ni Cristo</i>	87

IKALAWANG BAHAGI:

Isang Bahay ng Pananampalataya **Abril 1830–Abril 1836**

9 <i>Sa Buhay man o sa Kamatayan</i>	102
10 <i>Pinagtipon</i>	117
11 <i>Kayo ay Makatatanggap ng Aking Batas</i>	130
12 <i>Matapos ang Maraming Kapighatian</i>	143
13 <i>Nanumbalik ang Kaloob</i>	156
14 <i>Mga Pangitain at Bangungot</i>	167
15 <i>Mga Banal na Lugar</i>	181
16 <i>Isa Lamang Simula</i>	196
17 <i>Kahit Paslangin Tayo ng mga Mandurumog</i>	209
18 <i>Ang Kampo ng Israel</i>	224

19	<i>Mga Katiwala sa Ministeryong Ito</i>	239
20	<i>Huwag Mo Akong Itakwil</i>	252
21	<i>Ang Espiritu ng Diyos</i>	266

**IKATLONG BAHAGI:
Itinapon sa Kailaliman
Abril 1836–Abril 1839**

22	<i>Subukin ang Panginoon</i>	281
23	<i>Bawat Patibong</i>	296
24	<i>Mananaig ang Katotohanan</i>	312
25	<i>Lumipat sa Kanluran</i>	326
26	<i>Isang Banal at Nakalaang Lupain</i>	342
27	<i>Ipinahahayag Nating Malaya na Tayo</i>	355
28	<i>Nagawa na ang Lahat</i>	369
29	<i>Diyos at Kalayaan</i>	383
30	<i>Lumaban na tulad ng mga Anghel</i>	397
31	<i>Paano Ito Magwawakas?</i>	411
32	<i>Pilitin mang S'ya'y Yanigin ng Kadiliman</i>	425
33	<i>O Diyos, Nasaan Kayo?</i>	439



**IKAAPAT NA BAHAGI:
Kaganapan ng Panahon
Abril 1839–Pebrero 1846**

34	<i>Magtayo ng Isang Lunsod</i>	455
35	<i>Isang Magandang Lugar</i>	473
36	<i>Hikayatin Sila na Magtipon</i>	489
37	<i>Susubukin Natin Sila</i>	505
38	<i>Isang Traydor o Isang Tunay na Lalaki</i>	521
39	<i>Ang Ikapitong Kaguluhan</i>	535


40	<i>Nagkakaisa sa Walang Hanggang Tipan</i>	549
41	<i>Ang Diyos na ang Hahatol</i>	564
42	<i>Ihanda ang Iyong mga Balikat</i>	581
43	<i>Isang Panganib sa Madla</i>	594
44	<i>Isang Kordero sa Katayan</i>	612
45	<i>Isang Makapangyarihang Pundasyon</i>	630
46	<i>Pinagkalooban ng Kapangyarihan</i>	649
	<i>Mga Tala</i>	670
	<i>Paalala tungkol sa Sources</i>	744
	<i>Sources na Binanggit</i>	747
	<i>Mga Pagkilala</i>	769
	<i>Indeks</i>	770



ANG PAMANTAYAN




NG KATOTOHANAN



JERUSALEM

TAMBORA

- - HULYO 1837 - British mission
 -OKTUBRE 1841 - inilaan ni Orson Hyde ang Banal na Lupain
 - - MAYO 1843 - Pacific mission
-
- ABRIL 10, 1815 - Pagputok ng Mt. Tambora, Indonesia
 - SETYEMBRE 22, 1827 - Natanggap ni Joseph ang mga laminang ginto
 - HULYO 20, 1831 - itinatag ang Sion sa Missouri
 - MARSO 27, 1836 - Paglalaan ng Kirtland Temple
 - ABRIL 30, 1846 - Paglalaan ng Nauvoo Temple



ISANG MENSAHE MULA SA UNANG PANGULUHAN

Sa kabuuan ng mga banal na kasulatan iniutos ng Panginoon sa atin na *umalala*. Ang pag-alaala sa ating pinagsaluhang pamana ng pananampalataya, katapatan, at tiyaga ay nagbibigay sa atin ng pananaw at lakas habang humaharap tayo sa mga hamon ng ating panahon.

Sa hangaring ito na alalahanin “kung paano naging maawain ang Panginoon sa mga anak ng tao,” (Moroni 10:3) aming ipinapakilala ang *Mga Banal: Ang Kwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*. Unang tomo ito sa isang serye ng apat na tomo. Ito ay ang pasalaysay na kasaysayan na may kabilang na mga kuwento ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw sa nakalipas na panahon. Hinihikayat namin ang lahat na basahin ang aklat at gamitin ang karagdagang materyal na makukuha sa internet.

Kayo ay mahalagang bahagi ng pagpapatuloy ng kasaysayan ng Simbahang ito. Nagpapasalamat kami sa lahat ng inyong ginagawa upang magtatag sa pundasyon ng pananampalataya na inilatag ng ating mga ninuno.

Aming pinatotohanan na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at ang Kanyang ebanghelyo ay ang pamantayan ng katotohanan ngayon. Tinawag ng Panginoon si Joseph Smith na maging Kanyang propeta, tagakita, at tagapaghayag sa mga huling araw, at Siya ay patuloy na tumatawag ng mga buhay na propeta at apostol upang magabayan ang Kanyang Simbahan.

Dalangin namin na ang aklat na ito ay magpalawak ng inyong pag-unawa sa nakaraan, magpalakas ng inyong

pananampalataya, at makatulong sa inyo na gawin at
tuparin ang mga tipan na humahantong sa kadakilaan at
buhay na walang hanggan.

Taos-pusong sumasainyo,
ANG UNANG PANGULUHAN

PAUNANG SALITA

Ang mga tunay na kuwentong maganda ang pagkaka-salaysay ay maaaring magbigay-inspirasyon, magbabala, maglibang, at magturo. Naunawaan ni Brigham Young ang kapangyarihan ng isang magandang kuwento nang pina-yuhan niya ang mga mananalaysay ng Simbahan na gawin ang higit pa sa pagtatala lamang ng mga payak na datos ng nakaraan. “Magsulat nang pasalaysay,” payo niya at “magsulat lamang ng mga ika-sampung bahagi ang dami.”¹

Ang kinalabasan ay ang isang pasalaysay na kasaysayan na dinisenyo upang bigyan ang mga mambabasa ng batayang pang-unawa sa kasaysayan ng Simbahan. Ang bawat tagpo, tauhan, at linya ng diyologo ay nakasalig sa mga makasaysayang sources, na siyang binanggit sa kata-pusan ng aklat. Sa mga nais na basahin ang mga sources na ito, mas maunawaan ang magkakaugnay na mga paksa, at tuklasin ang mas maraming kuwento, maaaring makakita ng mga link sa karagdagang mga sanggunian sa internet sa history.lds.org.

Ang aklat na ito ay ang una sa apat na tomong kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kapag pinagsama, inilalahad ng mga tomo ang kuwento tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo mula sa mga unang araw ng Simbahan hanggang sa ngayon. Isinulat ang mga ito sa estilong kahali-halina na madaling maabot ng mga Banal sa buong mundo.

Nakapaglathala na noon ang Simbahan ng dala-wang maramihang tomo ng kasaysayan nito. Ang una ay

dokumentaryong pangkasaysayang sinimulan ni Joseph Smith noong dekada ng 1830 at inilathala simula noong 1842. Ang ikalawa ay isinulat ng assistant na mananalaysay ng Simbahan na si B. H. Roberts at inilathala noong 1930.² Ang pagpapabatid tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo sa buong mundo mula noon, at ang utos ng Panginoon na patuloy na pag-ingatan ang kasaysayan “para sa ikabu-buti ng simbahan, at para sa [umuusbong na] salinlahi,”³ ay hudyat na panahon na upang mag-update at magsama ng marami pang mga Banal sa kuwento.

Higit pa sa mga nakaraang kasaysayan, inilalahad ng *Mga Banal* ang mga buhay at mga kuwento ng mga karaniwang lalaki at babae sa Simbahan. Nagbibigay rin ito ng bagong detalye at pananaw sa mga mas kilalang tao at mga pangyayari mula sa kasaysayan ng Simbahan. Ang bawat kabanata ay makatutulong sa mga mambabasa na maunawaan at pahalagahan ang mga Banal na siyang humubog sa kung ano ngayon ang Simbahan. Kapag inihabi nang sama-sama, ang kanilang mga kuwento ay lumilikha ng mamahaling tapiserya ng Panunumbalik.

Ang *Mga Banal* ay hindi banal na kasulatan, ngunit tulad ng mga banal na kasulatan, ang bawat tomo ay naglalaman ng banal na katotohanan at mga kuwento ng mga taong di-perpekto na nagsisikap na maging mga Banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.⁴ Ang kanilang mga kuwento—tulad ng mga kuwento ng lahat ng Banal, noon at ngayon—ay nagpapaalala sa mga mambabasa kung gaano napakamaawain ng Panginoon sa Kanyang mga tao sa pagsasama-sama nila sa buong mundo upang lalong isulong ang gawain ng Diyos.

UNANG BAHAGI




Ang Aking Tagapaglingkod na si Joseph

ABRIL 1815–ABRIL 1830

Ako, ang Panginoon, nalalaman ang kapahamakang sasapit sa mga naninirahan sa mundo, ay tinawag ang aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun., at nangusap sa kanya mula sa langit . . . nang ang aking walang hanggang tipan ay mapagtibay.

Doktrina at mga Tipan 1:17, 22

1816-1830



CANADA


Lawa ng Ontario



SHARON •

PALMYRA •
Buro ng Cumorah

MANCHESTER •
FAYETTE •



NEW YORK

N.H.

Ilog Susquehanna

HARMONY •
COLESVILLE •

MASS.

CONN.

R.I.



PENNSYLVANIA

LUNSOD NG
NEW YORK



MARYLAND

N.J.

DEL.





Humiling nang May Pananampalataya

Noong 1815, ang isla ng Sumbawa sa Indonesia ay sagana at luntian dahil sa mga pag-ulan. Naghahanda noon ang mga pamilya para sa darating na tagtuyot, tulad ng kanilang nakagawian sa bawat henerasyon, nagsasaka sila sa mga palayan sa paanan ng bulkang Tambora.

Noong Abril 5, matapos ang ilang dekadang pagkakahimbing, galit na gumising ang bulkan, bumuga ng abo at apoy. Ilang daang milya mula roon, ang mga saksi ay nakarinig ng tunog na tila putok ng isang kanyon. Nagpatuloy nang ilang araw ang mahihinang pagputok ng bulkan. At sa gabi ng Abril 10, tuluyang sumabog ang bulkan. Tatlong linya ng apoy ang pumailanlang sa kalangitan, nagsanib at sumabog nang napakalakas. Dumaloy ang nagbabagang likido pababa mula sa bulkan, at nilamon ang nayon sa paanan nito. Malalakas na hampas ng hangin ang rumagasa

sa buong lugar, binunot ang mga puno at tinangay ang mga kabahayan.¹

Patuloy ang kaguluhan buong gabi at umabot hanggang kinabukasan. Natabunan ng abo ang milya-milyang lupain at karagatan na umabot nang hanggang dalawang talampakan sa ilang lugar. Tila naging hatinggabi ang katanghalian. Galit na dumagundong ang dagat sa mga dalampasigan, sinira ang mga pananim at nilunod ang mga kanayunan. Sa loob ng ilang linggo, nagbuga ng mga abo, mga bato, at apoy ang Tambora.²

Sa mga sumunod na buwan, nadama ng buong mundo ang bunga ng pagputok ng bulkan. Ang mga kagilalas na takipsilim ay ikinamangha ng mga tao sa iba't ibang panig ng mundo. Subalit sa likod ng matitingkad na kulay nito ay ang nakamamatay na epekto ng mga abo ng bulkan sa pagkalat nito sa iba't ibang panig ng mundo. Sa sumunod na taon, naging pabagu-bago at mapaminsala ang panahon.³

Ang pagputok ng bulkan ay nagdulot ng pagbaba ng temperatura sa bansang India, at ang kolera ay kumitil ng libu-libong tao, at ng mga pamilya. Sa matabang lupa ng mga lambak sa Tsina, ang karaniwang banayad na klima ay napalitan ng mga bagyo sa tag-init at sinira ng mga pagbaha na dulot ng pag-ulan ang mga pananim. Sa Europa, nangaunti ang mga pagkain, na nagdulot ng taggutom at matinding takot.⁴

Sa lahat ng dako, ang mga tao ay humanap ng mga kasagutan sa mga pagdurusa at kamatayang idinulot ng kakaibang panahon. Ang mga dasal at mga awit ng mga banal na tao ay palaging maririnig sa mga templong Hindu

sa India. Ang mga makatang Tsino ay nahirapang humanap ng sagot sa kanilang mga tanong tungkol sa kapighatian at kamatayan. Sa Pransya at Britanya, ang mga mamamayan ay nagsiluhod, natatakot na mangyari sa kanila ang mga mapaminsalang kalamidad na ipinropesiya sa Biblia. Sa Hilagang Amerika, ipinangaral ng mga ministro na pinaparusahan ng Diyos ang mga suwail na Kristiyano, at muli't muling nagbabala upang paigtingin ang interes ng tao sa relihiyon.

Sa buong kalupaan, dumagsa ang maraming tao sa mga simbahan at sa mga revival meeting sa hangad na malaman kung paano sila maliligtas mula sa mangyayaring delubyo.⁵

ANG PAGPUTOK NG TAMBORA ay nakaapekto sa klima sa Hilagang Amerika hanggang sa sumunod na taon. Natapos ang tagsibol at pumalit ang pag-ulan ng niyebe at nakamatay na lamig, at ang taong 1816 ay maaalala bilang taon na walang tag-araw.⁶ Sa Vermont, sa hilagang-silangang bahagi ng Estados Unidos, ang mababatong burol ay naging balakid sa isang magsasakang nagnangalang Joseph Smith Sr. sa loob ng ilang taon. Ngunit sa panahong iyon, habang minamasdan niya at ng kanyang asawang si Lucy Mack Smith ang kanilang mga pananim na nabubulok sa patuloy na pag-ulan ng niyebe, batid nilang haharapin nila ang matinding pagkalugi at isang kinabukasang walang katiyakan kung mananatili sila sa lugar na iyon.

Sa edad na apatnapu't lima, hindi na bata si Joseph, Sr. at ang ideya na muling magsimula sa bagong lugar ay nagdulot ng pangamba. Batid niyang ang kanyang mas

matatandang anak, ang labingwalong-taong gulang na si Alvin at ang labing-anim na taong gulang na si Hyrum, ay tutulungan siya sa paghawan ng damo sa bukirin, pagtayo ng bahay, at sa pagtanim at pag-aani ng pananim. Ang kanyang labingtalong taong gulang na anak, si Sophronia, ay nasa tamang edad na upang tulungan si Lucy sa kanyang mga gawain sa bahay at sa bukid. Ang kanyang mga mas batang anak, ang walong taong gulang na si Samuel at ang limang taong gulang na si William, ay mas nakakatulong na, at ang kanyang tatlong taong gulang na si Katharine at bagong silang na si Don Carlos ay makakatulong din kapag nasa tamang edad na sila.

Ngunit ang kanyang gitnang anak, ang sampung taong gulang na si Joseph Jr., ay may kakaibang kalagayan. Apat na taon na ang nakalilipas, sumailalim si Joseph Jr. sa isang operasyon upang alisin ang impeksyon sa kanyang binti. Mula noon ay naglakad na ito nang nakasaklay. Bagama't lumalakas na ang kanyang binti, makirot pa rin ito kaya paika-ika ang lakad ni Joseph Jr., at hindi matiyak ni Joseph Sr. kung lalaki siyang kasing-lakas nina Alvin at Hyrum.⁷

Lubos ang tiwalang maaasahan nila ang isa't isa, nagdesisyon ang mga Smith na lisanin ang kanilang tahanan sa Vermont para sa mas magandang lupain.⁸ Tulad ng marami sa kanilang lugar, nagpasiya si Joseph Sr. na pumunta sa estado ng New York na kung saan ay umasa siyang makakita ng magandang sakahan na mabibili nila nang hulugan. Pagkatapos ay pasusunurin niya si Lucy at ang mga bata, at muling makapagsisimula ang pamilya.

Sa pag-alis ni Joseph Sr. patungong New York, inihatid siya nina Alvin at Hyrum bago magpaalam. Mahal ni Joseph

Sr. ang kanyang asawa at mga anak, ngunit hindi niya naging bigyan sila ng katatagan sa buhay. Ang kamalasan at hindi naging matagumpay na pamumuhunan ang naging dahilan kaya nanatiling maralita at walang permanenteng tirahan ang pamilya. Marahil ay iba ang magiging kapalaran nila sa New York.⁹

NOONG SUMUNOD NA TAGLAMIG, sinuong ni Joseph Jr. ang niyebe kasama ang kanyang ina at mga kapatid. Patungo sila sa isang nayon sa New York na nagngangalang Palmyra, malapit sa lugar kung saan nakakita ng magandang sakahan si Joseph Sr. at naghihintay sa kanyang pamilya.

Dahil hindi makakatulong si Joseph Sr. sa paglilipat, minarapat ni Lucy na upahan ang lalaking nagngangalang Ginoong Howard upang patakbuhin ang kanilang bagon. Habang nasa daan, pabayang ginawa ni Ginoong Howard ang kanyang trabaho at agad isinugal at pinang-inom ang perang ibinayad nila sa kanya. At nang makasama nila ang isa pang pamilyang naglalakbay patungong kanluran, pinaalis ni Ginoong Howard si Joseph Jr. sa bagon upang maisakay niya ang mga anak na babae ng kabilang pamilya.

Batid kung gaano kahirap at kasakit para kay Joseph Jr. ang maglakad, makailang-ulit na sinubukang ipaglaban nina Alvin at Hyrum si Joseph kay Ginoong Howard. Subalit sa bawat pagkakataon ay nagagawa niyang pigilan ang mga ito gamit ang hawakan ng kanyang latigo.¹⁰

Kung mas matanda lamang siya, marahil ay si Joseph na mismo ang lalaban kay Ginoong Howard. Balakid man ang kanyang binti upang makapaglaro at makapagtrabaho,

ang kanyang matibay na loob ang nagpalakas sa kanyang mahinang katawan. Bago inoperahan ng mga doktor ang kanyang binti at inalis ang naimpeksyong bahagi ng kanyang buto, nais nilang itali siya o painumin siya ng alak upang mapahupa ang sakit. Ngunit si Joseph ay humiling lamang na hawakan siya ng kanyang Ama.

Gising at alerto siya habang inooperahan, maputla ang mukha at tagaktak ang pawis. Ang kanyang ina, na karaniwang matibay ang loob, ay muntik nang hinimatay nang narinig ang kanyang pagsigaw. Pagkatapos noon, pakiwari ni Lucy ay kaya na niyang tiisin ang anuman.¹¹

Habang paika-ikang sumasabay sa bagon si Joseph, nakikita niya ang pagtitiis ng kanyang ina sa mga ginagawa ni Ginoong Howard. Dalawandaang milya na ang kanilang nalakbay at napakahaba na ng pagpapasensya ni Lucy sa masamang ugali ng lalaking ito.

MGA ISANDAANG MILYA MULA sa Palmyra, naghahanda si Lucy para sa isa na namang araw ng paglalakbay nang makita niyang patakbong lumalapit sa kanya si Alvin. Itina-pon ni Ginoong Howard ang kanilang mga gamit at damit sa daan at balak nang umalis dala ang kanilang mga kabayo at bagon.

Natagpuan ni Lucy ang lalaki sa bar. “At dahil may Diyos sa langit,” wika niya, “ang bagon na iyon at ang mga kabayo at maging ang mga bagay na naroon ay akin.”

Luminga-linga siya sa bar. Puno ito ng mga lalaki at babae, karamihan sa kanila ay mga manlalakbay ring tulad niya. “Ang lalaking ito,” sabi niya, na sinalubong ang kanilang

tingin, “ay determinadong kunin mula sa akin ang lahat ng kailangan ko upang maipagpatuloy ang aking paglalakbay, at iiwanan akong may walong bata na naghihikahos.”

Sinabi ni Ginoong Howard na nagastos na niya ang perang ibinayad sa kanya ni Lucy upang patakbuin ang bagon, at hindi na siya makapagpapatuloy pa.

“Wala kang silbi sa akin,” sabi ni Lucy. “Ako na mismo ang magpapatakbo ng bagon.”

Iniwan niya si Ginoong Howard sa bar at isinumpang makakasamang muli ng kanyang mga anak ang kanilang ama, anuman ang mangyari.¹²

ANG DAAN AY MAPUTIK at malamig, ngunit ligtas na nadala ni Lucy ang kanyang pamilya patungo sa Palmyra. Habang minamasdan niya ang kanyang mga anak na mahigpit na yumayakap sa kanilang ama at hinahagkan ang mukha nito, pakiramdam niya ay biniyayaan siya para sa lahat ng hirap na kanyang pinagdaanan upang makarating doon.

Agad na umupa ang pamilya ng isang maliit na bahay sa kabayanan at pinag-usapan kung paano sila magkakaroon ng sariling sakahan.¹³ Ang pinakamainam na paraan, na kanilang napagkasunduan, ay magtrabaho hanggang makaipon sila ng sapat na halaga para sa paunang-bayad sa lupa sa kalapit na kakahuyan. Sina Joseph Sr. at kanyang mga mas nakatatandang anak na lalaki ay naghukay ng balon, nagsibak ng kahoy na gagamitin sa paggawa ng mga bakod, at nag-ani ng mga dayami para kumita ng pera, habang sina Lucy at ang mga anak na babae ay gumawa

at nagbenta ng mga empanada, root beer, at mga damit na pinalamutian upang makabili ng pagkain para sa pamilya.¹⁴

Habang lumalaki si Joseph Jr., mas lumalakas na ang kanyang binti at madali na siyang nakakapaglakad sa Palmyra. Sa bayan, nakasalamuha niya ang mga tao mula sa buong rehiyon, at marami sa kanila ay bumabaling sa relihiyon upang matugunan ang kanilang espirituwal na pagkauhaw at maipaliwanag ang mga kahirapan sa buhay. Si Joseph at ang kanyang pamilya ay hindi kasapi ng anumang simbahan, ngunit marami sa kanilang kapitbahay ay sumasamba sa isa sa malapit na chapel ng mga Presbyterian, sa meetinghouse ng mga Baptist, sa bulwagan ng mga Quaker, o sa campground kung saan ang mga naglalakbay na mga mangangaral na Methodist ay paminsan-minsang nagdaraos ng mga revival meeting.¹⁵

Noong labindalawang-taong gulang si Joseph, ang mga pagtatalu-talo tungkol sa relihiyon ay laganap na sa Palmyra. Bagama't hindi siya mahilig magbasa, hilig niyang pag-isipan nang malalim ang tungkol sa mga ideya. Nakinig siya sa mga mangangaral, umaasang may matutuhan pa tungkol sa kanyang imortal na kaluluwa, ngunit ang kanilang mga sermon ay karaniwang nagdudulot sa kanya ng pagkabalisa. Sinabi nila na siya ay makasalanan sa isang makasalalang mundo, at walang magagawa kung wala ang mapagpalang biyaya ni Jesucristo. At bagama't naniniwala si Joseph sa mensahe at ikinalungkot ang mga nagawa niyang kasalanan, hindi niya alam kung paano hihingi ng kapatawaran.¹⁶

Inisip niya na makakatulong sa kanya ang pagsisimba, ngunit hindi siya makapagpasiya kung saan talaga siya

sasamba. Ang iba't ibang simbahan ay walang-katapusang pinagtatalunan kung paano makaliligtas ang mga tao mula sa kasalanan. Matapos niyang makinig sa mga pagtatalong ito, nabagabag si Joseph na makakita ng mga taong pareho lang ang binabasang Biblia ngunit may kani-kanyang pagka-unawa sa mensahe nito. Naniniwala siyang ang katotohanan ng Diyos ay nariyan lamang, ngunit hindi niya alam kung saan ito hahanapin.¹⁷

Maging ang kanyang mga magulang ay nag-aalangan din. Nagmula sa mga pamilyang Kristiyano sina Lucy at Joseph Sr., at naniniwala sila sa Biblia at kay Jesucristo. Dumadalo sa mga pulong ng simbahan si Lucy at kadala-sang isinasama niya rito ang kanyang mga anak. Hinahanap niya ang tunay na simbahan ni Jesucristo mula nang mamatay ang kanyang kapatid maraming taon na ang nakararaan.

Minsan, matapos magkasakit nang malubha ilang araw bago isilang si Joseph, siya ay natakot na mamamatay siya bago mahanap ang katotohanan. Nakadama siya ng isang madilim at mapanglaw na puwang sa pagitan niya at ng Tagapagligtas, at alam niya na siya ay hindi pa handa para kabilang buhay.

Gising na nakahiga buong gabi, nanalangin siya sa Diyos, nangangako sa Kanya na kung hahayaan Niya siyang mabuhay, hahanapin niya ang Simbahan ni Jesucristo. Habang siya ay nagdarasal, ang tinig ng Panginoon ay nag-salita sa kanya, tinitiyak sa kanya na kung siya ay hihingi, masusumpungan niya ito. Binisita niya ang iba pang mga simbahan noon, ngunit hindi pa rin niya natagpuan ang nararapat. Kahit na pakiramdam niya ay wala sa mundo ang simbahan ng Tagapagligtas, patuloy siyang naghanap,

naniniwala na ang pagsisimba ay mas nakabubuti kaysa sa hindi magsimba.¹⁸

Tulad ng kanyang asawa, naghahangad si Joseph Sr. para sa katotohanan. Subalit para sa kanya, mas mabuti pang huwag magsimba kaysa magsimba sa maling simbahan. Sinusunod ang payo ng kanyang ama, si Joseph Sr. ay naghanap sa mga banal na kasulatan, masigasig na nagdasal, at naniwalang si Jesucristo ay tunay ngang dumating upang ilitas ang mundo.¹⁹ Subalit hindi niya mapagtugma ang mga nadama niyang totoo sa kaguluhan at pagtatalo na nakita niya sa mga simbahan na nasa paligid niya. Isang gabi ay napanaginipan niya na ang mga nagtatalong mangangaral ay parang mga baka, umuunga habang hinuhukay ang lupa gamit ang kanilang mga sungay, na nagpalalim ng kanyang alalahanin na kaunti lamang ang kanilang alam tungkol sa kaharian ng Diyos.²⁰

Lalo lamang nalito si Joseph Jr. habang nakikita niyang hindi nasisiyahan sa mga lokal na simbahan ang kanyang mga magulang.²¹ Ang kapakanan ng kanyang kaluluwa ang siyang nakataya, ngunit walang makapagbigay sa kanya ng kapani-paniwalang sagot.

MATAPOS MAG-IMPOK NG PERA nang mahigit isang taon, ang mga Smith ay mayroon nang sapat na halaga upang makapagbigay ng paunang-bayad sa isandaang acre ng kagubatan sa Manchester, sa bandang timog ng Palmyra. Doon, maliban sa pagtatrabaho bilang swelduhang magbubukid, kumukuha sila ng maple syrup mula sa mga puno ng maple, nagtatanim ng mga punong namumunga, at

naghahawan ng mga damo sa mga bukirin upang mapag-tamnan ito.²²

Habang siya ay tumutulong sa bukirin, patuloy na nag-aalala si Joseph tungkol sa kanyang mga kasalanan at sa kapakanan ng kanyang kaluluwa. Pumayapa na ang religious revival sa Palmyra, subalit patuloy pa rin sa kanilang kumpetisyon ang mga mangangaral para sa mga nagbabalik-loob doon at sa buong rehiyon.²³ Araw at gabi, minasdan ni Joseph ang araw, buwan, at mga bituin na nagsisigalaw sa kalangitan ayon sa pagkakaayos at karingalan ng mga ito at hinangaan ang kagandahan ng mundong puno ng sigla at buhay. Minasdan niya rin ang mga tao sa kanyang paligid at namangha sa lakas at katalinuhan nila. Lahat ay tila nagsisilbing saksi na buhay ang Diyos at nilikha ang tao ayon sa Kanyang larawan. Ngunit paano Siya makakausap ni Joseph?²⁴

Sa tag-araw ng 1819, noong labintatlong taong gulang pa lamang si Joseph, nagtipon ang mga mangangaral na Methodist para sa isang kumperensya ilang milya ang layo mula sa sakahan ng mga Smith at nagtungo sa mga bukirin upang hikayatin ang mga pamilya tulad ng pamilya ni Joseph na magbalik-loob. Ang tagumpay ng mga mangangaral na ito ay nagdulot ng pangamba sa ibang mga ministro sa lugar, at hindi naglaon ay tumindi ang kumpitensya sa kung sino ang makapaghihikayat sa mga tao na magbalik-loob.

Dumalo sa mga pulong si Joseph, nakinig sa mga makabagbag-damdaming sermon, at nasaksihan ang mga nagbabalik-loob na sumisigaw sa kaligayahan. Gusto niyang sumigaw kasama nila, ngunit madalas niyang nararamdaman na nasa gitna siya ng digmaan ng mga salita at mga

ideya. “Sino sa lahat ng pangkat na ito ang tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali?” tanong niya sa kanyang sarili. “Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?” Batid niyang kailangan niya ang biyaya at awa ni Cristo, ngunit sa dami ng tao at mga simbahan na pinagtatalunan ang mga katanungan tungkol sa relihiyon, hindi niya alam kung saan ito matatagpuan.²⁵

Ang pag-asa na matatagpuan niya ang mga kasagutan—at kapayapaan para sa kanyang kaluluwa—ay tila lumalayo sa kanya. Inisip niya kung paano magagawa ninuman na mahanap ang katotohanan sa gitna ng napakaraming ingay.²⁶

HABANG NAKIKINIG NG SERMON, narinig ni Joseph ang isang ministro na nagbasa mula sa unang kabanata ni Santiago sa Bagong Tipan. “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo,” sabi niya, “ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.”²⁷

Umuwi si Joseph at binasa ang talata sa Biblia. “Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa naga-wa nito sa akin sa oras na ito.” naalala niya kalaunan. “Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmuni-muni ito, nalalaman na kung may tao mang nangangailangan ng karunungan mula sa Diyos, ako yaon.” Naghanap na siya noon ng sagot sa Biblia na para bang hawak nito ang lahat ng mga kasagutan. Ngunit ngayon ay sinasabi sa kanya ng

Biblia na maaari siyang humingi mismo sa Diyos ng mga kasagutan para sa kanyang mga katanungan.

Nagdesisyon si Joseph na magdasal. Hindi pa siya nakakapagdasal nang malakas noon, ngunit nagtiwala siya sa pangako ng Biblia. “Humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan,” ang itinuro nito.²⁸ Maririnig ng Diyos ang kanyang mga tanong—kahit asiwang masasambit ang mga ito.



Pakinggan Siya

Isang umaga noong tagsibol ng 1820 ay maagang gumising si Joseph at nagtungo sa kakahuyang malapit sa kaniyang tahanan. Maaliwalas at maganda ang araw na iyon, at sumisilip ang sinag ng araw sa pagitan ng mga sanga ng mga nagtataasang punongkahoy. Nais niyang mapag-isa sa kanyang pagdarasal, at may alam siyang isang tahimik na lugar sa kakahuyan na kamakailan lamang ay hinawanan niya ng mga puno. Iniwan niya ang kanyang palakol doon, na nakataga sa isang tuod.¹

Nang mahanap niya ang lugar, tumingin si Joseph sa paligid upang matiyak na mag-isa lamang siya. Nag-aagam-agam siyang magdasal nang malakas at ayaw niyang magambala.

Nasisiyahang nag-iisa siya, lumuhod si Joseph sa malamig na lupa at sinimulang sabihin sa Diyos ang mga naisin ng kanyang puso. Humingi siya ng awa at kapatawaran at

karunungan upang mahanap ang mga sagot sa kanyang mga tanong. “O Panginoon ko,” dasal niya, “anong simbahan po ang dapat kong sapian?”²

Habang siya ay nagdarasal, tila namaga ang kanyang dila hanggang sa hindi na siya makapagsalita. Nakarinig siya ng mga yabag sa kanyang likuran ngunit wala siyang nakita sa kanyang paglingon. Sinubukan niyang magdasal muli, ngunit mas lumakas ang tunog ng mga yabag, na tila may papalapit sa kanya. Bigla siyang tumayo at pumihit, ngunit wala pa rin siyang nakita.³

Daglian, may hindi nakikitang kapangyarihan na sumunggab sa kanya. Sinubukan niyang muling magsalita, ngunit nakagapos pa rin ang kanyang dila. Nagtipon ang makapal na kadiliman sa kanyang paligid hanggang sa hindi na niya makita ang sikat ng araw. Mga alinlangan at kakila-kilabot na mga imahe ang sumagi sa kanyang isipan, nililito at ginugulo siya. Pakiramdam niya ay parang may isang kakila-kilabot na nilalang, tunay at napakalakas, na nagnanais na patayin siya.⁴

Gamit ang lahat ng kanyang lakas, muling tumawag sa Diyos si Joseph. Nawala ang pamamaga ng kanyang dila, at nagmakaawa siyang mailigtas. Ngunit nadama niya ang kanyang sarili na nawawalan ng pag-asa, nanghihina dahil sa hindi makayanang kadiliman at handa nang ipaubaya ang kanyang sarili sa pagkawasak.⁵

Sa sandaling iyon, lumitaw ang isang haligi ng liwanag sa kanyang ulunan. Unti-unti itong bumaba at tila masusunog nito ang kakahuyan. Nang tumuon sa kanya ang liwanag, naramdaman ni Joseph na pinakawalan siya ng hindi makitang kapangyarihan. Ang Espiritu ng Diyos ang

humalili, pinupuno siya ng kapayapaan at galak na hindi niya mailarawan.

Nang tumingin siya sa liwanag, nakita ni Joseph ang Diyos Ama na nakatayo sa hangin sa kanyang itaas. Ang Kanyang mukha ay mas maliwanag at mas maluwalhati kaysa sa anumang bagay na nakita ni Joseph. Tinawag siya ng Diyos sa kanyang pangalan at itinuro ang isa pang nilalang na nasa Kanyang tabi. “Ito ang Aking Pinakamamahala na Anak,” wika Niya. “Pakinggan Siya!”⁶

Tiningnan ni Joseph ang mukha ni Jesucristo. Kasingliwanag at kasingluwalhati ito ng sa Ama.

“Joseph,” ang sabi ng Tagapagligtas, “ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na.”⁷

Gumaan ang kanyang pasanin, inulit ni Joseph ang kanyang tanong: “Ano pong simbahan ang dapat kong sapian?”⁸

“Huwag sumapi sa alinman sa kanila,” sabi ng Tagapagligtas sa kanya. “Itinuturo nila bilang mga doktrina ang mga kautusan ng tao, na may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito.”

Sinabi ng Panginoon kay Joseph na ang mundo ay puno ng kasalanan. “Wala sa kanilang gumagawa ng mabuti,” paliwanag Niya. “Tinalikuran nila ang ebanghelyo at hindi sinunod ang aking mga kautusan.” Ang mga sagra-dong katotohanan ay nawala o nabago, ngunit ipinangako Niya na ihahayag ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo kay Joseph sa hinaharap.⁹

Habang nagsasalita ang Tagapagligtas, nakita ni Joseph ang mga hukbo ng mga anghel, at ang liwanag na bumabaliot sa kanila ay mas maliwanag pa sa araw sa katanghaliang

tapat. “Masdan, at narito, Ako ay kaagad na darating,” wika ng Panginoon, “nadaramitan ng kadakilaan ng Aking Ama.”¹⁰

Inakala ni Joseph na lalamunin ng apoy ang kakahuyan, ngunit ang mga puno ay nagliyab lamang tulad ng palumpong noong panahon ni Moises at hindi natupok.¹¹

NANG NAGLAHO ANG LIWANAG, natagpuan ni Joseph ang kanyang sarili na nakatihaya, nakatingin sa kalangitan. Naglaho ang haligi ng liwanag, at ang kanyang kasalanan at pagkalito ay wala na. Napuno ng banal na pagmamahal ang kanyang puso.¹² Nakipag-usap ang Diyos Ama at si Jesucristo sa kanya, at natutuhan niya sa kanyang sarili kung paano matatagpuan ang katotohanan at kapatawaran.

Hinang-hina mula sa pangitain kaya hindi makagalaw, nahiga si Joseph sa gubat hanggang sa nagbalik ang kaunti niyang lakas. Pagkatapos ay hirap siyang umuwi at sumandig sa dapugan para may masandalan. Nakita siya ng kanyang ina at tinanong siya kung ano ang nangyari.

“Mabuti naman po ang lahat,” pagtiyak niya sa ina. “Mabuti na po ang pakiramdam ko.”¹³

Ilang araw pagkatapos niyon, habang nakikipag-usap sa isang mangangaral, ikinuwento ni Joseph ang kanyang nakita sa kakahuyan. Aktibo ang mangangaral na ito sa kasalukuyang interes sa mga relihiyon, at inasahan ni Joseph na seryosong pakikinggan nito ang kanyang pangitain.

Noong una ay binalewala lamang ng mangangaral ang pangitain. May mga tao noon na nagsasabi na

paminsan-minsan ay nakakakita sila ng mga pangitain mula sa langit.¹⁴ Ngunit pagkatapos ay nagalit siya at naging dependsibo, at sinabi niya kay Joseph na ang kanyang kuwento ay mula sa diyablo. Ang mga araw ng mga pangitain at paghahayag ay matagal nang huminto, sabi niya, at hindi na babalik ang mga ito.¹⁵

Nagulat si Joseph, at hindi nagtagal ay nalaman niya na walang maniniwala sa kanyang pangitain.¹⁶ Bakit naman sila maniniwala sa kanya? Labing-apat na taong gulang lamang siya at halos walang pinag-aralan. Nagmula siya sa isang maralitang pamilya at inaasahang iuukol ang buong buhay niya sa pagsasaka at sa kung anu-ano pang pinagkakakitaan upang kumita nang kaunti.

Subalit, ang kanyang patotoo ay ikinabagabag ng ilang tao na humantong sa panlalait sa kanya. Lubos na nakapagtataka, naisip niya, na ang isang simpleng bata na di-kilala sa daigdig ay makakaakit ng pinakamapait na pang-uusig at panlalait. “Bakit ako inuusig sa pagsasabi ng katotohanan?” nais niyang itanong. “Bakit iniisip ng sanlibutan na ipagkakaila ko ang tunay kong nakita?”

Pinag-isipan ni Joseph ang mga tanong na ito sa buong buhay niya. “Ako’y tunay na nakakita ng liwanag, at sa gitna ng liwanag na yaon nakakita ako ng dalawang Katauhan, at sa katotohanan ay kinausap nila ako,” ikinuwento niya kalaunan, “at bagaman kinamuhian ako at inusig dahil sa pagsasabi na nakakita ako ng pangitain, gayon man ito’y totoo.”

“Ito’y alam ko, at nalalaman ko na ito’y alam ng Diyos,” pagpapatotoo niya, “at ito’y hindi ko maipagkakaila.”¹⁷

NANG MAPAGTANTO NI JOSEPH na ang pagbabahagi ng kanyang pangitain ay nagdulot lamang ng pagtuligsa sa kanya ng mga kapitbahay, itinago na lamang niya ito sa kanyang sarili, kuntento sa kaalamang ipinagkaloob ng Diyos sa kanya.¹⁸ Kalaunan, matapos siyang lumipat mula sa New York, sinubukan niyang itala ang mga sagradong karanasan niya sa gubat o kakahuyan. Inilarawan niya ang kanyang pananabik para sa kapatawaran at ang babala ng Tagapagligtas sa mundong nangangailangan ng pagsisisi. Siya mismo ang nagsulat nito, sa simple at hindi perpektong pananalita, masigasig na sinusubukang maisalaysay ang kadakilaan ng sandaling iyon.

Sa sumunod na mga taon, isinalaysay niya ang pangitain nang mas hayagan, na nakaganyak ng mga eskriba na makakatulong sa kanyang ipahayag nang mas mainam ang lahat ng hindi maipaliwanag. Isinalaysay niya ang kanyang pagnanais na matagpuan ang totoong simbahan at inilarawan na unang nagpakita ang Diyos Ama upang ipakilala ang Kanyang Anak. Hindi niya gaanong itinala ang kanyang paghahanap ng kapatawaran bagkus ay mas itinala niya ang pangkalahatang mensahe ng Tagapagligtas ukol sa katotohanan at ang pangangailangan na maipanumbalik ang ebanghelyo.¹⁹

Sa bawat pagsisikap na itala ang kanyang karanasan, nagpatotoo si Joseph na narinig at sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin. Bilang isang binata, nalaman niya na ang simbahan ng Tagapagligtas ay wala na sa mundo. Nguni nangako ang Panginoon na magpapahayag ng marami pa tungkol sa Kanyang ebanghelyo sa takdang panahon.

Kaya nagpasiya si Joseph na magtiwala sa Diyos, manatiling tapat sa kautusan na natanggap niya sa kakahuyan, at matiyagang maghintay para sa karagdagang tagubilin.²⁰



Mga Laminang Ginto

Lumipas ang tatlong taon, at tatlong tag-ani. Ginugol ni Joseph ang kanyang panahon sa paghahawan ng damo at pagpuputol ng puno, pag-araro, at sa pagtatrabaho sa bukid upang makalikom ng pera para sa taunang bayad sa ari-arian ng pamilya. Dahil sa trabaho, hindi na niya naga-wang pumasok nang madalas sa paaralan, at karamihan sa kanyang libreng oras ay ginugol niya kasama ang kanyang pamilya o ang ibang mga kasamang manggagawa.

Si Joseph at ang kanyang mga kaibigan ay mga bata pa at masayahin. Kung minsan ay nakagagawa sila ng mga pagkakamali dahil sa hindi pag-iisip, at nalaman ni Joseph na ang mapatawad minsan ay hindi nangangahulugang hindi na niya kailangang magsising muli. Hindi rin nasagot sa kanyang maluwalhating pangitain ang lahat ng tanong o nagbigay ng katapusan sa kanyang kalituhan.¹ Kaya't sinikap niyang manatiling malapit sa Diyos. Binasa niya ang

kanyang Biblia, nagtiwala sa kapangyarihan ni Jesucristo na magliligtas sa kanya, at sinunod ang utos ng Panginoon na huwag sumapi sa alinmang simbahan.

Tulad ng maraming tao sa kanilang lugar, pati na ang kanyang ama, naniwala si Joseph na maaaring maghayag ng kaalaman ang Diyos sa pamamagitan ng mga bagay na gaya ng mga tungkod [rod] at bato, tulad ng ibinigay Niya kina Moises, Aaron, at iba pa sa Biblia.² Isang araw, habang tinutulungan ni Joseph ang isang kapitbahay sa paghukay ng balon, may natagpuan siyang isang maliit na bato na nakabaon nang malalim sa lupa. Batid na gumagamit kung minsan ang mga tao ng espesyal na bato upang hanapin ang mga bagay na nawawala o nakatagong kayamanan, inisip ni Joseph kung ganoong klaseng bato ang natagpuan niya. Nang tingnan niya ito, may nakita siyang mga bagay na hindi karaniwang nakikita ng mata.³

Ang kaloob ni Joseph sa paggamit ng bato ay hinangaan ng mga miyembro ng kanyang pamilya, na itinuring ito bilang tanda ng pagpapala ng Diyos.⁴ Bagama't taglay niya ang kaloob ng isang tagakita, hindi pa rin nakatitiyak si Joseph kung nalulugod sa kanya ang Diyos. Hindi na niya maramdaman ang pagpapatawad at kapayapaan na kanyang nadama matapos niyang makita ang Diyos Ama at Anak. Sa halip, madalas niyang maramdaman na isinumpa siya dahil sa kanyang mga kahinaan at kamalian.⁵

NOONG SETYEMBRE 21, 1823, ANG labimpitong taong gulang na si Joseph ay gising na nakahiga sa itaas sa kuwarto nila ng kanyang mga kapatid na lalaki. Hindi siya agad

natulog nang gabing iyon dahil pinakinggan niya ang pag-uusap ng kanyang pamilya tungkol sa iba't ibang simbahan at ang mga doktrinang itinuro ng mga ito. Ngayon, tulog na ang lahat, at tahimik na ang buong kabahayan.⁶

Sa madilim niyang silid, sinimulan ni Joseph na manalangin, nagsumamo nang taimtim sa Diyos na patawarin ang kanyang mga kasalanan. Gusto niyang makipag-ugnayan sa isang sugo ng langit na makapagbibigay sa kanya ng katiyakan tungkol sa kanyang katayuan sa harapan ng Panginoon at magbibigay ng kaalaman tungkol sa ebanghelyo na ipinangako sa kanya sa kakahuyan. Alam ni Joseph na sinagot ng Diyos ang kanyang mga panalangin noon, at lubos ang pananalig niya na sasagot Siyang muli.

Nang manalangin si Joseph, isang liwanag ang lumitaw sa tabi ng kanyang kama at unti-unting nagliwanag hanggang sa lumiwanag ang buong silid. Tumingala si Joseph at nakita ang isang anghel na nakatayo sa hangin. Ang anghel ay may suot na maluwag na puting bata na ang manggas ay hanggang sa kanyang pulso at ang haba ay hanggang bukung-bukong. Nagmula sa kanya ang liwanag, at ang kanyang mukha ay kumikinang na parang kidlat.

Sa una ay natakot si Joseph, ngunit kalaunan ay napuspos siya ng kapayapaan. Tinawag siya ng anghel sa kanyang pangalan at nagpakilala na siya si Moroni. Sinabi niya na pinatawad na ng Diyos ang mga kasalanan ni Joseph at ngayon ay may gawaing ipagagawa sa kanya. Sinabi niya na ang pangalan ni Joseph ay masasambit sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng tao.⁷

Binanggit ni Moroni ang mga laminang ginto na nakabaon sa kalapit na burol. Sa mga lamina ay nakaukit ang

tala ng mga sinaunang tao na dating nanirahan sa lupain ng Amerika. Ang talaan ay nagsasaad ng kanilang pinagmulan at nagsasalaysay tungkol sa pagdalaw sa kanila ng Tagapagligtas at pagtuturo Niya sa kanila ng kabuuan ng Kanyang ebanghelyo.⁸ Sinabi ni Moroni na kasamang nakabaon sa mga lamina ang dalawang bato ng tagakita o seer stone, na tinawag kalaunan na Urim at Tummim, o mga interpreter o tagapagsalin. Inihanda ng Panginoon ang mga batong ito para tulungan si Joseph na maisalin ang talaan. Ang malilinaw na bato ay itinali nang magkasama at ikinabit sa isang baluti sa dibdib o breastplate.⁹

Sa kanyang pagbisita, binanggit din ni Moroni ang mga propesiya mula sa mga aklat nina Isaias, Joel, Malakias, at Mga Gawa na nasa Biblia. Ang Panginoon ay malapit nang dumating, paliwanag niya, at hindi matutupad ng mga tao ang layunin ng kanilang paglikha kung hindi muna paninibaguhin ang sinaunang tipan ng Diyos.¹⁰ Sinabi ni Moroni kay Joseph na siya ang pinili ng Diyos upang panibaguhin ang tipan, at kung pipiliin niyang maging tapat sa mga utos ng Diyos, siya ang maghahayag ng mga tala na nasa mga lamina.¹¹

Bago umalis, inutusan ng anghel si Joseph na ingatan ang mga lamina at huwag ipakita kaninuman ang mga ito maliban kung iutos sa kanya, nagbababala sa kanya na siya ay mawawasak kung susuwayin niya ang payong ito. Nati-pon ang liwanag sa paligid ni Moroni at siya ay pumaitaas tungo sa langit.¹²

Habang nakahiga si Joseph at iniisip ang pangitain, muling napuno ng liwanag ang silid at muling nagpakita si Moroni, inuulit ang kaparehong mensahe na una niyang

ibinigay. Pagkatapos ay lumisan siya, upang muling bumalik at sabihin ang kanyang mensahe sa ikatlong pagkakataon.

“Ngayon, Joseph, mag-ingat ka,” sabi niya. “Kapag kukunin mo na ang mga lamina, ang iyong isipan ay mapupuno ng kadiliman, at lahat ng uri ng kasamaan ay papasok sa iyong isipan upang pigilan kang sundin ang mga kautusan ng Diyos.” Itinuturo kay Joseph ang taong makatutulong sa kanya, hinimok siya ni Moroni na sabihin sa kanyang ama ang tungkol sa kanyang mga pangitain.

“Paniniwalaan niya ang lahat ng iyong sasabihin,” ang pangako ng anghel.¹³

KINAUMAGAHAN, WALANG BINANGGIT SI Joseph tungkol kay Moroni, kahit alam niyang naniniwala rin ang kanyang ama sa mga pangitain at mga anghel. Sa halip, buong umaga silang nag-ani sa katabing bukirin kasama si Alvin.

Mahirap ang gawain. Sinikap ni Joseph na makasabay sa bilis ng kanyang kapatid habang ginagapas nila ang matataas na tanim na mga butil gamit ang kanilang mga karit. Ngunit dahil sa mga pagdalaw ni Moroni, hindi siya nakatulog sa buong magdamag, at hindi mawala sa kanyang isipan ang mga sinaunang talaan at ang burol kung saan ito nakabaon.

Hindi nagtagal tumigil na siya sa pagtatrabaho, at napansin ito ni Alvin. “Kailangan nating magtrabaho nang mabilis,” sabi niya kay Joseph, “o hindi natin matatapos ang ipinapagawa sa atin.”¹⁴

Sinikap ni Joseph na magtrabaho nang mas maigi at mas mabilis, pero anuman ang gawin niya, hindi siya

makasabay sa bilis ni Alvin. Matapos ang ilang sandali, napansin ni Joseph Sr. na namumutla si Joseph at muling huminto sa pagtatrabaho. “Umuwi ka na,” sabi niya, sa pag-aakalang may sakit ang kanyang anak.

Sumunod si Joseph sa kanyang ama at nanghihinang naglakad pauwi sa bahay. Ngunit nang dadaan na siya sa isang bakod, nahandusay siya sa lupa, na labis na nanghihina.

Habang siya ay nakahiga roon, at nag-iipon ng lakas, nakita niya si Moroni na nakatayo muli sa kanyang ulunan, napapaligiran ng liwanag. “Bakit hindi mo sinabi sa iyong ama ang sinabi ko sa iyo?” tanong nito.

Sinabi ni Joseph na natatakot siya na baka hindi siya paniwalaan ng kanyang ama.

“Maniniwala siya,” tiniyak ni Moroni sa kanya, at inulit ang kanyang mensahe mula sa nakalipas na gabi.¹⁵

NAPAIYAK SI JOSEPH SR. NANG sabihin sa kanya ng kanyang anak ang tungkol sa anghel at ang mensahe nito. “Isa itong pangitain mula sa Diyos,” sabi niya. “Gawin mo ito.”¹⁶

Agad na pumunta si Joseph sa burol. Noong gabing dumalaw si Moroni, ipinakita niya kay Joseph sa isang pangitain kung saan nakatago ang mga lamina, kaya alam niya kung saan pupunta. Ang burol, isa sa pinakamalaki sa lugar, ay mga tatlong milya ang layo mula sa kanyang bahay. Ang mga lamina ay nakabaon sa ilalim ng isang malaki at bilog na bato sa kanlurang bahagi ng burol, hindi kalayuan mula sa tuktok nito.

Inisip ni Joseph ang mga lamina habang naglalakad siya. Bagama't alam niyang sagrado ang mga ito, nahirapan siyang hindi isipin kung magkano ang halaga nito. Narinig na niya ang mga kuwento tungkol sa mga nakatagong kayamanan na pinoprotektahan ng mga bantay na espiritu, ngunit si Moroni at ang mga lamina na inilarawan niya ay naiiba sa mga kuwentong ito. Si Moroni ay isang sugo mula sa langit na hinirang ng Diyos para maibigay nang ligtas ang talaan sa Kanyang piling tagakita. At ang mga lamina ay mahalaga hindi dahil sa ginto ang mga ito, kundi dahil nagpapatotoo at sumasaksi ang mga ito tungkol kay Jesucristo.

Gayunpaman, hindi pa rin maiwasan ni Joseph na isipin na alam na niya ngayon kung saan mahahanap ang sapat na kayamanan para maiahon sa kahirapan ang kanyang pamilya.¹⁷

Pagdating sa burol, hinanap niya ang lugar na nakita niya sa pangitain at nagsimulang maghukay sa ibaba ng bato hanggang sa lumitaw nang lubos ang mga gilid nito. Nakakita siya ng isang malaking sanga ng punongkahoy at ginamit itong panikwas para maiangat ang bato at maiusog ito.¹⁸

Sa ilalim ng malaking bato ay may isang kahon, ang mga gilid at ilalim nito ay yari sa bato. Nang tingnan niya ang loob nito, nakita ni Joseph ang mga laminang ginto, mga bato ng tagakita o seer stone, at baluti sa dibdib.¹⁹ Ang mga lamina ay kinapapalooban ng sinaunang kasulatan at pinagsasama-sama gamit ang tatlong ring. Ang bawat lamina ay anim na pulgada ang lapad, walong pulgada ang haba, at manipis. Ang isang bahagi ng mga lamina ay tila selyado upang hindi ito mabasa ng sinuman.²⁰

Nanggilalas, muling naisip ni Joseph kung magkano ang halaga ng mga lamina. Inabot niya ang mga ito para kunin—at nanginig siya na parang nakuryente. Inatras niya ang kanyang kamay ngunit dalawang beses pang sinubukang abutin ang mga lamina at nanginig na parang nakuryente sa bawat pagtatangkang ito.

“Bakit hindi ko makuha ang aklat na ito?” malakas niyang tanong.

“Dahil hindi mo sinunod ang mga kautusan ng Panginoon,” sabi ng isang tinig na malapit sa kanya.²¹

Lumingon si Joseph at nakita si Moroni. At muli niyang naalala ang mensahe noong nakalipas na gabi, at naisip niya na nalimutan niya ang tunay na layunin ng talaan. Nagsimula siyang manalangin, at napukaw ang kanyang isip at kaluluwa sa Banal na Espiritu.

“Tingnan mo,” utos ni Moroni. Isa pang pangitain ang ipinakita kay Joseph, at nakita niya si Satanas na napapalibutan ng kanyang di-mabilang na hukbo. “Lahat ng ito ay ipinakita, ang mabuti at ang masama, ang banal at hindi banal, ang kaluwalhatian ng Diyos at ang kapangyarihan ng kadiliman,” sabi ng anghel, “upang malaman mo mula ngayon ang dalawang kapangyarihan at hindi maimpluwensyahan o madaig ng masamang iyon.”

Inutusan niya si Joseph na dalisayin ang kanyang puso at palakasin ang kanyang isipan upang matanggap ang talaan. “Kung sakali mang makuha ang mga sagradong bagay na ito, ito ay dahil sa panalangin at katapatan sa pagsunod sa Panginoon,” paliwanag ni Moroni. “Ang mga ito ay hindi inilagak dito upang makakuha ng pakinabang at yaman

para sa kasiyahan ng mundong ito. Itinago ang mga ito sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya.”²²

Itinanong ni Joseph kung kailan niya makukuha ang mga lamina.

“Sa ika-dalawampu’t dalawa ng susunod na Setyembre,” sabi ni Moroni, “kung magsasama ka ng isang karapat-dapat na tao.”

“Sino po ang karapat-dapat na taong iyon?” tanong ni Joseph.

“Ang panganay mong kapatid.”²³

Mula pa noong bata siya, alam ni Joseph na maaasahan niya ang kanyang kuya. Si Alvin ay dalawampu’t limang taong gulang na at maaari na siyang magkaroon ng sarili niyang bukid kung gugustuhin niya. Subalit pinili niyang manatili sa bukid ng pamilya para matulungan ang kanyang mga magulang na maging maayos ang katayuan at matiwasay na mamuhay sa kanilang lupain pagtanda nila. Siya ay determinado at masipag, at lubos siyang minahal at hinangaan ni Joseph.²⁴

Marahil ay naisip ni Moroni na kailangan ni Joseph ang talino at katatagan ni Alvin upang maging ang taong mapagkakatiwalaan ng Panginoon sa mga lamina.

NANG GABING IYON, PAGOD na umuwi si Joseph sa kaniyang tahanan. Ngunit pinaligiran siya ng kanyang pamilya pagdating na pagdating niya, sabik na malaman kung ano ang nakita niya sa burol. Nag-umpisang magkuwento si Joseph sa kanila tungkol sa mga lamina, ngunit pinahinto

siya ni Alvin nang mapansin nito na pagod na pagod si Joseph.

“Matulog na tayo,” sabi niya, “at maaga tayong gigising bukas at magtatrabaho.” Marami silang oras bukas para marinig ang iba pang ikukuwento ni Joseph. “Kung maka-kapagluto nang maaga si Inay para sa ating hapunan,” sabi niya, “magkakaroon tayo ng maraming oras sa gabi para mapakinggan naming lahat ang ikukuwento mo.”²⁵

Nang sumunod na gabi, ikinuwento ni Joseph ang nangyari sa burol, at naniwala sa kanya si Alvin. Bilang panganay na anak sa pamilya, palaging nadarama ni Alvin na responsibilidad niyang tiyaking mabuti ang kalusugan ng kanyang mga tumatandang magulang. Sinimulan na nilang magkakapatid na magtayo ng mas malaking bahay para sa kanilang pamilya upang maging mas komportable sila.

Ngayon tila si Joseph ang nangangalaga sa kanilang espirituwal na kapakanan. Interesadong makinig sa kanya ang pamilya sa mga kuwento niya gabi-gabi tungkol sa mga gintong lamina at mga taong nagsulat nito. Naging mas malapit ang pamilya sa isa’t isa, at ang kanilang tahanan ay payapa at masaya. Pakiwari ng lahat ay may magandang mangyayari.²⁶

Pagkatapos, isang umaga sa panahon ng taglagas, wala pang dalawang buwan mula nang dumalaw si Moroni, umuwi si Alvin na masakit na masakit ang tiyan. Nakayuko sa sobrang sakit, nakiusap siya sa kanyang ama na tumawag ng doktor. Nang dumating ang doktor, binigyan niya si Alvin ng maraming gamot, ngunit pinalala lamang nito ang sakit.

Ilang araw nang nakaratay si Alvin, namamaluktot sa sakit. Batid na maaari siyang pumanaw, tinawag niya si

Joseph. “Gawin mo ang lahat ng iyong makakaya upang makuha ang mga talaan,” sabi ni Alvin. “Maging tapat ka sa pagsunod sa mga tagubilin at sa pagsunod sa lahat ng kautusang ibinibigay sa iyo.”²⁷

Hindi nagtagal ay pumanaw siya, at binalot ng kalungkutan ang kanilang tahanan. Sa libing, sinabi ng isang mangangaral na napunta si Alvin sa impiyerno, at ginamit ang kamatayan nito bilang babala na mangyayari din ito sa mga tao maliban kung mamagitan ang Diyos upang iligtas sila. Galit na galit si Joseph Sr. Mabait na tao ang kanyang anak, at hindi siya naniniwalang parurusahan siya ng Diyos.²⁸

Sa pagpanaw ni Alvin, nahinto ang pag-uusap tungkol sa mga lamina. Matapat na sinuportahan ni Alvin ang banal na tungkulin ni Joseph kung kaya’t anumang pagbanggit tungkol sa mga ito ay kaagad na nagpapaalala sa kanyang pagpanaw. Hindi ito makayanan ng pamilya.

Labis ang pangungulila ni Joseph kay Alvin at nahirapang tanggapin ang kanyang kamatayan. Inasam niya na makakaasa siya sa kanyang kuya upang matulungan siya sa pagkuha ng talaan. Ngayon ang pakiramdam niya ay iniwan siyang mag-isa.²⁹

NANG DUMATING SA WAKAS ang araw ng pagbabalik sa burol, pumunta roon nang mag-isa si Joseph. Dahil wala na si Alvin, hindi niya tiyak kung pagkakatiwalaan siya ng Panginoon na kunin ang mga lamina. Ngunit naisip niya na masusunod niya ang lahat ng kautusang ibinigay sa kanya ng Panginoon, tulad ng ipinayo ng kanyang kapatid.

Malinaw ang mga tagubilin ni Moroni sa pagkuha ng mga lamina. “Kailangan mong kunin ang mga ito at umuwi ka kaagad nang direktso sa inyong bahay,” sabi ng anghel, at “itago ang mga ito.”³⁰

Sa burol, inalis niya ang bato, inabot at kinuha ang mga lamina mula sa kahong bato. Pagkatapos ay naisip niya: mahalaga ang iba pang mga bagay sa loob ng kahon at dapat itago bago siya umuwi. Inilapag niya ang mga lamina at pumihit upang takpan ang kahon. Ngunit nang balikan niya ang mga lamina, wala na ang mga ito. Nababahalang napaluhod siya at nagmakaawang malaman kung nasaan ang mga ito.

Nagpakita si Moroni at sinabi kay Joseph na hindi niya muling sinunod ang mga tagubilin sa kanya. Hindi lamang niya inilapag ang mga lamina bago matiyak na ligtas ang mga ito, hinayaan niya ring mawala ang mga ito sa kanyang paningin. Handa mang gawin ng bata pang tagakita ang gawain ng Panginoon, hindi pa niya kayang protektahan ang sinaunang talaan.

Nalungkot si Joseph, at tinagubilinan siya ni Moroni na balikan ang mga lamina sa susunod na taon. Itinuro rin niya sa kanya ang marami pang bagay tungkol sa plano ng Panginoon para sa kaharian ng Diyos at ang dakilang gawain ay magsisimula nang lumaganap.

Gayunpaman, matapos umalis ang anghel, nanlulumong bumaba sa burol si Joseph, nag-aalala sa iisipin ng kanyang pamilya kapag umuwi siya nang walang dala.³¹ Nang pumasok siya sa bahay, naghihintay sila sa kanya. Tinanong ng kanyang ama kung nakuha na niya ang mga lamina.

“Hindi po,” sabi niya. “Hindi ko po makukuha ang mga iyon.”

“Nakita mo ba?”

“Nakita ko po pero hindi ko po makukuha.”

“Kukunin ko ang mga iyon,” wika ni Joseph Sr., “kung ako ang nasa lugar mo.”

“Hindi po ninyo ako naiintindihan,” sabi ni Joseph. “Hindi ko makuha ang mga iyon dahil hindi ako pinahintulutan ng anghel ng Panginoon.”³²



Maging Mapagbantay

Unang narinig ng dalawampu't isang taong gulang na si Emma Hale ang tungkol kay Joseph Smith nang nagtrabaho ito para kay Josiah Stowell noong taglagas ng 1825. Inupahan ni Josiah ang binatang ito at ang ama niya upang tulungan siyang hanapin ang nakabaong kayamanan sa kanyang ari-arian.¹ Ayon sa mga usap-usapan sa bayan, may isang pangkat ng mga explorer na nakapagmina ng deposito ng pilak at itinago sa lugar na iyon ang kayamanan ilang daang taon na ang nakararaan. Dahil alam niyang pinagkalooban si Joseph ng kakayahang gumamit ng bato ng tagakita, inalok ni Josiah si Joseph ng mataas na sahod at porsyento sa matatagpuang yaman kung tutulong ito sa paghahanap.²

Sinuportahan ng ama ni Emma, si Isaac, ang pakikipagsapalarang iyon. Nang dumating si Joseph at ang kanyang ama sa sakahan ng mga Stowell sa Harmony,

Pennsylvania—isang nayon na 150 milya sa timog ng Palmyra—nagsilbing saksi si Isaac nang magpirmahan sila ng kontrata. Pinahintulutan din niyang manirahan sa kanyang tahanan ang mga manggagawa.³

Nakilala ni Emma si Joseph pagkatapos. Mas bata si Joseph kay Emma, mahigit anim na talampakan ang taas, at mistulang isang taong sanay sa mahirap na trabaho. Mayroon siyang asul na mga mata at maputi ang balat, at lumalakad siya na may bahagyang pag-ika. Hindi maayos ang pananalita niya, at kung minsang gumagamit siya ng masyadong maraming salita upang ipahayag ang kanyang sarili, ngunit maaaninaw sa kanya ang isang likas na katalinuhan kapag nagsasalita siya. Siya at ang kanyang ama ay mabubuting tao na mas nais sumamba nang sila lamang sa halip na magsimba kung saan sumasamba si Emma at ang kanyang pamilya.⁴

Kapwa gusto nina Joseph at Emma ang mga gawain sa labas ng bahay. Mula pagkabata, nasisiyahan si Emma na sumakay sa kabayo at mamangka sa ilog malapit sa kanyang tahanan. Si Joseph ay hindi isang bihasang mangangabayo, ngunit siya ay magaling sa pakikipagbuno at mga larong gamit ang bola. Siya ay kumportable sa pakikisalamuha sa iba, at palangiti, madalas magbiro o magkuwento ng nakakatawa. Si Emma ay mas mahiyain, pero mahilig magbiro at nagagawang makipag-usap kahit kanino. Hilig din niyang magbasa at kumanta.⁵

Nang lumipas ang mga linggo at unti-unting mas nakilala ni Emma si Joseph, nag-alala ang mga magulang niya sa pagiging malapit nila sa isa't isa. Si Joseph ay isang maralitang manggagawa mula sa ibang estado, at inaasahan nila

ang kanilang anak na babae ay mawalan ng interes sa kanya at magpakasal sa isa sa maunlad na pamilya na tagaroon sa kanilang lambak. Ang ama ni Emma ay naging mapagduda rin sa paghahanap ng kayamanan at naghihinala sa tungkulin ni Joseph dito. Tila hindi mahalaga kay Isaac Hale na sinubukan ni Joseph na kumbinsihin si Josiah Stowell na ihinto ang paghahanap nang naging malinaw na walang kahihinatnan ito.⁶

Gusto ni Emma si Joseph higit sa sinumang lalaki na nakilala niya, at siya ay hindi tumigil sa pagbibigay ng panahon sa kanya. Matapos siyang magtagumpay na kumbinsihin si Josiah na huminto sa paghahanap ng pilak, nanatili si Joseph na nagtatrabaho sa sakahan ni Josiah. Kung minsan, nagtatrabaho rin si Joseph kina Joseph at Polly Knight, isa pang pamilyang may sakahan sa lugar. Kapag siya ay wala sa trabaho, binibisita niya si Emma.⁷

SI JOSEPH AT ANG kanyang bato ng tagakita ay naging usap-usapan sa Harmony. Ilan sa mga nakatatanda sa bayan ay naniniwala sa mga tagakita, ngunit marami sa kanilang mga anak at apo ang hindi. Ang pamangkin ni Josiah, na nagsasabing pinagsamantalahan ni Joseph ang kanyang tiyuhin, ay dinala ang binata sa hukuman at pinaratangan siya ng panloloko.

Sa kanyang pagharap sa lokal na hukom, inilahad ni Joseph kung paano niya natagpuan ang bato. Nagbigay-saksi si Joseph Sr. na palagi niyang itinatanong sa Diyos na ipakita sa kanya ang Kanyang kalooban para sa kagilalang na kapangyarihan ni Joseph bilang isang tagakita.

Sa wakas, humarap si Josiah sa korte at sinabing hindi siya niloko ni Joseph.

“Tama ba ang pagkakaintindi ko,” sabi ng hukom, “na sa palagay mo ang bilanggo ay maaaring makakita sa tulong ng isang bato?”

Hindi lang iyan, giit ni Josiah. “Talagang alam kong totoo ito.”

Si Josiah ay isang iginagalang na tao sa komunidad, at tinanggap ng mga tao ang kanyang sinabi. Sa huli, ang paglilitis ay walang nailabas na ebidensya na niloko siya ni Joseph, kung kaya’t ipinawalang-saysay ng hukom ang kaso.⁸

Noong Setyembre 1826, bumalik si Joseph sa burol para sa mga lamina, subalit sinabi ni Moroni na hindi pa siya handa para sa mga ito. “Humiwalay ka mula sa mga naghahanap ng kayamanan,” sabi sa kanya ng anghel. May masasamang tao sa kanila.⁹ Binigyan siya ni Moroni ng isa pang taon upang iayon ang kanyang kalooban sa Diyos. Kung hindi niya ito gagawin, ang mga lamina ay hindi na ipagkakatiwala sa kanya.

Sinabi rin sa kanya ng anghel na magsama siya ng isang tao sa susunod. Ito rin ang iniutos niya noong huling pagpunta ni Joseph sa burol. Subalit dahil pumanaw na si Alvin, nagulumihanan si Joseph.

“Sino ang taong dapat kong isama?” tanong niya.

“Malalaman mo,” wika ni Moroni.

Humingi si Joseph ng patnubay sa Panginoon sa pama-magitan ng kanyang bato ng tagakita. Ang tamang tao, nalaman niya, ay si Emma.¹⁰

SI JOSEPH AY NAAKIT kay Emma mula nang nakilala niya ito. Tulad ni Alvin, siya ang makatutulong sa kanya na maging uri ng tao na kailangan ng Panginoon upang maisagawa ang Kanyang gawain. Subalit higit pa roon si Emma. Iniibig niya ito at nais niya itong pakasalan.¹¹

Noong Disyembre, sumapit ang pagtuntong ni Joseph sa kanyang ika-dalawampu't isang taon. Noon, hinayaan niyang maimpluwensyahan siya sa iba-ibang paraan ng mga inaasahan ng mga taong nais samantalain ang kanyang kaloob.¹² Subalit matapos ang kanyang huling pagpunta sa burol, batid niyang higit pa ang kailangan niyang gawin upang maihanda ang sarili sa pagtanggap ng mga lamina.

Bago bumalik sa Harmony, nakipag-usap si Joseph sa kanyang mga magulang. “Nakapagpasiya na po ako na mag-aasawa na,” sinabi niya sa kanila, “at, kung wala kayong pagtutol, si Binibining Emma Hale ang pinili ko.” Nasiyahan ang kanyang mga magulang sa kanyang desisyon, at hinimok siya ni Lucy na pumisan sa kanila matapos silang ikasal.¹³

Noong taglamig na iyon ay dinalasan ni Joseph ang pagdalaw kay Emma, kung minsan ay humihiram sa mga Knight ng paragos o sleigh kapag nahihirapang magpunta sa bahay ng mga Hale dahil sa niyebe. Subalit hindi pa rin siya gusto ng mga magulang ni Emma, at walang nangyari sa lahat ng pagsisikap na ginawa niya para gumaan ang loob sa kanya ng pamilya.¹⁴

Noong Enero 1827, binisita ni Emma ang tahanan ng mga Stowell, kung saan maaari silang magkasama ni Joseph nang wala ang masasamang tingin ng kanyang pamilya. Doon hiningi ni Joseph ang kamay ni Emma upang

pakasalan ito, at noong una, tila nagulat si Emma. Alam niyang tututol ang mga magulang niya sa kasal.¹⁵ Subalit hinimok siya ni Joseph na pag-isipan ito. Maaari silang agad na magtanan.

Pinag-isipan ni Emma ang panukala. Ikalulungkot ng kanyang mga magulang ang pagpapakasal niya kay Joseph, ngunit ito ay kanyang desisyon, at mahal niya ito.¹⁶

HINDI NAGTAGAL, NOONG ENERO 18, 1827, ikinasal sina Joseph at Emma sa tahanan ng hukom sa bayan. Pagkatapos ay tumungo sila sa Manchester at nagsimula ng kanilang buhay bilang mag-asawa sa bagong tahanan ng mga magulang ni Joseph. Komportable ang bahay, ngunit sina Joseph Sr. at Lucy ay napasobra sa paggastos para dito, nahuli sa kanilang pagbabayad, at nailit ang ari-arian. Ngayon ay inuupahan nila ito sa mga bagong may-ari.¹⁷

Masaya ang mga Smith na kasama nila sa bahay sina Joseph at Emma. Subalit nag-aalala sila sa banal na tungkulin ng kanilang anak. Nabalitaan ng mga tao sa lugar ang tungkol sa mga laminang ginto at kung minsan ay hinahanap ang mga ito.¹⁸

Isang araw, may sinadya si Joseph sa bayan. Inaasahang makauwi siya para sa oras ng hapunan, nag-alala ang kanyang mga magulang nang hindi siya nakabalik. Ilang oras silang naghintay at hindi makatulog. Sa wakas ay binuksan ni Joseph ang pintuan at sumalampak sa upuan na pagod na pagod.

“Bakit ka ginabi?” tanong ng kanyang ama.

“Sa buong buhay ko ngayon lang po ako nakastigo nang husto,” sabi ni Joseph.

“Sino ang kumastigo sa iyo?” tanong ng kanyang ama.

“Ang anghel ng Panginoon,” sagot ni Joseph. “Sabi niya ay naging pabaya ako.” Ang araw ng susunod na pagkikita nila ni Moroni ay papalapit na. “Kailangan ko nang maghanda at kumilos,” sabi niya. “Kailangan ko nang simulan ang mga bagay na ipinagagawa sa akin ng Diyos.”¹⁹

MATAPOS ANG PAG-AANI SA panahon ng taglagas, naglakbay sina Josiah Stowell at Joseph Knight patungo sa Manchester para sa isang layunin. Kapwa nila alam na ang ika-apat na taon ng pagpunta ni Joseph sa burol ay nalalapit na, at sabik silang malaman kung ipinagkatiwala na ni Moroni sa kanya ang mga lamina.

Alam din ng mga tagaroon na naghahanap ng kayamanan na panahon na upang kunin ni Joseph ang talaan. Kamakailan lamang ay isa sa kanila, isang lalaking nagngangalang Samuel Lawrence, ang pagala-gala sa burol na hinahanap ang mga lamina. Dahil nag-aalala na magdudulot ng problema si Samuel, pinapunta ni Joseph ang kanyang ama sa tahanan ni Samuel noong gabi ng Setyembre 21 upang bantayan ito at komprontahin kung tatangkain nitong pumunta sa burol.²⁰

Inihanda na ni Joseph ang kanyang sarili upang kunin ang mga lamina. Ang kanyang taunang pagpunta sa burol ay magaganap kinabukasan, subalit upang malito ang mga naghahanap ng kayamanan, binalak niyang magtungo sa burol nang madaling-araw—habang nagsisimula pa lamang

ang umaga ng Setyembre 22—sa oras na walang mag-aakalang pupunta siya roon.

Ngunit kailangan pa rin niyang makahanap ng paraan upang maprotektahan ang mga lamina kapag nakuha na niya ang mga ito. Nang makatulog na ang halos lahat ng kanyang kapamilya, tahimik siyang nagtanong sa kanyang ina kung mayroon itong lockbox. Wala nito si Lucy at nag-alala ito.

“Hayaan na ninyo,” sabi ni Joseph. “Kakayanin ko naman kahit wala iyon.”²¹

Maya-maya pa ay dumating na si Emma, nakasuot ng damit-pangabayo, at sila ni Joseph ay sumakay sa karwahe ni Joseph Knight at naglakbay nang gabing iyon.²² Nang dumating sila sa burol, naghintay sa karwahe si Emma habang inaakyat ni Joseph ang lugar na pinagtaguan ng mga lamina.

Nagpakita si Moroni, at kinuha ni Joseph ang mga gintong lamina at mga bato ng tagakita o seer stone mula sa kahong bato. Bago bumaba sa burol si Joseph, ipinaalala sa kanya ni Moroni na huwag ipakita ang mga lamina kaninuman maliban sa mga hinirang ng Panginoon, nangangako sa kanya na ang mga lamina ay mapoprotektahan kung gagawin niya ang lahat sa abot ng kanyang makakaya na pangalagaan ang mga ito.

“Dapat kang maging mapagbantay at tapat sa ipinagkatiwala sa iyo,” sabi sa kanya ni Moroni, “kung hindi ay magagapi ka ng masasamang tao, sapagkat sila ay bubuo ng mga plano at pakana upang magawa nilang maagaw ang mga ito mula sa iyo. At kung hindi ka patuloy na makikinig, magtatagumpay sila.”²³

Dinala ni Joseph ang mga lamina pababa sa burol, ngunit bago siya bumalik sa karwahe, itinago niya ang mga lamina sa isang troso na may guwang o malaking butas kung saan mananatiling ligtas ang mga ito hanggang sa makahanap siya ng lockbox. Pagkatapos ay pinuntahan na niya si Emma, at umuwi na sila habang papasikat na ang araw.²⁴

SA TAHANAN NAMAN NG mga Smith, nag-aalalang hinihintay ni Lucy sina Joseph at Emma habang ipinaghahain niya ng almusal sina Joseph Sr., Joseph Knight, at Josiah Stowell. Nagsimulang bumilis ang pintig ng kanyang puso habang siya ay nagtatrabaho, kinakabahan na babalik si Joseph na hindi dala ang mga lamina.²⁵

Makalipas ang ilang saglit, pumasok sa bahay sina Joseph at Emma. Tiningnan ni Lucy kung dala ni Joseph ang mga lamina, ngunit nanginginig na lumabas ng kuwarto nang makita niyang walang dala ito.

Sinundan siya ni Joseph. “Inay,” sabi niya, “huwag po kayong mag-alala.” May iniabot siyang bagay na nakabalot ng panyo. Sa tela, nakapa ni Lucy ang tila isang malaking pares ng salamin sa mata. Ito ang Urim at Tummim, ang mga bato ng tagakita na inihanda ng Panginoon upang maisalin ang mga lamina.²⁶

Masayang-masaya si Lucy. Si Joseph naman ay tila nabawasan ng mabigat na pasanin sa kanyang mga balikat. Subalit nang puntahan na niya ang iba sa loob ng bahay, nagkunwari siyang malungkot at kinain nang tahimik ang kanyang almusal. Matapos niyang kumain, malungkot

niyang sinapo ang kanyang ulo. “Nabigo ako,” sabi niya kay Joseph Knight.

“Ah,” wika ng matandang lalaki, “Ikinalulungkot ko.”

“Talagang napakalungkot ko,” sabi ni Joseph, na ang ekspresyon ay naging isang ngiti. “Sampung beses itong nakahihigit kaysa sa aking inaasahan!” Nagpatuloy siyang ilarawan ang laki at bigat ng mga lamina at tuwang-tuwang ikinuwento ang tungkol sa Urim at Tummim.

“Kahit ano ay nakikita ko,” wika niya. “Nakamamangha ang mga ito.”²⁷

ISANG ARAW MATAPOS NIYANG matanggap ang mga lamina, nagtungo si Joseph sa kalapit na bayan para kumpunihin ang isang balon upang makaipon ng pera para sa isang lockbox. Nang umaga ring iyon, habang may inaasikaso sa lugar na isang burol lang ang layo mula sa tahanan ng mga Smith, narinig ni Joseph Sr. ang isang pangkat ng mga lalaki na nagbabalak nakawin ang mga gintong lamina. “Maku-kuha natin ang mga lamina,” sabi ng isa sa kanila, “kahit humadlang si Joe Smith o lahat ng demonyo sa impiyerno.”

Nababahalang umuwi si Joseph Sr. at sinabi ito kay Emma. Sinabi niya na hindi niya alam kung nasaan ang mga lamina, ngunit nakatitiyak siyang protektado ni Joseph ang mga ito.

“Oo, tama ka,” sabi ni Joseph Sr., “ngunit tandaan mo na dahil lang sa maliit na bagay ay nawala kay Esau ang kanyang basbas at karapatan. Maaaring mangyari ito kay Joseph.”²⁸

Upang masiguro na protektado ang mga lamina, sumakay si Emma sa kabayo at naglakbay nang higit sa isang oras patungo sa bukirin kung saan nagtatrabaho si Joseph. Natagpuan niya ito sa balon, madumi at pawis na pawis mula sa buong araw na pagtatrabaho. Nang marinig ang panganib, tumingin si Joseph sa Urim at Tummim at nakita niyang ligtas ang mga lamina.

Sa kanilang tahanan, pabalik-balik na naglalakad si Joseph Sr. sa labas ng kanilang bahay, tumitingin kada minuto sa daan hanggang sa makita niya sina Joseph at Emma.

“Itay,” sabi ni Joseph sa pagbaba nila mula sa kabayo, “ligtas ang lahat—walang dahilan upang mangamba.”²⁹

Subalit oras na upang kumilos.

NAGMAMADALING NAGTUNGO SA BUROL, hinanap ni Joseph ang troso kung saan nakatago ang mga lamina at maingat na binalot ang mga ito sa isang kamiseta.³⁰ Payuko siyang nagpunta sa kakahuyan at tinahak ang daan pauwi, alerto ang mga mata sa anumang panganib. Ikinubli siya ng kagubatan mula sa mga tao sa pangunahing kalsada, subalit binigyan nito ang mga magnanakaw ng maraming lugar na mapagtataguan.

Nahihirapan sa pagdadala ng mabibigat na talaan, naglakad nang mabilis sa gitna ng kakahuyan si Joseph sa abot ng kanyang makakaya. Isang natumbang puno ang nakaharang sa kanyang daraanan, at sa pagtalon niya sa ibabaw nito, naramdaman niyang may matigas na bagay na tumama sa kanya mula sa likod. Pagpihit niya, nakita niya

ang isang lalaking papalapit sa kanya, hawak ang baril at ipanghahampas sa kanya.

Mahigpit na hawak ang mga lamina na nakaipit sa isang braso, sinuntok ni Joseph ang lalaki na napahandusay sa lupa at nagmadali siyang tumakbo sa mas masukal na bahagi ng kakahuyan. Halos kalahating milya na siyang nakatakbo nang may isa pang lalaki ang biglang sumulpot mula sa likod ng isang puno at hinampas siya gamit ang hawakan ng baril nito. Nilabanan ni Joseph ang lalaki at mabilis na tumakbo, desperadong makalabas sa kakahuyan. Ngunit bago pa man siya makalayo ay may pangatlong lalaking sumalakay, sinuntok siya nito nang malakas kaya umikot ang kanyang paningin. Tinipon ni Joseph ang kanyang lakas, sinuntok niya nang malakas ang lalaki at tumakbo pauwi.³¹

Pagbalik sa bahay, kaagad pumasok si Joseph sa pintuan na nakaipit sa isang bisig ang mabigat na balutan. “Itay,” sigaw niya, “nakuha ko na ang mga lamina.”

Ang kanyang kapatid na labing-apat na taong gulang, si Katharine, ay tinulungan siyang ilagay ang balutan sa ibabaw ng mesa habang nakapalibot sa kanya ang kanyang pamilya. Alam ni Joseph na nais ng kanyang ama at nakababatang kapatid na si William na alisin ang balot ng mga lamina, subalit pinigilan niya ang mga ito.

“Hindi ba namin maaaring makita ang mga ito?” tanong ni Joseph Sr.

“Hindi po,” sagot ni Joseph. “Sumuway ako noong unang beses, ngunit desidido na akong maging tapat ngayon.”

Sinabi niya na maaari nilang kapain ang mga lamina nang nakabalot sa tela, at binuhat ni William ang balutan. Mas mabigat ito kaysa sa bato, at masasabi ni William na may mga pahina ito na maililipat-lipat tulad sa mga pahina ng isang aklat.³² Inutusan din ni Joseph ang kanyang bun-song kapatid, si Don Carlos, na humingi ng lockbox kay Hyrum, na nakatira malapit sa kanila kasama ang kanyang asawa, si Jerusha, at ang kanilang bagong silang na anak na babae.

Agad na dumating si Hyrum, at nang matiyak na ligtas na nailagak ang mga lamina sa kahon, humandusay sa malapit na kama si Joseph at nagsimulang magkuwento sa kanyang pamilya tungkol sa mga lalaki sa kakahuyan.

Habang nagsasalita siya, naramdaman niyang masakit ang kanyang kamay. Noong salakayin siya, nalinsad niya ang kanyang hinlalaki.

“Ititigil ko muna ang pagkukuwento, Itay,” bigla niyang sinabi, “at hihilingin ko po sa inyo na ibalik sa dati ang nalinsad kong hinlalaki.”³³



Nawala na ang Lahat

Matapos maiuwi ni Joseph ang mga gintong lamina, ilang linggong pinagtangkaang nakawin ng mga naghahanap ng kayamanan ang mga ito. Upang manatiling ligtas ang talaan, kailangan niyang ilipat-lipat ito ng lugar, itinatago ang mga lamina sa ilalim ng dapugan, sa ilalim ng sahig ng gawaan ng kanyang ama, at sa mga ilalim ng bungkos ng butil. Hindi siya dapat maging kampante.

Dumadaan sa bahay ang mga mausisang kapitbahay at nakiusap sa kanya na ipakita sa kanila ang talaan. Palaging tumatanggi si Joseph, kahit na may nag-alok na magbayad sa kanya. Determinado siyang pangalagaan ang mga lamina, nagtitiwala sa mga pangako ng Panginoon na kung gagawin niya ang lahat ng kanyang makakaya, ang mga ito ay pangangalagaan.¹

Ang mga paggambalang ito ay madalas humahadlang sa kanya na masuri ang mga lamina at matutuhan pang

lalo ang tungkol sa Urim at Tummim. Batid niya na ang mga pansalin ay makatutulong sa kanya na isalin ang mga lamina, ngunit hindi pa niya nagagamit ang mga bato ng tagakita para magbasa ng sinaunang wika. Sabik siyang simulan ang gawain, ngunit hindi malinaw sa kanya kung paano gawin ito.²

Habang sinusuri ni Joseph ang mga lamina, isang respetadong nagmamay-ari ng mga lupain sa Palmyra na nagngangalang Martin Harris ang naging interesado sa kanyang gawain. Halos kasing-edad na ni Martin ang ama ni Joseph at minsan nang nagtrabaho sa kanyang sakahan si Joseph. Nabalitaan ni Martin ang tungkol sa mga gintong lamina ngunit hindi gaanong pinansin ang tungkol dito hanggang sa imbitahan siya ng ina ni Joseph na bumisita kasama ang kanyang anak.³

Nasa trabaho si Joseph nang dumaan si Martin, kaya ang tinanong niya ay si Emma at iba pang mga kapamilya tungkol sa mga lamina. Nang dumating sa bahay si Joseph, hinawakan siya ni Martin sa braso at nagtanong pa ng mga karagdagang detalye. Sinabi sa kanya ni Joseph ang tungkol sa mga laminang ginto at ang mga tagubilin ni Moroni na isalin at ilathala ang nakasulat sa mga ito.

“Kung ito ay gawain ng diyablo,” sabi ni Martin, “ayokong magkaroon ng kinalaman dito.” Ngunit kung ito ay gawain ng Panginoon, nais niyang tulungan si Joseph na ipahayag ito sa buong mundo.

Hinayaan ni Joseph na buhatin ni Martin ang mga lamina na nasa lockbox. Masasabi ni Martin na may mabigat na bagay sa loob nito, ngunit hindi siya kumbinsido na isang bungkos ito ng mga gintong lamina. “Hindi mo ako

masisisi kung hindi kita lubos na pinaniniwalaan,” sabi niya kay Joseph.

Nang makauwi si Martin nang lampas hatinggabi, tahimik siyang nagtungo sa kanyang kuwarto at nagdasal, nangangako sa Diyos na ibibigay niya ang lahat ng kanyang makakaya kung malalaman lamang niya na ang ginagawa ni Joseph ay banal na gawain.

Habang nagdarasal si Martin, naramdaman niya na may marahan at banayad na tinig na kumausap sa kanyang kaluluwa. Nalaman niya noon na ang mga lamina ay mula sa Diyos—at alam niyang kailangan niyang tulungan si Joseph na ibahagi ang mensahe ng mga ito.⁴

SA HULING BAHAGI NG 1827, nalaman ni Emma na siya ay nagdadalang-tao at sumulat sa kanyang mga magulang. Halos isang taon na mula nang magpakasal sila ni Joseph ngunit masama pa rin ang loob ng kanyang ama at ina. Subalit pumayag ang mga Hale na bumalik ang mag-asawa sa Harmony upang makapanganak si Emma malapit sa kanyang pamilya.

Bagama't mapapalayo siya sa kanyang sariling mga magulang at mga kapatid, handang umalis si Joseph. Tina-tangka pa rin ng mga tao sa New York na nakawin ang mga lamina, at ang paglipat sa bagong lugar ay magbibigay ng kapayapaan at katahimikan na kailangan niya upang magawa ang gawain ng Panginoon. Sa kasamaang-palad, mayroon siyang utang at walang perang magagamit sa paglalakbay.⁵

Umaasang maisasaayos ang kanyang pananalapi, nagpunta si Joseph sa bayan upang bayaran ang ilan sa kanyang mga utang. Habang siya ay nasa isang tindahan upang magbayad, lumapit sa kanya si Martin Harris. “Heto, Ginoong Smith, ang limampung dolyar,” sabi niya. “Ibinibigay ko ito sa iyo upang magawa mo ang gawain ng Panginoon.”

Nangamba si Joseph na tanggapin ang pera at nangkong babayaran ito, subalit sinabi ni Martin na huwag itong alalahanin. Ang pera ay regalo, at hiniling niya sa lahat ng naroon na maging saksi na ibinigay niya ito nang walang kapalit.⁶

Hindi naglaon, nabayaran ni Joseph ang kanyang mga utang at kinargahan ang bagon. Siya at si Emma ay umalis patungong Harmony dala ang mga gintong lamina na itinago sa isang bariles ng patani.⁷

DUMATING ANG MAG-ASAWA SA maluwang na bahay ng mga Hale makalipas ang isang linggo.⁸ Hindi nagtagal, nagpumilit ang ama ni Emma na makita ang mga laminang ginto, ngunit sinabi ni Joseph na maipakikita niya lamang ang kahon kung saan niya itinago ang mga ito. Nayamot, dinampot ni Isaac ang lockbox at naramdaman ang bigat nito, subalit nanatili siyang nag-aalinlangan. Sinabi niyang hindi maaaring itago ito ni Joseph sa bahay hangga’t hindi ipinapakita sa kanya kung ano ang nasa loob.⁹

Habang ang ama ni Emma ay nasa paligid, hindi magiging madali ang pagsasalin, ngunit sinubukan ni Joseph ang lahat ng kanyang makakaya. Sa tulong ni Emma, kinopya niya ang marami sa mga kakaibang karakter mula sa mga

lamina sa papel.¹⁰ Pagkatapos, sa loob ng ilang linggo, pilit niyang isinalin ang mga ito gamit ang Urim at Tummim. Ang proseso ay nangangailangan nang higit pa sa pagtingin sa mga pansalin. Kailangan niyang magpakumbaba at sumampalataya habang pinag-aaralan niya ang mga titik.¹¹

Makalipas ang ilang buwan, dumating sa Harmony si Martin Harris. Sinabi niya na naramdaman niyang tinawag siya ng Panginoon na maglakbay pasilangan hanggang sa Lunsod ng New York upang sumangguni sa mga eksperto sa mga sinaunang wika. Umasa siyang magagawa nilang isalin ang mga titik.¹²

Kumopya si Joseph ng marami pang mga titik mula sa mga lamina, isinulat ang kanyang salin, at iniabot ang papel kay Martin. Pagkatapos ay minasdan nila ni Emma ang kanilang kaibigan nang umalis ito patungo ng silangan upang sumangguni sa mga bantog na iskolar.¹³

PAGDATING NI MARTIN SA Lunsod ng New York, pinuntahan niya si Charles Anthon, isang propesor ng Latin at Griyego sa Columbia College. Mas bata si Propesor Anthon—mga labinlimang taon ang tanda ni Martin sa kanya—at pinakabantog sa paglalathala ng popular na encyclopedia tungkol sa kulturang Griyego at Romano. Nagsimula na rin siyang magtipon ng mga kuwento tungkol sa mga American Indian.¹⁴

Si Anthon ay isang mahigpit na iskolar na ayaw na ayaw na naiistorbo, ngunit malugod niyang tinanggap si Martin at pinag-aralan ang mga titik at salin na ibinigay ni Joseph.¹⁵ Bagama't hindi alam ng propesor ang wikang Egipto,

nakabasa na siya ng ilang mga pag-aaral tungkol sa wika at alam niya ang hitsura ng mga titik nito. Habang tinitingnan niya ang mga titik, nakakita siya ng mga pagkakatulad sa wikang Egipto at sinabi kay Martin na tama ang pagsasalin.

Ipinakita sa kanya ni Martin ang mga karagdagang titik, at sinuri iyon ni Anthon. Sinabi niya na naglalaman ang mga ito ng mga titik mula sa maraming sinaunang wika at binigyan niya si Martin ng katibayan na nagpapatunay na totoo ang mga ito. Inirekomenda rin niya na ipakita ang mga titik sa isa pang iskolar na nagngangalang Samuel Mitchill, na dating nagtuturo sa Columbia.¹⁶

“Napakarami niyang alam sa mga sinaunang wikang ito,” sabi ni Anthon, “at wala akong duda na makatutulong siya sa iyo kahit paano.”¹⁷

Inilagay ni Martin ang katibayan sa kanyang bulsa, ngunit nang paalis na siya, tinawag siyang muli ni Anthon. Nais nitong malaman kung paano natagpuan ni Joseph ang mga gintong lamina.

“Isang anghel ng Diyos,” sabi ni Martin, “ang nagpakita nito sa kanya.” Pinatotohanan niya na ang pagsasalin ng mga lamina ay magpapabago sa mundo at maililigtas ito mula sa pagkagunaw. At ngayong mayroon na siyang katibayan na totoo ang mga ito, balak niyang ibenta ang kanyang sakahan at iambag ang pera upang maipalimbag ang salin.

“Patingin ng katibayan,” sabi ni Anthon.

Kinuha ito ni Martin sa kanyang bulsa at iniabot ito. Pinunit ni Anthon ang papel at sinabing wala nang gayong bagay na tulad ng mga paglilingkod ng mga anghel. Kung nais ni Joseph na maisalin ang mga lamina, maaari niyang

dalhin ang mga ito sa Columbia at hayaang maisalin ang mga ito ng isang iskolar.

Ipinaliwanag ni Martin na may bahagi ng mga lamina ang selyado at hindi pinahihintulutan si Joseph na ipakita ang mga ito kahit kanino.

“Hindi ako makababasa ng isang aklat na mahigpit na nakasara,” sabi ni Anthon. Binalaan niya si Martin na marahil ay niloloko siya ni Joseph. “Mag-ingat sa mga taong manloloko,” sabi niya.¹⁸

Nilisan ni Martin si Propesor Anthon at pinuntahan si Samuel Mitchill. Magalang niyang tinanggap si Martin, nakinig sa kanyang kuwento, at tiningnan ang mga titik at pagsasalin. Hindi niya maintindihan ang mga ito, ngunit sinabi niya na naalala niya rito ang mga heroglipiko ng mga taga Egipto at ang mga ito ay mga sulatin ng isang bansang nalipol na.¹⁹

Kalaunan ay nilisan ni Martin ang lunsod at nagbalik sa Harmony, mas kumbinsido kaysa noon na nasa pag-iingat ni Joseph ang mga sinaunang gintong lamina at may kapangyarihang isalin ang mga ito. Ikinuwento niya kay Joseph ang tungkol sa pakikipag-usap niya sa mga propesor at ikinatwiran na kung ang ilan sa mga pinakaedukadong tao sa Amerika ay hindi kayang isalin ang aklat, kailangang gawin ito ni Joseph.

“Hindi ko kaya,” sabi ni Joseph na nalulula sa gawain, “dahil wala akong pinag-aralan.” Ngunit alam niya na inihanda ng Panginoon ang mga pansalin upang kanyang maisalin ang mga lamina.²⁰

Sumang-ayon si Martin. Balak niyang umuwi sa Palmyra, asikasuhin ang mga dapat ayusin, at bumalik sa

lalong madaling panahon upang magsilbi bilang tagasulat ni Joseph.²¹

NOONG ABRIL 1828, SINA Emma at Joseph ay nakatira sa isang tahanan sa kahabaan ng Ilog Susquehanna, di kalayuan sa bahay ng mga magulang ni Emma.²² Ngayo'y mabigat na sa kanyang ipinagbubuntis, madalas gumanap si Emma bilang tagasulat ni Joseph nang sinimulan niyang isalin ang talaan. Isang araw, habang siya ay nagsasalin, biglang namutla si Joseph. “Emma, may pader ba sa paligid ng Jerusalem?” tanong niya.

“Oo,” sabi niya, ginugunita ang paglalarawan nito sa Biblia.

“Ah,” sinabi ni Joseph na nakahinga nang maluwig, “natakot ako na nagkamali ako.”²³

Namangha si Emma sa kanyang asawa na ang kakulangan nito ng kaalaman sa kasaysayan at banal na kasulatan ay hindi naging hadlang sa pagsasalin. Hindi halos makasulat nang may saysay na liham si Joseph. Subalit oras kada oras nakaupo siya nang malapit sa tabi nito habang idinidikta niya ang tala nang walang tulong ng anumang aklat o manuskrito. Alam niya na tanging Diyos lamang ang makapagbibigay-inspirasyon sa kanya na magsalin tulad ng ginawa niya.²⁴

Sa paglipas ng panahon, bumalik si Martin mula sa Palmyra at pumalit bilang tagasulat, na nagbibigay kay Emma ng pagkakataong makapagpahinga bago siya manganak.²⁵ Ngunit hindi naging madali ang kanyang pagpapahinga. Ang asawa ni Martin, si Lucy, ay nagpumilit na sumama sa

kanya sa Harmony, at ang mag-asawang Harris ay kapwa may malakas na personalidad.²⁶ Nagduda si Lucy sa pag-nanais ni Martin na suportahan si Joseph sa mga gastusin at nagalit siya na nagtungo ang asawa sa Lunsod ng New York nang hindi siya kasama. Nang sabihin ni Martin sa kanya na pupunta ito ng Harmony upang tumulong sa pagsasalin, nagpilit siyang sumama, determinadong makita ang mga lamina.

Humihina na ang pandinig ni Lucy, at kapag hindi niya maintindihan ang sinasabi ng mga tao, iniisip niya kung minsan na pinipintasan siya ng mga ito. Halos wala rin siyang paggalang sa pribadong buhay ng ibang tao. Matapos tumanggi si Joseph na ipakita sa kanya ang mga lamina, nagsimula siyang halughugin ang bahay, hinahalungkat ang mga kahon, aparador, at baul ng pamilya. Walang magawa si Joseph kundi ang itago sa kakahuyan ang mga lamina.²⁷

Kalaunan, nilisan ni Lucy ang bahay at nakitira sa isang kapitbahay. Na kay Emma na muli ang kanyang mga kahon at aparador, ngunit ngayon naman ay sinasabi ni Lucy sa mga kapitbahay na si Joseph ay isang impostor na ang habol lamang ay ang pera ni Martin. Matapos ang ilang linggong panggugulo, umuwi si Lucy sa Palmyra.

Ngayong nanumbalik na ang kapayapaan, mabilis na nakapagsalin sina Martin at Joseph. Nasasanay na si Joseph sa kanyang banal na tungkulin bilang tagakita at tagapag-hayag. Gamit ang mga pansalin o isa pang bato ng tagakita, nagagawa niyang magsalin kaharap man niya ang mga lamina o nakabalot ang mga ito sa isa sa mga linen na tela ni Emma sa ibabaw ng mesa.²⁸

Sa buong Abril, Mayo, at mga unang araw ng Hunyo, pinakinggan ni Emma ang ritmo ng tinig ni Joseph habang nagdidikta ng tala.²⁹ Mabagal, ngunit malinaw siyang nagsasalita, humihinto lamang nang minsanan upang hintayin si Martin na sabihing “naisulat na” matapos niyang maka-habol sa mga sinasabi ni Joseph.³⁰ Humahalili rin si Emma bilang tagasulat at namamangha kung paanong sa kabila ng mga paghinto at pahinga, nagagawa pa rin ni Joseph na magpatuloy mula sa kung saan siya nahinto nang hindi kinakailangang paalalahanan.³¹

Di nagtagal at dumating na ang oras ng panganganak ni Emma. Ang salansan ng mga pahina ng manuskrito ay kumapal na, at kumbinsido si Martin na kung magagawa niyang ipabasa sa kanyang asawa ang salin, makikita niya ang kahalagahan nito at hihinto na sa panggugulo nito sa kanilang gawain.³² Umasa rin siya na ikagagalak ni Lucy kung paano niya ginugol ang kanyang oras at salapi upang makatulong sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos.

Isang araw, humingi si Martin ng permiso kay Joseph na dalhin ang mga manuskrito sa Palmyra nang ilang linggo.³³ Naaalala kung paano kumilos si Lucy Harris nang bumisita siya sa bahay, nag-alinlangan si Joseph sa ideyang iyon. Ngunit nais niyang masiyahan si Martin, na naniwala sa kanya samantalang nagduda ang napakarami sa kanyang salita.³⁴

Hindi tiyak ang gagawin, nagdasal si Joseph upang humingi ng gabay, at sinabi sa kanya ng Panginoon na huwag hayaang dalhin ni Martin ang mga pahina.³⁵ Subalit nakatitiyak si Martin na kapag naipakita niya ito sa kanyang asawa ay magbabago ang lahat, at nagmakaawa siya

kay Joseph na magtanong muli. Nagtanong muli si Joseph, ngunit gayon pa rin ang sagot. Iginiit pa rin ni Martin na magtanong ulit si Joseph sa ikatlong pagkakataon, at sa pagkakataong ito pinahintulutan sila ng Panginoon na gawin kung ano ang gusto nila.

Sinabi ni Joseph kay Martin na maaari nitong dalhin ang mga pahina sa loob ng dalawang linggo kung ipapangako niya na pananatilihin niyang nakatago ang mga ito at ipakikita lamang ito sa ilang kapamilya. Nangako si Martin at bumalik sa Palmyra, dala ang manuskrito.³⁶

Pagkaalis ni Martin, nagpakita si Moroni kay Joseph at kinuha ang mga pansalin mula sa kanya.³⁷

ISANG ARAW MATAPOS ANG paglisan ni Martin, dumanas si Emma ng matinding hirap sa panganganak at nagsilang ng isang batang lalaki. Ang sanggol ay mahina at sakitin at hindi nagtagal ay pumanaw. Dahil sa matinding pagsubok na naranasan, humina ang katawan ni Emma at napuno ng pagdadalamhati, at may pagkakataon na inakala ring siya ay mamamatay na. Walang kapaguran siyang inalagaan ni Joseph, na palaging nasa kanyang tabi.³⁸

Makaraan ang dalawang linggo, nagsimulang bumuti ang kalusugan ni Emma, at naisip niya si Martin at ang manuskrito. “Nababagabag ako,” sabi niya kay Joseph, “kaya hindi ako mapapanatag at hindi mapapakali hangga’t hindi ko nalalaman kung ano na ang ginawa ni Ginoong Harris (sa manuskrito).”

Hinimok niya si Joseph na hanapin si Martin, ngunit ayaw ni Joseph na iwanan siya. “Ipasundo mo ang aking ina,” sabi niya, “at sasamahan niya ako habang wala ka.”³⁹

Sumakay si Joseph sa isang karwahe patungo sa hilaga. Kaunti lamang ang kanyang kinain at itinulog sa biyahe, natatakot na ginalit niya ang Panginoon sa hindi pakikinig nang sinabihan siyang huwag hayaan si Martin na dalhin ang manuskrito.⁴⁰

Bukang-liwayway na nang dumating siya sa tahanan ng kanyang mga magulang. Ang mga Smith ay naghahanda ng almusal at pinadalhan ng imbitasyon si Martin na mag-almusal kasama nila. Pagsapit ng alas-otso, nakahain na ang pagkain sa mesa, ngunit wala pa si Martin. Nagsimula nang mabagabag si Joseph at ang kanyang pamilya habang hinihintay nila ito.

Sa wakas, matapos ang mahigit apat na oras, nakita si Martin sa may kalayuan, mabagal na naglalakad patungo sa bahay, nakatitig sa lupang nilalakaran niya.⁴¹ Sa tarangkahan ay huminto siya, naupo sa bakod, at tinakpan ng sumbrero ang kanyang mga mata. Pagkatapos ay pumasok siya at naupo upang tahimik na kumain.

Nagmasid ang pamilya habang kinukuha ni Martin ang kanyang mga kubyertos, na tila handang kumain, at bigla itong binitawan. “Ipinahamak ko ang aking kaluluwa!” sigaw niya, idinidiin ang mga kamay sa kanyang mga sintido. “Ipinahamak ko ang aking kaluluwa.”

Biglang napatayo si Joseph. “Martin, nawala mo ba ang manuskrito?”

“Oo,” sagot ni Martin. “Wala na ito, at hindi ko alam kung nasaan.”

“O, Diyos ko, Diyos ko,” himutok ni Joseph, kuyom ang kanyang mga kamao. “Nawala na ang lahat!”

Nagsimula siyang magpalakad-lakad. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. “Bumalik ka,” ang utos niya kay Martin. “Hanapin mong muli.”

“Wala nang saysay.” sagot ni Martin. “Hinanap ko na sa buong kabahayan. Nilaslas ko na nga ang mga kama at mga unan, at alam kong wala ito roon.”

“Ganito bang balita ang sasabihin ko sa aking asawa sa pag-uwi ko?” Natakot si Joseph na ikamatay ni Emma ang balita. “At paano ako haharap sa Panginoon?”

Sinubukan ng kanyang ina na panatagin siya. Sinabi niya na marahil ay patatawarin siya ng Panginoon kung magsisisi siya nang may pagpapakumbaba. Subalit humahagulgol na si Joseph, galit sa kanyang sarili sa pagsuway sa Panginoon noong una pa lang. Hindi siya halos makakain sa buong araw. Pinalipas niya ang magdamag at umalis kinaumagahan pabalik sa Harmony.⁴²

Habang minamasdan ni Lucy ang pag-alis ni Joseph, puno ng kalungkutan ang kanyang puso. Tila ang lahat ng kanilang inasam bilang isang pamilya—lahat ng nagdulot sa kanila ng kaligayahan noong mga nakaraang taon—ay naglaho sa isang iglap.⁴³



Ang Kaloob at Kapangyarihan ng Diyos

Nang bumalik si Joseph sa Harmony noong tag-araw ng 1828, nagpakitang muli sa kanya si Moroni at kinuha ang mga lamina. “Kapag sapat na ang iyong pagpapakumbaba at pagsisisi,” wika ng anghel, “matatanggap mong muli ang mga ito sa ika-dalawampu’t dalawa ng Setyembre.”¹

Binalot ng kadiliman ang isipan ni Joseph.² Batid niyang nagkamali siya nang hindi niya sinunod ang kagustuhan ng Diyos at nang ipagkatiwala niya kay Martin ang manuskrito. Ngayon ay hindi na nais ng Diyos na ipagkatiwala sa kanya ang mga lamina o ang mga pansalin. Pakiramdam ni Joseph ay nararapat sa kanya ang anumang parusang ibibigay ng langit sa kanya.³

Pasan ang bigat ng kasalanan at paghihinagpis, lumuhod siya, ipinagtapat ang kanyang mga kasalanan, at humingi ng kapatawaran. Pinagnilayan niya kung saan siya nagkamali at kung ano ang maaari niyang baguhin at

pagbutihin kung tutulutan siyang muli ng Panginoon na magsalin.⁴

Isang araw ng Hulyo, habang naglalakad si Joseph nang di-kalayuan sa kanyang tahanan, nagpakita sa kanya si Moroni. Iniabot sa kanya ng anghel ang mga pansalin, at nakita ni Joseph ang isang banal na mensahe rito: “Ang mga gawain, at ang mga layunin, at ang mga hangarin ng Diyos ay hindi mabibigo, ni mapawawalang-saysay.”⁵

Ang mga salita ay nagbibigay-katiyakan, ngunit agad na sinundan ng pagkastigo. “Kayhigpit ng iyong mga kautusan,” wika ng Panginoon. “Hindi mo dapat kinatakutan ang tao nang higit sa Diyos.” Iniutos Niya kay Joseph na lalo pang ingatan ang mga sagradong bagay. Ang mga nakatala sa mga gintong lamina ay mas mahalaga kaysa sa reputasyon ni Martin o sa kagustuhan ni Joseph na pasayahin ang mga tao. Inihanda ito ng Panginoon upang panibaguhin ang Kanyang sinaunang tipan at ituro sa lahat ng tao na umasa kay Jesucristo para sa kaligtasan.

Hinimok ng Panginoon si Joseph na alalahanin ang Kanyang awa. “Magsisi sa yaong iyong nagawa,” iniutos Niya, “at ikaw ay pinili pa rin.” Minsan pa, tinawag Niya si Joseph na maging Kanyang propeta at tagakita. Subalit nagbabala Siyang sundin ang Kanyang salita.

“Maliban kung gawin mo ito,” paghahayag Niya, “ikaw ay pababayaan at magiging katulad ng ibang mga tao, at mawawalan ng kaloob.”⁶

NOONG TAGLAGAS NA IYON, naglakbay ang mga magulang ni Joseph patimog papunta sa Harmony. Halos

dalawang buwan na ang lumipas mula nang nilisan ni Joseph ang kanilang tahanan sa Manchester, at wala na silang nabalitaan mula sa kanya. Nag-alala sila na baka ang mga trahedyang naganap noong tag-araw ay labis na nagpadalamhati sa kanya. Sa loob lamang ng ilang linggo, namatay ang kanyang unang anak, muntik nang pumanaw ang kanyang asawa, at nawala ang mga pahina ng manuskrito. Nais nilang matiyak na nasa mabuting kalagayan sila ni Emma.

Wala pang isang milya mula sa kanilang destinasyon, lubos na nagalak sina Joseph Sr. at Lucy nang makita nila si Joseph sa bukana ng kanilang daraanan na mukhang panatag at masaya. Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa pagkawala ng tiwala ng Diyos, pagsisisi ng kanyang mga kasalanan, at pagtanggap ng paghahayag. Ang pagkastigo ng Panginoon ay masakit, subalit tulad ng mga propeta noon, isinulat niya ang paghahayag upang mabasa ng iba. Iyon ang unang pagkakataon na itinala niya ang salita ng Panginoon sa kanya.

Sinabi rin ni Joseph sa kanyang mga magulang na ibinalik na ni Moroni ang mga lamina at pansalin. Tila nasiyahan ang anghel, paggunita ni Joseph. “Sinabi niya na mahal ako ng Panginoon dahil sa aking katapatan at pagpapakumbaba.”

Ang talaan ngayon ay ligtas na nasa bahay, nakatago sa isang baul. “Nagsusulat na si Emma para sa akin ngayon,” ikinuwento ni Joseph sa kanila, “ngunit sinabi ng anghel na magpapadala ang Panginoon ng tao na siyang magsusulat para sa akin, at nagtitiwala ako na mangyayari iyon.”⁷

NANG SUMUNOD NA TAGSIBOL, naglakbay si Martin Harris papuntang Harmony na may dalang masamang balita. Ang kanyang asawa ay nagsampa ng kaso sa korte, nagpaparatang na isang manloloko si Joseph na nagpapanggap na nagsasalin ng mga gintong lamina. Inaasahan ngayon ni Martin na ipatatawag siya ng korte para magbigay ng testimonya. Kinakailangan niyang sabihin na niloko siya ni Joseph, kung hindi ay pararatangan din siya ni Lucy na isang manloloko.⁸

Iginiit ni Martin kay Joseph na bigyan siya ng karagdang katibayan na totoo ang mga lamina. Nais niyang sabihin sa korte ang lahat ng tungkol sa pagsasalin, ngunit nag-aalala siya na baka hindi siya paniwalaan ng mga tao. Kung tutuusin, ginalugad ni Lucy ang tahanan ng mga Smith at hindi nakita ang talaan. At kahit na nagsilbi siyang tagasulat ni Joseph sa loob ng dalawang buwan, hindi kailanman nakita ni Martin ang mga lamina kaya hindi niya mapatotohanan na nakita nga niya ang mga ito.⁹

Idinulog ni Joseph ang katanungan sa Panginoon at tumanggap ng kasagutan para sa kanyang kaibigan. Hindi sasabihin ng Panginoon kay Martin kung ano ang sasabihin sa korte, ni hindi Siya maglalaan ng anumang karagdang ebidensiya hangga't hindi pipiliin ni Martin na magpakumbaba at manampalataya. “Kung sila ay hindi maniniwala sa aking mga salita, sila ay hindi maniniwala sa iyo, aking tagapaglingkod na Joseph,” wika Niya, “kung maaari lamang na ipakita mo sa kanila ang lahat ng bagay na ipinagkatiwala Ko sa iyo.”

Gayunman, nangako ang Panginoon na kaaawaan Niya si Martin, kung gagawin niya ang tulad ng mga ginawa

ni Joseph noong tag-araw na iyon at magpapakumbaba, magtitiwala sa Diyos, at matututo mula sa kanyang mga pagkakamali. Tatlong matatapat na saksi ang makakikita sa mga lamina sa tamang panahon, sabi ng Panginoon, at maaaring si Martin ay isa sa mga ito kung titigilan niya ang paghingi ng pagsang-ayon ng ibang tao.¹⁰

Bago ang pagtatapos ng kanyang mga salita, ang Panginoon ay gumawa ng isang pahayag. “Kung ang salinlahing ito ay hindi magpapatigas ng kanilang puso,” wika Niya, “Aking itatatag ang aking simbahan sa kanila.”¹¹

Pinagnilayan ni Joseph ang mga salitang ito habang kinokopya ni Martin ang paghahayag. Nakinig sila ni Emma habang binabasa itong muli ni Martin upang siguruhin ang katumpakan nito. Habang sila ay nagbabasa, pumasok sa kuwarto ang ama ni Emma at nakinig. Nang matapos sila, tinanong niya kung kaninong mga salita iyon.

“Ang mga salita ni Jesucristo,” paliwanag nina Joseph at Emma.

“Itinuturing ko ang lahat ng ito na isang kahibangan,” wika ni Isaac. “Tigilan mo ito.”¹²

Hindi pinansin ni Martin ang ama ni Emma, kinuha niya ang kanyang kopya ng paghahayag at sumakay ng karwahe pauwi. Nagtungo siya sa Harmony upang humanap ng katibayan ng mga lamina, at lumisan siyang dala ang isang paghahayag na nagpapatotoo sa katotohanan ng mga ito. Hindi niya ito magagamit sa korte, ngunit bumalik siya sa Palmyra batid na alam ng Diyos ang tungkol sa kanya.

Kalaunan, nang humarap si Martin sa hukom, nagbigay siya ng simple at mabisang patotoo. Habang nakataas ang kanang kamay, nagbigay-testigo siya tungkol sa mga

laminang ginto at idineklara na kusa niyang ibinigay kay Joseph ang limampung dolyar upang gawin ang gawain ng Panginoon. Dahil walang katibayan na magpapatunay ng mga paratang ni Lucy, pinawalang-saysay ng korte ang kaso.¹³

Samantala, itinuloy ni Joseph ang pagsasalin, ipinagdasal na padalhan siya ng Panginoon ng tagasulat sa lalong madaling panahon.¹⁴

SA MANCHESTER, ISANG BINATANG nagngangalang Oliver Cowdery ang nanunuluyan sa tahanan ng mga magulang ni Joseph. Mas bata ng isang taon si Oliver kay Joseph, at noong taglagas ng 1828 ay nagsimula siyang magturo sa isang paaralan mga isang milya sa timog ng sakahan ng mga Smith.

Ang mga gurong tulad ni Oliver ay karaniwang nanunuluyan sa mga pamilya ng kanilang mga mag-aaral, at noong narinig niya ang mga bulung-bulungan tungkol sa mga gintong lamina ni Joseph, itinanong niya kung maaari siyang manirahan sa mga Smith. Noong una ay iilang detalye lamang ang nalaman niya mula sa pamilya. Dahil sa ninakaw na manuskrito at mga bulung-bulungan sa lugar ay naging maingat na sila at piniling manahimik na lamang.¹⁵

Subalit noong taglamig ng 1828–29, habang tinuturuan ni Oliver ang mga batang Smith, nakuha niya ang tiwala ng pamilya. Sa mga panahong ito, bumalik na si Joseph Sr. mula sa Harmony na may paghahayag na sisimulan na ng Panginoon ang isang kagila-gilalas na gawain.¹⁶ Sa panahong iyon napatunayan na ni Oliver na siya ay isang tapat

na taong naghahanap ng katotohanan, at ipinaalam sa kanya ng mga magulang ni Joseph ang banal na tungkuling ibinigay sa kanilang anak.¹⁷

Nakahikayat kay Oliver ang sinabi nila, at inasam niya na makatulong sa pagsasalin. Tulad ni Joseph, si Oliver ay hindi nasisiyahan sa mga makabagong simbahan at naniwala sa isang Diyos ng mga himala na inihahayag pa rin ang Kanyang kalooban sa mga tao.¹⁸ Subalit si Joseph at ang mga gintong lamina ay nasa malayong lugar, at hindi alam ni Oliver kung paano siya tutulong sa gawain kung mananatili siya sa Manchester.

Isang araw ng tagsibol, habang malakas ang buhos ng ulan sa bubungan ng bahay ng mga Smith, sinabi ni Oliver sa pamilya na nais niyang magtungo sa Harmony upang tulungan si Joseph sa oras na matapos ang pasukan sa eskwela. Hinimok siya nina Lucy at Joseph Sr. na tanungin ang Panginoon kung tama ang kanyang ninanais.¹⁹

Bago matulog, nanalangin nang sarilinan si Oliver upang malaman kung ang mga narinig niya tungkol sa mga laminang ginto ay totoo. Ipinakita sa kanya ng Panginoon ang isang pangitain tungkol sa mga gintong lamina at ang mga pagsusumikap ni Joseph na maisalin ang mga ito. Isang mapayapang damdamin ang nanahan sa kanya, at noon niya nalaman na dapat siyang magprisinta na maging tagasulat ni Joseph.²⁰

Walang sinabihan si Oliver tungkol sa kanyang panalangin. Ngunit sa pagtatapos ng pasukan, siya at ang kapatid ni Joseph na si Samuel ay umalis nang naglalakad papunta sa Harmony, mahigit isang daang milya ang layo. Ang daan ay malamig at maputik bunsod ng ulan ng tagsibol, at ang

mga daliri sa paa ni Oliver ay nanlalamig sa ginaw nang dumating sila ni Samuel sa pintuan ng bahay nina Joseph at Emma. Gayunman nananabik siyang salubungin ng mag-asawa at tingnan niya mismo kung paano kumilos ang Panginoon sa pamamagitan ng batang propeta.²¹

NANG NAKARATING NA SI Oliver sa Harmony, parang matagal na siyang nakatira roon. Nakipag-usap si Joseph sa kanya hanggang lumalim ang gabi, nakinig sa kanyang kuwento, at sinagot ang kanyang mga tanong. Malinaw na si Oliver ay may pinag-aralan, at kaagad tinanggap ni Joseph ang kanyang alok na maging tagasulat.

Sa pagdating ni Oliver, ang unang kailangang gawin ni Joseph ay maghanap ng lugar kung saan makapagtrabaho. Pinakiusapan niya si Oliver na gumawa ng kontrata kung saan ipinangako ni Joseph na babayaran niya ang kanyang biyenang lalaki para sa maliit na bahay na dati nilang tinirhan ni Emma, pati na ang kamalig, sakahan, at kalapit na bukal.²² Dahil nagmamalasakit sa kapakanan ng kanilang anak, sumang-ayon ang mga magulang ni Emma sa mga kundisyon at nangakong tutulong upang mapawi ang pangamba ng mga kapitbahay hinggil sa mga hindi karaniwang ginagawa ni Joseph.²³

Samantala, nagsimula na sa pagsasalin sina Joseph at Oliver. Maayos silang nakapagtrabaho nang magkasama, halos linggu-linggo, madalas kasama si Emma sa iisang kuwarto habang ginagawa niya ang kanyang pang-araw-araw na gawain.²⁴ Kung minsan ay nagsasalin si Joseph sa

pamamagitan ng pagtingin sa mga pansalin at pagbabasa sa Ingles ng mga titik na nasa mga lamina.

Madalas na mas kumbinyenteng para sa kanya na gamitin ang bato ng tagakita. Ilalagay niya ang bato ng tagakita sa kanyang sumbrero, ilalapat ang kanyang mukha rito upang takpan ang liwanag, at sisilipin ang bato. Ang liwanag mula sa bato ay kikinang sa kadiliman, magsisiwalat ng mga salita na idinidikta ni Joseph habang mabilis na kinokopya ito ni Oliver.²⁵

Sa ilalim ng patnubay ng Panginoon, hindi na sinubukang isaling muli ni Joseph ang naiwala niya. Sa halip, siya at si Oliver ay nagpatuloy sa talaan. Inihayag ng Panginoon na si Satanas ay umakit ng masasamang tao upang kunin ang mga pahina, baguhin ang kanilang mga salita at gamitin ang mga ito upang magtanim ng pagdududa sa salin. Ngunit tiniyak ng Panginoon kay Joseph na binigyang-inspirasyon Niya ang mga propeta noong araw na maghandang isama sa mga lamina ang isa pang tala, na naglalaman ng mas buong ulat ng materyal na nawala.²⁶

“Guguluhin ko ang mga yaong nagbago ng aking mga salita,” sinabi ng Panginoon kay Joseph. “Aking ipakikita sa kanila na ang aking karunungan ay nakahihigit kaysa sa katusuhan ng diyablo.”²⁷

Ang pagiging tagasulat ni Joseph ay nagbigay-kagalakan kay Oliver. Araw-araw, nakinig siya habang idinidikta ng kanyang kaibigan ang masalimuot na kasaysayan ng dalawang malalaking sibilisasyon, ang mga Nephita at Lamanita. Nalaman niya ang tungkol sa mabubuti at masasamang hari, mga taong nabihag at napalaya, mga sinaunang propeta na gumamit ng mga bato ng tagakita sa

pagsasalin ng mga talaang nakuha sa kaparangang puno ng mga kalansay. Tulad ni Joseph, ang propetang iyon ay isang tagapaghayag at tagakita na biniyayaan ng mga kaloob at kapangyarihan ng Diyos.²⁸

Ang tala ay nagpatunay nang paulit-ulit tungkol kay Jesucristo, at nakita ni Oliver kung paano pinamunuan ng mga propeta ang isang sinaunang simbahan at kung paano isinagawa ng mga ordinaryong lalaki at babae ang gawain ng Diyos.

Gayon pa man si Oliver ay marami pa ring tanong tungkol sa gawain ng Panginoon, at nanabik siya sa mga sagot. Humingi ng paghahayag si Joseph para sa kanya sa pamamagitan ng Urim at Tummim, at ang Panginoon ay tumugon. “Samakatwid, kung ikaw ay hihingi sa akin ay makatatanggap ka,” pahayag Niya. “At kung ikaw ay magtatanong, malalaman mo ang mga dakila at kagila-gilalas na hiwaga.”

Hinimok din ng Panginoon si Oliver na alalahanin ang patotoo na natanggap niya bago pumunta sa Harmony, na sinarili ni Oliver. “Hindi nga ba’t Ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito? Ano pang mas higit na katibayan ang iyong matatamo kundi ang mula sa Diyos?” tanong ng Panginoon. “Kung sinabi ko sa iyo ang mga bagay na walang sinumang tao ang nakaalam hindi nga ba’t nakatanggap ka ng katibayan?”²⁹

Nagulat si Oliver. Agad niyang sinabi kay Joseph ang tungkol sa kanyang lihim na panalangin at ang banal na patotoong natanggap niya. Walang maaaring makaalam tungkol dito maliban sa Diyos, sabi niya, at ngayon alam niya na ang gawain ay totoo.

Bumalik sila sa ginagawa, at si Oliver ay nagsimulang mag-isip kung pati siya ay maaaring makapagsalin.³⁰ Naniwala siya na ang Diyos ay nakagagawa sa pamamagitan ng mga instrumento tulad ng mga bato ng tagakita, at paminsan-minsan siyang gumagamit ng divining rod o banal na tungkod sa paghahanap ng tubig at mineral. Subalit siya ay hindi nakasisiguro kung ang kanyang tungkod ay gumagana sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang proseso ng paghahayag na ito ay isa pa ring misteryo sa kanya.³¹

Muling inilapit ni Joseph ang tanong ni Oliver sa Panginoon, at sinabi ng Panginoon kay Oliver na siya ay may kapangyarihan upang makakuha ng kaalaman kung siya ay hihiling nang may pananampalataya. Pinagtibay ng Panginoon na ang tungkod ni Oliver ay gumagana sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, gaya ng tungkod ni Aaron sa Lumang Tipan. Pagkatapos ay nagturo pa Siya kay Oliver tungkol sa paghahayag. “Sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo,” Kanyang ipinahayag. “Masdan, ito ang diwa ng paghahayag.”

Sinabi rin Niya kay Oliver na maaari siyang magsalin ng tala na gaya ni Joseph hangga’t siya ay nananampalataya. “Tandaan,” sabi ng Panginoon, “kung walang pananampalataya ay wala kang magagawa.”³²

Matapos ang paghahayag, sabik na si Oliver na magsalin. Sinunod niya ang halimbawa ni Joseph, subalit nang hindi kaagad lumabas ang mga salita, siya ay nabigo at nalito.

Nakita ni Joseph ang paghihirap ng kanyang kaibigan at naawa. Nangailangan siya ng mahabang panahon upang maiyon ang kanyang puso at isipan sa gawain ng pagsasalin, subalit tila iniisip ni Oliver na mabilis niya itong matututuhan. Hindi sapat na may espirituwal na kaloob. Kailangan niyang linangin at pagyamanin ito nang ilang panahon para sa gawain ng Diyos.

Hindi nagtagal ay sumuko si Oliver sa pagsasalin at tinanong si Joseph kung bakit hindi siya nagtagumpay.

Tinanong ni Joseph ang Panginoon. “Inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin,” sagot ng Panginoon. “Kailangan mong pag-aralan ito sa iyong isipan; pagkatapos kailangang itanong mo sa akin kung ito ay tama.”

Iniutos ng Panginoon kay Oliver na maging matiyaga. “Hindi kinakailangang ikaw ay magsalin ngayon,” sabi Niya. “Ang gawain kung saan tinawag kang gumawa ay magsulat para sa aking tagapaglingkod na si Joseph.” Ipinangako Niya kay Oliver ang ibang oportunidad na magsalin kalauanan, ngunit sa ngayon, siya ang tagasulat at si Joseph ang tagakita.³³



Mga Kapwa Tagapaglingkod

Ang tagsibol ng 1829 ay malamig at mahamog hanggang buwan ng Mayo. Habang ang mga magsasaka sa Harmony ay nananatili sa loob ng bahay, ipinagpapaliban ang kanilang pagtatanim hanggang sa bumuti ang panahon, isinasalin naman nina Joseph at Oliver ang karamihan ng talaan hanggang sa abot ng kanilang makakaya.¹

Nakarating na sila sa tala tungkol sa naganap sa mga Nephita at Lamanita noong pumanaw si Jesus sa Jerusalem. Isinasalaysay nito ang tungkol sa malalakas na lindol at mga bagyo na lumipol sa mga tao at nagpabago sa anyo ng lupain. Nabaon sa lupa ang ilan sa mga lunsod, habang ang iba naman ay nasunog at natupok. Ilang oras na gumuhit ang kidlat sa kalangitan at naglaho ang araw, at binalot ng makapal na kadiliman ang mga nakaligtas. Sa loob ng tatlong araw tumangis ang mga tao, nagdadalamhati para sa kanilang mga patay.²

Sa wakas, narinig sa karimlan ang tinig ni Jesucristo. “Hindi pa ba kayo ngayon magbabalik-loob sa akin,” tanong Niya, “at magsisisi sa inyong mga kasalanan, at magbalik-loob, upang mapagaling ko kayo?”³ Pinawi Niya ang kadi-liman, at nagsisi ang mga tao. Hindi nagtagal, marami sa kanila ang sama-samang nagtipon sa templo na nasa lupa-
ing tinatawag na Masagana, kung saan pinag-usapan nila ang kagila-gilalas na mga pagbabagong nangyari sa lupain.⁴

Habang sila ay nag-uusap, nakita nila ang Anak ng Diyos na bumaba mula sa langit. “Ako si Jesucristo,” wika Niya, “na siyang pinatotohanan ng mga propeta na paparito sa daigdig.”⁵ Sandali nilang nakasama Siya, itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo, at iniutos sa kanila na magpabinyag sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig para sa kapatawa-
ran ng mga kasalanan.

“Sinuman ang maniniwala sa akin, at mabinyagan, siya rin ay maliligtas,” Kanyang ipinahayag. “Sila yaong mag-
mamana ng kaharian ng Diyos.”⁶ Bago umakyat sa langit, ibinigay Niya sa matwid na kalalakihan ang awtoridad na magbinyag ng mga taong naniniwala sa Kanya.⁷

Habang sila ay nagsasalin, tumimo kina Joseph at Oli-
ver ang mga turong ito. Tulad ng kanyang kapatid na si Alvin, hindi pa nabibinyagan si Joseph, at nais pa niyang malaman ang tungkol sa ordenansa at awtoridad na kina-
kailangan upang magawa ito.⁸

NOONG MAYO 15, 1829 HUMINTO ang mga pag-ulan at naglakad sina Joseph at Oliver patungo sa kakahuyan malapit sa Ilog Susquehanna. Lumuhod sila, itinanong sa

Diyos ang tungkol sa pagbibinyag at kapatawaran ng mga kasalanan. Habang nagdarasal sila, ang tinig ng Manunubos ay nangusap ng kapayapaan sa kanila, at isang anghel ang nagpakita sa isang ulap ng liwanag. Ipinakilala niya ang sarili bilang si Juan Bautista at ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanilang mga ulunan. Napuno ng kagalakan ang kanilang mga puso nang mapalibutan sila ng pagmamahal ng Diyos.

“Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod,” pagpapahayag ni Juan, “sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan.”⁹

Malumanay ang boses ng anghel, ngunit tila tumagos ito sa kaibuturan ng puso nina Joseph at Oliver.¹⁰ Ipinaliwanag niya na ang Aaronic Priesthood ay nagbibigay ng awtoridad sa kanila na magbinyag, at kanyang inatasan sila na binyagan nila ang isa’t isa pagkaalis niya. Sinabi rin niya na kalaunan ay tatanggap sila ng karagdang kapangyarihan ng priesthood, na siyang magbibigay ng awtoridad na maigawad ang kaloob na Espiritu Santo sa bawat isa at sa lahat ng kanilang binyagan.

Pagkaalis ni Juan Bautista, naglakad sina Joseph at Oliver papunta sa ilog at lumusong. Unang bininyagan ni Joseph si Oliver, at nang umahon siya mula sa tubig, si Oliver ay nagsimulang magpropesiya ng mga bagay na mangyayari sa lalong madaling panahon. Pagkatapos ay bininyagan ni Oliver si Joseph, na umahon mula sa ilog at

nagpropesiya tungkol sa pagsisimula ng simbahan ni Cristo, na siyang ipinangako ng Panginoon na itatatag sa kanila.¹¹

Bilang pagsunod sa tagubilin ni Juan Bautista, bumalik sila sa kakahuyan at inordenan ang isa't isa sa Aaronic Priesthood. Sa kanilang pag-aaral ng Biblia, maging sa kanilang pagsasalin ng sinaunang talaan, madalas mabasa nina Joseph at Oliver ang tungkol sa awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos. Ngayon ay taglay na nila ang awtoridad na ito.

Matapos ang kanilang binyag, natuklasan nina Joseph at Oliver na ang mga banal na kasulatan na dating mahirap maunawaan at mahiwaga ay biglang naging mas malinaw. Napuno ng katotohanan at pang-unawa ang kanilang mga isipan.¹²

SA NEW YORK, ANG kaibigan ni Oliver na si David Whitmer ay sabik na lalo pang matutuhan ang tungkol sa gawain ni Joseph. Bagama't nakatira si David sa Fayette, mga tatlum-pung milya mula sa Manchester, naging magkaibigan sila ni Oliver habang nagtuturo sa paaralan si Oliver at nakatira sa mga Smith. Madalas nilang pag-usapan ang tungkol sa mga gintong lamina, at nang lumipat si Oliver sa Harmony, nangako siya kay David na magpapadala ng liham tungkol sa pagsasalin.

Hindi nagtagal ay nagsimulang dumating ang mga liham. Isinulat ni Oliver na alam ni Joseph ang mga detalye tungkol sa kanyang buhay na walang maaaring makaalam maliban sa pamamagitan ng paghahayag mula sa Diyos. Inilarawan niya ang mga salita ng Panginoon kay Joseph at

ang pagsasalin ng talaan. Sa isang liham, isinulat ni Oliver ang ilang pangungusap na isinalin, at pinatotohanan ito.

Ipinaalam din ni Oliver sa isa pang liham kay David na kalooban ng Diyos na dalhin niya ang kanyang mga kabayo at bagon sa Harmony upang tulungan sina Joseph, Emma, at Oliver na lumipat sa tahanan ng mga Whitmer sa Fayette, kung saan nila tatapusin ang pagsasalin.¹³ Ang mga tao sa Harmony ay hindi gaanong nalulugod na tanggapin ang mga Smith. Ilang lalaki ang nagbanta na lulusubin sila, at kung hindi dahil sa impluwensya ng pamilya ni Emma, marahil ay malubha silang nasaktan.¹⁴

Ibinahagi ni David ang liham ni Oliver sa kanyang mga magulang at kapatid, na sumang-ayon na tanggapin sina Joseph, Emma, at Oliver sa kanilang tahanan. Ang mga Whitmer ay mga inapo ng mga dayuhang nagsasalita ng wikang Aleman na tumira sa lugar at kilala sa kanilang kasipagan at debosyon. Ang kanilang sakahan ay malapit sa tahanan ng mga Smith para bisitahin ngunit sapat ang layo upang mapigilan ang mga magnanakaw na guluhin sila.¹⁵

Nais ni David na agad pumunta sa Harmony, ngunit ipinaalala sa kanya ng kanyang ama na may mabigat na trabaho na kinakailangang gawin nang dalawang araw bago siya umalis. Panahon iyon ng pagtatanim, at kailangan ni David na araruhin ang dalawampung acre at patabain ang lupa gamit ang plaster of paris upang mapabilis ang pagtubo ng trigo. Sinabi ng kanyang ama na magdasal muna siya upang malaman kung kailangan na ba talagang umalis.

Sinunod ni David ang payo ng ama, at habang nagdarasal, naramdaman niya ang Espiritu na nagsasabing tapusin

niya ang kanyang trabaho sa bahay bago magtungo sa Harmony.

Kinabukasan, naglakad papunta sa bukirin si David at nakita ang mga hanay ng mga tudling sa lupa na hindi pa naararo noong nakaraang gabi. Nang magsiyasat pa siya, nakita niya na anim na acre ang magdamag na inararo, at sa huling tudling ay naroon na ang pang-araro, nakahanda na upang tapusin niya ang trabaho.

Namangha ang ama ni David nang nalaman niya ang nangyari. “Marahil ay may makapangyarihang kamay na kumilos sa lahat ng ito,” sabi niya, “at sa palagay ko ay dapat ka nang tumungo sa Pennsylvania kapag naipunla mo na ang plaster of paris.”

Nagtrabaho nang mabuti si David upang maararo ang natitirang kabukiran at upang maihanda ang lupa para sa maayos na pagtanim. Nang matapos siya, ikinabit niya ang bagon sa isang malusog na pangkat ng mga kabayo at nagtungo sa Harmony nang mas maaga sa inaasahan.¹⁶

NANG MAKALIPAT SINA JOSEPH, Emma, at Oliver sa Fayette, naging abala ang ina ni David. Si Mary Whitmer at ang kanyang asawang si Peter ay may walong anak na nasa edad labinlima hanggang tatlumpung taon, at ang iba na hindi nakatira sa kanilang tahanan ay naninirahan malapit sa kanila. Ang pag-aasikaso sa kanilang mga pangangailangan ang umuubos ng oras ni Mary, at ang tatlong bisita ay naka-ragdag pa sa kanyang mga gawain. May pananampalataya si Mary sa tungkulin ni Joseph at hindi dumaraing, ngunit napapagod na rin siya.¹⁷

Napakaalinsangan noong tag-araw na iyon sa Fayette. Habang naglalaba si Mary ng mga damit at naghahanda ng mga pagkain, si Joseph naman ay nasa isang kuwarte sa itaas na nagdidikta ng kanyang mga salin. Kadalasang si Oliver ang nagsusulat para sa kanya, at paminsan-minsan ay si Emma o isa sa mga Whitmer.¹⁸ Minsan, kapag napagod sa pagsasalin sina Joseph at Oliver, maglalakad sila patungo sa isang kalapit na lawa at maghahagis ng mga bato sa ibabaw ng tubig.

Halos walang panahon si Mary para ipahinga ang kanyang sarili, at ang dagdag na gawain at ang bigat na pinapasan niya ay mahirap dalhin.

Isang araw, habang nasa labas siya ng kamalig kung saan ginagatasan ang mga baka, may nakita siyang isang lalaking kulay-abo ang buhok na may bag na nakasabit sa kanyang balikat. Natakot si Mary sa biglaang paglitaw nito, ngunit sa paglapit ng lalaki, kinausap siya nito sa mabait na tinig kaya napanatag siya.

“Ang pangalan ko ay Moroni,” sabi niya. “Ikaw ay tunay na napagod sa lahat ng karagdagang gawain na kailangan mong gampanan.” Inalis niya ang bag mula sa kanyang balikat, at nakita ni Mary na sinimulan niyang alisin ang pagkakatali nito.¹⁹

“Ikaw ay lubos na matapat at masipag sa iyong mga gawain,” dagdag pa niya. “Nararapat, kung gayon, na tumanggap ka ng pagpapatotoo upang mapalakas ang iyong pananampalataya.”²⁰

Binuksan ni Moroni ang kanyang bag at kinuha ang mga gintong lamina. Ipinakita niya iyon kay Mary at binuklat ang mga pahina upang makita nito ang mga nakasulat doon.

Matapos niyang ipakita ang pinakahuling pahina, hinimok niya si Mary na maging matiyaga at matapat habang ginagawa ang dagdag na trabaho sa kaunti pang panahon. Ipinangako ni Moroni na pagpapalain si Mary dahil dito.²¹

Naglaho ang matandang lalaki makalipas ang isang saglit, at naiwang mag-isa si Mary. May mga trabaho pa siyang gagawin, ngunit hindi na niya iyon inalala.²²

SA SAKAHAN NG MGA Whitmer, mabilis na nagsalin si Joseph, ngunit may mga araw na napakahirap. Ang kanyang isipan ay natutuon sa ibang mga bagay, at hindi siya makatutok sa mga espirituwal na bagay.²³ Ang maliit na bahay ng mga Whitmer ay palaging okupado at maraming nakagagambala. Ang paglipat doon ay nangangahulugang iniwan na nina Joseph at Emma ang pribadong pamumuhay na kanilang natamasa sa Harmony.

Isang umaga, habang naghahanda siyang magsalin, nagalit si Joseph kay Emma. Kalaunan, nang siya ay sumama kina Oliver at David sa silid sa itaas kung saan sila nagtatrabaho, hindi siya makapagsalin ng kahit isang pantig.

Nilisan niya ang kuwarto at naglakad sa labas patungo sa halamanan. Nagdasal doon nang halos isang oras. Pagbalik niya, kinusap niya si Emma at humingi ng tawad. Pagkatapos ay bumalik siya sa pagsasalin tulad nang dati.²⁴

Isinasalin na niya ngayon ang huling bahagi ng talaan na kilala bilang maliliit na lamina ni Nephi, na siyang magsisilbing simula ng aklat. Naglalahad ng isang kasaysayang katulad ng isinalin at naiwala nila ni Martin, ang maliliit na lamina ay kuwento tungkol sa isang binatang

nagngangalang Nephi, na ang pamilya ay ginabayan ng Diyos mula sa Jerusalem patungo sa isang bagong lupang pangako. Ipinaliwanag nito ang mga pinagmulan ng talaan at ang mga naunang labanan ng mga Nephita at ng mga Lamanita. Higit sa lahat, nagbigay ito ng malakas na patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala.

Nang isalin ni Joseph ang huling lamina, nalaman niyang ipinaliwanag dito ang layunin ng talaan at binigyan ito ng pamagat, Ang Aklat ni Mormon, isinunod sa pangalan ng isang sinaunang propeta at mananalaysay na siyang bumuo ng aklat.²⁵

Mula nang sinimulan niyang isalin ang Aklat ni Mormon, maraming natutuhan si Joseph tungkol sa kanyang gagampanan sa gawain ng Diyos. Sa mga pahina nito, nakilala niya ang mahahalagang turo na kanyang natutuhan mula sa Biblia at maging ang mga bagong katotohanan at kaalaman tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. May natuklasan din siyang mga talata tungkol sa mga huling araw na nagpropesiya na may isang piling propetang nagngangalang Joseph na maglalahad ng salita ng Diyos at magpapanumbalik ng mga nawalang kaalaman at tipan.²⁶

Sa talaan, nalaman niya na ipinaliwanag pa ni Nephi ang propesiya ni Isaias tungkol sa isang aklat na mahigpit na nakasara na hindi mababasa ng mga edukadong tao. Habang binabasa ni Joseph ang propesiya, naalala niya ang pakikipag-usap ni Martin Harris kay Propesor Anthon. Pinatunayan nito na tanging ang Diyos ang makapaglalabas ng aklat mula sa lupa at magtatatag ng simbahan ni Cristo sa mga huling araw.²⁷

HABANG TINATAPOS NI JOSEPH at ng kanyang mga kaibigan ang pagsasalin, naisip nila ang isang pangakong ibinigay ng Panginoon sa Aklat ni Mormon at sa Kanyang mga paghahayag—na ipapakita ang mga lamina sa tatlong saksi. Ang mga magulang ni Joseph at si Martin Harris ay bumibisita sa sakahan ng mga Whitmer noong panahong iyon, at isang umaga ay nakiusap sina Martin, Oliver, at David kay Joseph na tulutan silang maging mga saksi. Nanalangin si Joseph at sumagot ang Panginoon, sinabi na kung mananalig sila sa Kanya nang buong-puso at mangangakong magpapatotoo sa katotohanan, maaari nilang makita ang mga lamina.²⁸

“Kailangan mong magpakumbaba sa iyong Diyos sa araw na ito,” ang sabi ni Joseph kay Martin, “at magtamo, kung maaari, ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan.”²⁹

Kalaunan ng araw ring iyon, isinama ni Joseph ang tatlong lalaki patungo sa kakahuyan malapit sa tahanan ng mga Whitmer. Lumuhod sila, at bawat isa ay malakas na nagdasal na ipakita sa kanila ang mga lamina, ngunit walang nangyari. Sinubukan nila ito sa ikalawang pagkakataon, subalit wala pa ring nangyari. Sa wakas, tumayo si Martin at lumakad palayo, sinabing siya ang dahilan kung bakit nananatiling sarado ang kalangitan.

Bumalik sa pagdarasal sina Joseph, Oliver, at David, at di nagtagal isang anghel ang nagpakita sa kanilang ulunan na balot ng maningning na liwanag.³⁰ Hawak niya ang mga lamina at isa-isa niyang binuklat ang mga pahina upang ipakita sa mga lalaki ang mga simbolong nakaukit sa bawat pahina. Isang mesa ang lumitaw sa kanyang tabi at sa ibabaw nito ay ang mga sinaunang artepakto na inilarawan sa

Aklat ni Mormon: ang mga pansalin, ang baluti sa dibdib, isang espada, at ang mahimalang aguhon o kompas na gumabay sa pamilya ni Nephi mula sa Jerusalem patungo sa lupang pangako.

Narinig nila ang tinig ng Diyos na nagpapahayag, “Ang mga laminang ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at isinalin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang salin ng mga ito, na inyong nakikita, ay wasto, at inaatasan ko kayo na patotohanan ninyo ang inyong nakikita at naririnig.”³¹

Nang umalis ang anghel, naglakad si Joseph sa mas masukal na bahagi ng kakahuyan at natagpuang nakaluhod si Martin. Sinabi sa kanya ni Martin na hindi pa siya nakatanggap ng patunay mula sa Panginoon, ngunit nais pa rin niyang makita ang mga lamina. Hiniling niya kay Joseph na magdasal kasama niya. Lumuhod sa kanyang tabi si Joseph, at bago pa man sila nakapagbigkas ng isang salita, nakita nila ang anghel ding iyon na ipinapakita ang mga lamina at iba pang mga sinaunang bagay.

“Sapat na! Sapat na!” bulalas ni Martin. “Namasdan na ng mga mata ko! Namasdan na ng mga mata ko!”³²

BUMALIK SI JOSEPH AT ang Tatlong Saksi sa tahanan ng mga Whitmer kalaunan ng hapong iyon. Kasalukuyang nakikipag-usap si Mary Whitmer sa mga magulang ni Joseph nang nagmamadaling pumasok si Joseph sa silid. “Itay! Inay!” sabi niya. “Hindi ninyo alam kung gaano ako kaligaya!”

Umupo siya sa tabi ng kanyang ina. “Hinayaan ng Diyos na makita ng tatlo pang tao ang mga lamina bukod sa akin,” sabi niya. “Batid nila sa kanilang sarili na hindi ako nanlilinlang ng mga tao.”

Pakiramdam niya ay isang pasanin ang inalis sa kanyang mga balikat. “May mga tungkulin na silang dapat gampanan ngayon,” sabi niya. “Hindi na ako nag-iisa sa mundo.”

Maya-maya pa’y pumasok na si Martin, na naguumapaw sa galak. “Nakakita na ako ng anghel mula sa langit!” sigaw niya. “Pinasasalamat ko ang Diyos nang buong katapatan ng aking kaluluwa dahil nagpakababa Siya upang gawin ako—maging ako—na isang saksi ng kadakilaan ng Kanyang gawain!”³³

Pagkalipas ng ilang araw, sumama ang mga Whitmer sa pamilya Smith sa kanilang sakahan sa Manchester. Dahil alam nila na ipinangako ng Panginoon na itatatag Niya ang Kanyang mga salita “sa pamamagitan ng bibig na kasindami ng mga saksing inaakala niyang makabubuti,” nagtungo si Joseph sa kakahuyan kasama ang kanyang ama, sina Hyrum, at Samuel, at maging ang apat sa mga kapatid ni David Whitmer—sina Christian, Jacob, Peter Jr., at John—at ang kanilang bayaw na si Hiram Page.³⁴

Ang mga lalaki ay nagtipon sa lugar kung saan mada-las magtungo ang pamilyang Smith upang magdasal nang pribado. Sa pahintulot ng Panginoon, inalis ni Joseph ang takip ng mga lamina at ipinakita ang mga ito sa grupo. Hindi sila nakakita ng anghel tulad ng tatlong saksi, ngunit hinayaan sila ni Joseph na hawakan ang mga talaan, buklatin ang mga pahina nito, at suriin ang mga sinaunang sulat. Ang paghawak sa mga lamina ay nagpatibay sa kanilang

pananampalataya na ang kuwento ni Joseph tungkol sa anghel at sa sinaunang talaan ay totoo.³⁵

Ngayong natapos na ang pagsasalin at mayroon nang mga saksi na magpapatunay sa kanyang nakamamanghang patotoo, hindi na kailangan ni Joseph ang mga lamina. Matapos lisanin ng mga lalaki ang kakahuyan at bumalik sa bahay, nagpakita ang anghel at ibinalik ni Joseph ang sagradong talaan sa kanyang pangangalaga.³⁶



Ang Pagsisimula ng Simbahan ni Cristo

Noong unang bahagi ng Hulyo 1829, hawak ang manuskrito, batid ni Joseph na nais ng Panginoon na kanyang ilimbag ang Aklat ni Mormon at ipalaganap ang mensahe nito sa lahat ng dako. Subalit siya at ang kanyang pamilya ay walang alam sa kalakalan ng pagpapalathala. Kailangan niyang mapanatiling ligtas ang manuskrito, makahanap ng maglilimbag, at kahit papaano ay maipagkatiwala ang aklat sa kamay ng mga taong handang kilalanin na posibleng magkaroon ng bagong banal na kasulatan.

Ang pagpapalathala ng isang aklat na kasinghaba ng Aklat ni Mormon ay hindi rin mura. Ang pananalapi ni Joseph ay hindi umunlad mula nang sinimulan niya ang pagsasalin, at lahat ng perang kanyang kinita ay napunta sa pagtustos ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Ganoon din ang kalagayan ng kanyang mga magulang, na hanggang ngayon ay mga maralitang magsasaka na

nagbubungkal ng lupang hindi nila pag-aari. Ang tanging kaibigan ni Joseph na maaaring magtustos sa proyekto ay si Martin Harris.

Agad na kumilos si Joseph. Bago niya natapos ang pagsasalin, ipinasa niya ang mga kailangan para mabigyan ng karapatang-sipi ang aklat upang pangalagaan ang teksto mula sa sinumang magnanakaw o mangongopya nito.¹ Sa tulong ni Martin, nagsimula ring maghanap si Joseph ng manlilimbag na papayag ilathala ang aklat.

Una silang nagtungo kay Egbert Grandin, isang manlilimbag sa Palmyra na kaedad ni Joseph. Agad na tumanggi si Grandin, na naniniwalang ang aklat ay isang huwad. Hindi pinanghinaan ng loob, patuloy na naghanap sina Joseph at Martin at nakakita ng manlilimbag mula sa kalapit na lunsod na handang tanggapin ang proyekto. Subalit bago nila tinanggap ang kanyang alok, bumalik sila sa Palmyra at muling tinanong si Grandin kung nais niyang ilathala ang aklat.²

Ngayon, tila mas handa na si Grandin na tanggapin ang proyekto, ngunit nais muna niyang bayaran siya ng \$3,000 para sa paglilimbag at paglalathala ng limang libong kopya ng aklat bago siya magsimulang gumawa. Nangako na si Martin na tutulong sa pagbabayad ng paglilimbag, ngunit upang makalikom ng ganoon kalaking halaga, napag-isip-isip niya na maaaring kailanganin niyang isangla ang kanyang sakahan. Isa itong malaking problema para kay Martin, ngunit alam niyang wala nang iba pa sa mga kaibigan ni Joseph ang makatutulong sa gastusin.

Naguguluhan, nagsimulang magdalawang-isip si Martin tungkol sa pagtustos sa Aklat ni Mormon. Pag-aari

niya ang isa sa pinakamasaganang sakahan sa lugar. Kung isasangla niya ang kanyang lupain, maaaring hindi niya mabawi ito. Ang yaman na buong buhay niyang inipon ay maaaring mawala sa isang iglap kung hindi magiging maganda ang benta ng Aklat ni Mormon.

Sinabi ni Martin ang kanyang mga alalahanin kay Joseph, at hiniling niyang humingi ng paghahayag si Joseph para sa kanya. Bilang tugon, inilahad ng Tagapagligtas ang Kanyang sakripisyo upang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama, anuman ang kapalit. Inilarawan niya ang Kanyang walang-hanggang pagdurusa habang pinagbabayaran ang kasalanan upang ang lahat ay makapagsisi at mapatawad. Pagkatapos ay inutusan niya si Martin na isakripisyo ang kanyang sariling interes upang maisakatuparan ang plano ng Diyos.

“Huwag kang mag-imbots sa sarili mong ari-arian,” wika ng Panginoon, “kundi malaya itong ibahagi sa pagpapalimbag ng Aklat ni Mormon.” Nilalaman ng aklat ang tunay na salita ng Diyos, pagtitiyak ng Panginoon kay Martin, at makatutulong ito sa iba na paniwalaan ang ebanghelyo.³

Bagama't hindi mauunawaan ng kanyang mga kapitbahay ang kanyang desisyon, sinunod ni Martin ang Panginoon at isinangla ang kanyang sakahan upang magarantiyahan ang bayad.⁴

Pumirma ng kontrata si Grandin at sinimulang gawin ang napakalaking proyekto.⁵ Isinalin ni Joseph ang Aklat ni Mormon sa loob ng tatlong buwan, na may katulong na isang tagasulat sa bawat pagkakataon. Kakailanganin ni Grandin at ng isang dosenang kalalakihan ang pitong

buwan upang malimbag at magawang aklat ang mga unang kopya ng akdang may 590 pahina.⁶

NGAYONG MAY NAKUHA NANG tagapaglathala, bumalik si Joseph sa Harmony noong Oktubre 1829 upang magtrabaho sa kanyang sakahan at makasama si Emma. Samantala, sina Oliver, Martin, at Hyrum naman ang mangangasiwa sa pagpapalimbag at regular na magpapadala kay Joseph ng balita tungkol sa progreso nito.⁷

Naaalala ang labis na kalungkutang kanyang naramdaman nang mawala ang mga unang pahinang isinalin, pinakiusapan ni Joseph si Oliver na kopyahin ang bawat pahina ng manuskrito ng Aklat ni Mormon, gagawan ito ng kopya na dadalhin sa manlilimbag upang ang bantas ay maaaring idagdag at ang mga letra ay maiayos para sa paglilimbag.⁸

Nasiyahan si Oliver sa pagkopya ng aklat, at ang mga liham na kanyang isinulat noong panahong iyon ay puno ng mga salita mula sa pagsasalin. Sumasang-ayon sa mga winika nina Nephi, Jacob, at Amuek mula sa Aklat ni Mormon, sumulat si Oliver kay Joseph tungkol sa kanyang pasasalamat sa walang-hanggang pagbabayad-sala ni Cristo.

“Nang nagsimula akong magsulat tungkol sa mga awa ng Diyos,” sabi niya kay Joseph, “hindi ko alam kung kailan ako titigil, at wala nang sapat na panahon at papel para magsulat.”⁹

Ang damdamin ding iyon ang naghikayat sa iba sa Aklat ni Mormon habang ito ay inililimbag. Si Thomas Marsh, isang dating apprentice ng isang manlilimbag, ay sinubukang mapabilang sa ibang mga simbahan, ngunit

tila wala sa mga ito ang nangangaral ng ebanghelyo na kanyang nakita sa Biblia. Naniniwala siyang isang bagong simbahan ang itatatag sa lalong madaling panahon at siyang magtuturo ng ipinanumbalik na katotohanan.

Noong tag-araw na iyon, naramdaman ni Thomas na ginagabayan siya ng Espiritu na maglakbay nang ilang daang milya patimog mula sa kanyang tahanan sa Boston patungo sa kanlurang New York. Nanatili siya sa lugar sa loob nang tatlong buwan bago siya lumisan pauwi, hindi maunawaan kung bakit siya naglakbay nang ganoon kalayo. Gayunman, sa isang bahay na kanyang tinuluyan sa paglalakbay pauwi, itinanong ng may-ari kung narinig na ba ni Thomas ang tungkol sa “gintong aklat” ni Joseph Smith. Sinabi ni Thomas sa babae na hindi, at pakiramdam niya ay lalo pa niyang dapat malaman ang tungkol dito.

Sinabi nito na dapat niyang kausapin si Martin Harris at pinapunta siya sa Palmyra. Agad na nagtungo roon si Thomas at nadatnan si Martin sa palimbagan ni Grandin. Binigyan siya ng manlilimbag ng labing-anim na pahina ng Aklat ni Mormon, at dinala ni Thomas ang mga ito pabalik sa Boston, sabik na maibahagi sa kanyang asawang si Elizabeth, ang unang karanasan niya sa bagong relihiyong ito.

Binasa ni Elizabeth ang mga pahina, at siya rin ay naniwala na ang mga ito ay gawa ng Diyos.¹⁰

NOONG TAGLAGAS NA IYON, habang ang mga manlilimbag ay walang humpay sa paglimbag ng Aklat ni Mormon, isang dating hukom na nagngangalang Abner Cole ang nagsimulang maglathala ng isang pahayagan sa palimbagan

ni Grandin. Dahil nagtatrabaho siya sa gabi sa palimbagan matapos umuwi ang mga tauhan ni Grandin, nakikita ni Abner ang mga nalimbag na mga pahina mula sa Aklat ni Mormon, na hiwa-hiwalay pa ang mga pahina o hindi pa handa upang ibenta.

Hindi nagtagal ay nagsimulang kutyain ni Abner ang “Gintong Biblia” sa kanyang pahayagan, at noong taglamig ay naglimbag siya ng mga sipi mula sa aklat na nilagyan ng mga mapangutyang komentaryo.¹¹

Nang malaman nina Hyrum at Oliver ang ginawa ni Abner, kinausap nila ito. “Anong karapatan mo para ilathala ang Aklat ni Mormon sa ganitong paraan?” tanong ni Hyrum. “Hindi mo ba alam na mayroon kaming karapatang-sipi?”

“Wala kayong pakialam,” sabi ni Abner. “Inupahan ko ang palimbagan at ililimbag ko kahit ano pa ang gusto ko.”

“Pinagbabawalan kitang ilathala pa ang anumang nasa aklat na iyon sa iyong pahayagan,” wika ni Hyrum.

“Wala akong pakialam,” sabi ni Abner.

Hindi tiyak ang gagawin, ipinarating ito nina Hyrum at Oliver kay Joseph sa Harmony, na agad bumalik sa Palmyra. Nadatnan niya si Abner sa tanggapan ng palimbagan, kaswal na binabasa ang kanyang sariling pahayagan.

“Tila subsob ka sa trabaho,” sabi ni Joseph.

“Kumusta, Ginoong Smith,” mapanuyang sagot ni Abner.

“Ginoong Cole,” sabi ni Joseph, “ang Aklat ni Mormon at ang karapatan sa paglimbag nito ay pag-aari ko, at pinagbabawalan kitang makialam rito.”

Hinubad ni Abner ang kanyang amerikana at itinaas ang kanyang mga manggas. “Nais mo bang makipag-away,

ginoo?” sigaw niya, isinusuntok ang kanyang mga kamao. “Kung gusto mong makipag-away, sige lang.”

Ngumiti si Joseph. “Mas mainam na isuot mo ang iyong amerikana,” sabi niya. “Malamig, at hindi ako makikipag-away sa iyo.” Malumanay siyang nagpatuloy, “At dapat mong itigil ang paglalathala ng aking aklat.”

“Kung sa tingin mo ay ikaw ang pinakamagaling,” wika ni Abner, “hubarin mo lang ang iyong amerikana at subukan mo.”

“Mayroong batas,” sagot ni Joseph, “at malalaman mo ito kung hindi mo alam ito noon. At hindi kita lalaban, sapagkat wala itong mabuting idudulot.”

Batid ni Abner na siya ang may pagkakamali. Nakapag-isip-isip siya at itinigil ang paglalathala ng mga sipi mula sa Aklat ni Mormon sa kanyang pahayagan.¹²

SI SOLOMON CHAMBERLIN, ISANG mangangaral na patungo ng Canada, ay unang narinig ang tungkol sa “Gintong Biblia” mula sa isang pamilya kung saan siya nanirahan malapit sa Palmyra. Tulad ni Thomas Marsh, palipat-lipat siya ng simbahan sa buong buhay niya ngunit hindi pa rin siya nasisiyahan sa kanyang mga nasasaksihan. May ilang simbahan na ipinangangaral ang mga alituntunin ng ebanghelyo at naniniwala sa mga espirituwal na kaloob, ngunit wala silang mga propeta ng Diyos o Kanyang priesthood. Pakiramdam ni Solomon ay nalalapit na ang panahon na itatatag ng Diyos ang Kanyang simbahan.

Habang pinakikinggan ni Solomon ang pag-uusap ng pamilya tungkol kay Joseph Smith at sa mga gintong lamina,

pakiramdam niya ay parang may kuryenteng dumaloy sa kanya mula ulo hanggang paa, at ipinasiya niyang hanapin ang mga Smith at mas alamin pa ang tungkol sa aklat.

Nagtungo siya sa tahanan ng mga Smith at nakasalubong si Hyrum sa pintuan. “Sumainyo ang kapayapaan,” wika ni Solomon.

“Hari nawa ay kapayapaan nga,” tugon ni Hyrum.

“Mayroon bang tao rito,” tanong ni Solomon, “na naniniwala sa mga pangitain o paghahayag?”

“Oo,” sabi ni Hyrum, “lahat kami rito ay naniniwala sa pangitain.”

Ikinuwento ni Solomon kay Hyrum ang tungkol sa pangitain na kanyang nakita ilang taon na ang nakararaan. Sa pangitaing ito, isang anghel ang nagsabi na ang Diyos ay walang simbahan sa mundo ngunit sa lalong madaling panahon ay magtatayo ng isang simbahan na may kapangyarihang tulad ng sinaunang simbahan ng mga apostol. Naintindihan ni Hyrum at ng iba pang naroon sa bahay ang sinabi ni Solomon at sinabi sa kanya na gayundin ang kanilang paniniwala.

“Sana ay ipaalam din ninyo sa akin ang inyong mga natuklasan,” wika ni Solomon. “Sa palagay ko ay matatanggap ko ang mga iyon.”

Inimbitahan siya ni Hyrum na manatili sa sakahan ng mga Smith bilang isang bisita at ipinakita sa kanya ang manuskrito ng Aklat ni Mormon. Pinag-aralan ito ni Solomon sa loob ng dalawang araw at nagpunta kasama si Hyrum sa tanggapan ng palimbagan ni Grandin, kung saan binigyan siya ng isang manlilimbag ng animnapu’t apat na pahina. Dala ang hiwa-hiwalay pang mga pahina, tumuloy

na si Solomon sa Canada, ipinangangaral sa daan ang lahat ng kanyang alam tungkol sa bagong relihiyon.¹³

NOONG MARSO 26, 1830, ANG mga unang kopya ng Aklat ni Mormon ay naisaayos na at maaari nang ibenta sa silong ng tanggapan ng palimbagan ni Grandin. Ang mga ito ay mahigpit na nakatali sa pabalat na yari sa balat ng baka na kulay kayumanggi at naaamoy pa rito ang ginamit na pandikit, papel at tinta. Ang mga salitang *Aklat ni Mormon* ay makikita sa gulugod (spine) ng pabalat sa kulay-gintong mga titik.¹⁴

Pinahalagahan ni Lucy Smith ang bagong banal na kasulatan at itinuring ito bilang tanda na titipunin ng Diyos ang Kanyang mga anak sa lalong madaling panahon upang ipanumbalik ang Kanyang sinaunang tipan. Nakasaad sa pahina ng pamagat na ang layunin ng aklat ay ipakita ang mga dakilang bagay na ginawa ng Diyos para sa Kanyang mga tao noong mga nakaraang panahon, ibigay ang mga biyaya ring iyon sa Kanyang mga tao ngayon, at hikayatin ang buong mundo na si Jesus ang Tagapagligtas ng sanlibutan.¹⁵

Naroon sa likod ng aklat ang mga patotoo ng Tatlong Saksi at ng Walong Saksi, nagpapahayag sa mundo na kaniilang nakita ang mga lamina at batid na ang pagsasalin ay totoo.¹⁶

Sa kabila ng mga patotoong ito, batid ni Lucy na may mga ilang tao na iniisip na ang aklat ay kathang-isip lamang. Karamihan sa kanyang mga kapitbahay ay naniniwala na sapat na ang Biblia bilang banal na kasulatan para sa kanila,

at hindi napagtatanto na pinagpapala ng Diyos ang higit pa sa isang bansa sa pamamagitan ng Kanyang salita. Alam din niya na may mga taong hindi tumanggap ng mensahe nito sapagkat naniniwala sila na ang Diyos ay nagsalita nang minsan sa mundo at hindi na muling magsasalita pa.

Bunsod ng mga dahilang ito at iba pa, karamihan sa mga tao sa Palmyra ay hindi bumili ng aklat.¹⁷ Ngunit ang ilan ay pinag-aralan ang mga pahina nito, naramdaman ang kapangyarihan ng mga itinuturo nito, at nangaluhod upang tanungin ang Panginoon kung tunay nga ba ito. Batid mismo ni Lucy na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos at nais niyang ibahagi ito sa ibang mga tao.¹⁸

MATAPOS MAILIMBAG ANG AKLAT ni Mormon, agad na naghanda sina Joseph at Oliver upang itatag ang simbahan ni Jesucristo. Ilang buwan na ang nakararaan, ang mga sinaunang apostol ng Panginoon na sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita at iginawad sa kanila ang Melchizedek Priesthood, tulad ng ipinangako ni Juan Bautista. Ang karagdagang awtoridad na ito ay nagtulot kina Joseph at Oliver na ibigay ang kaloob na Espiritu Santo sa kanilang mga binibinyagan. Inordenan din sila nina Pedro, Santiago, at Juan bilang mga apostol ni Jesucristo.¹⁹

Sa panahon ding iyon, habang nakatira sa tahanan ng mga Whitmer, nagdasal sina Joseph at Oliver para sa karagdagang kaalaman tungkol sa awtoridad na ito. Bilang tugon, inatasan sila ng tinig ng Panginoon na iorden ang bawat isa bilang mga elder ng simbahan, ngunit kailangang sumangayon muna ang mga mananampalataya na susundin sila

bilang mga lider ng simbahan ng Tagapagligtas. Inatasan din silang mag-orden ng iba pang mga opisyal ng simbahan at igawad ang kaloob na Espiritu Santo sa mga taong bininyagan.²⁰

Noong Abril 6, 1830, sina Joseph at Oliver ay nagtipon sa loob ng bahay ng mga Whitmer upang sundin ang utos ng Panginoon at itatag ang Kanyang simbahan. Upang masunod ang mga hinihingi ng batas, pumili sila ng anim na taong magiging mga unang kasapi ng bagong simbahan. Mga apatnapung kababaihan at kalalakihan ang nagsiksikan sa loob at sa paligid ng maliit na bahay upang saksihan ang pangyayari.²¹

Bilang pagsunod sa mga naunang tagubilin ng Panginoon, hiniling nina Joseph at Oliver sa kongregasyon na sang-ayunan sila bilang mga pinuno sa kaharian ng Diyos at ipakita kung naniniwala silang tama lamang na sila ay magtipon bilang isang simbahan. Bawat kasapi ng kongregasyon ay sumang-ayon, at ipinatong ni Joseph ang kanyang kamay sa ulunan ni Oliver at inordenan siya bilang elder ng simbahan. Pagkatapos ay nagpalit sila ng puwesto, at inordenan naman ni Oliver si Joseph.

Kasunod nito, ibinahagi nila ang tinapay at alak ng sakramento bilang paggunita sa Pagbabayad-sala ni Cristo. Pagkatapos ay ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanilang mga nabinyagan, kinukumpirma sila na mga kasapi ng simbahan at ibinibigay sa kanila ang kaloob na Espiritu Santo.²² Ang Espiritu ng Panginoon ay ibinuhos sa mga nasa pagpupulong, at nagsimulang magpropesiya ang ilan sa kongregasyon. Pinuri ng ilan ang Panginoon, at lahat ay nagalak nang magkakasama.

Natanggap din ni Joseph ang unang paghahayag para sa lahat ng kasapi ng bagong simbahan. “Masdan, may talaang iingat sa inyo,” iniutos ng Panginoon, ipinapaalala sa Kanyang mga tao na dapat nilang isulat ang kanilang banal na kasaysayan, pinapangalagaan ang ulat ng kanilang mga kilos at magpapatotoo sa tungkulin ni Joseph bilang propeta, tagakita, at tagahayag.

“Siya na aking pinukaw upang isulong ang kapakanan ng Sion sa malakas na kapangyarihan para sa kabutihan,” ipinahayag ng Panginoon. “Ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya. Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pintuan ng impierno ay hindi mananaig laban sa inyo.”²³

PAGKATAPOS, NAROON AT MAKIKITA si Joseph sa tabi ng isang sapa at sinaksihan ang pagbibinyag sa kanyang ina at ama sa simbahan. Makalipas ang mga taon na iba’t ibang landas ang tinahak sa paghahanap ng katotohanan, sa wakas ay nagkaisa sila sa pananampalataya. Nang umahon ang kanyang ama mula sa tubig, inalalayan siya ni Joseph, tinulungan siyang makarating sa pampang, at niyakap siya.

“Diyos ko,” wika niya, isinusubsob ang kanyang mukha sa dibdib ng kanyang ama, “nabuhay pa ako para saksihan ang ama ko na mabinyagan sa tunay na simbahan ni Jesucristo!”²⁴

Noong gabing iyon, tahimik na nagtungo si Joseph sa malapit na kakahuyan, punung-puno ng emosyon ang kanyang puso. Nais niyang mapag-isa, malayo sa paningin ng

mga kaibigan at pamilya. Sa sampung taon mula noong una niyang pangitain, nakita niyang nabuksan ang kalangitan, nadama ang Espiritu ng Diyos, at tinuruan ng mga anghel. Siya rin ay nagkasala at nawalan ng kaloob, ngunit nagsisi, kinaawaan ng Diyos, at isinalin ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan at biyaya.

Ngayo'y ipinanumbalik na ni Jesucristo ang Kanyang simbahan at binigyan ng karapatan si Joseph sa priesthood na tinaglay rin ng sinaunang mga apostol noong ipalaganap nila ang ebanghelyo sa mundo.²⁵ Parang sasabog ang puso niya sa matinding kaligayahan, at nang matagpuan siya nina Joseph Knight at Oliver noong gabing iyon, siya ay umiiyak.

Napuspos siya ng kagalakan. Ang gawain ay nagsimula na.²⁶

IKALAWANG BAHAGI



Isang Bahay ng Pananampalataya

ABRIL 1830–ABRIL 1836

Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalangin, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatuto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos.

Doktrina at mga Tipan 88:119.

1830-1836



TERITORYO NG WISCONSIN

TERITORYO NG MICHIGAN

TERITORYO NG IOWA

ILLINOIS

IND.

OHIO

INDEPENDENCE

MISSOURI



Kampo ng Israel—Pangkat ni Hyrum

Kampo ng Israel—Pangkat ni Joseph

Lawa ng Michigan

Lawa ng Huron

Lawa ng Erie

KIRTLAND

TERITORYO NG INDIAN

MISSOURI

CLAY COUNTY



Nayon ng Delaware

Lugar ng mga Whitmer

INDEPENDENCE

Ilog Missouri



Ilog Big Blue



JACKSON COUNTY



Tindahan ng mga Whitney



Abuhan

OHIO



Tahanan nina Joseph at Emma Smith

KIRTLAND



Kirtland Temple



Tahanan ng mga Johnson





Sa Buhay man o sa Kamatayan

Noong Linggong matapos maorganisa ang simbahan, nangaral si Oliver sa pamilya Whitmer at sa kanilang mga kaibigan sa Fayette. Marami sa kanila ay nagbigay-suporta sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon ngunit hindi pa sumasapi sa simbahan. Pagkatapos magsalita ni Oliver, anim na tao ang humiling sa kanya na binyagan sila sa kalapit na lawa.¹

Habang dumarami ang mga tao na sumasapi sa bagong simbahan, ang bigat ng mga atas ng Panginoon na ibahagi ang ebanghelyo sa buong mundo ay naramdaman ni Joseph. Nailathala na niya ang Aklat ni Mormon at inorganisa ang simbahan ng Panginoon, ngunit mahina ang benta ng aklat at halos lahat ng naghangad ng binyag ay pawang kanyang mga kaibigan at kamag-anak. Bukod doon ay marami pang dapat matutuhan si Joseph tungkol sa langit at lupa.

Ang mga taong sumapi sa Simbahan ay madalas na naghahangad ng mga kaloob ng Espiritu at iba pang mga

himalang nabasa nila sa Bagong Tipan.² Ngunit ang ipina-
numbalik na ebanghelyo ay nangako sa mga mananampa-
lataya ng bagay na mas dakila kaysa sa mga kababalaghan
at tanda. Itinuro ni Benjamin, na isang matalinong propeta
at hari sa Aklat ni Mormon, na kung susunod ang mga tao
sa Banal na Espiritu, matatalikdan nila ang pagiging likas
na makasalanan at magiging mga banal sa pamamagitan
ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.³

Para kay Joseph, ang hamon ngayon ay kung paano
maisusulong ang gawain ng Panginoon. Alam nila ni Oli-
ver na dapat silang mangaral ng pagsisisi sa lahat ng tao.
Ang bukirin ay handa nang anihin, at ang halaga ng bawat
kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos. Ngunit paano
magagawa ng dalawang batang apostol—isang magsasaka
at isang guro sa paaralan, kapwa higit lamang nang kaunti
sa dalawampung taon ang edad—na isulong ang gayong
kadakilang gawain?

At paano magagawa ng isang maliit na simbahan sa
kanayunang bahagi ng New York na bumangon mula sa
abang simulain nito at umunlad hanggang sa mapuno ang
buong mundo?

MATAPOS ANG MGA PAGBIBINYAG sa Fayette, sinimulan
ni Joseph ang isang-daang-milyang paglalakbay pabalik sa
kanyang sakahan sa Harmony. Abala man siya sa bagong
simbahan, kailangan niyang magtanim agad sa kanyang
bukid kung gusto niya ng matagumpay na ani sa taglagas.
Ang kanyang mga bayad para sa sakahan ng ama ni Emma
ay huli na sa takdang araw, at kung hindi magiging maganda

ang kanyang ani, kailangan niyang humanap ng iba pang paraan upang bayaran ang kanyang pagkakautang.

Sa kanyang pag-uwi, napadaan si Joseph sa sakahan nina Joseph at Polly Knight sa Colesville, New York. Matagal nang sumusuporta ang mga Knight sa kanya, pero hindi pa rin sila sumasapi sa simbahan. Si Joseph Knight ang partikular na nais mabasa ang Aklat ni Mormon bago niya yakapin ang bagong pananampalataya.⁴

Ilang araw na nanatili si Joseph sa Colesville, nanganaral sa mga Knight at sa kanilang mga kaibigan. Si Newel Knight, isa sa mga anak nina Joseph at Polly, ay madalas makipag-usap sa propeta tungkol sa ebanghelyo. Isang araw, inanyayahan siya ni Joseph na manalangin sa isang pulong, ngunit sinabi ni Newel na mas nais niyang manalangin sa kakahuyan nang mag-isa.

Kinabukasan, nagpunta sa kakahuyan si Newel at sinubukang manalangin. Nakadama siya ng pagkabalisa, at lalo itong lumala noong nagsimula na siyang umuwi. Nang makarating siya sa kanyang bahay, napakabigat ng kanyang pakiramdam kung kaya't nakiusap siya sa kanyang asawang si Sally, na sunduin ang propeta.

Nagmamadaling lumapit kay Newel si Joseph at natagpuan ang mga kapamilya at kapitbahay nito na takot na takot na pinagmamasdan ang binata na namimilipit. Nang makita ni Newel si Joseph, humiyaw siya ng, "Itaboy mo ang demonyo!"

Hindi pa nasusubukan ni Joseph na magtaboy ng diyablo o magpagaling ng isang tao, ngunit alam niya na ipinangako ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang kapang-yarihang gawin ito. Agad na kumilos, hinawakan niya ang

kamay ni Newel. “Sa pangalan ni Jesucristo,” sabi niya, “lumayo ka sa kanya.”

Pagkasabing-pagkasabi ni Joseph ng mga salitang ito, tumigil ang pamimilit. Nasubsob si Newel sa sahig, pagod na pagod ngunit hindi nasaktan, ibinubulong na nakita niya ang diyablo na iniwan ang kanyang katawan.

Ang mga Knight at ang kanilang mga kapitbahay ay nagulat sa nagawa ni Joseph. Habang tinutulungan niya silang dalhin si Newel sa higaan, sinabi sa kanila ni Joseph na ito ang unang himalang isinagawa sa simbahan.

“Ito’y gawa ng Diyos,” patotoo niya, “at sa kapangyarihan ng kabanalan.”⁵

ILANG DAANG MILYA SA kanluran, isang magsasakang nagngangalang Parley Pratt ang nadama ang Espiritu na humihimok sa kanya na lisanin ang kanyang tahanan at pamilya upang mangaral ng mga propesiya at espirituwal na kaloob na natagpuan niya sa Biblia. Ipinagbili niya ang kanyang sakahan nang mas mababa sa halaga nito at nagtiwalang pagpapalain siya ng Diyos sa pagsuko niya ng lahat ng bagay para kay Cristo.

Dala lamang ang ilang damit at sapat na salapi upang maisagawa ang paglalakbay, nilisan niya at ng kanyang asawang si Thankful ang kanilang tahanan at tumulak pasilangan upang bisitahin ang kanilang pamilya bago niya simulan ang pangangaral. Gayunman, habang naglalakbay sila sa kanal, bumaling si Parley kay Thankful at sinabi sa kanya na magpatuloy nang hindi siya kasama. Nadama niya ang Espiritu na nagsasabi sa kanya na bumaba ng bangka.

“Mabilis lamang ako,” pangako niya. “May kailangan akong gawin sa lugar na ito.”⁶

Bumaba si Parley at naglakad ng sampung milya papasok sa probinsya, kung saan napunta siya sa tahanan ng isang Baptist na deacon na nagsabi sa kanya tungkol sa isang kakaibang bagong aklat na nabili niya. Di-umano ito ay isang sinaunang tala, sabi ng lalaki, na isinalin mula sa mga laminang ginto sa tulong ng mga anghel at pangitain. Hindi dala ng deacon ang nasabing aklat, ngunit ipinangako niya na ipakikita ito kay Parley kinabukasan.

Kinabukasan, bumalik si Parley sa bahay ng deacon. Sabik niyang binuklat ang aklat at binasa ang pahina ng pamagat nito. Pagkatapos ay tiningnan niya ang huling bahagi ng aklat at binasa ang mga patotoo ng ilang saksi. Naakit siya ng mga salita, at sinimulan niyang basahin ang aklat mula sa umpisa. Lumipas ang mga oras, ngunit hindi niya mapigil ang pagbabasa. Ang pagkain at pagtulog ay naging pasanin. Ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanya, at alam niya na ang aklat ay totoo.⁷

Agad nagpunta si Parley sa kalapit na nayon ng Palmyra, determinadong makilala ang tagasalin ng aklat. Itinuro sa kanya ng mga tao sa bayan ang isang bukid na ilang milya ang layo. Habang naglalakad si Parley sa direksyong iyon, nakita niya ang isang lalaki at nagtanong dito kung saan niya matatagpuan si Joseph Smith. Sinabi ng lalaki sa kanya na si Joseph ay nakatira sa Harmony, isang daang milya sa timog, ngunit ipinakilala nito ang sarili bilang si Hyrum Smith, na kapatid ng propeta.

Halos magdamag silang nag-usap, at pinatotohanan ni Hyrum ang Aklat ni Mormon, ang panunumbalik ng

priesthood, at ang gawain ng Panginoon sa mga huling araw. Kinaumagahan, may mga nakaiskedyul na pangangaral si Parley na kailangang isagawa, kung kaya't binigyan siya ni Hyrum ng kopya ng aklat at hinayaan siyang humayo.

Binuklat ni Parley ang aklat nang sumunod na magkaroon siya ng pagkakataon at natuklasan, sa kanyang kagalakan, na ang nabuhay na mag-uling Panginoon ay binisita ang mga tao sa sinaunang Amerika at itinuro sa kanila ang Kanyang ebanghelyo. Ang mensahe ng aklat, napagtanto ni Parley, ay mas mahalaga pa sa lahat ng kayamanan ng mundo.

Nang matapos ang kanyang mga nakaiskedyul na pangangaral, bumalik si Parley sa bahay ng mga Smith. Malugod siyang tinanggap ni Hyrum at inanyayahan siyang bisitahin ang sakahan ng mga Whitmer, kung saan niya matatagpuan ang isang lumalaking kongregasyon ng mga miyembro ng simbahan.

Sabik na madagdagan ang mga nalalaman, tinanggap ni Parley ang paanyaya. Makalipas ang ilang araw, siya ay nabinyagan.⁸

SA HULING BAHAGI NG Hunyo 1830, naglakbay si Emma kasama sina Joseph at Oliver patungong Colesville. Ang balita tungkol sa himalang nagawa ni Joseph noong tagsibol na iyon ay kumalat sa buong lugar, at ngayon ang mga Knight at ilan pang pamilya ay nais nang sumapi sa simbahan.

Handa na ring magpabinyag si Emma. Tulad ng mga Knight, naniwala siya sa ipinanumbalik na ebanghelyo at

sa pagkakahirang sa kanyang asawa bilang isang propeta, ngunit hindi pa siya sumapi sa simbahan.⁹

Pagdating sa Colesville, nagtrabaho si Joseph kasama ang iba pa sa paggawa ng dike sa isang kalapit na sapa upang sila ay makapagsagawa ng pulong para sa pagbibinyag kinabukasan. Subalit, sa pagsapit ng umaga, natuklasan nila na may sumira sa dike noong gabing iyon upang pigilang maganap ang mga pagbibinyag.

Nabigo, nagdaos sila sa halip ng pulong para sa araw ng Sabbath, at nangaral si Oliver tungkol sa binyag at Espiritu Santo. Pagkatapos ng sermon, isang lokal na ministro at ilang miyembro ng kanyang kongregasyon ang nagpahinto sa pulong at sinubukang hilahin palayo ang isa sa mga mananampalataya.

Pamilyar na nang husto si Emma sa pagsasalungat kay Joseph at sa kanyang mensahe. May ilang tao na tinawag siyang manlilinlang at inakusahan siya na pineperahan ang kanyang mga tagasunod. Ang iba naman ay hinahamak ang mga mananampalataya, binabansagan silang “Mormonite.”¹⁰ Nag-iingat na makaiwas sa mga kaguluhan, bumalik si Emma at ang iba pa sa batis kinabukasan nang maaga at inayos ang dike. Nang naging sapat na ang lalim ng tubig, lumusong dito si Oliver at bininyagan sina Emma, Joseph at Polly Knight, at sampung iba pa.

Sa gitna ng mga pagbibinyag, may mga kalalakihang nakatayo sa pampang, hindi kalayuan sa likuran, at nangulo sa mga mananampalataya. Sinikap silang balewain ni Emma at ng iba pa, subalit noong nagsimulang maglakbay ang grupo pabalik sa bukid ng mga Knight, sumunod ang mga kalalakihan, humihiyaw ng mga pagbabanta sa propeta

sa kanilang pagdaan. Sa bahay ng mga Knight, ninais nina Joseph at Oliver na kumpirmahin ang mga babae at lalaki na mga bagong binyag, pero ang grupo ng mga nanggu-gulo na nasa labas ay lumaki at naging limampung tao na maingay na nandurumog.

Nag-aalala na baka sila ay sugurin, ang mga mananam-palataya ay tumakas sa isang kalapit na bahay, umaasang matapos ang kumpirmasyon nang mapayapa. Ngunit bago pa nila maisagawa ng mga ordenansa, dinakip si Joseph ng isang constable at dinala siya sa kulungan dahil sa dulot na kaguluhan sa komunidad ng pangangaral tungkol sa Aklat ni Mormon.

Nagpalipas ng gabi si Joseph sa piitan, hindi tiyak kung darakpin siya ng mga mandurumog at isasakatuparan ang kanilang mga pagbabanta. Samantala, si Emma ay takot na naghintay sa bahay ng kanyang kapatid habang siya at ang kanilang mga kaibigan sa Colesville ay nagdasal para sa ligtas na pagpapalaya kay Joseph.¹¹

NANG SUMUNOD NA DALAWANG araw, nilitis sa korte si Joseph at pinawalang-sala, para lamang muling arestuhin at litisin sa kahalintulad na mga kaso. Pagkatapos ng kanyang pangalawang paglilitis ay pinalaya siya, at sila ni Emma ay bumalik sa kanilang bukirin sa Harmony bago nakumpirma si Emma at ang mga Banal sa Colesville na maging mga miyembro ng simbahan.¹²

Sa kanilang tahanan, sinikap muli ni Joseph na magtra-baho sa kanyang bukid, ngunit binigyan siya ng Panginoon ng bagong paghahayag sa kung paano niya dapat gugulin

ang kanyang panahon. “Iyong ilalaan ang lahat ng iyong paglilingkod sa Sion,” pahayag ng Panginoon. “At sa mga temporal na gawain ikaw ay hindi magkakaroon ng lakas, sapagkat ito ay hindi mo tungkulin.” Inutusan si Joseph na magtanim sa kanyang bukid at pagkatapos ay kumpirmahin ang mga bagong miyembro sa New York.¹³

Ang paghahayag na ito ay nag-iwan ng labis na kawalang-kasiguraduhan sa buhay ni Emma. Paano sila kikita ng pera kung inilaan ni Joseph ang lahat ng kanyang panahon sa mga Banal? At ano ang gagawin niya habang wala ito at naglilingkod sa simbahan? Dapat ba siyang manatili sa bahay, o nais ba ng Panginoon na sumama siya kay Joseph? At kung ito ang nais Niya, ano ang kanyang magiging tungkulin sa simbahan?

Nababatid na hangad ni Emma ng patnubay, kinausap siya ng Panginoon sa isang paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph. Siya ay pinatawad sa kanyang mga kasalanan at tinawag siyang isang “hinirang na babae.” Kanyang iniutos kay Emma na sumama kay Joseph sa kanyang mga paglalakbay at nangako, “Ikaw ay oordenan sa ilalim ng kanyang kamay upang magpaliwanag ng mga banal na kasulatan, at upang manghikayat sa simbahan.”

Pinayapa rin Niya ang kanyang mga pangamba tungkol sa kanilang pananalapi. “Ikaw ay hindi dapat matakot,” pagtitiyak Niya, “sapagkat ang iyong asawa ay tutulong sa iyo.”

Pagkatapos ay inatasan siya ng Panginoon na pumili ng mga banal na himno para sa simbahan. “Sapagkat ang aking kaluluwa ay nagagalak sa awitin ng puso,” sabi Niya.¹⁴

Matapos ang paghahayag na ito, nagtungo sina Joseph at Emma sa Colesville, kung saan si Emma at ang mga Banal doon sa wakas ay kinumpirma. Nang matanggap ng mga bagong miyembro ang kaloob na Espiritu Santo, napuspos ng Espiritu ng Panginoon ang silid. Nagsaya ang lahat at nagpuri sa Diyos.¹⁵

KALAUNAN NOONG TAG-INIT NA iyon, nabayaran nina Joseph at Emma ang kanilang sakahan sa tulong ng mga kaibigan at lumipat sa Fayette upang mapag-ukulan ni Joseph nang mas maraming oras ang simbahan.¹⁶ Gayunman, nang dumating sila, nalaman nila na si Hiram Page, isa sa mga Walong Saksi at isang teacher sa Aaronic Priesthood, ay nag-simulang maghanap ng mga paghahayag para sa simbahan sa pamamagitan ng inaakala niyang isang bato ng tagakita.¹⁷ Maraming Banal, kabilang na si Oliver, at ilang kasapi ng pamilya Whitmer, ay naniwala na ang mga paghahayag na ito ay mula sa Diyos.¹⁸

Alam ni Joseph na nahaharap siya sa isang krisis. Ang mga paghahayag ni Hiram ay iginaya sa pananalita ng banal na kasulatan. Nagsasaad ang mga ito ng pagtatatag ng Sion at ang pag-organisa ng simbahan, ngunit kung minsan ay sinasalungat ng mga ito ang Bagong Tipan at ang mga kato-tohanang inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph.

Hindi tiyak kung ano ang gagawin, magdamag na nanalangin si Joseph, humihingi ng patnubay. Dumanas siya ng oposisyon noon, ngunit hindi mula sa kanyang mga kaibigan. Kung kikilos siya nang masyadong marahas laban sa mga paghahayag ni Hiram, maaari niyang

masaktan ang mga naniwala sa mga ito o hadlangan ang matatapat na Banal mula sa paghahangad ng paghahayag sa kanilang sarili.¹⁹ Ngunit kung hindi niya kokondenahin ang mga maling paghahayag, maaaring ilagay ng mga ito sa kompromiso ang awtoridad ng salita ng Panginoon at hatiin ang mga Banal.

Pagkaraan ng maraming oras na walang tulog, tumanggap si Joseph ng isang paghahayag na para kay Oliver. “Walang sinuman ang itatalagang tatanggap ng mga kautusan at paghahayag sa simbahang ito maliban sa aking taga-paglingkod na si Joseph Smith,” pahayag ng Panginoon, “sapagkat lahat ng bagay ay kailangang maisagawa nang may kaayusan, at sa pamamagitan ng pangkalahatang pagsang-ayon sa simbahan.” Iniutos ng Panginoon kay Oliver na ituro ang alituntuning ito kay Hiram.

Nang maglaon ay inatasan ng paghahayag si Oliver na maglakbay ng halos isang libong milya ang layo sa kanlurang dako ng Estados Unidos upang ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga American Indian, na mga labi ng sambahayan ni Israel. Sinabi ng Panginoon na ang lunsod ng Sion ay itatayo malapit sa mga taong ito, inuulit ang mga pangako sa Aklat ni Mormon na ang Diyos ay magtatatag ng Bagong Jerusalem sa kontinente ng Amerika bago ang Ikalawang Pagparito ni Cristo. Hindi niya tinukoy ang eksaktong lokasyon ng lunsod, ngunit ipinangako Niya na ihahayag ang impormasyong iyon kalaunan.²⁰

Pagkalipas ng ilang araw, sa isang kumperensya ng simbahan, itinatwa ng mga Banal ang mga paghahayag ni Hiram at buong pagkakaisang sinang-ayunan si Joseph

bilang tanging makatatanggap ng paghahayag para sa simbahan.²¹

Tinawag ng Panginoon sina Peter Whitmer Jr., Ziba Peterson, at Parley Pratt na samahan si Oliver sa misyon sa Kanluran.²² Samantala, si Emma at ang iba pang kababaihan, ay nagsimulang gumawa ng mga damit para sa mga missionary. Nagtatrabaho nang maraming oras, nag-ikid sila ng balahibo ng tupa para gawing yarn, hinabi o ginatsilyo ang yarn para maging tela, at tinahi ang mga tela nang paunti-unti.²³

Kabalik pa lamang ni Parley sa Fayette kasama si Thankful matapos ibahagi ang ebanghelyo sa kanya at sa iba pang miyembro ng kanyang pamilya. Nang umalis siya papuntang Kanluran, nakitira si Thankful kay Mary Whitmer, na masayang pinatuloy siya sa kanyang tahanan.

Habang papunta sa Missouri, nagplano si Parley na magsama ng iba pang mga missionary sa estado ng Ohio, kung saan nakatira ang kanyang dating pastor na si Sidney Rigdon. Umasa si Parley na magiging interesado siya sa mensahe nila.²⁴

NOONG TAG-INIT DING IYON, sa isang bayan na dalawang araw na paglalakbay ang layo mula sa Fayette, natagpuan ni Rhoda Greene si Samuel Smith, ang kapatid ng propeta, sa kanyang pintuan. Nakilala ni Rhoda si Samuel noong simula ng taong iyon nang nag-iwan ito ng kopya ng Aklat ni Mormon sa bahay niya. Ang kanyang asawang si John ay isang naglalakbay na mangangaral ng ibang relihiyon, at inakala niya na ang aklat ay walang katuturan, ngunit nangako

siyang dadalhin ito sa kanyang pag-iikot at titipunin ang mga pangalan ng sinumang interesado sa mensahe nito.

Inanyayahan ni Rhoda si Samuel sa loob ng bahay at sinabi sa kanya na wala pang nagpapakita ng interes sa Aklat ni Mormon sa ngayon. “Kailangan mong kunin ang aklat,” sabi niya. “Tila hindi nais ni Ginoong Greene na bilhin ito.”

Kinuha ni Samuel ang Aklat ni Mormon at aalis na sana nang nabanggit ni Rhoda sa kanya na binasa at nagustuhan niya ito. Napahinto si Samuel. “Ibibigay ko sa iyo ang aklat na ito,” sabi niya, na ibinabalik ang kopya. “Ang Espiritu ng Diyos ay nagbabawal sa aking kunin ito.”

Napuspos ng damdamin si Rhoda nang kinuha niyang muli ang aklat. “Humingi ka sa Diyos ng isang patotoo sa katotohanan ng gawain,” sabi ni Samuel, “at makadarama ka ng pag-iinit ng dibdib, na siyang Espiritu ng Diyos.”

Kalaunan, nang makauwi ang kanyang asawa, sinabi sa kanya ni Rhoda ang tungkol sa pagbisita ni Samuel. Noong una ay atubili si John na ipagdasal ang tungkol sa aklat, ngunit kinumbinsi siya ni Rhoda na magtiwala sa pangako ni Samuel.

“Alam ko na hindi siya magsasabi ng kasinungalingan,” sabi niya. “Alam ko na siya ay isang mabuting tao kung mayroon mang isa.”

Nagdasal sina Rhoda at John tungkol sa aklat at tumanggap ng patotoo sa katotohanan nito. Pagkatapos ay ibinahagi nila ito sa kanilang pamilya at mga kapitbahay, pati na sa nakababatang kapatid ni Rhoda na si Brigham Young at sa kaibigan nitong si Heber Kimball.²⁵

NOONG TAGLAGAS, ANG TATLUMPU'T walong taong gulang na si Sidney Rigdon ay magalang na nakinig habang si Parley Pratt at ang kanyang tatlong kasamahan ay nagpatotoo tungkol sa isang bagong banal na kasulatan, ang Aklat ni Mormon. Ngunit si Sidney ay hindi interesado. Sa loob ng ilang taon, hinikayat niya ang mga tao sa loob at paligid ng bayan ng Kirtland, Ohio, na magbasa ng Biblia at bumalik sa mga alituntunin ng simbahan sa Bagong Tipan. Ang Biblia ang laging gumagabay sa kanyang buhay, sinabi niya sa mga missionary, at sapat na iyon.²⁶

“Dinala mo ang katotohanan sa akin,” ipinaalala ni Parley kay Sidney. “Hinihiling ko ngayon bilang isang kaibigan na basahin mo ito alang-alang sa akin.”²⁷

“Hindi ka dapat nakikipagtalo sa akin tungkol sa paksang ito,” giit ni Sidney. “Pero babasahin ko ang iyong aklat at titingnan ko kung ano ang kaugnayan nito sa aking pananampalataya.”²⁸

Tinanong ni Parley si Sidney kung maaari silang mangaral sa kanyang kongregasyon. Bagama't may pag-aalinlangan sa kanilang mensahe, binigyan sila ni Sidney ng pahintulot.

Pagkaalis ng mga missionary, binasa ni Sidney ang mga bahagi ng aklat at natanto niya na hindi niya magawang balewalain ito.²⁹ Nang nangaral na sina Parley at Oliver sa kanyang kongregasyon, wala na siyang hangad na balaan ang sinuman laban sa aklat. Nang tumayo siya upang magsalita sa pagtatapos ng pulong, inulit niya ang nasasaad sa Biblia.

“Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay,” sabi niya, “at ingatan ninyo ang mabuti.”³⁰

Ngunit nanatiling hindi tiyak si Sidney sa kung ano ang gagawin. Ang pagtanggap sa Aklat ni Mormon ay nangangahulugang mawawala ang kanyang trabaho bilang isang pastor. Mayroon siyang isang magandang kongregasyon, at nagbibigay sila sa kanya, sa kanyang asawang si Phebe, at sa kanilang anim na anak ng maginhawang buhay. Ang ilang tao pa nga sa kongregasyon ay nagtatayo ng tahanan para sa kanila.³¹ Magagawa ba niya talagang hilingin sa kanyang pamilya na talikuran ang kaginhawaang kanilang tinatamasa?

Nagdasal si Sidney hanggang sa nakaramdam siya ng kapanatagan. Alam niyang totoo ang Aklat ni Mormon. “Sapagka’t hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo,” bulalas niya, “kundi ng aking Ama na nasa langit.”³²

Ibinahagi ni Sidney ang kanyang nadarama kay Phebe. “Mahal ko,” sabi niya, “minsang sinundan mo ako sa kahirapan. Handa ka bang muling gawin iyon?”

“Pinag-isipan ko ang kapalit nito,” sagot niya. “Hangarin kong gawin ang kalooban ng Diyos, sa buhay man o sa kamatayan.”³³



Pinagtipon

Noong taglagas ng 1830, hindi kalayuan mula sa Kirtland, tinapos ng labinlimang taong gulang na si Lucy Morley ang kanyang karaniwang mga gawaing-bahay at umupo sa tabi ng kanyang amo, si Abigail Daniels. Habang ginagamit ni Abigail ang kanyang habihan, tinutulak paroo't parito ang panghabi sa magkakrus na mga sinulid, inilalagay naman ni Lucy ang sinulid sa maninipis na lalagyan nito. Ang telang kanilang hinahabi ay mapupunta sa ina ni Lucy bilang kapalit ng serbisyo ni Lucy sa bahay ng mga Daniels. Dahil sa maraming bata sa kanyang tahanan, at walang tinedyer na mga anak na babae, umaasa si Abigail kay Lucy para mapanatiling malinis at napakain ang kanyang pamilya.

Habang magkatabing nagtutulungan ang dalawa, nakarinig sila ng katok sa pinto. "Pasok," sigaw ni Abigail.

Sumusulyap mula sa kanyang ginagawa, nakita ni Lucy ang tatlong lalaki na pumasok sa silid. Sila ay mga dayuhan,

ngunit sila ay magagarang manamit at mukhang mababait. Lahat silang tatlo ay tila mas bata ng ilang taon kay Abigail, na nasa early thirties.

Tumayo si Lucy at nagdala pa ng mga upuan sa silid. Habang nagsisiupo ang mga lalaki, kinuha niya ang kanilang mga sumbrero at bumalik sa kanyang upuan. Ang mga lalaki ay nagpakilala bilang sina Oliver Cowdery, Parley Pratt, at Ziba Peterson, mga mangangaral mula sa New York na dumaan sa bayan sa kanilang paglalakbay patungong Kanluran. Sinabi nila na ipinanumbalik ng Panginoon ang Kanyang totoong ebanghelyo sa kanilang kaibigan, isang propeta na nagngangalang Joseph Smith.

Habang nagsasalita sila, tahimik na bumalik si Lucy sa kanyang gawain. Nagsalita ang mga lalaki tungkol sa mga anghel at isang set ng mga laminang ginto na isinalin ng propeta sa pamamagitan ng paghahayag. Nagpatotoo sila na isinugo sila ng Diyos sa kanilang misyon upang ipangaral ang ebanghelyo sa huling pagkakataon bago ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.

Nang matapos nila ang kanilang mensahe, tumigil ang maindayog na kalatok ng habihan ni Abigail, at pumihit ang babae sa kanyang upuan. “Ayoko na alinman sa inyong masamang doktrina ay ituro sa aking bahay,” sabi niya, galit na iwinawagayway ang panghabi sa kanilang mga mukha.

Sinubukan ng mga lalaki na hikayatin siya, nagpapatotoo na ang kanilang mensahe ay tunay. Ngunit inutusan sila ni Abigail na umalis, nagsasabing ayaw niyang dungisan nila ang kanyang mga anak ng maling doktrina. Itinanong ng mga lalaki na kung maaari man lang na pakainin sila nito. Nagugutom sila at buong maghapong hindi kumakain.

“Wala kayong makakaing anuman sa bahay ko,” singhal ni Abigail. “Hindi ako nagpapakain ng mga impostor.”

Biglang nagsalita si Lucy, nasindak sa pabalang na pagsasalita ni Abigail sa mga lingkod ng Diyos. “Ang tatay ko ay naninirahan isang milya ang layo mula rito,” sabi niya. “Hindi siya nagpapaalis sa pintuan niya ng kahit sinong gutom. Pumunta kayo roon at pakakainin kayo at aalagaan.”

Pagkakuha ng kanilang mga sumbrero, sumunod si Lucy sa mga missionary sa labas at itinuro sa kanila kung paano pumunta sa bahay ng kanyang mga magulang. Pina-salamatan siya ng mga lalaki at binagtas ang kalsada.

“Pagpalain ka ng Diyos,” sabi nila.

Nang hindi na nakikita ang mga lalaki, bumalik si Lucy sa bahay. Nasa kanyang habihan muli si Abigail, pinapagana paroo’t parito ang panghabi. “Umaasa ako na mas maayos na ang pakiramdam mo ngayon,” sabi niya kay Lucy, malinaw na naiinis.

“Oo, naman,” sagot ni Lucy.¹

TULAD NG IPINANGAKO NI Lucy, nabusog ang tatlong missionary sa tahanan ng mga Morley. Ang kanyang mga magulang, sina Isaac at Lucy, ay mga miyembro ng kongregasyon ni Sidney Rigdon, at naniniwala sila na dapat magbahagi ang mga tagasunod ni Cristo ng kanilang kabuhayan at pag-aari sa isa’t isa na tulad ng isang malaking pamilya. Sumusunod sa halimbawa ng mga banal sa Bagong Tipan na nagsumikap na “lahat ng bagay ay pagsasaluhan,” binuksan nila ang kanilang malaking sakan sa iba pang mga pamilya na nais mamuhay nang

magkakasama at ipamuhay ang kanilang paniniwala na hiwalay sa nagpapataasan at kadalasang makasariling mundo.²

Nang gabing iyon, nagturo ang mga missionary sa mga Morley at sa kanilang mga kaibigan. Tumugon ang mga pamilya sa mensahe ng mga missionary sa paghahanda para sa pagbabalik ng Tagapagligtas at paghahari sa loob ng milenyo, at bandang hatinggabi, labimpitong katao ang nabinyagan.

Sa mga sumunod na araw, mahigit limampung katao sa paligid ng Kirtland ang nagsipunta sa mga pulong ng mga missionary at hiniling na sumapi sa simbahan.³ Marami sa kanila ay nakatira sa bukirin ng mga Morley, kabilang na si Pete, isang pinalayang alipin na ang ina ay nagmula sa Kanlurang Africa.⁴ Maging si Abigail Daniels, na mabilis na tinanggihan noon ang mga missionary, ay tinanggap ang kanilang mensahe matapos mapakinggan niya at ng kanyang asawa ang kanilang pangangaral.⁵

Sa paglago ng simbahan sa Ohio, lalo na sa mga taga-sunod ni Sidney, iniulat ni Oliver ang magandang balita kay Joseph. Araw-araw ay dumarami ang mga tao na humihiling na marinig ang kanilang mensahe. “May malaking pangangailangan dito para sa mga aklat,” isinulat niya, “at nais ko sanang magpadala ka ng limang daan.”⁶

Bagama’t nalulugod siya sa kanilang tagumpay sa Ohio, batid ni Oliver na tinawag sila ng Panginoon na mangaral sa mga American Indian na nakatira sa kanlurang hangganan ng Estados Unidos. Siya at ang iba pang missionary ay kaagad ding nilisan ang Kirtland, kasama ang isang bagong binyag na nagngangalang Frederick Williams. Si Frederick

ay isang doktor, at sa edad na apatnapu't tatlo, siya ang pinakamatandang lalaki sa pangkat.⁷

Patungo sa kanluran sa huling bahagi ng taglagas ng 1830, binagtas nila ang maniyebeng kapatagan at mga burol. Tumigil sila saglit upang mangaral sa mga Wyandot Indian sa gitnang Ohio bago nagpareserba ng tiket sa bapor patungo sa Missouri, ang pinaka-kanlurang estado sa bansa.

Ang mga missionary ay patuloy na umusad sa ilog hanggang hinarangan ng yelo ang kanilang landas. Hindi natinag, bumaba sila at naglakad ng daan-daang milya sa nagyeyelong pampang. Nang mga panahong iyon, makapal at malalim na ang niyebe, na siyang nagpahirap sa paglalakbay nila sa malalawak na parang. Kung minsan ang hangin na humahampas sa tanawin ay tila matalim na kayang balatan ang kanilang mga mukha.⁸

HABANG ANG MGA MISSIONARY ay naglakbay pa-kanluran, naglalakbay naman pa-silangan si Sidney kasama ang kanyang kaibigan na si Edward Partridge, isang tatlumpu't pitong taong gulang na tagagawa ng sumbrero na mula sa kanyang kongregasyon. Ang dalawang lalaki ay patungong Manchester, halos tatlong daang milya ang layo mula sa Kirtland, upang makilala si Joseph. Sumapi na sa simbahan si Sidney, ngunit nais ni Edward na makilala muna ang propeta bago magpasiya kung dapat din siyang sumapi.⁹

Nang dumating sila, ang magkaibigan ay unang tumungo sa sakahan ng mga magulang ni Joseph, upang malaman lamang na lumipat ang mga Smith sa mas malapit sa Fayette. Subalit bago maglakbay ng karagdagang

dalawampu't anim na milya papunta sa tahanan ng mga Smith, nais makita ni Edward ang ari-arian nila, iniisip na ang mga gawain ng mga Smith ay magpapakita ng mga bagay tungkol sa kanilang pagkatao. Nakita nila ni Sidney ang kanilang maaayos na mga taniman, kanilang mga tahanan at kamalig, at ang mababang pader na bato na kanilang itinayo. Bawat isa ay nagpatotoo sa kaayusan at kasipagan ng mag-anak.¹⁰

Bumalik sina Edward at Sidney sa kalsada at naglakad buong araw, dumating sa tahanan ng mga Smith nang gabing iyon. Nang dumating sila roon, isang pulong sa simbahan ang nagaganap. Pumasok sila sa bahay at sumama sa isang maliit na kongregasyon na nakikinig kay Joseph na mangaral. Nang matapos ang propeta, sinabi niya na sinuman sa silid ay maaaring tumayo at magsalita kung nakararamdam siya ng inspirasyon.

Tumayo si Edward at sinabi sa mga Banal ang nakita at nadama niya sa kanyang paglalakbay. Pagkatapos ay sinabi niya, "Ako ay handa nang magpabinyag, Brother Joseph. Maaari mo ba akong binyagan?"

"Malayo ang iyong nilakbay," sabi ni Joseph. "Palagay ko ay mainam na magpahinga ka muna at kumain at bukas ng umaga binyagan."

"Kung ano sa tingin mo ang nararapat," sagot ni Edward. "Ako ay handa anumang oras."¹¹

BAGO NAGANAP ANG BINYAG, tumanggap si Joseph ng isang paghahayag na humihirang kay Edward na mangaral at maghanda para sa araw na paroroon si Cristo sa Kanyang

templo.¹² Nabinyagan si Edward at agad na umalis upang ibahagi ang ebanghelyo sa kanyang mga magulang at kamag-anak.¹³ Samantala, nanatili sa Fayette si Sidney upang magsilbing tagasulat ni Joseph, at di naglaon ay tinutulungan na niya ito sa isang bagong proyekto.¹⁴

Ilang buwan ang nakaraan, sinimulan nina Joseph at Oliver ang inspiradong pagsasalin ng Biblia. Mula sa Aklat ni Mormon, nabatid nila na ang mahahalagang katotohanan ay nadungisan sa pagdaan ng panahon at inalis mula sa Luma at Bagong Tipan. Gamit ang Biblia na binili ni Oliver mula sa tindahan ng mga aklat ni Grandin, nagsimula silang pag-aralan ang aklat ng Genesis, naghahangad ng inspirasyon tungkol sa mga talata na tila hindi kumpleto o hindi malinaw.¹⁵

Hindi nagtagal, inihayag ng Panginoon kay Joseph ang isang pangitain na unang natanggap ni Moises, na wala sa Lumang Tipan. Sa kapapanumbalik na banal na kasulatan, ipinakita ng Diyos kay Moises ang “mga daigdig na di mabilang,” sinabi sa kanya na espirituwal na nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay bago Niya pisikal na nilikha ang mga ito, at itinuro na ang layunin ng maluwalhating paglikhang ito ay upang tulungan ang mga lalaki at babae na matanggap ang buhay na walang hanggan.¹⁶

Pagkaalis ni Oliver para sa kanyang misyon sa Kanluran, patuloy na nagsalin si Joseph kasama sina John Whitmer at Emma bilang mga tagasulat hanggang sa dumating si Sidney. Nitong huli, sinimulan ng Panginoon na maghahayag pa ng marami tungkol sa kasaysayan ng propetang si Enoc, na ang buhay at ministeryo ay maikling binanggit sa Genesis.¹⁷

Habang isinusulat ni Sidney ang idinidikta ni Joseph, natutuhan nila na si Enoc ay isang propeta na nagawang tipunin ang mga masunurin at mapapalad na tao. Tulad ng mga Nephita at Lamanita na bumuo ng isang mabuting lipunan matapos ang pagbisita ng Tagapagligtas sa Amerika, ang mga tao ni Enoc ay natutong mamuhay nang payapa sa piling ng bawa't isa. "Sila ay may isang puso at isang isipan, at namuhay sa kabutihan," ayon sa tala ng banal na kasulatan, "at walang maralita sa kanila."¹⁸

Sa ilalim ng pamumuno ni Enoc, nagtayo ang mga tao ng banal na lunsod na tinawag na Sion, na kalaunan ay tinanggap ng Diyos sa Kanyang presensya. Doon ay nakipag-usap si Enoc sa Diyos habang sila ay nakatingin sa mundo, at tumangis ang Diyos dahil sa kasamaan at pagdurusa ng Kanyang mga anak. Darating ang araw, sinabi Niya kay Enoc, ang katotohanan ay lilitaw mula sa lupa at ang Kanyang mga tao ay magtatayo ng isa pang lunsod ng Sion para sa mga matwid.¹⁹

Habang pinagninilayan nina Sidney at Joseph ang paghahayag, alam nila na dumating na ang araw na muling itatatag ng Panginoon ang Sion sa lupa. Tulad ng mga tao ni Enoc, kailangan ng mga Banal na ihanda ang kanilang mga sarili, pag-isahin ang puso at isipan, nang sa gayon ay maging handa sila sa pagtayo ng banal na lunsod at ng templo nito sa oras na ihayag ng Panginoon ang lokasyon nito.

SA PAGTATAPOS NG DISYEMBRE, inutusan ng Panginoon sina Joseph at Sidney na tumigil sa kanilang gawain ng pagsasalin. "Isang kautusang ibinibigay ko sa simbahan,"

pahayag Niya, “na dapat sila ay sama-samang magtipon sa Ohio.” Magtitipon sila kasama ang mga bagong kasapi sa lugar ng Kirtland at hihintayin ang mga missionary na bumalik mula sa Kanluran.

“Narito ang karunungan,” sinabi ng Panginoon, “at hayaang ang bawat tao ay pumili para sa kanyang sarili hanggang sa Ako ay pumarito.”²⁰

Ang tawag na lumipat sa Ohio ay tila nagdala sa mga Banal palapit sa katuparan ng sinaunang propesiya tungkol sa pagtitipon ng mga tao ng Diyos. Ang Biblia at Aklat ni Mormon ay kapwa nangako na titipunin ng Panginoon ang Kanyang mga pinagtipanang tao upang pangalagaan sila laban sa mga panganib sa mga huling araw. Sa isang bagong paghahayag, sinabi ng Panginoon kay Joseph na ang pagtitipong ito ay magsisimula sa lalong madaling panahon.²¹

Ngunit ang tawag ay ikinagulat pa rin. Sa ikatlong kumperensya ng simbahan, na ginanap sa tahanan ng mga Whitmer pagkatapos ng bagong taon, marami sa mga Banal ay balisa, ang kanilang isipan ay puno ng mga tanong tungkol sa kautusan.²² Kakaunti lamang ang mga naninirahan sa Ohio at daan-daang milya ang layo nito. Karamihan ng miyembro ng simbahan ay kakaunti lamang ang alam tungkol dito.

Marami rin sa kanila ang masigasig na nagtrabaho upang mapalawig ang kanilang ari-arian at malinang ang mauunlad na bukirin sa New York. Kung lilipat sila bilang isang grupo sa Ohio, kailangan nilang agarang maipagbili ang kanilang mga ari-arian at maaaring malugi. Maaari pang tuluyang masira ang pananalapi ng ilan, lalo na kung ang

lupain sa Ohio ay mapatutunayang hindi ganoon kayaman at mataba kaysa sa kanilang lupain sa New York.

Umaasang maibsan ang mga alalahanin tungkol sa pagtitipon, nakipagpulong si Joseph sa mga Banal at tumanggap ng paghahayag.²³ “Ako ay magkakaloob at mamarapatin na bigyan kayo ng higit na kayamanan, maging isang lupang pangako,” pahayag ng Panginoon, “at Aking ibibigay ito sa inyo bilang lupain na inyong mana, kung hahangarin ninyo ito nang buo ninyong puso.” Sa pagtitipon nang magkakasama, ang mga Banal ay maaaring umunlad bilang mga matwid na tao at mapoprotektahan mula sa masasama.

Nangako rin ang Panginoon ng dalawang karagdang pagpapala sa mga taong magtitipon sa Ohio. “Doon bibigyan kita ng aking batas,” sabi Niya, “at doon ikaw ay papagkalooban ng kapangyarihan mula sa kaitaasan.”²⁴

Ang paghahayag ay nagpakalma sa isipan ng karamihan sa mga Banal na nasa silid, bagama’t ilang tao ang ayaw maniwala na nagmula ito sa Diyos. Ang pamilya ni Joseph, ang mga Whitmer at ang mga Knight ay kabilang sa mga naniwala at piniling sundin ito.²⁵

Bilang lider ng Colesville branch ng simbahan, umuwi si Newel Knight at nagsimulang ibenta ng kanyang makakaya. Ginugol din niya ang marami sa kanyang oras sa pagbisita sa mga miyembro ng simbahan. Sinusunod ang halimbawa ng mga tao ni Enoc, siya at ang iba pang mga Banal sa Colesville ay nagtulungan at nagsakripisyo upang matiyak na ang mga maralita ay makapaglalakbay bago sumapit ang tagsibol.²⁶

Samantala, nadama ni Joseph ang pangangailangan na agarang makarating sa Kirtland at kilalanin ang mga

bagong miyembro. Bagama't nagdadalantao ng kambal si Emma at nagpapagaling pa mula sa isang matagal na pakikipaglaban sa karamdaman, sumakay siya sa paragos, desididong sumama sa kanya.²⁷

SA OHIO, NAHIHIRAPAN ANG simbahan. Matapos umalis ang mga missionary pa-Kanluran, ang bilang ng mga nagbalik-loob sa Kirtland ay patuloy na lumago, ngunit marami sa mga Banal ay hindi sigurado kung paano ipamuhay ang kanilang bagong relihiyon. Karamihan ay bumaling sa Bagong Tipan para sa patnubay tulad ng nakagawian nila bago sumapi sa simbahan, ngunit kung wala ang payo ng propeta tila maraming paraan upang bigyang-kahulugan ang Bagong Tipan tulad ng dami ng mga Banal sa Kirtland.²⁸

Si Elizabeth Ann Whitney ay isa mga yaong gustong maranasan ang mga espirituwal na kaloob ng sinaunang Kristiyanong simbahan. Bago dumating ang mga missionary sa Kirtland, si Ann at ang kanyang asawang si Newel ay maraming beses nang nagdasal upang malaman kung paano sila makatatanggap ng kaloob na Espiritu Santo.

Isang gabi, habang nagdarasal para sa banal na patnubay, sila ay nakakita ng pangitain ng isang ulap na humimpil sa kanilang bahay. Napuspos sila ng Espiritu, at naglaho ang kanilang bahay habang nabalot sila ng ulap. Nakarinig sila ng isang tinig mula sa langit: "Maghandang tanggapin ang salita ng Panginoon, sapagka't ito ay paparating."²⁹

Hindi lumaki si Ann sa isang relihiyosong tahanan, at kahit sino sa kanyang mga magulang ay hindi nagsisimba. Hindi gusto ng kanyang ama ang mga pari o pastor, at ang

kanyang ina ay laging abala sa mga gawaing-bahay o inaalagaan ang mga nakababatang kapatid ni Ann. Kapwa nila hinikayat si Ann na magsaya sa buhay sa halip na hanapin ang Diyos.³⁰

Ngunit palaging naaakit si Ann sa mga espirituwal na bagay, at noong pinakasalan niya si Newel, ipinahiwatig niya ang isang pagnanais na humanap ng simbahan. Sa kanyang pamimilit, sumapi sila sa kongregasyon ni Sidney Rigdon dahil naniniwala siya na ang mga alituntunin nito ay pinakamalapit sa mga natagpuan niya sa banal na kasulatan. Kalaunan, nang una niyang marinig si Parley Pratt at mga kasama niyang ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo, batid niyang ang itinuturo nila ay totoo.³¹

Sumapi si Ann sa simbahan at nagalak sa kanyang bagong pananampalataya, ngunit nalito siya sa iba't ibang pamamaraan kung paano isinasabuhay ito ng mga tao. Ang mga kaibigan niyang sina Isaac at Lucy Morley ay patuloy na nag-anyaya ng mga tao na manirahan sa kanilang bukirin at ibinabahagi ang kanilang mga yaman.³² Si Leman Copley, na may-ari ng isang malaking sakahan sa silangan ng Kirtland, ay patuloy na naniniwala sa ilang turo mula sa kanyang pananatili sa mga Shaker, isang pangrelihiyong komunidad na may pamayanan sa di-kalayuan.³³

Ilan sa mga Banal sa Kirtland ay ipinamumuhay ang kanilang mga paniniwala nang sobra-sobra, nagsasaya sa mga bagay na sa tingin nila ay mga kaloob ng Espiritu. Ilang tao ang nagsabi na nagkaroon sila ng mga pangitain na hindi nila maipaliwanag. Ang iba naman ay naniwala na hinimok sila ng Espiritu Santo na magpadalusdos o magpadulas sa lupa.³⁴ Isang lalaki ang tumatalon sa mga

silid o bumibitin mula sa mga suleras ng kisame tuwing sa tingin niya ay nadarama niya ang Espiritu. Ang isa naman ay kumilos tulad ng isang unggoy na malaki.³⁵

Nang makita nila ang pag-uugaling ito, ilan sa mga nagbalik-loob ay pinanghinaan ng loob at sinukuan ang bagong simbahan. Patuloy na nanalangin sina Ann at Newel, tiwala na ipakikita sa kanila ng Panginoon ang landas na tatahakin.³⁶

Noong Pebrero 4, 1831, isang paragos ang dumating sa tindahang pag-aari at pinatatakbo ni Newel sa Kirtland. Lumabas ang isang lalaking dalawampu't limang-taong gulang, pumasok sa loob, at inabot ang kanyang kamay sa kabilang counter. "Newel K. Whitney!" bulalas niya. "Ikaw ang taong hinahanap ko!"

Kinamayan siya ni Newel. "Nakalalamang ka sa akin," sabi niya. "Hindi kita matawag sa iyong pangalan, gaya ng pagtawag mo sa akin."

"Ako si Joseph, ang propeta," sabi ng lalaki. "Nanalangin kang pumarito ako; ngayon, ano ang kailangan mo sa akin?"³⁷



Kayo ay Makatatanggap ng Aking Batas

Sina Ann at Newel Whitney ay nagpapasalamat na nagsadya sina Joseph at Emma sa Kirtland. Bagama't may tatlong maliliit na anak at isang tiyahin na kapiling ang mga Whitney, inanyayahan nila ang mga Smith na manatili sa kanilang bahay hanggang sa makahanap ang mga ito ng kanilang sariling matitirhan. Dahil malaki na ang tiyan ni Emma dala ng kanyang pagbubuntis, lumipat sina Ann at Newel sa isang silid sa itaas upang magamit nina Emma at Joseph ang kuwarto sa baba.¹

Matapos maisaayos ang kanilang pananatili sa tahanan ng mga Whitney, nagsimulang bisitahin ni Joseph ang mga bagong binyag. Ang Kirtland ay isang maliit na kumpol ng mga bahay at tindahan sa isang burol na nasa timog ng tindahan ng mga Whitney. Isang maliit na sapa ang dumadaloy katabi ng bayan, na siyang nagpapaandar ng mga

kiskisan at tumutuloy sa isang mas malaking ilog sa hilaga. Humigit-kumulang isang libong tao ang nakatira doon.²

Habang binibisita ni Joseph ang mga miyembro ng simbahan, nakita niya ang kanilang kasabikan para sa mga espirituwal na kaloob at ang kanilang taos-pusong kagustuhang iayon ang kanilang buhay sa mga banal sa Bagong Tipan.³ Gusto ni Joseph ang mga kaloob ng Espiritu at batid na may papel ang mga ito sa ipinangyarihan na simbahan, ngunit nag-alala siya na ang ilang mga Banal sa Kirtland ay masyadong natatangay sa kanilang paghahangad sa mga ito.

Nakita niya na may importante siyang gagawin. Ang mga Banal sa Kirtland ay higit na dinoble ang laki ng simbahan, ngunit malinaw na kailangan nila ng mga karagdagan tagubilin mula sa Panginoon.

WALONG DAANG MILYA SA kanluran, si Oliver at iba pang missionary ay dumating sa maliit na bayan ng Independence sa Jackson County, Missouri, sa kanlurang hangganan ng Estados Unidos. Nakahanap sila ng tirahan at hanapbuhay upang itaguyod ang kanilang mga sarili at pagkatapos ay bumuo ng mga plano upang bisitahin ang mga Delaware Indian na naninirahan sa teritoryo ilang milya ang layo sa kanluran ng bayan.⁴

Ang mga Delaware ay kalilipat lamang sa teritoryo matapos silang sapilitang paalisin sa kanilang lupain sa pamamagitan ng mga patakaran ng pamahalaan ng Estados Unidos na nagpapaalis sa mga Indian. Ang kanilang pinuno, si Kikthawenund, ay isang matandang lalaki na nakaranas ng mahigit na dalawampu't limang taong pakikibaka

upang tipunin ang kanyang mga tao habang ang mga dayuhang lumipat sa lugar at ang U.S. Army ay itinaboy sila pakanluran.⁵

Sa isang malamig na araw noong Enero 1831, sina Oliver at Parley ay tumulak upang makilala si Kikthawenund. Natagpuan nila itong nakaupo sa tabi ng isang siga sa gitna ng isang malaking kubo sa pamayanan ng Delaware. Mainit silang kinamayan ng pinuno at sumenyas sa kanila na umupo sa ilang mga kumot. Ang kanyang mga asawa ay naglagay ng isang kalderong puno ng mainit na patani at mais sa harapan ng mga missionary, at kumain sila gamit ang kahoy na kutsara.

Sa tulong ng isang tagasalin, nakipag-usap sina Oliver at Parley kay Kikthawenund tungkol sa Aklat ni Mormon at humingi ng pagkakataon na ibahagi ang mensahe nito sa kanyang namumunong konseho. Karaniwang sumasalungat si Kikthawenund sa pagpapahintulot sa mga missionary na makipag-usap sa kanyang mga mamamayan, ngunit sinabi niya sa kanila na pag-iisipan niya iyon at ibibigay sa kanila ang kanyang desisyon sa lalong madaling panahon.

Nagbalik ang mga missionary sa kubo kinaumagahan, at pagkaraan ng kaunting talakayan, tumawag ang pinuno ng isang kapulungan ng konseho at inanyayahan ang mga missionary na magsalita.

Nagpapasalamat sa kanila, pinagmasdan ni Oliver ang mga mukha ng kanyang mga tagapakinig. “Kami ay naglakbay sa ilang, tinawid ang malalim at malawak na mga ilog, at lumusong sa malalim na niyebe,” sabi niya, “upang ipahatid sa inyo ang dakilang kaalaman na kamakailan lamang ay nakarating sa aming mga tainga at puso.”

Ipinakilala niya ang Aklat ni Mormon bilang kasaysayan ng mga ninuno ng mga American Indian. “Ang aklat ay isinulat sa mga laminang ginto,” paliwanag niya, “at ipinaspasa mula sa ama patungo sa anak sa paglipas ng maraming panahon at henerasyon.” Sinabi niya kung paano tinulungan ng Diyos si Joseph na matagpuan at isalin ang mga lamina upang ang kanilang mga sulatin ay mailathala at maibahagi sa lahat ng tao, kabilang na ang mga Indian.

Matapos niyang magsalita, iniabot ni Oliver kay Kikthawenund ang Aklat ni Mormon at naghintay habang siya at ang konseho ay sinusuri ito. “Nais naming tunay na magpasalamat sa ating mapuputing kaibigan na nagmula pa sa malayo, at mga nagpakasakit upang ipaalam sa atin ang mabuting balita,” sabi ng matandang lalaki, “at lalo na ang bagong balitang ito tungkol sa aklat ng ating mga ninuno.”

Ngunit naging malupit sa kanyang mga tao ang panahon ng matinding taglamig, paliwanag niya. Ang kanilang mga tirahan ay hindi maayos, at nagkakamatay ang kanilang mga hayop. Kinailangan nilang magtayo ng mga bahay at bakod at ihanda ang mga bukid para sa tagsibol. Sa ngayon, hindi pa sila handang anyayahan ang mga missionary.

“Magtatayo kami ng council house at magtipun-tipon,” pangako ni Kikthawenund, “at babasahin mo at ituturo mo sa amin ang higit pa tungkol sa aklat ng aming mga ama at ang kalooban ng Dakilang Espiritu.”⁶

PAGKARAAN NG ILANG LINGGO, nakatanggap si Joseph ng ulat mula kay Oliver. Matapos ilarawan ang pagbisita ng mga missionary kay Kikthawenund, inamin ni Oliver na hindi

pa rin siyang tiyak kung tatanggapin ng mga Delaware ang Aklat ni Mormon. “Kung ano ang patutunguhan nito kaugnay ng tribong ito ay hindi ako nakatitiyak,” isinulat niya.⁷

Nanatiling positibo ang pananaw ni Joseph tungkol sa misyon sa mga Indian, kahit na nakabaling ang kanyang pansin sa pagpapalakas ng simbahan sa Kirtland. Ilang panahon lamang matapos makilala ang mga Banal doon, tumanggap siya ng paghahayag para sa kanila. “At sa pamamagitan ng panalangin ng inyong pananampalataya kayo ay makatatanggap ng aking batas,” ipinangakong muli ng Panginoon, “upang inyong malaman kung paano pamamahalaan ang aking simbahan at gawing tama ang lahat ng bagay sa harapan ko.”⁸

Mula sa kanyang pag-aaral ng Biblia, batid ni Joseph na binigyan ng Diyos si Moises ng batas nang pamunuan niya ang kanyang mga tao sa lupang pangako. Alam din niya na si Jesucristo ay pumarito sa lupa at nilinaw ang kahulugan ng Kanyang batas sa buong ministryo Niya. Ngayon ay muli Niyang ihahayag ang batas sa Kanyang mga pinagtipanang tao.

Sa bagong paghahayag, pinuri ng Panginoon si Edward Partridge dahil sa kanyang dalisay na puso at tinawag siya bilang unang bishop ng simbahan. Hindi detalyadong inilarawan ng Panginoon ang mga tungkulin ng isang bishop, ngunit sinabi Niya na lubusang ilalaan ni Edward ang kanyang panahon sa simbahan at tutulungan ang mga Banal na sundin ang batas na ibibigay ng Panginoon sa kanila.⁹

Makaraan ang isang linggo, noong Pebrero 9, nakipagpulong si Edward kay Joseph at sa iba pang mga elder ng simbahan upang manalangin para matanggap ang batas.

Sunud-sunod ang tanong ng mga elder kay Joseph tungkol sa batas, at inihayag ng Panginoon ang mga sagot sa pamamagitan niya.¹⁰ Ilan sa mga sagot ay inuulit ang mga pamilyar na katotohanan, na nagpapatunay ng alituntunin ng Sampung Utos at ng mga turo ni Jesus. Ang iba naman ay nagbigay sa mga Banal ng mga bagong kaalaman kung paano susundin ang mga kautusan at tulungan ang mga taong lumabag sa mga ito.¹¹

Ibinigay rin ng Panginoon ang mga utos na tulungan ang mga Banal na maging katulad ng mga tao ni Enoc. Sa halip na maghati sa pangkalahatang pag-aari, tulad ng ginawa ng mga tao sa bukirin ng mga Morley, nararapat nilang ituring ang lahat ng kanilang mga lupain at kayamanan bilang sagradong pangangasiwa mula sa Diyos, na ibinigay sa kanila upang maalagaan nila ang kanilang mga pamilya, magbigay-ginhawa sa mga dukha, at itayo ang Sion.

Ang mga Banal na piniling sundin ang batas ay ilalaan ang lahat ng kanilang ari-arian sa simbahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga titulo nito sa bishop. Pagkatapos ay ibabalik niya ang lupain at mga ari-arian sa kanila bilang mana sa Sion, ayon sa mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya. Ang mga Banal na tumanggap ng mana ay kikilos bilang mga katiwala ng Diyos, gagamitin ang mga lupain at kagamitan na kanilang natanggap at ibabalik ang anumang hindi nagamit upang matulungan ang mga nangangailangan at maitayo ang Sion at ang templo.¹²

Hinimok ng Panginoon ang mga Banal na sundin ang batas na ito at patuloy na hanapin ang katotohanan. “Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman,” pangako Niya,

“upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan.”¹³

Tumanggap si Joseph ng iba pang mga paghahayag na nagdala ng kaayusan sa simbahan. Patungkol sa busaksak na pag-uugali ng ilan sa mga Banal, nagbabala ang Panginoon na ang mga mapanlinlang na espiritu ay nagkalat sa mundo, nililinlang ang mga tao na mag-isip na ang Espiritu Santo ang sanhi ng kanilang kakaibang pagkilos. Sinabi ng Panginoon na ang Espiritu ay hindi tinatakot at nililito ang mga tao, kundi sa halip ito ay nagpapasigla at nagbibigay ng tagubilin sa kanila.

“Yaong hindi nakapagpapatibay ay hindi sa Diyos,” pahayag Niya.¹⁴

HINDI NAGTAGAL MATAPOS IHAYAG ng Panginoon ang Kanyang batas sa Kirtland, ang mga Banal sa New York ay nagsagawa ng mga huling paghahanda upang magtipon sa Ohio. Ipinagbili nila ang kanilang lupain at ari-arian nang mababa sa halaga nito, tinipon ang kanilang mga gamit sa mga bagon, at nagpaalam sa pamilya at mga kaibigan.

Sina Elizabeth at Thomas Marsh ay kabilang sa mga Banal na naghahandang lumipat. Matapos matanggap ni Thomas ang mga pahina mula sa Aklat ni Mormon at umuwi sa Boston, lumipat sila sa New York upang mapalapit kay Joseph at sa simbahan. Ang tawag na magtipon sa Ohio ay dumating makalipas lamang ang ilang buwan, kung kaya’t muling nag-impake sina Elizabeth at Thomas, desididong

makipagtipon sa mga Banal at itayo ang Sion saanman iutos ng Panginoon.

Lumakas ang determinasyon ni Elizabeth bunga ng kanyang pagbabalik-loob. Bagama't naniniwala siya na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, hindi siya kaagad na nabinyagan. Matapos magsilang ng sanggol na lalaki sa Palmyra, gayunpaman, humiling siya sa Panginoon ng patunay na ang ebanghelyo ay totoo. Hindi nagtagal, natanggap niya ang patotoong hinangad niya at sumapi sa simbahan, at hindi niya maitatatwa ang nalalaman niya at siya ay handang tumulong sa gawain.

“May malaking pagbabagong nangyari sa akin, kapwa sa katawan at isipan,” isinulat ni Elizabeth sa kapatid na babae ni Thomas bago sila umalis papuntang Ohio. “Nadarama ko na dapat akong magpasalamat sa anumang natanggap ko at humanap ng iba pa.”

Sa parehong liham, ibinahagi ni Thomas ang tungkol sa balita ng pagtitipon. “Ang Panginoon ay nananawagan sa lahat na magsisi,” pahayag niya, “at mabilis na magtipon sa Ohio.” Hindi niya alam kung pupunta ang mga Banal sa Ohio upang itayo ang Sion o kung sila ay naghahanda para sa isang mas maambisyong paglipat sa hinaharap. Ngunit hindit ito mahalaga. Kung ang Panginoon ay nag-utos sa kanila na magtipon sa Missouri, o kahit sa Rocky Mountains na isanlibong milya ang layo mula sa kanlurang hangganan ng bansa, siya ay handang gawin ito.

“Wala kaming nalalaman sa kung ano ang dapat naming gawin, maliban sa kung ito ay ipapahayag sa amin,” paliwanag niya sa kanyang kapatid. “Ngunit ito ang alam namin: isang lunsod ang itatayo sa lupang pangako.”¹⁵

SA PAGKAKAHAYAG NG BATAS ng Panginoon at ang mga Banal mula sa New York ay nagtitipon patungong Ohio, ipinagpatuloy nina Joseph at Sidney ang inspiradong pag-sasalin ng Biblia.¹⁶ Nagpatuloy sila mula sa tala ni Enoc hanggang sa kuwento ng patriyarkang si Abraham, na pina-ngakuan ng Panginoon na gagawing ama ng maraming bansa.¹⁷

Hindi naghayag ang Panginoon ng malawakang pagbabago sa teksto, ngunit habang binabasa ni Joseph ang kuwento ni Abraham, pinag-iisipan niyang mabuti ang tungkol sa buhay ng patriyarka.¹⁸ Bakit hindi isinumpa ng Panginoon si Abraham at iba pang mga patriyarka sa Lumang Tipan sa pagpapakasal sa maraming asawa, isang kaugaliang kinasusuklaman ng mga Amerikanong nagbabasa ng Biblia?

Ang Aklat ni Mormon ay nagbigay ng isang sagot. Sa panahon ni Jacob, ang nakababatang kapatid ni Nephi, inutusan ng Panginoon ang mga kalalakihang Nephita na magkaroon ng iisang asawa lamang. Ngunit sinabi rin Niya na maaari Niya silang atasan, kung hinihingi ng pagkakataon, na magpalaki ng matwid na mga anak.¹⁹

Nanalangin si Joseph tungkol sa bagay na ito, at inihiyag ng Panginoon na kung minsan ay inutusan Niya ang Kanyang mga tao na magpakasal nang makailang-ulit. Hindi pa panahon para ibalik ang kaugalian, ngunit darating ang araw na hihilingin Niya ang ilan sa mga Banal na gawin ito.²⁰

MALAMIG PA ANG LUPA nang lisanin ng unang grupo ng mga Banal ang New York. Ang ikalawang grupo, kabilang

dito si Lucy Smith at walumpung iba, ay kaagad ding sumunod. Sumakay sila sa isang barko na magdadala sa kanila sa isang malaking lawa sa kanluran. Sa lawa, sasakay naman sila sa isang bapor na magdadala sa kanila sa isang daungan malapit sa Kirtland. Mula roon, maglalakbay sila sa lupa para sa huling yugto ng kanilang tatlong daang milyang paglalakbay.²¹

Noong una ay matiwasay ang kanilang paglalakbay, ngunit nang nasa kalahatian na ng lawa, isang sirang trangka sa kanal ang nagpatigil sa grupo ni Lucy sa pampang. Dahil sa hindi nila naisaalang-alang ang pagkaantala, maraming tao ang hindi nakapagdala ng sapat na pagkain. Ang gutom at agam-agam tungkol sa pagtitipon ang sanhi ng pagdaing ng ilan sa kanila.

“Maging matiyaga, at itigil ang pagbulung-bulong ninyo,” sabi sa kanila ni Lucy. “Wala akong pagdududa na tutulungan tayo ng Panginoon.”

Kinaumagahan, kinumpuni ng mga manggagawa ang kanal, at nagsimulang muli ang mga Banal sa kanilang paglalakbay. Nakarating sila sa lawa makalipas ang ilang araw, ngunit nakadama sila ng pagkabigo, dahil may makapal na yelong nakaharang sa daungan, na siyang humahadlang sa kanilang tumuloy.²²

Umaasa ang pangkat na makaupa ng isang bahay sa bayan habang naghihintay sila, ngunit isang malaking silid lamang ang nakita nila para matuluyan. Mabuti na lang, may nakilala si Lucy na kapitan ng barko na kilala ang kanyang kapatid, at inayos niya ang kanyang pangkat na lumipat sa barko nito habang hinihintay nilang mabitak ang yelo.²³

Sakay ng barko, parang pinanghihinaan ng loob ang mga Banal. Marami ang nagugutom, at lahat ay basa at nilalamig. Wala silang makitang anumang paraan upang makapagpatuloy at nagsimulang makipagtalo sa isa't isa.²⁴ Ang mga pagtatalo ay naging mainit at umakit ng pansin ng mga nakamasid. Nag-aalala na ang mga Banal ay ginagawan ng eksena ang kanilang mga sarili, hinarap sila ni Lucy.

“Nasaan ang inyong pananampalataya? Nasaan ang inyong pananalig sa Diyos?” maigting niyang tanong. “Kung iaakyat ninyo ang inyong mga kahilingan sa langit, na sana ay mabita ang yelong ito at makapaglayag tayo, kasingtiyak na buhay ang Diyos, mangyayari ito.”

Nang sandaling iyon nakarinig si Lucy ng ingay na parang sumasabog na kulog habang ang yelo na nasa dautanan ay nabita at nagkaroon ng sapat na espasyo upang makalabay ang barko sa pagitan nito. Iniutos ng kapitan sa kanyang mga tao na pumunta sa kanilang mga puwesto, at ginabayan nila ang barko sa pagitan ng makitid na awang, mapanganib na dumaraan malapit sa yelo sa magkabilang panig ng mga ito.²⁵

Nagulat at nagpasalamat, sama-samang nagdasal ang mga Banal sa kubyerta.²⁶

HABANG ANG KANYANG INA at ang mga Banal mula sa New York ay naglalakbay pakanluran, lumipat si Joseph kasama si Emma sa isang maliit na bahay sa bukid ng mga Morley. Ang kanyang pamumuno at ang bagong ipinahayag na batas ay nagdulot ng higit na kaayusan, pag-unawa, at pagkakasundo sa mga Banal sa Ohio. Ngayon maraming

elder at kanilang mga pamilya ay gumagawa ng matitinding sakripisyo upang ipalaganap ang ebanghelyo sa mga kalapit na bayan at nayon.

Sa Missouri, ang gawaing misyonero ay hindi gaanong masigla. Sa loob ng ilang panahon, naniwala si Oliver na mayroon silang pagsulong na nagawa para kay Kikthawenund at sa kanyang mga mamamayan. “Ang pangunahing pinuno ay nagsasabing pinaniniwalaan niya ang bawat salita ng aklat,” ulat niya kay Joseph, “at marami pa sa angkan nila ang naniniwala.”²⁷ Ngunit matapos magbanta ang isang kinatawan ng pamahalaan na dadakpin ang mga missionary dahil sa kanilang pangangaral sa mga Indian nang walang pahintulot, kinailangang ihinto ni Oliver at ng mga missionary ang kanilang mga pagsisikap.²⁸

Pinagnilayan ni Oliver na ihatid ang mensahe sa isa pang angkan ng mga Indian, ang Navajo, na naninirahan isang libong milya ang layo sa kanluran, ngunit pakiramdam niya’y hindi na sila pinahihintulatang maglakbay nang gayon kalayo. Sa halip, isinugo niya si Parley pabalik sa silangan upang kumuha ng lisensya na mangaral mula sa pamahalaan samantalang siya at ang iba pang mga missionary ay sinikap na mapabalik-loob ang mga naninirahan sa Independence.²⁹

Samantala, sina Joseph at Emma, ay nahaharap sa isa pang trahedyo. Sa huling araw ng Abril, nagsilang si Emma ng kambal—isang babae at isang lalaki—sa tulong ng mga kababaihan mula sa pamilya Morley. Ngunit tulad ng kanilang kapatid na lalaking naunang isinilang sa kanila, mahina ang pangangatawan ng kambal at namatay sa loob ng ilang oras ng kanilang kapanganakan.³⁰

Noong araw ring iyon, isang bagong binyag na si Julia Murdock ay namatay matapos magsilang ng kambal. Nang marinig ni Joseph ang tungkol sa kanyang pagpanaw, nagpadala siya ng mensahe sa kanyang asawa, si John, at ipinaalam sa kanya na sila ni Emma ay handang palakihin ang mga ito. Sa labis na lungkot sa pagkawala ng kanyang asawa at hindi magawang mag-alaga ng mga bagong silang na sanggol nang mag-isa, tinanggap ni John ang alok.³¹

Tuwang-tuwa sina Joseph at Emma na salubungin ang mga sanggol sa kanilang tahanan. At nang ligtas na dumating ang ina ni Joseph mula sa New York, nagawa niyang kargahin ang kanyang mga bagong apo sa kanyang mga bisig.³²



Matapos ang Maraming Kapighatian

Noong tagsibol ng 1831, ang pitong taong gulang na si Emily Partridge ay nakatira sa isang bayan sa hilagang silangan ng Kirtland kasama ang kanyang mga magulang, sina Edward at Lydia, at apat na kapatid na babae. May maganda silang de-haliging bahay na may isang malaking silid at dalawang silid-tulugan sa ibaba. Sa itaas ay may isang kwarto, isa pang malaking silid, at isang kabinet kung saan nila inililigpit ang mga damit. Sa silong ay may isang kusina at imbakan ng gulay na napakadilim na natatakot dito si Emily.

Sa labas, ang malaking bakuran ng mga Partridge ay nagbibigay kay Emily ng lugar para makapaglaro at mag-alugad. Mayroon silang hardin ng mga bulaklak at mga bungangkahoy, isang kamalig, at bakanteng lote kung saan balak ng kanyang ama na magtayo ng isa pang mas maa-yos na tirahan balang araw. Ang tindahan ng sumbrero ng

kanyang ama ay hindi kalayuan din. Sa ilalim ng counter ng tindahan, lagi niyang nakikita ang magagarang laso at iba pang kayamanan. Ang buong gusali ay puno ng mga kagamitan at makina na ginagamit ng kanyang ama sa pagtitina ng mga tela at mga balahibo at hinuhubog ang mga ito na maging sombrero para sa kanyang mga parokvano.¹

Hindi gaanong gumugol ng oras ang kanyang ama sa paggawa ng sumbrero ngayong siya na ang bishop ng simbahan. Dahil ang mga Banal ay nagtitipon sa Ohio mula sa New York, kinailangan niyang tulungan silang makalipat sa mga bahay at makahanap ng trabaho. Kasama sa mga bagong dating ang pamilya Knight at ang kanilang branch ng simbahan mula sa Colesville. Batid na si Lemman Copley ay may isang malaking sakahan dalawampung milya sa hilagang silangan ng Kirtland, na pumayag siyang ilaan sa Panginoon, isinugo roon ng ama ni Emily ang mga banal mula sa Colesville upang manirahan.²

Ilan sa mga Banal sa New York ay nagtungo sa Ohio na may tigdas, at dahil nanatili silang madalas sa bahay ng mga Partridge, hindi nagtagal at nagkaroon si Emily at ang kanyang mga kapatid ng mataas na lagnat at mga pantal. Kalaunan ay gumaling si Emily, ngunit ang kanyang labing-isang taong gulang na kapatid na si Eliza ay nagkaroon ng pulmonya. Walang magawa ang kanyang mga magulang kundi manood habang nahahirapan ito sa kanyang paghinga at tumaas pang lalo ang kanyang lagnat.³

Habang inaalagaan ng pamilya si Eliza, ang kanyang ama ay dumalo sa isang mahalagang kumperensya ng simbahan sa isang paaralan malapit sa bukirin ng mga Morley. Nawala siya nang ilang araw, at sa pagbalik niya, sinabi

niya sa kanyang pamilya na kailangan niyang umalis muli.⁴ Natanggap ni Joseph ang isang paghahayag na nagsasabing ang susunod na kumperensya ay gaganapin sa Missouri. Maraming lider ng simbahan, kabilang na ang kanyang ama, ang hinirang na pumunta roon sa lalong madaling panahon.⁵

Maraming tao ang nagsimulang gumawa ng mga plano para sa paglalakbay. Sa paghahayag, tinawag ng Panginoon ang Missouri bilang lupaing mana ng mga Banal, inuulit ang mga paglalarawan sa Biblia ng isang lupang pangako na “binubukalan ng gatas at pulot.” Doon itatayo ng mga Banal ang lunsod ng Sion.⁶

Mabigat sa loob ng ama ni Emily na iwan ang kanyang pamilya. Si Eliza ay may sakit pa rin at maaaring mamatay habang wala siya.⁷ Nakita ni Emily na ang kanyang ina ay nag-aalala rin. Tapat man sa layunin ng Sion si Lydia Partridge, siya ay hindi sanay na maiwan upang alagaan ang kanyang mga anak at tahanan nang mag-isa. Tila alam na niya na nagsisimula pa lamang ang kanyang mga pagsubok.⁸

MAYSAKIT SI POLLY KNIGHT nang siya at ang mga Banal mula sa Colesville ay nanirahan sa lupain ni Lemman Copley. Ang bukid ay may mahigit pitong daang acres ng napakatabang lupain, na mayroong sapat na espasyo para sa maraming pamilya na magtayo ng mga bahay, kamalig, at tindahan.⁹ Dito ang mga Knight ay makakapagsimulang muli at maisasabuhay ang bago nilang pananampalataya nang mapayapa, bagama't marami ang nababahala na malapit na silang lisanin ni Polly.

Ang asawa at mga anak na lalaki ni Polly ay nagtrabaho nang mabilis, gumagawa ng mga bakod at nagtatanim sa bukid upang mapabuti ang lupain. Hinikayat din nina Joseph at Bishop Partridge ang mga Banal sa Colesville na ilaan ang kanilang ari-arian alinsunod sa batas ng Panginoon.¹⁰

Matapos nagsimulang maayos ang pamayanan, gayunman, humiwalay sa simbahan si Lemam at sinabi sa mga Banal mula sa Colesville na umalis sa kanyang ari-arian.¹¹ Walang ibang matutuluyan, nakiusap ang mga pinalayas na Banal kay Joseph na humingi ng patnubay mula sa Panginoon para sa kanila.

“Kayo ay maglalakbay sa mga [rehiyong] pakanluran,” sinabi ng Panginoon sa kanila, “patungo sa lupain ng Missouri.”¹²

Ngayong alam na nila na ang Sion ay matatagpuan sa Missouri, hindi sa Ohio, natanto ng mga Banal mula sa Colesville na sila ang mga unang miyembro ng simbahan na maninirahan doon. Nagsimula silang maghanda para sa paglalakbay, at mga dalawang linggo makaraan ng paghahayag, si Polly at ang iba pang kasapi ng branch ay umalis sa Kirtland at sumakay ng mga bangka na magdadala sa kanila pakanluran.¹³

Habang binabagtas ni Polly at ng kanyang pamilya ang ilog, ang kanyang pinakadakilang hangarin ay tumapak sa Sion bago siya pumanaw. Siya ay limampu't limang taong gulang, at mahina na siya. Ang kanyang anak na lalaki na si Newel ay nakadaong na sa dalampasigan upang bumili ng mga tabla para sa isang kabaong kung sakaling pumanaw siya bago pa dumating sa Missouri.

Pero determinado si Polly na sa Sion lamang siya ililibing, at hindi sa ibang lugar.¹⁴

PAGKAALIS NG MGA BANAL sa Colesville, ang propeta, sina Sidney at Edward Partridge ay tumulak patungo sa Missouri kasama ang ilang elder ng simbahan. Naglakbay sila kadalasan sa lupa, nangangaral ng ebanghelyo sa kanilang mga nadadaanan at pinag-uusapan ang kanilang inaasahan para sa Sion.¹⁵

Positibo ang mga pananalita ni Joseph tungkol sa simbahan sa Independence. Sinabi niya sa ilang elder na si Oliver at iba pang mga missionary ay tiyak na nakapagtayo ng isang malakas na branch ng simbahan doon, tulad ng nangyari sa Kirtland. Ilan sa mga elder ay tinanggap ito bilang isang propesiya.

Habang papalapit sila sa Jackson County, hinangaan ng mga lalaki ang matiwasay at maburol na parang sa kanilang paligid. Dahil malawak ang lupain para tirahan ng mga Banal, ang Missouri ay tila mainam na lokasyon para sa Sion. At ang Independence, sa lapit nito sa isang malaking ilog at mga lupain ng mga Indian, ay maaaring perpektong lugar upang tipunin ang mga pinagtipanang tao ng Diyos.¹⁶

Ngunit nang dumating sila sa bayan, ang mga elder ay hindi natuwa sa nakita nila. Si Ezra Booth, isang dating ministro na sumapi sa simbahan matapos makita si Joseph na nagpagaling ng isang babaeng paralisado ang bisig, ay naisip na mukhang mapanglaw ang lugar at hindi maunlad. May isang hukuman ito, kaunting tindahan, mangilangnilang bahay na yari sa troso—at halos wala nang iba pa.

Ang mga missionary ay nakapagbinyag lamang ng iilang tao sa lugar, kaya hindi naging kasintatag ang branch na tulad ng inasahan ni Joseph. Inaakalang nalinlang sila, si Ezra at ang iba ay nagsimulang pagdudahan ang mga kaloob ng propeta.¹⁷

Si Joseph ay nalungkot din. Ang Fayette at Kirtland ay maliliit na nayon, ngunit ang Independence ay mahigit-kumulang lamang na isang liblib na lugar. Ang bayan ay isang pook ng pagsisimula sa pagtahak sa landas patungo sa kanluran, kaya ito ay umaakit sa mga mangangaso na kumukuha ng balahibo ng hayop at mga nagmamaneho ng bagon o karwahe, kasama ang mga magsasaka at maliilit na negosyante. Marami nang nakatagpo si Joseph na mga tao sa ganitong pangangalakal buong buhay niya, pero sa kanyang palagay, ang mga lalaki sa Independence ay sadyang walang dinidiyos at magaspang. Higit pa rito, ang mga kinatawan ng gobyerno sa bayan ay mapaghinala sa mga missionary at malamang na gawing mahirap ang pangangaral sa mga Indian, kung hindi man imposible.¹⁸

Pinanghihinaan ng loob, idinulog niya ang kanyang mga problema sa Panginoon. “Kailan mamumulaklak ang ilang na gaya ng rosas?” tanong niya. “Kailan itatayo ang Sion sa kanyang kaluwalhatian, at saan itatayo ang Iyong templo?”¹⁹

Noong Hulyo 20, anim na araw pagkadating niya, sinagot ang mga dasal ni Joseph. “[Ang] lupaing ito,” sabi ng Panginoon sa kanya, “[ang] lupaing aking itinakda at inilaan para sa pagtitipon ng mga banal.”

Wala silang dahilan upang maghanap ng iba pang lugar. “Ito ang lupang pangako,” pahayag Niya, “at ang lugar

para sa lunsod ng Sion.” Ang mga Banal ay bibili ng lahat ng magagamit na mga lupain hangga’t maaari, magtatayo ng mga bahay, at magtatanim sa bukid. At sa dalisdis sa kanlurang bahagi ng hukuman, sila ay magtatayo ng templo.²⁰

KAHIT NA INIHAYAG NG Panginoon ang Kanyang kaloo-ban para sa Sion, ang ilang mga Banal ay nanatiling nag-aalinlangan tungkol sa Independence. Tulad ni Ezra Booth, inaasahan ni Edward na makakita ng isang malaking branch ng simbahan sa lugar. Sa halip, itatayo niya at ng mga Banal ang Sion sa isang bayan kung saan ang mga tao ay nag-aalangan sa kanila at hindi interesado sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Bilang bishop ng simbahan, naunawaan niya rin na karamihan ng responsibilidad para sa pagtatatag ng saligan ng Sion ay nakaatang sa kanyang mga balikat. Upang maihanda ang lupang pangako para sa mga Banal, kailangan niyang bilhin ang lahat ng lupang makakayang bilhin upang ipamahagi bilang mga mana sa mga dumating sa Sion at sinunod ang batas ng paglalaan.²¹ Ibig sabihin nito ay kailangan niyang manatili sa Missouri at ilipat ang kanyang pamilya nang permanente sa Sion.

Nais ni Edward na tumulong sa pagtatatag ng Sion, ngunit napakaraming bagay tungkol sa paghahayag, sa mga bago niyang responsibilidad, at sa lugar ang bumabagabag sa kanya. Isang araw, habang sinusuri niya ang lupain sa loob at paligid ng Independence, sinabi niya kay Joseph na ito ay hindi kasing-inam ng iba pang kalapit na lupain.

Dismayado siya sa propeta at hindi makita kung paano maitatayo ng mga Banal ang Sion doon.

“Nakikita ko ito,” pagpapatotoo ni Joseph, “at magiging ganito ito.”²²

Makalipas ang ilang araw, inihayag muli ng Panginoon ang kanyang salita kina Joseph, Edward, at iba pang mga elder ng simbahan. “Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong Diyos hinggil sa mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang kaluwalhatiang susunod matapos ang maraming kapighatian,” pahayag Niya. “Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala.”

Sa paghahayag, pinagsabihan din ng Panginoon si Edward sa kawalan niya ng pananampalataya. “Kung siya ay hindi magsisisi ng kanyang mga kasalanan,” sinabi Niya tungkol sa bishop, “tumalima siya at baka siya bumagsak. Masdan ang kanyang misyon ay ibinigay sa kanya, at ito ay hindi ibibigay na muli.”²³

Ang babala ay nagpakumbaba kay Edward. Hiniling niya sa Panginoon na patawarin ang pagkabalag ng kanyang puso at sinabi kay Joseph na mananatili siya sa Independence at ihahanda ang lupain ng Sion para sa mga Banal. Subalit nag-alala pa rin siya na hindi niya kayanin ang malaking gawaing naghihintay sa hinaharap.

“Ako ay natatakot na ang atas sa akin ay higit pa sa kaya kong gawin upang maging katanggap-tanggap sa aking Ama sa Langit,” pag-amin niya sa isang liham kay Lydia. “Ipagdasal mo ako na hindi ako mabigo.”²⁴

PAGKARAAN NG TATLONG LINGGONG paglalakbay, dumating si Polly Knight sa Independence kasama ng mga Banal ng Colesville. Tumayo siya sa lupa na nanghihina, nagpapasalamat na narating niya ang lupain ng Sion. Gayunman, ang kanyang pangangatawan ay mabilis na bumabagsak, at dalawang bagong binyag mula sa lugar na iyon ang nagdala sa kanya sa kanilang tahanan upang makapahinga siya nang maginhawa.

Habang naghahanap ang mga Knight ng lugar na matitirhan, natagpuan nila ang kanayunan na maganda at maaliwalas, at may matabang lupa na mapagyayaman at matatamnan. Ang mga tao rin ay tila magiliw, kahit na sila ay mga dayuhan. Hindi tulad ng ilan sa mga elder mula sa Kirtland, ang mga miyembro mula sa Colesville ay naniniwala na maitatayo roon ng mga Banal ang Sion.

Noong Agosto 2, nagtipon ang mga Banal sa Missouri ilang milya sa kanluran ng Independence upang simulan ang pagtatayo ng unang bahay sa Sion. Si Joseph at labindalawang kalalakihan mula sa Colesville Branch, na simbolikong kumakatawan sa mga lipi ni Israel, ang naglatag ng unang haligi para sa gusali. Pagkatapos ay inilaan ni Sidney ang lupain ng Sion para sa pagtitipon ng mga Banal.

Kinabukasan, sa isang lupain sa kanlurang bahagi ng hukuman sa Independence, maingat na inilapag ni Joseph ang isang bato upang markahan ang sulok ng itatayong templo sa hinaharap.²⁵ Pagkatapos ay may nagbuklat ng Biblia at nagbasa mula sa ika-walumpu't pitong awit: "Minahal ng Panginoon ang mga pintuang-bayan ng Sion nang higit sa lahat na tahanan ni Jacob. Maluwalhating mga bagay ang sinalita tungkol sa iyo, O bayan ng Dios."²⁶

Pagkalipas ng ilang araw, pumanaw si Polly, pinupuri ang Panginoon sa pagsuporta sa kanya sa kanyang mga pagdurusa.²⁷ Nangaral ang propeta sa libing, at inilibing ng kanyang asawa ang kanyang katawan sa isang kapisasong kakahuyan na hindi kalayuan sa lugar na pagtatayuan ng templo. Siya ang unang Banal na inihimlay sa Sion.²⁸

Noong araw ring iyon, tumanggap muli si Joseph ng paghahayag: “Pinagpala, wika ng Panginoon, sila na nagtungo sa lupaing ito na ang mata ay nakatuon sa aking kaluwalhatian, alinsunod sa aking mga kautusan. Sa mga yaong nabubuhay ay mamamahin ang lupa, at yaong mga namamatay ay mamamahinga mula sa lahat ng kanilang gawain.”²⁹

PAGKATAPOS NG LIBING, NAGSIMULA sina Ezra at iba pang mga elder ng simbahan sa kanilang paglalakbay pabalik sa Kirtland kasama sina Joseph, Oliver, at Sidney. Natuwa si Ezra na umuwi sa Ohio. Hindi tulad ni Edward, hindi siya nagkaroon ng pagbabago ng puso tungkol kay Joseph o sa lugar ng Sion.

Inilunsad ng mga kalalakihan ang mga bangka sa malawak na Ilog Missouri, bandang hilaga ng Independence, at sumagwan sa ilog. Sa pagtatapos ng unang araw ng paglalakbay, sila ay masisigla at masayang naghapunan ng ligaw na pabo sa may kahabaan ng pampang. Subalit, nang sumunod na araw, ang panahon ng Agosto ay mainit at ang ilog ay mabangis at mahirap maglayag. Mabilis na napagod ang mga kalalakihan at di nagtagal ay pinintasan ang isa’t isa.³⁰

“Yamang buhay ang Panginoong Diyos,” sigaw sa wakas ni Oliver sa mga kalalakihan, “kung hindi kayo kikilos nang mas mahusay, ilang aksidente ay sasapit sa inyo.”

Namuno si Joseph sa kanyang bangka kinabukasan ng hapon, ngunit ilan sa mga elder ang nagalit sa kanya at kay Oliver at tumutol magsagwan. Sa isang mapanganib na paliko sa ilog, tumama sila sa isang punong nakalubog sa tubig at muntik nang tumaob. Natakot para sa buhay ng lahat ng nasa pangkat, inutusan nina Joseph at Sidney ang mga elder na umalis sa ilog.³¹

Matapos nilang magtayo ng kampo, sinubukan nina Joseph, Oliver, at Sidney na kausapin ang pangkat at bawasan ang tensyon. Naiinis, tinawag na duwag ng mga lalaki sina Joseph at Sidney dahil sa pag-alis ng mga ito sa ilog, kinutya ang pamamaraan ng pagsagwan ni Oliver sa kanyang bangka, at inakusahan si Joseph na kumikilos tulad ng isang diktador. Ang alitan ay tumagal nang buong magdamag.

Sa halip na manatiling gising kasama ng grupo, nagpahinga nang maaga si Ezra, labis na pinupulaan si Joseph at ang mga elder. Isip-isip niya, bakit ipagkakatiwala ng Panginoon ang mga susi ng Kanyang kaharian sa mga taong tulad nito?³²

KALAUNAN SA TAG-INIT NA iyon, natanggap ni Lydia Partridge ang liham ni Edward mula sa Missouri. Kasama ng pagbabahagi ng kanyang mga alalahanin tungkol sa kanyang tungkulin, ipinaliwanag niya na siya ay hindi makauwi ayon sa plano ngunit at sa halip ay mananatili

sa Jackson County upang bumili ng lupain para sa mga Banal. Kalakip ng liham ang isang kopya ng paghahayag kay Edward, na iniaatas ang kanilang pamilya na manirahan sa Sion.

Nagulat si Lydia. Noong umalis si Edward, sinabi niya sa kanilang mga kaibigan na babalik siya sa Ohio sa oras na matapos ang kanyang gawain sa Missouri. Ngayon, sa dami ng mga responsibilidad sa Sion, hindi siya tiyak kung makababalik siya upang tulungan si Lydia at ang mga bata na gawin ang kanilang paglalakbay. Ngunit alam niya na ang iba pang mga pamilya sa Ohio ay lilipat sa Missouri noong taglagas na iyon, kabilang na ang kanyang mga tagapayo sa bishopric. Gayon din sina Sidney Gilbert, isang may tindahan sa Kirtland, at William Phelps, isang manlilimbag, na kapwa magtatayo ng mga negosyo para sa simbahan sa Sion.³³

“Marahil ang pinakamainam sa lahat ay sumama ka sa kanila,” isinulat niya.³⁴

Batid na iilang karangyaan ang maaaring matamasa sa Independence, nagbigay rin si Edward kay Lydia ng isang mahabang listahan ng mga bagay na iiimpake at mga bagay na iiwanan. “Kailangan nating magdusa,” babala niya, “at sa ilang pagkakataon magkakaroon ng maraming kasalatan dito, kung saan ikaw at ako ay hindi sanay.”³⁵

Nagsimulang maghanda si Lydia para sa paglipat. Ang mga bata ay malusog na para maglakbay, at inayos niyang maglakbay kasama ang mga pamilya Gilbert at Phelps. Habang ipinagbibili niya ang ari-arian ng kanyang pamilya, sinabi ng kanyang mga kapitbahay na hindi sila makapani-wala na isusuko niya at Edward ang kanilang magandang

bahay at maunlad na negosyo upang sundan ang batang propeta sa ilang.³⁶

Walang pagnanais si Lydia na talikuran ang utos ng Panginoon na itatag ang Sion. Alam niyang ang pagtalikod sa kanyang maayos na tahanan ay isang pagsubok, ngunit naniniwala siya na isang karangalan na ilatag ang pundasyon ng lunsod ng Diyos.³⁷



Nanumbalik ang Kaloob

Nang bumalik si Joseph sa Kirtland sa huling bahagi ng Agosto 1831, naroon pa rin ang tensiyon sa pagitan niya at ng ilan sa mga elder na nagpuntang kasama niya sa Independence. Matapos ang kanilang away sa pampang ng Ilog Missouri, si Joseph at karamihan sa mga elder na naglakbay kasama niya ay nagpakumbaba ng kanilang sarili, ipinagtapat ang kanilang mga kasalanan, at humingi ng kapatawaran. Kinaumagahan, pinatawad sila ng Panginoon at nangako ng kapanatagan at panghihikayat.¹

“At yayamang kayo ay nagpakumbaba ng inyong sarili sa harapan ko,” sabi Niya, “ang mga pagpapala ng kaharian ay sa inyo.”²

Ang iba pang mga elder, isa sa kanila si Ezra Booth, ay hindi sinunod ang paghahayag o kaya’y nilutas ang mga hindi pagkakaintindihan nila ni Joseph. Nang bumalik si Ezra sa Kirtland, patuloy niyang pinintasan si Joseph at

nagreklamo tungkol sa kanyang mga ikinilos sa misyon.³ Isang pagpupulong ng mga Banal ang kalaunang bumawi sa lisensya na mangaral ni Ezra, at nagsimula siyang sumulat sa kanyang mga kaibigan ng mga napakasasakit na liham na umaatake sa pagkatao ni Joseph.⁴

Sinuwatan ng Panginoon ang mga pag-atakeng ito sa unang bahagi ng Setyembre at sinabihan ang mga elder na itigil ang pagkondena sa mga kamalian ni Joseph at ang pamimintas sa kanya nang walang kadahilanan. “Siya ay nagkasala,” pagkilala ng Panginoon, “subalit katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ako, ang Panginoon, ay nagpapatawad ng mga kasalanan sa mga yaong umaamin ng kanilang mga kasalanan sa aking harapan at humihingi ng kapatawaran.”

Pinagsabihan Niya ang mga Banal na maging mapag-patawad din. “Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong Aking patatawarin,” pahayag Niya, “subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao.”

Hinimok din niya ang mga Banal na gumawa ng mabuti at itatag ang Sion, sa halip na hayaan ang kanilang hindi pagkakasundo na hatiin sila. “Huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain,” paalala Niya sa kanila. “Hinihingi ng Panginoon ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito.”

Bago wakasan ang Kanyang mga salita, tumawag ang Panginoon ng ilang miyembro ng simbahan na ipagbili ang kanilang ari-arian at pumunta sa Missouri. Gayunman, ang karamihan sa mga Banal ay mananatili sa Ohio, at patuloy na magbabahagi ng ebanghelyo roon. “Sapagkat ako, ang

Panginoon,” sinabi Niya kay Joseph, “ay niloob na magpanatili ng matatag na muog sa lupain ng Kirtland, sa loob ng limang taon.”⁵

SABIK NA NAKINIG SI Elizabeth Marsh habang inilalarawan ng mga elder na nagsibalik sa Ohio ang lupain ng Sion. Inilarawan nila ang mayaman at itim na lupa, mga umiindayog na parang na kasinglawak ng karagatan, at umaagos na ilog na tila may sariling buhay. Kahit na kakaunti ang mabubuting masasabi nila tungkol sa mga taga-Missouri, marami sa mga nagsibalik na mga elder ang positibo ang pananaw tungkol sa hinaharap ng Sion.

Sa isang sulat sa kanyang hipag sa Boston, isinalaysay muli ni Elizabeth ang lahat ng bagay na nalaman niya tungkol sa lupang pangako. “Nagtayo sila ng bato para sa templo at lunsod,” iniulat niya, “at bumili ng lupain hangga’t pinahihintulutan ng pagkakataon para sa mga mana ng mga mananampalataya.” Ang pook mismo ng templo ay sa isang kagubatan sa kanlurang bahagi ng hukuman, pansin niya, na tumutupad sa propesiya sa Biblia na ang mga kagubatan ay “mainam na bukid” at “ang mapapanglaw na lugar ay magsasaya.”⁶

Ang asawa ni Elizabeth, si Thomas, ay nasa Missouri pa rin at ipinapangaral ang ebanghelyo, at inaasahan niyang uuwi ito sa isang buwan o mahigit pa. Ayon sa mga elder, karamihan sa mga tao sa Missouri ay hindi interesado sa mensahe na kanyang ibinabahagi, ngunit ang mga missionary ay nagbibinyag ng mga tao sa ibang lugar at pinapupunta sila sa Sion.⁷

Hindi magtatagal, daan-daang mga Banal ang magti-
tipon sa Independence.

ILANG DAANG MILYA SA timog-kanluran ng Kirtland, bini-
sita ng dalawampu't limang taong gulang na si William
McLellin ang puntod ng kanyang asawang si Cinthia Ann,
at ng kanilang anak. Wala pang dalawang taong kasal sina
William at Cinthia Ann nang siya at ang sanggol ay nama-
tay. Bilang guro sa paaralan, si William ay mabilis mag-isip
at may kaloob sa pagsusulat. Ngunit wala siyang nakitang
anumang makapagpapanatag sa kanya sa malulungkot na
oras mula nang mawala ang kanyang pamilya.⁸

Isang araw, matapos magturo sa kanyang klase, nari-
nig ni William ang dalawang lalaki na nangangaral tungkol
sa Aklat ni Mormon. Isa sa kanila, si David Whitmer, ang
nagpahayag na nakita niya ang isang anghel na nagpatotoo
na ang Aklat ni Mormon ay totoo. Ang isa pa, si Harvey
Whitlock, ay gumulat kay William bunsod ng kapangyarihan
at kalinawan ng kanyang pangangaral.

Inanyayahan ni William ang mga lalaki na magturo
pa sa kanya, at muli siyang naapektuhan ng mga sinabi ni
Harvey. “Hindi pa ako nakaririnig ng ganitong pangangaral
sa buong buhay ko,” pagsulat ni William sa kanyang journal.
“Tila ang kaluwalhatian ng Diyos ay pinalibutan ang lalaki.”⁹

Nananabik na makilala si Joseph Smith at siyasatin ang
kanyang mga sinasabi, sumunod si William kina David at
Harvey sa Independence. Nakabalik na si Joseph sa Kirtland
noong sila ay dumating, ngunit nakilala ni William sina
Edward Partridge, Martin Harris, at Hyrum Smith at narinig

ang kanilang mga patotoo. Nakausap din niya ang iba pang mga kalalakihan at kababaihan sa Sion at namangha sa pag-ibig at kapayapaan na nakita niya sa kanila.¹⁰

Habang naglalakad sa gitna ng kakahuyan isang araw, nakipag-usap siya kay Hyrum tungkol sa Aklat ni Mormon at sa pagsisimula ng simbahan. Nais maniwala ni William, pero sa kabila ng lahat ng narinig niya, hindi pa rin siya kumbinsidong sumapi sa simbahan. Gusto niya ng patunay mula sa Diyos na natagpuan niya ang katotohanan.

Kinabukasan nang maaga, nanalangin siya para sa patnubay. Pinagninilayan ang kanyang pag-aaral ng Aklat ni Mormon, napagtanto ni William na binuksan nito ang kanyang isipan sa bagong liwanag. Noon niya nalaman na ito ay totoo at naramdaman niyang ikararangal niya na patotohanan ito. Natiyak niya na natagpuan niya ang buhay na simbahan ni Jesucristo.¹¹

Bininyagan at kinumpirma ni Hyrum si William nang araw na iyon, at hindi nagtagal ang dalawang lalaki ay umalis patungo sa Kirtland.¹² Habang nangangaral sila sa daan, natuklasan ni William na mayroon siyang talento na makaakit ng mga tagapakinig at makipagdebate sa mga ministro. Gayunman, kung minsan ay kumilos siya nang may kapalaluan kapag siya ay nangangaral, at nalulungkot siya kapag ang kanyang pagmamalaki ay nagtataboy palayo sa Espiritu.¹³

Pagdating nila sa Kirtland, nasasabik na makausap ni William si Joseph. Marami siyang partikular na mga tanong na nais niyang masagot, ngunit sinarili lamang niya ang mga ito, nanalangin na mahiwatigan ito ni Joseph sa kanyang sarili at ihayag ang sagot sa mga ito. Hindi na ngayon

sigurado si William kung saan pupunta at ano ang gagawin sa kanyang buhay. Dahil wala siyang pamilya, maiuukol niya ang sarili nang lubos sa gawain ng Panginoon. Ngunit may bahagi sa pagkatao niya ang nais unahin ang sarili niyang kapakanan.

Nang gabing iyon, umuwi si William kasama ni Joseph at humingi sa kanya ng isang paghahayag mula sa Panginoon, gaya ng alam niya na ginawa ng marami pang iba. Pumayag si Joseph, at habang tinatanggap ng propeta ang paghahayag, narinig ni William na sinagot ng Panginoon ang bawat isa sa kanyang mga tanong. Ang kanyang pag-aalala ay nagbigay-daan sa kagalakan. Alam niya na natagpuan niya ang isang propeta ng Diyos.¹⁴

PAGKALIPAS NG ILANG ARAW, noong Nobyembre 1, 1831, tinipon ni Joseph ang isang konseho ng mga lider ng simbahan. Kamakailan lamang ay naglathala ng liham si Ezra Booth sa isang lokal na pahayagan na inaakusahan si Joseph sa paggawa ng mga huwad na propesiya at itinatago mula sa publiko ang kanyang mga paghahayag. Malawakang nabasa ang liham, at maraming tao ang nagsimulang mabahala sa mga Banal at sa kanilang mensahe.¹⁵

Maraming Banal ang nais ding mabasa ang salita ng Panginoon para sa kanilang sarili. Dahil sa nakasulat-kamay lamang ang kopya ng mga paghahayag na natanggap ni Joseph, hindi pamilyar ang karamihan sa mga miyembro ng simbahan sa mga ito. Ang mga elder na nais gamitin ang mga ito sa gawaing misyonero ay kailangang kopyahin ang mga ito nang de-kamay.

Batid ito, iminungkahi ni Joseph na ilathala ang mga paghahayag sa isang aklat. Tiwala siya na ang ganitong aklat ay matutulungan ang mga missionary na mas madaaling ibahagi ang salita ng Panginoon at makapagbigay ng tamang impormasyon tungkol sa simbahan sa mga mausi-sang kapitbahay.

Nag-usap ang konseho tungkol sa bagay na ito sa loob ng ilang oras. Si David Whitmer at ilan pa sa kanila ay tutol sa paglalathala ng mga paghahayag, inaalala na ang lalong pagsasapubliko ng mga plano ng Panginoon para sa Sion ay makapagdulot ng mga problema para sa mga Banal sa Jackson County. Tumutol sina Joseph at Sidney, iginigiit na nais ng Panginoon na ilathala ng simbahan ang Kanyang mga salita.¹⁶

Pagkatapos ng marami pang debate, pumayag ang konseho na maglathala ng sampung libong kopya ng mga paghahayag bilang Book of Commandments. Inatasan nila sina Sidney, Oliver, at William McLellin na sumulat ng paunang salita sa aklat ng mga paghahayag at ipakita ito sa kanila nang araw ring iyon.¹⁷

Ang tatlong lalaki ay agad na nagsimulang sumulat, pero nang bumalik sila na dala ang paunang salita, hindi nasiyahan dito ang konseho. Binasa nila ito, hinihimay ito nang linya kada linya, at hiniling kay Joseph na hingin ang kalooban ng Panginoon tungkol dito. Nanalangin si Joseph, at inihayag ng Panginoon ang bagong paunang salita ng aklat. Itinala ni Sidney ang Kanyang mga salita habang sinasabi ni Joseph ang mga ito.¹⁸

Sa bagong pambungad, inutusan ng Panginoon ang lahat ng tao na pakinggan ang Kanyang tinig. Ipinahayag

Niya na ibinigay Niya kay Joseph ang mga kautusan upang tulungan ang Kanyang mga anak na patibayin ang kanilang pananampalataya, magtiwala sa Kanya, at tanggapin at ipahayag ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo at walang hanggang tipan. Tinalakay rin Niya ang pangamba ng mga katulad ni David na nag-alala tungkol sa nilalaman ng mga paghahayag.

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko, at hindi ko binibigyang-katwiran ang aking sarili,” pahayag Niya, “ at bagaman ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, ang aking salita ay hindi lilipas, kundi matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa.”¹⁹

Pagkatapos sabihin ni Joseph ang mga kataga para sa paunang salita, maraming miyembro ng konseho ang nagsabing handa silang magpatotoo sa katotohanan ng mga paghahayag. Ang ibang nasa silid ay nag-aatubili pa ring ilathala ang mga paghahayag sa kasalukuyang anyo nito. Alam nila na si Joseph ay isang propeta, at alam nila na ang mga paghahayag ay totoo, ngunit sila ay nahihiya na ang salita ng Diyos ay napasakanila na sinala sa limitadong bokabularyo at mahinang gramatika ni Joseph.²⁰

Hindi kabahagi ang Panginoon sa kanilang alalahanin. Sa Kanyang paunang salita, pinatotohanan Niya na ang mga paghahayag ay mula sa Kanya, at ibinigay sa Kanyang mga tagapaglingkod “sa kanilang kahinaan, alinsunod sa pamamaraan ng kanilang wika.”²¹ Upang matulungan ang mga lalaki na malaman na nagmula sa Kanya ang mga paghahayag na ito, naghayag Siya ng isang bagong paghahayag, hinahamon ang konseho na piliin ang pinakamatalinong

tao sa silid na sumulat ng paghahayag na katulad ng mga natanggap ni Joseph.

Kung hindi ito magawa ng lalaking napili, lahat ng nasa silid ay malalaman ito at may responsibilidad na magpatotoo na ang mga paghahayag ng Panginoon kay Joseph ay tunay, sa kabila ng mga kahinaan nito.²²

Humawak ng panulat, sinubukan ni William na sumulat ng paghahayag, tiwala sa kanyang kadalubhasaan sa wika. Subalit nang matapos siya, alam niya at ng ibang mga lalaki sa silid na ang isinulat niya ay hindi nagmula sa Panginoon.²³ Inamin nila ang kanilang kamalian at pumirma ng isang pahayag na nagpapatotoo na ang mga paghahayag ay ibinigay sa propeta sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos.²⁴

Sa konseho, nagpasiya sila na dapat repasuhin ni Joseph ang mga paghahayag at “iwasto ang mga kamalian o pagkakamaling maaari niyang matuklasan sa pamamagitan ng banal na Espiritu.”²⁵

SA PANAHON DING ITO, pinatuloy ni Elizabeth Marsh ang naglalakbay na mangangaral na nagngangalang Nancy Towle sa kanyang tahanan sa Kirtland. Si Nancy ay isang maliit at payat na babae na may malalaking mata na kumikinang sa sidhi ng kanyang mga paniniwala. Sa edad na tatlumpu't lima, nakagawa na ng pangalan si Nancy para sa kanyang sarili sa pangangaral sa malalaking kongregasyon ng mga kababaihan at kalalakihan sa mga paaralan, sa mga simbahan, at sa mga camp meeting sa magkabilang panig ng Estados Unidos. Pagkatapos makipag-usap sa kanya,

masasabi ni Elizabeth na siya ay may pinag-aralan at matatag sa kanyang paniniwala.²⁶

Nagpunta si Nancy sa Kirtland nang may layunin. Bagama't karaniwang bukas ang kanyang isipan tungkol sa ibang mga simbahang Kristiyano, kahit pa siya ay hindi sang-ayon sa kanila, nakatitiyak si Nancy na ang mga Banal ay nalinlang. Nais niyang malaman pa ang tungkol sa kanila upang matulungan niya ang iba na labanan ang kanilang mga turo.²⁷

Hindi sinusuportahan ni Elizabeth ang gayong misyon, pero nauunawaan niya na pinagtatangol ni Nancy ang inakala niyang katotohanan. Nakinig siya sa kanilang pangangaral at nakita ang ilang pagbibinyag na isinagawa sa kalapit na ilog. Nang hapong iyon, siya at si Elizabeth ay dumalo sa pulong para sa kumpirmasyon kasama sina Joseph, Sidney, at iba pang mga lider ng simbahan.²⁸

Sa miting, hinarap ni William Phelps si Nancy tungkol sa pag-aalinlangan nito sa katotohanan ng Aklat ni Mormon. "Hindi ka maliligtas maliban kung maniniwala ka sa aklat na iyon," sinabi niya sa kanya.

Pinandilatan ni Nancy si William. "Kung may kopya ako ng aklat na iyon, ginoo, susunugin ko ito," sabi niya. Nagulat si Nancy na napakaraming may talento at matatalinong tao ang sumusunod kay Joseph Smith at naniniwala sa Aklat ni Mormon.

"Ginoong Smith," sabi niya, na kinakausap ang propeta, "maaari bang sa harapan ng Pinakamakapangyarihang Diyos, magbitaw ka ng salita ng panunumpa na ipinakita sa iyo ng isang anghel mula sa langit ang lugar ng mga lamina?"

“Hindi ako manunumpa,” sabi ni Joseph nang naka-ngiti. Sa halip, nilapitan niya ang mga taong kabibinyag pa lang, ipinatong ang kanyang kamay sa kanilang ulunan, at kinumpirma sila.

Bumaling kay Nancy, nagpatotoo si Elizabeth tungkol sa kanyang sariling kumpirmasyon. “Hindi pa natatagalan ang pagpatong ng kanyang kamay sa ulo ko,” sabi niya, “nang madama ko ang Espiritu Santo tulad ng maligamgam na tubig na bumuhos sa akin.”

Nasaktan si Nancy, na tila inakusahan siya ni Elizabeth na hindi niya alam kung ano ang pakiramdam ng Espiritu ng Panginoon. Tumingin siyang muli kay Joseph. “Hindi ka ba nahihiya sa gayong mga pagkukunwari?” sabi niya. “Ikaw, na isa lamang ignoranteng taga-araro ng aming lupain!”

Simpleng nagpatotoo lamang si Joseph: “Ang kaloob ay muling ibinalik, tulad noong unang panahon, sa mga mangmang na mangingisda.”²⁹



Mga Pangitain at Bangungot

Noong Enero 1832, sina Joseph, Emma, at ang kambal ay nakatira sa bahay nina Elsa at John Johnson sa Hiram, Ohio, mga tatlung milya sa timog ng Kirtland.¹ Ang mga Johnson ay halos kaedad ng mga magulang ni Joseph, kung kaya't halos lahat ng kanilang mga anak ay mga nangagsipag-asawa na at nilisan na ang maluwang nilang bahay, na nag-iwan ng maraming espasiyo para sa mga pagpupulong ni Joseph sa mga lider ng simbahan at gawin ang kanyang pagsasalin ng Biblia.

Bago ang kanilang pagbibinyag, sina Elsa at John ay mga miyembro ng kongregasyon ni Ezra Booth. Sa katunayan, si Elsa ang mahimalang napagaling ni Joseph, na siyang nagtulak kay Ezra na sumapi sa simbahan.² Ngunit kahit nawala ang pananampalataya ni Ezra, ang mga Johnson ay patuloy na sinusuportahan ang propeta, tulad ng ginawa ng mga Whitmer at Knight sa New York.

Noong taglamig na iyon, ginugol nina Joseph at Sidney ang halos lahat ng kanilang oras sa pagsasalin sa itaas na silid sa tahanan ng mga Johnson. Sa kalagitnaan ng Pebrero, habang binabasa nila ang Ebanghelyo ni Juan tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng mga makatarungan at hindi makatarungang kaluluwa, inisip ni Joseph kung wala nang higit pa na dapat malaman tungkol sa langit o sa kaligtasan ng sangkatauhan. Kung ang Diyos ay gagantimpalaan ang Kanyang mga anak ayon sa kanilang mga gawa sa lupa, ang mga tradisyunal na palagay ba tungkol sa langit at impiyerno ay masyadong simple?³

Noong Pebrero 16, sina Joseph, Sidney, at halos labin-dalawa pang kalalakihan ang naupo sa isang silid sa taas ng tahanan ng mga Johnson.⁴ Ang Espiritu ay nanahan kina Joseph at Sidney, at sila ay natigilan habang ang isang pangitain ay nabuksan sa kanilang harapan. Ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumibot sa kanila, at nakita nila si Jesucristo sa kanang kamay ng Diyos. Sumamba ang mga anghel sa Kanyang trono, at isang tinig ang nagpatotoo na si Jesus ang Bugtong na Anak ng Ama.⁵

“Ano itong nakikita ko?” Tanong ni Joseph habang siya at si Sidney ay namangha sa mga kagila-gilalas na bagay na nakita nila. Pagkatapos ay kanyang inilarawan kung ano ang nakita niya sa pangitain, at sinabi ni Sidney na, “iyon din ang nakikita ko.” Pagkatapos ay nagtanong din nang gayon si Sidney at inilarawan ang tagpo sa kanyang harapan. Nang matapos siya, sinabi ni Joseph, “iyon din ang nakikita ko.”

Nagsalita sila nang ganito sa loob ng isang oras, at ang kanilang pangitain ay nagpakita na ang plano ng kaligtasan ng Diyos ay nagsimula bago pa ang buhay sa lupa at ang

Kanyang mga anak ay mabubuhay na mag-uli pagkatapos ng kamatayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo. Inilarawan din nila ang langit sa paraang hindi pa kailanman sumagi sa imahinasyon ng isa man sa nasa loob ng silid. Sa halip na isang kaharian, ito ay inorganisa sa iba't ibang mga kaharian ng kaluwalhatian.

Pinalalawig ang paglalarawan ni Apostol Pablo sa Pagkabuhay na Mag-uli sa I Mga Taga Corinto 15, nakita at inilarawan nina Joseph at Sidney ang mga partikular na detalye tungkol sa bawat kaharian. Naghanda ang Panginoon ng kaluwalhatian telestiyal para sa mga taong masasama at hindi nagsisisi sa lupa. Ang kaluwalhatian terestriyal ay para sa mga taong marangal na nabuhay ngunit hindi lubusang sumunod sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang kaluwalhatian selestiyal naman ay para sa mga taong tinanggap si Cristo, at tinupad ang mga tipan ng ebanghelyo, at namana ang kabuuan ng kaluwalhatian ng Diyos.⁶

May mga inihayag pa ang Panginoon tungkol sa langit at sa Pagkabuhay na Mag-uli kina Joseph at Sidney ngunit sinabihan sila na huwag itala ang mga ito. “Ito ay maaari lamang makita at maunawaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu,” paliwanag Niya, “na ipinagkaloob ng Diyos sa mga yaong nagmamahal sa kanya, at nilinis ang kanilang sarili sa harapan niya.”⁷

Nang natapos na ang pangitain, mukhang hinang-hina at maputla si Sidney, pinangibabawan ng kanyang nakita. Ngumiti si Joseph at nagsabing, “hindi sanay si Sidney rito na katulad ko.”⁸

NANG MALAMAN NG MGA Banal sa Kirtland ang dakilang pangitain ni Joseph tungkol sa langit, itinatayo naman noon ni William Phelps ang opisina ng palimbagan ng simbahan sa Independence. Siya ay isang patnugot ng pahayagan sa halos buong buhay niya, at bukod pa sa tinatrabaho niya ang Book of Commandments, umaasa siyang makapaglat-hala ng isang buwanang pahayagan para sa mga Banal at kanilang mga kapitbahay sa Missouri.

Nagsusulat sa matatag at kumpiyansang pananalita, sumulat si William ng isang pampublikong anunsyo sa pahayagan, na binalak niyang tawaging *The Evening and the Morning Star*. “Ang *Star* ay manghihiram ng liwanag nito mula sa mga banal na pinagmumulan,” pahayag niya, “at ilalaan sa mga paghahayag ng Diyos.” Naniwala siya na dumating na ang mga huling araw, at gusto niyang ang kanyang pahayagan ay balaan kapwa ang mabubuti at masasama na ipinanumbalik na ang ebanghelyo at ang Tagapagligtas ay malapit nang bumalik sa lupa.

Nais niyang maglimbag ng iba pang mga bagay na may halaga sa mga mambabasa, kabilang na ang mga balita at tula. Bagama’t siya ay isang taong may malakas na opinyon na bihirang pinalalampas ang pagkakataon na isatinig ang nasa isipan niya, iginiit ni William na ang pahayagan ay hindi makikialam sa pulitika o mga lokal na pagtatalo.

Siya ay dati nang patnugot na aktibo sa pulitika para sa iba pang mga pahayagan at kung minsan ay tinadtad ang kanyang mga artikulo at editoryal ng mga opinyon na ikinayamot ng kanyang mga kalaban.⁹ Ang hindi pagsali sa mga pagtatalo sa Missouri ay magiging isang hamon. Kahit

pa, ang pagkakataong makapagsulat ng mga artikulo sa balita at editoryal ay nagbibigay-sigla sa kanya.

Si William ay tapat sa kanyang plano na ituon ang pahayagan sa ebanghelyo, at naunawaan niya na ang kanyang unang prayoridad bilang manlilimbag ng simbahan ay ilathala ang mga paghahayag. “Mula sa mga palimbagan na ito ay maaasahan, sa lalong madaling panahong sa gabay ng karunungan, ang maraming sagradong talaan,” pangako niya sa kanyang mga mambabasa.¹⁰

SAMANTALA SA OHIO, ANG pangitain nina Joseph at Sidney ay nagdudulot ng kaguluhan. Kaagad tinanggap ng maraming Banal ang bagong inihayag na mga katotohanan tungkol sa langit, ngunit ang iba ay nahihirapang itugma ang pangitain sa kanilang tradisyonal na paniniwalang Kristiyano.¹¹ Masyadong maraming tao ba ang iniligtas ng bagong pananaw na ito tungkol sa langit? Hindi tinanggap ng ilang Banal ang paghahayag na ito at nilisan ang simbahan.

Lalo ring binagabag ng pangitain ang ilan sa kanilang mga kapitbahay, na nabahala na sa mga sulat ni Ezra Booth na nailathala sa isang lokal na pahayagan. Habang pinalalaganap ng mga liham ang pagbatikos ni Ezra laban kay Joseph, ang mga ibang dating miyembro ng simbahan ay nakiisa, nagtanim ng mga tanong sa isipan ng mga taong ang mga pamilya at kaibigan ay sumasamba kasama ng mga Banal.¹²

Habang palubog ang araw isang gabi noong huling bahagi ng Marso 1832, isang grupo ng mga lalaki ang nagkita sa isang pagawaan ng ladrilyo kalahating milya ang

layo mula sa tahanan ng mga Johnson. Sa loob ng hurno, nagsindi ng apoy ang mga kalalakihan upang magpainit ng alkitrang mula sa palutsina. Habang dumidilim ang langit, tinakpan nila ang kanilang mga mukha ng uling at palihim na umalis.¹³

GISING NA NAKAHIGA SI Emma sa kama nang marinig niya ang mahihinang pagtuktok sa bintana. Ang ingay nito ay sapat upang makuha ang kanyang pansin, bagama't hindi ito bago sa kanya. Hindi niya ito pinansin.

Sa di kalayuan, si Joseph ay nakahiga sa isang tiheras, ang kanyang mahinahong paghinga ay tanda na tulog na siya. May tigdas ang kambal, at nang gabing iyon napuyat sa pagbabantay si Joseph sa mas malubha sa dalawa upang si Emma ay makatulog. Makalipas ang ilang sandali, nagising si Emma, kinuha ang sanggol sa kanya at sinabihan siyang magpahinga. Kailangan niyang mangaral sa umaga.

Nakakatulog na si Emma nang bumukas ang pintuan ng silid at biglang pumasok ang isang dosenang kalalakihan. Sinunggaban nila si Joseph at hinawakan ang kanyang mga braso at binti at sinimulang kaladkarin siya palabas ng bahay. Tumili si Emma.

Nagpumiglas si Joseph habang hinihigpitan ng mga lalaki ang kanilang pagkakahawak. May sumabunot sa kanyang buhok at hinila siya papunta sa pinto. Nang makawala ang isa niyang binti sa kanyang pagpihit, sinipa ni Joseph ang isang lalaki sa mukha. Napaatras ang lalaki at bumagsak sa may pintuan, hawak ang kanyang dumudugong ilong.

Malat na tumatawa, tumayo siyang muli at idinuldol ang isang madugong kamay sa mukha ni Joseph.

“Lagot ka sa akin,” angil niya.

Hinila ng mga lalaki si Joseph palabas ng bahay patungo sa bakuran. Nanlaban siya sa kanilang mahigpit na pagkakahawak, pinipilit na palayain ang kanyang malalakas na bisig, ngunit may isang sumunggab sa kanyang lalamunan at pinisil ito hanggang mawalan siya ng malay.¹⁴

NAGISING SI JOSEPH SA isang parang na may kalayuan sa tahanan ng mga Johnson. Mahigpit na hawak pa rin siya ng mga lalaki, na medyo nakaangat sa lupa, kung kaya’t hindi siya makawala. Ilang talampakan ang layo, nakita niya ang walang pang-itaas na katawan ni Sidney Rigdon na nakahiga sa damuhan. Tila wala na siyang buhay.

“Mahabag kayo,” pakiusap ni Joseph sa mga lalaki. “Huwag ninyo akong patayin.”

“Humingi ka ng tulong sa Diyos mo,” sigaw ng isa. Luminga-linga si Joseph at nakita ang marami pang lalaki na sumasama sa mga mandurumog. Lumabas ang isang lalaki mula sa isang kalapit na taniman dala ang isang makapal na kahoy, at inihiga rito ng mga lalaki si Joseph at dinala siya sa mas malayong bahagi ng parang.

Nang makalayo na sila mula sa bahay, pinunit nila ang kanyang mga damit at hinawakan siya habang may isang lalaking lumapit na may dalang matalim na kutsilyo, handang saksakin siya. Pero napagmasdan ng lalaki si Joseph at tumanggi itong saksakin siya.

“Hindi ka marunong mahiya,” sigaw ng isa pang lalaki. Nilundag niya si Joseph at kinalmoot ang kanyang matatalas na kuko sa balat ng propeta, kaya natuklap ang balat at nasugatan ito. “Ganyan bumaba ang Espiritu Santo sa mga tao,” sabi niya.

Narinig ni Joseph ang ilan pang mga lalaki sa di kala-yuan, nagtatalo sa kung ano ang gagawin sa kanya at kay Sidney. Hindi niya naririnig ang bawat salitang sinasabi nila, ngunit pakiwari niya na parang narinig niya ang isa o dalawang pamilyar na pangalan.

Nang natapos ang pagtatalo, may nagsabing, “Lagyan natin ng alkitran ang kanyang bibig.” Maruruming mga kamay ang nagpumilit buksan ang kanyang bibig habang isang lalaki naman ang sumubok magbuhos ng isang bote ng asido sa kanyang lalamunan. Nabasag ang bote sa mga ngipin ni Joseph, na tumapyas sa isa sa kanila.

Isa pang lalaki ang sumubok magsiksik ng isang panagwan ng malagkit na alkitran sa kanyang bibig, pero mariing umiling si Joseph. “Hindi ka marunong mahiya!” sigaw ng lalaki. “Tangat mo ang ulo mo.” Isiniksik niya ang panagwan sa bibig ni Joseph hanggang dumaloy ang alkitran sa kanyang mga labi.

Mas marami pang kalalakihan na may dalang kawa ng alkitran ang dumating at ibinuhos ito sa kanya. Ang alkitran ay dumaloy sa kanyang nasugatang balat at sa kanyang buhok. Tinakpan nila siya ng mga balahibo, itinapon sa malamig na lupa at tumakas sa pinangyarihan.

Pagkaalis nila, hinablot ni Joseph ang alkitran sa kanyang mga labi at hirap na huminga. Pinilit niyang tumayo, ngunit nanghihina siya. Sinubukan niya itong muli at sa

pagkakataong ito ay nagawa na niyang manatiling nakatayo. Ang mga nagkalat na balahibo ay inililipad ng hangin sa paligid niya.¹⁵

NANG MAKITA NIYA SI Joseph na paikang dumating sa pinto ng mga Johnson, nawalan ng malay si Emma, sigurado siyang dinumog nila ito nang halos hindi na makilala. Nang marinig nila ang kaguluhan, maraming kababaihan sa lugar ang nagsipuntahan sa bahay. Humingi si Joseph ng kumot para matakpan ang kanyang nabugbog na katawan.

Sa buong magdamag, inalagaan ng mga tao sina Joseph at Sidney, na nakahimlay sa talahiban nang mataagal, na halos hindi na humihinga. Kinaskas ni Emma ang alkitran sa paa, dibdib, at likod ni Joseph. Samantala, si Elsa Johnson ay gumamit ng mantika mula sa kanyang paminggalan upang palambutin ang matitigas na alkitran sa kanyang balat at buhok.¹⁶

Kinabukasan, nagbihis si Joseph at nangaral ng isang sermon mula sa pintuan ng mga Johnson. Nakilala niya ang ilan sa mga lalaki mula sa mga mandurumog sa kongregasyon, ngunit wala siyang sinabi sa kanila. Kinahapunan, bininyagan niya ang tatlong tao.¹⁷

Gayunpaman, ang pag-atake ay nagdulot ng maraming pinsala. Bugbog at nananakit ang kanyang katawan mula sa pananakit. Nakahiga si Sidney sa kama, nagdedeliryo, halos nag-aagaw buhay. Kinaladkad siya ng mga mandurumog mula sa kanyang bahay hawak ang kanyang sakong, hinayaang walang proteksyon ang kanyang ulo habang ito

ay tumatalbog sa mga baitang ng hagdan at sa kahabaan ng malamig na lupa ng Marso.

Nagdusa rin ang mga sanggol nina Joseph at Emma. Bagama't patuloy na bumuti ang kalusugan ng kanyang kakambal na si Julia, mas lumala ang kalagayan ng munting si Joseph, at siya ay namatay sa loob ng linggong iyon. Sinisi ng propeta ang pagkamatay ng kanyang anak sa malamig na hangin na humangos sa bahay nang kaladkarin siya palayo ng mga mandurumog.¹⁸

ILANG ARAW MATAPOS ANG libing ng sanggol, si Joseph ay bumalik sa gawain sa kabila ng kanyang pagdadalamhati. Sumusunod sa utos ng Panginoon, umalis siya patungo sa Missouri noong Abril 1 kasama sina Newel Whitney at Sidney, na mahina pa rin bunsod ng pag-atake ngunit maayos-ayos na ang kalagayan upang maglakbay.¹⁹ Kamakilan lamang ay hinirang ng Panginoon si Newel na maglingkod bilang bishop ng mga Banal sa Ohio at inutos sa kanya na ilaan ang lahat ng sobrang pera mula sa kanyang mga kumikitang negosyo upang makatulong sa pagsupporta sa tindahan, palimbagan, at pagbili ng mga lupain sa Independence.²⁰

Nais ng Panginoon ang tatlong lalaki na pumunta sa Missouri at makipagtipan sa mga lider sa Sion na makikipagtulungan sa ekonomiya upang matulungan ang simbahan at higit na pangalagaan ang mga maralita. Nais din Niyang palakasin nila ang mga Banal upang hindi sila malihis mula sa kanilang sagradong responsibilidad na itayo ang lunsod ng Sion.²¹

Nang makarating sila sa Independence, si Joseph ay tumawag ng isang pagpupulong ng mga lider ng simbahan at binasa ang isang paghahayag na nag-utos sa kanya, kina Edward Partridge, Newel Whitney, at iba pang mga lider ng simbahan na makipagtipan sa isa't isa na pamahalaan ang mga negosyo ng simbahan.²²

“Ibinibigay ko sa inyo ang kautusang ito, na inyong itali ang inyong sarili ng tipang ito,” pahayag ng Panginoon, “bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos.” Nagkakaisa dahil dito, tinawag nila ang kanilang sarili bilang United Firm.²³

Habang siya ay nasa Missouri, binisita rin ni Joseph ang mga miyembro ng lumang Colesville Branch at ang iba pang naninirahan sa lugar. Ang mga lider ng simbahan ay tila matiwasay na nagtatrabaho nang sama-sama, ang bagong tanggapan ng palimbagan ay naghahanda sa paglathala ng unang isyu ng *The Evening and The Morning Star*, at maraming miyembro ng simbahan ang sabik na itayo ang lunsod.²⁴

Ngunit nadama ni Joseph ang mga hinanakit sa kanya mula sa ilan sa mga Banal, kabilang na ang ilan sa kanilang mga lider. Tila kinamumuhian nila ang kanyang pasiya na manatili sa Kirtland sa halip na permanenteng lumipat sa Missouri. At ang ilan pa ay tila masama ang loob sa nangyari noong huling pagbisita niya sa lugar, nang siya at ang ilan sa mga elder ay nagtalo tungkol sa kung saan dapat itatag ang Sion sa Missouri.

Nagulat siya sa kanilang pagkamuhi. Hindi ba nila naunawaan na iniwan niya ang kanyang nagdadalamhating

pamilya at naglakbay ng walong daang milya para lamang tulungan sila?²⁵

HABANG BINIBISITA NI JOSEPH ang mga Banal sa Independence, espirituwal na nahihirapan si William McLellan sa Ohio. Matapos siyang mahirang bilang isang missionary, ginugol niya ang taglamig sa pangangaral ng ebanghelyo, una sa mga bayan at nayon sa silangan ng Kirtland at pagkatapos ay sa timog. Bagama't nakatamasa siya ng kaunting tagumpay sa simula, ang mahinang kalusugan, masamang panahon, at hindi interesadong mga tao ay iniwan siyang pinanghihinaan ng loob.²⁶

Bilang isang guro, nasanay siya sa mga masunuring estudyante na nakikinig sa kanyang mga aralin at hindi sumasagot pabalik. Samantala, bilang missionary, madalas siyang katunggali ng mga tao na hindi iginagalang ang kanyang awtoridad. Minsan, habang naghahatid ng maha-bang sermon, ilang beses siyang ginambala at tinawag na sinungaling.²⁷

Makalipas ang mga buwan ng kabiguan, nagsimula siyang magtanong kung ang Panginoon ba o si Joseph Smith ang tumawag sa kanyang magmisyon.²⁸ Hindi magawang pagtugmain ang mga bagay na ito sa kanyang isipan, nilisan niya ang pagmimisyon at nakahanap ng trabaho bilang kawani sa tindahan.²⁹ Sa kanyang libreng oras, humanap siya sa Biblia ng mga katunayan ng ipinanumbalik na ebanghelyo at nakipagtalo sa mga tumutuligsa tungkol sa relihiyon.

Sa panahong ito, pinili niyang huwag nang bumalik sa kanyang misyon. Sa halip, pinakasalan niya ang isang miyembro ng simbahan na nagngangalang Emeline Miller at nagpasiyang samahan ang isang grupo ng halos isang daang mga Banal patungo sa Jackson County, kung saan madaling makabili ng lupain. Sa isang paghahayag kay Joseph, pinagsabihan ng Diyos si William sa pagtalikod sa kanyang misyon, subalit naniniwala si William na maaari siyang magsimulang muli sa Sion.

Subalit, nais niyang gawin ito sa sarili niyang kondisyon. Sa tag-araw ng 1832, siya at ang kanyang mga kasama ay lumipat sa Missouri nang walang rekomendasyon mula sa mga lider ng simbahan, na hinihingi ng Panginoon mula sa mga lumilipat na mga Banal upang ang Sion ay hindi masyadong mabilis ang paglaki at sairin ang mga mapagkukunang yaman. Nang dumating siya, hindi rin siya nagpunta kay Bishop Partridge upang ilaan ang kanyang ari-arian o tumanggap ng mana. Sa halip ay bumili siya ng dalawang lote sa Independence mula sa gobyerno.³⁰

Ang pagdating ni William at ng iba pa ay nagpalula kay Bishop Partridge at sa kanyang mga tagapayo. Marami sa mga bagong dating ay naghihikahos at napaka-kaunti ang mailalaan. Ginawa ng bishop ang lahat na kanyang makakaya upang maging komportable sila, ngunit isang hamon ang ayusin ang mga tahanan, bukirin, at trabaho para sa kanila habang mahina pa rin ang ekonomiya ng Sion.³¹

Gayunman, naniniwala si William na ang kanyang malaking pangkat ay tinupad ang propesiya ni Isaias na darating ang maraming tao sa Sion. Nakahanap siya ng

trabaho bilang guro sa paaralan at sumulat sa kanyang mga kamag-anak tungkol sa kanyang relihiyon.

“Naniniwala kami na si Joseph Smith ay totoong propeta o tagakita ng Panginoon,” kanyang patotoo, “at siya ay may kapangyarihan at tunay na tumatanggap ng mga paghahayag mula sa Diyos, at ang mga paghahayag na ito kapag natanggap ay may banal na awtoridad sa Simbahan ni Cristo.”³²

Ang mga ganitong haka-haka ay nagsimulang lumikha ng takot sa kanyang mga kapitbahay sa Missouri, lalo na kapag naririnig nila ang ilang miyembro ng simbahan na nagsasabing ang Diyos ay hinirang ang Independence bilang sentrong lugar ng kanilang lupang pangako.³³ Sa pagdating ng pangkat ni William, ang bilang ng mga Banal sa Sion ay umabot na sa limang daan. Ang mga mapagkukunang yaman ay kumakaunti na, na nagpapataas sa presyo ng mga lokal na produkto.³⁴

“Nagsisiksikan na sila,” pansin ng isang babae habang dumarami ang mga Banal na pumaligid sa kanya. “Palagay ko ay dapat silang parusahan.”³⁵



Mga Banal na Lugar

Noong Agosto 1832, nagmamalaking pinanood ni Phebe Peck ang tatlo sa kanyang mga anak na mabinyagan malapit sa kanilang tahanan sa Missouri. Sila ay kabilang sa labing-isang bata na bininyagan sa Sion noong araw na iyon. Kasama ang mga anak nina Lydia at Edward Partridge at Sally at William Phelps, kabilang sila sa unang henerasyon ng mga kabataang Banal na lumaki sa isang lupaing itinakda ng Panginoon na maging banal.

Si Phebe at ang kanyang mga anak ay lumipat sa Sion kasama ng mga Banal mula sa Colesville noong nakaraang taon. Ang yumaong asawa ni Phebe, si Benjamin, ay kapatid ni Polly Knight, kung kaya nagkaroon ng lugar si Phebe sa mga kamag-anak ng pamilya Knight. Ngunit kinasasabikan pa rin niyang makita ang sarili niyang pamilya at mga kai-bigan sa New York na hindi sumapi sa simbahan.

Pagkatapos ng binyag ng kanyang mga anak, sumulat siya sa dalawa sa kanyang mga dating kaibigan tungkol sa Sion. “Hindi ninyo iisipin na mahirap pumunta rito,” sinabi niya sa kanyang kaibigang si Anna, “sapagkat inihahayag ng Panginoon ang mga hiwaga ng kaharian ng langit sa Kanyang mga anak.”¹

Kamakailan lamang, inilathala ni William Phelps ang pangitain tungkol sa langit nina Joseph at Sidney sa *The Evening and the Morning Star*, at ibinahagi ni Phebe kay Anna ang pangako nito na ang mga taong nabinyagan at mananatiling matatag sa patotoo kay Cristo ay matatamasa ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatian at ang kabuuan ng mga pagpapala ng Diyos.

Nang may gayong pangako sa kanyang isipan, hini-mok ni Phebe ang isa pang kaibigan, si Patty, na makinig sa mensahe ng ebanghelyo. “Kung makikita at maniniwala lamang kayo na gaya ko,” isinulat niya, “ang daan ay mabubuksan at pupunta ka sa lupaing ito, at magkikita tayo at magagalak sa mga bagay ng Diyos.”

Pinatotohanan ni Phebe ang kamakailan lamang na inihayag na pangitain ng propeta at ang kapayapaang inihatid nito sa kanya, hinihikayat si Patty na basahin ang mga salita nito kung magkakaroon siya ng pagkakataon.

“Umaasa ako na magbabasa ka na may maingat at madasaling puso,” sinabi niya sa kanyang kaibigan, “sapagkat ang mga bagay na ito ay karapat-dapat na bigyang pansin, at hinihiling ko na siyasatin mo ang mga ito.”²

NOONG TAGLAGAS NA IYON, si Joseph ay naglakbay kasama ni Newel Whitney sa Lunsod ng New York upang ipangaral ang ebanghelyo at gumawa ng mga pagbili para sa United Firm. Tinawag ng Panginoon si Newel na balaan ang mga tao sa malalaking lunsod sa mga kalamidad na darating sa mga huling araw. Sinamahan siya ni Joseph para makatulong na maisakatuparan ang utos ng Panginoon.³

Nitong mga nakaraang araw, nadama ng propeta ang lumalaking pangangailangan na ipangaral ang ebanghelyo at itayo ang lugar ng pagtitipon ng mga Banal. Bago niya nilisan ang Kirtland, tumanggap siya ng paghahayag na ang mga mayhawak ng priesthood ay may responsibilidad na ipangaral ang ebanghelyo at akayin ang mga tapat para sa kaligtasan ng Sion at ng templo, kung saan nangako ang Panginoon na dadalawin sila ng Kanyang kaluwalhatian.

Kung gayon, kasama sa tungkulin ng priesthood ang pangangasiwa sa mga ordenansa para sa mga tumanggap kay Cristo at sa Kanyang ebanghelyo. Itinuro ng Panginoon na sa pamamagitan lamang ng mga ordenansang ito magiging handa ang Kanyang mga anak na tanggapin ang Kanyang kapangyarihan at makabalik sa Kanyang piling.⁴

Gayunman, sa kanyang pag-alis upang maglakbay, may dahilan si Joseph na mag-alala tungkol sa mga pagsisikap na itayo ang Sion sa Missouri. Lumalago ang simbahan sa Ohio, sa kabila ng oposisyon mula sa mga dating miyembro ng simbahan, ngunit ang simbahan sa Missouri ay nahihirapang mapanatili ang kaayusan habang mas maraming tao ang lumilipat sa lugar nang walang pahintulot. Ang tensyon sa pagitan niya at ng ilang lider ng Sion ay

hindi pa rin nalulutas, isang bagay na dapat gawin upang pagkaisahin ang simbahan.

Pagdating sa Lunsod ng New York, nagulat si Joseph sa laki nito. Katabi ng matataas na gusali ang mga makitid na daan na umaabot ng ilang milya. Kahit saan siya tumingin ay may mga tindahan ng mamahaling kalakal, malalaking bahay at gusali ng opisina, at mga bangko kung saan ang mayayamang tao ay nakikipagkalakalan ng negosyo. Ang mga tao ng maraming etniko, mga trabaho, at antas sa buhay ang nagmamadaling dumaraan sa harapan niya, tila walang pakialam sa iba pang tao sa paligid nila.⁵

Sila ni Newel ay tumuloy sa isang hotel na may apat na palapag malapit sa mga bodega kung saan inaasahang gawin ni Newel ang kanyang mga pagbili para sa United Firm. Natanto ni Joseph na ang gawain ng pagpili ng mga kalakal ay nakakapagod at pinanghinaan siya ng loob sa kapalaluan at kasamaan na kanyang nakita sa lunsod, kaya madalas siyang bumalik sa hotel upang magbasa, magnilay-nilay, at manalangin. Hindi nagtagal ay nangungulila siya sa kanyang tahanan. Malapit nang magwakas ang isa pang mahirap na pagbubuntis ni Emma, at nais niyang makasama ito at ang kanilang anak na babae.

“Ang mga alaala ng tahanan, nina Emma at Julia, ay bumubugso sa aking isipan tulad ng isang baha,” isinulat niya, “at humihiling ako na makasama sila kahit ilang sandali lamang.”

Kung minsan ay umaalis si Joseph sa hotel upang makilala ang lugar at mangaral. Ang Lunsod ng New York ay may kabuuang populasyon na mahigit dalawang daang libo, at nadama ni Joseph na ang Panginoon ay nalulugod

sa magagandang arkitektura at pambihirang imbensyon ng mga mamamayan nito. Subalit parang walang naglu-luwalhati sa Diyos para sa mga kagila-gilalas na bagay sa kanilang paligid o nagkakaroon ng interes sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Hindi pinanghihinaan ng loob, patuloy na ibinahagi ni Joseph ang kanyang mensahe. “Determinado akong itaas ang aking tinig,” sulat niya kay Emma, “at ipaubaya ang mangyayari sa Diyos, na may hawak ng lahat ng bagay sa Kanyang mga kamay.”⁶

PAGKARAAN NG ISANG BUWAN, matapos makabalik sina Joseph at Newel sa Ohio, ang tatlumpu’t isang taong gulang na si Brigham Young ay dumating sa Kirtland kasama ang kanyang nakatatandang kapatid na si Joseph at ang kanyang pinakamatalik na kaibigan, si Heber Kimball. Sila ay mga bagong miyembro mula sa sentro ng New York, hindi malayo sa lugar kung saan lumaki si Joseph Smith. Nais ni Brigham na makilala ang propeta mula nang una niyang nalaman ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Ngayong siya ay nasa Kirtland, nagplano siyang kamayan si Joseph, titigan siya sa kanyang mga mata, at kilalanin ang kanyang puso. Si Brigham ay nangangaral mula sa Aklat ni Mormon mula nang mabinyagan siya, ngunit kakaunti lamang ang alam niya tungkol sa taong nagsalin nito.

Sina Joseph at Emma ay nakatira na ngayon sa silid sa itaas ng tindahan ng mga Whitney sa Kirtland, ngunit nang magsadya roon ang tatlong lalaki, ang propeta ay nasa labas at nagsisibak ng kahoy na panggatong sa isang gubat mga

isang milya ang layo. Kaagad silang tumulak patungo sa lugar, hindi nakakasiguro kung ano ang kanilang madaratanan pagdating nila roon.

Naglalakad papasok sa kakahuyan, sina Brigham at ang iba ay dumating sa isang kapatagan kung saan si Joseph ay nagsisibak ng mga troso. Mas matangkad siya kay Brigham at nakasuot ng simpleng damit na pangtrabaho. Mula sa mahusay na paraan ng paggamit ni Joseph ng kanyang palakol, nakita ni Brigham na ito ay sanay sa mabibigat na trabaho.

Lumapit sa kanya si Brigham at ipinakilala ang sarili. Inilapag ang kanyang palakol, kinamayan ni Joseph si Brigham. “Natutuwa akong makita ka,” sabi niya.

Habang nag-uusap sila, nag-alok si Brigham na magsibak ng kahoy habang ang kanyang kapatid at si Heber ay tutulong na ilagay ang mga ito sa isang bagon. Ang propeta ay tila masayahin, masipag, at palakaibigan. Tulad ni Brigham, siya ay galing sa abang pinagmulan, ngunit siya ay hindi magaspang tulad ng ilang manggagawa. Alam kaagad ni Brigham na siya ay propeta ng Diyos.⁷

Hindi nagtagal, inanyayahan ni Joseph ang mga lalaki pabalik sa kanyang bahay upang kumain. Nang dumating sila, ipinakilala niya ang mga ito kay Emma, na nakahiga sa kama, dinuduyan ang isang malusog na sanggol na lalaki. Ang sanggol ay isinilang ilang araw ang nakakaraan, ilang oras lamang bago dumating sina Joseph at Newel mula sa New York. Pinangalanan siya nina Emma at Joseph na Joseph Smith III.⁸

Pagkatapos kumain, nagsagawa ng maliit na pulong si Joseph at inanyayahan si Brigham na manalangin. Nang

yumuko siya, nadama ni Brigham ang Espiritu na hinimok siyang magsalita sa isang di-kilalang wika. Ang mga tao sa silid ay nagulat. Sa loob ng nakaraang taon, nakita nila ang maraming tao na ginagaya ang kaloob ng Espiritu gamit ang mabangis na pag-uugali. Ang ginawa ni Brigham ay iba.

“Mga kapatid, hindi ako sasalungat sa anumang nagmumula sa Panginoon,” sabi ni Joseph, na nadama ang kanilang pagkabalisa. “Ang dilang iyon ay mula sa Diyos.”

Pagdaka’y nagsalita si Joseph sa parehong wika, ipinahahayag na ito ang wikang gamit ni Adan sa Halamanan ng Eden at hinihikayat ang mga Banal na hangarin ang kaloob na mga wika, tulad ng ginawa ni Pablo sa Bagong Tipan, para sa kapakinabangan ng mga anak ng Diyos.⁹

LUMISAN SI BRIGHAM NANG sumunod na linggo habang ang isang mapayapang taglamig ay nanahan sa munting nayon. Gayunman, ilang araw bago sumapit ang Pasko, isang lokal na pahayagan ang naglathala ng mga ulat na ang mga pinuno ng pamahalaan sa estado ng South Carolina ay nilalabanan ang buwis sa mga inaangkat na kalakal at nagbabanta na hihiwalay mula sa Estados Unidos. Ang ilang tao ay nanawagan para sa digmaan.¹⁰

Habang binabasa ni Joseph ang ulat tungkol sa krisis, napagnilayan niya ang kasamaan at kapahamakan na sinabi ng Biblia na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.¹¹ Kamakailan ay sinabi ng Panginoon sa kanya na ang buong mundo ay dumaraing sa pagkaalipin ng kasalanan, at hindi magtatagal ay dadalawin ng Diyos ang mga masasama ng Kanyang poot, winawasak ang mga

kaharian ng daigdig at magdudulot ng mga pagyanig sa kalangitan.¹²

Matapos manalangin upang higit pang magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga kalamidad, tumanggap si Joseph ng isang paghahayag noong Araw ng Pasko. Sinabi sa kanya ng Panginoon na darating ang panahon kung kailan ang South Carolina at iba pang mga estado sa timog ay maghihimagsik laban sa buong bansa. Ang mga rebeldeng estado ay hihingi ng tulong sa iba pang bansa, at ang mga inaliping mamamayan ay maghihimagsik laban sa kanilang mga panginoon. Ang digmaan at kapinsalaang dulot ng kalikasan ay bubuhos sa lahat ng bansa, maglalaman ng pagdurusa at kamatayan sa buong mundo.

Ang paghahayag na ito ay isang mapanglaw na paalala na ang mga Banal ay hindi na dapat iantala ang pagtatayo ng Sion at ng templo. Kailangan na nilang maghanda ngayon kung umaasa silang maiwasan ang darating na pagkawasak.

“Tumayo kayo sa mga banal na lugar,” himok ng Panginoon. “at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating.”¹³

DALAWANG ARAW PAGKATAPOS MATANGGAP ang paghahayag tungkol sa digmaan, nakipagpulong si Joseph sa mga lider ng simbahan sa tindahan ni Newel Whitney. Nani-niwala siya na ang mga Banal sa Missouri ay mas nagiging mapamintas sa kanyang pamumuno. Kung hindi sila magsisisi at ibabalik ang kaayusan sa simbahan, natatakot siya, na maaaring mawala sa kanila ang kanilang mga mana sa Sion at mawala ang kanilang pagkakataong itayo ang templo.¹⁴

Matapos ang pulong, hiniling ni Joseph sa mga lider ng simbahan na manalangin upang malaman ang kaloo-ban ng Diyos para sa pagtatayo ng Sion. Yumuko ang mga lalaki at nagdasal, bawat isa ay nagpapahayag ng kanyang kagustuhang sundin ang mga utos ng Diyos. Pagkatapos ay tumanggap si Joseph ng paghahayag habang si Frederick Williams, ang kanyang bagong tagasulat, ay isinulat ito.¹⁵

Ito ay isang mensahe ng kapayapaan para sa mga Banal, na hinihimok silang maging banal. “Pabanalin ang inyong sarili,” utos ng Panginoon, “upang ang inyong mga isipan ay matuon sa Diyos.” Sa kanilang pagkamangha, inatasan Niya sila na magtayo ng templo sa Kirtland at maghandang tanggapin ang Kanyang kaluwalhatian.

“Isaayos ang inyong sarili,” sabi ng Panginoon. “Ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatatuto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos.”

Pinayuhan din sila ng Panginoon na magbukas ng isang paaralan. “At yayamang lahat ay walang pananampalataya,” pahayag Niya, “masigasig na maghanap at turuan ang bawat isa ng mga salita ng karunungan; oo, maghanap kayo sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya.”¹⁶

Nagpadala si Joseph ng isang sipi ng paghahayag kay William Phelps sa Missouri, na tinatawag itong “dahon ng olibo” at “ang mensahe ng Panginoon ng kapayapaan” sa

mga Banal sa Kirtland. Nagbabala siya sa mga Banal sa Sion na kung hindi nila pababalin ang kanilang sarili ayon sa utos ng Panginoon, pipili Siya ng iba na magtatayo ng Kanyang templo.

“Pakinggan ang tinig ng babala ng Diyos, at kung hindi ay magugunaw ang Sion,” pagsumamo ni Joseph. “Ang mga kapatid sa Kirtland ay nagdarasal para sa inyo nang walang humpay, batid ang nakatatakot na galit ng Panginoon, sila ay labis na natatakot para sa inyo.”¹⁷

NOONG ENERO 22, 1833, BINUKSAN ni Joseph at ng mga Banal sa Kirtland ang Paaralan ng mga Propeta sa tindahan ng mga Whitney. Isa sa mga clerk ni Joseph, si Orson Hyde, ay itinalagang magturo sa klase. Katulad ni Joseph at ng maraming pang mag-aaral, ginugol ni Orson ang kanyang pagkabata sa pagtatrabaho kaysa pagpasok sa paaralan. Isa siyang ulila, at ang kanyang tagapag-alaga ay pinayagan lang siya na makapag-aral tuwing taglamig, matapos ang anihan at bago ang susunod na pagtanim. Gayunman, si Orson ay may matalas na memorya at mabilis matuto, at dumalo siya sa isang kalapit na akademya sa kanyang pagtanda.¹⁸

Sa Paaralan ng mga Propeta, tinuruan ni Orson ang mga lalaki ng mga espirituwal na aralin bukod pa sa kasaysayan, gramatika, at matematika, tulad ng iniutos ng Panginoon.¹⁹ Ang mga dumalo sa kanyang klase ay hindi lamang mga mag-aaral. Tinawag nila ang isa’t isa na kapatid at nangagpanata sa isang tipan ng pakikisama.²⁰ Sama-sama silang nag-aral, nagtalakayan, at nanalangin bilang isang grupo.²¹

Isang araw, inanyayahan ni Joseph si Orson at iba pa sa klase na alisin ang kanilang sapatos. Sumusunod sa halimbawa ni Cristo, lumuhod si Joseph sa harapan ng bawat isa sa kanila at hinugasan ang kanilang mga paa.

Nang matapos siya, sinabi niya, “Tulad ng ginawa ko, gayon ang gawin ninyo.” Hiniling niya sa kanila na paglingkuran ang isa’t isa at panatilihin malinis ang kanilang mga sarili mula sa mga kasalanan ng sanlibutan.²²

HABANG NAGSESESYON ANG PAARALAN ng mga Propeta, pinanood ni Emma ang mga mag-aaral na dumating at umakyat sa hagdan patungo sa maliit at siksikang silid kung saan sila nagtitipon. Ang ilang kalalakihan ay dumarating sa paaralan na bagong ligo at maayos ang bihis bilang paggalang sa banal na katangian ng paaralan. Ilan din sa kanila ang hindi kumain ng almusal upang makapunta sa pulong na nag-aayuno.²³

Nang matapos ang klase at lumisan ang mga lalaki para sa araw na iyon, si Emma at ilang kabataang babae na inupahan ay nililinis ang silid-aralan. Dahil sa gumagamit ang mga lalaki ng mga pipa at ngumunguya ng tabako tuwing may klase, ang silid ay mausok at ang sahig ay puno ng dura mula sa tabako kapag umaalis na sila. Buong-lakas na magkukuskos si Emma, ngunit nanatili pa rin ang mga dungis ng tabako sa sahig.²⁴

Nagreklamo siya kay Joseph tungkol sa duming ito. Hindi karaniwang gumagamit ng tabako si Joseph, pero hinahayaan lamang niya iyon kapag ginagamit ng ibang mga lalaki. Ang mga reklamo ni Emma, gayunman, ay

dahilan upang kanyang itanong kung ang paggamit ng tabako ay tama ba sa paningin ng Diyos.

Hindi nag-iisa si Emma sa kanyang mga pag-aalala. Ang mga reformer sa Estados Unidos at sa ibang mga bansa sa buong mundo ay itinuturing ang paninilgarilyo at pagnguya ng tabako, maging ang pag-inom ng alak, na maruruming gawi. Ngunit naniniwala ang ilang doktor na ang tabako ay maaaring makagamot ng mga karamdaman. Ang mga katulad na pahayag ay ibinigay tungkol sa pag-inom ng alak at maiinit na inumin tulad ng kape at tsaang, na saganang iniinom ng mga tao.²⁵

Nang idinulog ni Joseph sa Panginoon ang bagay na ito, tumanggap siya ng paghahayag—isang “salita ng karunungan para sa kapakinabangan ng mga Banal sa mga huling araw.”²⁶ Dito, nagbabala ang Panginoon laban sa pag-inom ng alak, ipinapahayag na ang dalisay na alak ay para sa paghuhugas ng kanilang mga katawan habang ang alak naman ay para sa mga okasyon tulad ng sakramento. Binalaan din Niya sila laban sa tabako at maiinit na inumin.

Binigyang-diin ng Panginoon ang malusog na pagkain, hinihikayat ang mga Banal na kumain ng mga butil, gulay at prutas at kaunting karne lamang ang kakainin. Nangako siya ng mga pagpapala ng kalusugan, kaalaman at lakas sa mga taong pumiling sumunod.²⁷

Ang paghahayag ay ibinigay hindi bilang utos kundi isang babala. Maraming tao ang mahihirapang talikuran ang paggamit ng matatapang na sangkap na ito, at hindi ipinilit ni Joseph ang mahigpit na pagsunod. Patuloy siyang umiinom ng alak paminsan-minsan, at siya at si Emma ay minsanang umiinom ng kape at tsaang.²⁸

Gayunpaman, matapos basahin ni Joseph ang mga salita sa Paaralan ng mga Propeta, ang mga kalalakihan sa silid ay inihagis sa apoy ang kanilang mga pipa at mga tabako upang ipakita ang kanilang kahandaang sundin ang payo ng Panginoon.²⁹

ANG UNANG SESYON NG Paaralan ng mga Propeta ay nagtapos noong Marso, at ang mga miyembro nito ay nagsikalat upang maglingkod sa mga misyon o iba pang mga tungkulin.³⁰ Samantala, nagsikap ang mga lider ng simbahan sa Kirtland na bumili ng pagawaan ng ladrilyo at mangalap ng pondo sa pagtatayo ng templo.³¹

Sa panahong ito, tumanggap ng liham si Joseph mula sa Missouri. Matapos basahin ang paghahayag na tinatawag na “dahon ng olibo,” si Edward at ang iba pa ay hinikayat ang mga Banal na magsisi at makipag-ayos sa simbahan sa Kirtland. Nagbunga ang kanilang mga pagsisikap, at ngayon ay hiniling nila kay Joseph na patawarin sila.³²

Handang talikuran ang mga hindi pagkakaunawaan, naghanap ng mga paraan si Joseph upang matupad ang mga utos ng Panginoon para sa Sion. Noong Hunyo, nagdasal siya kasama sina Sidney Rigdon at Frederick Williams upang matutong magtayo ng templo. Habang sila ay nagdarasal, nakakita sila ng isang pangitain ng templo at sinuri ang labas nito, binibigyang-pansin ang istruktura ng mga bintana, bubong, at tore nito. Ang templo ay tila gumagalaw sa ibabaw nila, at nakita nila ang kanilang sarili na nasa loob nito, sinisiyasat ang mga panloob na bulwagan nito.³³

Matapos ang kanilang pangitain, iginuhit ng mga lalaki ang plano para sa mga templo sa Kirtland at Independence. Sa labas, ang mga gusali ay magmumukhang malalaking simbahan, ngunit sa loob ay mayroon silang dalawang maluluwang na silid para sa mga pagpupulong, ang isa sa itaas na palapag at ang isa sa ibaba, kung saan ang mga Banal ay maaaring magpulong at matuto.³⁴

Pagkatapos ay nagtuon si Joseph sa pagtulong sa mga Banal sa Sion na gawing lunsod ang kanilang pamayanan, na dumoble ang laki mula nang huli siyang bumisita sa kanila.³⁵ Sa tulong nina Frederick at Sidney, bumuo siya ng mga plano para sa isang lunsod na may sukat na isang milya kuwadrado. Mahaba at tuwid ang mga lansangan na isinaayos na parang isang malaking grid sa mapa, na may mga bahay na yari sa ladrilyo at bato na itinakda sa malalawak na lote na may mga kakahuyan sa harapan at may espasyo para sa hardin sa likuran.

Ang lupain ay hahatiin sa mga lote na may laking kalahating acre ang bawat isa, para sa kapwa mayayaman at mahihirap. Ang mga magsasaka ay maninirahan sa lunsod at magtatrabaho sa mga bukirin sa labas ng bayan. At sa gitna ng lunsod ay ang templo at iba pang mga sagradong gusali na inilaan para sa pagsamba, edukasyon, administrasyon, at pangangalaga sa mga maralita. Ang bawat pamublikong gusali ay uukitan ng mga salitang “Kabanalan sa Panginoon.”³⁶

May puwang sa lunsod para sa labinlimang libong tao, kung saan ito ay higit na mas maliit kaysa sa Lunsod ng New York, ngunit isa pa rin sa pinakamalalaking lunsod sa bansa. Kapag napuno ang buong lunsod, maaari nang

kopyahin nang paulit-ulit ang plano, hanggang sa lahat ng Banal ay magkaroon ng mana sa Sion. “Itulad ang iba sa gayunding paraan,” iniatas ni Joseph, “at sa gayon pupunuin ang mundo sa mga huling araw.”³⁷

Noong Hunyo 1833, ipinadala nina Joseph, Sidney, at Frederick ang plano para sa lunsod mula sa Kirtland patungo sa Independence, kasama ang detalyadong mga tagubilin kung paano itatayo ang templo.

“Nagsimula tayong magtayo ng Bahay ng Panginoon sa lugar na ito, at ito ay mabilis na magpapatuloy,” ulat nila sa liham na nakalakis sa mga plano. “Araw at gabi, magdarasal tayo para sa kaligtasan ng Sion.”³⁸



Isa Lamang Simula

Habang ang mga plano para sa Sion at templo ay naglalakbay sa pamamagitan ng koreo papuntang Missouri, ang siyam na taong gulang na si Emily Partridge ay lumundag mula sa kanyang kama at nagmamadaling lumabas suot ang kanyang pantulog. Sa bakuran sa likod ng kanyang bahay, di kalayuan sa pagtatayuan ng templo sa Independence, nakita niya ang isa sa mga malalaking tumpok ng dayami ng kanyang pamilya na nilalamon ng apoy. Ang apoy ay umabot sa kaitaasan ng kalangitan sa gabi, at ang maliwanag na dilaw na tanglaw ay gumagawa ng mahahabang anino sa likod ng mga taong nakatayo malapit dito, na walang magawa habang pinanonood ang nagliliyab na apoy.

Ang mga aksidenteng sunog ay karaniwan sa lugar na ito, ngunit ito ay hindi aksidente. Ang maliliit na pangkat ng mga mandurumog ay nagsimulang salaulain ang mga ari-arian ng mga Banal sa buong tag-init ng 1833, umaasang

takutin ang mga bagong dating paalis ng Jackson County. Wala pa namang sinumang nasaktan, ngunit tila mas nagiging agresibo sa bawat pagsalakay ang mga mandurumog.

Hindi maunawaan ni Emily ang lahat ng dahilan kung bakit nais ng mga tao sa Jackson County na umalis ang mga Banal. Alam niya na ang kanyang pamilya at mga kaibigan ay hindi katulad ng kanilang mga kapitbahay sa maraming paraan. Ang mga taga-Missouri na narinig niya sa mga lansangan ay may ibang paraan ng pagsasalita, at ang mga babae ay nagsusuot ng ibang estilo ng pananamit. Ilan sa kanila ay naglalakad nang nakayapak sa tag-init at nilalabhan ang kanilang mga kasuotan gamit ang malaking palu-palo sa halip na mga kulahan na nakasanayan ni Emily sa Ohio.

Ito ay pawang maliliit na pagkakaiba, ngunit mayroon ding malalaking di-pagkakaunawaan na hindi gaanong alam ni Emily. Ang mga mamamayan sa Independence ay hindi gusto na ang mga Banal ay nangaral sa mga Indian at tumututol sa pagkaalipin. Sa mga hilagang estado, kung saan ang karamihan ng mga miyembro ng simbahan ay nanirahan, ang pagmamay-ari ng mga alipin ay labag sa batas. Ngunit sa Missouri, ang pang-aalipin ng mga maiitim na tao ay legal, at ang mga matagal nang naninirahan dito ay mahigpit na ipinaglalaman ito.

Ang katotohanan na ang mga Banal ay karaniwang sanay na sila-sila lamang ang magkakasama ay hindi nakatulong para mabawasan ang mga paghihinala. Habang parami nang parami sa kanila ang dumarating sa Sion, sama-sama silang nagtatrabaho para gumawa at maglagay ng muwebles sa mga tahanan, magbungkal ng mga bukirin at magpalaki ng mga anak. Sila ay sabik na naglalatag ng saligan ng isang

banal na lunsod na magtatagal hanggang sa panahon ng Milenyo.

Ang sariling tahanan ng mga Partridge, na nakatayo sa gitna ng Independence, ay isang hakbang tungo sa paglikha sa bayan na maging Sion. Ito ay isang simpleng dalawang-palapag na bahay na hindi taglay ang kagandahan ng dating tahanan ni Emily sa Ohio, ngunit hudyat ito na ang mga Banal ay nasa Independence upang manatili.

Tulad ng ipinakita ng nagliliyab na tumpok ng dayami, sila ay nagsilbi na ring isang target.¹

SA PAGTAAS NG TENSYON sa pagitan ng mga Banal at ng kanilang mga kapitbahay sa Jackson County, nagpasiya si William Phelps na gamitin ang mga pahina ng lokal na pahayagan ng simbahan upang pakalmahin ang nadaramang takot. Sa isyu noong Hulyo 1833 ng *The Evening and the Morning Star*, naglathala siya ng isang liham para sa mga nandarayuhang miyembro ng simbahan, pinapayuhan sila na magbayad ng kanilang mga pagkakautang bago magpunta sa Sion upang maiwasang maging isang pabigat sa komunidad.

Sa pamamagitan ng pagsulat nito at ng iba pang mga payo, umaasa siya na mababasa rin ng mga residente ng Jackson County ang pahayagan at makita na ang mga Banal ay mga mamamayang masunurin sa batas na ang mga pani-niwala ay hindi magdadala ng panganib sa kanila o sa lokal na ekonomiya.²

Nagsulat din si William tungkol sa mga pananaw ng mga miyembro ng simbahan kaugnay sa maiitim na tao.

Bagama't nakikisimpatiya siya sa mga nais na palayain ang mga inaliping tao, nais ni William na malaman ng kanyang mga mambabasa na ang mga Banal ay susunod sa mga batas ng Missouri na nagtatakda sa mga karapatan ng malalayang maiitim na tao. May ilan lamang na maiitim na Banal sa simbahan, at iminungkahi niya na kung pipiliin nila na lumipat sa Sion, maingat silang kumilos at magtiwala sa Diyos.

“Hanggang wala tayong natatanging alituntunin sa simbahan sa mga taong may kulay,” hindi malinaw niyang isinulat, “hayaan ang kahinahunan ang maggabay.”³

SI SAMUEL LUCAS, ISANG hukom ng county at koronel sa milisya ng Jackson County, ay nanggagalaiti sa galit nang mabasa niya ang sulat sa *The Evening and the Morning Star*. Sa isipan ni Samuel, inaanyayahan ni William ang malalayang maiitim na tao na maging mga Mormon at lumipat sa Missouri. Ang mga pahayag ni William na sumasaway sa maiitim na mga Banal na manirahan sa Missouri ay walang nagawa upang pakalmahin ang kanyang mga pangamba.⁴

Dahil may mga mandurumog na ginugulo ang mga Banal sa Independence at mga kalapit na pamayanan, hindi mahirap para kay Samuel na humanap ng ibang tao na sasang-ayon sa kanya. Sa loob ng mahigit isang taon, ang mga lider ng bayan ay tinitipon ang kanilang mga kapitbahay laban sa mga Banal. Ang ilan ay namahagi ng mga polyeto at tumawag ng mga pulong pambayan, hinihimok ang mga tao na itaboy paalis ang mga bagong dating mula sa lugar.⁵

Noong una, karamihan sa mga residente ay inakala na ang mga Banal ay mga hindi delikadong panatiko na nagpanggap lamang na tumanggap ng mga paghahayag, nagpapagaling sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at gumagawa ng iba pang mga himala. Subalit habang parami nang parami ang mga miyembro ng simbahan ang nani- rahan sa county, naghahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos ang Independence bilang lupang pangako, sina Samuel at iba pang mga pinuno ng bayan ay nakita sila at ang kanilang mga paghahayag bilang banta sa kanilang mga ari-arian at kapangyarihan sa pulitika.

At ngayon ang sulat ni William ay pumukaw sa isa sa kanilang pinakamalaking kinatatakutan. Dalawang taon pa lang ang nakakaraan, dose-dosenang mga alipin sa ibang estado ang naghimagsik at pumatay ng higit sa 50 mga puting lalaki at babae sa loob ng wala pang dalawang araw. Ang mga may-ari ng mga alipin sa Missouri at sa iba pang mga estado sa timog ay nangangamba na maganap ang isang katulad na pangyayari sa kanilang mga komunidad. Ang ilang tao ay natakot na kung iimbitahan ng mga Banal ang malalayang maiitim na tao sa Jackson County, ang kani- lang presensya ay maaaring maging dahilan upang asamin ng mga alipin ang kalayaan at mag-aklas.⁶

Dahil may mga batas na pumoprotekta sa kalayaan sa relihiyon at pananalita ng mga Banal, si Samuel at ang iba ay nauunawaan na hindi nila magagawa ang mga pag- babanta sa pamamagitan ng mga legal na paraan. Ngu- nit hindi sila ang magiging unang bayan na gumamit ng dahas upang palayasin ang mga taong inaayawan nila. Kung

magkakasamang kikilos, maaari nilang mapaalis ang mga Banal mula sa bayan at hindi maparurusahan.

Ang mga lider ng bayan ay agad nagpulong upang gumawa ng aksyon laban sa mga bagong dating. Inilista ni Samuel at ng iba pa ang kanilang mga reklamo laban sa mga Banal at ipinakita ang pahayag sa mga mamamayan ng Independence.

Ang dokumento ay nagdedeklara ng layon ng mga lider ng bayan na palayasin ang mga Banal mula sa Jackson County kahit sa anumang paraan na kinakailangan. Itinakda nila ang Hulyo 20 para sa isang pulong sa hukuman upang pagpasiyahan kung ano ang gagawin nila sa mga Banal. Daan-daang residente sa Jackson County ang pumirma ng kanilang mga pangalan sa pahayag.⁷

NANG MALAMAN NIYA ANG tungkol sa kaguluhan, desperadong sinikap ni William Phelps na ayusin ang anumang hindi magandang naidulot ng kanyang artikulo sa pahayagan. Ipinahayag sa Aklat ni Mormon na inanyayahan ni Jesucristo ang lahat na lumapit sa Kanya, “itim at puti, alipin at malaya”, ngunit si William ay mas nag-aalala na bumaling ang buong bayan laban sa mga Banal.⁸

Mabilis na kumilos, naglimbag siya ng isang pahinang polyeto na binabawi ang isinulat niya tungkol sa pang-aalipin. “Tayo ay tumututol sa pagkakaroon ng malayang taong may kulay na makapasok sa estado,” giit niya, “at sinasabi natin na wala nang maaaring tanggapin sa simbahan.”⁹ Pinasinungalingan ng polyeto ang pananaw ng simbahan

sa pagbibinyag ng mga miyembro na maiitim, ngunit umasa siyang hahadlang ito sa mga darating na karahasan.¹⁰

Noong Hulyo 20, nagpunta sina William, Edward, at iba pang mga lider ng simbahan sa hukuman ng Jackson County upang kausapin ang mga lider ng county. Hindi pangkaraniwan ang banayad na panahon para sa Hulyo, at daan-daang mga tao ang iniwan ang kanilang mga tahanan, bukirin, at negosyo upang dumalo sa pulong at maghandang gumawa ng aksyon laban sa mga Banal.

Pinagpasiyahang bigyan ang mga lider ng simbahan ng huling babala bago gumamit ng karahasan, si Samuel Lucas at labindalawa pang kalalakihan na kumakatawan sa komunidad ay pilit na ipinahinto kay William ang paglimbag ng *The Evening and the Morning Star* at na agarang lisanin ng mga Banal ang county.¹¹

Bilang bishop ng Sion, alam ni Edward kung gaano kalaki ang mawawala sa mga Banal kung pagbibigyan nila ang mga kahilingan. Ang pagsasara ng palimbagan ay magpapatagal sa paglalathala ng Book of Commandments, na halos tapos na. At ang paglisan sa county ay nangangahulugan ng hindi lamang kawalan ng mahahalagang ari-arian kundi ang pagsuko rin ng kanilang mga mana sa lupang pangako.¹²

Humingi si Edward ng tatlong buwan upang pag-isipan ang mga panukala at hingin ang payo ni Joseph sa Kirtland. Ngunit tumanggi ang mga pinuno ng Jackson County na ipagkaloob ang kanyang kahilingan. Humingi si Edward ng sampung araw upang sumangguni sa iba pang mga Banal sa Missouri. Binigyan siya ng mga lider ng komunidad ng labinlimang minuto.¹³

Tutol na mapilit sa isang desisyon, tinapos ng mga Banal ang negosasyon. Habang umaalis ang delegasyon ng Jackson County, bumaling ang isang lalaki kay Edward at sinabi sa kanya na ang gawain ng paglipol ay sisimulan kaagad.¹⁴

SI SALLY PHELPS AY nasa bahay sa unang palapag ng opisina ng palimbagan ng simbahan, na kahilera ng daan lampas sa bahay-hukuman, at inaalagaan ang kanyang maysakit na bagong silang na anak. Ang kanyang apat pang mga anak ay nasa malapit lamang. Ilang oras na ang nakakaraan mula nang umalis si William upang dumalo sa pulong sa hukuman. Hindi pa siya nakakabalik, at nag-aalalang naghintay ng balita si Sally tungkol sa pulong.

Isang malakas na tunog ang kumalampag sa harapang pintuan, na gumulat sa kanila ng kanyang mga anak. Sa labas, binabayo ng mga lalaki ang malaking troso sa pintuan, sinusubukang sirain ito. Isang pulutong ng mga kalalakihan, kababaihan, at bata ang nakapalibot sa paligid ng palimbagan, ang ilan ay masiglang inuudyukan ang mga lalaki at ang iba naman ay tahimik na nanonood.¹⁵

Nang mabuksan ang pintuan, mabilis na pumasok ang mga armadong lalaki sa bahay at kinaladkad si Sally at ang mga bata sa kalye.¹⁶ Itinapon nila ang mga kasangkapan at kagamitan ng pamilya sa labas ng pintuan at binasag ang mga bintana. Ilan sa mga sumalakay ay umakyat sa ikalawang palapag ng palimbagan at tinapon ang type at tinta sa sahig habang ang ibang mga lalaki ay nagsimulang gibain ang gusali.¹⁷

Nakatayo kasama ang mga anak na nagsusumiksik sa kanya, nanood si Sally habang sinisira ng mga lalaki ang bintana sa ikalawang palapag ng palimbagan at hinahagis palabas ang papel at type. Pagkatapos ay itinulak nila ang imprenta sa bintana at hinayaan itong bumagsak sa lupa.¹⁸

Sa gitna ng kaguluhan, ilan sa mga lalaki ang lumabas mula sa palimbagan bitbit sa kanilang mga bisig ang hiwa-hiwalay pang mga pahina mula sa Book of Commandments. “Narito ang aklat ng mga paghahayag ng mga kasumpang mga Mormon,” ang sigaw ng isa sa kanila sa mga tao habang inihahagis niya ang mga pahina sa kalye.¹⁹

MAGKASAMANG NAGSISIKSIKAN SA ISANG kalapit na bakod, ang labinlimang taong gulang na si Mary Elizabeth Rollins at ang kanyang labintatlong taong gulang na kapatid na babae, si Caroline, ay nakamasid habang ikinakalat ng mga lalaki ang mga pahina ng Book of Commandments.

Nakita ni Mary ang ilan sa mga pahina noon. Siya at si Caroline ay mga pamangkin ni Sidney Gilbert, na nagpapatakbo sa tindahan ng mga Banal sa Independence. Isang gabi, sa bahay ng kanilang tiyuhin, nakinig si Mary habang binasa at tinalakay ng mga lider ng simbahan ang bagong mga paghahayag sa mga bagong limbag na pahina. Habang nag-uusap ang mga lalaki, ang Espiritu ay bumaba sa pulong, at ang ilan ay nagsalita sa ibang wika samantalang si Mary ay binigyang-kahulugan ang kanilang mga salita. Ngayon ay nadama niya ang malalim na paggalang

para sa mga paghahayag, at ang makita ang mga ito na nagkalat sa kalsada ay lubhang nagpalungkot sa kanya.

Bumaling kay Caroline, sinabi ni Mary na gusto niyang kunin ang mga pahina bago sila masira. Sinimulang sirain ng mga lalaki ang bubong ng palimbagan. Hindi magtatagal ay gigibain nila ang mga pader nito, walang iiwanan kundi mga guho nito.

Nais iligtas ni Caroline ang mga pahina, ngunit siya ay takot sa mga mandurumog. “Papatayin nila tayo,” sabi niya.

Naunawaan ni Mary ang panganib, ngunit sinabi niya kay Caroline na determinado siyang makuha ang mga pahina. Ayaw iwanang mag-isa ang kapatid, pumayag si Caroline na tumulong.

Naghintay ang magkapatid hanggang sa tumalikod ang mga lalaki, pagkatapos ay mabilis silang lumabas mula sa kanilang pinagtataguan at kinuha ang lahat ng pahinang kayang dalhin ng kanilang mga bisig. Habang pumipihit sila upang bumalik sa bakod, napansin sila ng ilang kalalakhian at inutusan silang tumigil. Mas mahigpit na hinawakan ng magkapatid ang mga pahina at tumakbo nang mabilis papunta sa isang malapit na taniman ng mais habang sinusundan sila ng dalawang lalaki.

Ang mga tanim na mais ay anim na talampakan ang taas, at hindi makita nina Mary at Caroline kung saan sila papunta. Idinapa ang kanilang sarili sa lupa, itinago nila ang mga pahina sa ilalim ng kanilang mga katawan at pigil-hiningang pinakinggan ang paroo’t paritong paglalakad ng mga lalaki sa maisan. Naririnig ng magkapatid na papalapit ang mga ito, ngunit di nagtagal, sumuko sa paghahanap ang mga lalaki at iniwan ang taniman ng mais.²⁰

SI EMILY PARTRIDGE AT ang kanyang nakatatandang kapatid na si Harriet ay umiigib ng tubig mula sa bukal nang makita nila ang isang grupo ng halos limampung armadong lalaking papalapit sa kanilang bahay. Nagtatago sa tabi ng bukal, takot na pinanood ng mga batang babae na pinaligiran ng mga lalaki ang bahay, ipinagtulakan ang kanilang ama palabas, at kinaladkad palayo.²¹

Dinala ng mga mandurumog si Edward sa liwasang-bayan, kung saan ang isang pulutong ng higit sa dalawang daang tao ang nakapaligid kay Charles Allen, na isa pang Banal na hinuli. Si Russell Hicks, na nanguna sa pampublikong pagtitipon ng umagang iyon, ay nilapitan si Edward at sinabihan siyang iwanan ang county o harapin ang magiging kapalit nito.

“Kung ako ay dapat magdusa para sa aking relihiyon,” sabi ni Edward, “ito ay hindi hihigit sa ginawa ng mga nauna sa akin.”²² Sinabi niya kay Hicks na wala siyang nagawang mali at tumutol na lisanin ang bayan.²³

“Tawagin mo ang Jesus mo!” sigaw ng isang tinig.²⁴ Itinulak ng mga mandurumog sina Edward at Charles sa lupa, at nagsimulang hubarin ni Hicks ang damit ng bishop. Nanlaban si Edward, at may isang nasa pulutong na humiling kay Hicks na hayaan ang bishop na manatiling suot nito ang kanyang polo at pantalon.

Pumapayag, hinablot ni Hicks ang sumbrero, kapote, at tsaleko ni Edward at ipinaubaya siya sa mga mandurumog. Dalawang lalaki ang lumapit at binuhusan ng alkitran at balahibo ang mga bihag mula ulo hanggang paa. Nakakapaso ang alkitran, tumatagos sa balat tulad ng asido.²⁵

Sa di kalayuan, tinitipon ng isang nabinyagan na si Vienna Jaques ang mga nagkalat na mga pahina ng Book of Commandments mula sa kalye. Inilaan ni Vienna ang kanyang malaking ipon upang makatulong na maitatag ang Sion, at ngayon lahat ay nagkakawatak-watak.

Habang mahigpit niyang hawak ang mga kalat na pahina, isang lalaki mula sa mga mandurumog ang lumapit sa kanya at sinabing, “Umpisa pa lamang ito ng pagdurusa ninyo.” Itinuro nito ang hinang-hinang si Edward. “Hayan ang bishop mo, binuhusan ng alkitran at balahibo.”²⁶

Tumingala si Vienna at nakita si Edward na paika-ikang lumayo. Tanging ang kanyang mukha at mga palad ng kanyang mga kamay ang hindi na natatakpan ng alkitran. “Purihin ang Dios!” sigaw niya. “Tatanggap siya ng korona ng kaluwalhatian kapalit ng alkitran at mga balahibo.”²⁷

NOONG GABING IYON AY walang tahanang uuwian si Sally Phelps. Nakatagpo siya ng kanlungan sa isang inabandonang kuwadra na yari sa troso na katabi ng taniman ng mais. Sa tulong ng kanyang mga anak, tinipon niya ang mga dayami upang mahigaan.

Habang siya at ang mga bata ay gumagawa, dalawang nilalang ang lumabas mula sa taniman ng mais. Sa pumapanglaw na liwanag, nakita ni Sally sina Caroline at Mary Rollins. Sa kanilang mga bisig, karga ng magkapatid ang mga salansan ng papel. Tinanong ni Sally kung ano ang dala nila, at ipinakita nila sa kanya ang mga pahina na kanilang natipon mula sa Book of Commandments.

Kinuha ni Sally ang mga pahina mula sa magkapatid at itinago ang mga ito nang ligtas sa ilalim ng kanyang higaan na yari sa tinipong mga dayami.²⁸ Ang gabi ay mabilis na dumarating, at hindi niya alam kung ano ang dala ng bukas para sa Sion.



Kahit Paslangin Tayo ng mga Mandurumog

Nang magkaroon ng karahasan sa mga kalye ng Independence, nilisan ni William McLellin ang kanyang bahay at nagtago sa kakahuyan, takot na takot sa mga mandurumog. Matapos wasakin ang palimbagan ng simbahan, ang mga mamamayan ng Jackson County ay ninakawan ang tindahan ni Sidney Gilbert at itinaboy ang maraming mga Banal mula sa kanilang mga tahanan. Ang ilang kalalakihan ay dinakip at nilatigo hanggang sa maging duguan na sila.¹

Umaasa na maiwasan ang kanilang kinahinatnan, nanatili si William sa kakahuyan nang ilang araw. Nang malaman niya na ang mga mandurumog ay nag-aalok ng perang gantimpala sa sinumang makahuli sa kanya o sa iba pang mga kilalang miyembro ng simbahan, palihim siyang umalis patungo sa tirahan ng pamilya Whitmer sa tabi ng Ilog Big Blue, ilang milya ang layo sa kanluran, at nanatiling hindi nagpapakita.

Nag-iisa at takot, si William ay pinahirapan ng pag-aalinlangan. Nagpunta siya sa Independence na pinaniniwalaan na ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos. Ngunit ngayon siya ay may presyo sa kanyang ulo. Ano ang mangyayari kung matagpuan siya ng mga mandurumog? Kaya ba niyang panindigan ang kanyang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon? Magagawa ba niyang ipahayag ang kanyang pananampalataya sa ipinanumbalik na ebanghelyo? Handa ba siyang magdusa at mamatay para rito?

Habang naguguluhan si William sa mga tanong na ito, nakatagpo niya sina David Whitmer at Oliver Cowdery sa kakahuyan. Kahit na mayroon ding gantimpala para kay Oliver, ang mga lalaki ay may dahilan upang maniwala na lumipas na ang pinakakinatatakutan. Ang mga mamamayan ng Independence ay determinado pa ring palayasin ang mga Banal mula sa bayan, ngunit tumigil ang mga pananalakay at ang ilang miyembro ng simbahan ay bumabalik na sa kanilang mga tahanan.

Naghahanap ng katiyakan, bumaling si William sa kanyang mga kaibigan. “Hindi pa ako nakakikita ng isang hayagang pangitain sa buong buhay ko,” sabi niya sa kanila, “pero kayong mga ginoo ay nagsabing nakakita na kayo.” Kailangan niyang malaman ang katotohanan. “Sabihin ninyo sa akin, nang may takot sa Diyos,” giit niya, “ang Aklat ni Mormon ba ay totoo?”

Tiningnan ni Oliver si William. “Isinugo ng Diyos ang Kanyang banal na anghel upang ipahayag ang katotohanan ng pagsasalin nito sa amin, at kaya nga, alam namin ito,” sabi niya. “At kahit paslangin kami ng mga mandurumog, kami ay mamamatay na ipinahahayag ang katotohanan nito.”

“Sinabi sa iyo ni Oliver ang taimtim na katotohanan,” sabi ni David. “Talagang ipinahahayag ko sa iyo ang katotohanan nito.”

“Naniniwala ako sa inyo,” sabi ni William.²

NOONG AGOSTO 6, 1833, BAGO pa nalaman ni Joseph ang tindi ng lawak ng karahasan sa Missouri, tumanggap siya ng paghahayag tungkol sa pag-uusig sa Sion. Sinabi ng Panginoon sa mga Banal na huwag matakot. Narinig Niya at itinala ang kanilang mga panalangin, at nangako Siya sa pamamagitan ng isang tipan na sasagutin ang mga ito. “Lahat ng bagay kung saan kayo pinahirapan,” tiniyak ng Panginoon sa mga Banal, “ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti.”³

Makalipas ang tatlong araw, dumating si Oliver sa Kirtland dala ang buong ulat tungkol sa mga pag-atake sa Missouri.⁴ Upang patahimikin ang mga mandurumog, lumagda sina Edward Partridge at iba pang mga lider ng simbahan sa isang panunumpa, nangangako sa mga mamamayan ng Independence na lilisanin ng mga Banal ang Jackson County sa tagsibol. Wala ni isa man sa kanila na nais talikuran ang Sion, ngunit ang pagtanggap lumagda ng panunumpa ay maglalagay lamang sa mga Banal sa mas malaking panganib.⁵

Nasindak sa karahasan, inaprubahan ni Joseph ang desisyon na lumikas. Kinabukasan, sumulat si Oliver sa mga lider ng simbahan sa Missouri, inaatasan sila na maghanap ng ibang lugar na matitirhan. “Maging matalino sa iyong

pagpili,” ang payo niya. “Ang isa pang lugar ng pagsisimula ay walang maidudulot na pinsala sa Sion sa huli.”

“Kung nariyan lamang ako ay makikibahagi ako sa inyong mga pagdurusa,” dagdag pa ni Joseph sa pagtatapos ng liham. “Hindi itutulot ng aking espiritu na pabayaan kayong mamatay.”⁶

Pagkatapos nito, nanatiling nababagabag si Joseph nang ilang araw. Dumating ang kagimbal-gimbal na balita habang naharap siya sa matinding pamimintas sa Kirtland. Noong tag-araw na iyon, isang miyembro ng simbahan na nagngangalang Doctor Philastus Hurlbut ay itiniwalag sa simbahan dahil sa imoral na pag-uugali habang nasa misyon. Di nagtagal ay nagsimula si Hurlbut na magsalita laban kay Joseph sa mga pulong na maraming dumadalo at nangongolekta ng pera mula sa mga kritiko ng simbahan. Gamit ang salaping ito, binalak ni Hurlbut na magtungo sa New York upang maghanap ng mga kuwentong magagamit niya upang ipahiya ang simbahan.⁷

Mabigat man ang mga problema sa Ohio, gayunman, alam ni Joseph na kailangan ng sitwasyon sa Missouri ang kanyang buong pansin. Habang pinagninilayan ang karahasan, natanto ni Joseph na ang Panginoon ay hindi binawi ang Kanyang utos na itatag ang Sion sa Independence ni pinahintulutan ang mga Banal na talikuran ang kanilang mga lupain sa Jackson County. Kung iiwanan nila ngayon ang kanilang mga ari-arian, o ibebenta ang mga ito sa kanilang mga kaaway, ang pagbawi sa mga ito ay halos imposible.

Desperado na makatanggap ng partikular na mga tagubilin para sa mga Banal sa Missouri, si Joseph ay nanalangin

sa Panginoon. “Ano pa ang hihingin Ninyo sa kanilang mga kamay,” tanong niya, “bago Kayo pumarito at ilitgas sila?” Naghintay siya ng kasagutan, ngunit ang Panginoon ay hindi nagbigay sa kanya ng bagong tagubilin para sa Sion.

Noong Agosto 18, personal na lumiham si Joseph kay Edward at sa iba pang mga lider sa Sion. “Hindi ko alam kung ano ang dapat sabihin sa inyo,” pag-amin niya. Nagpadala siya ng isang kopya ng paghahayag noong Agosto 6, at tiniyak sa kanila na ililigtas sila ng Diyos mula sa panganib. “Hawak ko ang Kanyang hindi mababagong tipan na ito ay mangyayari,” patotoo ni Joseph, “ngunit ang Diyos ay nalulugod na ilihim sa aking mga paningin ang mga paraan kung paano gagawin ang mga bagay na ito.”

Samantala, hinimok ni Joseph ang mga Banal na dapat silang magtiwala sa mga pangako ng Panginoon na ibinigay na sa kanila. Pinayuhan niya ang mga Banal na maging matisisin, itayong muli ang palimbagan at tindahan, at humanap ng legal na paraan na mabawi ang mga nawala sa kanila. Hiniling din niya sa kanila na huwag talikuran ang lupang pangako, at siya ay nagpadala ng mas detalyadong plano para sa lunsod.

“Ito ang kalooban ng Panginoon,” isinulat niya, “na wala ni isang talampakan ng biniling lupain ang dapat ibigay sa mga kaaway ng Diyos o ibenta sa kanila.”⁸

NAKARATING KAY EDWARD ANG liham ni Joseph sa unang araw ng Setyembre, at ang bishop ay sumang-ayon na hindi dapat ipagbibili ng mga Banal ang kanilang ari-arian sa Jackson County.⁹ Bagama’t nagbanta ang mga lider ng mga

mandurumog na sasaktan ang mga Banal kung susubukan nilang humingi ng kabayaran para sa kanilang kawalan, tinipon niya ang mga kuwento tungkol sa mga pang-aabusong tiniis ng mga Banal noong tag-araw na iyon at ipinadala ito sa gobernador ng Missouri na si Daniel Dunklin.¹⁰

Sa sarili niya, ayaw ni Gobernador Dunklin sa mga Banal, ngunit hinikayat niya sila na dalhin ang kanilang mga hinanakit sa mga korte. “Ang ating pamahalaan ay pamahalaan ng batas,” sinabi niya sa kanila. Kung mabibigo ang sistemang korte ng Jackson County na payapang ipatupad ang batas, maaari itong ipaalam sa kanya ng mga Banal at mamagitan siya upang tumulong. Gayunman, sa ngayon, ipinayo niya na magtiwala sila sa mga batas ng lupain.¹¹

Ang liham ng gobernador ay nagbigay ng pag-asa kay Edward at sa mga Banal. Sinimulan nilang ayusin ang kanilang komunidad, at si Edward at ang iba pang mga lider ng simbahan sa Sion ay umupa ng mga abugado mula sa isang kalapit na county upang hawakan ang kanilang kaso.¹² Nagpasiya sila na ipagtatanggol nila ang kanilang sarili at kanilang mga ari-arian kung sila ay lulusubin.¹³

Ang mga pinuno ng bayan sa Independence ay galit na galit. Noong Oktubre 26, isang grupo ng higit sa limampung mga residente ang bumoto na palayasin ang mga Banal mula sa Jackson County sa lalong madaling panahon.¹⁴

LIMANG ARAW PAGKARAAN NITO, sa dapithapon, nalaman ng mga Banal sa pamayanan ng mga Whitmer na mga armadong kalalakihan mula sa Independence ang patungo sa kanilang direksyon. Si Lydia Whiting at ang kanyang asawa,

si William, ay dali-daling nilisan ang kanilang tahanan at dinala ang kanilang dalawang-taong-gulang na anak na lalaki at bagong silang na kambal papunta sa isang bahay kung saan nagtitipon ang ibang mga miyembro ng simbahan upang ipagtanggol ang kanilang sarili.

Dakong alas-diyes nang gabing iyon, nakarinig si Lydia ng ingay sa labas. Dumating ang mga tao mula sa Independence at winawasak ang mga kubo. Nagkalat sila sa kabuuan ng pamayanan, naghahagis ng mga bato sa mga bintana at sinisira ang mga pinto. Umakyat sa tuktok ng mga bahay ang mga lalaki at sinira ang mga bubong. Ang iba ay itinaboy ang mga pamilya mula sa kanilang mga tahanan gamit ang mga pamalo.

Narinig ni Lydia na papalapit na ang mga mandurumog. Sa hindi kalayuan, sinira nila ang pinto ng bahay nina Peter at Mary Whitmer, kung saan maraming miyembro ng simbahan ang nagtago. Naghiyawan ang mga tao nang pwersahang pinasok ng mga lalaking may pamalo ang bahay. Nagkandarapa ang mga kababaihan sa pagkuha sa kanilang mga anak at nagmakaawa sa mga sumalakay sa kanila. Itinaboy ng mga mandurumog ang mga lalaki palabas at pinaghahampas sila gamit ang mga pamalo at latigo.

Sa bahay kung saan nagtatago si Lydia, binalot ng takot at pagkalito ang mga Banal. Dala ang ilang mga armas at walang plano na ipagtanggol ang kanilang mga sarili, ang ilang tao ay nataranta at tumakas, nagmamadaling nagtago sa kalapit na kakakahuyan. Natatakot para sa kanyang pamilya, iniabot ni Lydia ang kanyang kambal sa dalawang batang babae na nakasiksik sa kanyang tabi at pinatakbo

sila para sa kanilang kaligtasan. Pagkatapos ay kinarga niya ang kanyang anak na lalaki at sumunod sa kanila.

Sa labas ay pawang kaguluhan. Ang mga babae at bata ay nilampasan siya habang ang mga mandurumog ay sumira pa ng mas maraming bahay at giniba ang mga tsiminea. Ang mga lalaki ay nakahandusay sa lupa, labis na nabugbog at duguan. Mahigpit na niyakap ni Lydia ang kanyang anak na lalaki sa kanyang dibdib at tumakbo sa kakahuyan, hindi na nakikita ang kanyang asawa at ang mga batang babae na may karga sa kanyang mga sanggol.

Nang narating niya ang suklob ng mga punong kahoy, nakita ni Lydia ang isa lamang sa kanyang kambal. Kinuha niya ang sanggol at naupong kasama ang kanyang anak, nanginginig sa lamig ng taglagas. Mula sa kanilang pinagtaguan, naririnig nila ang mga mandurumog na winawasak ang kanilang bahay. Sa paglipas ng mahabang gabi, wala siyang ideya kung nagawang makatakas ng kanyang asawa mula sa pamayanan.

Nang mag-umaga na, maingat na lumabas ng kakahuyan si Lydia at hinanap ang kanyang asawa at nawawalang sanggol sa gitna ng mga lumuluhang Banal. Sa laking tuwa niya, ang sanggol ay hindi nasaktan at hindi nadakip ng mga mandurumog si William.

Sa iba pang dako ng pamayanan, muling nagkasam-sama ang iba pang mga pamilya. Walang sinuman ang napatay sa paglusob, ngunit halos isang dosenang tahanan ang nagiba. Sa buong maghaponing iyon, ang mga Banal ay namulot ng mga gamit sa mga sinirang bahay, sinisikap na masagip ang anumang natira sa kanilang ari-arian, at inalagaan ang mga sugatan.¹⁵

NANG SUMUNOD NA APAT na araw, sinabi ng mga lider ng Sion sa mga Banal na magtipon sa malalaking grupo upang ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mga pag-salakay. Ang mga mandurumog mula sa Independence ay nangabayo sa buong kanayunan, nilulupig ang malalayong pamayanan. Ang mga lider ng simbahan ay nagmakaawa sa isang lokal na hukom na pigilan ang mga mandurumog, ngunit binalewala sila nito. Determinado ang mga mamamayan ng Jackson County na palayasin ang bawat huling Banal mula sa kanilang lugar.¹⁶

Hindi nagtagal muling sinugod ng mga mandurumog ang pamayanan ng mga Whitmer, nang mas matindi kaysa dati. Nang marinig ng dalawampu't-pitong-taong gulang na si Philo Dibble ang putok ng baril sa direksyon ng pamayanan, siya at ang ibang mga Banal na nasa malapit lamang ay nagmadali upang ipagtanggol ito. Natagpuan nila ang limampung armadong kalalakihan na nakasakay sa mga kabayo, niyuyurak ang mga taniman ng mais at tinataboy ang mga takot na Banal patungo sa mga kakahuyan.

Nang makita si Philo at ang kanyang mga kasama, ang mga mandurumog ay nagpapatok ng kanilang mga baril, na malubhang sumugat sa isang tao. Gumanti ng pamamaring ang mga Banal nang buong puwersa, na ikinamatay ng dalawa sa sumalakay sa kanila at nagkahiwa-hiwalay ang mga natira.¹⁷ Napuno ang hangin ng maitim na usok ng pulbura mula sa kanilang mga baril.

Habang nagsialisan ang mga mandurumog, nakadama ng sakit sa kanyang tiyan si Philo. Pagyuko niya, nakita niya na ang kanyang damit ay punit-punit at duguan. Tinamaan siya ng mga bala.¹⁸

Hawak pa rin ang kanyang baril at pulbura, pagiray-giray siyang bumalik sa tahanan. Sa daan ay nakita niya ang mga babae at bata na nagsisiksikan sa mga wasak na bahay, nagtatago mula sa mga mandurumog na nagbantang papatayin ang sinumang tumulong sa mga sugatan. Nanghihina at nauuhaw, pasuray na lumakad si Philo hanggang sa dumating siya sa bahay kung saan nagtatago ang kanyang pamilya.

Nakita ni Cecelia, na kanyang asawa, ang kanyang mga sugat at nagmamadaling pumunta sa kakahuyan, natarantang humahanap ng tulong. Naligaw siya at walang natagpuang tao. Nang bumalik siya sa bahay, sinabi niya na karamihan sa mga Banal ay nagsitakas tatlong milya ang layo sa pamayanan kung saan naninirahan ang mga Banal mula sa Colesville.¹⁹

Ang iba pang mga Banal ay nagkalat sa buong kanyunan, nagtatago sa mga taniman ng mais o gumagala sa walang katapusang parang.²⁰

HABANG NAKIKIBAKA ANG MGA Banal sa mga mandurumog sa tabi ng Ilog Big Blue, si Sidney Gilbert ay nakatayo sa harapan ng isang hukom sa korte ng Independence kasama sina Isaac Morley, John Corrill, William McLellan, at ilan pang mga Banal. Ang mga lalaki ay dinakip matapos ang isang lalaki na kanilang nahuli ng pandarambong sa tindahan ni Sidney ay kinasuhan sila ng pagsalakay at maling pagkabilanggo nang magtangka silang ipadakip siya.

Puno ang korte habang dinidinig ng hukom ang kanilang kaso. Habang ang buong bayan ay nagkakagulo sa

desisyon ng mga Banal na ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at ari-arian, si Sidney at kanyang mga kaibigan ay halos walang dahilan upang umasa na makakukuha sila ng patas na pagdinig. Ang paglilitis ay tila kunwari lamang.

Habang pinakikinggan ng hukom ang mga salaysay, ang maling tsismis ay umabot sa Independence na ang mga Banal ay pumatay ng dalawampung taga-Missouri sa Ilog Big Blue. Napuno ng galit at pagkalito ang korte nang ang mga manonood ay nagsisigaw na patayin nang walang paglilitis ang mga bilanggo. Atubiling ipaubaya sila sa mga mandurumog, isa sa mga klerk ng korte ang nag-utos sa mga lalaki na bumalik sa bilangguan para sa kanilang proteksyon bago pa sila mapaslang ng mga tao.²¹

Nang gabing iyon, matapos humupa ang karahasan, nagpaiwan si William sa piitan habang ang sheriff at dalawang deputy ay sinamahan sina Sidney, Isaac, at John upang makipagkita kay Edward Partridge. Tinalakay ng mga lider ng simbahan ang kanilang mga opsiyon. Alam nila na kailangan nila agad lisanin ang Jackson County, ngunit tutol silang iwan ang kanilang mga lupain at tahanan sa kamay ng kanilang mga kaaway. Sa huli, nagpasiya silang mas mainam na mawala ang kanilang mga ari-arian kaysa sa kanilang buhay. Kailangan nilang iwanan ang Sion.²²

Natapos ang kanilang talakayan ganap na alas-dos ng umaga, at dinala ng sheriff pabalik ng kulungan ang mga bilanggo. Pagdating nila, anim na armadong kalalakihan ang naghihintay sa kanila.

“Huwag kayong magpapaputok! Huwag kayong magpapaputok!” sigaw ng sheriff nang makita niya ang mga mandurumog.

Itinutok ng mga lalaki ang kanilang mga baril sa mga bihag, at kumaripas ng takbo sina John at Isaac. Ilan sa mga mandurumog ang nagpapatok sa kanila at nagmintis. Nanindigan si Sidney sa kanyang kinatatayuan habang dalawang lalaki ang lumapit sa kanya at itinutok ang kanilang mga baril sa kanyang dibdib. Handa na ang sarili sa mangyayari, narinig ni Sidney ang putok ng baril at nakita ang kislap ng pulbura.

Taranta, kinapa niya ang kanyang katawan para sa anumang sugat ngunit nalaman niyang wala siyang tinamong sugat. Nabali ang isa sa mga baril, at ang isa naman ay nagmintis. Ang sheriff at ang kanyang mga deputy ay nagmamadaling ibinalik siya sa kaligtasan sa loob ng selda.²³

Ngayon ang karamihan sa Jackson County ay kumikilos para sa labanan. Ang mga mensahero ay umikot sa mga kanayunan, nag-aanyaya sa mga armadong kalalakihan na tumulong sa pagpapalayas sa mga Banal mula sa lugar. Samantala, isang myembro ng simbahan na nagngangalang Lyman Wight, ay namuno sa pangkat ng isang daang mga Banal, ang ilan ay sakbit ang kanilang mga baril at ang iba ay may pamalo, patungo sa Independence upang iligtas ang mga bilanggo.

Para maiwasan ang mas maraming pagdanak ng dugo, nagsimulang ihanda ni Edward ang mga Banal na lisanin ang county. Pinakawalan ng sheriff ang bilanggo, at binuwag ni Lyman ang kanyang pangkat. Ang milisya ng county ay tinawag upang panatilihin ang kaayusan habang nililisan ng mga Banal ang kanilang mga tahanan, ngunit dahil ang karamihan sa mga lalaki sa milisya ay naging bahagi ng

pagsalakay sa mga pamayanan, halos wala silang ginawa upang maiwasan ang iba pang karahasan.²⁴

Wala nang magagawa ang mga Banal ngayon kundi tumakbo.

NOONG NOBYEMBRE, 6, SUMULAT SI William Phelps sa mga lider ng simbahan sa Kirtland. “Kakila-kilabot na panahon ito,” sabi niya sa kanila. “Ang mga lalaki, babae, at bata ay nagsisitakas, o naghahanda na, sa lahat ng dako.”²⁵

Karamihan sa mga Banal ay naglakad patungong hilaga, tumawid gamit ang mga bangka sa napakalamig na Ilog Missouri patungo sa kalapit na Clay County, kung saan natagpuan ng mga nagkalat na miyembro ng mga pamilya ang isa’t isa. Ang hangin at ulan ay bumuhos sa kanila, at hindi nagtagal ay umulan ng niyebe. Matapos makatawid sa ilog ang mga Banal, sina Edward at ang iba pang mga lider ay nagtayo ng mga tolda at gumawa ng mga tirahan yari sa baku-bakong troso para sa kanilang proteksyon.²⁶

Masyadong nasaktan para tumakas, si Philo Dibble ay nanghihina sa kanyang bahay na malapit sa pamayanan ng mga Whitmer. Sinabi sa kanya ng doktor na mamamatay siya, ngunit kumapit siya upang mabuhay. Bago tumungo pahilaga si David Whitmer, nagpadala siya ng mensahe kay Philo na nangangakong mabubuhay pa siya. Paglaon ay dumating si Newel Knight, naupo sa tabi ng kanyang higaan, at tahimik na ipinatong ang kanyang kamay sa ulo ni Philo.

Nadama ni Philo ang Espiritu ng Panginoon na nahan sa kanya. Habang ang pakiramdam ay kumalat sa kanyang buong katawan, alam niya na siya ay gagaling. Tumayo siya, at ang kanyang mga sugat ay naglabas ng dugo at maliliit na piraso ng tela. Pagkatapos ay nagbihis siya at lumabas sa kauna-unahang pagkakataon simula noong labanan. Sa pagtingala niya, nakita niya ang napakaraming bulalakaw na gumuguhit sa buong kalangitan.²⁷

Sa kampo sa tabi ng Ilog Missouri, naglabasan ang mga Banal mula sa kanilang mga tolda at kubol upang makita ang pag-ulan ng bulalakaw. Sina Edward at ang kanyang anak na si Emily ay nanood nang may galak habang ang mga bituin ay tila bumubuhos sa paligid nila tulad ng malakas na ulan sa tag-araw. Para kay Emily, ito ay parang nagpadala ang Diyos ng mga ilaw upang palakasin ang loob ng mga Banal sa kanilang mga paghihirap.

Ang kanyang ama ay naniwala na ang mga ito ay tanda ng presensiya ng Diyos, isang dahilan para magalak sa gitna ng labis na pagdurusa.²⁸

SA KIRTLAND, ISANG KATOK sa pintuan ang gumising sa propeta. “Brother Joseph,” narinig niyang sinabi ng isang tinig, “bumangon po kayo at tingnan ang mga tanda sa kalangitan.”

Bumangon si Joseph at tumingin sa labas, at nakita niya ang mga bulalakaw na bumabagsak mula sa langit tulad ng mga yelo. “Kagila-gilalas ang Iyong mga gawa, O Panginoon!” bulalas niya, naaalala ang mga propesiya sa Bagong Tipan tungkol sa mga bituing bumabagsak mula sa

kalangitan bago ang Ikalawang Pagparito, kapag bumalik ang Tagapagligtas at maghahari nang isang libong taon sa kapayapaan.

“Salamat sa Iyong awa sa akin, na Iyong tagapaglingkod,” dalangin niya. “Oh Panginoon, iligtas Mo ako sa Iyong kaharian.”²⁹



Ang Kampo ng Israel

Sa loob ng ilang araw matapos ang paglitaw ng mga bula-lakaw, inasahan ni Joseph na may himalang mangyayari. Ngunit patuloy ang normal na pagdaloy ng buhay, at walang iba pang tanda ang lumitaw sa kalangitan. “Ang aking puso ay nalungkot nang kaunti,” pagtatapat niya sa kanyang journal. Mahigit tatlong buwan na ang lumipas simula nang inihayag ng Panginoon ang anumang bagay para sa mga Banal sa Sion, at hindi pa rin alam ni Joseph kung paano sila tutulungan. Tila sarado ang kalangitan.¹

Bilang dagdag sa pag-aalala ni Joseph, kailan lamang ay bumalik mula sa Palmyra at Manchester si Doctor Philastus Hurlbut na may dalang mga kuwento—huwad ang ilan, sobra naman ang iba—tungkol sa pagkabata ni Joseph. Habang lumalaganap ang mga kuwento sa paligid ng Kirtland, isinumpa rin ni Hurlbut na ipanghuhugas niya sa

kanyang mga kamay ang dugo ni Joseph. Hindi nagtagal ay nagsimula ang propeta na gumamit ng mga bodyguard.²

Noong Nobyembre 25, 1833, mahigit isang linggo matapos ang pag-ulan ng mga bulalakaw, dumating sa Kirtland si Orson Hyde at iniulat ang pagpapaalis sa mga Banal sa Jackson County.³ Nakapanlulumo ang balitang iyon. Hindi maunawaan ni Joseph kung bakit hinayaan ng Diyos na magdusa ang mga Banal at mawala sa kanila ang lupang pangako. Hindi rin niya makita ang kahihinatnan ng Sion. Nagdasal siya para sa patnubay, ngunit ang tanging sinabi ng Panginoon ay manatili lamang at magtiwala sa Kanya.

Agad na sinulatan ni Joseph si Edward Partridge. “Alam ko na ang Sion, sa takdang panahon ng Panginoon, ay matutubos,” kanyang patotoo, “ngunit hindi ipinaalam sa akin ng Panginoon kung ilang araw daranas ng pagpapadalisay, paghihinagpis, at paghihirap ang Sion.”

Wala nang ibang maibibigay, sinikap ni Joseph na aliwin ang kanyang mga kaibigan sa Missouri, sa kabila ng mga walong daang milya na namamagitan sa kanila. “Nang nalaman namin ang tungkol sa inyong mga pagdurusa, pinupukaw nito ang bawat simpatiya ng aming mga puso,” sulat niya. “Nawa’y ipagkaloob ng Diyos na sa kabila ng inyong labis na paghihirap at pagdurusa, walang makapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo.”⁴

PATULOY NA NAGDASAL SI Joseph, at pagsapit ng Disyembre sa wakas ay tumanggap siya ng paghahayag para sa mga Banal sa Sion. Ipinahayag ng Panginoon na sila ay naghihirap dahil sa kanilang mga kasalanan, ngunit Siya ay

nahabag sa kanila at nangako na hindi sila pababayaan. “Sila ay talagang kinakailangang parusahan at subukan, maging gaya ni Abraham,” paliwanag Niya kay Joseph, “sapagkat lahat ng yaong hindi makatitiis ng pagpaparusa, sa halip itinatatwa ako, ay hindi mapababanal.”

Tulad ng Kanyang naunang ginawa, inutusan ng Panginoon ang mga Banal na bumili ng mga lupain sa Sion at maghanap ng legal at mapayapang paraan upang mabawi kung ano ang nawala sa kanila. “Ang Sion ay hindi matitinag sa kanyang kinaroroonan,” pahayag Niya. “Sila na naiwan, at dalisay ang puso, ay babalik, at babalik sa kanilang mga mana.”⁵

Bagama’t ang paghahayag ay hinimok ang mga mapayapang negosasyon sa mga mamamayan ng Independence, sinabi rin ng Panginoon na maaaring mabawi sa pamamagitan ng kapangyarihan ang Sion. Ikinuwento Niya ang talinghaga ng isang ubasan na nakuha mula sa mga tamad na lingkod at winasak ng kaaway. Nang makita ng panginoon ng ubasan ang pagkawasak, kinastigo niya ang mga tagapaglingkod sa kanilang kapabayaan at inutusan ang mga ito na kumilos.

“Humayo at sama-samang tipunin ang natira sa aking mga tagapaglingkod, at dalhin ang lahat ng lakas ng aking sambahayan,” kanyang utos, “at magtungo ka kaagad sa lupain ng aking ubasan, at tubusin ang aking ubasan.” Hindi ipinaliwanag ng Panginoon ang talinghagang ito, ngunit sinabi Niya sa mga Banal na ito ay sumasalamin sa Kanyang kalooban para sa pagtubos ng Sion.⁶

Pagkalipas ng dalawang buwan, sina Parley Pratt at Lyman Wight ay nagtungo sa Kirtland dala ang iba pang

mga balita mula sa Missouri. Ang mga palakaibigang tao sa kabilang panig ng ilog mula sa Jackson County ay nagbigay sa mga Banal ng pagkain at mga damit kapalit ng pagtatrabaho, ngunit sila ay nagkalat pa rin at pinanghihinaan ng loob. Nais nilang malaman kung kailan at paano maliligtas ang Sion mula sa mga kaaway nito.⁷

Matapos marinig ang ulat, tumayo si Joseph sa kanyang kinauupuan at inihayag na pupunta siya sa Sion. Sa loob ng anim na buwan, naghandog siya ng nakahihikayat na mga salita at pag-asa sa mga Banal doon habang hinarap niya ang iba pang mga hamon sa Kirtland.

Ngayon ay nais niyang gumawa ng isang bagay para sa kanila—at gusto niyang malaman kung sino ang sasama sa kanya.⁸

NOONG ABRIL 1834, SA isang pulong ng isang maliit na branch ng simbahan sa New York, ang dalawampu't-pitong taong gulang na si Wilford Woodruff ay nakinig kay Parley Pratt na magsalaysay sa mga pinakabagong paghahayag ng Panginoon kay Joseph Smith. Tumatawag ito sa mga Banal na magtipon ng limang daang kalalakihan na maglalakbay kasama ng propeta papunta sa Missouri. “Ang pagtubos ng Sion ay talagang kinakailangang dumating sa pamamagitan ng kapangyarihan,” paghayag ng Panginoon. “Huwag matakot ang sinuman na ialay ang kanyang buhay para sa aking kapakanan.”⁹

Inanyayahan ni Parley ang mga bata at nasa katanghaliang-gulang na kalalakihan sa branch na magtungo

sa Sion. Ang bawat lalaki na maaaring sumama ay inaasahang sumama.

Sa pagtatapos ng pulong, ipinakilala ni Wilford ang sarili kay Parley. Siya at ang kanyang kuya na si Azmon ay sumapi sa simbahan tatlong buwan na ang nakalipas, at kapwa sila mga teacher sa Aaronic Priesthood. Sinabi ni Wilford na siya ay handang magpunta sa Sion, ngunit mayroon siyang mga bayarin at pautang na dapat singilin bago siya makaalis. Sinabi sa kanya ni Parley na kanyang tungkuling isaayos ang kanyang pananalapi at sumama sa paglalakbay.¹⁰

Kalaunan, kinausap ni Wilford si Azmon tungkol sa pagpunta sa Sion. Bagama't tinawag ng Panginoon ang bawat lalaki sa simbahan na malakas ang pangangatawan na sumama sa paglalakbay, nagpasiya si Azmon na manatili, atubiling lisanin ang kanyang tahanan, pamilya, at sakan. Subalit binata pa si Wilford, at sabik siyang magpunta sa Sion kasama ang propeta.¹¹

Dumating si Wilford sa Kirtland makalipas ang ilang linggo at nakilala sina Brigham Young at Heber Kimball, na kamakailan lamang ay lumipat sa Ohio kasama ang kanilang mga pamilya. Nagtatrabaho si Heber bilang isang magpapalayok, at siya at ang kanyang asawang si Vilate, ay may dalawang anak. Si Brigham ay isang karpintero na may dalawang maliit na anak na babae. Kamakailan, pinakasalan niya ang isang bagong binyag na si Mary Ann Angell matapos pumanaw ang kanyang unang asawa, si Miriam.¹² Ang dalawang lalaki ay kapwa handang sumama sa paglalakbay, sa kabila ng mga sakripisyo na kailangang gawin ng kanilang mga pamilya.

Ang mga pinsan ni Mary Ann, sina Joseph at Chandler Holbrook, ay kasama rin sa paglalakbay, maging ang kanilang mga asawa, sina Nancy at Eunice, at ang kanilang maliliit na anak. Nagplano sina Nancy at Eunice na tulungan ang iba pang kababaihan sa kampo, na magluluto, maglalaba ng mga damit, at aalagaan ang mga maysakit at sugatan sa daan patungong Missouri.¹³

Ang mga babae na nanatili sa kanilang tahanan ay naghanap ng iba pang mga paraan upang matustusan ang paglalakbay. Ilang sandali bago siya umalis papunta sa Sion, sinabi ni Joseph, “Kailangan ko ng pera para ipangtustos sa Sion, at alam ko na magkakaroon ako nito.” Kinabukasan, tumanggap siya ng \$150 mula sa isang Sister Vose sa Boston.¹⁴

Si Wilford at ilang mga Banal ay naglakbay patungong Sion noong Mayo 1. Sina Joseph, Brigham, Heber at ang mga Holbrook—pati na ang halos isang daang iba pang boluntaryo—ay umalis sa Kirtland makalipas ang ilang araw at sumama kina Wilford sa daan.

Nang matipon, ang puwersa ay maliit na bahagi lamang ng limang daang tinawag ng Panginoon.¹⁵ Gayunman, masaya silang naglakbay pakanluran, determinadong tuparin ang salita ng Panginoon.

MATAAS ANG INAASAHAN NI Joseph sa kanyang maliit na grupo, na tinawag niyang Kampo ng Israel. Bagama't sila ay armado at handang makipaglaban, na tulad ng mga sinaunang Israelita noong nakibaka sila para sa lupain ng Canaan, nais ni Joseph na lutasin ang alitan nang mapayapa.

Ang mga opisyal ng pamahalaan sa Missouri ay sinabi sa mga lider ng simbahan doon na si Gobernador Dunklin ay handang ipadala ang milisya ng estado para samahan ang mga Banal pabalik sa kanilang mga nawalang lupain. Siya, gayunpaman, ay hindi makapapangako na mapipigilan niya ang mga mandurumog na muli silang palayasin.¹⁶

Binalak ni Joseph na humingi ng tulong mula sa gobernador sa oras na dumating ang Kampo ng Israel sa Missouri, at pagkatapos ay makipagtulungan sa milisya na ibalik ang mga Banal sa Jackson County. Mananatili ang kampo ng isang taon sa Sion upang panatilihin ang mga Banal mula sa kanilang mga kaaway.¹⁷

Upang matiyak na lahat ng tao sa kampo ay may mapagkukunan, inilagay ng mga miyembro ng kampo ang kanilang salapi sa isang pangkalahatang pondo. Alinsunod sa huwaran ng Lumang Tipan, hinati ni Joseph ang mga lalaki sa mga pangkat, kung saan ang bawat grupo ay pipili ng isang kapitan.¹⁸

Habang papalapit sa kanluran ang Kampo ng Israel, nag-alala si Joseph tungkol sa pagpasok sa teritoryo ng kaaway kasama ang kanyang maliit na puwersa. Ang kanyang kapatid na si Hyrum at si Lyman Wight ay nangalap ng karagdagang mga lalaki sa mga branch ng simbahan sa hilagang-kanluran ng Kirtland, subalit sila ay hindi pa sumasama sa Kampo ng Israel at hindi alam ni Joseph kung nasaan na sila. Nag-alala rin siya na may mga espiyang nagmamasid sa mga galaw ng kampo at binibilang ang kanilang dami.¹⁹

Noong Hunyo 4, pagkatapos ng isang buwang paglalakbay, narating ng kampo ang Ilog Mississippi. Si Joseph

ay pagod at masakit ang katawan dahil sa paglalakbay, ngunit dama niya na handa niyang harapin ang mga hamon na naghihintay sa hinaharap.²⁰ Nalaman niya na ang mga ulat at sabi-sabi tungkol sa mga galaw ng kampo ay nakaabot na sa Missouri, at naghahanda ang daan-daang mamamayan para sa isang sagupaan. Pinag-iisipan niya kung ang mga Banal ba ay may sapat na lakas upang harapin ang mga ito.

“Ang kampo ay nasa mabuting katayuan tulad ng inaasahan,” isinulat niya kay Emma habang nakaupo sa tabing-ilog, “ngunit ang aming bilang at mapagkukunan ay lubhang kakaunti.”²¹

KINABUKASAN ANG ARAW AY mainit at maalinsangan habang naghihintay ang Kampo ng Israel na tumawid ng ilog papunta sa Missouri. Ang Mississippi ay mahigit isang milya ang lapad, at ang kampo ay may iisang bangka lamang na magagamit para sa kanilang pagtawid. Habang naghihintay sila, ilang miyembro ng kampo ang nangaso at nangisda samantalang ang iba ay pinaglabanang pagkainip at naghanap ng lilim para makatakas sa init ng araw.

Gumugol ang kampo ng dalawang nakapapagod na araw sa pagtawid sa ilog. Sa pagtatapos ng ikalawang araw, sila ay pagod at ninenerbiyos. Ngayong sila ay nasa Missouri na, marami sa kanila ay takot sa biglaang pag-atake. Nang gabing iyon, ang asong bantay ni Joseph ay gumulat sa lahat nang magsimula itong tumahol sa huling pangkat na dumating sa kampo.

Si Sylvester Smith, ang kapitan ng dumarating na pangkat, ay nagbantang papatayin ang aso kung hindi ito hihinto sa pagtahal. Pinayapa ni Joseph ang hayop, ngunit sina Sylvester at ang kanyang mga kasama ay inirereklamo pa rin ito kinabukasan ng umaga.²²

Narinig ang kanilang mga reklamo, tinipon ni Joseph ang mga miyembro ng kampo. “Bababa ako sa diwa na nasa kampo,” ipinahayag niya, “sapagkat nais kong maalis ito mula sa kampo.” Nagsimula siyang gayahin ang inasal ni Sylvester noong nakaraang gabi, inuulit ang mga banta ng kapitan laban sa aso. “Ang diwang ito ang nagpapanatili ng paghahati-hati at pagdanak ng dugo sa buong mundo,” sabi niya.

Si Sylvester, na walang kaugnayan kay Joseph, ay hindi natuwa. “Kapag kinagat ako ng asong iyan,” sabi niya, “Ako *ang* papatay sa kanya.”

“Kung papatayin mo ang asong iyan,” sabi ni Joseph, “Lalatiguhin kita.”

“Kung gagawin mo iyan,” sabi ni Sylvester, “ipagtatangol ko ang aking sarili!”²³

Pinanood ng kampo ang dalawang lalaki na masama ang tingin sa isa’t isa. Sa ngayon, walang pag-aaway na nabubuo sa pagitan nila, ngunit ang ilang linggong paglalakbay ay lubhang nagpabawas ng pasensya ng lahat.

Sa huli, tumalikod si Joseph kay Sylvester at tinanong sa mga Banal kung sila ay nahihiya rin ba na tulad niya sa damdaming umiiral sa kampo. Sinabi niya na kumikilos sila na parang aso kaysa sa mga tao. “Ang mga tao ay hindi nararapat na ipantay ang kanilang sarili sa mga hayop,” sabi niya. “Dapat sila ay nasa itaas ng mga ito.”²⁴

ANG TENSIYON SA KAMPO ay kumalma pagkatapos niyon, at ang maliit na grupo ay naglakad papasok sa kaloob-looban ng Missouri. Sina Nancy at Eunice Holbrook ay nanatiling abala sa pag-aasikaso sa kanilang mga pang-araw-araw na tungkulin, gayunman naunawaan nila na ang bawat hakbang na gawin nila patungo sa Jackson County ay naglalagay sa kanila sa tumitinding panganib.²⁵

Hindi nagtagal matapos matawid ang Ilog Mississippi ang pinakamalaking pangkat ng kampo, sina Hyrum Smith at Lyman Wight ay dumating kasama ang kanilang mga nakalap na tauhan, na nagdagdag sa bilang ng kampo at naging higit dalawang daang boluntaryo.²⁶ Gayunman, ang mga pinuno ng kampo ay nag-aalala pa rin sa isang pag-salakay, at sinabi ni Joseph sa mga lalaki na kasama ang mga pamilya na humanap ng masisilungan para sa kanilang mga asawa at anak.

Ilang kababaihan sa kampo ay tumutol na maiwan. Ngunit nang ang mga lalaki ay malapit nang umalis, tinipon ni Joseph ang lahat. “Kung ang mga kapatid na babae ay handang dumanas ng isang paglusob sa kampo,” sabi niya, “lahat sila ay maaaring sumama rito.”²⁷

Sina Nancy, Eunice, at ang iba pang mga kababaihan sa kampo ay nagsabi na sila ay handang sumama, masaya na pinahintulutan sila ni Joseph na pumili na ipagpatuloy ang paglalakbay.²⁸

ILANG ARAW KALAUNAN, SINA Parley Pratt at Orson Hyde ay dumating sa kampo dala ang hindi magandang balita: tumanggi si Gobernador Dunklin na magbigay ng suportang

milisya para sa mga Banal.²⁹ Kapag wala ang tulong ng gobernador, batid ng kampo, hindi nila magagawang makatulong sa mga Banal sa Missouri na bumalik sa kanilang mga lupain sa Sion nang mapayapa. Nagpasiya si Joseph at kanyang mga kapitan na magpatuloy. Umasa sila na maabot ang mga ipinatapong Banal sa Clay County, na nasa hilaga ng Ilog Missouri, at tulungan silang makipag-ayos sa isang kompromiso sa mga tao ng Jackson County.³⁰

Ang Kampo ng Israel ay tumawid sa kaparangan ng gitnang Missouri. Halos isang araw na paglalakbay mula sa kanilang destinasyon, isang babaeng itim—marahil isang alipin—ay ninenerbiyos silang tinawag. “May isang grupo ng kalalakihan dito na nagpaplanong patayin kayo ngayong umaga kapag dumaan kayo,” sabi niya.³¹

Maingat na nagpatuloy ang kampo sa paglalakad. Ginambala ng mga problema sa bagon, napilitan silang tumigil para sa magdamag sa isang burol kung saan tanaw ang krus na daan sa Ilog Fishing, sampung milya ang layo mula sa ipinatapong mga Banal. Habang itinatayo nila ang kanilang mga tolda, narinig nila ang mga dumadagundong na kabayo habang limang lalaki ang pumasok sa kampo. Iwinasiwas ng mga dayuhan ang kanilang mga sandata at nagyabang na higit sa tatlong daang kalalakihan ang papunta na upang lipulin ang mga Banal.³²

Nanaig ang takot sa Kampo ng Israel. Alam na nahihigitan sila sa bilang, nagtalaga ng mga bantay si Joseph sa paligid ng lugar, tiyak na ang pagsalakay ay nalalapit na. Isang lalaki ang nakiusap sa kanya na una silang umatake sa mga mandurumog.

“Hindi,” sagot ni Joseph. “Tumayo nang hindi natitinag at masdan ang pagliligtas ng Diyos.”³³

Sa langit ang mga ulap ay mukhang makapal at kulay-abo. Pagkalipas ng dalawampung minuto, ang malalakas na ulan ay bumuhos sa kampo, itinataboy ang kalalakihan sa kanilang mga tolda habang nagkandarapa sila na makahanap ng mas maayos na masisilungan. Ang mga pampang ng Ilog Fishing ay naglaho habang tumataas ang tubig at rumagasa.³⁴ Humampas ang hangin sa kampo, tinutumba ang mga puno at binabaklas ang mga tolda. Matatalim na kidlat ang gumuhit sa kalangitan.

Si Wilford Woodruff at ang iba pa sa kampo ay nakatagpo ng isang maliit na simbahan sa kalapit na lugar at nagsiksikan sa loob habang hinahagupit ng ulang may yelo ang bubong.³⁵ Pagkaraan ng ilang sandali, biglang pumasok si Joseph sa simbahan, pinapagpag ang tubig sa kanyang sombrero at damit. “Mga kasama, may ilang kahulugan ito,” sabi niya. “Ang Diyos ay narito sa bagyo!”

Hindi makatulog, ang mga Banal ay nahiga sa maha-habang bangko at kumanta ng mga himno sa buong magdamag.³⁶ Kinaumagahan, natagpuan nila ang kanilang mga tolda at gamit na basang-basa at nakakalat sa buong kampo, ngunit walang nasira na hindi na maisasalba pa at walang pagsalakay na naganap.

Ang mga ilog ay nanatiling matataas ang tubig, inihihiwalay ang kampo mula sa kanilang mga kaaway sa kabilang pampang.³⁷

NANG SUMUNOD NA ILANG araw, ang Kampo ng Israel ay nakipag-ugnayan sa mga Banal sa Clay County habang si Joseph ay nakipagkita sa mga opisyal mula sa mga karatig na county upang ipaliwanag ang layunin ng paglalakbay at magmakaawa para sa mga Banal sa Sion. “Kami ay nasasabik na makipag-ayos sa mga problemang namamagitan sa atin,” sinabi ni Joseph sa kanila. “Nais naming makipamuhay nang mapayapa sa lahat ng tao, at pantay na karapatan para sa lahat ang tanging hiling namin.”³⁸

Ang mga opisyal ay pumayag na tumulong pahupahin ang galit ng kanilang mga kababayan, pero nagbabala sila sa kampo na huwag pumunta sa Jackson County. Kung ang mga Banal ay susubok na pumunta sa Independence, isang madugong labanan ang maaaring magsimula.³⁹

Kinabukasan, Hunyo 22, sa isang kapulungan ng mga lider ng simbahan, nakatanggap si Joseph ng paghahayag para sa Kampo ng Israel. Tinanggap ng Panginoon ang mga sakripisyo ng mga miyembro nito ngunit itinuong ang kanilang mga pagsisikap sa pagtatamo ng banal na kapangyarihan. “Ang Sion ay hindi maitatayo,” Kanyang pahayag, “kung hindi ito ayon sa mga alituntunin ng batas ng kahariang selestiyal.”

Sinabi ng Panginoon sa mga Banal na dapat silang maghintay na tubusin ang Sion hanggang naihanda nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pag-aaral at karanasan upang gawin ang kalooban ng Diyos. “At ito ay hindi maaaring maisakatuparan,” paliwanag Niya, “hanggang sa ang aking mga elder ay mapagkalooban ng kapangyarihan mula sa itaas.” Ang kaloob o endowment na ito ay dadalhin sa bahay ng Panginoon, ang templo sa Kirtland.

Nalulugod ang Panginoon, gayunman, sa mga taong naglakbay sa Kampo ng Israel. “Aking narinig ang kanilang mga panalangin, at tatanggapin ang kanilang mga handog,” Kanyang sinabi, “at kapaki-pakinabang sa akin na sila ay dalhin sa ganito bilang pagsubok sa kanilang pananampalataya.”⁴⁰

MATAPOS NILANG MARINIG ANG paghahayag, ang ilang miyembro ng kampo ay tinanggap ito bilang salita ng Panginoon. Ang iba ay tumutol, pakiramdam na ipinagka-it nito sa kanila ang pagkakataong makagawa nang higit pa para sa mga Banal sa Missouri. Ang ilang tao ay nagalit at nahihiya na magsisiuwi sila nang walang labanang nangyari.⁴¹

Nabuwag ang kampo pagkatapos nito, at ang kaunting natira sa pangkalahatang pondo ay hinati sa mga miyembro nito. Ang ilang tao sa kampo ay nagplano na mamalagi sa Missouri upang magtrabaho at tumulong sa mga Banal na muling magsimula, samantalang sina Brigham, Heber at ang iba pa ay hinanda ang kanilang sarili na bumalik sa kanilang mga pamilya, tapusin ang templo, at maghandang tanggapin ang kaloob na kapangyarihan.⁴²

Kahit na hindi natubos ng kampo ang Sion, si Wilford Woodruff ay nagpapasalamat sa kaalamang nakamtan niya sa paglalakbay. Naglakbay siya nang halos isang libong milya kasama ang propeta at nakita siya na naghahayag ng salita ng Diyos.⁴³ Ang karanasan ay iniwan siya na may hangaring ipangaral ang ebanghelyo.

Hindi pa alam ni Wilford kung ang pangangaral ay nasa kanyang kinabukasan, ngunit nagdesisyon siyang manatili sa Missouri at gawin ang anumang hilingin sa kanya ng Panginoon.⁴⁴



Mga Katiwala sa Ministryong Ito

Nang naghiwalay ang Kampo ng Israel, lumaganap ang nakamamatay na kolera sa mga hanay nito. Ang mga Banal na malulusog ilang oras lamang ang nakararaan ay biglang tumumba, at hindi makagalaw. Sila ay paulit-ulit na sumuka at nakaranas ng matitinding pananakit ng tiyan. Ang mga daing ng mga maysakit ay maririnig sa kampo, at marami sa kalalakihan ang masyadong nanghihina para magbantay.

Si Nancy Holbrook ay isa sa mga unang nagkasakit. Ang kanyang hipag na si Eunice di naglaon ay nakasama na rin niya, nanghihina sa labis na pananakit ng mga kalamnan.¹ Ginugol ni Wilford Woodruff ang halos buong gabi at sumunod na araw sa paggamot sa isang maysakit na lalaki sa kanyang pangkat.² Si Joseph at ang mga elder sa kampo ay nagbigay ng basbas sa mga maysakit, ngunit hindi nagtagal ay tinamaan din ng sakit ang marami sa

kanila. Nagkasakit si Joseph pagkaraan ng ilang araw at nanlupaypay sa kanyang tolda, hindi tiyak kung mabubuhay pa siya.³

Noong nagsimulang mangamatay ang mga tao, binalot ni Heber Kimball, Brigham Young, at ng iba pa ang mga bangkay sa kumot at inilibing ang mga ito sa isang kalapit na sapa.⁴

TUMAGAL ANG SAKIT NA kolera nang ilang araw, at tuluyang nawala noong unang bahagi ng Hulyo. Sa panahong iyon, mahigit animnapung mga Banal ang nagkasakit. Gumaling si Joseph, tulad nina Nancy, Eunice, at karamihan sa mga tao sa kampo. Subalit mahigit sa isang dosenang Banal ang pumanaw sa biglang pagkalat ng sakit, kabilang na sina Sidney Gilbert at Betsy Parrish, isa sa kababaihan sa kampo. Nagluksa si Joseph para sa mga biktima at kanilang mga pamilya. Ang huling taong namatay ay si Jesse Smith, ang kanyang pinsan.⁵

Ang muntik nang pagkamatay ni Joseph ay isang paalala kung gaano kadalang mababawi ang kanyang buhay mula sa kanya. Sa edad na dalawampu't-walong taong gulang, nagsisimula siyang mas mag-alala kung paano niya matatapos ang kanyang banal na misyon.⁶ Kung mamamatay na siya ngayon, ano ang mangyayari sa simbahan? Sapat na ba ang lakas nito upang manatili kahit wala na siya?

Alinsunod sa utos ng Panginoon, isinagawa na ni Joseph ang mga pagbabago sa pamunuan ng simbahan upang maibahagi ang mga pasanin sa pangangasiwa. Sa panahong ito, sina Sidney Rigdon at Frederick Williams

ay naglilingkod kasama niya sa panguluhan ng simbahan. Itinakda rin niya ang Kirtland na maging isang stake ng Sion, o bilang isang opisyal na lugar para sa pagtitipon ng mga Banal.⁷

Kailan lamang, matapos tumanggap ng isang pangitain kung paano itinatag ni Pedro ang simbahan ng Panginoon noong sinaunang panahon, inorganisa ni Joseph ang isang mataas na kapulungan [high council] ng labindalawang high priest sa Kirtland para tulungan siyang pamahalaan ang stake at pamunuan ito kung wala siya.⁸

Matapos humupa ang kolera, inorganisa pang lalo ni Joseph ang simbahan. Pinulong ang mga lider ng simbahan sa Clay County noong Hulyo 1834, bumuo siya ng isang high council sa Missouri at itinalaga si David Whitmer na mamuno sa simbahan doon sa tulong ng dalawang tagapayo, sina William Phelps at John Whitmer.⁹ Pagkatapos ay umalis siya patungo sa Kirtland, sabik na matapos ang templo at matanggap ang kaloob na kapangyarihan na tutulong sa mga banal na tubusin ang Sion.

Batid ni Joseph ang mabibigat na problemang haharapin. Nang umalis siya ng Kirtland noong tagsibol na iyon, ang mga dingding ng templo na yari sa sandstone ay apat na talampakan ang taas, at ang pagdating ng ilang mahuhusay na manggagawa sa bayan ay nagbigay sa kanya ng pag-asa na mapagtatanto ng mga Banal ang plano ng Panginoon para sa Kanyang bahay. Ngunit ang mga kawalan sa loob at paligid ng Independence—sa palimbagan, tindahan, at maraming acres ng lupa—ay nagpahirap sa pananalapi ng mga Banal. Sina Joseph, Sidney, at iba pang mga lider ng simbahan ay nabaon din sa utang, pumayag sa mabibigat

na pautang upang mabili ang lupa para sa Kirtland temple at tustusan ang Kampo ng Israel.

Dahil ang mga negosyo ng simbahan ay nahinto o nahihirapan, at walang maaasahang sistema sa pagkolekta ng mga donasyon mula sa mga Banal, hindi makapagbayad ang simbahan para sa templo. Kung si Joseph at ang iba pang mga lider ay mabibigong ibigay sa oras ang kanilang mga bayad, maaaring mailit ng mga pinagkakautangan nila ang sagradong gusali. At kung mawawala ang templo, paano nila maaaring tanggapin ang kaloob na kapangyarihan at tubusin ang Sion?¹⁰

SAMANTALA SA KIRTLAND, NABABAHALA rin si Sidney Rigdon na gaya ni Joseph tungkol sa pagtatapos ng templo. “Dapat nating gawin ang lahat ng pagsisikap upang matapos ang gusaling ito sa oras na itinakda,” sinabi niya sa mga Banal. “Dito nakasalalay ang kaligtasan ng simbahan at ng mundo.”¹¹

Sinubaybayan ni Sidney ang pagsulong ng pagtatayo sa templo habang si Joseph ay nasa Missouri. Dahil kulang sa mga binatang gagawa ng trabaho, si Artemus Millet, ang tagapamahala sa konstruksiyon, ay umupa ng mas may edad na kalalakihan, pati na mga babae at bata para magtrabaho sa gusali. Marami sa kababaihan ang gumawa ng mga trabahong karaniwang ginagawa ng mga lalaki, tumutulong sa mga mason at nagmamando ng mga bagon paroo’t parito sa lugar ng tibagan upang hilahin ang mga bato para sa templo. Nang nakabalik na si Joseph at ang

Kampo ng Israel sa Kirtland, ang mga pader ay naitayo na nang ilang talampakan ang taas sa ibabaw ng pundasyon.

Ang pagbabalik ng kampo ay nagpabilis sa konstruksiyon sa tag-init at taglagas ng 1834.¹² Nagtibag ng bato ang mga Banal, binuhat ang mga ito papunta sa lote ng templo, at itinayo ang mga pader ng templo sa araw-araw. Si Joseph ay nagtrabaho kasama ng mga manggagawa sa pagtitibag nila ng mga bloke ng bato mula sa isang kalapit na sapa. Ang ilan ay nagtrabaho sa lagarian ng simbahan upang ihanda ang mga troso para sa mga tahilan, kisame, at sahi. Ang iba naman ay tumulong na magbuhat ng kahoy at bato sa puwesto kung saan ito kailangan.¹³

Samantala, si Emma at ang iba pang kababaihan ay gumagawa ng mga damit para sa mga manggagawa at parati silang pinakakain. Si Vilate Kimball, asawa ni Heber, ang nagpaikot ng isandaang libra ng balahibo ng tupa upang maging sinulid, hinabi ito para maging tela, at nanahi ng mga damit para sa mga manggagawa, na hindi man lang gumagawa ng isang pares ng ekstrang medyas para sa kanyang sarili.

Ang sigasig ng mga Banal na makumpleto ang templo ang nagpalakas ng loob ni Sidney, ngunit ang utang ng simbahan ay lumalaki sa pagdaan ng mga araw, at sapagkat inilagda niya ang kanyang pangalan sa marami sa pinakamabibigat na pautang, alam niya na siya ay masisira sa pananalapi kung hindi makababayad ang simbahan. Nang makita niya ang kahirapan ng mga Banal at ang mga sakripisyong ginagawa nila para matapos ang templo, natakot din si Sidney na hindi sila magkakaroon ng mga mapagkukunan o paninindigan upang matapos ito.

Nadadaig ng pag-aalala, minsan ay umaakyat siya sa ibabaw ng mga pader ng templo at nagsusumamo sa Diyos na ipadala sa mga Banal ang mga pondo na kailangan nila para matapos ang templo. Habang nanalangin siya, tumulo ang luha sa kanyang mga mata sa mga bato sa ilalim ng kanyang paa.¹⁴

LIMANG DAANG MILYA SA hilagang-silangan ng Kirtland, ang dalawampu't-isang taong gulang na si Caroline Tippets ay maingat na nagtatabi ng malaking halaga ng pera sa mga damit at iba pang mga bagay na kanyang dadalhin mula sa New York patungong Missouri. Siya at ang kanyang nakababatang kapatid na si Harrison ay lilipat pakanluran, umaasang makapaninirahan sa isang lugar malapit sa Jackson County. Narinig nila ang tungkol sa pag-uusig sa mga Banal doon, ngunit nais nilang sundin ang utos ng Panginoon na magtipon sa Missouri at bumili ng lupain sa Sion bago ito inagaw ng mga kaaway ng simbahan.¹⁵

Ang kautusan ay bahagi ng paghahayag na natanggap ni Joseph matapos niyang malaman ang tungkol sa pagpapaalis sa mga Banal mula sa Sion. “Bilhin ang lahat ng lupain,” mababasa roon, “na maaaring bilhin sa Jackson County, at sa mga county sa paligid.” Ang pondo ay darating sa pamamagitan ng mga donasyon. “Tipunin ng buong simbahan ang lahat ng kanilang salapi,” iniatas ng Panginoon, “at ang mararangal na tao ay italaga, maging ang matatalinong tao, at isugo sila upang bilhin ang mga lupaing ito.”¹⁶

Nang nalaman ng mga lider ng branch ni Caroline ang tungkol sa paghahayag, tinawag nila ang maliit na grupo ng mga Banal upang mag-ayuno at manalangin para sa tulong ng Panginoon sa pagkolekta ng pera para makabili ng mga lupain sa Missouri. Ang ilang miyembro ng branch ay nagbigay ng malalaking donasyon ng salapi at mga ari-arian sa pondo. Ang iba naman ay nagbigay ng ilang dolyar.

Si Caroline ay may humigit-kumulang \$250 na maaari niyang ilagay sa pondo. Ito ay higit pa sa perang ipinagkaloob ninuman sa branch at marahil higit pa sa inaasahan ninuman na kaya niyang ibigay, ngunit alam niyang makakatulong ito sa mga Banal na tubusin ang lupang pangako. Nang idinagdag niya ang kanyang donasyon sa pondo, ang kabuuang halaga ay umabot sa halos \$850, isang malaking halaga ng pera.

Pagkatapos ng pulong, si Harrison at ang kanyang pinsang si John ay pinili na maglakbay sa Missouri upang bumili ng lupain. Nagpasiyang sumama si Caroline sa kanila at pangalagaan ang kanyang parte sa mga donasyon. Matapos ilagay sa ayos ni John ang ilang negosyo at inihanda ng mga miyembro ng pamilya ang pangkat ng mga hayop at mga bagon para sa kanila, ang tatlo ay handa nang tumungo sa Missouri.

Sa kanyang pagsakay sa bagon, inasam ni Caroline na magsimula ng bagong buhay sa Kanluran. Dahil ang mga Tippets ay nagplanong humimpil sa Kirtland sa kanilang paglalakbay, binigyan sila ng kanilang mga lider ng branch ng liham ng pagpapakilala sa propeta, ipinaliwanag kung saan nanggaling ang pera nila at kung ano ang balak nilang gawin dito.¹⁷

SA BUONG TAGLAGAS NG 1834, si Joseph at iba pang mga lider ng simbahan ay patuloy na naantala sa kanilang mga pagbabayad sa lupa ng templo, at ang interes sa pautang ay patuloy na lumaki. Ang ilang manggagawa ay nagboluntaryo ng kanilang oras na gumawa sa templo, na nakapagpagaan kahit paano sa pinansiyal na pasanin ng simbahan. Kapag ang mga pamilya ay may sobrang pera o produkto, minsan ay inaalok nila ito sa simbahan para sa proyekto sa templo.¹⁸

Ang iba naman, kapwa sa loob at labas ng simbahan, ay nagpaabot ng pautang, nagpapahiram ng pera upang panatilihin ang pagsulong ng konstruksyon. Ang mga donasyon at pautang, sa gayon, ang ipinambabayad sa mga materyales at nagtutulot sa mga tao na walang hanapbuhay na makapagtrabaho.¹⁹

Ang mga pagsisikap na ito ang nagpataas pang lalo sa mga pader ng templo, at sa mga huling buwan ng taon, ang mga ito ay sapat na ang taas para sa mga karpintero na simulan ang paglalagay ng mga tahilan ng itaas na palapag. Ngunit ang pera ay laging salat, at panay ang dasal ng mga lider ng simbahan para sa karagdagang pondo.²⁰

Sa unang bahagi ng Disyembre, ang pamilya Tippets ay dumating sa Kirtland, at ibinigay nina Harrison at John ang sulat ng kanilang branch sa high council. Halos paparing na sa kanila ang taglamig, tinanong nila ang konseho kung dapat ba silang magpatuloy sa Missouri o magpalipas ng panahon sa Kirtland. Pagkaraan ng kaunting talakayan, inirekomenda ng high council na ang pamilya ay manatili muna sa Ohio hanggang sa tagsibol.

Desperado sa pera, hinilingan din ng kapulungan ang mga binata na pahiramin ng pera ang simbahan, nanga-ngakong babayaran ito bago sila umalis sa tagsibol. Sina Harrison at John ay pumayag na ipahiram sa simbahan ang bahagi ng \$850 mula sa kanilang branch. Dahil malaking bahagi ng perang ito ay kay Caroline, tinawag siya sa pulong ng kapulungan at ipinaliwanag ang mga kasunduan ng pautang, kung saan kusang-loob niya itong tinanggap.

Kinabukasan, nagalak sina Joseph at Oliver habang nagpasalamat sila sa Panginoon para sa mga pinansyal na kaluwagan na dala ng pamilya Tippetts.²¹

MAS MARAMING PAUTANG AT donasyon ang dumating sa simbahan noong taglamig na iyon, ngunit alam ni Joseph na hindi pa rin sapat ang mga ito para sa lumalaking gastusin ng templo. Gayunman, ipinakita ni Caroline Tippetts at ng kanyang pamilya, na maraming Banal mula sa mga liblib na lugar na may branch ng simbahan ang nais gawin ang kanilang bahagi sa gawain ng Panginoon. Sa pagsisimula ng bagong taon, natanto ni Joseph na kailangan niyang humanap ng paraan upang mapalakas ang mga branch na ito at hingin ang kanilang tulong sa pagtapos sa templo nang sa gayon ang mga Banal ay mapagkalooban ng kapangyarihan.

Ang solusyon ay dumating mula sa isang paghahayag na natanggap ni Joseph ilang taon na ang nakararaan na nag-atas kina Oliver Cowdery at David Whitmer na maghanap ng labindalawang apostol upang ipangaral ang ebanghelyo sa mundo. Tulad ng mga apostol sa Bagong Tipan,

ang mga lalaking ito ay kikilos bilang mga natatanging saksi ni Cristo, nagbibinyag sa Kanyang pangalan at nagtitipon ng mga miyembro sa Sion at sa mga branch nito.²²

Bilang isang korum, ang labindalawang apostol ay gaganap din bilang isang naglalakbay na high council at magministro sa mga lugar na nasa labas ng nasasakupan ng mga high council sa Ohio at Missouri.²³ Sa kapasidad na ito, maaari nilang patnubayan ang gawaing misyonero, pangasiwaan ang mga branch, at mangalap ng pondo para sa Sion at sa templo.

Isang araw ng Linggo sa unang bahagi ng Pebrero, inanyayahan ni Joseph sina Brigham at Joseph Young sa tahanan niya. “Nais kong ipaalam ninyo sa lahat ng kapatid na nasa mga branch, na di kalayuan sa lugar na ito, na magtipon sa pangkalahatang kumperensya sa susunod na Sabado,” sabi niya sa magkapatid. Sa kumperensyang iyon, paliwanag niya, labindalawang lalaki ang itatalaga sa bagong korum.

“At ikaw,” sabi ni Joseph kay Brigham, “ay magiging isa sa kanila.”²⁴

NOONG SUMUNOD NA LINGGO, Pebrero 14, 1835, nagtipon ang mga Banal sa Kirtland para sa kumperensya. Sa ilalim ng pamamahala ni Joseph, sina Oliver, David, at ang kapwa nila saksi sa Aklat ni Mormon, na si Martin Harris, ay ipinahayag ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Ang bawat isa sa mga lalaking tinawag ay naglingkod na nangangaral sa mga misyon, at walo sa kanila ay sumama sa Kampo ng Israel.²⁵

Sina Thomas Marsh at David Patten, na kapwa nasa kalagitnaan ng kanilang ika-apat na dekada, ang pinakamatatanda sa Labindalawa. Si Thomas ay isa sa mga unang nabinyagan, matapos magkaroon ng patotoo sa Aklat ni Mormon nang ang unang mga kopya ay inililimbag pa lamang. Naglingkod si David sa ilang misyon sa loob ng tatlong taon mula nang siya ay nabinyagan.²⁶

Tulad ng sinabi ni Joseph isang linggo bago iyon, tinawag din si Brigham sa korum. At tinawag din ang kanyang pinakamatalik na kaibigang si Heber Kimball. Ang dalawang lalaki ay tapat na naglingkod bilang kapitan sa Kampo ng Israel. Ngayon ay muling lilisanin ni Brigham ang kanyang kagamitan sa pagkakarapintero at si Heber ang kanyang gulong ng magpapalayok upang magpatuloy sa paglilingkod sa Panginoon.

Tulad ng mga apostol sa Bagong Tipan na sina Pedro at Andres at Santiago at Juan, dalawang pares ng mga magkakapatid ang tinawag sa Labindalawa. Ipinalaganap nina Parley at Orson Pratt ang ebanghelyo sa silangan at kanluran at ngayon ay ilalaan ang kanilang sarili sa paglilingkod sa mga branch ng simbahan sa lahat ng dako. Sina Luke at Lyman Johnson ay nangaral sa timog at hilaga at muling hahayo, ngayon ay may karapatan bilang apostol.²⁷

Pinili ng Panginoon ang kapwa mga edukado at ang mga hindi nakapag-aral. Sina Orson Hyde at William McLellan ay nagturo sa Paaralan ng mga Propeta at dinala ang kanilang matalas na isipan sa korum. Bagama't dalawampu't-tatlong taong gulang lamang, si John Boynton ay nakakamit ng malaking tagumpay bilang missionary at isa lamang sa iilang apostol na nakapag-aral sa unibersidad.

Ang nakababatang kapatid ng propeta na si William ay hindi nakatamasa ng parehong benepisyo ng pormal na edukasyon, ngunit siya ay isang marubdob na tagapagsalita, walang takot sa harap ng oposisyon, at mabilis na ipinagtatanggol ang mga nangangailangan.²⁸

Matapos ang pagtawag sa mga apostol, binigyan sila ni Oliver ng isang mahalagang utos. “Huwag kailanman tumigil sa pagsisikap hanggang sa makita ninyo ang Diyos, nang harap-harapan,” sinabi niya sa kanila. “Palakasin ang inyong pananampalataya, iwaksi ang inyong mga pagdududa, inyong mga kasalanan, at lahat ng inyong kawalangpaniniwala, at walang makahahadlang sa inyo na lumapit sa Diyos.”

Ipinangako niya sa kanila na sila ay mangangaral ng ebanghelyo sa malalayong bansa at titipunin ang marami sa mga anak ng Diyos tungo sa kaligtasan ng Sion.

“Kayo ay magiging mga katiwala sa ministeryong ito,” kanyang patotoo. “May gawain tayong gagawin na walang ibang taong makagagawa. Dapat ninyong ipahayag ang ebanghelyo sa kadalisayan at kasimplihan nito, at pinupuri namin kayo sa Diyos at sa salita ng Kanyang biyaya.”²⁹

DALAWANG LINGGO PAGKATAPOS ANG pagbubuo sa Labindalawa, bumuo si Joseph ng isa pang korum ng priesthood upang makasama ng mga apostol sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, pagpapalakas ng mga branch, at pagkolekta ng mga donasyon para sa simbahan. Ang mga miyembro ng bagong korum na ito, tinawag na Korum ng Pitumpu, ay pawang mga beterano ng Kampo ng Israel. Sila ay

maglalakbay sa malalayong lugar, alinsunod sa halimbawa sa Bagong Tipan ng pitumpung disipulo na naglalakbay nang dala-dalawa sa bawat lunsod upang ipangaral ang salita ni Jesus.³⁰

Pumili ang Panginoon ng pitong kalalakihan upang mamuno sa korum, kabilang na sina Joseph Young at Sylvester Smith, ang kapitan ng pangkat na nakipag-away sa propeta noong lumakad ang Kampo ng Israel. Sa tulong ng high council ng Kirtland, nalutas ng dalawang lalaki ang kanilang mga hindi pagkakaunawaan noong tag-init na iyon at pinunan ang kanilang mga pagkukulang.³¹

Matapos ang kanilang pagkahirang, nagsalita ang propeta sa mga bagong korum. “Ang ilan sa inyo ay galit sa akin dahil hindi kayo lumaban sa Missouri,” sabi niya. “Ngunit hayaan ninyong sabihin ko sa inyo, hindi nais ng Diyos na makipag-away kayo.” Sa halip, paliwanag ni Joseph, tinawag sila ng Diyos sa Missouri upang subukan ang kanilang pagpayag na magsakripisyo at ilaan ang kanilang buhay sa Sion, at patatagin ang kapangyarihan ng kanilang pananampalataya.

“Hindi Niya maaaring itayo ang Kanyang kaharian sa pamamagitan ng labindalawang kalalakihang magbubukas ng mga pinto ng ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig, at pitumpung kalalakihan sa ilalim ng pangangasiwa ng mga ito na sumunod sa kanilang landas,” itinuro niya, “maliban lamang kung kinuha Niya ang mga ito mula sa kalalakihang inialay ang kanilang mga buhay, at gumawa ng sakripisyong kasing dakila ng ginawa ni Abraham.”³²



Huwag Mo Akong Itakwil

Noong tag-init ng 1835, habang ang mga apostol ay nagmisyon sa mga estado sa silangan at sa Canada, nagtulungan ang mga Banal na matapos ang templo at maghanda para sa pagkakaloob ng kapangyarihan. Ligtas sa karahasan at kawalan na dinanas ng mga Banal sa Missouri, ang Kirtland ay lumago at espirituwal na umunlad habang ang mga bagong binyag ay nagtipon sa bayan at tumulong sa gawain ng Panginoon.¹

Noong Hulyo, isang karatula ang lumitaw na nagpapatalastas ng “Egyptian Antiquities” sa bayan. Nagkuwento ito tungkol sa pagkakatuklas sa daan-daang mummy sa isang libingan sa Egipto. Ang ilan sa mga mummy, gayundin ang ilang sinaunang papyrus scroll, ay ipinakita sa lahat ng dako ng Estados Unidos, na umaakit ng maraming taong manonood.²

Si Michael Chandler, ang lalaki na nagtatanghal ng mga artepakto ng ito, ay narinig ang tungkol kay Joseph, at tumungo sa Kirtland upang makita kung gusto niyang bilhin ang mga ito.³ Sinuri ni Joseph ang mga mummy, ngunit mas interesado siya sa mga scroll. Puno ang mga ito ng kakaibang mga sulatin at larawan ng mga tao, bangka, ibon, at ahas.⁴

Pinahintulutan ni Chandler ang propeta na iuwi mga scroll at pag-aralan ang mga ito nang buong magdamag. Alam ni Joseph na ang Egipto ay nagkaroon ng mahalagang papel sa buhay ng maraming propeta sa Biblia. Alam din niya na sina Nephi, Mormon, at iba pang mga manunulat ng Aklat ni Mormon ay itinala ang kanilang mga salita sa tinatawag ni Moroni na “binagong wikang Egipto.”⁵

Habang sinusuri niya ang mga nakasulat sa mga scroll, napagtanto niya na ang mga ito ay naglalaman ng mahahalagang turo mula sa patriyarka ng Lumang Tipan na si Abraham. Kinabukasan nang nakipagkita kay Chandler, tinanong ni Joseph kung magkano ang nais niya para sa mga scroll.⁶ Sinabi ni Chandler na ipagbibili lamang niya nang magkasama ang mga scroll at mummy sa halagang \$2,400.⁷

Ang presyo ay higit pa sa kaya ni Joseph. Nahihirapan pa rin ang mga Banal na tapusin ang templo sa limitadong pondo, at ilang tao sa Kirtland ang may pera para ipahiram sa kanya. Ngunit naniwala si Joseph na sulit ang presyo ng mga scroll, at siya at ang iba pa ay mabilis na tinipon ang sapat na pera upang mabili ang mga artepakto.⁸

Lumaganap ang kasabikan sa simbahan habang si Joseph at ang kanyang mga tagasulat ay nagsimulang alamin ang kahulugan ng mga sinaunang simbolo, tiwala na

agad na ipakikita ng Panginoon ang karagdagan sa mga mensahe nito sa mga Banal.⁹

KAPAG HINDI PINAG-AARALAN NI Joseph ang mga scroll, inilalagay niya ang mga ito at ang mga mummy sa isang pagtatanghal para sa mga bisita. Nagkaroon si Emma ng malaking interes sa mga artepakto at maingat na nakinig habang ipinaliliwanag ni Joseph ang kanyang pang-unawa sa mga sulatin ni Abraham. Kapag hinihiling ng mga mausisang tao na makita ang mga mummy, madalas na siya mismo ang nagpapakita ng mga ito sa kanila, ibinabahagi ang naituro ni Joseph sa kanya.¹⁰

Ito ay isang kapana-panabik na panahon para tumira sa Kirtland. Habang ang mga kritiko ng simbahan ay tinutugis pa rin ang mga Banal, at patuloy na nililigalig ng mga utang sina Joseph at Sidney, nakikita ni Emma ang pagpapala ng Panginoon sa kanyang paligid. Natapos ng mga manggagawa sa templo ang bubong noong Hulyo at kaagad sinimulan ang pagtatayo ng isang mataas na tore.¹¹ Sina Joseph at Sidney ay nagsimulang magdaos ng mga pulong sa Sabbath sa hindi pa natatapos na gusali, na kung minsan ay umaakit ng mga isang libong katao sa loob nito upang marinig silang mangaral.¹²

Nakatira na ngayon sina Emma at Joseph sa isang bahay na malapit sa templo, at mula sa kanyang bakuran ay nakikita ni Emma sina Artemus Millet at Joseph Young na tinatakpan ang panlabas na pader ng templo ng isang asul at kulay-abong estuko, na kanilang ginuguhitan upang magmukhang hiniwang bloke ng bato.¹³ Sa ilalim

ng pamamahala ni Artemus, ang mga bata ay tumulong mangolekta ng mga piraso ng basag na salamin at mga babasagin upang durugin sa maliliit na piraso at ihalo sa estuko. Sa ilalim ng sikat ng araw, pinakikinang ng mga bubog ang templo na tulad ng mga pagkinang ng brilyante habang sinisinagan sila ng liwanag.¹⁴

Palaging abala sa bahay ni Emma. Maraming tao ang nakikitira sa mga Smith, kabilang na ang ilang mga lalaking nagpapatakbo ng bagong palimbagan ng simbahan. Bukod sa paglilimbag ng bagong pahayagan ng simbahan, ang *Latter Day Saints' Messenger and Advocate*, ang mga lalaking ito ay nagtrabaho sa ilan pang mga proyekto, kabilang ang himnaryo na natipon ni Emma sa tulong ni William Phelps.¹⁵

Kasama sa aklat ni Emma ang mga bagong himno ng mga Banal at mas naunang mga gawa mula sa ibang mga simbhang Kristiyano. Isinulat ni William ang ilan sa mga bagong himno, pati na rin ni Parley Pratt at ng isang bagong binyag na si Eliza Snow. Ang pangwakas na himno ay ang himno ni William na “The Spirit of God like a Fire Is Burning [Espiritu ng Diyos],” isang awit ng pagpupuri sa Diyos para sa pagpapanumbalik ng ebanghelyo.

Alam ni Emma na ang mga palimbagan ay naglalathala rin ng isang bagong koleksyon ng mga paghahayag na tinatawag na Doktrina at mga Tipan. Tinipon sa ilalim ng pamamahala nina Joseph at Oliver, ang Doktrina at mga Tipan ay isang kumbinasyon ng mga paghahayag mula sa di-nailathalang Book of Commandments at mga mas bagong paghahayag, kasama ang isang serye ng mga turo tungkol sa pananampalataya na ibinigay ng mga lider ng simbahan sa mga elder.¹⁶ Tinanggap ng mga Banal ang

Doktrina at mga Tipan bilang isang gawang banal na kasulatan, na kasinghalaga ng Biblia at Aklat ni Mormon.¹⁷

Noong taglagas na iyon, habang ang mga proyektong ito ay malapit nang matapos, dumating sa Kirtland ang mga lider ng simbahan sa Missouri upang maghanda para sa paglalaan ng templo at sa pagkakaloob ng kapangyarihan. Noong Oktubre 29, sina Emma at Joseph ay nagdaos ng hapunan bilang parangal kay Edward Partridge at sa iba pang dumating. Habang lahat sila ay nagalak sa pagkakaisa na kanilang nadarama, sinabi ni Newel Whitney kay Edward na umaasa siya na makasalo ito sa susunod na taon sa Sion.

Nakatingin sa kanyang mga kaibigan, sinabi ni Emma na umaasa siya na lahat ng nasa hapag ay makasama rin nila sa lupang pangako.

“Amen,” sabi ni Joseph. “Nawa’y loobin ito ng Diyos.”¹⁸

MATAPOS ANG HAPUNAN, DUMALO sina Joseph at Emma sa isang pulong ng high council ng Kirtland. Ang nakabatang kapatid ni Joseph na si William ay inakusahan ang isang babae sa simbahan ng pisikal na pang-aabuso sa anak na babae ng kanyang asawa sa unang asawa nito. Kabilang sa mga saksi na nagsasalita sa kaso ay si Lucy Smith, ang ina nina Joseph at William. Sa kanyang patotoo, pinatigil siya ni Joseph nang nagsimula siyang magsalita tungkol sa isang bagay na narinig at nalutas na ng council.¹⁹

Biglang napatayo, inakusahan ni William si Joseph ng pag-aalinlangan sa mga salita ng kanilang ina. Tumingin si Joseph sa kanyang kapatid at sinabi sa kanya na umupo. Hindi siya pinansin ni William at nanatiling nakatayo.

“Maupo ka,” inulit ni Joseph, sinisikap manatiling mahinahon.

Sinabi ni William na hindi siya mauupo kung hindi siya susuntukin ni Joseph.

Nababalisa, pumihit si Joseph upang umalis sa silid, ngunit pinigilan siya ng kanyang ama at hiniling sa kanya na manatili. Tinawag ni Joseph ang konseho na magsiyos at tinapos ang pagdinig. Sa pagtatapos ng pulong, napanatag siya nang sapat para magalang na makapagpaalam kay William.

Ngunit nanggagalaiti pa rin si William, naniniwala pa rin na mali si Joseph.²⁰

SA HALOS PAREHONG ORAS, si Hyrum Smith at ang kanyang asawang si Jerusha, ay inupahan si Lydia Bailey, isang dalawampu't dalawang taong gulang na bagong binyag, na tumulong sa kanilang paupahan. Bininyagan ni Joseph si Lydia dalawang taon na ang nakararaan noong siya at si Sidney ay nasa isang maikling misyon sa Canada.²¹ Lumipat sa Kirtland si Lydia kalaunan, at nangako sina Hyrum at Jerusha na aalagaan siya bilang isang kapamilya.

Naging abala sa gawain si Lydia. Dahil may mga lider ng simbahan mula sa Missouri na nasa bayan na naghanda sa paglalaan ng templo, sila ni Jerusha ay palaging nagluluto ng mga pagkain, nag-aayos ng mga kama, at naglilinis ng bahay. Halos wala siyang oras na makausap ang mga nangungupahan, subalit si Newel Knight, isang matagal nang kaibigan ng mga Smith, ay nakaakit sa kanyang pansin.²²

“Si Brother Knight ay isang biyudo,” sabi sa kanya ni Jerusha isang araw habang sila ay nagtatrabaho.

“Ah,” sabi ni Lydia, nagkukunwaring hindi interesado.

“Pumanaw ang kanyang asawa noong nakaraang taglagas,” sabi ni Jerusha. “Halos nadurog ang kanyang puso.”

Ang pagkarinig ng tungkol sa kawalan ni Newel ay dahilan para maalala ni Lydia ang kanyang sariling pinagdaanan.²³ Noong siya ay labing-anim na taong gulang, ikinasal siya sa isang binatang nagingangalang Calvin Bailey. Pagkatapos ng kanilang kasal, naging malakas uminom si Calvin at kung minsan ay sinasaktan siya at ang kanilang anak na babae.

Hindi nagtagal, nawala sa kanila ang kanilang bukirin dahil sa pag-inom ni Calvin, kung kaya’t napilitan silang umupa ng mas maliit na bahay. Nagsilang si Lydia doon ng isang anak na lalaki, pero ang sanggol ay nabuhay lamang ng isang araw. Kasunod nito ay iniwan ni Calvin si Lydia, at si Lydia at ang kanyang anak ay bumalik sa bahay ng kanyang mga magulang.

Tila naging mas mabuti ang buhay niya, ngunit pagkatapos ay nagkasakit ang kanyang anak. Nang mamatay ito, tila ba ang natitirang kaligayahan ni Lydia ay namatay rin. Upang tulungan siyang makayanan ang kawalan, pinapunta siya ng kanyang mga magulang sa mga kaibigan sa Canada. Doon ay narinig niya ang ebanghelyo at nabinyagan, at mula noon, naging mas masaya at mas puno ng pag-asa ang kanyang buhay. Ngunit siya ay malungkot at nananabik na may makatuwang.²⁴

Isang araw, lumapit si Newel sa kanya sa silid sa itaas ng bahay ng mga Smith. “Palagay ko ang iyong sitwasyon,

at gayundin sa akin, ay pawang malungkot,” sabi nito, sabay hawak sa kanyang kamay. “Marahil maaari nating maging katuwang ang isa’t isa.”²⁵

Tahimik sa kanyang pagkakaupo si Lydia. “Siguro ay alam mo ang tungkol sa sitwasyon ko,” malungkot niyang sinabi. “Wala ako kahit na katiting na alam kung nasaan ang aking asawa, o kung siya man ay buhay o patay na.” Kapag walang diborsyo mula kay Calvin, hindi niya maramdaman na maaari siyang magpakasal kay Newel.

“Mas nanaisin kong isakripisyo ang bawat damdamin ko, at maging ang buhay ko,” sinabi niya rito bago siya umalis ng silid, “kaysa humakbang mula sa kabanalan o saktan ang aking Ama sa Langit.”²⁶

ISANG ARAW MATAPOS MAKIPAGTALO sa kanyang kapatid, tumanggap si Joseph ng liham mula sa kanya. Nagalit si William dahil sinisi siya ng high council, at hindi si Joseph, dahil sa naging pagtatalo. Naniniwala na siya ay tama para pagalitan si Joseph sa harapan ng high council, iginiit niya na kausapin nang sarilinan si Joseph upang ipagtanggol ang kanyang mga ikinilos.²⁷

Pumayag si Joseph na makipag-usap kay William, ipinahihiwatig na bawat isa sa kanila ay ibahagi ang kanilang bersyon ng nangyari, kilalanin ang kanilang mga kamalian, at humingi ng paumanhin para sa anumang maling nagawa. Dahil si Hyrum ay may mapanatag na impluwensya sa pamilya, inanyayahan siya ni Joseph na sumama sa kanila at gumawa ng isang makatarungang paghuhukom sa kung sino ang may kasalanan.²⁸

Nagpunta si William sa bahay ni Joseph nang sumunod na araw, at ang magkapatid ay nagpalitan ng paliwanag tungkol sa pagtatalo. Sinabi ni Joseph na siya ay naghinanakit nang si William ay nagsalita nang wala sa lugar sa harapan ng council at hindi iginagalang ang kanyang tungkulin bilang pangulo ng simbahan. Ikina-ila ni William na naging walang galang siya at iginiit na si Joseph ang mali.

Maingat na nakinig si Hyrum sa kanyang mga kapatid. Nang matapos sila, nagsimula siyang magbigay ng kanyang opinyon, ngunit sumabad si William, inaakusahan siya at si Joseph na ibinubunton ang lahat ng sisi sa kanya. Sinubukan nina Joseph at Hyrum na pakalmahin siya, ngunit dali-dali siyang lumabas ng bahay. Kalaunan sa araw ring iyon, ipinadala niya kay Joseph ang kanyang lisensya sa pangangaral.

Hindi nagtagal ay nalaman ng buong Kirtland ang tungkol sa pagtatalo. Hinati nito ang karaniwa'y buong pamilya ng Smith, nagtalu-talo ang mga kapatid ni Joseph laban sa isa't isa. Nag-alala na gamitin ng mga bumabatikos sa kanya at sa simbahan ang alitang ito, pinili ni Joseph na lumayo kay William, umaasang huhupa ang galit ng kanyang kapatid.²⁹

Subalit patuloy na inaaway ni William si Joseph sa mga unang linggo ng Nobyembre, at di nagtagal ilan sa mga Banal ang pumanig na rin. Kinondena ng mga apostol ang pag-uugali ni William at nagbanta na palalayasin siya mula sa Korum ng Labindalawa. Si Joseph, gayunman, ay tumanggap ng paghahayag na nananawagan sa kanila na magpasensya kay William.³⁰

Pinanonood ang mga paghahati na nagaganap sa kanyang paligid, nagsimulang malungkot si Joseph. Noong tag-init na iyon, nagtrabaho nang magkakasama ang mga Banal nang may layunin at kabutihang-loob, at pinagpala sila ng Panginoon sa pamamagitan ng mga talaan mula sa Egipto at malaking pagsulong sa templo.

Ngunit ngayon, bagama't ang pagkakaloob ng kapangyarihan ay halos abot-kamay na nila, hindi nila magawang magkaisa sa puso't isipan.³¹

SA KABUUAN NG TAGLAGAS ng 1835, nanatiling determinado si Newel Knight na pakasalan si Lydia Bailey. Naniniwalang ang batas sa Ohio ay pinapayagan ang mga kababaihan na inabandona ng kanilang mga asawa na mag-asawang muli, hinikayat niya si Lydia na talikuran ang kanyang nakaraan. Ngunit maski na gusto ni Lydia na pakasalan si Newel, kailangan niyang malaman na ito ay tama sa paningin ng Diyos.

Nag-ayuno si Newel at nanalangin sa loob ng tatlong araw. Sa ikatlong araw, hiniling niya kay Hyrum na alamin mula kay Joseph kung tama lang na pakasalan si Lydia. Pumayag si Hyrum na kausapin ang kanyang kapatid, at naiwan si Newel na magtrabaho sa templo na walang laman ang tiyan.

Nagtatrabaho pa rin si Newel nang lumapit sa kanya si Hyrum kinahapunan. Sinabi sa kanya ni Hyrum na nagtanong sa Panginoon si Joseph at nakatanggap ng sagot na dapat magpakasal sina Lydia at Newel. "Mas maaga silang magpakasal, mas mabuti," sinabi ni Joseph. "Sabihin mong

walang batas na makasasakit sa kanila. Hindi nila kailangang matakot sa batas ng Diyos o kaya'y sa tao.”

Tuwang-tuwa si Newel. Ibinaba ang kanyang mga gamit, tumakbo siya sa paupahan at sinabi kay Lydia ang sinabi ni Joseph. Lubos na natuwa si Lydia, at siya at si Newel ay nagpasalamat sa Diyos dahil sa Kanyang kabutihian. Inalok siya ni Newel ng kasal, at tinanggap niya ito. Pagkatapos ay nagmadali si Newel sa hapag-kainan upang ihinto ang kanyang pag-aayuno.

Pumayag sina Hyrum at Jerusha na pangunahan ang pagdaos ng kasal kinabukasan. Nais nina Lydia at Newel na si Joseph ang magsagawa ng seremonya, ngunit alam nila na hindi pa siya nakakapagkasal at hindi rin nila alam kung siya ay may legal na awtoridad na gawin ito.

Kinabukasan, gayunpaman, habang inaanyayahan ni Hyrum ang mga panauhin sa seremonya, sinabi niya kay Joseph na naghahanap pa rin siya ng magkakasal sa dalawa. “Tama na!” Sigaw ni Joseph. “Ako mismo ang magkakasal sa kanila!”

Pinapayagan ng batas ng Ohio ang mga ministro ng mga pormal na inorganisang simbahan na magkasal sa dalawang tao.³² Higit sa lahat, naniwala si Joseph na ang kanyang katungkulan sa Melchizedek Priesthood ay nagbibigay sa kanya ng banal na awtoridad na magsagawa ng mga kasal. “Ang Panginoong Diyos ng Israel ay binigyan ako ng karapatan upang pag-isahin ang mga tao sa mga banal na bigkis ng kasal,” pahayag niya, “at mula sa panahong ito ay gagamitin ko ang pribilehiyong iyan.”

Malugod na tinanggap nina Hyrum at Jerusha ang mga panauhin sa kasal sa kanilang bahay sa isang napakalamig

na gabi noong Nobyembre. Ang aroma ng handa sa kasal ay pinuno ang silid habang ang mga Banal ay nanalangin at umawit upang ipagdiwang ang okasyon. Tumayo si Joseph at hiniling kina Lydia at Newel na samahan siya sa harap ng silid at hawakan ang kamay ng isa't isa. Ipinaliwanag niya na ang kasal ay pinasimulan ng Diyos sa Halamanan ng Eden at dapat isagawa sa pamamagitan ng walang hanggang priesthood.

Bumaling kina Lydia at Newel, hinayaan niya silang makipagtipan na sasamahan ang isa't isa sa buhay na ito bilang mag-asawa. Idineklara niya na sila ay mag-asawa na at hinikayat silang magsimula ng pamilya, binasbasan sila ng mahabang buhay at kasaganaan.³³

ANG KASAL NINA LYDIA at Newel ay isang maliwanag na yugto sa isang mahirap na taglamig para kay Joseph. Mula noong magkaroon sila ng di-pagkakaunawaan ni William, hindi niya magawang tumuon sa mga scroll mula sa Egipto o sa paghahanda sa mga Banal para sa pagkaka-loob ng kapangyarihan. Tinangka niyang mamuno nang masaya, sumusunod sa Espiritu ng Panginoon. Subalit ang kaguluhan sa loob ng kanyang pamilya at mga pasanin ng pamumuno sa simbahan ay lubhang nakakapagod, at kung minsan ay nakakapagsalita siya nang marahas sa tao kapag nagkakamali ang mga ito.³⁴

Noong Disyembre, sinimulan ni William na magdaos ng isang impormal na grupo ng debate sa kanyang bahay. Umaasa na ang mga debate ay makapagbibigay ng pagkakataon para sa pagkatuto at pagtuturo sa pamamagitan ng

Espiritu, nagpasiya si Joseph na makilahok. Maayos ang unang dalawang pulong ng grupo, ngunit sa ikatlong pagtipon, ang kondisyon ay naging tensyonado nang ginambala ni William ang isa pang apostol sa gitna ng debate.

Ang paggambala ni William ay nagtulot sa ilang tao na magtanong kung dapat pa bang magpatuloy ang grupo. Nagalit si William at nagkaroon ng pagtatalo. Namagitan si Joseph, at hindi nagtagal siya at si William ay nagpapalitan na ng mga insulto.³⁵ Sinikap payapain ni Joseph Sr. ang kanyang mga anak, ngunit hindi sumunod ang mga ito, at sinugod ni William ang kanyang kapatid.

Nagkakandahirap na ipagtanggol ang kanyang sarili, sinubukan ni Joseph na hubarin ang kanyang kapote, ngunit sumabit sa mga manggas ang kanyang mga braso. Paulit-ulit na nagpakawala ng malalakas na suntok si William, na nagpalubha ng pinsala na natanggap ni Joseph noong siya ay binuhusan ng alkitran at balahibo. Nang ang ilan sa mga lalaki ay nahilang palayo si William, nakahandusay na si Joseph sa sahig, halos hindi na makagalaw.³⁶

Ilang araw pagkatapos, habang nagpapagaling siya mula sa labanan, nakatanggap si Joseph ng mensahe mula sa kanyang kapatid. “Pakiramdam ko ay parang isang tungkulin ang gumawa ng isang mapagpakumbabang pagtatapat,” sabi ni William. Natatakot na siya ay hindi karapat-dapat sa kanyang pagkakahirang, hiniling niya kay Joseph na alisin siya mula sa Korum ng Labindalawa.³⁷

“Huwag mo akong itakwil dahil sa aking nagawa, subalit sikapin mong iligtas ako,” kanyang pagsusumamo. “Nagsisisi ako sa nagawa ko sa iyo.”³⁸

Tumugon si Joseph sa liham, nagpahayag ng pag-asa na maaari silang magkasundo muli. “Nawa’y alisin ng Diyos ang poot mula sa pagitan mo at sa akin,” pahayag niya, “at nawa’y manumbalik ang lahat ng pagpapala, at malimutan ang nakaraan magpakailanman.”³⁹

Sa unang araw ng bagong taon, humarap ang magkapatid sa kanilang Ama at kay Hyrum. Nanalangin si Joseph Sr. para sa kanyang mga anak at nagsumamo sa kanila na patawarin ang isa’t isa. Habang nagsasalita siya, nakita ni Joseph kung gaano nasaktan ang kanyang ama ng away nila ni William. Pinuno ng Espiritu ng Diyos ang silid, at lumambot ang puso ni Joseph. Mukha ring nagsisisi si William. Ipinagtapat niya ang kanyang kasalanan at huminging muli ng tawad mula kay Joseph.

Batid na siya ay may kasalanan din, humingi ng pau-manhin si Joseph sa kanyang kapatid. Pagkatapos ay nakipagtipan sila na magsisikap na patatagin ang isa’t isa at lutasin sa kaamuan ang kanilang mga di-pagkakaunawaan.

Inanyayahan ni Joseph si Emma at ang kanyang ina sa silid, at inulit niya at ni William ang kanilang tipan. Dumaloy ang mga luha ng kagalakan sa kanilang mga mukha. Yumuko sila, at nanalangin si Joseph, nagpapasalamat na muling nagkaisa ang kanyang pamilya.⁴⁰



Ang Espiritu ng Diyos

Magtapos makipagkasundo sa kanyang kapatid, muling tumutok si Joseph sa pagtapos ng templo. Bagama't simple kung ihahambing sa malalawak na mga katedral ng Europa, ang templo ay mas mataas at mas maringal kaysa sa karamihan sa mga gusali sa Ohio. Ang mga manlalakbay na patungong Kirtland ay madaling makikita ang makulay na tore ng kampana at makinang na pulang bubong na sumisilip sa itaas ng mga puno. Kamagha-mangha itong tingnan dahil sa mga maningning na mga pader na estuko, matingkad na mga berdeng pintuan, at patulis na mga bintanang may disenyong Gothic.¹

Sa pagtatapos ng Enero 1836, ang loob ng templo ay halos tapos na, at inihahanda ni Joseph ang mga lider ng simbahan para sa pagkakaloob ng banal na kapangyarihan ng Panginoon na ipinangakong ibibigay sa kanila. Walang tiyak na nakaaalam kung ano ang kaloob o endowment,

ngunit ipinaliwanag ni Joseph na ito ay darating matapos niyang isagawa ang mga ordenansa ng simbolikong paghuhugas at pagpapahid ng langis sa mga lalaking maoorden sa priesthood, tulad nang hinugasan at pinahiran ng langis ni Moises ang mga saserdote ni Aaron sa Lumang Tipan.²

Nabasa rin ng mga Banal ang mga talata sa Bagong Tipan na nagbigay ng mga pananaw tungkol sa endowment. Pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, ipinayo ni Jesus sa Kanyang mga apostol na huwag umalis sa Jerusalem upang ipangaral ang ebanghelyo hanggang sa sila ay “papagkalooban ng kapangyarihan mula sa kaitaasan.” Kalaunan, sa araw ng Pentecostes, ang mga apostol ni Jesus ay natanggap ang kapangyarihang ito nang ang Espiritu ay bumaba sa kanila tulad ng isang humahagibis na hangin na malakas, at sila ay nagsalita ng iba’t ibang wika.³

Habang naghahanda ang mga Banal para sa kanilang endowment, inasahan nila ang isang katulad na pagbuhos ng espiritu.

Noong hapon ng Enero 21, si Joseph, ang kanyang mga tagapayo, at ang kanyang ama ay umakyat sa hagdan sa isang silid sa itaas ng tanggapan ng palimbagan sa likod ng templo. Doon ang mga lalaki ay masimbolong hinugasan ang kanilang mga sarili gamit ang malinis na tubig at binasbasan ang bawat isa sa pangalan ng Panginoon. Matapos silang malinis, nagpunta sila sa katabing templo, kung saan sumama sila sa mga bishopric ng Kirtland at Sion, pinahiran ang ulo ng bawat isa ng inilaang langis, at binasbasan ang isa’t isa.

Nang pagkakataon na ni Joseph, ang kanyang ama ay pinahiran ang kanyang ulo at binasbasan siya na pamunuan

ang simbahan bilang isang Moises sa mga huling araw, ipinahahayag sa kanya ang mga pagpapala nina Abraham, Isaac, at Jacob. Pagkatapos ay ipinatong ng mga tagapayo ni Joseph ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo at binasbasan siya.⁴

Nang matapos ang mga lalaki sa ordenansa, ang kаланgitan ay nabuksan at nakita ni Joseph ang isang pangitain tungkol sa hinaharap. Namasdan niya ang kahariang selestiyal, ang magandang tarangkahan nito na nagliliyab sa harapan niya na tulad ng isang bilog na apoy. Nakita niya ang Diyos Ama at si Jesucristo na nakaupo sa maluwalhatang mga trono. Ang mga propeta ng Lumang Tipan na sina Adan at Abraham ay naroon din, kasama ang ina at ama ni Joseph at kanyang kuya Alvin.

Napaisip si Joseph nang makita ang kanyang kapatid. Pumanaw kaagad si Alvin pagkatapos ng unang pagbisita ni Moroni, at siya ay hindi na nagkaroon ng pagkakataong mabinyagan ng wastong awtoridad. Paano siya magmamana ng kaluwalhati ng selestiyal? Ayaw maniwala ng pamilya ni Joseph na si Alvin ay nasa impiyerno, tulad ng iminungkahi ng isang mangangaral, ngunit ang kanyang walang hanggang kapalaran ay nanatiling isang hiwaga sa kanila.

Habang namamangha si Joseph sa pagkakakita sa kanyang kapatid, narinig niya ang tinig ng Panginoon na nagsabing, “Lahat ng nangamatay na walang kaalaman sa ebanghelyong ito, na kanilang tatanggapin ito kung sila lamang ay pinahintulutang manatili, ay magiging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal ng Diyos.”

Ipinaliwanag ng Panginoon na Siya ay maghahatol sa lahat ng tao ayon sa kanilang mga gawa at hangarin ng

kanilang puso. Ang mga tao sa sitwasyon ni Alvin ay hindi mapapahamak sa kawalan ng oportunidad sa lupa. Itinuro din ng Panginoon na ang maliliit na bata na namatay bago sumapit sa edad ng pananagutan, tulad ng apat na sanggol na inilibing nina Joseph at Emma, ay maliligtas sa kahariang selestiyal.⁵

Nang matapos ang pangitain, si Joseph at ang kanyang mga tagapayo ay hinirang ang mga miyembro ng high council ng Kirtland at Sion, na mapanalanging naghihintay sa isa pang silid. Habang tinatanggap ng mga lalaki ang ordenansa, mas maraming pangitain ng langit ang inilahad sa harapan nila. Ang ilan ay nakakita ng mga anghel, at ang ilan ay namasdan ang mukha ni Cristo.

Puspos ng Espiritu, ang mga lalaki ay nagpropesiya ng mga bagay na darating at niluwalhati ang Diyos sa kaha-baan ng gabi.⁶

PAGKARAAN NG DALAWANG BUWAN, noong umaga ng Marso 27, 1836, nagsisiksikang nakaupo si Lydia Knight kasama ang iba pang mga Banal sa ibabang patyo ng templo. Sa kanyang paligid, nagsisiksikan ang mga tao habang ang mga gabay ay nagdaragdag ng mas maraming tao sa mahahabang upuan. Halos isang libong Banal na ang nasa silid, at mas marami pa ang sumisiksik sa harap ng mga pintuan, labis na umaasa na papapasukin sila ng mga bantay sa pintuan.⁷

Nakabisita na si Lydia sa templo nang ilang beses mula noong siya ay ikinasal kay Newel apat na buwan na ang nakararaan. Siya at si Newel ay paminsan-minsang

nagpupunta roon para makinig ng sermon o pagtuturo.⁸ Ngunit kaiba ang pagbisitang ito. Ngayon ang mga Banal ay nagtipon upang ilaan ang templo sa Panginoon.

Mula sa kanyang kinauupuan, napapanood ni Lydia ang mga lider ng simbahan na pumunta sa kanilang lugar sa likod ng tatlong hilera ng upuan ng mga pulpito na inukit nang magagara sa magkabilang dulo ng silid. Sa harapan niya, sa dulong kanluran ng gusali, ay mga pulpito para sa Unang Panguluhan at iba pang mga lider sa Melchizedek Priesthood. Sa likod niya, kahilera ng silangang pader, ay mga pulpito para sa mga bishopric at mga lider ng Aaronic Priesthood. Bilang miyembro ng high council ng Missouri, si Newel ay nakaupo sa isang hilera ng mga dekahong upuan sa tabi ng mga pulpitong ito.

Habang hinihintay niyang magsimula ang paglalaan, nagawa ring hangaan ni Lydia ang magandang gawang kahoy sa mga pulpito at ang hilera ng matatangkad na haligi na nakatayo sa kahabaan ng silid. Maaga pa noong umagang iyon, at bumuhos ang sikat ng araw sa patyo sa pagitan ng matataas na bintana sa may gilid na mga pader. Sa itaas ay nakasabit ang malalaking kurtina, na maaaring ibaba sa pagitan ng mahahabang bangko upang hatiin ang lugar para maging mga pansamantalang silid.⁹

Nang ang mga gabay ay hindi na kayang magsiksik ng mga tao sa silid, tumayo si Joseph at humingi ng paumanhin sa mga taong hindi makahanap ng lugar na mauupuan. Iminungkahi niya na magdaos ng isang overflow meeting sa kalapit na silid-aralan sa unang palapag ng palimbagan.¹⁰

Pagkaraan ng ilang minuto, matapos maayos sa kanilang mga upuan ang kongregasyon, sinimulan ni Sidney ang

pulong at nagsalita nang buong puwersa nang mahigit sa dalawang oras. Pagkatapos ng isang maikling pahinga, kung saan halos lahat sa kongregasyon ay nanatiling nakaupo, tumayo si Josph at nag-alay ng panalangin ng paglalaan, na inihanda niya sa tulong ni Oliver at Sidney noong isang araw.¹¹

“Aming hinihiling sa inyo, O Panginoon, na tanggapin ang bahay na ito,” sabi ni Joseph, “ang gawa ng aming mga kamay, na inyong mga tagapaglingkod, na inyong ipinagutos na aming gawin.” Hiniling niya na ang mga missionary ay makahayo na nasasandatahan ng kapangyarihan, upang ipalaganap ang ebanghelyo sa mga dulo ng mundo. Nanalangin siya para sa biyaya sa mga Banal sa Missouri, para sa mga lider ng mga bansa sa mundo, at para sa nakakalat na Israel.¹²

Isinamo rin niya sa Panginoon na pagkalooban ang mga Banal ng kapangyarihan. “Ibuklod ang pagkakahirang ng inyong mga mangangaral nang may kapangyarihan mula sa itaas,” sabi niya. “Ilagay sa inyong mga tagapaglingkod ang patotoo ng tipan, upang kapag sila ay hahayo at magpapahayag ng inyong salita ay maaari nilang pagtibayin ang batas, at ihanda ang mga puso ng inyong mga banal.” Hiniling niya na puspusin ng Panginoon ang templo ng Kanyang kaluwalhatian, gaya ng isang rumaragasang malakas na hangin na naranasan ng mga sinaunang apostol.¹³

“O pakinggan, O pakinggan, O pakinggan kami, O Panginoon,” pagsamo niya, “at sagutin ang mga kahilingang ito, at tanggapin ang paglalaan ng bahay na ito sa inyo.”¹⁴

Pagkasambit ni Joseph ng kanyang huling “amen”, inawit ng koro ang bagong himno ni William Phelps:

*Ang Espiritu ng Diyos ay nag-aalab;
Ang kal'walhatian ngayon ay nagsisimula.
Mga pangitai't biyaya'y nagbabalik;
At ang mga anghel sa lupa ay bumababa.*¹⁵

Nadama ni Lydia na napuspos ng kaluwalhatian ng Diyos ang templo. Tumayo sa kanyang mga paa kasama ang iba pang mga Banal sa silid, nakiisa ang kanyang tinig nang sumigaw sila ng, “Hosana! Hosana! Hosana sa Diyos at sa Kordero!”¹⁶

MATAPOS ANG PAGLALAAAN NG templo, nabalot ng pagpapatunay ng Espiritu at kapangyarihan ng Panginoon ang Kirtland. Noong gabi ng paglalaan, nakipagpulong si Joseph sa mga lider ng simbahan sa loob ng templo, at ang mga lalaki ay nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika, tulad ng ginawa ng mga apostol ng Tagapagligtas sa Pentecostes. Ilan sa mga nasa pulong ay nakita ang makalangit na apoy na nanahan sa mga nagsalita. Ang iba ay nakakita ng mga anghel. Sa labas, nakakita ang mga Banal ng maliwanag na ulap at haligi ng apoy na nanahan sa ibabaw ng templo.¹⁷

Noong Marso 30, nagkita si Joseph at kanyang mga tagapayo sa templo upang hugasan ang mga paa ng humigit-kumulang tatlong daang lider ng simbahan, kabilang na ang Labindalawa, ang Pitumpu, at iba pang lalaking tinawag para sa gawaing misyonero, tulad ng ginawa ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo bago ang Kanyang

Pagpapako sa Krus. “Ito ay isang taon ng Jubilee sa atin at isang panahon ng pagsasaya,” pahayag ni Joseph. Ang mga lalaki ay nagpupunta sa templo na nag-aayuno, at hiniling niya sa ilan sa kanila na bumili ng tinapay at alak na gagamitin maya-maya. Iniatas niya sa iba na kumuha ng ilang batya ng tubig.

Unang hinugasan ni Joseph at ng kanyang mga tagapayo ang mga paa ng Korum ng Labindalawa, at pagkatapos ay hinugasan ang mga paa ng mga miyembro ng iba pang korum, binabasbasan sila sa ngalan ng Panginoon.¹⁸ Sa paglipas ng mga oras, binasbasan ng mga lalaki ang isa’t isa, nagpropesiya, at sumigaw ng mga hosana hanggang ang tinapay at alak ay dumating bago pa lumalim ang gabi.

Nagsalita si Joseph habang ang Labindalawa ay pini-piraso ang tinapay at nagbubuhos ng alak. Sinabi niya sa kanila na hindi maglalaon ang kanilang maikling pananatili sa Kirtland ay magtatapos na. Ibinibigay sa kanila ng Panginoon ang kapangyarihan at pagkatapos ay ipapadala sila sa mga misyon. “Humayo nang buong kahinahunan, pagtitimpi, at ipangaral si Jesucristo,” sabi niya. Iniutos niya sa kanila na iwasan ang pagtatalo sa relihiyon, hinihimok sila na manatiling tapat sa kanilang sariling paniniwala.

“[Kayo ang mayhawak] ng mga susi ng kaharian sa lahat ng bansa,” sinabi niya sa mga apostol, “at magbubukas ... sa kanila, at tatawag ng mga pitumpung susunod.” Sinabi niya na ang organisasyon ng simbahan ay kumpleto na ngayon at natanggap ng mga lalaki sa silid ang lahat ng ordenansang inihanda ng Panginoon para sa kanila sa panahong iyon.

“Humayo kayo at itayo ang kaharian ng Diyos,” sabi niya.

Si Joseph at ang kanyang mga tagapayo ay umuwi na, iniwan ang Labindalawa upang mamahala sa pulong. Muling bumaba ang Espiritu sa mga lalaki sa templo, at sila ay nagsimulang magpropesiya, magsalita sa iba’t ibang wika, at pinayuhan ang isa’t isa sa ebanghelyo. Ang mga naglilingkod na anghel ay nagpakita sa ilang kalalakihan, at ang iba pa ay nagkaroon ng mga pangitain tungkol sa Tagapagligtas.

Ang pagbuhos ng Espiritu ay nagpatuloy hanggang madaling-araw. Nang umalis ang mga lalaki sa templo, ang kanilang mga kaluluwa ay lumulutang mula sa mga kabalaghan at kaluwalhatiang kararanas lamang nila. Nadama nila na pinagkalooban sila ng kapangyarihan at handang dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo.¹⁹

ISANG LINGGO MATAPOS ANG paglalaan, sa hapon ng Linggo ng Pagkabuhay, isang libong Banal ang muling nagtungo sa templo upang sumamba. Matapos panga-siwaan ng Labindalawa ang Hapunan ng Panginoon sa kongregasyon, ibinaba nina Joseph at Oliver ang mga kurtinang katsa sa paligid ng pinakamataas na pulpito sa dakong kanluran ng silid at lumuhod sa likod ng mga ito upang manalangin nang tahimik, na hindi nakikita ng mga Banal.²⁰

Matapos ang kanilang mga dalangin, nagpakita ang Tagapagligtas sa harapan nila, ang Kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw. Ang Kanyang

mga mata ay gaya ng apoy at ang kanyang buhok ay tulad ng niyebe. Sa ilalim ng Kanyang mga paa, ang sandigan ng pulpito ay mukhang yari sa purong ginto.²¹

“Magsaya ang mga puso ng lahat ng aking tao, na, sa pamamagitan ng kanilang lakas, ay itinayo ang bahay na ito sa aking pangalan,” pahayag ng Tagapagligtas, ang Kanyang tinig ay tulad ng lagaslas ng tubig. “Sapagkat masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao.”²² Hinikayat Niya ang mga Banal na panatilihin itong sagrado at pinagtibay na natanggap nila ang kaloob na kapangyarihan.

“Ang mga puso ng libu-libo at sampu-sampung libo ay labis na magsasaya,” pahayag Niya, “bunga ng mga pagpapalang ibubuhos, at sa endowment kung saan ang aking mga tagapaglingkod ay pinagkalooban sa bahay na ito.”

Sa wakas ay ipinangako ng Panginoon, “Ang katan-yagan ng bahay na ito ay lalaganap sa mga ibang lupain; at ito ang simula ng mga pagpapala na ibubuhos sa mga ulo ng aking tao.”²³

Natapos ang pangitain sa paligid nina Joseph at Oliver, ngunit biglang muling nabuksan ang kalangitan. Nakita nila si Moises na nakatayo sa harapan nila, at ipinagkaloob niya ang mga susi ng pagtitipon ng Israel sa kanila upang madala ng mga Banal ang ebanghelyo sa buong mundo at dalhin ang mabubuti sa Sion.

Pagkatapos ay nagpakita si Elias at ipinagkatiwala ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham sa kanila, sinasabi na ang lahat ng henerasyon ay pagpapalain sa pamamagitan nila at ang mga susunod na salinlahi sa kanila.

Matapos maglaho si Elias, sina Joseph at Oliver ay nagkaroon ng isa pang maluwalhating pangitain. Nakita nila si Elijah, ang propeta sa Lumang Tipan na umakyat sa langit sa isang karong apoy.

“Ang panahon ay ganap nang dumating, na sinabi ng bibig ni Malakias,” pahayag ni Elijah, na tumutukoy sa propesiya ng Lumang Tipan na ibabaling niya ang mga puso ng mga ama sa mga anak at mga anak sa mga ama.

“Ang mga susi ng dispensasyong ito ay ipinagkakatiwala sa inyong mga kamay,” pagpapatuloy ni Elijah, “at sa pamamagitan nito ay inyong malalaman na ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon ay nalalapit na, maging nasa mga pintuan na.”²⁴

Natapos ang pangitain, at naiwan sina Joseph at Oliver sa kanilang sarili.²⁵ Nasala ang sikat ng araw sa dearkong bintana sa likod ng pulpito, ngunit ang sandigan sa harap ng mga ito ay hindi na nagniningning na tulad ng ginto. Ang makalangit na mga tinig na siyang yumanig sa kanila tulad ng kulog ay nagbigay-daan sa mga tahimik na pagpupukaw ng damdamin ng mga Banal sa kabilang panig ng kurtina.

Batid ni Joseph na ang mga mensahe ay naghatid sa kanya ng mahahalagang susi ng priesthood. Kalaunan, itinuro niya sa mga Banal na ang mga susi ng priesthood na ipinanumbalik ni Elijah ang magbubuklod sa mga pamilya nang walang hanggan, ibubuklod sa langit kung ano ang ibinuklod sa lupa, pag-uugnayin ang mga magulang sa kanilang mga anak at ang mga anak sa kanilang mga magulang.²⁶

SA MGA SUMUNOD NA araw ng paglalaan ng templo, humayo ang mga missionary sa lahat ng direksyon upang ipangaral ang ebanghelyo, pinalakas ng kaloob na kapangyarihan. Si Bishop Partridge at ang iba pang mga Banal na dumating mula sa Missouri ay nagpuntang muli sa kanluran dala ang bagong determinasyon na itatag ang Sion.²⁷

Nais din nina Lydia at Newel Knight na pumunta sa kanluran, ngunit kailangan nila ng pera. Ginugol ni Newel ang karamihan ng kanyang oras sa Kirtland na nagtatrabaho sa templo nang walang bayad, at ipinahiram ni Lydia ang halos lahat ng kanyang pera kay Joseph at sa simbahan nang una siyang dumating sa bayan. Kapwa hindi pinagsisihan ng dalawa ang kanilang mga sakripisyo, ngunit hindi mapigilang isipin ni Lydia na ang perang kanyang ipinahiram sa simbahan ay sobra pa para sa gastos sa pamasahe.

Habang sila ay naguguluhan kung paano tutustusan ang kanilang paglalakbay, dumaan si Joseph upang dalawin sila. “O, Newel, paalis ka na patungo sa iyong tahanan sa kanluran,” sabi niya. “Sapat ba ang inilaan sa inyo?”

“Medyo kulang pa kami sa aming pangangailangan,” sabi ni Newel.

“Hindi ko nalilimutan kung paano bukas-palad mo akong tinulungan noong ako ay may problema,” sabi ni Joseph kay Lydia. Lumabas siya ng bahay at pagkaraan ay bumalik dala ang higit pa sa halagang ipinahiram niya sa kanya.

Sinabi niya sa kanila na bumili ng mga kailangan nila upang maging komportable sa paglalakbay patungo sa kanilang bagong tahanan. Nagbigay rin si Hyrum ng mga

kabayo upang ihatid sila sa Ilog Ohio, kung saan sila makasakay sa isang bapor patungo sa Missouri.

Bago umalis ang mga Knight, dinalaw nila si Joseph Smith Sr. upang makatanggap si Lydia ng basbas mula sa kanya. Mahigit isang taon na, tinawag ng Panginoon si Joseph Sr. na maging patriyarka ng simbahan, ginawaran siya ng karapatan na magbigay sa mga Banal ng mga espesyal na basbas ng patriyarka, tulad ng ginawa nina Abraham at Jacob sa kanilang mga anak sa Biblia.

Ipinatong ang kanyang mga kamay sa ulo ni Lydia, sinambit ni Joseph Sr. ang mga salita ng basbas. “Labis kang nahirapan sa iyong nakaraan, at nasaktan ang puso mo,” sabi niya kay Lydia. “Pero ikaw ay maaaliw.”

Sinabi niya sa kanya na mahal siya ng Panginoon at ibinigay sa kanya si Newel upang aliwin siya. “Ang inyong mga kaluluwa ay pag-iisahin, at walang makapaghihiwalay sa mga ito. Ni pagdurusa o kamatayan ay hindi kayo mapaghihiwalay,” pangako niya. “Iingatan ang buhay mo at makararating nang ligtas at mabilis sa lupain ng Sion.”²⁸

Pagkabigay ng basbas, sina Lydia at Newel ay tumulak patungong Missouri, maganda ang pananaw tungkol sa hinaharap ng simbahan at Sion. Pinagkalooban ng Panginoon ang mga Banal ng kapangyarihan, at ang Kirtland ay yumabong sa ilalim ng matayog na tore ng templo. Ang mga pangitain at pagpapala nang panahong iyon ay nagbigay sa kanila ng paunang tikim ng langit. Tila handa nang masira ang tabing sa pagitan ng langit at lupa.²⁹

IKATLONG BAHAGI



Itinapon sa Kailaliman

ABRIL 1836–ABRIL 1839

Kung ikaw ay itapon sa kalaliman; kung ang dumadaluyong na alon ay magkaisa laban sa iyo; kung ang malakas na hangin ay iyong maging kaaway; kung ang kalangitan ay magtipon ng kadiliman, at ang lahat ng elemento ay magsamasama upang harangan ang daan; at higit sa lahat, kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.

Doktrina at mga Tipan 122:7



1836-1839

MISSOURI



• ADAN-ONDI-AHMAN

GALLATIN •



DAVISS
COUNTY

log Grand



FAR WEST •

• HAWN'S MILL

Shoal Creek

CALDWELL
COUNTY

CARROLL
COUNTY



DE WITT •

CLAY
COUNTY



• LIBERTY

log Crooked



RAY
COUNTY

log Missouri

• INDEPENDENCE

JACKSON
COUNTY



ANG BRITISH MISSION
1837



PRESTON • WALKER FOLD
LIVERPOOL • MANCHESTER



GREAT
BRITAIN

HEREFORDSHIRE •





Subukin ang Panginoon

Matapos ang paglalaan ng templo, tinamasa ni Joseph ang pag-asa at kabutihang-loob na nanahan sa Kirtland.¹ Nasaksihan ng mga Banal ang pagbuhos ng mga espirituwal na kaloob sa buong tagsibol ng 1836. Maraming nakakita ng mga hukbo ng mga anghel, na nadaramitan ng maning-ninging na kaputian, na nakatayo sa bubungan ng templo, at napaisip ang ilang tao kung nagsimula na ang Milenyo.²

Nakita ni Joseph ang katibayan ng mga pagpapala ng Panginoon sa lahat ng dako. Nang lumipat siya sa Kirtland limang taon na ang nakararaan, ang simbahan ay hindi maayos at magulo. Mula noon, niyakap ng mga Banal ang salita ng Panginoon nang mas lubusan at ginawang isang matibay na stake ng Sion ang isang simpleng bayan. Nakatayo ang templo bilang isang patotoo ng mga maisasagawa nila kapag sila ay sumunod sa Diyos at sama-samang nagtrabaho.

Ngunit kahit na nagalak siya sa tagumpay ng Kirtland, hindi makalimutan ni Joseph ang mga Banal sa Missouri, na nagsisiksikan pa rin sa maliliit na komunidad sa labas ng Jackson County, sa tabi ng kahabaan ng Ilog Missouri. Siya at ang kanyang mga tagapayo ay nagtiwala sa pangako ng Panginoon na tutubusin Niya ang Sion matapos tanggapin ng mga elder ang pagkakaloob ng kapangyarihan. Subalit walang nakakaalam kung paano at kailan Niya tutuparin ang pangako.

Ibinabaling ang kanilang pansin sa Sion, ang mga lider ng simbahan ay nag-ayuno at nanalangin upang malaman ang kalooban ng Panginoon.³ Pagkatapos ay naalala ni Joseph ang paghahayag kung saan hiniling ng Panginoon sa mga Banal na bilhin ang lahat ng mga lupain sa loob at palibot ng Jackson County.⁴ Ang mga Banal ay nagsimula nang bumili ng ilang lupain sa Clay County, pero tulad ng dati, ang problema ay ang paghahanap ng pera para makabili pa ng iba.

Sa unang bahagi ng Abril, kinausap ni Joseph ang mga miyembro ng palimbagan ng simbahan para talakayin ang pananalapi ng simbahan. Ang mga lalaki ay naniwala na kailangan nilang iambag ang lahat ng mayroon sila para sa ikatutubos ng Sion, at iminungkahi nilang pamunuan nina Joseph at Oliver ang mga pagsisikap na mangalap ng pondo para makabili ng lupa sa Missouri.⁵

Sa kasamaang palad, libu-libong dolyar na ang utang ng simbahan dahil sa pagtatayo ng templo at sa mga nangang pagbili ng lupain, at kakaunti ang pera sa Kirtland, kahit pa nangongolekta na ng mga donasyon ang mga missionary. Ang malaking bahagi ng yaman ng mga Banal

ay mga lupain, na nangangahulugang iilang tao lamang ang makapagbibigay ng perang donasyon. At kung walang pera, wala gaanong magagawa ang simbahan para makaalis sa pagkakautang o makabili ng mas maraming lupain sa Sion.⁶

At muli, kailangang humanap ng paraan ni Joseph para tustusan ang gawain ng Panginoon.

DALAWANG DAANG MILYA SA may hilaga, si Parley Pratt ay nasa labas ng isang bayan na tinatawag na Hamilton, sa timog Canada. Papunta siya sa Toronto, isa sa pinakamalaking lunsod sa lalawigan, para maglingkod sa kanyang unang misyon mula nang matanggap niya ang kaloob na kapangyarihan. Wala siyang salapi, walang kaibigan sa lugar, at walang ideya kung paano isasakatuparan ang ipinapagawa sa kanya ng Panginoon.

Ilang linggo bago nito, nang lilisanin na ng Labin-dalawa at ng Pitumpu ang Kirtland upang ipangaral ang ebanghelyo, nagplano si Parley na manatili sa bahay kasama ng kanyang pamilya. Tulad ng maraming Banal sa Kirtland, lubog siya sa utang dahil ang ipinambili niya ng lupa sa lugar at ginamit sa pagtatayo ng bahay ay mula sa utang. Nag-alala rin si Parley sa asawa niyang si Thankful, na may sakit at nangangailangan ng kanyang pangangalaga. Bagama't sabik siyang mangaral, tila hindi posible na siya ay magmisyon.⁷

Ngunit dumating si Heber Kimball sa kanyang bahay at binigyan siya ng basbas bilang kanyang kaibigan at kapwa apostol. "Humayo ka para magministeryo, nang walang pag-aalinlangan," sinabi si Heber. "Huwag isipin ang iyong

mga pagkakautang, ni ang mga pangangailangan sa buhay, sapagkat tutustusan ka ng Panginoon nang sagana sa lahat ng bagay.”

Nagsasalita sa pamamagitan ng inspirasyon, sinabi ni Heber kay Parley na pumunta sa Toronto, nangangako na makikita niya ang mga taong handa na para sa kabuuan ng ebanghelyo. Sinabi niya na maghahanda ng paraan si Parley para maitatag ang isang misyon sa England at makakaahon mula sa kanyang mga pagkakautang. “Mapapasaiyo pa ang mga kayamanan, pilak at ginto,” propesiya ni Heber, “hanggang sa kasusuklaman mo ang pagbibilang nito.”

Nagsalita rin siya tungkol kay Thankful. “Gagaling ang iyong asawa mula sa oras na ito,” ipinangako niya, “at manganganak ng isang anak na lalaki.”⁸

Ang basbas ay kagila-gilalas, ngunit tila imposible ang mga pangako nito. Naranasan na ni Parley ang maraming tagumpay sa pagmimisyon, subalit ang Toronto ay bago at di-pamilyar sa kanya. Hindi siya kumita ng maraming pera sa buhay niya, at malamang na hindi siya makatatanggap ng sapat na pera para mabayaran ang kanyang mga pagkakautang.

Ang mga pangako ukol kay Thankful ang pinakamalalang na hindi mangyayari sa lahat. Halos apatnapung taong gulang na siya at madalas na may sakit at mahina. Matapos ang sampung taong pagsasama, siya at si Parley hindi pa nagkaroon ng anak.⁹

Ngunit taglay ang pananampalataya sa mga pangako ng Panginoon, nagtungo si Parley sa hilagang-silangan, sakay ng karwahe sa mapuputik na kalsada. Nang makarating siya sa Niagara Falls at makatawid sa Canada, nagsimula

siyang maglakad hanggang sa marating niya ang Hamilton. Ang pag-iisip tungkol sa kanyang tahanan at lawak ng kanyang misyon ay kaagad na bumalot sa kanya, at ninais niyang malaman kung paano siya makapananampalataya sa isang basbas kung ang mga pangako nito ay tila imposibleng matupad.

“Subukin ang Panginoon,” dagliang ibinulong sa kanya ng Espiritu, “at tingnan kung mayroong bagay na napakahirap para sa Kanya.”¹⁰

SAMANTALA, SA MISSOURI, GUMINHAWA ang kalooban ng labindalawang taong gulang na si Emily Partridge nang makitang tagsibol na muli sa Clay County. Habang ang kanyang ama ay nasa Kirtland para sa paglalaan ng templo, siya at ang kanyang pamilya ay sama-sama sa isang bahay na yari sa troso na may iisang kuwarto, kasama ang pamilya nina Margaret at John Corrill na tagapayo ng kanyang ama sa bishopric. Ang bahay ay ginamit bilang isang kuwadra bago lumipat dito ang dalawang pamilya, ngunit nilinis ng kanyang ama at ni Brother Corrill ang mga dumi na namuo sa sahig at ginawa ang lugar na angkop na tirahan. Mayroon itong malaking tsimineya, at nagsiksikan ang pamilya sa tabi ng init nito sa buong nagyeyelong taglamig.¹¹

Sa tagsibol na iyon, nagbalik ang ama ni Emily sa Missouri upang magpatuloy sa kanyang tungkulin bilang bishop. Siya at ang iba pang mga lider ng simbahan ay tumanggap ng pagkakaloob ng kapangyarihan sa Kirtland, at sila ay tila puno ng pag-asa sa kinabukasan ng Sion.¹²

Habang patuloy na umiinit ang klima, naghandanda si Emily na bumalik sa pag-aaral. Matapos makarating ng mga Banal sa Clay County, nagtayo sila ng isang paaralan sa isang bahay malapit sa isang kakahuyan ng mga punong namumunga. Mahilig makipaglaro si Emily sa kanyang mga kaibigan sa kakahuyan at kumain ng bunga na nahulog mula sa matataas na sanga. Kapag si Emily at ang kanyang mga kaibigan ay hindi nag-aaral, gumagawa sila ng mga bahay na yari sa patpat at ginagawang luksong-lubid ang mga baging.¹³

Karamihan sa mga kaklase ni Emily ay kasapi ng simbahan, ngunit ang ilan ay mga anak ng mga matagal nang naninirahan sa lugar. Sila ay kadalasang nagsusuot ng mas magagandang damit kaysa kina Emily at sa iba pang mahihirap na bata, at pinagtawanan ng ilan ang mga gula-gulanit na damit ng mga batang Banal. Ngunit kadalasan, lahat ay nagkakasundu-sundo sa kabila ng pagkakaiba nila.

Gayunman, hindi ganito ang nangyayari sa kanilang mga magulang. Nang mas maraming Banal ang lumipat sa Clay County at bumili ng mga malalawak na lupain, mas nabagabag at nainis ang mga matagal nang naninirahan sa lugar. Noong una'y malugod nilang tinanggap ang mga Banal sa kanilang county, nag-aalok ng masisilungan hanggang sa makabalik sila sa kanilang mga tahanan sa kabilang pampang ng ilog. Walang nag-akalang gagawing permanenteng tahanan ng mga miyembro ng simbahan ang Clay County.¹⁴

Noong una, ang hindi mabuting samahan sa pagitan ng mga Banal at ng kanilang mga kapitbahay ay walang gaanong epekto sa pagpasok sa eskwela ni Emily.¹⁵ Ngunit

sa paglipas ng tagsibol at dahil sa mas tumitinding pagmamalupit ng kanilang mga kapitbahay, nagkaroon ng dahilan si Emily at ang kanyang pamilya na matakot na mauulit ang bangungot ng Jackson County, at muli silang mawawalan ng tirahan.

HABANG PATULOY NA NAGLALAKBAY si Parley pahilaga, hiniling niya sa Panginoon na tulungan siyang makarating sa kanyang patutunguhan. Hindi nagtagal, nakilala niya ang isang lalaking nagbigay sa kanya ng sampung dolyar at ng isang sulat ng pagpapakilala sa isang taong nasa Toronto na nagngangalang John Taylor. Ginamit ni Parley ang pera para makasakay sa isang bapor patungo sa lunsod at hindi nagtagal ay nakarating siya sa tahanan ng mga Taylor.

Sina John at Leonora Taylor ay mga bata pa na mag-asawa mula sa England. Sa pakikipag-usap ni Parley sa kanila, nalaman niya na sila ay kabilang sa isang grupo ng mga Kristiyano sa lugar na hindi tinanggap ang anumang doktrina na hindi suportado ng Biblia. Nitong huli, nagdarasal at nag-aayuno sila na magpadala sa kanila ang Diyos ng isang sugo mula sa Kanyang tunay na simbahan.

Sinabi sa kanila ni Parley ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo, ngunit hindi sila gaanong interesado rito. Kinaumagahan, iniwan niya ang kanyang bag sa bahay ng mga Taylor at nagpakilala sa mga ministro ng lunsod, umaasang hahayaan nila siyang mangaral sa kanilang mga kongregasyon. Pagkatapos ay kinausap ni Parley ang mga opisyal ng lunsod upang malaman kung pahihintulutan nila siyang magdaos ng isang pagpupulong sa hukuman

o sa iba pang pampublikong lugar. Ang lahat ng kanyang kahilingan ay tinanggihan.

Pinanghihinaan ng loob, nagpunta si Parley sa isang malapit na kakahuyan at nagdasal. Pagkatapos ay bumalik siya sa bahay ng mga Taylor para kunin ang kanyang bag. Nang paalis na siya, pinigilan siya ni John at ibinahagi ang kanyang pagmamahal sa Biblia.¹⁶ “Ginoong Pratt,” ang sabi niya, “kung mayroon kang ipapangaral na anumang alituntunin, hinihiling ko sa iyo, kung magagawa mo, na suportahan ito ng mula sa talang iyon.”

“Sa tingin ko’y magagawa ko ang bagay na iyan,” sabi ni Parley. Tinanong niya si John kung naniniwala siya sa mga apostol at propeta.

“Oo,” sagot ni John, “dahil itinuturo sa akin ng Biblia ang lahat ng bagay na ito.”

“Itinuturo namin ang pagpapabinyag sa pangalan ni Jesucristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan,” sabi ni Parley, “at ng pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo.”

“Ano naman ang tungkol kay Joseph Smith at sa Aklat ni Mormon, at sa ilan sa inyong mga bagong paghahayag?” Tanong ni John.

Nagpatotoo si Parley na si Joseph Smith ay isang matapat na tao at isang propeta ng Diyos. “Tungkol naman sa Aklat ni Mormon,” sabi niya, “Makapagpapatotoo ako sa aklat na iyon na kasing lakas ng pagpapatotoo mo sa katotohanan ng Biblia.”¹⁷

Habang nag-uusap sila, narinig nina Parley at John si Leonora na nakikipag-usap sa isang kapitbahay na si Isabella Walton sa kabilang silid. “May isang ginoo dito na

mula sa Estados Unidos na nagsasabing isinugo siya ng Panginoon sa lunsod para ipangaral ang ebanghelyo,” wika ni Leonora kay Isabella. “Ikinalulungkot kong kailangan ko siyang paalisin.”

“Sabihin mo sa dayuhan na maaari siyang manuluyan sa aking tahanan,” sabi ni Isabella. “Mayroon akong isang bakanteng silid at kama, at maraming pagkain.” Mayroon din siyang lugar na kung saan ay maaaring mangaral si Parley sa kanyang mga kaibigan at mga kamag-anak sa gabing iyon. “Nadarama ko sa pamamagitan ng Espiritu na siya ay isinugo ng Panginoon na may mensahe na makabubuti sa atin,” sabi niya.¹⁸

MATAPOS SA KANYANG PAKIKIPAG-USAP kay Parley, sinimulan ni John Taylor na basahin ang Aklat ni Mormon at ihambing ang mga turo nito sa Biblia. Napag-aralan na niya ang mga doktrina ng ibang mga simbahan noon, ngunit natagpuan niya ang isang bagay na nakahihikayat sa Aklat ni Mormon at sa mga alituntuning itinuro sa kanya ni Parley. Ang lahat ng bagay ay malinaw at naaayon sa salita ng Diyos.

Kaagad na ipinakilala ni John si Parley sa kanyang mga kaibigan. “Narito ang isang lalaking dumating bilang sagot sa ating mga panalangin,” inihayag niya, “at sinasabi niyang itinatag ng Panginoon ang tunay na simbahan.”

“Ikaw ba ay magiging isang Mormon?” tanong ng isa sa kanya.

“Hindi ko alam,” sabi ni John. “Magsisiyasat ako at mananalangin na tulungan ako ng Panginoon. Kung may

katotohanan sa bagay na ito, yayakapin ko ito—at kung may mali, ayaw kong magkaroon ng kinalaman dito.”¹⁹

Pagkaraan ng maikling panahon, sila ni Parley ay nagpunta sa isang kalapit na bayan, na ang pangunahing ikinabubuhay ay pagsasaka, kung saan nakatira ang mga kamag-anak ni Isabella Walton. Ang kaibigan ni John na si Joseph Fielding ay nakatira rin doon kasama ng kanyang mga kapatid na sina Mercy at Mary. Sila ay nagmula rin sa England at mayroong mga pananaw sa relihiyon na katulad ng sa mga Taylor.

Nang papalapit na ang sinasakyan nina John at Parley sa tahanan ng mga Fielding, nakita nila sina Mercy at Mary na tumakbo papunta sa bahay ng kapitbahay. Lumabas ang kanilang kapatid na lalaki at malamig na binati ang mga lalaki. Sinabi niyang mas nanaisin niyang hindi sila dumating. Ang kanyang mga kapatid na babae, at marami pang ibang mga tao sa bayan, ay ayaw silang marinig na mangaral.

“Bakit nila tinututulan ang Mormonismo?” tanong ni Parley.

“Hindi ko alam,” sabi ni Joseph. “Ang pangalan ay napakapangit pakinggan.” Sinabi niyang hindi sila naghanap ng mga bagong paghahayag o anumang doktrina na salungat sa mga turo ng Biblia.

“Ah,” sabi ni Parley, “kung iyan lamang, kailangan nating kaagad na alisin ang iyong mga maling palagay.” Sinabi niya kay Joseph na pabalikin sa bahay ang kanyang mga kapatid na babae. Alam niyang may isang pulong panrelihiyon sa bayan nang gabing iyon, at gusto niyang mangaral doon.

“Maghahapunan kami kasama ninyo at sama-sama tayong lahat na pupunta sa pulong,” sabi ni Parley. “Kung sumasang-ayon ka at ang inyong mga kapatid dito, pumapayag akong mangaral ng ebanghelyo ng lumang Biblia at huwag isama ang lahat ng mga bagong paghahayag na hindi umaayon dito.”²⁰

Nang gabing iyon, umupo sina Joseph, Mercy, at Mary Fielding sa isang silid na puno ng mga tao at nabighani sa pangangaral ni Parley. Wala siyang sinabing anuman tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo o sa Aklat ni Mormon na sumasalungat sa mga turo ng Biblia.

Pagkatapos na pagkatapos nito, bininyagan ni Parley ang mga Taylor, Fielding, at ibang mga tao sa lugar na may sapat na bilang para mag-organisa ng isang branch. Ang mga pangako ng Panginoon sa basbas ni Heber ay nagsimula nang matupad, at nananabik na si Parley na makabalik kay Thankful. Kailangan na niyang bayaran ang ilan sa kanyang mga pagkakautang, at kailangan pa niyang kumita ng pera para mabayaran ang mga ito.

Nang papaalis na si Parley patungong Kirtland, nakipagkamayan siya sa kanyang mga bagong kaibigan. Isa-isa silang nagpisil ng pera sa kanyang mga palad, na nagkakahalaga ng ilang daang dolyar. Sapat ito para mabayaran ang kanyang mga pinakakailangang bayarang pagkakautang.²¹

NANG DUMATING SI PARLEY sa Kirtland, nakita niya na malusog si Thankful na isa pang katuparan sa mga ipinangako ng Panginoon. Pagkatapos mabayaran ni Parley ang

ilang mga pagkakautang, nangalap siya ng mga polyeto at mga kopya ng Aklat ni Mormon at bumalik sa Canada upang magpatuloy sa kanyang misyon na kasama na ang kanyang asawa sa pagkakataong ito.²² Napagod sa paglalakbay si Thankful, at nang makita ng mga Banal sa Canada ang kanyang panghihina, nagduda sila kung sapat ang kanyang lakas para isilang ang anak na lalaking ipinangako sa basbas kay Parley. Gayunman hindi nagtagal pagkatapos niyon, inaabangan na nina Parley at Thankful ang pagsilang ng panganay nilang anak.²³

Habang nasa malayo ang mga Pratt, inupahan ng kanilang mga kaibigang sina Caroline at Jonathan Crosby ang kanilang bahay sa Kirtland. Ang mga Crosby ay isang bata pa na mag-asawa na lumipat sa Kirtland ilang buwan bago ang paglalaan ng templo. Madalas silang makipagkita sa kanilang mga kaibigan upang sumamba, kumanta ng mga himno, o magsalu-salo.²⁴

Nang natapos na ang templo, mas maraming Banal ang lumipat sa Kirtland. Maraming lupain sa lugar, ngunit ang karamihan dito ay hindi pa naisasaayos. Nagmadali ang mga Banal sa pagtatayo ng mas maraming bahay, madalas mula sa pangungutang dahil kakaunti ang pera sa komunidad. Ngunit sila ay hindi makagawa nang mabilis para mabigyan ng tirahan ang mga bagong dating, kaya ang mga matatag na pamilya ay madalas na nagbubukas ng kanilang tahanan para sa mga taong ito o pinapaupahan ang mga bakanteng kwarto.

Dahil mas kumakaunti na ang pabahay sa bayan, si John Boynton, isa sa mga apostol, ay lumapit sa mga Crosby para upahan ang bahay ng mga Pratt para sa kanyang

pamilya. Nag-alok siya nang mas malaki kaysa sa binayaran nila sa mga Pratt.²⁵

Napakalaki ng alok, at alam ni Caroline na magagamit nila ni Jonathan ang pera para matustusan ang pagtatayo ng kanilang bahay. Subalit nasisiyahan silang magsarili, at nagdadalantao ngayon si Caroline sa kanilang unang anak. Kung aalis sila sa bahay ng mga Pratt, kailangan nilang maki-sama sa isang matandang kapitbahay na si Sabre Granger na ang masikip na bahay ay may iisang kuwarta lamang.

Hiniling ni Jonathan kay Caroline na gawin ang pagdedesiyon tungkol sa paglipat. Ayaw lisanin ni Caroline ang kaginhawahan at ang luwang ng bahay ng mga Pratt, at nag-aatubili siyang makisama kay Sister Granger. Hindi niya labis na inaalala ang pera, kahit na talagang magagamit nila ito ni Jonathan.

Ngunit ang kabatiran na matutulungan nila ang malaking pamilya ng mga Boynton na magtipon sa Kirtland ay sapat na para sa maliit na sakripisyong kailangang gawin ni Caroline. Makalipas ang ilang araw, sinabi niya kay Jonathan na handa siyang lumipat.²⁶

SA HULING BAHAGI NG Hunyo, sumulat sa propeta si William Phelps at ang iba pang mga lider ng simbahan sa Clay County para sabihin sa kanya na ipinatawag ng mga lokal na opisyal ang mga lider ng simbahan sa hukuman, kung saan tinalakay nila ang kinabukasan ng mga Banal sa kanilang county. Mahinahon at magalang na nagsalita ang mga opisyal, subalit hindi nag-iwan ng puwang para sa mga kompromiso ang kanilang mga salita.

Dahil ang mga Banal ay hindi na makabalik sa Jackson County, inirekomenda ng mga opisyal na sila ay maghanap ng bagong matitirhan—kung saan ay maaari silang magsarili. Pumayag na umalis ang mga lider ng simbahan sa Clay County sa halip na makipagsapalaran na muling magkaroon ng isa pang marahas na pagpapalayas.²⁷

Ang balita ay dumurog sa pag-asa ni Joseph na makabalik sa Jackson County noong taong iyon, ngunit hindi niya masisisi ang mga Banal sa Missouri sa nangyari. “Mas nalalaman ninyo ang inyong kalagayan kaysa sa amin,” sulat niya, “at tiyak na ginabayan ng karunungan ang inyong desisyon kaugnay ng pag-alis sa bayan.”²⁸

Dahil sa pangangailangan ng mga Banal sa Missouri ng bagong lugar na matitirhan, nadama ni Joseph ang mas matinding pangangailangan na maglikom ng pera para makabili ng mga lupain. Nagpasya siyang magbuksan ng isang tindahan ng simbahan malapit sa Kirtland at nanghiram ng mas maraming pera para makabili ng mga kalakal na ibebenta roon.²⁹ Ang tindahan ay nagkaroon ng ilang tagumpay, ngunit sinamantala ng maraming Banal ang kabaitan at pagtitiwala ni Joseph, batid na hindi siya tatangging magpautang sa tindahan. Iginiit din ng ilan sa kanila na makipagpalitan ng kalakal para sa kung ano ang kailangan nila, kaya naging mahirap kumita ng pera mula sa mga kalakal.³⁰

Sa katapusan ng Hulyo, ni ang tindahan o anumang bagay na sinubukan ng mga lider ng simbahan ay hindi nakabawas sa mga pagkakautang ng simbahan. Desperado, nilisan ni Joseph ang Kirtland kasama sina Sidney, Hyrum, at Oliver at pumunta sa Salem, isang lunsod sa Silangan

Baybayin, pagkatapos marinig mula sa isang miyembro ng simbahan na alam niya kung saan makakahanap ng nakatagong pera. Wala silang nakuhang salapi mula rito nang makarating sila sa lunsod, at bumaling sa Panginoon si Joseph para humingi ng patnubay.³¹

“Ako, ang Panginoon ninyong Diyos, ay hindi nagagalit sa inyong paglalakbay na ito, sa kabila ng inyong mga kaha-ngalan,” ang naging tugon. “Huwag balisahin ang inyong sarili tungkol sa inyong mga pagkakautang, sapagkat kayo ay aking bibigyan ng kakayahang mabayaran ang mga ito. Huwag balisahin ang inyong sarili tungkol sa Sion, sapagkat ako ay makikitungo sa kanya nang may awa.”³²

Ang mga lalaki ay bumalik sa Kirtland pagkatapos ng humigit-kumulang isang buwan na patuloy na inaalala ang pananalapi ng simbahan. Subalit noong taglagas na iyon, iminungkahi ni Joseph at ng kanyang mga tagapayo ang isang bagong proyekto na maaaring makalikom ng perang kailangan para sa Sion.



Bawat Patibong

Nagtrabaho si Jonathan Crosby sa kanyang bagong tahanan sa Kirtland sa kabuuan ng taglagas ng 1836. Pagsapit ng Nobyembre, naitayo na niya ang mga pader at bubong, ngunit hindi pa rin niya natatapos ang sahig ng bahay at wala pang mga bintana o pintuan. Dahil malapit nang isilang ang sanggol, hinihimok siya ni Caroline na tapusin kaagad hangga't maaari ang paggawa ng bahay. Bagama't maayos naman ang pagsasamahan nila ng kanilang kaserang si Sister Granger, nasasabik na si Caroline na lumipat sa kanilang bagong bahay mula sa kanilang masikip na tirahan.¹

Habang mabilis na nagtrabaho si Jonathan para maging kaaya-ayang tirhan ang bahay bago isilang ang sanggol, ibinalita ng mga lider ng simbahan ang kanilang plano na simulan ang Kirtland Safety Society, isang bangko sa nayon na naglalayong palakasin ang mahinang ekonomiya ng Kirtland at makalikom ng pera para sa simbahan.

Tulad ng ibang maliliit na bangko sa Estados Unidos, ito ay magpapautang sa mga manghihiram para makabili ng ari-arian at mga kalakal, na siyang tutulong upang lumago ang ekonomiya. Habang binabayaran ng mga humiram ang mga pagkakautang na ito nang may interes, magkakaroon ng tubo ang bangko.²

Ang mga mangungutang ay bibigyan ng mga papel de bangko na ginagarantiyahan ng Safety Society gamit ang limitadong reserba ng pilak at gintong barya nito. Upang palakihin ang reserbang ito ng salapi, magbebenta ang bangko ng stock sa mga mamumuhunan, na nangkong magbabayad sa kanilang mga stock sa paglipas ng panahon.³

Pagdating ng simula ng Nobyembre, mayroong higit sa tatlungumpung stockholder ang Kirtland Safety Society, kabilang na sina Joseph at Sidney, na ipinuhunan ang karamihan ng sarili nilang pera sa bangko.⁴ Ihinalal ng mga stockholder si Sidney bilang pangulo ng institusyon at si Joseph bilang kahero, na siyang responsable sa mga tala ng bangko.⁵

Matapos magawa ang plano para sa bangko, nagtungo si Oliver sa silangan para makabili ng mga materyales para sa pagpapalimbag ng mga papel de bangko, at si Orson Hyde ay gumawa ng rekisasyon upang makakuha ng charter o lisensiya mula sa lehislatura ng estado upang maging legal ang operasyon ng bangko. Samantala, hini-mok naman ni Joseph ang lahat ng mga Banal na mamuhunan sa Safety Society sa pamamagitan ng pagbanggit sa mga talata sa Lumang Tipan na naghihirang sa mga sinaunang Israelita na dalhin ang kanilang mga ginto at pilak sa Panginoon.⁶

Nadama ni Joseph na pinagtibay ng Diyos ang kani-
lang mga pagsisikap, at nangako siya na magiging maayos
ang lahat kung diringgin ng mga Banal ang mga utos
ng Panginoon.⁷ Nagtitiwala sa salita ng propeta, ang iba
pang mga Banal ay namuhunan sa Safety Society, baga-
ma't ang iba ay higit na nag-iingat sa pagbili ng stock sa
isang institusyong wala pang napatutunayan. Naisip ng
mga Crosby na bumili ng mga share, pero wala na silang
magagamit na pera dahil sa mataas na halaga ng pagtatayo
ng kanilang bahay.⁸

Sa bandang simula ng Disyembre, nakapaglagay na sa
wakas si Jonathan ng mga bintana at pinto para sa bahay,
kung kaya't nakalipat na sila ni Caroline. Hindi pa tapos
gawin ang loob ng bahay, ngunit mayroon silang maayos
na kalan na makapagbibigay sa kanila ng init at mapaglu-
lutuan. Nakapaghukay na rin si Jonathan ng isang balon sa
malapit kung saan ay madali silang makapag-iigib ng tubig.

Masaya si Caroline na magkaroon ng sariling bahay, at
noong Disyembre 19, nagsilang siya ng isang malusog na
sanggol na lalaki habang matindi ang pag-ulan ng niyebe
sa labas.⁹

BINALOT NG TAGLAMIG ANG Kirtland, at noong Ene-
ro 1837, ang Kirtland Safety Society ay binuksan para sa
negosyo.¹⁰ Sa unang araw nito, nagpalabas si Joseph ng
malulutong na papel de bangko, bagung-bago mula sa
limbagan, na may pangalan ng institusyon at lagda niya sa
harap.¹¹ Sa pagdami ng mga Banal na umuutang, madalas
ay ginagamit ang kanilang lupain bilang panggarantiya,

nagsimulang lumaganap ang mga papel de bangko sa Kirtland at sa ibang lugar.¹²

Si Phebe Carter, na kamakailan lamang lumipat sa Kirtland mula sa hilagang-silangang Estados Unidos, ay hindi namuhunan sa Safety Society o kaya ay umutang dito. Ngunit nakinabang siya sa kaunlarang ipinangako nito. Halos tatlumpung taong gulang na siya at walang asawa, at wala siyang kapamilya sa Kirtland na masasandalan kung kailangan niya ng suporta. Tulad ng ibang babae na nasa kanyang sitwasyon, kakaunti lamang ang maaari niyang maging trabaho, pero maaari siyang magkaroon ng maayos na kita sa pamamagitan ng pananahi at pagtuturo sa paaralan, tulad ng ginawa niya noong bago siya lumipat sa Ohio.¹³ Kung gumanda ang ekonomiya ng Kirtland, mas maraming tao ang magkakaroon ng perang pambili ng bagong damit at pambayad sa edukasyon.

Gayunman, para kay Phebe, ang desisyon na pumunta sa Kirtland ay espirituwal at hindi dahil sa ekonomiya. Tutol ang kanyang mga magulang sa kanyang pagpapabinyag, at nang ibalita niya ang kanyang plano na sumama sa mga Banal, tumutol ang kanyang ina. “Phebe,” sabi niya, “babalik ka ba sa akin kung malaman mo na hindi totoo ang Mormonismo?”

“Oo, Inay, babalik ako,” pangako ni Phebe.¹⁴

Subalit alam niya na natagpuan niya ang ipinanimbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ilang buwan matapos dumating sa Kirtland, tumanggap siya ng patriarchal blessing mula kay Joseph Smith Sr. na nagbigay sa kanya ng katiyakan sa mga dakilang gantimpala sa lupa at sa langit. “Mapanatag, sapagka’t ang iyong mga suliranin ay tapos

na,” sinabi sa kanya ng Panginoon. “Ikaw ay magkakaroon ng mahabang buhay at makikita ang magagandang araw.”¹⁵

Pinagtibay ng basbas ang mga naramdaman ni Phebe nang nilisan niya ang kanilang tahanan. Nalulungkot na magpaalam nang personal, sumulat siya ng liham at iniwan ito sa ibabaw ng mesa ng pamilya. “Huwag kayong magalala sa inyong anak,” sabi nito. “Naniniwala akong aalagaan ako ng Panginoon at ibibigay sa akin ang pinakamainam.”¹⁶

Nanalig si Phebe sa mga pangako ng kanyang patriarchal blessing. Sinabi rito na siya ay magiging ina ng maraming anak at magpapakasal sa isang lalaki na may karunungan, kaalaman, at pag-unawa.¹⁷ Ngunit wala pang napipisil na maaaring mapangasawa si Phebe, at alam niyang mas nakatatanda siya kaysa sa karamihan ng babaeng nagpakasal na at nagsimula nang magkaanak.

Isang gabi noong Enero 1837, bumibisita si Phebe sa mga kaibigan nang makita niya ang isang lalaking may maitim na buhok at may mapusyaw na asul na mga mata. Ito ay mas matanda sa kanya ng ilang araw at kauwi lang sa Kirtland matapos magmartsa kasama ng Kampo ng Israel at pagkatapos ay nagmisyon sa katimugang Estados Unidos.

Nalaman niya na ang pangalan nito ay Wilford Woodruff.¹⁸

SA BUONG TAGLAMIG, PATULOY na humiram ng malalaking halaga ng pera ang mga Banal para ipambili ng mga ari-arian at kalakal. Kung minsan, ang mga empleyado ay binabayaran ng kanilang mga amo gamit ang mga papel de bangko, na maaaring magamit bilang pera o maipalit sa totoong pera sa opisina ng Kirtland Safety Society.¹⁹

Matapos magbukas sa negosyo ang Safety Society, isang lalaking nanggangalang Grandison Newell ang nagsimulang mag-imbak ng mga papel de bangko. Matagal nang naninirahan sa isang kalapit na bayan, si Grandison ay namumuhi kay Joseph at sa mga Banal. Bahagyang tinamasa niya ang kasikatan sa county hanggang sa dumating ang mga Banal, at ngayon ay madalas siyang humahanap ng mga paraan, legal man o hindi, upang ligaligin ang mga ito.²⁰

Kapag pumunta sa kanya ang mga miyembro ng simbahan para humanap ng trabaho, hindi niya tinatanggap ang mga ito. Kung nangangaral ang mga missionary malapit sa kanilang tahanan, bubuo siya ng isang grupo ng mga kalalakihan para pukulin ang mga ito ng mga itlog. Nang si Doctor Philastus Hurlbut ay nagsimulang magtipon ng mga mapanirang-puring pahayag laban kay Joseph, tumulong si Grandison na tustusan ng pananalapi ang kanyang gawain.²¹

Gayunman sa kabila ng kanyang mga pagsisikap, patuloy na nagtipon ang mga Banal sa lugar.²²

Ang pagbubukas ng Kirtland Safety Society ay nagbigay kay Grandison ng panibagong pagkakataon para umatake. Nag-aalala sa tumataas na bilang ng mga bangko sa Ohio, tumanggi ang lehislatura ng estado na magkaloob kay Orson Hyde ng charter. Kung wala ang pahintulot na ito, hindi matatawag ng Safety Society ang kanyang sarili na isang bangko, bagama't maaari pa rin itong kumuha ng mga deposito at magpautang. Ang tagumpay nito ay nakasalalay sa pagbabayad ng share ng mga stockholder para mapanatili ng institusyon ang mga reserba nito. Gayunman, iilang stockholder lamang ang may pera para gawin ito, at

inisip ni Grandison na napakaliit ng mga reserba ng Safety Society kaya't hindi ito magtatagal.²³

Umaasang babagsak ang negosyo kung may sapat na bilang ng mga tao na tutubos ng mga ginto at pilak na barya kapalit mga papel de bangko, naglakbay si Grandison sa buong kanayunan para bumili ng mga papel de bangko.²⁴ Pagkatapos ay dinala niya ang bunton ng papel de bangko sa opisina ng Safety Society at humingi ng pera bilang kapalit. Kung hindi papalitan ang mga ito ng mga opisyal, pagbabanta niya, magsasampa siya ng kaso.²⁵

Puwersado, sina Joseph at ang mga opisyal ng Safety Society ay walang nagawa kundi palitan ang mga papel de bangko at manalangin para sa mas maraming mamumuhunan.

KAHIT KAKAUNTI LAMANG ANG kaniyang pera, bumili si Wilford Woodruff ng dalawampung share ng stock sa Kirtland Safety Society.²⁶ Ang kanyang matalik na kaibigang si Warren Parrish ang kalihim ng Safety Society. Naglakbay si Wilford pakanluran kasama si Warren at ang asawa nitong si Betsy, bilang bahagi ng Kampong ng Israel. Matapos mamatay si Betsy dahil sa paglaganap ng kolera, magkasamang nagmisyon sina Warren at Wilford bago bumalik sa Kirtland si Warren at naging tagasulat at pinagkakatiwalaang kaibigan ni Joseph.²⁷

Simula pa ng kanyang misyon, lumipat si Wilford sa iba't ibang lugar, madalas na umaasa sa kabaitan ng mga kaibigang katulad si Warren. Ngunit matapos makilala si Phebe Carter, nagsimula na siyang mag-isip na mag-asawa,

at ang pamumuhunan sa Safety Society ang isa sa mga paraan para mapatatag niya ang kanyang sarili sa aspetong pinansiyal bago magsimula ng isang pamilya.

Gayunman, sa katapusan ng Enero, ang Safety Society ay nahaharap sa isang krisis. Habang ang mga reserba nito ay sinusubukang ubusin ni Grandison Newell, naglathala ang mga pahayagan sa lugar ng mga artikulo na kumukwestiyon sa pagiging lehitimo nito. Tulad ng iba sa buong bansa, ang ilang Banal ay nagbakasakali sa lupain at ari-arian, umaasang yumaman sa kaunting pagsisikap. Ang iba ay hindi nakapagbigay ng mga kinakailangang bayad sa kanilang stock. Di nagtagal, maraming manggagawa at negosyo sa loob at paligid ng Kirtland ang tumangging tanggapin ang papel de bangko ng Safety Society.²⁸

Natatakot sa pagkabigo, pansamantalang isinara nina Joseph at Sidney ang Safety Society at nagpunta sa isa pang bayan para subukang makisosyo sa isang matatag na bangko roon.²⁹ Subalit ang hindi magandang pagsisimula ng Safety Society ay nagpahina sa pananampalataya ng maraming Banal, nagdudulot sa kanila na pagdudahan ang espirituwal na pamumuno ng propeta na nag-udyok sa kanilang pamumuhunan.³⁰

Noon, inihayag ng Panginoon ang banal na kasulatan sa pamamagitan ni Joseph, na dahilan kaya madali para sa kanilang manampalataya na siya ay isang propeta ng Diyos. Subalit nang tila hindi natutupad ang kanyang mga pahayag tungkol sa Safety Society, at ang kanilang mga ipinuhunan ay nagsimulang mawala, maraming mga Banal ang naging balisa at kritikal kay Joseph.

Nagpatuloy si Wilford na magtiwala na ang Safety Society ay magtatagumpay. Pagkatapos makipagsosyo ng propeta sa isa pang bangko, bumalik siya sa Kirtland at tumugon sa mga reklamo ng mga bumabatikos sa kanya.³¹ Kalaunan, sa pangkalahatang kumperensya ng simbahan, sinabi ni Joseph sa mga Banal kung bakit nanghiram ng pera ang simbahan at nagtatag ng mga institusyong tulad ng Safety Society.

Sinimulan ng mga Banal ang gawain sa mga huling araw nang mahirap at hikahos, paalala niya sa kanila, subalit iniutos ng Panginoon sa kanila na isakripisyo ang kanilang panahon at mga talento upang magtipon sa Sion at magtayo ng templo. Ang mga pagsisikap na ito, bagama't magastos, ay mahalaga para sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos.³² Upang isulong ang gawain ng Panginoon, kailangang humanap ang mga lider ng simbahan ng paraan para tustusan ito.

Gayunman, nanghinayang si Joseph sa laki ng kanilang pagkakautang sa mga nagpapahiram. “Totoong may pagkakautang tayo sa kanila,” pag-amin niya, “subalit ang ating mga kapatid mula sa ibang bansa ay makakarating lamang sa pamamagitan ng kanilang salapi.” Naniniwala siya na kung ang mga Banal ay magtitipon sa Kirtland at ilalaan ang kanilang mga ari-arian sa Panginoon, malaki ang maitutulong nito para mabawasan ang pasanin ng simbahan sa pagkakautang.³³

Habang nagsasalita si Joseph, nadama ni Wilford ang kapangyarihan ng kanyang mga salita. “Ah, maisulat nawa ang mga ito sa ating mga puso gamit ang isang bakal na panulat,” naisip niya, “upang manatili magpakailanman nang maisagawa natin ang mga ito sa ating buhay.” Inisip

niya kung paanong magdududa pa rin ang kahit sinong nakaririnig na nagsasalita ang propeta na siya ay tinawag ng Diyos.³⁴

Subalit patuloy pa rin ang pag-aalinlangan. Sa kalagitnaan ng Abril, lumala ang ekonomiya ng Kirtland habang pinahina ng krisis sa pananalapi ang buong bansa. Ang maraming taon ng pagpapahiram ay labis na nagpahina sa mga bangko sa England at Estados Unidos, na naging dahilan ng laganap na pangamba na baka bumagsak ang ekonomiya. Nangingil ang mga bangko ng mga pautang, at ang ilan ay tuluyan nang huminto sa pagpapautang. Mabilis na kumalat ang pagkataranta sa bawat bayan sa pagsasara ng mga bangko, pagkalugi ng mga negosyo, at pagtaas ng bilang ng mga walang trabaho.³⁵

Sa ganitong sitwasyon, maliit lamang ang pag-asa ng isang nahihirapang institusyon tulad ng Kirtlan Safety Society. Walang gaanong magawa si Joseph upang maayos ang problema, gayunman ay mas madali sa ilan na sisihin siya sa halip na ang kaguluhan sa ekonomiya ng bansa.

Hindi nagtagal ay palagi nang tinutugis ng mga nagpautang sina Joseph at Sidney. Isang tao ang nagsampa ng kaso laban sa kanila dahil sa isang utang na hindi nabayaran, at naghain si Grandison Newell ng mga kasong kriminal na hindi naman totoo laban kay Joseph, sinasabing ang propeta ay nakikipagsabwatan laban sa kanya. Sa paglipas ng bawat araw, tumindi ang pag-aalala ng propeta na siya ay darakpin o papatayin.³⁶

Magpapakasal na ngayon sina Wilford at Phebe, at hiniling nila na si Joseph ang magkasal sa kanila. Pero sa

araw ng kanilang kasal, hindi malaman kung nasaan siya kaya si Frederick Williams ang nagsagawa ng seremonya.³⁷

DI NAGTAGAL MATAPOS ANG biglaang pagkawala ni Joseph, nakatanggap ng sulat si Emma na nagbibigay sa kanya ng katiyakan na siya ay ligtas.³⁸ Sila ni Sidney ay tuma-kas mula sa Kirtland, lumalayo sa mga taong nagtatangkang saktan sila. Lihim ang kanilang lokasyon, subalit alam nina Newel Whitney at Hyrum kung paano sila makakausap at nagpapayo sa kanila mula sa malayo.³⁹

Naunawaan ni Emma ang mga panganib na kinakaha-rap ni Joseph. Nang dumating ang kanyang liham, ilang mga lalaki—marahil ay mga kaibigan ni Grandison Newell—ay sinuri ang tatak-koreo nito, sinusubukang malaman kung saan siya naroon. Ang iba ay nag-eespiya sa kanyang nag-hihirap na tindahan.

Bagama't nanatili ang kanyang positibong pananaw, nag-alala si Emma sa mga bata. Ang kanilang isang taong gulang na anak, si Frederick, ay napakabata pa para main-tindihan ang nangyayari, ngunit ang anim na taong gulang na si Julia at apat na taong gulang na si Joseph ay naging balisa nang malaman nila na ang kanilang ama ay hindi kaagad makauuwi sa bahay.⁴⁰

Alam ni Emma na kailangan niyang magtiwala sa Panginoon, lalo na ngayon na maraming tao sa Kirtland ang bumabaling sa pagdududa at kawalang-tiwala. “Kung wala akong tiwala sa Diyos na higit sa ilang taong mapapanga-lanan ko, ako ay tiyak na malalagay sa isang malungkot na kalagayan,” isinulat ni Emma kay Joseph noong katapusan

ng Abril. “Subalit naniniwala pa rin ako na kung magpapakumbaba tayo at magiging matapat hanggang sa ating makakaya, tayo ay maliligtas mula sa bawat patibong na maaaring ilatag sa ating paanan.”⁴¹

Gayunman, nag-alala siya na sasamantalain ng mga nagpautang kay Joseph ang kanyang pagkawala at kuhanin ang anumang ari-arian o pera na makukuha nila. “Impossible para sa akin na gawin ang anumang bagay,” panaghoy niya, “kung ang lahat ng tao ay mas may karapatan kaysa sa akin sa mga itinuturing na sa iyo.”

Handa na si Emma na umuwi si Joseph. Kakaunting tao na lamang ngayon ang pinagkakatiwalaan niya, at nag-aatubili siyang ibigay kaninuman ang anumang bagay kung hindi ito makatutulong sa pagbabayad ng mga pagkakautang ni Joseph. At ang mas nagpalala rito, nangangamba siyang nalantad ang kanilang mga anak sa tigdas.

“Hinihiling kong sana ay posible para sa iyo na umuwi sa bahay kapag sila ay may sakit,” pagsulat niya. “Alalahanin mo sila, sapagkat naaalala ka nilang lahat.”⁴²

SA GITNA NG KAGULUHANG ito, sina Parley at Thankful ay bumalik sa Kirtland para sa pagsilang ng kanilang sanggol. Tulad ng iprinopesiya ni Heber, nagsilang si Thankful ng isang anak na lalaki, na isinunod ang pangalan kay Parley. Subalit dumanas siya ng matinding pagdurusa sa kaniyang panganganak, at namatay siya makalipas ang ilang oras. Dahil hindi kayang alagaan ang kanyang sanggol na lalaki nang mag-isa, inilagay ito ni Parley sa mga bisig ng isang babaeng makapag-aalaga dito at bumalik sa Canada.

Nagsimula siyang magplano roon na magmisyon sa England sa tulong ng mga Banal na tulad ni Joseph Fielding, na sumusulat tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga kaibigan at kamag-anak sa ibayong dagat.⁴³

Pagkatapos ng kanyang misyon sa Canada, bumalik sa Ohio si Parley at pinakasalan ang isang batang balo sa Kirtland na nagngangalang Mary Ann Frost. Tumanggap din siya ng liham mula kay Thomas Marsh, pangulo ng Korum ng Labindalawa, na humihimok sa kanyang ipagpaliban ang misyon sa England hanggang sa magpulong ang mga apostol bilang isang korum sa tag-init na iyon sa Kirtland.⁴⁴

Habang hinihintay ni Parley ang iba pang mga apostol na matipon, bumalik sina Joseph at Sidney sa Kirtland at sinubukang masolusyunan ang kanilang mga pagkakautang at pahupain ang tensyon sa mga Banal.⁴⁵

Pagkaraan ng ilang araw, binisita ni Sidney si Parley at sinabi sa kanya na dumating siya upang mangolekta ng bayad para sa lagpas na sa taning na pagkakautang. Mga ilang panahon bago nito, pinautang ni Joseph si Parley ng \$2,000 para makabili ng ilang lupain sa Kirtland. Upang mabawasan ang kanyang mga sariling pagkakautang, ibinenta ni Joseph ang utang ni Parley sa Safety Society, at kinokolekta na ngayon ni Sidney ang pera.

Sinabi ng Parley kay Sidney na wala siyang \$2,000 ngunit nag-alok siyang ibalik ang lupain bilang kabayaran. Sinabi sa kanya ni Sidney na kailangan niyang isuko ang kanyang bahay kasama ng lupain para mabayaran nang buo ang pagkakautang.⁴⁶

Labis na nagalit si Parley. Noong ibinenta ni Joseph sa kanya ang lupain, sinabi nito kay Parley na hindi siya

masasaktan sa kasunduan. At paano na ang basbas ni Heber Kimball na nangako sa kanya ng hindi mabilang na kayamanan at kalayaan mula sa pagkakautang? Ngayon, ang pakiramdam ni Parley ay kinukuha nina Joseph at Sidney ang lahat ng bagay na mayroon siya. Kung mawawala sa kanya ang kanyang lupain at bahay, ano ang gagawin nila ng kanyang pamilya?⁴⁷

Kinabukasan, nagpadala si Parley ng sulat na puno ng galit kay Joseph. “Nang maglaon ako ay lubusang naniniwala na ang buong sitwasyon ng mga haka-haka kung saan tayo ay napasama ay sa diyablo,” isinulat niya, “na nagpaibayo sa pagsisinungaling, panlilinlang, at pagsasamantala sa kapwa.” Sinabi ni Parley kay Joseph na naniniwala pa rin siya sa Aklat ni Mormon at sa Doktrina at mga Tipan, ngunit siya ay nabalisa sa mga ginawa ng propeta.

Mariin niyang hiniling na magsisi si Joseph at tanggapin ang lupa bilang kabayaran sa kanyang utang. Kung hindi, kailangan niyang gumawa ng legal na aksyon.

“Kakailanganin kong gawin ang napakasakit na bagay ng pagsasampa ng kaso laban sa iyo,” babala niya, “dahil sa sapilitang pagkuha, kasakiman, at sa pagsasamantala sa iyong kapatid.”⁴⁸

NOONG MAYO 28, ILANG ARAW matapos ipadala ni Parley ang sulat niya kay Joseph, pumunta si Wilford Woodruff sa templo para sa isang pulong sa araw ng Linggo. Habang tumitindi ang pambabatikos sa Kirtland, isa sa pinakamatatag na kakampi ni Joseph si Wilford. Ngunit si Warren Parrish, na nakipagtulungan kay Joseph sa loob ng

maraming taon, ay nagsimulang pintasan ang propeta dahil sa kanyang ginampanang papel sa krisis sa pananalapi at mabilis na naging pinuno ng mga bumabatikos.

Nagdasal si Wilford na mawala ang diwa ng pagtatalu-talo sa simbahan.⁴⁹ Pero hindi na siya gaanong magtatagal sa Kirtland upang tumulong. Kamakailan lamang, nadama niyang kailangan niyang dalhin ang ebanghelyo sa Fox Islands, sa hilagang-silangan ng estado ng Maine, malapit sa tahanan ng mga magulang ni Phebe. Umaasa siya na habang papunta roon, magkakaroon siya ng pagkakataon na ituro sa kanyang sariling mga magulang at nakababatang kapatid na babae ang ebanghelyo. Sasamahan siya ni Phebe para makilala nito ang kanyang pamilya at dadalhin naman siya ni Phebe pahilaga para makikila naman niya ang pamilya ni Phebe.⁵⁰

Sabik man siyang makasama ang kanyang pamilya, hindi mapigilan ni Wilford na mag-aalala para kay Joseph at sa kalagayan ng simbahan sa Kirtland. Umupo sa loob ng templo, nakita niya si Joseph sa pulpito. Sa harap ng napakaraming oposisyon, makikita ang pagkabigo sa propeta. Nawalan siya ng libu-libong dolyar sa pagbagsak ng Safety Society, nang higit kaninuman.⁵¹ At, hindi tulad ng iba, hindi niya iniwan ang institusyon nang magsimula itong bumagsak.

Nakatingin sa lahat ng nasa kongregasyon, ipinagtanggol ni Joseph ang sarili laban sa mga bumabatikos sa kanya, nagsasalita sa ngalan ng Panginoon.

Habang nakikinig si Wilford, nakita niya na ang kapangyarihan at Espiritu ng Diyos ay na kay Joseph. Nadama rin niya itong bumaba kay Sidney at sa iba pa nang tumayo

silá at nagpatotoo tungkol sa katapatan ni Joseph.⁵² Ngunit bago matapos ang pulong, tumayo si Warren at tinuligsa si Joseph sa harap ng kongregasyon.

Nalungkot si Wilford habang pinakikinggan niya ang pambabatikos. “O, Warren, Warren,” ang paghinagpis niya.⁵³



Mananaig ang Katotohanan

Sa huling bahagi ng tagsibol ng 1837, nilisan nina Thomas Marsh, David Patten, at William Smith ang kanilang tahanan sa Missouri at nagtungo sa Kirtland. Marami na ngayon sa mga Banal sa Sion ang nakatira sa tabi ng isang sapa na kung tawagin ay Shoal Creek, mga limampung milya sa hilagang-silangan ng Independence. Itinatag nila roon ang isang bayan na tinatawag na Far West, gamit ang plano ni Joseph para sa lunsod ng Sion bilang kanilang gabay sa pagtatatag ng pamayanan. Umaasang makakahanap ng isang mapayapang solusyon sa patuloy na problema ng mga Banal sa kanilang mga kapitbahay, binuo ng lehislatura ng Missouri ang Caldwell County, na sumasakop sa lupain sa palibot ng Far West at Shoal Creek, para gawing tirahan ng mga Banal.¹

Nasasabik si Thomas na muling makasama ang iba pa sa Labindalawa, lalo na nang malaman niya ang pagnanais

ni Parley na dalhin ang ebanghelyo sa England. Ang pangangaral ng ebanghelyo sa ibang bansa ay isang mahalagang hakbang sa gawain ng Panginoon, at bilang pangulo ng korum, nais ni Thomas na tipunin ang mga apostol at planuhin ang misyon nang magkakasama.

Nag-alala rin siya sa mga ulat na kanyang tinanggap tungkol sa mga pambabatikos sa Kirtland. Tatlo sa mga bumabatikos—sina Luke at Lyman Johnson, at John Boynton—ay mga miyembro ng kanyang korum. Maliban na lamang kung ang Labindalawa ay mas nagkakaisa, natakot si Thomas na hindi magtatagumpay ang misyon sa England.²

SA OHIO, NAKITA NI Heber Kimball kung gaano nagkawatak-watak ang Korum ng Labindalawa mula nang buksan ang Kirtland Safety Society anim na buwan na ang nakakaraan. Dahil hindi nagtagumpay ang pagsisikap ni Joseph na iahon ang simbahan mula sa pagkakautang, nagsimulang magalit sa kanya sina Orson Hyde, William McLellin, at Orson Pratt. Nang magsimulang magsalita nang laban kay Joseph si Parley Pratt, tanging sina Brigham Young at Heber na lamang ang mga natitirang tapat na apostol sa Kirtland.³

Isang araw, habang nakaupo si Heber katabi ng propeta sa mga pulpito ng templo, lumapit si Joseph sa kanya at nagsabing, “Brother Heber, ang Espiritu ng Panginoon ay bumulong sa akin: ‘Papuntahin ang aking tagapaglingkod na si Heber sa England at ipahayag ang aking ebanghelyo at buksan ang pintuan ng kaligtasan sa bansang iyon.’”

Natigilan si Heber. Siya ay isang simpleng magpapalayok at walang gaanong pinag-aralan. Ang England ang pinakamakapangyarihang bansa sa mundo, at ang mga tao roon ay bantog sa kanilang kaalaman at katapatan sa relihiyon. “O, Panginoon,” dalangin niya, “Ako po ay isang tao na pautal-utal magsalita, at talagang hindi nararapat sa gayong gawain.” Paano ako makakapunta para mangaral sa lupaing iyon?”⁴

At paano naman ang kanyang pamilya? Halos hindi maatim ng Heber ang ideyang iwan si Vilate at ang kaniyang mga anak upang mangaral sa ibang bansa. Nakatitiyak siyang ang ibang mga apostol ay mas kwalipikado para pamunuan ang misyon. Si Thomas Marsh ang pinakaunang tinawag sa mga apostol at isa sa mga unang nagbasa ng Aklat ni Mormon at sumapi sa simbahan. Bakit hindi siya ang isugo ng Panginoon?

O bakit hindi si Brigham? Tinanong ni Heber si Joseph kung maaaring samahan man lang siya si Brigham sa England. Si Brigham ay mas may kataasan ng tungkulin sa korum dahil mas matanda siya kay Heber.

Hindi, tugon ni Joseph. Nais niyang manatili si Brigham sa Kirtland.⁵

Nang may pag-aatubili, tinanggap ni Heber ang tungkulin at naghandang umalis. Nanalangin siya sa templo araw-araw, hinihiling ang pangangalaga at kapangyarihan ng Panginoon. Agad na kumalat ang balita sa Kirtland tungkol sa kanyang pagkakahirang, at si Brigham at ang iba pa ay masugid na sumuporta sa desisyon niyang pumunta. “Gawin ang ipinapagawa sa iyo ng propeta,” sinabi nila kay

Heber, “at mabibiyayaan ka ng kapangyarihan na gawin ang isang maluwalhating gawain.”

Hindi gaanong nagbigay ng pag-asa si John Boynton. “Kung ikaw ay isang mapapahamak na mangmang na hahayo dahil sa tawag ng isang bumagsak na propeta,” panghahamak niya, “hindi ako gagawa nang kahit ano para tulungan ka.” Tutol din si Lyman Johnson, ngunit matapos makita ang determinasyon ni Heber na magpunta, inalis niya ang kanyang balabal at ipinatong ito sa balikat ni Heber.⁶

Di nagtagal ay dumating si Joseph Fielding sa Kirtland kasama ang isang grupo ng mga Banal na taga-Canada, at siya at ang iba ay itinalaga rin sa misyon, tinutupad ang propesiya ni Heber na ang misyon ni Parley sa Canada ay magtatatag ng pundasyon para sa misyon sa England. Pinag-sisihan ni Orson Hyde ang kanyang kawalang-katapatan at sumama sa misyon. Sa huli, inanyayahan ni Heber ang pinsan ni Brigham na si Willard Richards na sumama sa kanila.⁷

Sa araw ng kanyang paglisan, lumuhod si Heber na kasama si Vilate at ang kanilang mga anak. Nanalangin siya sa Diyos na gawing ligtas ang kanyang paglalayag sa karagatan, gawin siyang kapaki-pakinabang sa misyon, at tustusan ang kanyang pamilya habang wala siya. Pagkatapos, nang may mga luhang dumadaloy sa kanyang pisngi, binasbasan Niya ang bawat isa sa kanyang mga anak at nagpunta sa British Isles.⁸

ANG PAMBANSANG KRISIS SA ekonomiya ay nagpatuloy hanggang sa tag-init ng 1837. Dahil wala nang pera at

kakaunti na lang ang pagkain, tumigil si Jonathan Crosby sa paggawa sa kanyang bahay para sumama sa mga manggagawang nagtatayo ng bahay para kina Joseph at Emma. Ngunit papel de bangko lamang ng Safety Society ang kayang ibayad ni Joseph sa mga manggagawa, at paunti na nang paunti ang mga negosyo sa Kirtland na tumatanggap nito. Hindi magtatagal ay mawawalan na ng halaga ang mga papel de bangko.

Unti-unting umalis ang mga manggagawa para maka-kuha ng trabahong may mas mataas na suweldo. Subalit dahil sa kaguluhan sa pananalapi, kakaunti na lamang ang mga trabaho sa loob at paligid ng Kirtland—o kahit saanman sa buong bansa. Dahil dito, tumaas ang halaga ng mga bilihan at ang halaga ng mga lupain ay napakalaki ang ibinagsak. Kakaunting tao lamang sa Kirtland ang may kakayahang suportahan ang kanilang mga sarili o ang mga manggagawa. Upang mabayaran ang utang ng simbahan, kinailangan ni Joseph na isangla ang templo, inilalagay ito sa panganib na maiilit.⁹

Habang gumagawa si Jonathan sa bahay ng propeta, ang kanyang asawa, si Caroline, ay madalas na nakaratay sa kama, nagpapagaling mula sa matinding pag-ubo. Hindi siya makapagpasuso sa kanyang anak na lalaki dahil sa isang impeksyon sa kanyang suso, at dahil kumakaunti na ang kanilang suplay ng pagkain, inaalala niya kung saan kukunin ng pamilya ang kanilang susunod na kakainin. Sila ay may isang maliit na gulayan na nakapagbibigay sa kanila ng ilang makakain, ngunit wala silang baka, kaya napilitan silang bumili ng gatas mula sa mga kapitbahay para mapasuso ang kanilang anak.

Alam ni Caroline na marami sa kanilang mga kaibigan ang nasa parehong sitwasyon. Paminsan-minsan, mayroong nagbibigay sa kanila ng pagkain, ngunit sa dami ng mga Banal na nahihirapang pagkasyahin ang kanilang kinikita, tila wala nang may sapat na pagkain na maibabahagi.

Sa paglipas ng panahon, pinanood ni Caroline si Parley Pratt, ang mga Boynton, at ang iba pang malalapit na kaibigan na sinisisi ang simbahan dahil sa kanilang mga paghihirap. Hindi sila nawalan ni Jonathan ng pera dahil sa Safety Society, ngunit hindi rin naman sila nakaligtas sa krisis. Tulad ng marami pang iba, sila ay nahihirapang makaraos, gayunpaman, hindi nila ninais ni Jonathan na iwan ang simbahan o talikdan ang propeta.

Sa katunayan, gumawa si Jonathan sa bahay ng mga Smith hanggang sa siya na lamang ang naiwan sa mga manggagawa. Nang naubusan sila ni Caroline ng pagkain, lumiban siya ng isang araw sa trabaho para humanap ng mga panustos para sa kanyang pamilya, subalit umuwi siyang walang dala.¹⁰

“Ano na ang gagawin natin?” Tanong ni Caroline.

Alam ni Jonathan na sa kabila ng sariling mga problema sa pananalapi nina Joseph at Emma, kung minsan ay nagbibigay sila ng pagkain sa mga taong mas naghihirap. “Sa umaga,” sabi niya, “aalis ako at sasabihin ko kay Sister Emma ang kalagayan natin.”

Kinabukasan, bumalik si Jonathan sa bahay ng mga Smith, ngunit bago pa man siya nagkaroon ng pagkakataong makipag-usap kay Emma, lumapit ito sa kanya. “Hindi ko alam kung gaano karami ang inyong mga panustos,” sabi niya, “pero tumigil ka at nagtrabaho habang ang iba

ay umalis na.” Hawak niya sa kanyang kamay ang isang malaking hamon. “Naisip kong igawa ka ng isang handog.”¹¹

Nagulat, pinasalamatan siya ni Jonathan at binanggit ang tungkol sa kanilang paminggalang walang laman at ang pagkakasakit ni Caroline. Nang marinig ito ni Emma, sinabi niya kay Jonathan na kumuha ng isang sako at mag-uwi ng arinang kaya niyang mabuhat.

Iniuwi ni Jonathan ang pagkain sa bahay kinalaunan noong araw na iyon, at nang kinain ni Caroline ang unang kumpletong pagkain nila sa loob ng ilang araw, naisip niyang wala nang pagkaing mas sararap pa kaysa rito.¹²

SA KATAPUSAN NG HUNYO, naging mas agresibo ang mga bumabatikos sa Kirtland. Sa pamumuno ni Warren Parrish, ginambala nila ang mga pulong sa araw ng Linggo sa templo at inakusahan si Joseph ng lahat ng uri ng kasalanan. Kung sumubok ang sinuman sa mga Banal na ipagtanggol ang propeta, sila ay sinisigawan ng mga bumabatikos at pinagbabantaan ang kanilang buhay.¹³

Si Mary Fielding, na lumipat sa Kirtland kasama ng kanyang kapatid bago ito umalis patungong England, ay nabagabag dahil sa kaguluhan sa Ohio. Sa isang pulong sa templo isang umaga, pinagsisisi ni Parley Pratt si Joseph at ipinahayag na halos lahat sa simbahan ay lumayo na sa Diyos.

Nasaktan si Mary sa mga sinabi ni Parley.¹⁴ Ang parehong tinig na nagturo sa kanya ng ebanghelyo ay naging tinig na tumutuligsa na ngayon sa propeta ng Diyos at isinusumpa ang simbahan. Ang galit na liham ni Parley kay

Joseph ay kumalat sa buong Kirtland, at mismong si Parley ay hindi naglilihim ng kanyang mga hinaing. Noong nasa bayan si John Taylor, kinausap siya ni Parley at binalaan na huwag nang sundin pa si Joseph.

“Bago umalis patungong Canada, nagbigay ka ng malas na patotoo na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos,” paalala sa kanya ni John, “at sinabi mo na nalaman mo ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng paghahayag at ng kaloob na Espiritu Santo.”

Pagkatapos ay nagpatotoo si John, “Ngayon ay mayroon na ako ng parehong patotoo na ipinagbubunyi mo noon. Kung ang gawain ay totoo anim na buwan na ang nakararaan, ito ay totoo ngayon. Kung si Joseph Smith ay isang propeta noon, siya ay isang propeta ngayon.”¹⁵

Samantala, si Joseph ay nagkasakit at naratay sa kanyang higaan. Napakasakit ng kanyang katawan, at labis siyang nanghina na hindi na niya maiangat pa ang kanyang ulo. Nanatili sa kanyang tabi sina Emma at ang kanyang doktor habang pabalik-balik siyang nagkakaroon at nawawalan ng malay. Sinabi ni Sidney na naniniwala siyang hindi na magtatagal ang buhay ni Joseph.¹⁶

Ikinatuwa ng mga kritiko ni Joseph ang kanyang mga paghihirap, sinasabing pinarurusahan siya ng Diyos sa kanyang mga kasalanan. Gayunman, ang marami sa mga kaibigan ng propeta ay nagpunta sa templo at nagdasal nang buong gabi para sa kanyang paggaling.¹⁷

Pagkaraan ng ilang panahon, nagsimulang gumaling si Joseph, at binisita siya ni Mary na kasama si Vilate Kimball. Sinabi niyang inalo siya ng Panginoon sa panahon ng kanyang pagkakasakit. Ikinagalak ni Mary na makita

siyang gumagaling at inanyayahan siyang bisitahin ang mga Banal na nakatira sa Canada kapag naging maayos na ang kanyang kalagayan.

Noong sumunod na Linggo, dumalo si Mary sa isa pang pulong sa templo. Napakahina pa ni Joseph para makadalo, kaya mabilis na nagtungo sa pulpito si Warren Parrish at naupo sa upuan ng propeta. Si Hyrum, na pina-mumunuan ang pulong, ay hindi tumugon sa panggagalit na ito, ngunit nangaral siya ng isang mahabang sermon tungkol sa kalagayan ng simbahan. Humanga si Mary sa pagpapakumbaba ni Hyrum habang ipinaalala nito sa mga Banal ang kanilang mga tipan.

“Ang aking puso ay malambot,” sinabi ni Hyrum sa kongregasyon, “at pakiramdam ko ay isa akong munting bata.” Sa kanyang tinig na puno ng emosyon, ipinanga-ko niya sa mga Banal na ang simbahan ay magsisimulang bumangon mula sa mismong oras na iyon.

Sumulat si Mary sa kanyang kapatid na si Mercy maka-lipas ang ilang araw. “Tunay akong nahikayat na umasa na hindi magtatagal ay manunumbalik ang kaayusan at kapa-yapaan sa simbahan,” sabi niya. “Magkaisa tayong lahat na manalangin nang buong puso para rito.”¹⁸

PAGKALIPAS NG ISANG BUWAN, ang kapatid ni Mary na si Joseph Fielding ay bumaba mula sa isang karwahe papunta sa mga kalsada ng Preston. Ang bayan ay isang sentro ng industriya sa kanlurang England, na nasa gitna ng mga luntiang pastulan. Ang matataas na tsimenea ng maraming pabrika at gilingan ay nagbuga ng mga kulay abong usok

sa hangin, pinapalabo sa paningin ang maraming taluktok ng mga simbahan sa likod ng mga ito. Tumatagos sa gitna ng bayan ang Ilog Ribble at umaagos patungo sa dagat.¹⁹

Dumating ang mga missionary sa England sa daungan ng Liverpool dalawang araw lamang bago niyon. Sumusunod sa panghihikayat ng Espiritu, iniutusan ni Heber ang mga kalalakihan na pumunta sa Preston, kung saan nangangaral ang kapatid ni Joseph Fielding na si James.²⁰ Si Joseph at ang kanyang mga kapatid na babae ay nakikipagsulatan kay James, ikinukuwento ang kanilang pagbabalik-loob at pinatotohanan ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Cristo. Tila interesado si James sa kanilang isinulat at sinabi sa kanyang kongregasyon ang tungkol kay Joseph Smith at sa mga Banal sa mga Huling Araw.

Dumating ang mga missionary sa Preston sa araw ng isang halalan, at habang naglalakad sila sa kalye, iniladlad ng mga manggagawa ang isang pangkampanyang watawat sa labas ng isang bintana sa ibabaw lamang ng kanilang ulunan. Ang mensahe nito na nakasulat sa mga gintong titik ay hindi nilayon para sa mga missionary, ngunit sila ay nahikayat din nito: MANANAIG ANG KATOTOHANAN.

“Amen!” naghiyawon sila sa tuwa. “Salamat sa Diyos, mananaig ang katotohanan!”²¹

Kaagad umalis si Joseph Fielding para hanapin ang kanyang kapatid. Mula nang lisanin ang Kirtland, ipinagdadasal niya na ihanda ng Panginoon si James na tanggapin ang ebanghelyo. Tulad ni Joseph, minahal ni James ang Bagong Tipan at hinangad na ipamuhay ang mga tuntunin nito. Kung tatanggapin niya ang ipinanumbalik na ebanghelyo,

malaki ang maitutulong niya sa mga missionary at sa gawain ng Panginoon.

Nang matagpuan ni Joseph at ng mga missionary si James sa kanyang bahay, inanyayahan niya silang mangaral sa kanyang pulpito sa Vauxhall Chapel kinabukasan. Naniwala si Joseph na ang interes ng kanyang kapatid sa kanilang mensahe ay gawa ng Panginoon, ngunit nauuna-waan din niya ang lahat ng maaaring mawala sa kanyang kapatid kung bubuksan niya ang kanyang pintuan sa kanila.

Pangangaral ang ikinabubuhay ni James. Kung tatanggapin niya ang ipinanumbalik na ebanghelyo, mawawalan siya ng trabaho.²²

SA DAAN MULA SA Far West papuntang Kirtland, sina Thomas Marsh, David Patten, at William Smith ay nagulat na makita si Parley Pratt na papunta sa kabilang direksyon. Sinusubukang makabawi mula sa kanyang pagkalugi, ibinenta ni Parley ang ilang lupain, kinuha ang perang katumbas ng kanyang mga share sa Safety Society, at mag-isang naglalakbay patungong Missouri.²³

Determinado pa rin na pagkaisahin ang Korum ng Labindalawa, hinikayat ni Thomas si Parley na bumalik na kasama nila sa Kirtland. Hindi na nais bumalik ni Parley sa isang lugar kung saan siya nakaranas ng napakaraming pig-hati at pagkabigo.²⁴ Subalit hinimok siya ni Thomas na pag-isipan itong muli, tiwala na magkakabati sila ng propeta.

Nag-isip nang mabuti si Parley. Nang sumulat siya ng liham sa propeta, sinabi niya sa kanyang sarili na ang liham ay para sa ikabubuti ng propeta. Ngunit alam ni

Parley na nililalang niya ang kanyang sarili. Wala sa kanya ang pagiging maamo nang sinabi niya kay Joseph na magsisi. Sa halip, tinuligsa niya ito, naghahangad ng paghihiganti.

Natanto rin Parley na ang pakiramdam na siya ay pinagkanulo ay bumulag sa kanya para hindi makita ang mga personal na paghihirap ni Joseph. Ang pagsasalita laban sa propeta at pag-akusa sa kanya ng pagiging makasarili at kasakiman ay mali.²⁵

Nahihiya, nagpasiya si Parley na bumalik sa Kirtland kasama ni Thomas at ng iba pang mga apostol. Pagdating nila, nagpunta siya sa tahanan ng propeta. Nagpapagaling pa rin si Joseph mula sa kanyang karamdaman, ngunit siya ay mas lumalakas na. Tumangis si Parley nang makita siya at humingi ng tawad para sa lahat ng sinabi at ginawa niya na nakasakit sa kanya. Pinatawad siya ni Joseph, ipinagdasal, at binasbasan.²⁶

Samantala, sinubukan ni Thomas na muling magka-isa ang iba pang mga miyembro ng Labindalawa. Nagtagumpay siyang pagkasunduin sina Orson Pratt at Joseph, ngunit lumipat na si William McLellin at ang magkapatid na Johnson at si John Boynton ay hindi niya masuyo.²⁷

Nagsimulang dumaing si Thomas nang malaman niyang ipinadala ni Joseph si Heber Kimball at Orson Hyde sa England nang hindi siya kinokonsulta. Bilang pangulo ng Labindalawa, hindi ba niya responsibilidad na pangasiwaan ang gawaing misyonero at pamunuan ang misyon sa England? Hindi ba't nagpunta siya sa Kirtland upang tipunin ang Labindalawa at ipadala sila sa ibayong dagat?²⁸

Ipinagdasal niya sina Heber at Orson at ang gawaing kanilang ginagawa sa ibang bansa, ngunit ang kanyang galit at nasaktang pagpapahalaga sa sarili ay mahirap pigilin.²⁹

Noong Hulyo 23, tinalakay ni Thomas ang bagay na ito kay Joseph. Sa kanilang pagkikita, nilutas nila ang kanilang di-pagkakasundo at tumanggap si Joseph ng paghahayag para kay Thomas.³⁰ “Ikaw ang taong aking pinili na humawak ng mga susi ng aking kaharian, na nauukol sa Labindalawa, sa ibang mga lugar sa lahat ng bansa” pagtitiyak ng Panginoon sa kanya. Pinatawad ni Joseph ang kanyang mga kasalanan at hinikayat siyang magalak.

Subalit pinagtibay ng Panginoon na kumikilos ang Labindalawa sa ilalim ng awtoridad ni Joseph at ng kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, maging sa mga bagay na nauugnay sa gawaing misyonero. “Saan ka man nila isugo, humayo ka,” sabi ng Panginoon, “at ako ay mapasasaiyo.” Sinabi Niya kay Thomas na ang pagsunod sa tagubilin ng Unang Panguluhan ay hahantong sa mas malaking tagumpay sa misyon.³¹

“Saan mang lugar ka mangaral ng aking pangalan,” pangako Niya, “isang mapakikinabangang pintuan ang bubuksan sa iyo.”

Tinulungan din ng Panginoon si Thomas na malaman kung paano aayusin ang kanyang napilayang korum. “Maging mapagpakumbaba ka,” wika Niya, “at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin.”

Hinikayat Niya si Thomas at ang Labindalawa na isantabi ang mga di-pagkakasundo nila ni Joseph at magtuon sa kanilang misyon. “Tiyakin na hindi ninyo babagabagin ang

inyong sarli tungkol sa mga gawain ng aking simbahan sa lugar na ito,” pagpapatuloy Niya, “bagkus padalisayin ang inyong mga puso sa harapan ko at pagkatapos ay humayo sa buong daigdig at mangaral ng aking ebanghelyo sa lahat ng nilikha.”

“Masdan,” sabi ng Panginoon, “napakahalaga ng inyong tungkulin.”³²



Lumipat sa Kanluran

Nang magpunta si Jennetta Richards sa Preston, England noong Agosto 1837 para sa isang maikling paglalakbay, ang mga kaibigan niyang sina Ann at Thomas Walmesley ay maraming nais sabihin tungkol sa isang grupo ng mga missionary mula sa Amerika.

Ilang taon nang maysakit si Ann at dahan-dahan siyang nangangayayat hanggang sa halos buto't balat na lamang ito. Nang mangaral si Heber Kimball sa kanya, ipinangako niya na gagaling siya kung siya ay mananampalataya, magsisisi, at lulusong sa tubig ng binyag. Di nagtagal ay bininyagan si Ann sa bagong simbahan pagkatapos noon, kasama ang walong iba pa, at nagsimula ang tuluy-tuloy na pagbuti ng kanyang kalusugan.

Marami sa mga taong nabinyagan ay kasapi sa kongregasyon ni James Fielding. Bagama't pinahintulutan ni Reverend Fielding ang mga missionary na mangaral sa

kanyang simbahan, tumanggi siyang magpabinyag at nag-hihinakit sa pagkawala ng kanyang mga parokyano.¹

Natawag ang pansin ni Jenetta sa mensahe ng mga Amerikanong missionary. Nakatira siya sa isang maliit na nayon na tinatawag na Walkerfold, labinlimang milya ang layo mula sa mga tsimenea at mataong mga kalsada ng Preston. Ang kanyang ama ay isang Kristiyanong pastor sa nayon, kaya lumaki siyang naririnig ang salita ng Diyos sa kanyang tahanan.

Ngayon, ilang linggo na lamang bago ang kanyang ikadalawampung kaarawan, interesado siya na malaman pa ang tungkol sa katotohanan ng Diyos. Nang binisita niya ang mga Walmesley, nakilala niya si Heber at nagulat sa sinabi nito tungkol sa mga anghel, sa sinaunang tala na nakasulat sa mga laminang ginto, at sa buhay na propeta na tumanggap ng mga paghahayag mula sa Diyos, tulad ng mga propeta noong unang panahon.

Inanyayahan ni Heber si Jennetta na makinig sa kanyang pangangaral nang gabing iyon. Pumunta siya at nakinig at gusto pang makarinig. Kinabukasan, narinig niya si Heber na muling nangaral at nalaman na ang kanyang mga sinabi ay totoo.

Kinaumagahan, hiniling ni Jennetta kay Heber na bin-yagan siya. Sinundan siya ni Heber at Orson Hyde papunta sa pampang ng Ilog Ribble, at inilubog siya ni Heber sa tubig. Pagkatapos ay kinumpirma nila siya sa gilid ng ilog.

Nais ni Jennetta na manatili sa Preston kasama ng iba pang mga Banal pagkatapos ng kanyang binyag, subalit kailangan niyang bumalik sa kanyang mga magulang sa Walkerfold. Sabik siyang ibahagi ang kanyang bagong

relihiyon sa kanila, subalit hindi siya sigurado kung ano ang magiging tugon ng kanyang ama sa kanyang desisyon na sumama sa mga Banal.

“Palalambutin ng Panginoon ang puso ng iyong ama,” sabi ni Heber sa kanya. “Magkaroon din ako ng pribilehiyong mangaral sa kanyang kapilya.”

Umaasang tama si Heber, hiniling ni Jennetta sa kanya na ipagdasal siya.²

NAGLAKBAY SI JOSEPH SA Canada noong tag-init ding iyon para bisitahin ang mga Banal sa Toronto. Sa kanyang pag-alis, nagsalita si Joseph Sr. sa isang pulong sa araw ng Linggo sa Kirtland temple tungkol sa naghihingalong Safety Society. Ipinagtanggol niya ang pagkatao ng kanyang anak at kinondena ang mga ginawa ng mga bumabatikos, na nakaupo sa kabilang dulo ng silid.

Habang nagsasalita ang patriyarka sa mga Banal, tumayo si Warren Parrish at nagpumilit na magsalita. Sinabihan siya ni Joseph Sr. na huwag manggambala, ngunit mabilis na nagpunta si Warren sa kabilang panig ng silid at nagpumilit na pumunta sa pulpito. Hinablot niya si Joseph Sr. at sinubukang hatakin ito palayo sa pulpito. Humiyaw ang patriyarka upang tawagin si Oliver Cowdery, na siyang lokal na justice of the peace o huwes, ngunit walang ginawa si Oliver para tulungan ang kanyang matandang kaibigan.

Nakikitang nasa panganib ang kanyang ama, mabilis na tumayo si William Smith, niyapos si Warren, at hinila siyang palayo sa pulpito. Lumusob si John Boynton, at hinugot ang kanyang espada. Itinuro niya ang talim sa dibdib

ni William at nagbantang sasaksakin niya ang kanyang kapwa apostol kung gagawa pa ito ng isa pang hakbang. Ang ibang mga bumabatikos ay bumunot ng mga kutsilyo at pistola sa kanilang mga bulsa at pinalibutan si William.

Nagkagulo sa templo. Nagsitakbuhan ang mga tao papunta sa mga pinto o tumakas sa mga kalapit na bintana. Pumasok ang mga constable sa silid, nakipaggitgitan sa mga lumalabas na mga tao, at nakipaglaban sa mga armadong lalaki.³

Nang bumalik si Joseph sa Kirtland pagkaraan ng ilang linggo at nalaman ang nangyari, nagpatawag siya ng isang madaliang kumperensiya ng mga Banal at nanawagan para sa pagsang-ayong boto para sa bawat lider ng simbahan.⁴ Siya ay sinang-ayunan ng mga Banal at ng Unang Panguluhan ngunit hindi tinanggap sina John Boynton, Luke Johnson, at Lyman Johnson bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa.⁵

Pinalubag ng boto ng pagtitiwala ang kanyang kaloo-ban, bagama't batid ni Joseph na ang mga problema sa Kirtland ay matatagalan pa bago matapos. Bilang tanging stake sa simbahan, ang Kirtland dapat ang maging lugar ng pagtitipon para sa mga Banal. Subalit ang bayan ay naghihirap sa ekonomiya at espirituwal—at ang mga bumabatikos ay nanghihikayat sa mga mahihinang kasapi ng simbahan na talikuran siya. Para sa maraming tao, ang Kirtland ay hindi na isang lugar ng kapayapaan at espirituwal na lakas.

Kamakailan lamang, sa isang pangitain, hinimok ng Panginoon si Joseph na lumikha ng mga bagong stake ng Sion, at palakihin ang hangganan ng simbahan. Naniniwala na ngayon sina Joseph at Sidney na panahon na para

pumunta sa Missouri, bisitahin ang bagong pamayanan sa Far West, at magtatag ng iba pang stake bilang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal.⁶

Kailangan ding bisitahin ni Joseph ang Missouri para sa iba pang mga kadahilanan. Nag-alala siya na ang apostasiya sa Kirtland ay umabot na sa mga lider ng simbahan sa Sion. Nang itatag nila ang Far West, hindi nakipagsanggunian sina John Whitmer at William Phelps sa bishopric o sa high council, gaya nang nakaatas sa paghahayag. Bumili rin sila ng mga lupa gamit ang mga donasyong pera at ipinangalan ang mga ito sa kanilang pangalan para sa personal na interes.

Bagama't parehong inamin ng dalawa ang kanilang pagkakamali, naghinala si Joseph at ang ibang mga lider ng simbahan na patuloy sila sa kanilang kawalang-katapatan sa pangangasiwa ng mga lupain sa Missouri.⁷

Nag-alala rin si Joseph tungkol sa impluwensya ng mga miyembro ng kanyang Unang Panguluhan na naghahandang lumipat sa Far West. Hindi sila nagkasundo ni Frederick Williams sa pamamahala ng Kirtland Safety Society, at nasira nito ang kanilang pagkakaibigan.⁸ Samantala, hindi na komportable si Oliver na maging aktibo pa si Joseph sa pamamahala ng lokal na ekonomiya at politika. Nadama nila ni David Whitmer, na pangulo ng simbahan sa Missouri, na gumamit nang labis na impluwensiya si Joseph sa mga temporal na bagay bilang isang propeta.⁹

Bagama't hindi umaayon ang mga kalalakihang ito kay Warren Parrish at sa iba pang mga bumabatikos, nabawasan na ang kanilang katapatan kay Joseph sa nagdaang walong buwan, at nag-alala siya na magdudulot sila ng mga problema sa Sion.

Bago lisanin ang Kirtland, hiniling ni Joseph sa kanyang kapatid na si Hyrum at kay Thomas Marsh na maunang magpunta sa Far West para balaan ang mga matatapat na Banal tungkol sa lumalaking hidwaan sa pagitan niya at ng mga taong ito.¹⁰ Tinanggap ni Hyrum ang misyon, kahit na nangangahulugan ito na iiwan niya ang kanyang asawang si Jerusha na ilang linggo na lamang ay magsisilang na ng kanilang ikaanim na anak.¹¹

ANG HIDWAAN NI OLIVER sa propeta ay hindi lamang dahil sa mga di-pagkakasundo sa pamumuno sa simbahan. Mula nang mapag-alaman ang tungkol sa maramihang pag-aasawa sa kanyang inspiradong pagsasalin ng Biblia, nalaman ni Joseph na kung minsan ay nag-uutos ang Diyos sa kanyang mga tao na gawin ang alituntuning ito. Hindi kaagad kumilos si Joseph ayon sa kaalamang ito, ngunit pagkalipas ng ilang taon, inutusan siya ng isang anghel ng Panginoon na pakasalan ang isa pang asawa.¹²

Matapos matanggap ang utos, nahirapan si Joseph na paglabanan ang likas na pagtangga sa ideyang tio. Nakikinita niya ang mga pagsubok na darating mula sa maramihang pag-aasawa, at gusto niyang iwasan ang mga ito. Ngunit hinimok siya ng anghel na magpatuloy at binilinan siyang ibahagi lamang ang paghahayag sa mga taong may di-matitinag na integridad. Inutusan din ng anghel si Joseph na panatilihin itong pribado hanggang sa marapatin ng Panginoon na ipaalam sa publiko ang ipinagagawang ito sa pamamagitan ng Kanyang mga piling lingkod.¹³

Sa mga taong nanirahan si Joseph sa Kirtland, ang dalagang si Fanny Alger ay nagtrabaho sa bahay ng mga Smith. Kilalang-kilala ni Joseph ang kanyang pamilya at nagtitiwala sa kanila. Ang kanyang mga magulang ay tapat na mga Banal na sumapi sa simbahan sa unang taon nito. Ang kanyang tiyo, si Levi Hancock ay kasama sa Kampo ng Israel.¹⁴

Bilang pagsunod sa utos ng Panginoon, inalok ni Joseph ng kasal si Fanny sa tulong ni Levi at nang may pahintulot ng kanyang mga magulang.¹⁵ Tinanggap ni Fanny ang mga turo at ang alok ni Joseph, at isinagawa ng kanyang tiyo ang seremonya.¹⁶

Dahil hindi pa dumarating ang panahon para ituro ang maramihang pag-aasawa sa simbahan, pinanatiling pribado nina Joseph at Fanny ang tungkol sa kanilang kasal, tulad ng iniutos ng anghel.¹⁷ Ngunit kumalat ang usap-usapan sa ilang tao sa Kirtland.¹⁸ Pagsapit ng taglagas ng 1836, lumipat si Fanny ng bahay.¹⁹

Lubhang kritikal si Oliver sa kaugnayan ni Joseph kay Fanny, bagama't hindi malinaw kung gaano karami ang nalalaman niya tungkol dito.²⁰ Hindi rin tiyak kung ano ang nalalaman ni Emma tungkol sa kasal. Paglipas ng panahon, nagpakasal si Fanny sa ibang lalaki at namuhay nang malayo sa karamihan ng mga Banal. Kalaunan sa kanyang buhay, tumanggap siya ng isang liham mula sa kanyang kapatid na nagtatanong tungkol sa kanyang maramihang pag-aasawa kay Joseph.

“Ang lahat ng bagay na iyan ay sa aking sarili na lamang,” tugon ni Fanny, “at wala na akong dapat sabihin.”²¹

NOONG TAGLAGAS NG 1837, nang lumisan sina Joseph at Sidney papuntang Far West, si Wilford Woodruff naman ay nakatira bilang isang missionary kasama ng mga mangingisda at mga nanghuhuli ng mga balyena sa Fox Islands sa hilagang Atlantic Ocean.²² Siya at ang kanyang kasama na si Jonathan Hale ay dumating sa isa sa mga binabagyong isla noong mga huling linggo ng Agosto. Wala silang alam tungkol sa lugar, na puno ng malalagong puno ng evergreen, ngunit gusto nilang makatulong na isakatuparan ang propesiya ni Isaias na nagsasabing titipunin ng Panginoon ang mga tao mula sa mga pulo ng dagat.²³

Bago lisanin ng dalawang lalaki ang Kirtland, sinubukan ng ilan sa mga bumabatikos na himukin si Jonathan na huwag nang pumunta sa Fox Islands, hinuhulaang hindi siya makapagbibinyag ng sinuman doon. Gusto niyang patunayang mali sila.²⁴

Ilang buwan nang magkasamang nagtatrabaho sina Wilford at Jonathan. Matapos lisanin ang Kirtland, sinubukan nilang ibahagi ang ebanghelyo sa pamilya ni Wilford sa estado ng Connecticut, ngunit tanging ang kanyang tiyo, tiya, at pinsan lamang ang nabinyagan.²⁵ Di nagtagal ay sinamahan sila ni Phebe Woodruff, at naglakbay sila pahilaga papunta sa tahanan ng mga magulang ni Phebe sa Maine, kung saan siya nanirahan habang nagpatuloy sila sa kanilang misyon.²⁶

Ang isa sa mga unang nakilala nina Wilford at Jonathan ay ang isang ministro na nagngangalang Gideon Newton. Kumain sina Wilford at Jonathan kasama ng kanyang pamilya at binigyan siya ng kopya ng Aklat ni Mormon.

Pagkatapos nito, nagpunta ang mga missionary sa kanyang simbahan at nangaral si Wilford mula sa Bagong Tipan.²⁷

Nang sumunod na ilang araw, sina Wilford at Jonathan ay araw-araw na nangaral at kadalasan ito ay ginaganap sa mga paaralan. Nalaman nila na ang mga tao sa mga isla ay matatalino, masisipag, at mababait. Karamihan sa kanilang mga pagpupulong ay dinaluhan nina Gideon at ng kanyang pamilya. Pinag-aralan ng ministro ang Aklat ni Mormon at nadama ang Espiritu na nagpapatotoo sa katotohanan nito. Ngunit hindi niya alam kung tatanggapin niya ito—lalo na't kung ang ibig sabihin nito ay ang iwanan ng kanyang kongregasyon.²⁸

Isang umaga, matapos ang mahigit na isang linggo sa kapuluan, nangaral si Wilford ng isang sermon sa isang malaking kongregasyon sa simbahan ni Gideon. Nag-alala ang ministro dahil sa malugod na pagtanggap ng mga tao sa sermon, at hinarap ang mga missionary kinalaunan ng araw na iyon. Sinabi niya sa kanila na sapat na ang kanyang nabasa sa Aklat ni Mormon at hindi niya ito matatanggap. Balak niyang gamitin ang kanyang impluwensiya sa mga isla upang ipatigil ang kanilang pangangaral.

Nagpunta si Gideon sa simbahan upang mangaral ng kanyang sariling sermon na nagbigay ng dahilan kina Wilford at Jonathan na magduda tungkol sa kanilang magiging tagumpay sa isla. Ngunit nang dumating si Gideon sa kanyang simbahan, wala siyang nakitang tao. Walang dumating upang pakinggan siyang mangaral.²⁹

Nang gabing iyon, nanatili sina Wilford at si Jonathan sa bahay ng isang kapitan ng barko na nagngangalang Justus Eames at ng kanyang asawang si Betsy. Ang mga Eames

ay nagkainteres sa mensahe ng mga missionary, at pagkatapos ng isa pang pulong sa araw ng Linggo, inanyayahan sila ni Wilford na magpabinyag. Sa kanyang kagalakan, tinatanggap nila ito.³⁰

Bumaling si Wilford kay Jonathan at ginunita ang hula ng mga bumabatikos sa Kirtland na mabibigo sila sa mga isla. “Humayo at binyagan siya,” sabi ni Wilford habang itinuturo si Justus, “at patunayan na huwad na mga propeta ang mga taong iyon.”³¹

HABANG NAGSASAGAWA NG KANYANG gawain sa Far West, hinintay ni Hyrum ang pagdating ng kanyang kapatid, umaasa araw-araw na may dalang sulat si Joseph mula kay Jerusha. Nakita nina Hyrum at Thomas na lumalago ang Far West. Nagplano ang mga Banal ng malalawak na kalye at maluluwang na lote sa lunsod para sa mga bahay at halamanan. Nagtatawanan at naglalaro ang mga bata sa lansangan, umiiwas sa mga kabayo, karwahe, at kariton na maingay na dumaraan sa kanila. Ang bayan ay mayroong mga bahay at dampa, isang hotel, at ilang pagawaan at tindahan, kabilang na ang bishop’s storehouse. Sa gitna ng bayan ay ang pagtatayuan ng templo.³²

Pumunta sina Joseph at Sidney sa Far West noong simula ng Nobyembre, ngunit wala silang balita para kay Hyrum. Nang lisanin nila ang Kirtland ilang linggo na ang nakararaan, hindi pa nanganganak si Jerusha.³³

Mabilis na nagpatawag si Joseph ng isang kumpe-
rensiya sa Far West para talakayin ang mga paraan kung
paano palalawakin ang pamayanan para sa pag-unlad sa

hinaharap. Nakita nila ni Sidney na may puwang sa lugar para magtipon at lumago ang mga Banal nang hindi makasisikip sa mga kapitbahay at hindi manganganib mula sa mga karahasan. Sa kumperensya, ipinahayag ni Joseph ang kanilang mga plano para sa pagpapalawak at ang pagpapaliban ng karagdagang trabaho sa bagong templo hangga't hindi pa inihahayag ng Panginoon ang kanyang kalooban hinggil sa gusali.

Nanawagan din ang propeta para sa pagboto ng mga Banal sa Far West upang sang-ayunan ang mga lider ng simbahan. Sa pagkakataong ito, inalis si Frederick Williams sa kanyang katungkulan sa Unang Panguluhan, at iminungkahi ni Sidney Rigdon na si Hyrum ang pupuno sa iniwang katungkulan. Inaprubahan ng mga Banal ang mungkahing ito.³⁴

Makalipas ang ilang araw, natanggap ni Hyrum ang pinakahihintay na balita sa isang liham mula sa Kirtland. Ngunit ito ay isinulat ng kanyang kapatid na si Samuel at hindi ni Jerusha. “Mahal kong kapatid na Hyrum,” simula nito, “ngayong gabi ako ay umupo upang sumulat sa iyo para gampanan ang isang tungkulin, batid na nais ng bawat makatwirang tao na malaman kung ano talaga ang kalagayan ng kanyang pamilya.”

Taas-baba ang mga mata ni Hyrum sa pahina. Isinilang ni Jerusha ang isang malusog na sanggol na babae, ngunit nanghina siya dahil sa hirap sa panganganak. Sinikap ng pamilya Smith na tulungan siyang makabawi ng lakas, ngunit pumanaw siya pagkaraan ng ilang araw.³⁵

KAAGAD NA NAGHANDA SI Hyrum at Joseph na bumalik sa Kirtland. Bago umalis, nakipag-usap nang sarilinan si Joseph kina Thomas at Oliver.³⁶ Pinag-usapan nila ang pagtutol ni Oliver sa kasal nina Joseph at Fanny Alger, ngunit hindi nalutas ang kanilang di-pagkakasundo.³⁷ Sa huli, iniabot ni Joseph ang kanyang kamay kay Oliver at sinabing gusto niyang mawala na ang anumang di-pagkakasundo na namagitan sa kanila. Kinamayan siya ni Oliver, at naghiwalay na sila ng landas.³⁸

Dumating sa Kirtland sina Joseph, Sidney, at Hyrum pagkaraan ng ilang linggo. Sa tahanan ng mga kamag-anak, nakita ni Hyrum ang kanyang limang anak na patuloy na nagdadalamhati dahil sa biglang pagkawala ng kanilang ina, na inilibing sa isang sementeryo sa tabi ng templo. Dahil sa pagkakaroon ng bagong tungkulin sa Unang Panguluhan, hindi maisip ni Hyrum kung paano niya sila aalagaan nang nag-iisa.³⁹

Hinikayat ni Joseph ang kanyang kapatid na muling magpakasal at inirerekomenda niya si Mary Fielding.⁴⁰ Siya ay mabait, edukado, at matapat sa simbahan. Siya ay magiging isang mahusay na kabiyak para kay Hyrum at mapagmahal na ina sa kanyang mga anak.

Hindi nagtagal ay inalok ni Hyrum si Mary ng kasal. Sa edad na tatlumpu't anim, hindi lamang isang alok sa kasal ang natanggap niya, ngunit palagi niyang tinatanggihan ang mga ito. Minsan, nagbabala ang kanyang ina na huwag magpakasal sa isang balo na mayroong mga anak. Kung papayag siyang magpakasal kay Hyrum, siya ay kaagad na magiging ina ng anim na mga bata.

Pinag-isipan ni Mary ang alok at tinanggap ito. Humahanga na siya sa pamilya Smith, itinuring na kapatid si Joseph, at iginalang si Hyrum dahil sa kanyang kababaang-loob.⁴¹ Ikinasal sila noong bisperas ng Pasko.⁴²

GUMINHAWA ANG PAKIRAMDAM NG maraming Banal na nakabalik na si Joseph sa Kirtland, subalit ang anumang pag-asa na maipanunumbalik niya ang pagkakaisa sa simbahan ay agad na naglaho. Sina Warren Parrish, Luke Johnson, at John Boynton ay linggu-linggong naki-kipagpulong kay Grandison Newell at sa iba pang mga kaaway ng simbahan para tuligsain ang Unang Panguluhan. Di naglaon, ang mga dating matatatag na tulad ni Martin Harris ay sumama sa kanila, at sa katapusan ng taon, ang mga pinuno ng mga bumabatikos ay gumawa ng kanilang sariling simbahan.⁴³

Pagkaraan ng maikling panahon, sinulatan ni Vilate Kimball ang kanyang asawa sa England tungkol sa kalagayan ng simbahan sa Ohio. Dahil batid ang pagmamahal ni Heber kina Luke Johnson at John Boynton, na naging mga kasamang miyembro ng kanyang korum, nag-atubili si Vilate na sabihin sa kanya ang kagimbal-gimbal na balita.⁴⁴

“Wala akong duda na masasaktan ang iyong puso,” isinulat niya kay Heber. “Sinasabi nilang sila ay naniniwala sa Aklat ni Mormon at sa Doktrina at mga Tipan subalit itinatatwa ang mga ito sa kanilang mga gawa.”⁴⁵

Sa pagtatapos ng liham, si Marinda Hyde ay nagdagdag ng mensahe sa kanyang asawang si Orson. Kuya ni Marinda si Luke Johnson, at ang lubusang pagtalikod sa

katotohanan na ito ay napakasakit din para sa kanya. “Hindi mo nasaksihan ang ganitong panahon sa Kirtland na nararanasan namin ngayon,” sulat niya, “na tila ang lahat ng tiwala sa isa’t isa ay nawala na.” Kinailangan niyang magmasid at manalangin upang malaman para sa kanyang sarili ang tamang landas na tatakahin sa mapanganib na mga panahon.

“Kung gugustuhin ko mang makita ka sa aking buhay,” wika niya kay Orson, “ngayon ito.”⁴⁶

Tila walang makapagpahupa sa damdamin ng mga bumabatikos. Sinasabi nilang naging mali ang pamamahala nina Joseph at Sidney sa Kirtland Safety Society at dinaya nila ang mga Banal. Naniwala si Warren na ang isang propeta ay dapat na maging mas banal kaysa sa ibang tao, at ginamit niya ang pagbaksak ng Safety Society para ipakita na hindi naabot ni Joseph ang pamantayang ito.⁴⁷

Makalipas ang mga buwan ng pagsisikap na makipagkasundo sa mga nangungunang bumabatikos, itiniwalag sila ng Kirtland high council. Inagaw ng mga bumabatikos ang templo para sa kanilang sariling mga pansimbahang pulong at nagbantang palalaysin sa Kirtland ang sinumang nananatiling matapat kay Joseph.

Naniniwala si Vilate na mali ang mga bumabatikos na talikuran ang mga Banal, subalit siya ay nalungkot para sa kanila sa halip na magalit. “Sa kabila ng lahat ng aking sinabi tungkol sa bumabatikos na partidong ito,” isinulat niya kay Heber, “mayroong ilan sa kanila na mahal ko, at nakadarama ako ng masidhing damdamin at awa para sa kanila.”⁴⁸ Alam niya na ang pagbagsak ng Safety Society ay sumubok sa kanila sa espirituwal at temporal. Naisip din

niya na nakagawa ng pagkakamali si Joseph sa pangangasiwa sa institusyon, subalit hindi siya nawalan ng tiwala sa propeta.

“Nasa akin ang lahat ng dahilan para maniwala na si Joseph ay nagpakumbaba sa harapan ng Panginoon at nagsisi,” sinabi niya kay Heber. At nagtiwala siyang makaliligtas ang simbahan mula sa unos.

“Sinabi ng Panginoon, ang hindi makatatagal sa pagpaparusa, sa halip itinatatwa ako, ay hindi mapababanal,” isinulat niya. Maaari itong mangahulugan ng pagharap sa pagkapoot sa Kirtland nang mag-isa habang hinihintay niya at ng mga bata si Heber na bumalik mula sa kanyang misyon. O kung lumala man ang mga pangyayari, maaari itong mangahulugan ng pag-iwan ng kanilang tahanan at paglipat sa Missouri.

“Kung kailangan naming tumakas,” sinabi niya kay Heber, “gagawin ko ito.”⁴⁹

ANG MGA BUMABATIKOS SA Kirtland ay lalong nagalit at naging agresibo sa pagpasok ng bagong taon. Ang mga banta ng mga mandurumog ay nakaabang sa simbahan, at tinugis ng pagkakautang at mga pekeng kasong legal ang propeta. Hindi nagtagal ay isang lokal na sheriff, na may dalang arrest warrant, ang nagsimulang hanapin siya. Kung madarakip, maaaring harapin ni Joseph ang isang magastos na paglilitis at posibleng pagkabilanggo.⁵⁰

Noong Enero 12, 1838, ang propeta ay humingi ng tulong sa Panginoon at tumanggap ng paghahayag. “Sabi-han ang panguluhan ng aking simbahan na dalhin ang

pamilya nila,” utos ng Panginoon, “at lumipat sa kanluran na kasing bilis ng malinaw na pagsasabi ng daan.”

Hinimok ng Panginoon ang mga kaibigan ni Joseph at ang kanilang mga pamilya na magtipon din sa Missouri. “Maging mapayapa sa inyong sarili, O kayong mga nani-nirahan sa Sion,” sinabi Niya, “o hindi magkakaroon ng kaligtasan para sa inyo.”⁵¹

Kaagad na nagplano ang mga Smith at Rigdon para sa kanilang pagtakas. Ang dalawang lalaki ay tatalilis mula sa Kirtland sa gabing iyon, at kaagad na susunod ang kanilang mga pamilya na lulan ng mga bagon.

Nang gabing iyon, nang lumalim na ang gabi sa Kirtland, sumakay sina Joseph at Sidney sa kanilang mga kabayo at naglakbay palabas ng bayan.⁵² Sila ay naglakbay papuntang timog hanggang mag-umaga, sa layo na halos animnapung milya. Nang mapagod na ang kanilang mga kabayo, huminto ang mga lalaki para hintayin ang kanilang mga asawa at mga anak.

Hindi na inaasahan ni Joseph at Sidney na makita pa nilang muli ang Kirtland. Nang dumating ang kanilang pamilya, sumama sila sa kanilang mga bagon at humayo patungong Far West.⁵³



Isang Banal at Nakalaang Lupain

Mahaba at malamig ang taglamig ng 1838. Habang ang mga pamilya nina Joseph at Sidney ay tumutulak pakanluran, naglalakad si Oliver Cowdery patungo sa hilagang Missouri, pinaglalaman ang ulan at niyebe upang makahanap ng lugar para sa mga bagong stake ng Sion. Ang lupain ay ilan sa mga pinakapiling nakita niya, at siniyasat niya ang napakaraming lugar kung saan maaaring pumunta ang mga Banal upang itatag ang bayan at mga kiskisan. Subalit halos wala siyang makain sa halos hindi natitirhang ilang, at wala maliban sa pawang basang lupa ang matutulugan sa gabi.

Pagbalik niya sa Far West makalipas ang tatlong linggo, hapung-hapo ang kanyang katawan.¹ Habang nanunumbalik ang kanyang kalusugan, nalaman niya na sina Thomas Marsh, David Patten, at ang mataas na kapulungan o high council ay sinisiyasat siya at ang panguluhan ng simbahan

sa Missouri—sina David Whitmer, John Whitmer, at William Phelps—para sa mga pagkakamaling nagawa.²

Nakasentro ang mga paratang sa kanilang pamamahala sa mga lupain sa lugar. Kailan lamang, ipinagbili nina John at William ang mga ari-arian ng simbahan sa Far West at itinabi ang kita para sa kanilang sarili, at hindi na ito nalutas. Bukod pa rito, ibinenta nina Oliver, John, at William kama-kailan ang ilan sa kanilang mga lupain sa Jackson County. Bagama't mayroon silang legal na karapatan na ipagbili ang lupain sa Jackson County, na kanilang mga personal na ari-arian, ito ay inilaan sa Panginoon, at isang paghahayag ang nagbabawal sa kanilang ibenta ito. Hindi lamang nilabag ng tatlong lalaki ang isang sagradong tipan, nagpakita rin sila ng kawalan ng pananampalataya sa Sion.

Humarap si Oliver sa high council ng Missouri at iginiit niya na dahil siya at ang iba ay binayaran ang lupain sa Jackson County gamit ang sarili nilang pera, maaari nilang ibenta ito kung nais nila. Sa sarili niya, tinanong din niya ang motibo ng ilan sa council. Pinagdudahan niya ang mga taong tulad ni Thomas Marsh at iba pa na tila pinag-iimbutan ang posisyon at kapangyarihan. Pinaghinalaan ni Oliver na kahit papaano ay hinikayat nila si Joseph na talikuran siya, na lalong nagpalala sa kanyang magulo nang pagkakaibigan sa propeta.³

“Ang aking kaluluwa ay sawa na sa gayong pagkukumahog para sa kapangyarihan,” inamin niya sa kanyang kapatid. “Pumunta ako sa lugar na ito upang makatamasa ng katahimikan. Kung hindi ko ito makakamtan dito, ay pupunta ako kung saan ko ito matatagpuan.”

Dahil nasa Unang Panguluhan si Oliver, nasa labas siya ng hurisdiksiyon ng high council at nanatali sa kanyang katungkulan. Gayunman, sina David, John, at William ay inalis sa kanilang puwesto.⁴

Makaraan ang apat na araw, nakipagkita si Oliver sa tatlong lalaki at iba pa na nais nang humiwalay mula sa Simbahan. Marami sa kanila ang nakikisimpatiya kay Warren Parrish at sa kanyang bagong simbahan sa Kirtland. Tulad ni Warren, determinado silang labanan ang propeta.⁵

Araw-araw, habang naghihintay ang mga Banal sa pagbabalik ni Joseph sa Far West, tumindi ang pagkasiphayo ni Oliver sa mga lider ng simbahan. Duda siya na kanilang maiintindihan kung bakit siya kumilos na tulad nang ginawa niya. “Sa mga hindi makatwiran at ignorante,” panunuya niya, “hindi tayo umaasa na makilala o mapahintulutan.”⁶

Nananalig pa rin siya sa Aklat ni Mormon at sa panunumbalik ng ebanghelyo, at hindi niya makalimutan o maikakaila ang mga sagradong karanasan na naranasan niya kasama ng propeta. Sila ay naging magkapatid at matalik na magkaibigan, kapwa tagapaglingkod ni Jesucristo.

Ngunit ngayon, ang mga araw na yaon ay isa nang malayong alaala.⁷

MATAPOS BUMALIK NI JENNETTA Richards sa kanyang tahanan sa Walkerfold, England, ang kanyang mga magulang na sina John at Ellin Richards ay natutuwang malaman ang tungkol kay Heber Kimball at sa kanyang binyag. Naglabas ng panulat at papel ang kanyang ama at sumulat ng maikling liham sa missionary, inaanyayahan siyang mangaral sa kanyang kapilya.

“Inaasahang kong nandito ka sa susunod na Linggo,” isinulat niya. “Bagama’t mga dayuhan tayo sa isa’t isa, umaa-sa pa rin ako na tayo ay hindi dayuhan sa ating pinagpalang Manunubos.”

Dumating si Heber noong sumunod na Sabado, at magiliw siyang sinalubong ng pastor. “Nabatid ko na ikaw ay ang ministro mula sa Amerika,” sabi niya. “Pagpalain ka ng Diyos.” Pinapasok niya si Heber sa kanyang tahanan at inalok niya ng makakain.

Nakipag-usap ang pamilya kay Heber hanggang luma-lim ang gabi.⁸ Habang pinagmamasdan ni Jennetta ang kanilang pag-uusap, kitang-kita ang kanilang mga pagkakaiba. Ang kanyang ama ay pitumpu’t-dalawang taong gulang at nangaral mula sa pulpito sa Walkerfold nang mahigit apatnapung taon. Siya ay isang maliit na lalaking nakasuot ng isang kayumangging peluka at nagbabasa ng Griyego at Latin.⁹ Si Heber naman, sa kabilang banda, ay matangkad at kalbo. Wala pa siyang apatnapung taong gulang at kakaunti lamang ang napag-aralan o kapinuhan sa pakikisalamuha.

Subalit agad silang naging magkaibigan. Kinabukasan ng umaga, magkasamang nagtungo ang dalawang lalaki sa kapilya ng Walkerfold. Batid na isang Amerikanong missionary ang mangangaral, mas maraming tao kaysa karaniwan ang dumating sa pulong, at napuno ang maliit na kapilya hanggang sa mag-umapaw ito. Matapos simulan ng pastor ang pulong sa pag-awit at panalangin, inanyayahan niya si Heber na mangaral.

Tumayo sa tuntungan si Heber at nagsalita sa kongregasyon sa wikang gamit ng mga ordinaryong tao. Tinalakay niya ang tungkol sa kahalagahan ng pananampalataya kay Jesucristo at ng taos-pusong pagsisisi. Sinabi niya na ang

isang tao ay kailangang mabinyagan sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig at tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng isang taong may wastong awtoridad mula sa Diyos.

Tulad ng mga tao na sumampalataya sa Canada noong nakaraang taon, ang mga mamamayan sa Walkerfold ay agarang tumugon sa mensahe, na umangkop sa kanilang pagkaunawa ng Biblia. Nang hapong iyon, mas marami pang tao ang nagtungo sa kapilya upang marinig si Heber na mangaral muli. Nang matapos siya, lumuluha ang kongregasyon at inanyayahan siya ng ama ni Jennetta na mangaral kinabukasan.

Kalauanan ay hindi na lamang si Jennetta ang manampalataya sa Walkerfold. Matapos ang pangangaral ni Heber noong Lunes, pinakiusapan siya ng mga tao sa kongregasyon na mangaral muli sa Miyerkules. Sa pagtatapos ng linggong iyon, bininyagan niya ang anim na miyembro ng kongregasyon—at nais ng mga taga-Walkerfold na marinig pa siyang magturo.¹⁰

NOONG MARSO 14, 1838, DUMATING sina Joseph, Emma, at ang tatlo nilang anak sa Far West makalipas ang halos dalawang buwang paglalakbay. Sabik na tanggapin ang propeta sa Sion, sinalubong ng mga Banal ang mag-anak sa isang masayang handaan. Ang kanilang magiliw na mga salita at mababait na yakap ay isang masayang pagbabago mula sa pambabatikos at galit na nilisan ni Joseph sa Kirtland. Ang mga Banal na nakapaligid sa kanya ay may diwa ng pagkakaisa, at sagana ang pag-ibig sa kanila.¹¹

Nais ni Joseph na magsimulang-muli sa Missouri. Ang mga Banal sa Kirtland at sa mga branch ng simbahan sa silangang bahagi ng Estados Unidos at Canada ay malapit nang dumating. Upang magkaroon sila ng matutuluyan, kinakailangan ng simbahan na magtatag ng mga stake sa Sion kung saan sila maaaring magtipon nang mapayapa at magkaroon ng pagkakataon na umunlad.

Ginalugad na ni Oliver ang lugar para sa mga bagong lugar na pagtitipunan, at may mababanaag na pag-asa sa kanyang ulat. Ngunit alam ni Joseph na kailangan niyang tugunan ang lumalaking pambabatikos sa Far West bago magtatag ang mga Banal ng anumang bagong pamayanan. Nalumbay siyang makita ang mga kaibigang katulad ni Oliver na lumalayo sa simbahan, ngunit hindi niya maaaring pahintulutan ang anumang pagtatalo na lumaganap sa Missouri tulad noong sa Kirtland.

Pinuri ni Joseph ang pamumuno ni Thomas Marsh at ng high council dahil sa kapayapaan sa Far West. Mula nang inalis sa katungkulan sina William Phelps at John Whitmer, itiniwalag ng high council ang dalawang lalaki, at sinang-ayunan ni Joseph ang kanilang pasiya. Ngayon ay naniniwala siya na panahon na para pag-usapan ang apostasiya ni Oliver.¹²

Noong Abril 12, bumuo si Edward Partridge ng bishop's council upang repasuhin ang katayuan ni Oliver sa simbahan. Kilalang-kilala ang kanyang pagsuway. Tumigil siya sa pagdalo sa mga pagpupulong ng simbahan, binalawala ang payo ng iba pang mga lider ng simbahan, at sumulat ng mga nakakainsultong liham kay Thomas at sa high council. Pinaratangan din siya ng pagbebenta ng

kanyang mga lupain sa Jackson County na sumasalungat sa paghahayag, pasinungaling na inakusahan ng pakikiapid si Joseph, at tinalikuran ang layunin ng Diyos.¹³

Pinili ni Oliver na huwag pumunta sa pagdinig, ngunit nagpadala siya ng liham kay Bishop Partridge para basahin bilang kanyang depensa. Sa liham, hindi ipinagkaila ni Oliver na kanyang ibinenta ang mga lupain niya sa Jackson County o ang pagtuligsa sa mga lider ng simbahan. Sa halip, muli niyang iginiit na mayroon siyang legal na karapatan na ibenta ang mga lupain, anuman ang paghahayag, tipan, o kautusan. Nagbitiw rin siya mula sa pagiging miyembro ng simbahan.¹⁴

Sa kabuuan ng araw, nirepaso ng kapulungan ang mga katibayan at dininig ang pagbibigay-saksi ng maraming mga Banal sa mga ikinilos ni Oliver. Tumayo si Joseph, binanggit ang kanyang dating tiwala kay Oliver, at ipinaliwanag ang kaugnayan niya kay Fanny Alger bilang tugon sa mga paratang ni Oliver.¹⁵

Matapos marinig ang karagdagang mga pagbibigay-saksi, tinalakay ng kapulungan ang kaso ni Oliver. Katulad niya, kanilang minamahal ang mga alituntunin ng kalayaan sa pagpili at pagkilos. Ngunit sa loob ng halos isang dekada, hinimok din ng Panginoon ang mga Banal na magkaisa, isantabi ang bawat pansariling hangarin upang mailaan nila ang kung anong mayroon sila sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Tinalikuran ni Oliver ang mga alituntuning ito at sa halip ay umasa sa kanyang sariling pagpapasiya, pinakikitunguhan ang simbahan, mga lider nito, at ang mga utos ng Panginoon nang may pang-aalipusta. Matapos repasuhin

ang mga paratang nang isa pang beses, ginawa nina Bishop Partdige at ng kanyang kapulungan ang masakit na desisyong itiwalang si Oliver sa simbahan.¹⁶

SA LAMBAK NG ILOG Ribble ng England, ang panahon ng tagsibol ay nagdulot ng pagtatapos sa matinding lamig ng taglamig.¹⁷ Naglalakbay sa luntiang pastulan malapit sa isang bayan na kalapit ng Walkerfold, pumitas si Willard Richards ng isang maliit na puting bulaklak mula sa halamang-bakod na nakahilera sa kalsada.¹⁸ Naglalakbay siya para bisitahin ang mga branch ng simbahan sa lugar na iyon at balak pakinggan sina Heber Kimball at Orson Hyde na mangaral sa hapong iyon sa isang pulong na may limang milya ang layo.

Mula nang dumating sa England walong buwan na ang nakararaan, sina Willard at ang kanyang mga kasama ay nagbinyag ng mahigit isang libong tao sa mga bayan at nayon sa lahat ng dako ng lambak. Marami sa mga bagong Banal ay mga bata pa, mga manggagawa na nahikayat sa mensahe ng pag-asa at kapayapaan na matatagpuan sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga simpleng pamamaraan ni Heber ay nagpatatag sa kanila at agad na nakuha ang kanilang tiwala.¹⁹

Mas may pinag-aralan kumpara kay Heber at naturuan tungkol sa mga halamang gamot, si Willard ay wala ng pang-masang pang-akit na mayroon ang kanyang kapwa missionary, na kung minsan ay kinakailangang ipaalala kay Willard na gawing simple ang kanyang mensahe at pagtuunan ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo.

Ngunit nakapagtatag na si Willard ng isang malakas na branch ng simbahan sa timog ng Preston, malapit sa lunsod ng Manchester, sa kabila ng oposisyon. Maraming tao na nabinyagan niya ay nagtatrabaho nang mahahabang oras sa mga pabrika kung saan masama ang hangin at napakaliit ng bayad sa kanila. Nang marinig nila ang ipinanumbalik na ebanghelyo, nadama nila ang Espiritu at nakatagpo ng kagalakan sa pangako nito na papalapit na ang araw ng pagparito ng Panginoon.²⁰

Pagdating sa bahay ng isang miyembro ng simbahan, pumasok si Willard sa kusina at isinabit ang puting bulaklak bago pumasok ang dalawang dalagita sa silid. Natuklasan niya, na isa sa kanila, ay si Jennetta Richards.

Narinig niya ang tungkol kay Jennetta. Bagama't magkapareho ang kanilang apelyido, hindi sila magkamag-anak. Nang sumapi siya sa Simbahan, sumulat si Heber kay Willard tungkol sa kanya. "Bininyagan ko ngayon ang iyong asawa," sinabi niya.

Si Willard ay tatlung-tatlong taong gulang, higit na mas matanda kaysa sa mga binata sa simbahan. Hindi niya alam kung ano—kung mayroon man—ang sinabi ni Heber kay Jennetta tungkol sa kanya.

Dahil ang mga dalaga ay papunta sa kaparehang pulong na kanyang pupuntahan, sumabay sa kanilang paglalakad si Willard, na nagbibigay sa kanila ng sapat na panahon upang makapag-usap.

"Mainam na apelyido ang Richards," sabi ni Willard habang naglalakad sila. "Ayokong baguhin ito." Pagkatapos ay idinagdag niya nang buong tapang, "Talaga ba, Jennetta?"

"Hindi, ayoko," sagot niya. "At palagay ko ay hindi na."²¹

Mas nakilala pa ni Willard si Jennetta pagkatapos niyon. Kapwa sila nasa Preston pagkaraan ng ilang linggo nang ibinalita nina Heber at Orson na babalik na sila sa Estados Unidos.

Habang naghahanda na silang umalis, nagdaos ang mga apostol ng isang buong araw na pagpupulong sa isang malaking gusali kung saan madalas na nagtitipon ang mga Banal sa Preston.²² Sa pagitan ng pangangaral at pagkanta ng mga himno, kinumpirma ng mga missionary ang apatnapung tao, binasbasan ang higit sa isang daang mga bata at inordenan ang ilang kalalakihan sa priesthood.

Bago nagpaalam sa mga Banal, itinalaga nina Heber at Orson si Joseph Fielding bilang bagong pangulo ng mission at tinawag si Willard at ang isang batang klerk ng pabrika na nagnangalang William Clayton na maging kanyang mga tagapayo. Pagkatapos ay kinamayan nila ang bagong panguluhan bilang tanda ng pagkakaisa sa pagitan ng mga Banal sa England at Amerika.²³

NOONG TAGSIBOL NA IYON, isang paghahayag ang dumating sa propeta sa Far West. “Bumangon at magliwanag,” sinabi ng Panginoon sa mga Banal, “nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa.” Ipinahayag Niya ang pangalan ng simbahan na maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at pinagtibay na ang Far West ay isang banal at nakalaang lupain.

“Aking kalooban na ang lunsod ng Far West ay kaagad na itayo sa pamamagitan ng pagtitipon ng aking mga banal,” ipinahayag Niya, “at gayon din ang ibang mga lugar ay ilaan

para sa mga istaka sa mga pook sa paligid.” Iniutos Niya sa mga Banal na magtayo ng templo sa Far West at itinalaga ang Hulyo 4, 1838 bilang araw kung kailan ilalatag ang pundasyon nito.²⁴

Hindi nagtagal, si Joseph at ang ilang kalalakihan ay nagtungo sa Daviess County, sa bandang hilaga ng Caldwell County, upang bisitahin ang isang pamayanan ng mga miyembro ng simbahan sa isang lugar na tinatawag na Spring Hill. Umasa si Joseph na ang lugar ay magiging isang angkop na lugar ng pagtitipon para sa mga Banal na patungo sa Missouri.²⁵

Bagama’t nilikha ang Caldwell County lalo na para sa mga Banal sa mga Huling Araw, ang karamihan sa lupain nito ay na-survey na ng pamahalaan, kaya naging napa-kamahal nito para mabili ng mahihirap na mga Banal. Sa Daviess County, gayunman, ang malalawak na hindi pa natitirhang lupain ang hindi pa na-survey. Ang mga miyembro ng Simbahan ay maaaring manirahan doon nang walang bayad, at kapag nagsagawa na ng survey ang pamahalaan sa lugar, nabungkal na nila ang lupain at mayroon na silang sapat na pera upang bilhin ito.²⁶

Gayunman, mayroong ilang mga panganib sa paglipat ng mga Banal sa kalapit na county. Naniniwala na ang mga Banal ay nangakong maninirahan lamang sa Caldwell County, ilang mga kalalakihan sa Daviess County ang binalaan ang mga Banal sa lugar na lumayo, ngunit dahil walang batas na nagbabawal sa mga Banal na manirahan doon, agad na nagwakas ang protesta.²⁷

Habang naglalakbay siya pa-hilaga, namangha si Joseph sa kagandahan ng probinsya na nakapaligid sa

kanya. Mula sa kanyang nakikita, ang Daviess County ay makapagbibigay ng walang hanggang kalayaan at lahat ng bagay na kailangan ng mga Banal upang makapagtatag ng mga bagong pamayanan.

Bagama't iilan lamang ang puno sa parang, tila marami itong ligaw na hayop. Nakakita si Joseph ng mga ligaw na pabo, inahing manok, usa, at malalaking uri ng usa. Pina-natili ng mga sapa at ilog na sagana at mataba ang lupain. Ang Ilog Grand, ang pinakamalaki sa county, ay malawak at sapat ang lalim upang hayaan ang isang bapor na tumawid rito, na magpapadali sa paglalakbay at komersyo para sa mga nagtitipong Banal.

Nagpapatuloy sakay ng kanilang mga kabayo, sina Joseph at ang kanyang mga kasama ay naglakbay sa pam-pang ng ilog nang mga sampung milya hanggang maka-rating sila sa Spring Hill. Ang maliit na pamayanan ay matatagpuan sa paanan ng isang talampas kung saan tanaw ang isang malawak na luntiing lambak. Si Lyman Wight, ang pinuno ng mga guwardya, ay kumikita ng maliit na kabuhayan mula sa pagpapatakbo ng maliit na lantsang tumatawid ng Ilog Grand.²⁸

Inakyat ng kalalakihan ang talampas at nagtayo ng kampo, at pagkatapos ay bumalik sa may lansta. Sinabi ni Joseph na nais niyang angkinin ang lugar para sa mga Banal at magtayo ng isang lunsod na malapit sa ilog. Inihayag ng Panginoon sa kanya na ito ang lambak ng Adan-on-di-Ahman, kung saan si Adan, ang unang tao, ay binasbasan ang kanyang mga anak bago siya pumanaw.²⁹ Sa lambak na ito, ipinaliwanag ni Joseph, si Adan ay darating upang

dalawin ang kanyang mga tao kapag bumalik ang Tagapagligtas sa lupa, tulad ng ipinropesiya ng propetang si Daniel.³⁰

Ang lugar ay lahat ng inaasahan ni Joseph. Noong Hunyo 28, 1838, sa isang kakahuyan malapit sa bahay ni Lyman, binuo niya ang isang bagong stake ng Sion sa banal na lugar—at inanyayahan ang mga Banal na magtipon.³¹



Ipinahahayag Nating Malaya na Tayo

Noong kalagitnaan ng Hunyo 1838, tumindig si Wilford Woodruff sa pintuan ng tahanan ng kanyang mga magulang, determinado muli na ibahagi sa kanila ang ipinainumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Matapos magtatag ng branch sa Fox Islands, bumalik siya sa mainland upang bisitahin si Phebe, na malapit nang ipanganak ang kaniyang panganay. Pagkatapos ay gumugol siya ng panahon upang mangaral sa Boston, New York, at iba pang mga lunsod sa baybayin. Ang bahay ng kanyang mga magulang ay ang kanyang huling pupuntahan bago bumalik sa hilaga.¹

Wala nang iba pang nais si Wilford kundi ang makita niyang yakapin ng kanyang pamilya ang katotohanan. Ang kanyang ama, si Aphek, ay ginugol ang buong buhay nito sa paghahanap ng katotohanan ngunit hindi niya ito nahahanap. Ang kanyang kapatid na si Eunice ay nagnanais ding

makatanggap ng higit na liwanag sa kanyang buhay.² Ngunit habang kinakausap sila ni Wilford tungkol sa simbahan sa loob ng maraming araw, nadama niya na may humahadlang sa kanila na tanggapin ang kanyang mga turo.

“Ito ay panahon ng malaking pag-aalala,” nabanggit ni Wilford.³ Ang oras niya sa kanilang tahanan ay nauubos na. Kung magtatagal pa siya sa tahanan ng kanyang mga magulang, hindi niya maaabutan ang pagsilang ng kanyang sanggol.

Lalo pang nagdasal si Wilford para sa kanyang pamilya, ngunit sila ay mas lalong hindi nasabik na tanggapin ang binyag. “Ang diyablo ay pumanaog sa buong pamilya na may labis na poot at tukso,” sinabi niya sa kanyang journal.⁴

Noong Hulyo 1, minsan pa siyang nangaral sa kanyang pamilya, ipinapahayag ang mga salita ni Cristo nang taimtim hangga’t kaya niya. Sa wakas ay naabot ng kanyang mga salita ang kanilang mga puso, at naglaho na ang kanilang mga pag-aalala. Nadama nila ang Espiritu ng Diyos at batid nila na nagsasabi ng katotohanan si Wilford. Handa na silang kumilos.

Agad na dinala ni Wilford ang kanyang pamilya sa isang kanal malapit sa kanilang bahay. Sa gilid ng tubig, kumanta sila ng mga himno at nagdasal si Wilford. Pagkatapos ay lumusong siya sa tubig at bininyagan ang kanyang ama, kanyang madrasta, at kapatid na babae, kasama ang isang tiyahin, pinsan, at kaibigan ng pamilya.

Nang iniahon niya ang huling tao mula sa tubig, umahon si Wilford mula sa kanal na masayang masaya. “Huwag mong kalimutan ito,” sabi niya sa kanyang sarili. “Ituring ito bilang awa ng iyong Diyos.”

Bumalik sila sa bahay ng pamilya habang ang kanilang buhok at damit ay basang basa pa. Ipinatong ni Wilford ang kanyang kamay sa kanilang ulo, nang isa-isa, at kinumpirma silang miyembro ng simbahan.⁵

Dalawang araw makaraan, nagpaalam siya sa kanyang mga magulang at nagmamadaling bumalik sa Maine, umaasang maabutan niya ang pagsilang ng kanyang panganay na anak.⁶

NOONG TAGSIBOL AT TAG-INIT na iyon, nagtipon ang maraming grupo ng mga Banal sa Missouri. Si John Page, isang missionary na nakaranas ng malaking tagumpay sa Canada, ay tumulak patungo sa Sion na pinangungunahan ang isang malaking grupo ng mga miyembro na mula sa Toronto.⁷ Sa Kirtland, ang Korum ng Pitumpu ay nagtrabaho upang ihanda ang mga mahihirap na pamilya upang magkakasamang maglakbay sa Missouri. Sa pagbabahagi at pagtulong sa isa't isa habang naglalakbay, umasa silang ligtas na makarating sa lupang pangako.⁸

Ang mga Banal sa Far West ay nagdaos ng isang parada noong Hulyo 4 upang ipagdiwang ang araw ng kalayaan ng bansa at ilatag ang batong panulok ng bagong templo. Pinangunahan ni Joseph Smith Sr. at ng isang maliit na yunit ng militar ang parada. Sa likod nila ay ang Unang Pangu-luhan at iba pang mga lider ng simbahan, kabilang na ang arkitekto ng templo. Isang yunit ng kabalyerya ang buong karangalang naglalakad sa likuran.⁹

Habang nagmamartsa siya kasama ng mga Banal, nababanaag ni Sidney Rigdon ang kanilang pagkakaisa.

Bagama't noong mga nakaraang linggo, mas maraming nambabatikos ang dinisiplina ng simbahan. Ilang panahon matapos ang paglilitis kay Oliver Cowdery, itiniwalag ng high council sina David Whitmer at Lyman Johnson.¹⁰ Kasunod noon, ang bishop's council ay pinagsabihan si William McLellin sa kawalan nito ng tiwala sa Unang Panguluhan at pagpapasasa sa mahahalay na pagnanasa.¹¹

Nilisan na ni William ang simbahan at nilisan ang Far West, subalit sina Oliver, David, at iba pang nambabatikos ay nanatili sa lugar. Noong Hunyo, hayagang kinundena ni Sidney ang mga lalaking ito. Inuulit ang wika mula sa Pangangaral sa Bundok, inihambing niya ang mga ito sa asin na nawalan ng lasa, walang kabuluhan kundi upang itapon sa labas at tinatapakan na lamang. Pagkatapos nito, ipinahayag ni Joseph ang kanyang suporta para sa pagsaway, bagama't hinikayat niya ang mga Banal na sundin ang batas habang kanilang inaasikaso ang mga pambabatikos.¹²

Pinalakas ng pangangaral ni Sidney ang loob ng ilang mga Banal na nagtipon isang linggo na ang nakakaraan upang ipagtanggol ang simbahan laban sa mga nambabatikos.¹³ Gumamit ang mga kalalakihang ito ng iba't ibang bansag, subalit pinakakilala sila bilang Mga Danita, alinsunod sa lipi ni Dan sa Lumang Tipan. Hindi inorganisa ni Joseph ang grupo, subalit malamang ay pinagtibay niya ang ilan sa kanilang mga ginawa.¹⁴

Sa kanilang pananabik na ipagtanggol ang simbahan, sumumpa ang Mga Danita na protektahan ang karapatan ng mga Banal laban sa kanilang iniisip na mga banta mula sa loob at sa labas ng simbahan. Marami sa kanila ang nakasaksi kung paano ginulo ng mga pambabatikos ang komunidad

sa Kirtland, kung paano inilagay sa panganib ng pag-atake ng mga mandurumog sina Joseph at iba pa, at inilagay sa panganib ang mga pamantayan ng Sion. Magkakasama nilang ipinangakong poprotektahan ang komunidad sa Far West laban sa anumang kahalintulad na banta.

Noong panahong hayagang tinutuligsa ni Sidney ang mga nambabatikos, binalaan ng Mga Danita sina Oliver, David, at iba pa na lisanin ang Caldwell County o harapin ang kakila-kilabot na mga bunga nito. Sa loob ng ilang araw, tuluyan nang nilisan ng mga kalalakihan ang lugar.¹⁵

Nang dumating sa plasa ng bayan ang parada ng Ika-apat ng Hulyo, itinaas ng mga Banal ang bandila ng Amerika sa tuktok ng isang mataas na poste at pinaligiran ang pinag-hukayan ng lugar ng templo. Mula sa gilid ng mga pundasyon, pinanood nila ang mga manggagawa na maingat na inilagay ang mga batong panulok sa paglalagyan ng mga ito. Pagkatapos ay umakyat sa isang kalapit na entablado si Sidney upang magbigay ng mensahe sa kongregasyon.¹⁶

Alinsunod sa tradisyon sa Amerika na pagbibigay ng mga nag-aalab at emosyonal na talumpati sa Araw ng Kalayaan, malakas na nagsalita si Sidney sa mga Banal tungkol sa kalayaan, sa mga pag-uusig na kanilang naranasan, at ang mahalagang papel ng mga templo sa kanilang espirituwal na pagkatuto. Sa pagtatapos ng mensahe, binalaan niya ang mga kaaway ng simbahan na iwanang mag-isa ang mga Banal.

“Ang ating karapatan ay hindi na muling tatapakan nang walang kaparusahan,” iginiit niya. “Ang tao o grupo ng mga tao na magtatangka nito ay gagawin ito kapalit ng kanilang buhay.”

Hindi ang mga Banal ang magiging mananalakay, tiniyak niya sa kanyang mga tagapakinig, ngunit kanilang ipagtatanggol ang kanilang mga karapatan. “Ang mga mandurumog na lalapit upang guluhin tayo,” paghahayag niya, “ito ay magiging digmaan ng paglilipol sa pagitan natin at sa kanila, sapagkat susundan natin sila hanggang sa ang huling patak ng kanilang dugo ay dadanak, o kaya’y kailangan nilang lipulin tayo.”

Hindi na muling lilisanin ng mga Banal ang kanilang mga tahanan o pananim. Hindi na nila mapagtiis na daranasin ang pang-aapi. “Ngayon sa araw na ito ay ipinahahayag natin ang ating kalayaan,” ipinahayag ni Sidney, “nang may layunin at may determinasyon na hindi maaaring masira! *Hindi, hinding-hindi!*”¹⁷

“Hosana!” pagbubunyi ng mga Banal. “Hosana!”¹⁸

HABANG ANG MGA BANAL ay nagbubunyi sa Far West, isang missionary na nagngangalang Elijah Able ang nangangaral sa silangang Canada, ilang daang milya ang layo mula roon. Isang gabi ay nagkaroon siya ng nakakabagabag na panaginip. Nakita niya si Eunice Franklin, isang babae na kanyang biniyagan sa New York, na pinahirapan ng pag-aalinlangan tungkol sa Aklat ni Mormon at kay Joseph Smith. Hindi siya makatulog bunsod ng kanyang kawalang-katiyakan. Hindi siya makakain. Nadama niya na nalinlang siya.¹⁹

Agad na umalis si Elijah papunta sa New York. Nakilala niya sina Eunice at ang kanyang asawang si Charles, noong tagsibol na iyon habang nangangaral siya sa kanilang

bayan.²⁰ Ang sermon na ipinangaral ni Elijah sa kanila ay magaspang at hindi pulido. Bilang isang itim na lalaking ipinanganak sa kahirapan, kakaunti lamang ang pagkaka-taong nakamit niya upang makapag-aral.

Ngunit tulad ng iba pang mga missionary, inordenan siya sa Melchizedek Priesthood, lumahok sa mga ordenansa sa Kirtland temple, at tinanggap ang kaloob na kapangyarihan.²¹ Ang kakulangan niya sa edukasyon ay kanyang pinunan sa pananampalataya at sa kapangyarihan ng Espiritu.

Lubos na natuwa sa kanyang pangangaral si Eunice, ngunit tumayo pagkatapos si Charles at sinubukang maki-pagtalos sa kanya. Nilapitan ni Elijah si Charles, inilagay ang kanyang kamay sa balikat nito at sinabing, “Bukas ako ay paparito at pupuntahan ka at makikipag-usap saglit.”

Kinabukasan ay binisita ni Elijah ang tahanan ng mga Franklin at itinuro sa kanila ang tungkol kay Joseph Smith, ngunit nanatiling hindi kumbinsido si Charles.

“Isa bang palatandaan ang iyong hinihiling upang mapaniwala ka?” Tinanong ni Elijah.

“Oo,” sabi ni Charles.

“Mapapasaiyo ang hinihiling mo,” sabi ni Elijah sa kanya, “ngunit magagawa nitong magdalamhati ang iyong puso.”

Nang bumalik si Elijah matapos ang sandaling panahon, nalaman niya na dumanas si Charles ng maraming kalungkutan bago sa wakas ay nanalangin siya upang humingi ng kapatawaran. Nang sandaling iyon, kapwa siya at si Eunice ay handa nang sumapi sa simbahan, at bininyagan sila ni Elijah.²²

Tiyak na si Eunice sa kanyang pananampalataya noong panahong iyon. Ano ang nangyari sa kanya mula noon?

MAKARAAN ANG SANDALING PANAHOON isang Linggo ng umaga, nagulat si Eunice nang makita niya si Elijah na nakatayo sa kanyang pintuan. Iniipon niya ang mga bagay na sasabihin kapag muli niya itong makita. Nais ni Eunice na sabihin sa kanya na ang Aklat ni Mormon ay kathang-isip lamang at si Joseph Smith ay isang huwad na propeta. Ngunit nang makita niya si Elijah sa pintuan niya, sa halip ay inanyayahan niya ito sa loob.

“Kapatid,” sabi ni Elijah matapos ang ilang pag-uusap, “hindi ka pa natutukso nang katulad nang sa Tagapagligtas matapos Siyang mabinyagan. Siya ay tinukso sa isang paraan at ikaw naman ay sa iba.” Sinabi niya kay Eunice at Charles na mangangaral siya nang hapong iyon sa isang kalapit na paaralan. Hiniling niya sa kanila na sabihin ito sa kanilang mga kapitbahay, pagkatapos ay nagpaalam siya.

Ayaw pumunta ni Eunice sa pulong, ngunit nang hapong iyon ay bumaling siya sa kanyang asawa at sina-bing, “Hahayo ako at titingnan ang kalalabasan nito.”

Nang maupo siya sa paaralan, muling naantig si Eunice sa mga salita ni Elijah. Nangaral siya ng isang talata mula sa Bagong Tipan. “Mga minamahal,” sabi roon, “huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo.”²³ Binuksan ng tinig ni Elijah at ng mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ang puso ni Eunice sa Espiritu. Ang katiyakan na minsan niyang nadama ay bumalik sa kanya. Alam

niyang tunay na propeta ng Diyos si Joseph Smith at totoo ang Aklat ni Mormon.

Nangako si Elijah kay Eunice na babalik siya sa loob ng dalawang linggo. Subalit matapos niyang umalis, nakakita si Eunice ng mga polyeto sa bayan na pasinungaling na sinasabing pumaslang si Elijah ng isang babae at limang bata. Nag-alok ang mga ito ng gantimpala para sa kanyang pagkakadakip.

“Ano ngayon ang palagay mo sa iyong elder na Mormon?” tanong ng ilan sa kanyang mga kapitbahay. Tinitiyak nilang madadakip si Elijah bago pa siya magkaroon ng isa pang pagkakataon na mangaral sa kanilang bayan.

Hindi naniniwala si Eunice na may sinumang pinaslang si Elijah. “Darating siya at gagampanan ang kanyang tungkulin,” sabi niya, “at poprotektahan siya ng Diyos.”²⁴

Naghihinala siya na mga kalaban ng simbahan ang gumawa ng kuwento. Hindi bihira para sa mga puting tao na magpalaganap ng mga kasinungalingan tungkol sa mga itim na tao, maging sa mga lugar na kung saan ang pang-aalipin ay ilegal. Ang mga mahihigpit na batas at kaugalian ay naglimita sa mga ugnayan sa pagitan ng itim at puti, at kung minsan ang mga tao ay nakakaisip ng mga malulupit na paraan upang ipatupad ang mga ito.²⁵

Tulad ng ipinangako, nagbalik si Elijah pagkaraan ng dalawang linggo upang mangaral muli. Punung-puno ng tao ang paaralan. Ang lahat, tila, ay gustong makita siyang madakip—o mas malala pa.

Umupo si Elijah. Matapos ang ilang sandali, tumayo siya at sinabing, “Mga kaibigan ko, ako ay sinasabing pumaslang sa isang babae at limang mga bata, at isang malaking

gantimpala ang iniaalok para sa aking sarili. Ngayon ay narito ako.”

Tumingin sa kabuuan ng silid si Eunice. Walang gumalaw.

“Kung sinuman ang may kinalaman sa akin, ngayon ang iyong oras,” patuloy ni Elijah. “Ngunit matapos kong simulan ang aking pangangaral, huwag ninyo akong subukang hawakan.”

Huminto si Elijah, naghihintay ng tugon. Gulat at tahimik siyang pinagmasdan ng kongregasyon. Isa pang sandali ang lumipas, at pagkatapos ay umawit siya ng himno, nag-alay ng panalangin, at nagbigay ng nakaaantig na pangangaral.

Bago nilisan ang bayan, nakipag-usap si Elijah kina Eunice at Charles. “Ibenta ang inyong mga ari-arian at magtungo sa kanluran,” ipinayo niya sa kanila. Ang diskriminasyon laban sa mga Banal ay tumitindi sa lugar, at may isang branch ng simbahan mga apatnapung milya ang layo mula roon. Ayaw ng Panginoon ang Kanyang mga tao na ipamuhay ang kanilang relihiyon nang mag-isa.

Sinunod nina Eunice at Charles ang kanyang payo at agad na nagtungo sa branch.²⁶

SA MISSOURI, MAGANDA ANG pananaw ni Joseph tungkol sa hinaharap ng simbahan. Kanyang ipinalathala ang mensahe ni Sidney noong ika-apat ng Hulyo bilang isang polyeto. Nais niyang malaman ng lahat ng tao sa Missouri na ang mga Banal ay hindi na matatakot sa mga manggugulo at mga bumabatikos.²⁷

Subalit ang mga dating problema ay patuloy na bumagabag sa kanya. Halos lahat ng utang ng Simbahan ay hindi pa rin nababayaran, at maraming Banal ang naiwang salat dahil sa patuloy na pang-uusig, pambansang mga problema sa ekonomiya, pinansiyal na pagbagsak sa Kirtland, at ang magastos na paglipat sa Missouri. Bukod pa rito, pinagbawalan ng Panginoon ang Unang Panguluhan na humiram ng karagdagang pera.²⁸ Kailangan ng simbahan ng pondo ngunit wala pa ring maaasahang sistema ng pagkolekta nito.²⁹

Kamakailan lamang, ang mga bishop ng simbahan, sina Edward Partridge at Newel Whitney, ay iminungkahi ang ikapu bilang paraan ng pagsunod sa batas ng paglalaan. Batid ni Joseph na ang mga Banal ay dapat ilaan ang kanilang mga ari-arian, ngunit hindi niya tiyak kung gaano karami ang hinihiling ng Panginoon bilang ikapu.³⁰

Nag-alala rin si Joseph tungkol sa Korum ng Labin-dalawa. Dalawang araw bago iyon, isang liham mula kina Heber Kimball at Orson Hyde ang dumating sa Far West, na nag-uulat na ang dalawang apostol ay ligtas na nakarating sa Kirtland matapos ang kanilang misyon sa England. Muling nakasama ni Heber si Vilate at kanilang mga anak, at ngayon ay naghahanda na upang lumipat sa Missouri.³¹ Anim na iba pang mga apostol—sina Thomas Marsh, David Patten, Brigham Young, Parley at Orson Pratt, at William Smith—ay nasa Missouri o sa misyon, at nanatiling matibay ang kanilang pananampalataya. Ngunit ang mga natitirang apat na apostol ay nilisan na ang simbahan, na nag-iiwan ng mga bakanteng katungkulan sa korum.³²

Noong Hulyo 8, nanalangin sina Joseph at iba pang lider ng simbahan tungkol sa mga problemang ito at tumanggap ng maraming paghahayag. Hinirang ng Panginoon ang isang Banal na si Oliver Granger upang kumatawan sa Unang Panguluhan sa pagbabayad ng mga utang ng simbahan. Ang mga ari-arian na iniwan ng mga Banal sa Kirtland ay ibebenta at gagamiting pambayad sa utang.³³

Paglaon ay tinugunan ng Panginoon ang tanong ni Joseph ukol sa ikapu. “Kinakailangan ko ang lahat ng kaniyang labis na ari-arian upang ilagay sa mga kamay ng obispo ng aking simbahan sa Sion,” sinabi Niya, “para sa pagtatayo ng aking bahay, at para sa pagtatatag ng saligan ng Sion.” Matapos ialay ang anumang kanilang maihahandog, nagpatuloy ang Panginoon, ang mga Banal ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng kanilang tubo taun-taon.

“Kung ang aking mga tao ay hindi susunod sa batas na ito,” ipinahayag ng Panginoon, “ito ay hindi magiging lupain ng Sion sa inyo.”³⁴

Hinggil sa Labindalawa, inatasan ng Panginoon si Thomas Marsh na manatili sa Far West upang tumulong sa paglilimbag ng simbahan at tinawag ang iba pang mga apostol na mangaral. “Kung gagawin nila ito nang buong kababaan ng puso, sa kaamuan at kapakumbabaan, at mahabang pagtitiis,” ipinangako ng Panginoon, “ako ang tutustos para sa kanilang mga mag-anak; at isang mapakikinabangang pintuan ang mabubuksan para sa kanila, mula ngayon.”

Nais ng Panginoon ang Labindalawa na pumunta sa ibang bansa sa darating na taon. Iniutos Niya sa korum na magtipon sa kinatatayuan ng templo sa Far West sa Abril 26,

1839, wala pang isang taon mula sa araw na iyon, at mula roon ay pumunta sa isa pang misyon sa England.³⁵

Sa huli, pinangalanan ng Panginoon ang apat na lalaki upang punan ang mga bakanteng katungkulan sa korum. Dalawa sa mga bagong apostol, sina John Taylor at John Page, ay nasa Canada. Isa sa kanila, si Willard Richards, ay naglilingkod sa mission presidency sa England. Ang ikaapat, si Wilford Woodruff, ay nasa Maine, ilang araw na lamang mula sa pagiging isang ama.³⁶

IPININANGANAK NI PHEBE WOODRUFF ang isang anak na babae, si Sarah Emma, noong Hulyo 14. Lubos na natuwa si Wilford na ang sanggol ay malusog at nalampasan ng kanyang kabiyak ang panganganak.³⁷ Habang nagpapagaling siya, pinalipas ni Wilford ang oras sa pagtatrabaho para kay Sarah, ang kapatid na balo ni Phebe. “Ginugol ko ang araw sa pagtatabas ng damo,” pag-uulat niya sa kanyang journal. “Dahil bagong gawain ito, pagod na pagod ako pagsapit ng gabi.”³⁸

Pagkaraan ng ilang araw, isang mensahe mula kay Joseph Ball, isang missionary na naglilingkod sa Fox Islands, ang nag-ulat na ang mga nambabatikos sa Kirtland ay nagpadala ng mga liham sa mga bininyagan ni Wilford sa isla, sinisikap na pahinain ang kanilang pananampalataya. Karanihan sa mga Banal sa Fox Islands ay hindi pinansin ang mga liham, ngunit ang ilan ay tumiwalag sa simbahan—kabilang na ang ilang nais isama ni Wilford sa Missouri kalaunan sa taong iyon.³⁹

Dalawang linggo matapos isilang si Sarah Emma, nagmadaling tumungo si Wilford sa Fox Islands upang patatagin ang mga Banal at tulungan silang maghanda para sa paglalakbay patungong Sion. “O aking Diyos, paunlarin ang aking daraanan,” ang panalangin ni Wilford nang nilisan niya ang tabi ni Phebe. “Pagpalain Ninyo ang asawa ko at ang isang sanggol na ibinigay Ninyo sa amin habang wala ako.”⁴⁰

Nang dumating siya sa mga kapuluan makalipas ang mahigit isang linggo, isang liham ang naghihintay sa kanya mula kay Thomas Marsh sa Missouri. “Iniutos ng Panginoon na kaagad tipunin ang Labindalawa sa lugar na ito,” nakasasad doon. “Ipinaaalam sa inyo, Brother Woodruff, sa pamamagitan nito na kayo ay hinirang na manungkulan bilang isa sa Labindalawang Apostol.” Inaasahan ng Panginoon si Wilford na kaagad magtungo sa Far West upang maghanda para sa misyon sa England.

Hindi ikinagulat ni Wilford ang balita. Ilang linggo bago iyon, nakatanggap siya ng impresyon na hihirangin siya bilang apostol, ngunit hindi niya ito sinabi kaninuman. Gayunpaman, nang gabing iyon ay nanatili siyang gising, dahil sa dami ng kanyang iniisip.⁴¹



Nagawa na ang Lahat

Ang Agosto 6, 1838, ay Araw ng Halalan sa Missouri. Nang umagang iyon, naglakbay si John Butler patungo sa bayan ng Gallatin, ang luklukan ng pamahalaan sa Daviess County, upang bumoto.¹

Si John ay ilang taon nang Banal sa mga Huling Araw. Siya at ang kanyang asawa, si Caroline, ay lumipat sa isang maliit na pamayanan malapit sa Adan-on-di-Ahman noong tag-araw na iyon. Kapitan siya ng lokal na milisya at isang Danita.²

Itinatag lamang noong isang taon, ang Gallatin ay higit lamang sa isang kumpol ng mga bahay at saloon. Noong dumating si John sa plasang-bayan, nakita niya itong puno ng mga kalalakihan mula sa buong county. Isang lugar ng botohan ang itinayo sa isang maliit na bahay sa dulo ng plasa.³ Habang nakapila ang mga kalalakihan upang

bumoto, nakikihalubilo ang mga nangangampanya sa ibang tao sa labas.⁴

Sumali si John sa isang maliit na grupo ng mga Banal na nakatayo nang hiwalay sa pangunahing grupo. Ang saloobin sa Daviess County ay hindi naging pabor sa mga Banal. Matapos itatag ni Joseph ang stake sa Adan-on-di-Ahman, lumago ang pamayanan at higit sa dalawang daang bahay ang itinayo. Maaari nang impluwensiyahan ng mga Banal ang resulta ng boto sa county, at ikinagalit ito ng maraming residente. Upang maiwasan ang mga problema, nagplano sina John at kanyang mga kaibigan na magkaka-samang bumoto at kaagad umuwi.⁵

Nang papalapit na si John sa lugar ng botohan, si William Peniston, isang kandidato para sa kinatawan ng estado, ay umakyat sa tuktok ng isang bariles ng whiskey upang magbigay ng isang talumpati. Tinangkang suyuin ni William ang boto ng mga Banal noong unang bahagi ng taong iyon, ngunit nang malaman niya na karamihan sa kanila ay pabor sa kalabang kandidato, nagparatang siya laban sa kanila.

“Ang mga lider ng Mormon ay isang hanay ng mga magnanakaw ng kabayo, sinungaling, at mga manlililang,” sigaw ni William sa mga lalaking nagtitipon malapit sa kanya. Nabalisa si John. Hindi ganoon kalaki ang kakailangang gawin ni William upang ibaling ang mga tao laban sa kanya at sa kanyang mga kaibigan. Karamihan sa mga lalaki ay galit na sa kanila, at marami ay umiinom ng whiskey mula nang nagsimula ang halalan.

Binalaan ni William ang mga botante na nanakawin ng mga Banal ang kanilang ari-arian at tatabunan ang kanilang boto.⁶ Hindi sila kabilang sa county, kanyang sinabi, at wala

silang karapatang makilahok sa halalan. “Pinangunahan ko ang mga mandurumog upang palayasin kayo mula sa Clay County,” pagyayabang niya, habang bumabaling kay John at sa iba pang mga Banal, “at hindi ako hahadlang kung dumugin man kayo ngayon.”⁷

Maraming whiskey pa ang ibinigay sa mga tao. Narinig ni John ang ilang kalalakihan na minumura ang mga Banal. Nagsimula siyang umatras. Higit sa anim na talampakan ang taas niya at matipuno ang pangangatawan, subalit nagtungo siya sa Gallatin upang bumoto, hindi makipag-away.⁸

Bigla na lang, isang lalaki ang sinubukang suntukin ang isa sa mga Banal sa mga Huling Araw. Isa pang Banal ang sumingit upang ipagtanggol siya, ngunit itinulak siyang palayo ng mga tao. Ang ikatlong Banal ay kumuha ng isang pirasong kahoy mula sa isang kalapit na tumpok ng kahoy at hinambalos ang salarin sa ulo. Bumagsak ang lalaki malapit sa paanan ni John. Ang mga lalaki sa magkabilang panig ay kumuha ng mga pambambo at naglabas ng mga kutsilyo at latigo.⁹

Agad na nahigitan ang mga Banal ng apat sa isa, ngunit determinado si John na protektahan ang mga kapwa niyang mga Banal at kanilang mga lider. Nakakita ng isang tumpok ng mga kahoy na gamit sa paggawa ng bakod, kumuha siya ng isang makapal na piraso ng oak at sumugod sa labanan. “Ah oo, kayong mga Danita,” sigaw niya, “narito ang trabahong naghihintay para sa atin!”

Hinampas niya ang mga lalaking lumulusob sa mga Banal, tinatantya ang bawat hampas upang itumba ang kanyang mga kalaban, at hindi sila patayin. Ang mga kaibigan niya ay gumanti rin, ginawang mga armas ang mga patpat

at bato. Pinatumba nila ang sinumang sumugod sa kanila, at tinapos ang labanan makaraan ang dalawang minuto.¹⁰

Hinihinal pa si John nang tingnan niya ang plasang-bayan. Ang mga sugatang lalaki ay hindi gumagalaw na nakahandusay sa lupa. Ang iba naman ay tumatalilis palayo. Bumaba mula sa kanyang mga bariles ng whiskey si William Peniston at tumakas patungo sa isang kalapit na burol.

Isang lalaki ang lumapit kay John at sinabi na maaari nang bumoto ngayon ang mga Banal. “Ibaba mo ang iyong patpat,” sabi niya. “Walang paggagamitan iyan rito.”¹¹

Mas mahigpit itong hinawakan ni John. Nais niyang bumoto, ngunit alam niyang makukulong siya kung papasok siya sa maliit na bahay at sumubok bumoto nang walang armas. Sa halip, tumalikod siya at naglakad na palayo.

“Kailangan namin kayong dakpin bilang bilanggo,” may isa pang lalaking sumigaw. Sinabi niya na ilan sa mga lalaki na hinampas ni John ay maaaring mamatay.

“Ako ay isang tao na sumusunod sa batas,” sabi ni John, “ngunit hindi ko balak na litisin ng mga mandurumog.” Sumakay siya sa kanyang kabayo at nilisan ang bayan.¹²

KINABUKASAN, NAGTUNGO SI JOHN sa Far West at sinabi kay Joseph ang tungkol sa labanan. Ang mga ulat ng mga pagkamatay sa Gallatin ay mabilis na lumaganap sa hilagang Missouri, at ang mga mandurumog ay naghahanda upang salakayin ang mga Banal. Natatakot na magiging target para sa paghihiganti si John, tinanong sa kanya ni Joseph kung inilikas na niya ang kanyang pamilya mula sa Daviess County.

“Hindi,” sabi ni John.

“Kung gayon ay humayo ka at ilikas sila kaagad,” sinabi sa kanya ni Joseph, “at huwag matutulog doon ng isa pang gabi.”

“Ngunit ayaw ko na maging isang duwag,” sagot ni John.

“Humayo at gawin ang sinabi ko sa iyo,” sabi ni Joseph.¹³

Agad na umalis si John para umuwi, at di kalaunan ay naglakbay si Joseph kasama ang isang grupo ng mga armadong boluntaryo upang ipagtanggol ng mga Banal sa Daviess County. Nang makarating sila sa Adan-on-di-Ahman, nalaman nila na walang sinuman sa magkabilang panig ng labanan sa Gallatin ang namatay. Nakahinga na nang maluwag dahil dito, nakituloy si Joseph at ang kanyang mga kasama kay Lyman Wight noong gabing iyon.

Kinaumagahan, umalis si Lyman at ang isang armadong grupo ng mga Banal patungo sa bahay ni Adam Black, ang lokal na justice of the peace (huwes). Ayon sa mga bulung-bulungan, nagtitipon si Adam ng mga mandurumog na susugod sa mga Banal. Nais ni Lyman na lumagda ito ng isang pahayag na nagsasabi na titiyakin nito na magiging makatarungan ang pakikitungo sa mga Banal sa Daviess County, ngunit tumanggi si Adam.

Kalaunan ng araw na iyon, si Joseph at ang higit sa isang daang mga Banal ay bumalik sa bahay ni Adam. Si Sampson Avard, isa sa mga pinuno ng mga Danita sa Far West, ay isinama ang tatlo sa kanyang mga tauhan sa bahay at sinubukang pilitin ang huwes na lumagda sa pahayag. Muling tumanggi si Adam, iginiit na nais niyang makita

si Joseph. Sa puntong iyon ay sumama ang propeta sa negosasyon at inareglo nang mapayapa ang problema, sumasang-ayon na hayaan ang hukom na isulat at lagdaan ang kanyang sariling pahayag.¹⁴

Subalit hindi nagtagal ang kapayapaan. Matapos ang pulong, iginiit ni Adam na sina Joseph at Lyman ay dapat dakpin dahil pinaligiran nila ang kanyang bahay ng armadong hukbo at ginigipit nila siya. Nakaiwas sa pag-aresto si Joseph sa paghiling na litisin siya sa kanyang pinanggalingang county ng Caldwell kaysa sa Daviess, kung saan karamihan ng mga mamamayan ay galit sa mga Banal.¹⁵

Samantala, ang mga tao sa kabuuan ng hilagang Missouri ay nag-organisa ng mga pagtitipon upang talakayin ang mga ulat mula sa Gallatin at ang tumataas na bilang ng mga Banal na naninirahan kasama nila. Ang maliliit na pangkat ng mga mandurumog ay sinira ang mga bahay at kamalig ng mga miyembro ng simbahan sa Daviess County at nilusob ang mga kalapit na pamayanan ng mga Banal.¹⁶

Upang mapahupa ang tensiyon, bumalik si Joseph sa Daviess County noong unang bahagi ng Setyembre para sagutin ang mga paratang laban sa kanya. Sa panahon ng pagdinig, inamin ni Adam na hindi siya pinilit ni Joseph na lagdaan ang pahayag. Gayunpaman, inatasan ng hukom ang propeta na bumalik sa loob ng dalawang buwan para sa isang paglilitis.¹⁷

May mga ilang kaalyado ang mga Banal sa pamahalaan ng Missouri, at hindi nagtagal ang milisya ng estado ay tinipon upang pigilan ang mga pangkat ng vigilante. Ngunit ang mga tao sa loob at paligid ng Daviess County ay desidido pa ring palayasin ang mga Banal mula sa kanilang lugar.

“Ang mga taga-usig ng mga Banal,” isinulat ni Joseph sa isang kaibigan, “ay hindi natutulog sa Missouri.”¹⁸

SA HULING ARAW NG Agosto, naglakbay sina Phebe at Wilford Woodruff sa kahabaan ng dalampasigang may puting buhangin hindi kalayuan sa tahanan ng kanyang mga magulang sa Maine. Mababa ang tubig noon. Ang mga alon mula sa Atlantic Ocean at rumaragasa sa baybayin. Sa may kalayuan, tahimik na dumadaan ang mga barko, ang kanilang mga layag na yari sa makapal na lona ay hinihipan ng hangin. Isang kawan ng mga ibon ang umiikot sa bandang ulunan at bumababa sa tubig.

Nang mapahinto ang kanyang kabayo, bumaba si Phebe at nagtipon ng mga kabibe na nakakalat sa buhangin. Nais niyang dalhin ang mga ito bilang alaala kapag sila ni Wilford ay lumipat pakanluran patungong Sion. Nakatira si Phebe malapit sa karagatan sa halos buong buhay niya, at ang mga kabibe ay bahagi ng lugar na kanyang kinalakhan.¹⁹

Mula nang tawagin siya sa Korum ng Labindalawa, sabik si Wilford na makapunta sa Missouri. Ang kanyang pagbisita kamakailan sa Fox Islands ay sapat lamang ang tagal upang himukin ang maliit na grupo ng mga Banal na sumama sa kanya at kay Phebe sa Sion. Bigo siya nang bumalik sa mainland. Ilang miyembro ng branch ang pumayag na sumama sa kanila. Ang iba—kasama sina Justus at Betsy Eames, ang mga unang taong nabinyagan sa kapuluan—ay mananatili roon.

“Makikita nila ang kanilang kamalian kapag huli na ang lahat,” sabi ni Wilford.²⁰

Subalit si Phebe rin ay hindi gaanong sabik na pumunta. Masaya siyang muling makasama ang kanyang mga magulang. Ang kanilang tahanan ay maginhawa, mainit, at pamilyar. Kung mananatili siya sa Maine, hindi siya malalayo sa pamilya at mga kaibigan.²¹ Ang Missouri, sa kabilang banda, ay isang libo at limandaang milya ang layo. Kapag umalis siya, maaaring hindi na niya makitang muli ang kanyang pamilya. Handa ba siyang gawin ang sakripisyong iyon?

Ipinagtapat ni Phebe ang kanyang nadarama kay Wilford. Nakikisimpatiya siya sa pag-aalala nito na lisanin ang pamilya, ngunit magkaiba sila ng saloobin tungkol sa bagay na ito. Alam niya, tulad nito, na ang Sion ay isang lugar ng kaligtasan at proteksyon.

“Pupunta ako sa lupain ng Sion o saanman ako isinugo ng Diyos,” itinala niya sa kanyang journal, “kahit na kailangan kong iwan ang mga ama, ina, at mga kapatid na magiging balakid sa pagitan ng Maine at Missouri—at mabuhay sa pinakuluang gulay habang nasa daan.”²²

Sa kabuuan ng Setyembre, hinintay nina Phebe at Wilford ang Fox Islands branch na magtungo sa mainland at simulan ang kanilang paglalakbay pakanluran. Ngunit sa paglipas ng bawat araw at hindi lumitaw ang mga miyembro ng branch, nagsimulang mainip si Wilford. Matatapos na ang taon. Kapag mas tumagal pa ang pagkaantala ng kanilang paglalakbay, mas malamang na makararanas sila ng masamang panahon sa daan.

May iba pang mga bagay na naging dahilan para magatubili si Phebe na umalis. Ang kanilang anak, si Sarah

Emma, ay nagkaroon ng matinding ubo, at iniisip ni Phebe kung tama ba na isama siya sa isang mahabang paglalakbay sa malamig na panahon.²³ Pagkatapos ay lumitaw sa lokal na pahayagan ang isang pinalalang ulat tungkol sa gulo sa araw ng halalan sa malayong Daviess County. Ginulat ng balita ang lahat.

“Hindi tama na umalis,” sabi ng mga kapitbahay kina Phebe at Wilford. “Mapapatay kayo.”²⁴

Makalipas ang ilang araw, dumating ang mga limampung Banal mula sa Fox Islands, na handa nang maglakbay patungo sa Sion. Alam ni Phebe na oras na para umalis, na si Wilford ay kailangang sumama sa Labindalawa sa Missouri. Ngunit nadama niya ang malakas na hatak ng tahanan at pamilya. Ang daan patungong Missouri ay magiging mahirap, at ang kalusugan ni Sarah Emma ay mahina pa rin. At walang garantiya na magiging ligtas sila mula sa mga mandurumog sa sandaling makarating sila sa kanilang bagong tahanan.

Gayunpaman, nagtiwala si Phebe sa pagtitipon. Niliisan niya ang kanilang tahanan upang sumunod noon sa Panginoon, at handa siyang gawin itong muli. Nang nagpalam siya sa kanyang mga magulang, pakiramdam niya ay siya si Ruth sa Lumang Tipan, na tinatalikdan ang tahanan at pamilya para sa kanyang pananampalataya.

Mahirap mang umalis, inilagay niya ang kanyang tiwala sa Diyos at sumakay sa bagon.²⁵

NOONG HULING BAHAGI NG Setyembre, ang dalawampu't-
isang taong gulang na si Charles Hales ay dumating sa De

Witt, Missouri kasama ang mga Banal mula sa Canada. Isa sa ilang libong tumugon sa tawag na magtipon sa Sion, iniwan niya ang Toronto kasama ang kanyang mga magulang at mga kapatid noong simula ng taong iyon. Ang De Witt ay pitumpung milya sa timog-silangan ng Far West at naglaan sa mga bagon ng isang lugar para makapagpahinga at makapag-imbak silang muli bago tumulak patungong Caldwell County.²⁶

Ngunit nang dumating si Charles, ang bayan ay kasulukuyang nilulusob. Humigit-kumulang apat na raang mga Banal ang nakatira sa De Witt, at ang mga kapitbahay sa loob at paligid ng pamayanan ay pinipilit sila na lisanin ang lugar, iginigiit na ang huling araw ng kanilang pag-alis ay sa Oktubre 1 o sila ay sapilitang paaalisin. Si George Hinkle, ang pinuno ng mga Banal sa De Witt, ay tumangging umalis. Sinabi niya na mananatili ang mga Banal at ipaglalaban ang kanilang karapatan na tumira doon.²⁷

Lumalala ang tensyon sa De Witt dahil sa mga bulungbulungan na ang mga Danita ay naghahandang makidigma laban sa mga taga-Missouri. Maraming mamamayan ang nagsimulang kumilos laban sa mga Banal at ngayon ay nagkakampo sa dulo ng De Witt, handang salakayin ang bayan sa anumang sandali. Umapela ang mga Banal sa gobernador ng Missouri na si Lilburn Boggs para sa proteksyon.²⁸

Karamihan sa mga Banal mula sa Canada ay tumuloy papuntang Far West, na nagnanais na maiwasan ang gulo, subalit hiniling ni George kay Charles na manatili at ipagtanggol ang De Witt laban sa mga mandurumog. Bilang magsasaka at musikero, si Charles ay mas sanay na gumamit ng araro o trombon kaysa sa baril. Ngunit

kailangan ni George ng mga lalaki upang magtayo ng mga muog sa paligid ng De Witt at maghanda para sa labanan.²⁹

Noong Oktubre, 2, isang araw matapos ang palugit para sa mga Banal na lisanin ang pamayanan, sinimulan silang pagbabarilin ng mga mandurumog. Noong una, hindi gumanti ng pagpapaputok ang mga Banal. Ngunit pagkaraan ng dalawang araw, si Charles at mga dalawang dosenang Banal ang pumuwesto sa paligid ng kanilang mga muog at gumanti ng pagpapaputok, na sumugat sa isang tao.

Sinugod ng mga mandurumog ang mga muog, na nagtulak kina Charles at sa iba pa na madaliang maghanap ng pagtataguan sa ilang bahay na yari sa troso sa di-kalayuan.³⁰ Hinarangan ng mga mandurumog ang daan patungo sa De Witt, na naghihiwalay sa mga Banal mula sa kanilang pagkain at suplay.

Makaraan ang dalawang gabi, noong Oktubre 6, sina Joseph at Hyrum Smith ay pumunta sa bayan kasama si Lyman Wight at isang maliit na grupo ng mga armadong lalaki. Natagpuan nila ang mga Banal na halos wala nang pagkain at iba pang mga kagamitan. Maliban na lamang kung ang pananakop ay kaagad na matatapos, gutom at karamdaman ang magpapahina sa mga Banal bago pa muling magpaputok ang mga mandurumog.³¹

Handa si Lyman na ipagtanggol ang De Witt hanggang wakas, ngunit matapos makita ni Joseph kung gaano kadesperado ang sitwasyon, nais niyang magmungkahi ng isang mapayapang solusyon.³² Natitiyak niya na kung may sinumang taga-Missouri ang napatay sa paglusob, lulusubin ng mga mandurumog ang bayan at lilipulin ang mga Banal.

Nagpadala ng apela si Joseph para sa tulong ni Gobernador Boggs, pinakiusapan ang isang magiliw na taga-Missouri na dalhin ang apela. Bumalik ang sugo makalipas ang apat na araw dala ang balita na hindi ipagtatanggol ng gobernador ang mga Banal laban sa mga pagsalakay. Iginiit ni Boggs na ang hidwaan ay sa pagitan nila at ng mga mandurumog.

“Dapat nilang paglabanan ito,” sabi niya.³³

Habang ang mga kaaway ay nagtitipon sa kalapit na county, at ang mga Banal ay walang natatanggap na maaasahang suporta mula sa milisya ng estado, batid ni Joseph na kailangan niyang tapusin ang paglusob. Ayaw niyang sumuko sa mga mandurumog, ngunit ang mga Banal sa De Witt ay pagod na at lubos na mas kakaunti ang bilang. Ang patuloy na pagtatanggol sa pamayanan ay maaaring maging nakamamatay na pagkakamali. Atubili, nagpasiya siya na panahon na upang iwanan ang De Witt at umatras papuntang Far West.

Noong umaga ng Oktubre 11, isinalansan ng mga Banal sa mga bagon ang anumang maliit na ari-arian na kanilang madadala at naglakbay patawid sa parang.³⁴ Nais ni Charles na sumama sa kanila, ngunit ang isa pang Banal mula sa Canada, na hindi pa handang umalis, ay hiniling sa kanya na manatili muna at tulungan siya. Pumayag si Charles, inaasahan na siya at ang kaibigan niya ay mabilis na makakahabol sa ibang mga Banal.

Ngunit matapos nilang makaalis ng bayan, bumalik ang kanyang kaibigan noong namatay ang kabayo nito. Tutol nang manatili pa sa teritoryo ng kaaway, mag-isang umalis si Charles at naglakad sa hindi kilalang parang. Naglakbay

siya patungong hilagang kanluran, sa direksyon ng Caldwell County, na may malabong ideya kung saan siya papunta.³⁵

NOONG OKTUBRE 15, ILANG ARAW matapos dumating ang mga Banal ng De Witt sa Far West, tinipon ni Joseph ang bawat lalaki sa bayan. Daan-daang mga banal ang umatras patungo sa Far West, tinatakasan ang mga aktibidad ng mga mandurumog sa kahabaan ng hilagang Missouri. Marami sa kanila ay nakatira ngayon sa mga bagon o tolda na nagkalat sa buong bayan. Naging malamig ang panahon, at nagsisiksikan at miserable ang mga Banal.³⁶

Nakita ni Joseph na ang sitwasyon ay hindi na makontrol. Tumatanggap siya ng mga ulat na ang kanilang mga kaaway ay nagtitipon mula sa lahat ng direksyon. Noong sinalakay sila ng mga mandurumog sa Jackson at Clay County, sinubukan ng mga Banal na tahimik na tiisin ito, umaatras sa mga tunggalian at umaasa sa mga abogado at mga hukom upang ibalik ang kanilang mga karapatan. Ngunit saan sila dinala nito? Nagsasawa na siya sa mga pang-aabuso, at nais niyang magkaroon ng mas matapang na aksyon laban sa kanilang mga kaaway. Wala nang pagpipilian ang mga Banal.

“Nagawa na natin ang lahat,” sumigaw si Joseph sa mga lalaki sa paligid niya. “Sinong napakalaking hangal ang sisigaw ng, ‘Ang batas! Ang batas!’ kung ito ay laging ginagamit laban sa atin at hindi kailanman pumanig sa atin?”

Ang mga ninakaw na lupain at mga hindi pinarusahang krimen laban sa mga Banal sa loob ng maraming taon ay nagpawala ng kanyang tiwala sa mga pulitiko at mga

abogado, at ang pasiya ng gobernador na hindi tulungan ang mga Banal ay lalong nagpatibay sa pananaw niyang iyon. “Ilalagay natin ang ating mga suliranin sa sarili nating mga kamay at mangangasiwa para sa ating sarili,” sabi ni Joseph. “Lumapit tayo sa gobernador, at wala siyang ginawa para sa atin. Ang milisya ng county ay ating nilapitan, at wala silang ginawa.”

Naniwala siya na ang estado mismo ay hindi nakahihigit sa mga mandurumog. “Pinagbigyan natin ang mga mandurumog sa De Witt,” sabi niya, “at ngayon, naghahanda na silang sumalakay sa Daviess.” Hindi siya papayag na may anupang bagay ang makuha mula sa mga Banal.³⁷

Dedepensahan nila ang kanilang sarili, paghahayag ng propeta, o mamatay sila habang ginagawa ito.³⁸



Diyos at Kalayaan

Matapos ang pagbagsak ng De Witt, ang mga lalaking lumusob sa bayan ay nagtungo sa hilaga sa Adan-on-di-Ahman. Sa mga kalapit na county, ang ibang mga mandurumog ay nagsimulang magtipon upang lusubin ang Far West at ang mga pamayanan sa tabi ng Shoal Creek, sumusumpang itataboy ang mga Banal mula sa Daviess patungo sa Caldwell County, at mula sa Caldwell patungong impiyerno.¹ Si Heneral Alexander Doniphan, isang opisyal ng milisya ng estado na nakapaglaan ng legal na tulong sa simbahan noong araw, ay malakas na hinikayat ang milisya ng Caldwell County, isang opisyal na yunit ng milisya ng estado na karamihang binubuo ng mga Banal sa mga Huling Araw, upang ipagtanggol ang kanilang mga komunidad laban sa mga pwersa ng kaaway.

Batid na ang mga Banal sa Daviess County ay nasa malaking panganib, iniutos nina Joseph at Sidney sa milisya

ng Caldwell County at sa iba pang mga armadong kalalakihan na tumungo sa Adan-on-di-Ahman. Sakay ng mga kabayo, sina Joseph at Hyrum ay nagtungo sa hilaga kasama ang grupo.²

Noong Oktubre, 16, 1838, habang ang mga sundalo ay nagtatayo ng kampo sa labas ng Adan-on-di-Ahman, binalot ang county ng malakas na pagbagsak ng niyebe. Sa may bandang ilog, si Agnes Smith ay naghahanda nang magpahinga sa gabing iyon. Ikinasal si Agnes sa bunsong kapatid ni Joseph, si Don Carlos, na nasa malayo. Bukod sa kanyang dalawang maliliit na anak na babae, nag-iisa siya sa bahay.

Bago maghatinggabi, isang grupo ng kalalakihan ang lumusob sa kanyang bahay at pinalibutan siya. Takot na takot, tinipon ni Agnes ang kanyang mga anak habang itinataboy sila ng mga mandurumog palabas sa niyebe habang tinututukan ng baril.

Walang pangginaw o kumot para mainitan, niyakap Agnes ang mga bata habang sinusunog ng mga lalaki ang bahay. Mabilis na kumalat ang apoy, nagbubuga ng maitim na usok sa kalangitan ng gabi. Lahat ng ari-arian si Agnes ay agad na nilamon ng apoy.

Alam ni Agnes na kailangan niyang tumakas. Ang pinakaligtas na lugar na maaaring puntahan ay ang Adan-on-di-Ahman, tatlong milya lamang ang layo, ngunit noon ay madilim, ang niyebe ay hanggang bukung-bukong ang lalim, at ang kanyang mga anak na babae ay wala sa was-tong gulang para lumakad sa malayo sa kanilang sarili. Aabutin ng ilang oras ang paglalakbay, ngunit ano pa ba

ang maaari niyang gawin? Hindi siya maaaring mamalagi sa tahanan.

Hawak ang isang anak na babae sa bawat balakang, naglakad si Agnes pakanluran habang itinataboy ng mga mandurumog ang iba pang mga Banal sa niyebe at sinusunog ang kanilang mga tahanan. Ang kanyang paa ay nabasa at namamanhid sa ginaw, at sumakit ang kanyang mga braso at likod mula sa pagbubuhat sa kanyang mga anak.

Hindi naglaon ay dumating siya sa isang napakalamig na sapa na ilang milya ang layo sa magkabilang direksyon. Malalim ang tubig, ngunit hindi masyadong malalim para lusungin. Mapangaib mabasa sa panahong ganito kalamig, ngunit ang tulong ay ilang milya lamang ang layo. Ang paglusong dito ang kanyang tanging magagawa kung nais niyang maihatid ang kanyang mga anak sa kaligtasan.

Binuhat nang mas mataas pa ang mga batang babae, lumusong si Agnes sa sapa hanggang sinalubong siya ng agos at hanggang baywang na niya ang lalim sa tubig.³

NOONG MADALING ARAW NG Oktubre 17, pagiray-giray na dumating sina Agnes at ang kanyang mga anak na babae sa Adan-on-di-Ahman, lubhang giniginaw at pagod na pagod. Ang iba pang mga biktima ng paglusob ay dumating sa gayon ding nakalulungkot na kalagayan. Marami sa kanila ay mga kababaihan at mga bata na halos pantulog lamang ang suot. Sinabi nila na itinataboy sila ng mga mandurumog mula sa kanilang lupain, sinunog ang kanilang mga tahanan at pinakawalan ang kanilang mga baka, kabayo, at tupa.⁴

Kinilabutan si Joseph sa mga nakita niyang tumakas. Sa kanyang talumpati para sa Ika-apat ng Hulyo, sinabi ni Sidney na ang mga Banal ay hindi gagawa ng pag-atake. Ngunit kung ang kanilang mga kaaway ay hindi mapaparusaan, ang nangyari sa mga Banal sa De Witt ay maaaring mangyari sa Adan-on-di-Ahman.

Umaasang mapapahina ang mga mandurumog at mabilis na tapusin ang labanan, nagpasya ang mga Banal na magmartsa sa kalapit na pamayanan na nagtataguyod at nagbibigay ng gamit sa kanilang mga kaaway. Hinati ang kanilang mga tauhan sa apat na yunit, ang mga lider ng simbahan at milisya ay nag-utos ng pagsalakay sa Gallatin at dalawang iba pang mga pamayanan. Ang ikaapat na yunit ay magpapatrolya sa karatig na lugar nang naglalakad.⁵

Kinabukasan, ang umaga ng Oktubre 18, ay mahamog. Naglakbay si David Patten palabas ng Adan-on-di-Ahman kasama ang isang daang kawal, patungo sa Gallatin.⁶ Pagdating nila sa bayan, natagpuan ng mga lalaki na walang tao roon maliban sa ilang mga taong ligaw na tumakas habang papalapit ang mga lalaki.

Nang wala ng mga tao sa mga kalsada, pinasok ng kalalakihan ang isang tindahan at pinuno ang kanilang mga bisig ng mga produkto at suplay na kailangan ng mga tumakas na Banal sa Adan-on-di-Ahman. Maraming kalalakihan ang lumabas mula sa tindahan dala ang mabibigat na kahon at bariles, na kanilang ikinarga sa mga bagon na dala nila. Nang naubos na ang laman ng mga istante, nagtungo ang mga kalalakihan sa ibang pang mga tindahan at tirahan, kumukuha ng mga kubrekama, kumot, kapote, at damit.

Ang paglulusob ay tumagal nang ilang oras. Nang matapos silang i-empake ang lahat ng kanilang madadala, sinunog ng mga lalaki ang tindahan at iba pang mga gusali at naglakbay palabas ng bayan.⁷

MULA SA TUKTOK NG burol kung saan tanaw ang Adanondi-Ahman, nakikita ng mga Banal ang isang usok sa malayo na umaakyat sa kalangitan sa may Gallatin.⁸ Si Thomas Marsh, na dumating sa pamayanan kasama ang milisya, ay kinakabahan sa ganoong mga tanda ng pagtutunggali, natitiyak na ang mga pagsalakay ay magpapagalit sa pamahalaan ng estado laban sa simbahan at magiging dahilan upang magdusa ang mga inosenteng mamamayan. Naniniwala si Thomas na pinalalaki nina Joseph at Sidney ang banta ng pagsalakay ng mga mandurumog sa kanilang agresibong pananalita at sermon. Kahit na dumating sa pamayanan ang mga naghihikahos na mga tumakas, tumanggi siyang paniwalaan na ang mga pag-atake sa kanilang mga tahanan ay magkakaugnay na mga pangyayari.

Bihira nang sumang-ayon si Thomas kay Joseph ngayon. Noong nakaraang taon, nang nagpunta siya sa Kirtland upang ihanda ang mga apostol sa misyon sa England, nadismaya si Thomas nang malaman niyang nagsimula ang misyon nang wala siya. Pinayuhan siya ng Panginoon na maging mapagpakumbaba at huwag maghimagsik laban sa propeta. Subalit patuloy niyang pinagdududahan ang tagumpay ng British mission, at nag-alinlangan siya na ito ay uunlad kung wala ang kanyang patnubay.

Kalaunan, matapos lumipat sa Missouri, ang kanyang asawa, si Elizabeth, ay nakipagtalo sa isa pang babae tungkol sa isang kasunduan na ginawa nila sa pagpapalitan ng gatas para sa paggawa ng keso. Matapos dinggin ng bishop at high council ang kaso at nagdesisyon laban kay Elizabeth, inapela ni Thomas ang kaso kina Joseph at sa Unang Panguluhan. Sila rin ay nagpasiya laban sa kanya.⁹

Sinaktan ng insidente ang kapurihan ni Thomas, at nahirapan siyang itago ang kanyang poot. Nagalit siya, at gusto niya ang lahat na magalit din. Dalawang beses na tinanong siya ni Joseph kung siya ay lilisan. “Kapag nakita mo ako na lisanin ang simbahan,” sagot ni Thomas, “makikita ninyo ang isang mabuting kapwa na umalis.”¹⁰

Hindi nagtagal at ang hindi magaganda na lamang ang nakita niya sa propeta. Sinisi niya si Joseph sa krisis sa Missouri at nakitaan niya ito ng kamalian sa kanyang pagtugon sa karahasan. May alam din siyang iba pa na gayon din ang nadarama, kabilang na ang kapwa apostol na si Orson Hyde, na ang pananampalataya ay bumigay na rin muli nang makauwi mula sa England.¹¹

Matapos bumalik sa Adan-on-di-Ahman ang mga lumusob na pangkat, dumating ang mga ulat na ang mga mandurumog ay lumalapit na sa Far West. Natatakot, ang puwersa ng mga Banal ay nagmamadaling bumalik sa Caldwell County upang maprotektahan ang bayan at kanilang mga pamilya.¹²

Bumalik si Thomas kasama nila, ngunit hindi upang ipagtanggol ang bayan. Sa halip, nag-empake siya ng kanyang mga gamit at nilisan ang Far West nang patakas noong gabi. Naniwala siya na ang banal na parusa ay malapit

nang bumuhos kina Joseph at sa mga Banal na sumunod sa kanya. Kung ang mga mandurumog o pamahalaan ay wawasakin ang Far West, naisip niya, iyon ay dahil nais ng Diyos na mangyari ito.¹³

Naglakbay patimog, nais ni Thomas na magpakalayu-layo sa Missouri. Ngunit bago siya umalis ng estado, isang dokumento ang kailangan niyang isulat.¹⁴

HABANG NANALASA ANG PANLULUSOB at pakikipaglaban sa hilagang Missouri, naliligaw si Charles Hales. Matapos lisanin ang De Witt, nilibot niya ang parang, hindi sigurado kung ang daan ay patungo sa Far West. Ilang linggo na ang lumipas mula nang huling niyang makita ang kanyang pamilya. Wala siyang paraan upang malaman kung nakarating sila sa Far West, o kung sila man ay ligtas mula sa mga mandurumog.

Ang pinakamainam na magagawa niya ay patuloy na maglakbay, iwasan ang anumang direktang pakikipagtung-gali, at umasa na may makikilala siya na maaaring ituro sa kanya ang tamang direksyon.

Isang gabi ay nakita niya ang isang lalaking nag-aani ng mais sa isang bukid. Tila mag-isa at walang armas ang lalaki. Kung siya ay walang simpatiya o kumakalaban sa mga Banal, ang pinakamasamang magagawa niya ay itaboy si Charles mula sa kanyang ari-arian. Ngunit kung siya ay maituturing na kaibigan, maaari siyang mag-alok ng isang lugar para matulugan at makakain.

Nilapitan ang magsasaka, tinanong ni Charles kung maaari siyang patuluyin sa kanyang bahay sa gabing iyon.

Hindi tumugon ang magsasaka sa tanong ngunit sa halip ay tinanong si Charles kung isa siyang Mormon.

Batid na maaaring kapalit nito ang pagkain at isang mainit na lugar na matutulugan, sinabi ni Charles na isa nga siyang Mormon. Sinabi ng magsasaka na wala siyang maialok at sinabi sa kanya na malayo pa siya mula sa Far West.

“Ako ay isang lubos na estranghero sa county,” sinabi ni Charles sa magsasaka. Sinabi niya na siya ay naliligaw at hindi na makalakad nang malayo. Ang kanyang mga paa ay nagpapalitos at nasugatan. Papalubog na ang araw, at isa na namang malamig na gabi na sasalubong sa kanya.

Tila naawa ang magsasaka sa kanya. Sinabi niya kay Charles na ilang mga lalaki ang nanatili sa kanyang bahay sa panahon ng pananakop ng De Witt. Nabibilang sila sa mga mandurumog at pinapangako siyang hindi hahayaang makitira sa kanya ang isang Mormon.

Ngunit pagkatapos ay sinabi niya kay Charles kung saan ito makakahanap ng tirahan sa di kalayuan at ibinigay sa kanya ang direksyon patungo sa Far West. Kaunti lamang iyon, ngunit iyon lang ang kaya niyang ibigay.

Pinasalamatan ni Charles ang lalaki at muling naglakbay sa umaandap na liwanag.¹⁵

NOONG GABI NG OKTUBRE 24, takot na sumilip si Drusilla Hendricks sa bintana ng kanyang bahay sa Caldwell County. Sa kalapit ng Far West, alisto ang mga Banal. Ang kanilang mga pagsalakay sa Daviess County ay nagdulot sa karamihan sa kanilang mga ka-alyado sa milisya ng Missouri na kalabanin sila at sisihin sa buong labanan.¹⁶ Ngayon, ilang

milya sa timog ng tahanan ni Drusilla, isang grupo ng mga mandurumog ang nagsimulang magsiga ng napakalaking apoy, ginagawang itim sa usok ang parang.¹⁷

Walang katiyakan, naghanda si Drusilla at ang kanyang asawang si James na lisanin ang kanilang bahay at tumakas patungong Far West. Batid na maaaring maging salat ang pagkain sa mga darating na linggo, sila ay namitas at nag-gayat ng repolyo mula sa kanilang hardin at binudburan ito ng asin upang gawing sauerkraut.

Nagtrabaho sila hanggang sa kalaliman ng gabi. Bangang alas-diyes ng gabi, nagtungo sina Drusilla at James sa bakuran upang humanap ng isang bato para idagan sa repolyo at panatilihin nakalubog ang mga ito sa tubig na may asin. Naglalakad sa likod ni James, malinaw na natatanaw ni Drusilla ang matangkad na pangangatawan nito sa malamlam na liwanag ng buwan. Namangha siya sa tangkad nito—at nagulat nang pumasok sa isip niya na maaaring hindi na niya muling makikita itong matikas na tumindig.

Kalaunan, nang matapos ang gawain at sina Drusilla at James ay nagpapahinga na sa kama, ang kanilang kapitbahay, si Charles Rich, ay kumatok sa pintuan. Sinalakay ng mga mandurumog ang mga pamayanan sa timog, pag-uulat niya. Ang mga pamilya ng mga Banal ay itinaboy mula sa kanilang mga tahanan, at dalawa o tatlong lalaki ang binugbog at ibinilanggo. Sila ni David Patten ay nag-oorganisa ngayon ng isang pangkat na sasagip sa kanila pabalik.

Bumangon si Drusilla habang kinukuha ni James ang kanyang kabayo. Pagkatapos ay kinuha niya ang mga baril ni James at inilagay ang mga ito sa mga bulsa ng kapote nito. Nang bumalik si James, kinuha ni Drusilla ang espada nito

at maingat na ikinabit ito sa baywang ni James. Habang isinusuot ang kanyang kapote, nagpaalam si James at sumakay sa kabayo. Iniabot ni Drusilla ang isa pang baril sa kanya.

“Huwag kang magpabaril sa likod,” sabi niya.¹⁸

HALOS SA ORAS NA dumating si Charles Hales sa Far West, hinilingan siyang sumali sa grupong sasagip. Bagama’t siya ay pagod na pagod at nagpapaltos ang mga paa, humiram ng kabayo at baril si Charles at sumama sa apatnapung iba pang lalaki.¹⁹

Naglakbay sila patimog, nagtitipon ng mga lalaki mula sa mga liblib na pamayanan hanggang sa ang bilang ng kanilang puwersa ay umabot sa pitumpu’t lima. Ang mga bilanggo ay nakapiit sa isang kampo malapit sa Ilog Crooked, labindalawang milya mula sa Far West. Kasama sa mga lalaking naglakbay kasama ni Charles ay si Parley Pratt, ang apostol na nagbinyag sa kanya sa Canada.

Madilim at tahimik ang gabi. Ang tanging mga ingay na narinig nila ay mga dagundong ng mga paa ng mga kabayo at kalantog ng kanilang mga armas. Sa hindi kala-yuan, nakikita nila ang liwanag ng mga sunog sa parang. Paminsan-minsan ay kumikislap sa kanilang ulunan ang isang bulalakaw.²⁰

Dumating ang mga kalalakihan sa Ilog Crooked bago sumapit ang bukung-liwayway. Habang papalapit sila sa kampo ng kaaway, bumaba sila sa kanilang mga kabayo at bumuo ng mga pangkat. “Magtiwala sa Panginoon para sa tagumpay,” sabi ni David Patten nang magtipon sila. Inatasan niya sila na sundan siyang tawirin ang ilog.²¹

Sina Charles at ang iba pang mga kalalakihan ay tahimik na nagmartsa paakyat sa isang mababang burol hanggang sa nakita nila ang mga apoy sa kampo sa tabi ng ilog. Nang makarating sila sa tuktok ng burol, narinig nila ang sigaw ng isang tanod: “Sino iyan?”

“Mga kaibigan,” sinabi ni David.

“Armado ba kayo?” tanong ng tanod.

“Armado kami.”

“Kung gayon ay ibaba ninyo ang inyong mga armas.”

“Lumapit ka at kunin mo ang mga ito.”²²

“Ibaba ninyo ang mga iyan!”

Sa sumunod na pagkalito, nagpapatok ang tanod sa mga Banal, at isang binata na nakatayo sa tabi ni Charles ang napasubsob nang tinamaan ng bala ang kanyang katawan. Agad na umatras ang tanod, nagmamadaling bumaba ng burol.²³

“Laban para sa kalayaan,” sigaw ni David. “Lusob, mga kasama!”

Tumakbo pababa ng burol sina Charles at mga lalaki at bumuo ng mga linya sa kalsada at sa likod ng isang hanay ng mga puno at puno ng kastanyas. Sa baba nila, ang mga lalaki sa kampo ay nagsitakbo mula sa kanilang mga tolda at nagtago sa kahabaan ng pampang. Bago nakapagpapatok sa kampo ang grupong sasagip, narinig nila ang kapitan ng mga kaaway na sumigaw nang malakas, “Mga bata, sugod!”²⁴

Nilampasan ng mga bala ng kaaway si Charles sa kanyang ulo, ngunit si James Hendricks, na pumuwesto sa may daan, ay tinamaan ng bala sa leeg at sumubsob sa lupa.²⁵

“Fuego!” Sigaw ni David Patten, at dumagundong ang putukan sa umaga.

Habang ang mga kalalakihan sa magkabilang kampo ay naglalagay ng bala sa kanilang mga sandata, isang kakilakilabot na katahimikan ang nanaig sa gitna ng digmaan. Sumigaw si Charles Rich, “Diyos at kalayaan!” at sinigaw ito ng mga Banal nang paulit-ulit hanggang nag-utos si David Patten ng isa pang paglusob.

Sumugod ang mga Banal pababa ng burol habang ang mga taga-Missouri ay nagpaputok pang muli bago umatras patungo sa kabilang pampang ng ilog. Habang lumulusob siya, nakita ni David ang isang lalaking walang kasama at hinabol ito. Pumihit ang lalaki at, nakikita ang puting kapote ni David, malapitang pinaputukan ang apostol. Pumasok ang bala sa kanyang tiyan at bumagsak siya.²⁶

Nang nagkalat ang mga taga-Missouri, natapos ang labanan. Isang miyembro ng kampo at isa sa mga Banal ang walang-buhay na nakahiga sa parang. Si David Patten at isa pang Banal ang malapit nang pumanaw.²⁷ May malay pa rin si James Hendricks, subalit wala siyang nadamang kahit ano sa ibaba ng kanyang leeg.²⁸

Si Charles Hales at ang karamihan sa mga lalaki sa grupo ay hindi nasaktan o kaya ay may maliliit na mga sugat lamang. Siniyasat nila ang kuta ng kaaway at natagpuan ang mga dinakip na Banal. Pagkatapos ay binuhat nila sina James at David sa itaas ng burol papunta sa isang bagon kasama ang iba pang nasugatan.

Sa pagsikat ng araw, ang mga Banal ay muling nakasakay sa kanilang mga kabayo, naglalakbay pahilaga sa Far West.²⁹

ANG MGA PINALAKING ULAT ng labanan sa Ilog Crooked ay agad dumating sa mesa ng gobernador ng Missouri na si Lilburn Boggs matapos ang labanan. Ilan sa mga ulat ang nagsasabing walang-awang pinaslang ng mga Banal ang limampung taga-Missouri sa labanan. Ayon naman sa ibang ulat ang tala ng mga namatay ay mas malapit sa animnapu. Sa dami ng mga bulung-bulungan na nagkalat tungkol sa labanan, walang paraan si Boggs upang malaman kung ano ang talagang nangyari.

Sa panahon ng labanan sa malalayo at liblib na lugar, ang mga mabilisang binuong milisya ay madalas nagmumukha at kumikilos na gaya ng mga vigilanteng walang sinusunod na batas. Nang umagang iyon, sinalakay ng mga Banal hindi ang isang grupo ng mga mandurumog, tulad ng inaakala nila, sa halip ay isang pangkat ng milisya ng estado ng Missouri. At itinuring itong pag-aaklas laban sa estado.³⁰

Isang matagal nang residente ng Independence, si Boggs ay sinusupportahan ang pagpapaalis sa mga Banal mula sa Jackson County at wala siyang pagnanais na protektahan ang kanilang mga karapatan. Subalit nanatili siyang walang kinikilingan sa labanan sa ngayon, kahit pa nagmakaawa ang magkabilang panig sa kanya.³¹ Habang kumakalat ang mga ulat ng pananalakay ng mga Mormon, ang mga mamamayan sa buong estado ay sumulat sa kanya, hinihimok siyang gumawa ng hakbang laban sa mga Banal.

Kasama sa mga liham at pahayag na dumating sa mesa ng gobernador ay isang sinumpaang salaysay mula sa isang apostol ng simbahan, si Thomas Marsh, na naghahayag na layong sakupin ni Joseph ang estado, ang bansa, at sa huli ay ang mundo.

“Ito ay pinaniniwalaan ng bawat tunay na Mormon na ang mga propesiyang ito ni Smith ay nakahihigit sa mga batas ng lupain,” babala ni Thomas.³² Kalakip ng sinumpaang salaysay ay ang pahayag ni Orson Hyde na nagpapatunay na ito ay totoo.³³

Ibinigay ng mga dokumento kay Boggs ang lahat ng kailangan niya upang makabuo ng isang kaso laban sa mga Banal. Matapos ang labanan sa Ilog Crooked, inutusan niya ang maraming pangkat ng milisya ng Missouri na sugpuin ang mga pwersa ng Mormon at pasukuin ang mga Banal. Nagbigay rin siya ehekutibong utos sa heneral na nangangasiwa sa Unang Dibisyon ng mga sundalo ng Missouri.

“Ang impormasyon tungkol sa pinakanakapaghihi-lakbot na pagkatao,” isinulat ng gobernador noong Oktubre 27, 1838, “ay naglalagay sa mga Mormon sa posisyon ng isang hayagan at armadong pagsuway sa mga batas at sa paglulunsad ng digmaan laban sa mga mamamayan ng estadong ito. Ang inyong atas sa gayon ay pabilisin ang inyong pagkilos sa pinakamabilis na paraan. Dapat ituring bilang kaaway ang mga Mormon at dapat lipulin o itaboy mula sa estado.”³⁴



Lumaban na tulad ng mga Anghel

Ang hapon ng Oktubre 30, 1838 ay presko at maaliwalas sa Hawn's Mill na isang maliit na pamayanan sa Caldwell County. Naglalaro ang mga bata sa ilalim ng asul na kalangitan sa pampang ng Shoal Creek. Ang mga babae ay naglalaba ng damit sa ilog at naghahanda ng pagkain. Ang ilang kalalakihan ay nasa bukid, tinitipon ang mga inani para sa taglamig, habang ang iba ay nagtatrabaho sa mga gilingan sa tabi ng ilog.¹

Nakaupo si Amanda Smith sa isang tolda habang naglalaro sa malapit ang kanyang mga anak na babae, sina Alvira at Ortencia. Ang kanyang asawa, si Warren ay nasa pandayan kasama ng kanilang tatlong bata pang anak na lalaki, sina Willard, Sardius, at Alma.²

Ang mga Smith ay dumaraan lamang sa Hawn's Mill. Kabilang sila sa grupo ng mahihirap na mga Banal na umalis sa Kirtland noong tag-init na iyon. Naantala ang paglalakbay

ng pamilya dahil sa magkakasunod na problema, na pumuwersa sa kanilang mahiwalay sa iba. Ang karamihan sa grupo ay nakarating na sa Far West, at nais na nina Amanda at Warren na magpatuloy sa paglalakbay.³

Habang nagpapahinga si Amanda sa tolda, nakakita siya ng andap na pagkilos sa labas at natigilan. Isang grupo ng mga armadong lalaki, na may pinaitim na mga mukha, ang pababa sa pamayanan.⁴

Tulad ng iba pang mga Banal sa lugar, inaalala ni Amanda ang mga pagsalakay ng mga mandurumog. Bago tumigil sa Hawn's Mill, ang kanyang maliit na grupo ay pinagsalitaan ng mga lalaki na lumusob sa kanilang mga bagon, kinumpiska ang kanilang mga sandata at pinabantayan sila sa mga guwardiya sa loob ng tatlong araw bago sila pinakawalan.⁵

Nang dumating ang kanyang grupo sa Hawn's Mill, tiniyak sa kanila ng mga lokal na lider na ligtas ang pamayanan. Si David Evans, ang pinuno ng mga Banal doon, ay gumawa ng isang kasunduan ng tigil labanan sa kanilang mga kapitbahay, na nagsabing nais nilang mamuhay nang payapa kasama ng mga Banal. Ngunit bilang pag-iingat, naglagay siya ng mga guwardiya sa paligid ng pamayanan.

Nasa panganib ngayon ang mga Banal sa Hawn's Mill. Agad na kinuha ang kanyang mga batang anak na babae, tumakbo si Amanda patungo sa kakahuyan sa may sapa na malapit sa gilingan. Narinig niya ang pagputok ng baril sa likuran niya, at ang magkakasunod na pagsipol ng bala na dumaan malapit sa kanya at sa iba pa na gumapang papunta sa mga puno.⁶

Malapit sa pandayan, ikinaway ni David ang kanyang sumbrero at sumigaw para sa isang tigil-putukan. Hindi siya pinansin ng mga mandurumog at patuloy silang sumugod habang muling pinapuputukan ang mga tumatakas na mga Banal.⁷

Kapit-kapit ang kanyang mga anak na babae, tumakbo si Amanda pababa sa isang bangin habang mas maraming bala ang muntik nang tumama sa kanya. Pagdating niya sa ibaba, nagmamadali silang tumawid ng mga batang babae sa isang makapal na tabla na patawid ng lawa at nagsimulang umakyat sa isang burol sa kabilang panig.

Si Mary Stedwell, isang babaeng tumatakbo sa likod niya, ay nagtaas ng kanyang mga kamay sa mga mandurumog at nagmakaawa para sa kapayapaan. Muling nagpa-putok ang mga mandurumog, at isang bala ang tumagos sa kanyang kamay.

Humiyaw si Amanda kay Mary na magtago sa likod ng isang natumbang puno. Tumakbo siya at ang kanyang mga anak na babae patungo sa kakahuyan at paupong naglakad sa likod ng ilang palumpong sa kabilang bahagi ng burol.

Nang hindi nakikita ng mga mandurumog, hinila ni Amanda ang kanyang mga anak na babae palapit sa kanya at nakinig sa alingawngaw ng mga putok sa buong pamayanan.⁸

NANG MAGSIMULA ANG PUTUKAN, ang anim na taong gulang na anak na lalaki ni Amanda, si Alma, at ang kanyang nakatatandang kapatid na si Sardius ay sumunod sa kanilang ama sa pandayan, kung saan inimbak ng mga Banal ang

ilang baril na pag-aari nila. Sa loob, dose-dosenang kalalakihan ang desperadong sumubok na labanan ang mga umaatake at ginawang muog ang pandayan. Ang mga may baril ay nagpapatok sa mga mandurumog sa mga siwang ng mga pader na yari sa troso.

Dahil sa takot, gumapang sina Alma at Sardius sa ilalim ng bulusan ng panday kasama ng isa pang batang lalaki. Pinaligiran ng mga mandurumog ang pandayan at mas lumapit sa mga Banal. Ang ilang kalalakihan ay lumabas ng pinto, sumisigaw para sa kapayapaan, ngunit pinatumba sila ng mga sunud-sunod na pagputok.⁹

Nanatiling nakatago si Alma sa ilalim ng bulusan habang mas lumakas at mas tumindi ang mga putok ng baril. Lumapit ang mga mandurumog sa paligid ng pandayan, isinaksak sa mga siwang sa dingding ang kanilang mga baril at nagpapatok sa kalalakihan nang malapitan. Isa-isang bumagsak sa lupa ang mga Banal na may mga butas ng bala sa kanilang mga dibdib, braso, at hita.¹⁰ Sa ilalim ng bulusan, naririnig ni Alma ang pagdaing sa sakit ng mga lalaki.

Di nagtagal ay sinalakay ng mga mandurumog ang pasukan at nagpapatok sa mas maraming kalalakihan habang sinusubukan ng mga ito na tumakas. Tatlong bala ang tumama sa batang nagtatago sa tabi ni Alma, at nambot ang kanyang katawan. Isang lalaki ang nakakita kay Alma at pinaputukan siya, na sumugat sa kanyang balakang.¹¹ Isa pang lalaki ang nakakita kay Sardius at kinaladkad siya palabas. Itinulak niya ang dulo ng baril sa ulo ng sampung-taong-gulang at kinalabit ang gatilyo na agad na pumatay sa kanya.¹²

Umiwas ng tingin ang isa sa mga mandurumog. “Isang nakakahinayang na kahihyan na patayin ang mga batang lalaking iyon,” sabi niya.

“Ang mga lisa ay nagiging mga kuto,” sagot ng isa pa.¹³

DAHIL HINDI NALALAMAN ANG utos ng pagpuksa ng gobernador, umasa ang mga Banal sa Far West na magpapadala si Boggs ng tulong bago pa makalumusob ang mga mandurumog sa kanilang bayan. Nang makita nila sa malayo ang isang papalapit na hukbo ng mga dalawang daan at limampung kawal noong Oktubre 30, nag-umapaw ang kanilang kagalakan. Akala nila ay nagpadala na sa wakas ang gobernador ng mga milisya ng estado para protektahan sila.¹⁴

Ang namumuno sa hukbo ay si Heneral Alexander Doniphan na tumulong sa mga Banal noon. Pinapila ni Heneral Doniphan ang kanyang mga sundalo sa tapat ng hukbo ng mga Banal na nakaposisyon lamang sa labas ng Far West, at nagtaas ang mga Banal ng isang puting watawat ng tigil labanan. Naghihintay pa rin ang heneral para sa mga nakasulat na utos mula sa gobernador, ngunit siya at ang kanyang mga sundalo ay hindi dumating upang protektahan ang Far West. Naroon sila upang supilin ang mga Banal.¹⁵

Bagama’t alam niyang higit na mas marami ang hukbo ng mga Banal kaysa sa mga kawal sa Missouri, naging balisa si George Hinkle, ang Banal sa mga Huling Araw na namamahala sa rehimyento ng Caldwell County, at inutusan ang kanyang mga kawal na umurong. Habang bumabalik

ang mga lalaki, pinuntahan ni Joseph ang kanilang mga hanay, naguguluhan sa utos ni George.

“Atras?” hiyaw nito. “Saan sa ngalan ng Diyos tayo aatras?” Sinabi niya sa mga lalaki na bumalik sa parang at muling bumuo ng kanilang mga hanay.¹⁶

Pagkatapos ay nilapitan ang mga Banal ng mga mensaherong nagmula sa milisya ng Missouri na may dala ng utos na nagtitiyak ng ligtas na pagpapaalis kay Adam Lightner at sa kanyang pamilya mula sa bayan. Si Adam ay hindi miyembro ng simbahan, ngunit siya ay ikinasal sa dalawampung taong gulang na si Mary Rollins, ang dalagitang nagligtas sa mga pahina ng Book of Commandments mula sa mga mandurumog sa Independence mga ilan taon na ang nakalilipas.

Sina Adam at Mary ay ipinatawag mula sa Far West kasama ng kapatid ni Adam na si Lydia at ng asawa nito, si John Cleminson. Nang malaman nila kung ano ang nais ng mga sundalo, bumaling si Mary kay Lydia at itinanong kung ano sa tingin niya ang dapat nilang gawin.

“Gagawin natin kung ano ang sasabihin mo,” sabi ni Lydia.

Itinanong ni Mary sa mga mensahero kung maaaring umalis ang mga babae at mga bata bago ang pag-atake sa Far West.

“Hindi,” sagot nila.

“Pahihintulutan niyo ba ang pamilya ng aking ina na makalabas?” tanong ni Mary.

“Ang utos ng gobernador ay huwag paalisin ang sinuman maliban sa dalawang pamilya ninyo,” ang sabi sa kanya.¹⁷

“Kung iyan ang mangyayari, tumatanggi akong umalis,” sabi ni Mary. “Kung saan sila mamamatay, doon ako mamamatay, sapagkat ako ay isang tunay na dugong Mormon, at hindi ko ikinahihiyang sabihin ito.”

“Isipin mo ang iyong asawa at anak,” sabi ng mga mensahero.

“Maaari siyang umalis at dalhin ang bata sa kanya, kung gusto niya,” sabi ni Mary, “subalit magdurusa akong kasama ang iba pa.”¹⁸

Sa pag-alis ng mga mensahero, nangabayo si Joseph papalapit sa kanila at nagsabi, “Sabihin ninyo sa hukbong iyon na umurong sa loob ng limang minuto o bibigyan namin sila ng impiyerno!”¹⁹

Bumalik sa kanilang hanay ang mga kawal ng milisya, at di nagtagal ay umatras ang mga tropa sa Missouri papunta sa kanilang pangunahing kampo.²⁰ Kalaunan noong araw na yaon, dumating ang walong daang karagdagang sundalo sa ilalim ni Heneral Samuel Lucas, na naging pinuno sa pagpapalayas ng mga Banal mula sa Jackson County limang taon na ang nakararaan.²¹

Mayroong hindi hihigit sa tatlong daang armadong mga Banal sa Far West, subalit determinado silang ipagtanggol ang kanilang mga pamilya at tahanan. Tinipon ng propeta ang mga puwersa ng mga Banal sa liwasang bayan at sinabi sa kanila na maghanda para sa labanan.²²

“Lumaban na tulad ng mga anghel,” sabi ni Joseph. Naniwala siya na kung sasalakay ang milisya ng Missouri, magpapadala ang Panginoon ng dalawang anghel para sa bawat lalaking kulang sa kanila.²³

Ngunit hindi gusto ng propeta na maunang sumalakay. Nang gabing iyon, gumawa ng tumpok ang mga Banal ng anumang kaya nila, bumubuo ng isang barikada na isang milya at kalahati ang haba sa silangan, timog, at kanlurang hangganan ng lunsod. Habang itinutusok ng mga lalaki ang mga nakahaharang na bakod sa pagitan ng mga bahay na yari sa troso at mga bagon, nagtipon ang kababaihan ng mga suplay bilang paghahanda sa pag-atake.

Nagbantay magdamag ang mga guwardiya.²⁴

SA HAWN'S MILL, ANG labing-isang taong gulang na si Willard Smith—ang panganay na anak ni Amanda Smith—ay lumitaw mula sa likuran ng isang malaking punong malapit sa lawa sa may gilingan at gumapang papuntang pandayan. Nang magsimula ang pagsalakay, tinangka niyang makasama ang kanyang ama at mga kapatid, ngunit hindi siya nakagawa ng paraan para makapunta sa pandayan at sa halip ay nagtago sa likod ng tumpok ng mga kahoy. Nang naghiwa-hiwalay ang mga mandurumog at natuklasan ang kanyang kinalalagyan, lumipat siya sa iba't ibang bahay, umiilag sa mga bala habang tumatakbo, hanggang sa makalis ang mga mandurumog sa pamayanan.

Sa pandayan, natagpuan ni Willard ang walang buhay na katawan ng kanyang ama na nakahandusay sa may pintuan. Nakita niya ang katawan ng kanyang kapatid na si Sardius na nakapangingilabot na nabasagan ng ulo dahil sa putok ng baril. Ang iba pang mga katawan—na mahigit isang dosena— ay nakatumpok sa sahig sa loob ng pandayan. Naghanap si Willard sa mga ito at nakita ang kanyang

kapatid na si Alma. Ang batang lalaki ay nakabaluktot at hindi gumagalaw sa lupa, ngunit humihinga pa rin ito. Ang kanyang pantalon ay puno ng dugo kung saan siya nabaril.²⁵

Binuhat ni Willard si Alma sa kanyang mga bisig at dinala siya sa labas. Nakita niya ang kanilang ina na papalapit sa kanila mula sa kagubatan. “Pinatay nila ang aking munting Alma!” Umiyak si Amanda nang makita niya sila.

“Hindi po, Inay,” sabi si Willard, “pero sina Itay at Sardi-
dius ay patay na.”

Dinala niya ang kanyang kapatid sa kanilang kampo at maingat itong inilapag. Hinalukay ng mga mandurumog ang tolda, hiniwa ang mga kutson, at ikinalat ang mga dayami. Ipinantay ni Amanda ang mga dayami sa abot ng kanyang makakaya at tinakpan ito ng damit upang makagawa ng kama para kay Alma. Pagkatapos ay ginupit niya ang pantalon nito para makita ang pinsala.²⁶

Ang sugat ay sariwa at napakasakit. Ang hugpungan ng buto sa balakang ay wala nang lahat. Hindi malaman ni Amanda kung paano siya tutulungan.

Marahil ay maaari niyang palakarin si Willard para humingi ng tulong, pero saan siya pupunta? Sa manipis na tela ng kanyang tolda, naririnig ni Amanda ang pagdaing ng mga sugatan at pagtangis ng mga Banal na namatayan ng mga asawa at ama, mga anak at kapatid. Ang sinumang maaaring makatulong sa kanya ay nag-aalaga ng iba o nagdadalamhati. Alam niya na kailangan niyang umasa sa Diyos.²⁷

Nang magkamalay si Alma, tinanong siya ni Amanda kung sa palagay niya ay makagagawa ang Panginoon ng

bagong balakang para sa kanya. Sinabi ni Alma na naniniwala siya kung sa tingin ni Amanda ay ganoon nga.

Tinipon ni Amanda ang kanyang tatlong iba pang mga anak sa palibot ni Alma. “O, aking Ama sa Langit,” dalangin niya, “nakikita po Ninyo ang aking kawawa at sugatang anak at nalalaman ang kawalan ko ng karanasan. O, Ama sa Langit, patnubayan po Ninyo ako sa kung ano ang aking gagawin.”²⁸

Tinapos niya ang kanyang panalangin at nakarinig siya ng isang tinig na gumabay sa kanyang mga kilos. Nagbabaga pa ang apoy ng pamilya sa labas, at mabilis niyang inihalo ang mga abo nito sa tubig para makagawa ng lihiya. Inilubog niya rito ang isang malinis na tela at marahang nilinis ang sugat ni Alma, paulit-ulit niyang ginawa ang pamamaraang ito hanggang nalinis ang sugat.

Pagkatapos ay pinakuha niya si Willard ng mga ugat ng puno ng elm. Pagbalik niya, dinikdik ni Amanda ang mga ugat para maging sapal at hinalo ang mga ito para maging panapal. Inilagay niya ang panapal sa sugat ni Alma at binalot ito ng telang lino.

“Ngayon humiga ka nang ganyan, at huwag gumalaw,” sinabi niya sa kanyang anak, “at igagawa ka Panginoon ng isa pang balakang.”²⁹

Nang malaman niyang nakatulog na ito at ligtas na ang iba pang mga bata sa tolda, lumabas si Amanda at umiyak.³⁰

KINABUKASAN, OKTUBRE 31, NAKIPAGKITA SI George Hinkle at ang iba pang mga pinuno ng milisya ng mga

Banal kay Heneral Doniphan sa ilalim ng puting watawat ng tigil labanan. Hindi pa rin natatanggap ni Doniphan ang mga utos ng gobernador, ngunit alam niyang pinahintulutan ng mga ito na puksain ang mga Banal. Ang anumang pakikipag-usap para sa kapayapaan, paliwanag niya, ay kailangang maghintay hanggang sa makita niya ang mga utos. Sinabi rin niya kay George na si Heneral Lucas, ang dating kaaway ng mga Banal, ang siyang tagapamuno na ngayon ng mga hukbo ng milisya.³¹

Pagbalik sa Far West, iniulat ni George kay Joseph ang tungkol sa nalaman niya. Sa panahong ito, dumating ang mga mensahero mula sa Hawn's Mill na nagbalita ng tungkol sa mga pagpaslang. Labimpitong tao ang napatay at mahigit isang dosenang sugatan.³²

Pinasama ng dalawang balita ang pakiramdam ni Joseph. Ang di-pagkakasundo sa mga taga-Missouri ay mas tumindi pa kaysa sa mga pagsalakay at maliliit na labanan. Kung makakapasok ang mga mandurumog at milisya sa barikada ng mga Banal, maaaring magdusa ang mga tao sa Far West ng parehong kapalaran na dinanas ng mga nasa Hawn's Mill.³³

“Magmakaawa na tulad ng isang aso para sa kapayapaan,” panghihimok ni Joseph kay George. Sinabi ng propeta na mas nanaisin niyang mamatay o pumunta sa bilangguan nang dalawampung taon kaysa mapaslang ang mga Banal.³⁴

Kalaunan sa araw na iyon, dumating ang utos ng gobernador, at nakipagkasunduan sina George at ang iba pang mga lider ng milisya para makausap si Heneral Lucas sa isang burol na malapit sa Far West. Dumating ang heneral

kinahapunan at binasa nang malakas ang utos ng pagpuk-sa. Nabigla ang mga Banal. Alam nila na ang Far West ay napaliligiran ng halos tatlong libong kawal ng milisya ng Missouri, na ang karamihan ay uhaw na makipaglaban. Ang kailangan lamang gawin ni Lucas ay iparating ang utos at ang kanyang mga kawal ay lulusubin ang lunsod.

Subalit sinabi ng heneral na handa siya at ang kanyang mga sundalo na magpakita ng awa kung ang mga Banal ay ipapahuli ang kanilang mga lider, isusuko ang kanilang mga armas, at sasang-ayon na ipagbili ang kanilang lupain at tuluyan nang lisanin ang estado. Binigyan niya si George ng isang oras para sang-ayunan ang mga kondisyon. Kung hindi, wala nang makapipigil sa kanyang mga kawal sa pagpuksa sa mga Banal.³⁵

Bumalik si George sa Far West nang gabing iyon na hindi sigurado kung papayag si Joseph sa mga kondisyon. Bilang kumander ng milisya ng Caldwell County, may awtoridad si George na makipagnegosasyon sa mga kaa-way. Subalit nais ni Joseph na komulsulta muna siya sa Unang Panguluhan bago makipagkasundo sa anumang panukala ng mga tropa ng estado.

Dahil halos ubos na ang oras at nakahanda na ang milisya na sugurin ang bayan, sinabi ni George kay Joseph na nais makipag-usap ni Heneral Lucas sa kanya at sa ibang pang mga lider ng simbahan tungkol sa pagtatapos ng labanan. Sabik na alisin sa panganib ang mga Banal, pumayag na makipag-usap si Joseph sa ilalim ng watawat ng tigil labanan. Bagama't hindi siya miyembro ng milisya, nais ni Joseph na gawin ang anumang makakaya niya upang lutasin ang di-pagkakasundo.³⁶

Siya at si George ay umalis sa Far West bago ang paglubog ng araw kasama sina Sidney Rigdon, Parley Pratt, Lyman Wight, at George Robinson. Nangangalahati sa paglalakbay patungong kampo sa Missouri, nakita nila si Heneral Lucas na may dalang ilang sundalo at isang kanyon na naglakbay para makatagpo sila. Inakala ni Joseph na dumating sila para sabayan sila upang ligtas na makarating sa kampo sa Missouri.

Pinahinto ng heneral ang kanyang kabayo sa harap ng mga lalaki at iniutos sa kanyang mga kawal na paligiran sila. Lumapit si George Hinkle at sinabi, “Ito ang mga bilanggo na sinang-ayunan kong ihatid.”

Hinugot ni Heneral Lucas ang kanyang espada. “Mga ginoo,” sabi niya, “kayo ay aking mga bilanggo.” Ang mga kawal ng Missouri ay biglang naghiyawan ng mga nakatutilig na sigaw na pandigma at pinaligiran ang mga bihag.³⁷

Natigilan si Joseph. Ano ang nagawa ni George? Ang pagkalito ng propeta ay nauwi sa galit, at nagpumilit siyang kausapin si Lucas, ngunit binalewala siya ng heneral at nangabayo itong palayo.

Dinala ng mga sundalo si Joseph at ang iba pang kala-lakihan sa kampo sa Missouri. Sinalubong sila ng napa-kasasamang banta at pang-iinsulto ng isang pulutong ng mga kawal. Habang dumaraan sina Joseph at kanyang mga kaibigan sa kanilang mga hanay, mapagbunying naghiyawan ang mga lalaki at niluraan ang kanilang mga mukha at kasuotan.

Inilagay ni Heneral Lucas si Joseph at ang kanyang mga kaibigan sa ilalim ng matinding pagbabantay at pinilit

silang patulugin sa malamig na sahig. Ang kanilang mga araw bilang malalayang kalalakihan ay tapos na. Sila ngayon ay mga bilanggo na ng digmaan.³⁸



Paano Ito Magwawakas?

Natakot si Lydia Knight na mayroong problema nang marinig niya ang nagwawalang hiyawan at pagsigaw na nagmumula sa kampo sa Missouri. Alam niyang nagpunta roon ang propeta upang makipagkasundo para sa kapayapaan. Subalit ang ingay na kanyang narinig ay tila isang pulutong ng mga lobong sabik makahuli ng makakain.

Balisang tinitingnan ang nasa labas ng bintana, nakita ni Lydia ang kanyang asawa na tumatakbo patungo sa bahay. “Manalangin nang higit sa anumang panalangin mo noon,” sabi ni Newel sa kanya. Binihag ng mga milisya ang propeta.

Nanghina si Lydia. Noong nagdaang gabi, dalawang beteranong nakipaglaban sa Ilog Crooked ang kumatok sa kanyang pinto, naghahanap ng matataguan. Sumumpa ang mga milisya ng Missouri na parurusahan ang mga Banal na sasali sa labanan, kaya ang pagtatago sa mga lalaki ay

maglalagay sa kanyang pamilya sa panganib. Subalit hindi niya sila maitaboy kaya itinago niya sila sa kanyang tahanan.

Ngayon ay iniisip niya kung ligtas nga ba ang mga lalaki. Si Newel ay muling aalis ng gabing iyon para magbantay bilang guwardiya. Kung papasok ang milisya sa lunsod habang siya ay nasa malayo at natagpuan ang mga lalaki sa kanilang tahanan, maaari nila silang paslangin. At ano ang gagawin nila sa kanyang asawa at mga anak?

Sa pag-alis niya noong gabing iyon, binalaan siya ni Newel na mag-ingat. “Huwag kayong lumabas,” sabi niya. “Nagkalat ang masasamang loob.”

Nang makaalis si Newel, nagsimula nang manalangin si Lydia. Nang pumunta sila ni Newel sa kanluran pagkatapos ng paglalaan ng templo, bumuo sila ng isang tahanan at ngayon ay may dalawa nang anak. Maganda ang buhay bago magsimula ang pag-atake ng mga mandurumog. Hindi niya gustong masira ang lahat.

Naririnig pa rin niya mula sa malayo ang mga hiyaw ng mga taga-Missouri. Ang ingay ay nagpanginig ng kanyang laman, ngunit pinakalma siya ng pananalangin. Alam niya na ang Diyos ang namumuno sa kalangitan. Hindi ito mababago ng anumang nangyari.¹

KINABUKASAN, NOBYEMBRE 1, 1838, SANDALING bumalik si Newel sa bahay. Iniutos ni George Hinkle na magtipon ang mga puwersa ng mga Banal sa liwasang bayan. Ang milisya ng Missouri ay nakahanay sa labas ng kanilang kampo at nakaposisyon upang magmartsang papunta sa Far West.

“Paano ito magwawakas?” tanong ni Lydia. “Ang aking puso ay binabagabag ng pagkabalisa dahil sa takot, gayunman ay sinasabi sa akin ng Espiritu na ang lahat ay magiging maayos.”

“Ipagkaloob nawa ito ng Diyos,” sabi ni Newel, habang dinadampot ang kanyang riple. “Paalam, at protektahan nawa kayo ng Diyos.”²

Habang nagtitipon ang mga hukbo ng mga Banal sa liwasan, pinagmartsa ni Heneral Lucas ang kanyang mga kawal sa mga parang sa timog-silangan ng Far West at iniutos na maghanda na pigilan ang anumang paglabang gagawin ng mga Banal. Nang alas diyos ng umagang iyon, pinamunuan ni George ang kanyang mga hukbo mula sa liwasan at ipinuwesto sila malapit sa hangganan ng Missouri. Pagkatapos ay nangabayo siya papunta kay Heneral Lucas, inalis ang espada at mga pistola mula sa kanyang sinturon, at iniabot ang mga ito sa heneral.³

Naglabas ang mga taga-Missouri ng mesang sulatan at inilagay ito sa harap ng kanilang hanay. Nangabayo pabalik si George sa kanyang mga tauhan at inutusan ang mga Banal na isa-isang lumapit sa mesa, at isuko ang kanilang mga sandata sa isang pares ng mga klerk ng milisya ng Missouri.⁴

Dahil napaliligiran at labis na nahihigitan sa bilang, walang mapagpipilian sina Newel at ang mga Banal maliban sa sumunod. Nang dumating ang kanyang pagkakataon para isuko ang kanyang baril, mabilis na naglakad si Newel papunta sa mesa at tinitigan si Heneral Lucas. “Ginoo, ang aking riple ay sarili kong pag-aari,” sabi niya. “Walang sinuman ang may karapatang kunin ito sa akin.”

“Ibaba mo ang iyong armas,” sabi ng Heneral, “o ipababaryl kita.”

Galit na galit na isinuko ni Newel ang kanyang riple at bumalik sa hanay.⁵

Matapos madisarmahan ang bawat Banal, wala nang kalaban-laban ang lunsod. Pinagmartsa ni Heneral Lucas ang mga hukbo ng mga Banal pabalik sa Far West at ginawa silang mga bilanggo sa liwasang bayan.

Pagkatapos ay inutusan niya ang kanyang mga kawal na sakupin ang lunsod.⁶

HINDI NAG-AKSAYA NG ORAS ang milisya ng Missouri sa puwersahang pagpasok sa mga bahay at tolda, hinahalungkat ang mga baul at bariles, at naghahanap ng mga armas at mahahalagang bagay. Tinangay nila ang mga tulugan, damit, pagkain, at pera. Ang ilan ay gumawa ng siga gamit ang mga troso ng bahay, bakod, at kamalig. Binaril ng iba ang mga baka, tupa, at baboy at hinayaan ang mga itong mamatay sa mga lansangan.⁷

Sa bahay ng mga Knight, ihinanda ni Lydia ang kanyang sarili sa paglapit ng tatlong kawal ng milisya sa kanyang pinto. “Mayroong bang mga lalaki sa bahay ninyo?” pamimilit ng isa sa kanila.

“Ginuguardiyahan niyo ang aming kalalakihan,” sabi ni Lydia habang hinaharangan ang daan sa kanyang bahay. Kung papapasukin niya ito, matatagpuan nito ang mga lalaking itinatago niya.

“Mayroong ba kayong anumang armas sa bahay ninyo?” tanong nito.

“Dinala ng aking asawa ang kanyang riple,” sabi ni Lydia. Nagsimulang umiyak ang mga bata sa likuran niya dahil sa takot nang makita ang dayuhan. Inilalabas ang tapang, tinalikuran ni Lydia ang lalaki. “Umalis ka na!” sigaw niya. “Hindi mo ba nakikita kung gaano natatakot ang maliit na bata?”

“Ngayon,” sabi ng lalaki, “wala bang lalaki o armas sa bahay ninyo?”

“Sinasabi kong muli sa iyo,” sabi ni Lydia, “ang aking asawa ay isang bilanggo sa liwasan, at dinala niya ang kanyang riple.”

Bumulung-bulong ang lalaki at dali-daling umalis kasama ng iba pa.

Bumalik sa kanyang bahay si Lydia. Nanginginig siya, ngunit wala na ang mga kawal ng milisya at ang lahat ng nasa kanyang bahay ay ligtas.⁸

SA LIWASANG BAYAN, SA ilalim ng mahigpit na pagbabatay kasama ng iba pang mga kawal ng mga Banal, narinig ni Heber Kimball ang isang pamilyar na tinig na tumawag sa kanyang pangalan. Sa kanyang pagtingala, nakita niya si William McLellin, ang dating apostol na papalapit sa kanya. Nakasuot si William ng sombrero at kamisetang pinalamutian ng mararangyang pulang patse.⁹

“Brother Heber,” sabi ni William, “ano ang tingin mo kay Joseph Smith, ang nahulog na propeta?” Kasama ni William ang isang grupo ng mga sundalo. Pumupunta sila sa bawat bahay, nandarambong sa bayan ayon sa nais nila.

“Masdan at tingnan mo mismo,” patuloy ni William. “Maralita, ang inyong pamilya ay hinubaran at ninakawan, at ang iyong mga kapatid ay gayon din ang kalagayan. Nasisiyahan ka ba kay Joseph?”¹⁰

Hindi maipagkakaila ni Heber na mukhang mapanglaw ang mga bagay para sa mga Banal. Si Joseph ay isang bihag, at ang mga Banal ay dinisarmahan at sinalakay.

Subalit alam ni Heber na hindi niya matatalikuran si Joseph at ang mga Banal na tulad ng ginawa nina William, Thomas Marsh, at Orson Hyde. Nanatiling matapat si Heber kay Joseph sa gitna ng bawat pagsubok na magkasama nilang hinarap, at determinado siyang manatiling matapat kahit na mangahulugan ito ng pagkawala ng lahat ng ari-arian niya.¹¹

“Nasaan ka?” tanong ni Heber, na ibinabalik ang tanong kay William. “Ano ang ginagawa mo?” Ang patotoo ni Heber sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at ang kanyang pagtanggap iwanan ang mga Banal ay sapat na para sagutin ang tanong ni William.

“Ako ay mas nasisiyahan sa kanya nang isandaang ulit na higit kaysa rati,” patuloy ni Heber. “Sinasabi ko sa iyo na totoo ang Mormonismo, at si Joseph ay isang tunay na propeta ng buhay na Diyos.”¹²

HABANG NANLOLOOB ANG MILISYA sa bayan, walang ginawa si Heneral Lucas upang pigilan ang kanyang mga kawal sa paninindak sa mga Banal at pagkuha ng kani-
lang mga ari-arian. Sa buong pamayanan, pinaghahabol ng mga kawal ng milisya ng Missouri ang mga Banal mula

sa kanilang mga tahanan, isinusumpa sila habang sila ay tumatakas patungo sa mga lansangan. Nilatigo at hinampas ng mga kawal ang mga lumaban sa kanila.¹³ Ang ilang sundalo ay hinipuan at ginahasa ang kababaihang nakita nilang nagtatago sa mga bahay.¹⁴ Naniwala si Heneral Lucas na ang mga Banal ay nagkasala ng pag-aaklas, at gusto niya na magbayad sila sa kanilang mga ginawa at maramdaman nila ang kapangyarihan ng kanyang hukbo.¹⁵

Sa buong maghapon, tinipon ng mga opisyal ni Lucas ang iba pang mga lider ng simbahan. Sa tulong ni George Hinkle, puwersahang pumasok ang mga sundalo sa bahay nina Mary at Hyrum Smith. Si Hyrum ay maysakit, subalit itinulak siyang palabas ng mga tropa habang tinututukan ng patalim at isinama siya kina Joseph at sa iba pang mga bilanggo.¹⁶

Noong gabing iyon, habang naghahanda si Heneral Lucas para litisin ang mga bilanggo sa isang hukumang militar, ang isang opisyal ng militar na nagnangalang Moses Wilson ay pinapunta sa isang tabi si Lyman Wight, umaasang makumbinsi itong magpatotoo laban kay Joseph sa paglilitis.

“Hindi namin ninanais na saktan ka o paslangin ka,” sabi ni Moses kay Lyman. “Kung lalabas ka at manunumpa laban sa kanya, ililigtas namin ang iyong buhay at ibibigay ang anumang katungkulang nais mo.”

“Si Joseph Smith ay hindi isang kaaway ng sangkatauhan,” mariing sinabi ni Lyman. “Kung hindi ako sumusunod sa kanyang payo, ibinigay ko na sana sa inyo ang impiyerno bago pa ang oras na ito.”

“Isa kang kakaibang lalaki,” sabi ni Moses. “Mayroong isang paglilitis militar na gaganapin sa gabing ito, at dadalo ka ba?”

“Hindi ako dadalo, maliban na lamang kung pipilitin sa pamamagitan ng pamumwersa.”¹⁷

Inihagis ni Moses si Lyman pabalik sa ibang mga bilanggo, at hindi nagtagal ay sinimulan ni Heneral Lucas ang paglilitis. Ilang opisyal ng milisya ang nakilahok, kabilang na si George Hinkle. Tinutulan ang paglilitis ni Heneral Doniphan, ang tanging abogadong naroon, nangangatwirang walang awtoridad ang milisya na litisin ang mga sibilyang tulad ni Joseph.

Hindi siya binibigyang pansin, nagpatuloy si Heneral Lucas sa paglilitis at minadali ang pagdinig nang walang sinuman sa mga bilanggo ang naroon. Nais ni George na magpakita si Lucas ng awa sa mga bilanggo, ngunit sa halip ay hinatulan sila ng heneral na mabaril dahil sa pagtataksil. Sinang-ayunan ng karamihan sa mga opisyal na naroon ang desisyon.¹⁸

Matapos ang paglilitis, sinabi ni Moses kay Lyman ang hatol. “Naitakda na ang iyong sentensiya,” sabi niya.

Tinitigan siya nang masama ni Lyman. “Mamaril at mapahamak,” sabi niya.¹⁹

Kalaunan nang gabing iyon, iniutos ni Heneral Lucas kay Heneral Doniphan na pagmartsahin si Joseph at ang iba pang mga bilanggo sa liwasang bayan sa ika-siyam ng umaga kinabukasan at paslangin sila sa harap ng mga Banal. Nanggalait sa galit si Doniphan.²⁰

“Ako ay masusumpa kung magkakaroon ako ng alinman sa karangalang ito, o sa kahihiyang ito,” sinabi niya

nang pribado sa mga bilanggo. Sinabi niyang plano niyang umalis kasama ng kanyang tropa bago sumikat ang araw.²¹

Pagkatapos ay nagpadala siya ng mensahe kay Heneral Lucas. “Ito ay walang-awang pagpaslang. Hindi ko susundin ang iyong iniuutos,” pahayag niya. “Kung ipapapatay mo ang mga lalaking iyon, papanagutin kita sa isang hukuman sa lupa, tulungan nawa ako ng Diyos!”²²

TULAD NG IPINANGAKO, ANG mga sundalo ni Heneral Doniphan ay wala na kinabukasan. Sa halip na ipapaslang sina Joseph at ang iba pang mga bihag, iniutos ni Heneral Lucas sa kanyang mga tauhan na ihatid sila sa kanyang himpilan sa Jackson County.²³

Napaliligiran ng mga armadong guwardiya, inakay si Joseph sa mga wasak na kalsada ng Far West upang tipunin ang ilang ari-ariang mula sa kanyang tahanan. Napaluha si Emma at ang mga bata nang dumating siya, subalit lumuwag ang kanilang pakiramdam dahil siya ay buhay pa. Nagma-kaawa si Joseph na pahintulutan siya ng mga guwardiya na makausap ang kanyang pamilya nang sarilinan, subalit tumanggi sila.

Nangunyapit si Emma at ang mga bata sa kanya, ayaw bumitaw. Hinugot ng mga guwardiya ang kanilang mga espada at sapilitan silang pinalayo. Ang limang taong gulang na si Joseph ay humawak sa kanyang ama nang mahigpit. “Bakit hindi mo kami maaaring samahan?” ang hikbi niya.²⁴

Itinutok ng isang guwardiya ang kanyang espada sa batang lalaki. “Umalis kang pilyo ka, o sasaksakin kita!”²⁵

Sa labas, iminartsa ng mga kawal ang mga bilanggo sa harap ng isang grupo ng mga Banal at inutusan silang umakyat sa loob ng bagon na may bubong. Pagkatapos ay pinalibutan ng milisya ang bagon, lumilikha ng pader ng mga kawal sa pagitan ng mga Banal at ng kanilang mga lider.²⁶

Habang hinihintay ni Joseph na umandar palayo ang bagon, narinig niya ang isang pamilyar na tinig na nangibabaw sa ingay ng mga tao. “Ako ang ina ng propeta,” sigaw ni Lucy Smith. “Wala bang maginoo rito na aakay sa akin na makalagpas sa umpok ng mga tao!”

Ang takip na makapal na lona ng bagon ang naka-harang sa mga bilanggo kaya hindi nila makita ang nasa labas, subalit sa harap ng bagon, itinulak ni Hyrum ang kanyang kamay sa ilalim ng takip at kinuha ang kamay ng kanyang ina. Kaagad siyang inutusan ng mga guwardiya na bumalik, pinagbabantaan siyang babarilin. Nadama ni Hyrum na dumulas papalayo ang kamay ng kanyang ina, at tila aandar na ang bagon sa anumang sandali.

Sa sandaling iyon, narinig ni Joseph, na nasa likod ng bagon, ang tinig sa kabilang panig ng lona. “Ginoong Smith, ang iyong ina at kapatid na babae ay narito.”

Itinulak ni Joseph ang kanyang kamay sa ilalim ng takip at nadama ang kamay ng kanyang ina. “Joseph,” narinig niyang sinabi ng kanyang ina, “hindi ko makakayang umalis nang hindi ko naririnig ang iyong tinig.”

“Pagpalain kayo ng Diyos, Ina,” sabi ni Joseph, bago umandar ang bagon at umalis.²⁷

PAGKALIPAS NG ILANG GABI, nakahiga ang mga bilanggo sa sahig ng isang bahay na yari sa troso sa Richmond, Missouri. Matapos silang dalhin sa Jackson County, ipinakita sila ni Heneral Lucas sa publiko na tulad ng mga hayop bago siya inutusan na ipadala sila sa Richmond para sa isang legal na paglilitis.

Ngayon ang bawat lalaki ay sumubok na matulog na may posas sa may bukung-bukong at may mabigat na tanikalang nagbubuklod sa kanya at sa iba pang mga bilanggo. Ang sahig ay matigas at malamig, at ang mga lalaki ay walang sigang pampainit.²⁸

Gising na nakahiga, sumama ang pakiramdam ni Parley Pratt nang marinig ang mga guwardiya na nagsasalaysay ng mga bastos na kuwento tungkol sa panggagahasa at pagpaslang sa mga Banal. Gusto niyang tumayo at pagsabihan ang mga lalaki—sabihan sila ng isang bagay na makapagpapahinto sa kanila—subalit nanatili siyang tahimik.

Bigla niyang narinig na tumunog ang mga tanikala sa kanyang tabi nang tumayo si Joseph. “Tumahimik, kayong mga diyablo ng impiyerno!” palahaw ng propeta. “Sa pangalan ni Jesucristo, pinagsasabihan ko kayo, at inaatasang manahimik! Di ako mabubuhay nang isa pang sandali na makaririnig ng ganyang mga salita!”

Mahigpit na himawakan ng nagulat na mga guwardiya ang kanilang mga sandata at tumingala. Ginantihan sila ng titig ni Joseph, na nagpapakita ng karingalan. “Itigil ang pag-uusap na ganyan,” utos niya, “o mamamatay kayo o ako *ngayon din!*”

Ang silid ay tumahimik, at ibinaba ng mga guwardiya ang kanilang mga baril. Ang ilan sa kanila ay umatras sa mga sulok. Ang iba ay yumukyok sa mga paa ni Joseph dahil sa takot. Nanatiling nakatayo ang propeta na mukhang panatag at may dignidad. Humingi ng tawad ang mga guwardiya at nanahimik hanggang sa dumating ang kanilang mga kapalit.²⁹

NOONG NOBYEMBRE 12, 1838, SINA Joseph at ang higit sa animnapu pang mga Banal ay dinala sa hukuman sa Richmond upang malaman kung may sapat na katibayan para litisin sila sa mga kaso ng pagtataksil, pagpatay, panununog, pagnanakaw, panloloob, at pangangawat. Ang hukom, si Austin King, ang magpapasiya kung lilitisin ang mga bilanggo.³⁰

Tumagal ang pagdinig nang higit sa dalawang linggo. Ang pangunahing saksi laban kay Joseph ay si Sampson Avard, na naging isang pinuno ng mga Danita.³¹ Sa panahon ng pananakop ng Far West, nagtangka si Sampson na tumakas mula sa Missouri, ngunit nahuli siya ng milisya at pinagbantaan siyang uusigin kung tatanggi siyang magpatotoo laban sa mga bilanggo.³²

Desididong iligtas ang kanyang sarili, ipinahayag ni Sampson na ang lahat ng nagawa niya bilang isang Danita ay ginawa niya dahil sa mga utos ni Joseph. Nagpatotoo siya na naniwala si Joseph na kalooban ng Diyos na ipaglaban ng mga Banal ang kanilang mga karapatan sa mga gobyerno ng Missouri at ng bansa.

Sinabi rin ni Sampson na naniwala si Joseph na ang Simbahan ay tulad ng bato na sinabi ni Daniel sa Lumang Tipan, na pupunuin ang mundo at uubusin ang mga kaha-rian nito.³³

Nababahala, tinanong ni Hukom King ang tungkol sa propesiya ni Daniel, at nagpatotoo si Joseph na naniniwala siya rito.

“Isulat iyon,” sabi ng hukom sa kanyang klerk. “Ito ay isang matibay na ebidensiya ng pagtataksil.”

Tumutol ang abogado ni Joseph. “Hukom,” sabi niya, “dapat kayong magpasya kung gayon na ang Biblia ay pagtataksil.”³⁴

Tinawag ng umuusig ang mahigit apatnapung mga saksi para magpatotoo laban sa mga bilanggo, kabilang ang ilang dating lider ng simbahan. Takot na sila rin ay usigin, sina John Corrill, William Phelps, John Whitmer, at ang iba pa ay nakipagkasundo sa estado ng Missouri na magpatotoo laban kay Joseph bilang kapalit ng kanilang kalayaan. Sa ilalim ng panunumpa, inilarawan nila ang matitinding kalu-pitang nasaksihan nila sa panahon ng hindi pagkakasundo, at sinisi nilang lahat si Joseph.

Samantala, ang nagtatanggol sa mga Banal ay binubuo ng ilang saksi na walang gaanong nagawa para baguhin ang opinyon ng hukom. Maaaring magbigay-saksi ang iba pa para kay Joseph, ngunit ginipit at tinakot silang palayo sa hukuman.³⁵

Nang matapos ang pagdinig, limang Banal, kabilang si Parley Pratt, ang ikinulong sa Richmond upang maghin-tay ng paglilitis sa kaso ng pagpatay na may kaugnayan sa labanan sa Ilog Crooked.

Ang mga nanatili—sina Joseph at Hyrum Smith, Sidney Rigdon, Lyman Wight, Caleb Baldwin, at Alexander McRae—ay inilipat sa bilangguan sa isang bayan na tinatawag na Liberty para maghintay ng paglilitis sa kaso ng pagtataksil. Kung mapapatunayang nagkasala, maaari silang paslangin.³⁶

Isang panday ang nagposas sa anim na kalalakihan at inakay sila sa isang malaking bagon. Umakyat ang mga bilango at umupo sa magaspang na kahoy habang ang kanilang mga ulo ay halos nasa ibabaw ng mataas na panig ng kahon ng bagon.

Isang buong araw ang inabot ng paglalakbay. Nang makarating sila sa Liberty, dumaaan ang bagon sa gitna ng bayan, nilagpasan ang hukuman, at dumaaan sa hilaga ng isang maliit na bilanguang gawa sa bato. Nakabukas ang pinto, naghihintay sa mga lalaki sa kalamigan ng araw ng Disyembre.

Isa-isang bumaba ang mga bilango sa bagon at umakyat sila sa mga hagdang papunta sa pasukan ng piitan. Maraming mapang-uisang tao ang nagsiksikan sa paligid nila, umaasang makita ang mga bilango.³⁷

Si Joseph ang huling bumaba sa bagon. Nang makarating siya sa pintuan, tumingin siya sa mga tao at itinaas ang kanyang sombrero upang magalang na bumati. Pagkatapos ay tumalikod siya at bumaba sa madilim na bilangguan.³⁸



Pilitin mang S'ya'y Yanigin ng Kadiliman

Sa kalagitnaan ng Nobyembre 1838, ang mga Banal sa Far West ay nagdurusa dahil sa gutom at kawalan ng masisilungan. Winasak ng milisya ng Missouri ang mga tahanan at inubos ang karamihan sa mga suplay ng pagkain sa lunsod. Ang mga pananim na naiwan sa mga bukirin ay nagyelo na.¹

Si Heneral John Clark, na pumalit kay Heneral Lucas sa pagiging pinuno ng mga hukbo ng Missouri sa Far West, ay wala ring simpatiya para sa mga Banal tulad ng kanyang pinalitan.² Pinaratangan niya sila ng pagiging mga mananalakay at ng pagsuway sa batas. “Dinala ninyo sa inyong sarili ang mga paghihirap na ito,” sinabi niya sa kanila, “dahil sa pagiging rebelde at sa pagtutol na magpasaklaw sa batas.”

Dahil halos taglamig na sa kanila, pumayag si Heneral Clark na pahintulutan ang mga Banal na manatili sa Far West hanggang tagsibol. Subalit sinabihan niya silang umalis pagkatapos niyon. “Huwag na kayong makipagpulong

muli sa inyong mga bishop at pangulo,” babala niya, “kung hindi ay gigisingin ninyo ang inggit ng mga tao at isasailalim ninyo ang inyong mga sarili sa parehong mga kasawiang nasa inyo na ngayon.”³

Mas malala ang kalagayan sa Hawn’s Mill. Isang araw matapos ang pagpaslang, iniutos ng mga mandurumog sa mga Banal na lisanin ang estado o sila ay papatayin. Nais nina Amanda Smith at ng iba pang mga nakaligtas na umalis, ngunit ninakaw ng mga mandurumog ang mga kabayo, damit, pagkain, at iba pang mga suplay na kailangan nila para sa mahabang paglalakbay. Marami sa mga sugatan, tulad ng anak ni Amanda na si Alma, ang hindi maganda ang kalagayan sa ngayon para lumipat nang malayuan.⁴

Nagdaos ang kababaihan ng mga pulong ng pananalangin para hilingin sa Panginoon na pagalingin ang mga sugatan. Nang malaman ng mga kabilang sa mga mandurumog ang tungkol sa mga pulong na ito, nagbanta silang lilipulin ang pamayanan kung magpapatuloy ang mga babae. Pagkatapos nito, tahimik na nagdasal ang mga babae habang labis na sinisikap na hindi sila mapansin habang naghahanda silang umalis.

Pagkatapos ng ilang panahon, inilipat ni Amanda sa isang bahay ang kanyang pamilya mula sa kanilang tolda.⁵ Habang patuloy siyang nagluluksa para sa kanyang pinaslang na asawa at anak, mayroon siyang apat na maliliit na anak na kailangang alagaan nang mag-isa. Nag-aalala siya tungkol sa labis na matagal na panahong pananatili sa Hawn’s Mill habang nagpapagaling ang kanyang anak. Ngunit kahit maaari na silang umalis ng kanyang mga anak, saan naman sila pupunta?

Ito ang itinatanong ng mga Banal sa buong hilagang Missouri. Natakot silang isasakatuparan ng milisya ang utos ng gobernador na pagpuksa kung hindi sila aalis sa tagsibol. Ngunit kung wala ang mga pinuno upang gumabay sa kani-la, wala silang ideya kung paano maglalakbay palabas ng Missouri—o kung saan magtitipon kapag naglakbay na sila.⁶

HABANG NAGHAHANDA ANG MGA Banal na lisanin ang Far West, si Phebe Woodruff ay nakahiga sa isang bahay-tuluyan sa isang daanan sa kanlurang Ohio, nagdurusa dahil sa matinding pananakit ng ulo at lagnat. Siya at si Wilford ay dalawang buwan nang naglalakbay patungong kanluran kasama ng mga Banal mula sa Fox Islands, pakaladkad na sumusuong sa niyebe at ulan para makapunta sa Sion. Dinapuan ng karamdaman ang marami sa mga bata, kabilang ang kanyang anak na si Sarah Emma.⁷ Dalawang pamilya na ang umalis sa grupo, naniniwalang hindi sila makararating sa Sion noong taglamig na iyon.⁸

Bago huminto sa bahay-tuluyan, dumaranas si Phebe ng matinding sakit sa tuwing tumatalbog ang bagon sa baku-bakong daan.⁹ Pagtapos ng isang araw na halos tumigil na siya sa paghinga, pinatigil ni Wilford ang grupo para makabawi siya ng kalusugan.

Nakatitiyak si Phebe na siya ay papanaw na. Binasbasan siya ni Wilford at sinubukan ang lahat para mapawi ang kanyang paghihirap, subalit mas lumala ang lagnat. Sa huli ay tinawag niya si Wilford sa kanyang tabi, pinatotohanan ang ebanghelyo ni Jesucristo, at hinimok siya na magkaroon ng pananampalataya sa gitna ng kanyang mga pagsubok.

Kinabukasan, tuluyang tumigil ang kanyang paghinga, at nadama niyang nilisan siya ng kanyang espiritu.¹⁰

Minasdan niya si Wilford na tinitigan ang kanyang walang buhay na katawan. Nakita niya ang dalawang anghel na pumasok sa silid. Sinabi sa kanya ng isa sa kanila na kinailangan niyang magpasiya. Maaari siyang sumama sa kanila at mamahinga sa daigdig ng mga espiritu o muling mabuhay at tiisin ang mga pagsubok na naghihintay sa hinaharap.

Alam ni Phebe na kung mananatili siya, ang landas ay hindi magiging madali. Nais ba niyang balikan ang kanyang buhay na puno ng pag-aalala at hinaharap na walang katiyakan? Nakita niya ang mga mukha nina Wilford at Sarah Emma, at mabilis siyang sumagot.

“Opo,” sabi niya, “gagawin ko ito!”

Nang magdesisyon si Phebe, muling napanibago ang pananampalataya ni Wilford. Pinahiran niya siya ng inilaang langis, ipinatong ang kanyang kamay sa kanyang ulo, at sinaway ang kapangyarihan ng kamatayan. Nang matapos siya, nanumbalik ang paghinga ni Phebe. Binuksan niya ang kanyang mga mata at nakita ang dalawang anghel na umalis sa silid.¹¹

SA MISSOURI, SINA JOSEPH, Hyrum, at ang iba pang mga bilanggo sa piitan ng Liberty ay nagsiksikan, sinusubukan na manatiling mainit. Ang halos kabuuan ng maliit na mamasa-masang piitan ay nasa ilalim ng lupa, napalilibutan ng mga pader na bato at kahoy na apat na talampakan ang kapal. Ang dalawang maliliit na bintana na malapit sa

kisame ay nakapagpapapasok ng kaunting liwanag subalit halos walang nagagawa para alisin ang mabahong amoy ng kulungan. Ang mga tambak ng dayami sa sahig na bato ang nagsisilbing higaan ng mga bilanggo, at kapag naging desperado na ang mga lalaki para kainin ang nakasusulasok na mga pagkaing ibinibigay sa kanila, kung minsan ay nasusuka sila dahil sa pagkain.¹²

Bumisita si Emma kay Joseph noong simula ng Disyembre, na nagpapaabot ng balita tungkol sa mga Banal sa Far West.¹³ Nang marinig ni Joseph ang mga kuwento ng kanilang mga paghihirap, lalong tumindi ang panggingitngit niya sa mga nagtaksil sa kanya. Idinikta niya ang isang liham para sa mga Banal, kinokondena ang kataksilan ng mga taong ito at hinihikayat ang mga Banal na patuloy na magsikap.

“Mananatiling buhay ang Sion, bagaman siya ay tila pumanaw na,” pagtitiyak niya sa kanila. “Ang mismong Diyos ng kapayapaan ay makakasama ninyo at gagawa ng paraan para sa inyong pagtakas mula sa mga kalaban ng inyong mga kaluluwa.”¹⁴

Noong Pebrero 1839, ang asawa ni Hyrum, si Mary, at ang kanyang kapatid na si Mercy ay bumisita sa mga bilanggo kasama ang bagong panganak na anak na lalaki ni Hyrum na si Joseph F. Smith. Hindi pa nakikita ni Mary si Hyrum simula pa noong bago siya manganak noong Nobyembre. Ang panganganak at ang malubhang sipon ay nagpahina sa kanya na halos hindi niya makayanang maglakbay patungong Liberty. Subalit hiniling ni Hyrum na muli siyang makita, at hindi niya alam kung magkakaroon siya ng isa pang pagkakataon na makita ito.¹⁵

Sa loob ng bilangguan, binuksan ng bantay ng kulungan ang maliit na pinto at bumaba ang mga babae sa kulungan upang makasamang magdamag ang mga bilango. Pagkatapos ay isinara niya ang pinto sa ibabaw nila at nilagyan ito ng isang malaking kandado.¹⁶

Walang masyadong nakatulog noong gabing iyon. Ang kalagayan nina Joseph, Hyrum, at ng iba pang bilango—nanghihiluka at marumi sa kanilang masikip na tirahan—ay bumigla sa mga babae.¹⁷ Kinarga ni Hyrum ang kanyang sanggol na anak at tahimik na nakipag-usap kay Mary. Siya at ang iba pang mga bilango ay balisa. Laging nakaalerto ang bantay ng kulungan at ang mga guwardiya, nakatitiyak na sina Joseph at Hyrum ay nagpaplanong tumakas.

Kinaumagahan, nagpaalam sina Mary at Mercy sa mga bilango at umakyat papalabas ng kulungan. Nang ihatid sila palabas ng mga guwardiya, nangingitngitan ang mga bisagra ng maliit na pinto nang pabagsak itong isinara.¹⁸

NOONG TAGLAMIG NA IYON sa Far West, tumanggap sina Brigham Young at Heber Kimball ng liham mula kay Joseph. “Ang pangangasiwa ng mga gawain sa simbahan ay ipinapasa sa inyo, ibig sabihin, ang Labindalawa,” sabi niya. Initos niya sa kanila na italaga ang pinakaunang natawag sa mga orihinal na apostol na palitan si Thomas Marsh bilang pangulo ng korum.¹⁹ Si David Patten ang pinakanaunang natawag, ngunit namatay siya pagkatapos na mabaril sa Ilog Crooked, ibig sabihin si Brigham, na ngayon ay tatlumpu’t

pitong taong gulang, ang mamumuno sa mga Banal palabas ng Missouri.

Nagpatulong na si Brigham sa high council ng Missouri na panatilihin ang kaayusan sa simbahan at gumawa ng desisyon habang wala si Joseph.²⁰ Subalit marami pang kailangang gawin.

Binigyan ni Heneral Clark ang mga Banal nang hanggang tagsibol para lisanin ang estado, subalit ang mga armadong mandurumog ay nangangabayo ngayon sa buong lunsod, sumusumpang papaslangin ang sinumang maiiwan doon sa katapusan ng Pebrero. Sa takot, maraming Banal na may kabuhayan ang kaagad na umalis, iniwang umaasa ang mahihirap sa kanilang sarili.²¹

Noong Enero 29, hinikayat ni Brigham ang mga Banal sa Far West na gumawa ng tipan na tulungan ang bawat isa na lumikas mula sa estado. “Hindi natin kailanman pababayaan ang mga dukha,” sinabi niya sa kanila, “hanggang sa sila ay ligtas na mula sa utos na pagpuksa.”

Upang matiyak na ang bawat Banal ay napangalagaan, siya at ang iba pang mga lider sa Far West ay nagtala-ga ng isang komite na binubuo ng pitong kalalakihan na mangangasiwa ng paglikas.²² Nangolekta ang komite ng mga donasyon at suplay para sa mga maralita at gumawa ng isang masusing pagsusuri sa pangangailangan ng mga Banal. Ang ilang tao ay naghanap ng mga daraanan sa buong estado, karamihang nanatili sa mga kilala nang daan at umiiwas sa mga lugar na may galit sa mga Banal. Ang mga napiling ruta ay papuntang lahat sa Ilog Mississippi, sa silangang hangganan ng estado, 160 milya ang layo.

Nagpasya silang simulan kaagad ang pag-alis sa Missouri.²³

SA UNANG BAHAGI NG Pebrero, nilisan ni Emma ang Far West kasama ng kanyang apat na anak—ang walong taong gulang na si Julia, ang anim na taong gulang na si Joseph III, ang dalawang taong gulang na si Frederick, at ang pitong buwang gulang na si Alexander.²⁴ Halos lahat ng pag-aari nila ni Joseph ay ninakaw o naiwan sa Far West, kaya naglakbay siyang kasama ang mga kaibigan na nagbigay ng isang bagon at mga kabayo para sa paglalakbay. Dala rin niya ang mga mahahalagang papeles ni Joseph.²⁵

Naglakbay ang pamilya sa nagyeyelong lupa ng Missouri nang mahigit na isang linggo. Habang nasa daan, ang isa sa kanilang mga kabayo ay namatay. Nang marating nila ang Ilog Mississippi, nalaman nilang ang napakaginaw na taglamig ay nakalikha ang isang tipak na yelo sa kabuuan ng malawak na ilog. Walang lantsang bumibiyaha, ngunit ang yelo ay may sapat na kapal para makalakad patawid ang grupo.

Bitbit sina Frederick at Alexander sa kanyang mga bisig, lumakad si Emma sa yelo. Kumapit ang maliit na si Joseph sa isang gilid ng kanyang palda at mahigpit na kumapit si Julia sa kabila. Ang tatlo ay maingat na naglakad sa madulas na daan hanggang sa wakas ay narating ng kanilang mga paa ang malayong pampang.²⁶

Ligtas na nakaalis sa Missouri, nalaman ni Emma na ang mga tao sa kalapit na bayan na Quincy, Illinois, ay mas mabait kaysa sa inaasahan niya. Tinulungan nila ang mga

Banal na makatawid sa nagyeyelong ilog, naghandog ng pagkain at damit, at nagbigay ng tirahan at trabaho sa mga higit na nangangailangan.²⁷

“Nabubuhay pa rin ako at handa pa ring magdusa nang higit pa rito, kung ito ang kalooban ng mabait na langit na dapat kong gawin, para sa iyong kapakanan,” agad niyang isinulat sa kanyang asawa pagkarating niya. Maayos rin ang mga bata, maliban kay Frederick na may sakit.

“Walang sinuman maliban sa Diyos ang nakaaalam ng mga pinagninilayan ng aking isip at mga nadarama ng aking puso,” pahayag niya, “nang lisanin ko ang ating bahay at tahanan at ang halos lahat ng bawat bagay na ating pag-aari, maliban sa ating maliliit na anak, at naglakbay palabas ng estado ng Missouri, iniwan kang bilanggo sa malungkot na bilanguang iyan.”

Gayunpaman, nagtiwala siya sa banal na katarungan at umasa sa mas magagandang araw. “Kung hindi itinatala ng Diyos ang ating mga pagdurusa at ipinaghiganti ang mga pagkakamali sa atin ng mga nagkasala,” isinulat niya, “ako’y malungkot na nagkamali.”²⁸

HABANG TUMATAKAS ANG MGA Banal sa Missouri, ang mga sugat ni Alma Smith ang humadlang sa kanyang pamilya na lisanin ang Hawn’s Mill. Inalagaan ni Amanda ang kanyang anak na lalaki, patuloy na nagtiwala na pagagalingin ng Panginoon ang kanyang balakang.

“Sa palagay po ba ninyo ay kaya ng Panginoon, Inay?” tanong ni Alma sa kanya isang araw.

“Oo, anak ko,” sabi niya. “Ipinakita Niya ang lahat ng ito sa akin sa isang pangitain.”²⁹

Paglipas ng panahon, ang mga mandurumog na malapit sa pamayanan ay naging mas malulupit at nagtakda ng huling araw ng pag-alis ng mga Banal. Pagsapit ng araw na iyon, hindi pa gaanong magaling ang balakang ni Alma, at tumangging umalis si Amanda. Dahil sa takot at pagnanais na manalangin nang malakas, siya ay nagtago sa isang bungkos ng tangkay ng mais at humingi ng lakas at tulong sa Panginoon. Nang matapos niya ang kanyang panalangin, isang tinig ang nagsalita sa kanya, inuulit ang isang pamilyar na linya mula sa isang himno:

Ang kaluluwang kay Jesus nagtiwala.

Kahit kailanman ay ‘di ko itatatwa.

Pilitin mang sya’y yanigin ng kadiliman,

‘Di magagawang talikuran kailanman!³⁰

Nagpalakas kay Amanda ang mga salitang ito, at nada-ma niya na tila walang anumang makapipinsala sa kanya.³¹ Hindi nagtagal, habang umiigib siya ng tubig sa isang sapa, narinig niya na tumitili ang kanyang anak sa bahay. Nagmadali siyang pumunta sa pinto sa takot—at nakita si Alma na tumatakbo sa loob ng silid.

“Magaling na ako, Inay, magaling na ako!” sigaw niya. Nabuo ang nababaluktot na kartilago sa kanyang balakang na nakapagpalakad sa kanya.

Dahil makapaglalakbay na si Alma, nag-empake si Amanda kasama ng kanyang pamilya, nagtungo sa taga-Missouri na nagnakaw ng kanyang kabayo, at pinilit na kunin ang hayop. Sinabi niya sa kanya na makukuha niya ito

kung magbabayad siya ng limang dolyar bilang kabayaran niya sa pagpapakain dito.

Hindi pinapansin ang lalaki, pumasok si Amanda sa bakuran, kinuha ang kanyang kabayo at tumulak sa Illinois kasama ng kanyang mga anak.³²

DAHIL PARAMI NANG PARAMI ang mga Banal na umaalis sa Far West araw-araw, nag-alala si Drusilla Hendricks na siya at ang kanyang pamilya ay maiiwan. Tiniyak sa kanya ni Isaac Leany, na kapwa Banal na tinamaan ng apat na bala sa Hawn's Mill, na hindi sila pababayaang. Subalit hindi alam ni Drusilla kung paano makapaglalakbay ang kanyang asawa.

Paralisado pa rin si James dahil sa kanyang sugat sa leeg sa Ilog Crooked. Nang matapos ang labanan, natagpuan siya ni Drusilla na nakahigang kasama ng iba pang mga sugatang lalaki sa tahanan ng isang kapitbahay. Bagama't labis na nalulungkot, inayos niya ang kanyang sarili, iniuwi ng bahay si James, at sinubukan ang ilang gamot upang maibalik ang pakiramdam ng kanyang mga braso at binti. Tila walang nakatutulong.

Ilang linggo matapos ang pagsuko ng Far West, ipinagbili niya ang kanilang lupa at nagtrabaho upang kumita ng pera para sa paglipat sa silangan, kumikita nang sapat para makabili ng ilang suplay at isang maliit na bagon, ngunit hindi ng isang kawan ng hayop na hihila nito.

Kung walang paraan para hilahin ang bagon, alam ni Drusilla na hindi sila makaaalis sa Missouri. Muli nang naigagalaw nang kaunti ni James ang kanyang mga bali-kat at binti matapos tumanggap ng basbas ng priesthood,

ngunit hindi pa siya makalakad nang malayo. Upang ligtas siyang makaalis ng estado, kailangan nila ng isang kawan ng hayop.

Dahil papalapit na ang huling araw ng paglikas, naging mas balisa si Drusilla. Nagsimula na siyang makatanggap ng mga banta mula sa mga mandurumog, binabalaan siya na darating sila para paslangin ang kanyang asawa.

Isang gabi, habang inaalagaan ni Drusilla ang kanyang anak sa kama sa tabi ni James, narinig niyang tumatahol ang aso sa labas. “Ina!” sigaw ni William, ang kanyang panganay na anak. “Paparating ang mga mandurumog!” Ilang sandali pa ay narinig nilang kumalabog ang pinto.

Tinanong ni Drusilla kung sino ang naroon. Sinabi ng tinig sa labas na wala na siyang pakialam rito at nagbanta itong sisirain ang pinto kung hindi niya ito bubuksan. Sinabi ni Drusilla sa isa sa kanyang mga anak na buksan ang pinto, at di nagtagal ay napuno ang silid ng mga armadong lalaking nakasuot ng mga pekeng balbas para baguhin ang kanilang mga mukha.

“Tumayo ka,” utos nila kay Drusilla.

Dahil natatakot na papaslangin ng mga lalaki si James kung aalis siya sa kanyang tabi, hindi gumalaw si Drusilla. Isang lalaki ang kumuha ng kandila mula sa malapit na mesa at nagsimulang halughugin ang bahay. Sinabi ng mga mandurumog na may hinahanap silang isang Danita sa lugar.

Hinalungkat nila ang ilalim ng kama at ang likod ng bahay. Pagkatapos ay hinila nila ang nakakumot kay James at sinubukang tanungin siya, subalit napakahina pa niya para makapagsalita. Sa malamlam na ilaw, mukha siyang mahina at maputla.

Ang mga mandurumog ay humingi ng tubig, at sinabi ni Drusilla kung saan makakakuha nito. Habang umiinom ang mga lalaki, kinargahan nila ng bala ang kanilang mga pistola. “Handa na ang lahat,” sabi ng isa sa kanila.

Pinanood ni Drusilla ang paglalagay ng mga daliri ng lalaki sa gatilyo ng kanilang mga baril. Tumayo sila, at inihanda ni Drusilla ang kanyang sarili sa putok ng baril. Isang minuto pang nagtagal ang mga lalaki sa silid, pagkatapos ay lumabas sila at nangabayayo palayo.

Hindi nagtagal pagkaraan niyon, naawa ang isang doktor kay James at binigyan si Drusilla ng payo kung paano siya tulungan. Unti-unting lumakas si James. Nakahanap din ang kanilang kaibigang si Isaac ng mga baka para sa pamilya.

Iyon na lamang ang kailangan nila para makaalis na nang tuluyan sa Missouri.³³

NANG DUMATING SINA WILFORD at Phebe Woodruff sa Illinois kasama ng Fox Islands branch, nalaman nila ang pagpapaalis sa mga Banal sa Missouri. Sa kalagitnaan ng Marso, habang mas maraming miyembro ng simbahan ang nanirahan sa Quincy, tumulak ang mga Woodruff sa masiglang bayang malapit sa ilog upang muling makasama ang mga Banal at katagpuin ang mga lider ng simbahan.³⁴

Si Edward Partridge, na nagdusa nang ilang linggo sa isang kulungan sa Missouri bago pinakawalan, ay tumutulong na pamunuan ang simbahan sa Quincy sa kabila ng kanyang mahinang kalusugan. Samantala, si Heber at ang

iba pang mas naunang tinawag na mga pinuno ay pinangangasiwaan pa rin ang paglikas mula sa Missouri.³⁵

Natagpuan nina Wilford at Phebe sina Emma at ang kanyang mga anak na nakatira sa tahanan nina Sarah at John Cleveland na isang lokal na hukom. Nakita rin nila na nakatira na ngayon sa loob at paligid ng Quincy ang mga magulang at kapatid ng propeta, gayun din sina Brigham at Mary Ann Young at John at Leonora Taylor.³⁶

Kinabukasan, ipinahayag ni Brigham na kailangan ng komite sa paglikas sa Far West ng pera at mga kawan ng hayop para matulungan ang limampung maralitang pamilya na lisanin ang Missouri. Kahit na mahihirap din ang mga Banal sa Quincy, hiniling niya sa kanila na magkawanggawa sa mga mas naghihirap. Bilang tugon, nagbigay ang mga Banal ng limampung dolyar at ilang kawan ng hayop.³⁷

Nagtungo si Wilford sa pampang ng Ilog Mississippi kinabukasan upang bisitahin ang isang kampo ng mga bagong dating na mga miyembro ng simbahan. Ang araw ay malamig at maulan, at ang mga pinalikas ay nagsisiksikan sa putik, pagod at gutom.³⁸ Bagama't naging mababait ang mga tao sa Quincy, alam ni Wilford na hindi magtatagal ay mangangailangan ang mga Banal ng sariling tirahan.

Sa kabutihang palad, si Bishop Partridge at ang iba pa ay nakikipag-usap sa isang lalaking nanggangalang Isaac Galland, na nais ibenta sa kanila ang ilang latian sa may kahabaan ng paliko ng ilog sa hilaga ng Quincy. Malayo ito sa lupain ng gatas at pulot na nakinita nila na magiging Sion, ngunit ito ay madaling makuha at makapaglalaan ng isang bagong lugar ng pagtitipon para sa mga Banal.³⁹



O Diyos, Nasaan Kayo?

Mabagal na lumipas ang mga araw para sa mga bilanggo ng piitan ng Liberty. Sa kanilang mga unang buwan sa bilangguan, madalas silang makatanggap ng pagbisita ng pamilya at mga kaibigan na nagdadala ng mga magagandang balita, damit, at pagkain. Ngunit sa katapusan ng panahon ng taglamig, napakalaki ng ibinaba ng bilang ng mga sulat at pagbisita sa kulungan ng mga kaibigan dahil sa pagtakas ng mga Banal sa Illinois, na dahilan para mas madama ng mga bilanggo ang pag-iisa.¹

Noong Enero 1839, sinubukan nilang iapela ang kanilang kaso sa isang hukom sa county, subalit tanging si Sidney Rigdon lamang na may malubhang sakit ang nakalaya sa pamamagitan ng piyansa. Ang iba pa—sina Joseph, Hyrum, Lyman Wight, Alexander McRae, at Caleb Baldwin—ay nagbalik sa kanilang piitan upang hintayin ang paglilitis sa tagsibol.²

Ang buhay sa bilangguan ay labis na nakaapekto kay Joseph. Sumisilip ang mga nanliligalig sa may rehas na mga bintana para maki-usyoso o sumigaw ng kalaswaan sa kanya. Siya at ang ibang mga bilanggo ay madalas na walang makain maliban sa maliit na tinapay na gawa sa harina ng mais. Ang dayami na ginawa nilang higaan mula noong Disyembre ay sala-salabid na at hindi na komportable. Tuwing magsisiga sila para painitin ang kanilang mga sarili, napupuno ng usok ang piitan at nasusulasok sila.³

Sa mabilis na pagdating ng araw ng kanilang paglilitis, alam ng bawat isa na malaki ang pagkakataon na ipakulong sila ng isang hindi patas na hukom at ipapatay. Ilang beses nilang sinubukang tumakas, subalit palagi silang nahuhuli ng kanilang mga guwardiya.⁴

Simula nang matanggap ang kanyang banal na tungkulin, nagpatuloy si Joseph sa gitna ng mga pagtuligsa, sinisikap na sundin ang Panginoon at tipunin ang mga Banal. At sa kabila nito, bagama't lumaganap na ang simbahan sa mga nagdaang taon, tila nasa bingit ito ngayon ng pagbagsak.

Pinalayas ng mga mandurumog ang mga Banal ng Sion sa Jackson County. Ang pambabatikos sa loob ng simbahan ng Kirtland ang nagpawatak-watak dito at nag-iwan sa templo sa kamay ng mga nagpapautang. At ngayon, matapos ang isang kakila-kilabot na pakikidigma sa kanilang mga kapitbahay, ang mga Banal ay nakakalat sa silangang pam-pang ng Ilog Mississippi, malungkot at walang matirhan.

Kung hindi sana sila pinakialaman ng mga tao sa Missouri, naisip ni Joseph, magiging matiwasay at mapayapa sana ang estado. Ang mga Banal ay mabubuting tao na

nagmamahal sa Diyos. Hindi sila marapat na kaladkarin mula sa kanilang mga tahanan, paluin, at hayaang mamatay.⁵

Ikinagalit ni Joseph ang kawalang-katarungan. Sa Lumang Tipan, madalas sagipin ng Panginoon ang Kanyang mga tao mula sa panganib, nilulupig ang kanilang mga kaaway sa lakas ng Kanyang bisig. Subalit ngayon, nang binantaan na pupuksain ang mga Banal, Siya ay hindi namagitan.

Bakit?

Bakit hinayaan ng isang mapagmahal na Ama sa Langit na magdusa ang napakaraming inosenteng lalaki, babae, at bata habang ang mga nagtaboy sa kanila mula sa kanilang mga tahanan, nagnakaw ng kanilang mga lupain, at gumawa ng hindi maipaliwanag na karahasan laban sa kanila ay malaya at hindi pinarurusahan? Paano Niya naga-gawang pahintulutan na ang Kanyang matatapat na lingkod ay manatili sa mala-impiyernong bilangguan at malayo sa kanilang mga mahal sa buhay? Ano ang layunin ng pag-iwan sa mga Banal sa mismong panahon na kailangang-kailangan nila Siya?

“O Diyos, nasaan kayo?” pagsamo ni Joseph. “Hang-gang kailan pipigilan ang inyong kamay?”⁶

HABANG NAKIKIPAGBUNO SI JOSEPH sa Panginoon, ang mga apostol sa Quincy ay may isang mahalagang gagawin— at posibleng maging banta sa kanilang buhay—na desisyon. Noong nakaraang taon, inutusan sila ng Panginoon na magpulong sa lugar ng templo sa Far West sa Abril 26, 1839, kung saan patuloy nilang ilalatag ang pundasyon

ng templo at pagkatapos ay aalis para sa isa pang misyon sa England. Dahil mahigit isang buwan na lang bago ang takdang panahon, iginiit ni Brigham Young na bumalik ang mga apostol sa Far West at mahigpit na tuparin ang utos ng Panginoon.

Ang ilang mga lider ng simbahan sa Quincy ay naniwala na hindi na kailangan pang sundin ng mga apostol ang paghahayag at inisip na kahangalan na bumalik sa lugar kung saan ang mga mandurumog ay sumumpang papatayin ang mga Banal. Nangatwiran sila na tiyak na hindi sila inaasahan ng Panginoon na ipagsapalaran ang kanilang mga buhay sa paglalakbay ng daan-daang milya sa teritoryo ng kaaway kung kailan sila ay kailangang-kailangan sa Illinois.⁷

Bukod pa rito, ang kanilang korum ay hindi maayos. Sina Thomas Marsh at Orson Hyde ay nag-apostasiya, si Parley Pratt ay nakakulong, at si Heber Kimball at John Page ay nasa Missouri pa. Ang mga pinakahuling tinawag na mga apostol na sina Wilford Woodruff, Willard Richards, at ang pinsan ni Joseph na si George A. Smith, ay hindi pa naorden, at nangangaral ng ebanghelyo sa England si Willard.⁸

Subalit nadama ni Brigham na kaya nilang magpulong sa Far West tulad ng iniutos ng Panginoon, at kailangan nilang subukang gawin ito.

Gusto niya na ang mga apostol sa Quincy ay magka-isa sa kanilang desisyon. Upang magawa ang paglalakbay, kailangan nilang iwanan ang kanilang pamilya nang ilang panahon kung kailan ang hinaharap ng simbahan ay hindi tiyak. Kung huhulihin o papatayin ang mga apostol, kailangng harapin ng kanilang mga asawa at anak ang mga darating na pagsubok nang mag-isa.

Nalalaman kung ano ang nakataya, sina Orson Pratt, John Taylor, Wilford Woodruff, at George A. Smith ay sumang-ayon na gawin ang anumang kinakailangan upang masunod ang utos ng Panginoon.

“Ang Panginoong Diyos ang nagsabi,” sabi ni Brigham matapos nilang gawin ang kanilang desisyon. “Tungkulin nating sumunod at ipaubaya ang mangyayari sa Kanyang mga kamay.”⁹

SA PIITAN NG LIBERTY, ang pag-aalala sa mga Banal at ang mga kamaliang ginawa sa kanila ang palaging inisip ni Joseph. Noong gabi ng Marso 19, tumanggap siya ng liham mula kay Emma, sa kanyang kapatid na si Don Carlos, at kay Bishop Partridge.¹⁰ Ang mga sulat ay nagpasaya nang kaunti sa kanya at sa iba pang mga bilanggo, subalit hindi niya malimutan na siya ay nakakulong sa isang maruming piitan habang ang mga Banal ay nagkalat at nangangailangan ng tulong.

Isang araw matapos dumating ang mga sulat, nagsimulang sumulat si Joseph ng dalawang liham sa mga Banal, ibinabahagi ang kanyang mga iniisip sa paraan na hindi pa niya nagawa noon sa pamamagitan ng pagsulat. Nagdidikta sa isang kapwa bilanggo, na gumaganap bilang tagasulat, sinubukan ng propeta na tulungan ang mga Banal sa kanilang kawalan ng pag-asa.

“Ang bawat uri ng kasamaan at kalupitan na ginagawa sa atin,” tiniyak niya sa kanila, “ay pag-iisahin lamang ang ating mga puso at patatatagin ang mga ito nang may pagmamahal.”¹¹

Subalit hindi niya mababalewala ang mga buwan ng pang-uusig na nagdala sa kanila sa kanilang malubhang kalagayan. Dumaing siya laban kay Gobernador Boggs, sa milisya, at sa mga nanakit sa mga Banal. “Ang inyong galit ay pasiklabin laban sa aming mga kaaway,” pagsusumamo niya sa Panginoon sa panalangin, “at, sa matinding galit ng inyong puso, sa pamamagitan ng inyong espada ay ipaghiganti kami sa aming kaapihan!”¹²

Gayunman, alam ni Joseph na hindi lang ang kani- lang mga kaaway ang may pagkakamali. Ang ilang Banal, kabilang na ang mga lider ng simbahan, ay sumubok na pagtakpan ang kanilang mga kasalanan, bigyang-kasiyahan ang kanilang kapalaluan at adhikain, at gumamit ng puwersa upang pilitin ang iba na sumunod sa kanila. Inabuso nila ang kanilang kapangyarihan at posisyon sa gitna ng mga Banal.

“Ating natutuhan sa pamamagitan ng nakalulungkot na karanasan,” sinabi ni Joseph sa pamamagitan ng inspirasyon, “na likas at kaugalian ng halos lahat ng tao, matapos silang makatamo ng kaunting kapangyarihan, sa inaakala nila, kaagad silang magsisimulang gumamit ng di makatwirang pamamahala.”¹³

Ang mga matwid na mga Banal ay dapat kumilos alin- sunod sa mas matataas na alituntunin. “Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig.” Ang mga sumubok na gawin ang kabaligtaran ay

nawalan ng Espiritu at ng kapangyarihan para pagpalain ang buhay ng iba gamit ang priesthood.¹⁴

Gayunpaman, nagsumamo si Joseph alang-alang sa mga inosenteng Banal. “O Panginoon,” sabi niya, “hanggang kailan sila magdurusa sa mga kaapihang ito at hindi makatarungang kalupitan, bago ang inyong puso ay lumambot para sa kanila?”¹⁵

“Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa,” tugon ng Panginoon. “Ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang; at muli, kung ito ay iyong pagtitii-sang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway.”¹⁶

Tiniyak ng Panginoon kay Joseph na hindi siya nakakalimutan. “Kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo,” sinabi ng Panginoon kay Joseph, “alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti.”

Ipinaalala ng Tagapagligtas kay Joseph na hindi magdurusa ang mga Banal nang higit sa Kanyang dinanas. Sila ay mahal Niya at kaya Niyang wakasan ang kanilang pasakit, subalit sa halip ay pinili Niya na magdusang kasama nila, dinadala ang kanilang mga dalamhati at kalungkutan bilang bahagi ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ang ganitong paghihirap ang nagpuno sa Kanya ng awa, nagbibigay sa Kanya ng kapangyarihan na sumaklolo at dalisayin ang lahat ng babaling sa Kanya sa kanilang mga pagsubok. Hinimok Niya si Joseph na maging matatag at ipinangakong hindi Niya ito tatalikdan.

“Ang iyong mga araw ay nababatid, at ang iyong mga taon ay hindi nababawasan ng bilang,” tiniyak sa kanya ng Panginoon. “Kaya nga, huwag katakutan ang nagagawa ng tao, sapagkat ang Diyos ay kasama mo magpakailanman at walang katapusan.”¹⁷

HABANG NAGSASALITA NG KAPAYAPAAAN ang Panginoon kay Joseph sa kulungan, walang pagod na nilakad ni Heber Kimball at ng ibang mga Banal sa Missouri sa korte suprema ng estado upang makalaya ang propeta. Tila nakikisimpatya ang mga hukom sa mga panawagan ni Heber, at kinuwes-tiyon pa nga ng ilan ang legalidad ng pagkakakulong ni Joseph, subalit sa huli ay tumanggi silang gawan ng aksiyon ang kaso.¹⁸

Pinanghihinaan ng loob, bumalik si Heber sa Liberty upang mag-ulat kay Joseph. Ayaw siyang papasukin ng mga guwardiya sa loob ng piitan, kaya tumayo siya sa labas ng bintana ng kulungan at kinausap ang kanyang mga kaibigan. Sinubukan niya ang lahat, sabi niya, ngunit wala itong nagawang pagkakaiba.

“Magsaya,” sagot ni Joseph, “at paalisin nang mabilis ang lahat ng mga Banal hangga’t maaari.”¹⁹

Dumaan si Heber sa Far West pagkaraan ng ilang araw, nag-iingat sa mga panganib na patuloy na nakakubli sa lugar. Maliban sa ilang lider at ilang pamilya, wala nang tao sa lunsod. Dalawang buwan na nang lumisan ang pamilya ni Heber, at wala pa siyang balita sa kanila mula noon. Habang iniisip niya ang tungkol sa kanila at sa mga bihag at sa mga taong nagdusa at namatay sa kamay ng mga

mandurumog, siya ay nalumbay at nalungkot. Tulad ni Joseph, inaasam niyang matapos na ang pagdurusa.

Habang iniisip si Heber ang kanilang miserableng sitwasyon, at ang kabiguan niyang mapalaya si Joseph, napuspos siya ng pagmamahal at pasasalamat sa Panginoon. Inilagay ang isang pirasong papel sa kanyang tuhod, itinala niya ang kanyang mga nadama.

“Tandaan na palagi Ko kayong sasamahan, maging hanggang sa wakas,” narinig niyang sinabi ng Panginoon. “Ang Aking espiritu ay mananahan sa iyong puso upang turuan ka ng mga mapayapang bagay ng kaharian.”

Sinabi ng Panginoon na huwag niyang alalahanin ang kanyang pamilya. “Pakakainin ko sila at daramitan sila at bibigyan sila ng mga kaibigan,” pangako Niya. “Mapapasakanila ang kapayapaan magpakailanman, kung ikaw ay magiging matapat at hahayo at mangangaral ng aking ebanghelyo sa mga bansa ng mundo.”²⁰

Nang matapos sumulat si Heber, naging panatag ang kanyang puso at isipan.

MATAPOS MAKIPAG-USAP SA KANYA ang Panginoon sa madilim, at miserableng piitan, hindi na natatakot si Joseph na tinalikdan siya at ang simbahan ng Diyos. Sa mga liham kay Edward Partridge at sa mga Banal, matapang siyang nagpatotoo tungkol sa gawain sa mga huling araw. “Ibuhos man ng impiyerno ang galit nito tulad ng nag-aapoy na kumukulong putik ng Mount Vesuvius,” pahayag niya, “gayon pa man ay mananatili ang Mormonismo.” Nakatitiyak siya rito.

“Ang katotohanan ay Mormonismo,” bulalas niya. “Ang Diyos ang may-akda nito. Siya ang ating kalasag. Sa pamamagitan Niya ay isinilang tayo. Sa pamamagitan ng Kanyang tinig ay tinawag tayo sa dispensasyon ng Kanyang ebanghelyo sa simula ng kaganapan ng mga panahon.”²¹

Hinikayat niya ang mga Banal na magtipon ng isang opisyal na talaan ng mga kasamaang pinagdusahan nila sa Missouri upang maibigay nila ang mga ito sa Pangulo ng Estados Unidos at sa iba pang opisyal ng pamahalaan para marepaso. Naniniwala siyang tungkulin ng mga Banal na hangarin ang legal na mga paraan ng pagbabalik ng mga nawala sa kanila.

“Malugod nating gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya,” payo niya, “at pagkatapos ay makatayo nawa tayo nang hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, upang makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag”²²

Ilang araw matapos ipadala ni Joseph ang kanyang mga liham, siya at ang kanyang mga kasamang bilanggo ay umalis ng bilangguan para magpakita sa isang lupon ng mga tagahatol sa Gallatin. Bago sila umalis, sumulat ng isang liham si Joseph kay Emma. “Nais kong makita ang munting si Frederick, si Joseph, Julia, at Alexander,” isinulat niya. “Sabihin mo sa kanila na mahal na mahal sila ni Itay, at ginagawa niya ang lahat para makatakas sa mga mandurumog at mapuntahan sila.”²³

Nang dumating ang mga bilanggo sa Gallatin, ang ilan sa mga abogado sa silid ay umiinom, habang pagala-gala ang napakaraming tao sa labas, pasilip-silip sa mga bintana.

Ang nakaupong hukom ay ang abogadong umusig sa mga Banal sa kanilang pagdinig noong Nobyembre.²⁴

Kumbinsidong hindi sila makakakuha ng patas na paglilitis sa Daviess County, humiling si Joseph at ang iba pang mga bilanggo na baguhin ang lugar na pagdarausan ng paglilitis. Pinagbigyan ang kanilang mga kahilingan, at ang mga bilanggo ay tumulak sa isang korte sa isa pang county kasama ang isang sheriff at apat na bagong guwardiya.²⁵

Ang mga guwardiya ay maluwag sa mga bilanggo at makatao ang pakikitungo sa kanila habang sila ay naglalakbay sa bagong pagdarausang lugar.²⁶ Sa Gallatin, nakuha ni Joseph ang paggalang nila nang matalo niya ang pinakamalakas sa mga ito sa isang masayang laro ng pakikipagbuno.²⁷ Nagbabago na rin ang opinyon ng madla tungkol sa mga Banal. Ang ilang taga-Missouri ay hindi na nagiging komportable sa utos ng goberbador na pagpuksa at hinihiling na lamang na tapusin na ang isyu at pakawalan ang mga bilanggo.²⁸

Isang araw matapos nilang lisanin ang Daviess County, tumigil ang mga lalaki sa isang istasyon sa daan, at ibinili ng mga bilanggo ng alak ang kanilang mga guwardiya. Kalaunan nang gabing iyon, lumapit ang sheriff sa mga bilanggo. “Inom lang ako ng maraming alak at matutulog,” sinabi niya sa kanila, “at maaari ninyong gawin kung ano ang nasa isip ninyo.”

Nang malasing ang sheriff at ang tatlong guwardiya, si Joseph at ang kanyang mga kaibigan ay sumakay sa dalawang kabayo sa tulong ng natitirang guwardiya at nagtungo sa silangan nang gabing iyon.²⁹

PAGKATAPOS NG DALAWANG ARAW, habang tumatakas si Joseph at ang ibang bilanggo sa isang ligtas na lugar, limang apostol ang nagsimulang maglakbay sa kasalungat na direksiyon, tumatawid sa Ilog Mississippi patungo sa Far West. Sina Brigham Young, Wilford Woodruff, at Orson Pratt ay nasa isang karwahe, habang sina John Taylor at George A. Smith ay nagbiyahe sa isa pa na kasama si Alpheus Cutler, na naging punong trabahador ng templo.

Mabilis silang naglakbay sa mga parang, inaalala ang pagdating sa Far West sa itinakdang araw. Habang nasa daan, nakita nila si apostol John Page na papuntang silangan kasama ng kanyang pamilyang mula sa Missouri, at hinikayat siyang sumama sa kanila.³⁰

Pagkaraan ng pitong araw sa daan, ang mga apostol ay pumasok ng Far West sa maliwanag na gabi ng Abril 25. Lumago na ang mga damo sa mga inabandonang kalsada, at ang lahat ay tahimik. Si Heber Kimball, na bumalik sa Far West matapos malaman ang tungkol sa pagtakas ni Joseph, ay lumitaw mula sa kanyang pinagkukublihang lugar at pinapasok sila sa bayan.

Magkakasamang nagpalipas ng ilang oras ang mga lalaki. Pagkatapos, nang sumikat ang araw sa silangan, tahimik silang tumulak patungong liwasang bayan at naglakad patungo sa lugar ng templo kasama ang ilang mga Banal na nanatili sa lunsod. Kumanta sila roon ng isang himno at doon ay pinagulong ni Alpheus ang isang malaking bato sa timog-silangang sulok ng lugar ng templo upang muling simulan ang paglalalatag ng pundasyon ng templo.³¹

Umupo sa bato si Wilford habang bumubuo ng isang bilog ang mga apostol na paikot sa kanya. Ipinatong nila

ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo, at inorden siya ni Brigham na maging isang apostol. Nang matapos siya, si George naman ang umupo sa batong inuupuan ni Wilford at siya ay inorden din.

Nababatid na nagawa na nila ang lahat nang maka-kaya nilang gawin, yumuko ang mga apostol at naghalin-hinan sa pagdarasal noong maliwanag na umagang iyon. Nang matapos na sila, kinanta nila ang “Adan-on-di-Ahman,” na isang himno na umaasam sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at sa araw na ang kapayapaan ng Sion ay lalaganap sa buong bugbog-sa-digmaang parang ng Missouri at sa buong mundo.

Muling iginulong ni Alpheus ang bato pabalik sa kung saan niya ito natagpuan, iniwan ang pundasyon sa mga kamay ng Panginoon hanggang sa araw na maghahanda siya ng paraan upang makabalik ang mga Banal sa Sion.³²

Kinabukasan, naglakbay ang mga apostol nang tat-lumpu’t dalawang milya para habulin ang huling pamilya na nagsisikap na lisanin ang Missouri. Inaasahan silang umalis papuntang Great Britain sa lalong madaling panahon. Subalit nais muna nilang makasama ang kanilang mga mahal sa buhay sa Illinois at patirahin sila sa bagong lugar ng pagtitipon, saan man ito naroroon.³³

SA MGA PANAHO NG ITO, isang lantsa ang dumaong sa Quincy at ilang paseherong may hindi maaayos na hitsura ang bumaba. Ang isa sa kanila—isang maputla at payat na lalaki—ay nakasuot ng malapad na sumbrero at ng asul na jacket na nakatayo ang kwelyo na nagtatago ng kanyang

hindi naahit na mukha. Ang kanyang lumang pantalon ay nakapasok sa mga sirang bota.³⁴

Pinanood ni Dimick Huntington, isang dating sheriff ng mga Banal sa Far West, ang pag-akyat ng gusgusing dayuhan sa pampang. May ilang bagay na pamilyar sa mukha ng lalaki at ang paraan ng pagdadala nito sa kanyang sarili ay kumuha sa pansin ni Dimick. Pero hindi niya masabi ang dahilan kung bakit hanggang sa mas napagmasdan niya ito.

“Ikaw ba iyan, Brother Joseph?” bulalas niya.

Itinaas ni Joseph ang kanyang mga kamay para patahimikin ang kanyang kaibigan. “Tahimik!” maingat niyang sinabi. “Nasaan ang aking pamilya?”³⁵

Simula noong sila ay tumakas, si Joseph at ang iba pang mga bilanggo ay nakabantay at nag-iingat, sinusundan ang mga daan sa likod ng Missouri patungo sa Ilog Mississippi at sa kalayaang naghihintay sa kanila sa kabilang panig, na hindi maaabot ng mga awtoridad ng Missouri.³⁶

Nabibigla pa rin na makita ang propeta, ipinaliwanag ni Dimick na si Emma at ang mga bata ay nakatira sa layong apat na milya sa labas ng bayan.

“Dalhin mo ako sa aking pamilya sa pinakamabilis na paraan,” sabi ni Joseph.

Naglakbay sina Dimick at Joseph papunta sa tahananang ito sa Cleveland na sinusunod ang mga kalsada sa likod ng bayan para maiwasan ang mga makakakita. Pagdating nila, si Joseph ay bumababa at pumunta sa bahay.

Lumitaw sa pintuan si Emma at agad siyang nakilala. Napatakbo si Emma at sinalubong siya ng yakap pagkalagpas niya ng tarangkahan.³⁷

IKAAPAT NA BAHAGI



Kaganapan ng Panahon

ABRIL 1839–PEBRERO 1846

Ang bahay na ito ay itayo sa aking pangalan, upang aking maihayag ang aking mga ordenansa roon sa aking mga tao; sapagkat minarapat ko na ihayag sa aking simbahan ang mga bagay na pinanatiling nakatago bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, mga bagay na nauukol sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.

Doktrina at mga Tipan 124:40—41



1839-1846



Ilog Des Moines

Ilog Mississippi

• DIXON



TERITORYO NG IOWA



MONTROSE •

•

• NAUVOO



RAMUS •

• CARTHAGE

• WARSAW



ILLINOIS

QUINCY •



Ilog Illinois



SPRINGFIELD •

MISSOURI

Ilog Mississippi





Magtayo ng Isang Lunsod

Sa huling bahagi ng Abril 1839, ilang araw matapos muling makasama ang mga Banal, naglakbay si Joseph pahilaga upang siyasatin ang lupain na nais bilhin ng mga lider ng simbahan sa loob at paligid ng Commerce, isang bayan na limampung milya ang layo mula sa Quincy. Sa unang pagkakataon sa loob ng mahigit anim na buwan, ang propeta ay naglalakbay nang walang kasamang armadong bantay o banta ng karahasan na bumabalot sa kanya. Sa wakas ay kasama na niya ang kanyang mga kaibigan, sa isang estado kung saan ang mga tao ay malugod na tinanggap ang mga Banal at tila iginagalang ang kanilang mga paniniwala.

Habang nasa piitan, sumulat si Joseph sa isang tao na nagbebenta ng lupain sa paligid ng Commerce, nagpapahayag ng interes sa paglipat ng simbahan doon. “Kung walang sinumang nagpapahayag ng partikular na interes

na gawin ang pagbili,” sinabi sa kanya ni Joseph, “aming bibilhin ito sa inyo.”¹

Subalit, matapos ang pagbagsak ng Far West, maraming Banal ang nagdududa sa karunungan sa likod ng pagtitipon sa iisang lugar. Iniisip ni Edward Partridge kung ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang hidwaan at makapagbigay sa mga maralita ay ang magtipon sa mga maliit na komunidad na nakakalat sa buong bansa.² Ngunit alam ni Joseph na hindi binawi ng Panginoon ang Kanyang utos sa mga Banal na magtipon.

Nang dumating sa Commerce, nakita niya ang isang maputik na bahaing kapatagan na dahan-dahang umakyat sa isang mapunong burol kung saan tanaw ang isang malawak na liko sa Ilog Mississippi. May iilang tahanan ang nakatayo sa lugar. Sa kabila ng ilog sa Teritoryo ng Iowa, malapit sa isang bayan na tinatawag na Montrose, nakatayo ang ilang inabandonang kuwartel ng mga sundalo sa mas maraming lupain na maaaring mabili.

Naniwala si Joseph na ang mga Banal ay makapagtatayo ng mauunlad na mga stake ng Sion sa lugar na ito. Ang lupain ay hindi ang pinakamainam sa lahat ng kanyang nakita, ngunit ang Ilog Mississippi ay mapaglalayagan papunta sa dagat, kung kaya’t ang Commerce ay isang magandang lugar para sa pagtitipon ng mga Banal mula sa ibayong dagat at pagtatatag ng mga negosyo. Kakauntirin lang ang nakatira sa lugar.

Gayunpaman, mapanganib na tipunin doon ang mga Banal. Kung lumago ang simbahan, tulad ng inaasam ni Joseph, maaaring matakot ang kanilang mga kapitbahay at kalabanin sila, tulad ng ginawa ng mga tao sa Missouri.

Nanalangin si Joseph. “Panginoon, ano po ang nais Ninyong ipagawa sa akin?”

“Magtayo ng isang lunsod,” sinabi ng Panginoon, “at papuntahin ang aking mga Banal sa lugar na ito.”³

NOONG TAGSIBOL NA IYON, sina Wilford at Phebe Woodruff ay lumipat sa mga kuwartel sa Montrose. Kabilang sa kanilang mga bagong kapitbahay sina Brigham at Mary Ann Young at Orson at Sarah Pratt. Matapos ilipat ang kanilang mga pamilya, nagplano ang tatlong apostol na umalis para sa kanilang mga misyon sa Britain kasama ang iba pa sa korum.⁴

Hindi naglaon ay libu-libong mga Banal ang lumipat sa bagong lugar na pagtitipunan, nagtatayo ng mga tolda o naninirahan sa mga bagon habang sila ay nagtatayo ng mga tahanan, bumibili ng pagkain at damit, at naghahawan ng bukirin sa magkabilang panig ng ilog.⁵

Sa paglago ng bagong pamayanan, ang Labindalawa ay madalas makipagkita kay Joseph, na nangaral nang may bagong sigla habang inihahanda niya ang mga ito para sa kanilang misyon.⁶ Itinuro ng propeta na walang anumang inihayag ang Diyos sa kanya na hindi rin Niya ipapaalam sa Labindalawa. “Maging ang pinakaabang Banal ay malalaman ang lahat ng bagay na kasimbilis ng kaya niya,” sabi ni Joseph.⁷

Tinuruan niya ang mga ito tungkol sa mga unang alituntunin ng ebanghelyo, sa Pagkabuhay na Mag-uli at Paghuhukom, at sa pagtatayo ng Sion. Ginugunita ang pagtataksil ng mga dating apostol, hinimok din niya ang mga

ito na maging matapat. “Tiyakin na hindi ninyo ipagkakanulo ang langit,” sabi niya, “na hindi ninyo ipagkakanulo si Jesucristo, na hindi ninyo ipagkakanulo ang inyong mga kapatid, at hindi ninyo ipagkakanulo ang mga paghahayag ng Diyos.”⁸

Sa panahong ito, nagpakita ng hangarin si Orson Hyde na bumalik sa Korum ng Labindalawa, nahihya na kanyang tinuligsa si Joseph sa Missouri at iniwan ang mga Banal. Natatakot na muli silang ipagkakanulo ni Orson kapag dumating ang susunod na problema, nag-atubili si Sidney Rigdon na ibalik ang kanyang pagiging apostol. Si Joseph, gayunman, ay sinalubong siya pabalik at ipinanumbalik ang kanyang dating lugar niya sa Labindalawa.⁹ Noong Hulyo, nakatakas mula sa bilangguan ng Missouri si Parley Pratt at muling nakasama ang mga apostol.¹⁰

Sa panahong iyon, ang mga kulupon ng mga lamok ay lumipad mula sa mga latian upang magpakabusog sa mga bagong salta, at maraming Banal ang nagkasakit ng nakamamatay na lagnat at matinding pangiginig na dulot ng malarya. Karamihan sa Labindalawa ay masyadong malubha ang sakit para tumuloy sa Britain.¹¹

Noong umaga ng Lunes, Hulyo 22, narinig ni Wilford ang boses ni Joseph sa labas ng kanyang bahay: “Brother Woodruff, sumunod ka sa akin.”

Lumabas si Wilford at nakita si Joseph na nakatayo kasama ang isang grupo ng mga lalaki. Buong umaga ay pinuntahan nila ang bawat bahay, at ang bawat tolda, dinadalaw ang mga maysakit at hinawakan ang kanilang mga kamay at pinapagaling sila. Pagkatapos ng pagbabasbas sa mga Banal sa Commerce, sumakay sila ng bapor

sa kahabaan ng ilog upang pagalingin ang mga Banal sa Montrose.¹²

Sumama si Wilford sa kanila na maglakad sa kahabaan ng liwasang bayan patungo sa bahay ng kaibigan niyang si Elijah Fordham. Lubog ang mga mata ni Elijah at maputla ang kanyang balat. Ang kanyang asawang si Ana ay umiiyak habang inihahanda nito ang kanyang damit pamburolo.¹³

Nilapitan ni Joseph si Elijah at hinawakan ang kanyang kamay. “Brother Fordham,” itinanong niya, “wala ka bang pananampalataya upang gumaling?”

“Palagay ko ay huli na ang lahat,” sabi niya.

“Hindi ka ba naniniwala na si Jesus ang Cristo?”

“Naniniwala ako, Brother Joseph.”

“Elijah,” paghahayag ng propeta, “inuutusan kita, sa pangalan ni Jesus ng Nazaret, na bumangon at ikaw ay gagaling.”

Tila niyugyog ng mga salita ang bahay. Bumangon si Elijah mula sa pagkakahiga na may mukhang namumula ang kulay. Nagbihis siya, humingi ng makakain, at sinundan ni Joseph sa labas upang tumulong na maglingkod sa marami pang iba.¹⁴

Kalaunan nang gabing iyon, nagulat si Phebe Woodruff nang bisitahin niya sina Elijah at si Anna. Ilang oras lamang ang nakalipas, halos sinukuan na ni Anna ang lkanyang asawa. Ngayon ay sinabi ni Elijah na sapat ang lakas na nadarama niya upang magtrabaho sa kanyang halamanan. Walang duda si Phebe na ang kanyang paggaling ay gawa ng Diyos.¹⁵

ANG MGA PAGSISIKAP NI Joseph na basbasan at pagalingin ang mga maysakit ay hindi nagawang tapusin ang pagkalat ng sakit sa Commerce at Montrose, at ang ilan sa mga Banal ay pumanaw. Habang dumarami ang mga taong namamatay, nag-alala ang labingwalong taong gulang na si Zina Huntington na baka ang kanyang ina ay pumanaw rin bunsod ng sakit.

Araw-araw inaalagaan ni Zina ang kanyang ina, umaasas sa kanyang ama at mga kapatid na lalaki para sa suporta, ngunit hindi nagtagal ang buong pamilya na rin ay may sakit. Paminsan-minsan ay dinadalaw sila ni Joseph, tintingnan kung ano ang magagawa niya para tulungan ang pamilya o gawing mas komportable ang ina ni Zina.

Isang araw, tinawag si Zina ng kanyang ina. “Dumating na ang oras ng aking pagpanaw,” mahina nitong sinabi. “Hindi ako natatakot.” Nagpatotoo siya kay Zina sa Pagkabuhay na Mag-uli. “Ako ay matagumpay na babangon kasama ang mga matwid kapag dumating ang Tagapagligtas upang salubungin ang mga Banal sa mundo.”

Nang namatay ang kanyang ina, napuno ng hapis si Zina. Batid ang pagdurusa ng pamilya, nagpatuloy si Joseph sa pag-aalaga sa kanila.¹⁶

Sa isa sa mga pagbisita ni Joseph, tinanong siya ni Zina, “Makikilala ko ba ang aking ina bilang ina ko pagdating ko sa kabilang buhay?”

“Higit pa riyán,” sabi ni Joseph, “makikilala mo at magiging pamilyar ka sa iyong walang hanggang Ina, ang asawa ng iyong Ama sa Langit.”

“Mayroon akong isang Ina sa Langit?” tanong ni Zina.

“Tiyak na mayroon ka,” sabi ni Joseph. “Paano Niya magagawang kunin ang titulo ng pagiging Ama kung wala namang Ina na makikibahagi ng pagiging magulang na iyon?”¹⁷

SA UNANG BAHAGI NG Agosto, naglakbay si Wilford kasama si John Taylor patungong England, ang una sa mga apostol na umalis para sa bagong misyon. Noong panahong iyon, nagdadalantao si Phebe sa isa pang anak, at ang asawa ni John na si Leonora, at ang tatlo nilang anak ay may lagnat.¹⁸

Sina Parley at Orson Pratt ay ang mga sumunod na apostol na umalis, bagama’t sina Orson at Sarah ay nagdadalamhati pa rin para sa kanilang anak na si Lydia, na labing-isang araw pa lamang mula nang pumanaw. Si Mary Ann Pratt, ang asawa ni Parley, ay sasama sa mga apostol sa misyon, at umalis siyang kasama nila. Si George A. Smith, ang pinakabatang apostol, ay maysakit pa rin nang sinimulan niya ang kanyang misyon, pinagpapaliban ang pagpapakasal sa kanyang nobyang si Bathsheba Bigler.¹⁹

Nagpaalam si Mary Ann Young kay Brigham sa kalagitnaan ng Setyembre. Siya’y may sakit na muli, ngunit determinado siyang gawin ang hinihingi sa kanya. Si Mary Ann ay may sakit din at may kaunti lamang na pera para suportahan ang kanilang limang anak habang wala si Brigham, ngunit nais niyang gampanan nito ang kanyang tungkulin.

“Humayo at isakatuparan ang iyong misyon, at pagpapalain ka ng Panginoon,” sabi niya. “Gagawin ko ang makakaya ko para sa aking sarili at sa ating mga anak.”²⁰

Ilang araw matapos umalis ni Brigham, nalaman ni Mary Ann na umabot lamang ito sa tahanan ng mga Kimball, sa kabilang pampang ng Mississippi, bago bumagsak ang pangangatawan bunsod ng pagkahapo. Agad siyang nakatawid sa ilog upang alagaan ito hanggang sa maging sapat ang lakas nito upang umalis.²¹

Sa tahanan ng mga Kimball, natagpuan ni Mary Ann si Vilate na nakaratay sa kama kasama ang dalawa sa kanyang mga anak, at walang sinumang naiwan maliban sa kanilang apat na taong gulang na anak na lalaki para mag-igib ng mga mabibigat na tapayan sa balon. Malubha rin ang sakit ni Heber para tumayo, subalit desidido siya na umalis kasama si Brigham kinabukasan.

Inalagaan ni Mary Ann si Brigham hanggang sa dumating ang isang bagon kinabukasan ng umaga. Nang tumayo si Heber para umalis, mukha siyang nababalisa. Niyakap niya si Vilate, na nakahiga sa kama at nanginginig dahil sa lagnat, pagkatapos ay nagpaalam sa kanyang mga anak at pasuray-suray na sumakay sa bagon.

Hindi nagawa ni Brigham na magmukhang malusog noong nagpaalam siya kay Mary Ann at sa kanyang kapatid na si Fanny, na hinimok siyang manatili hanggang sa siya ay gumaling.

“Napakaganda ng pakiramdam ko,” sabi niya.

“Nagsisinungaling ka,” sabi ni Fanny.

Hirap na sumakay si Brigham sa bagon at umupo sa tabi ni Heber. Habang bumababa ng burol ang bagon, lubhang mabigat ang loob ni Heber na lisanin ang kanyang pamilya habang sila ay may malubhang sakit. Bumaling siya sa mga nagpapatakbo ng bagon at sinabihan itong tumigil.

“Napakahirap nito,” sabi niya kay Brigham. “Tayo’y tumayo at aliwin sila.”

Sa bahay, isang ingay sa labas ang nagpatayo kay Vilate mula sa kama dahil sa gulat. Pasuray-suray na nagpunta sa pintuan, sumama siya kina Mary Ann at Fanny, na may tinatanaw na kung ano sa hindi kalayuan. Tumingin din si Vilate, at nagkaroon ng ngiti sa kanyang mukha.

Ito ay sina Brigham at Heber, nakatayo sa likod ng bagon at nakasandal sa isa’t isa para sa suporta. “Mabuhay! Mabuhay!” ang sigaw ng mga lalaki, iwinawagayway ang kanilang sombrero sa hangin. “Mabuhay ang Israel!”

“Paalam!” sigaw ng mga babae. “Pagpalain kayo ng Diyos!”²²

HABANG PAALIS NA ANG mga Apostol patungo sa Britain, ang mga Banal sa Illinois at Iowa ay bumubuo ng mga paha-yag na nagdedetalye ng malupit na pakikitungo sa kanila sa Missouri, tulad ng iniatas sa kanila noon ni Joseph noong nasa piitan pa siya. Pagsapit ng taglagas, ang mga lider ng simbahan ay nakakolekta ng daan-daang mga tala tungkol sa mga kalupitang ito at naghanda ng pormal na petisyon. Sa kabuuan, humingi ang mga Banal ng mahigit sa dalawang milyong dolyar bilang kabayaran para sa nawalang tahanan, lupain, mga alagang hayop, at iba pang ari-arian. Binalak ni Joseph na dalhin nang personal ang mga salaysay na ito sa pangulo ng Estados Unidos at sa Kongreso.

Itinuturing ni Joseph si Pangulong Martin Van Buren na isang marangal na estadista—isang taong isinusulong ang mga karapatan ng mga mamamayan. Umasa si Joseph

na babasahin ng pangulo at ibang mga mambabatas sa Washington, DC, ang tungkol sa mga pagdurusa ng mga Banal at sasang-ayon ang mga ito na bayaran sila sa mga lupain at ari-ariang nawala sa kanila sa Missouri.²³

Noong Nobyembre 29, 1839, matapos maglakbay ng halos isang libong milya ang layo mula sa kanyang tahanan sa Illinois, dumating si Joseph sa harap ng pintuan ng presidential mansion sa Washington. Kasama niya ang kanyang kaibigan at legal na tagapayo na si Elias Higbee, at si John Reynolds na isang kongresista mula sa Illinois.²⁴

Isang portero ang bumati sa kanila sa pintuan at sinenyasan silang pumasok sa loob. Kamakailan lamang nilagyan ng mga bagong dekorasyon ang mansyon, at namangha sina Joseph at Elias sa karingalan ng mga silid nito, na napakalaki ng pinagkaiba sa pagiray-giray na mga tirahan ng mga Banal sa Kanluran.

Inakay sila ng kanilang gabay na umakyat sa isang silid kung saan nakikipag-usap si Pangulong Van Buren sa mga bisita. Habang naghihintay sila sa labas ng pintuan, hawak ang petisyon at maraming liham ng pagpapakilala, hiniling ni Joseph kay Congressman Reynolds na ipakilala lamang siya bilang isang “Banal sa mga Huling Araw.” Tila nagulat ang kongresista at natawa sa kahilingan, ngunit pumayag siyang gawin ang gusto ni Joseph. Bagama’t hindi nasasabik na tulungan ang mga Banal, alam ni Congressman Reynolds na ang kanilang malaking bilang ay maaaring makaimpluwensya sa pulitika sa Illinois.²⁵

Hindi inaasahan ni Joseph na makakatagpo nila ang pangulo sa kabila ng pagiging maliit ng kanilang delegasyon. Nang kanyang nilisan ang Illinois noong Oktubre, ang

plano niya ay hayaan si Sidney Rigdon na mamuno sa mga pulong na ito. Subalit sobrang malubha ang sakit ni Sidney noong siya ay maglakbay at tumigil ito habang nasa daan.²⁶

Sa wakas ay bumukas ang mga pintuan sa sala ng pangulo, at pumasok ang tatlong lalaki sa silid. Tulad ni Joseph, si Martin Van Buren ay anak ng isang magsasaka sa New York, ngunit siya ay higit na mas matandang lalaki, maliit at pongkok, maputi ang balat at may mga putting buhok na sa palibot ng kanyang mukha.

Tulad ng ipinangako, ipinakilala ni Congressman Reynolds si Joseph bilang isang Banal sa mga Huling Araw. Ngumiti ang pangulo sa kakaibang titulo at kinamayan ang propeta.²⁷

Matapos batiin ang pangulo, iniabot ni Joseph sa kanya ang mga liham ng pagpapakilala at naghintay. Binasa ni Van Buren ang mga ito at sumimangot. “Tulongan ka?” pasuplado niyang sinabi. “Ano ang maitutulong ko sa iyo?”²⁸

Hindi alam ni Joseph ang sasabihin.²⁹ Hindi niya inakala na basta na lamang sila tatanggihan ng pangulo. Hini-kayat niya at ni Elias ang pangulo na basahin man lang ang tungkol sa pagdurusa ng mga Banal bago magpasyang tanggihan ang kanilang mga kahilingan.

“Wala akong magagawa para sa inyo, mga ginoo,” igi-niit ng pangulo. “Kung ako ay kakampi sa inyo, lalaban ko ang buong estado ng Missouri, at ang estadong iyon ay lalaban sa akin sa susunod na halalan.”³⁰

Dismayado, nilisan nina Joseph at Elias ang mansyon at ibinigay ang kanilang petisyon sa Kongreso, batid na ilang linggo ang lilipas bago ito marepaso at matalakay ng mga mambabatas.³¹

Habang naghihintay sila, nagpasiya si Joseph na dalawin ang mga branch ng simbahan sa silangan. Mangangaral din siya sa Washington at sa mga karatig na bayan at lunsod.³²

DUMATING SA LIVERPOOL, ENGLAND, sina Wilford Woodruff at John Taylor noong Enero 11, 1840. Iyon ang unang paglalakbay ni Wilford patungong England, ngunit si John ay kapiling muli ang kanyang pamilya at mga kaibigan. Matapos kunin ang kanilang mga bagahe, nagpunta sila sa tahanan ng bayaw ni John na si George Cannon. Si George at ang kanyang asawang si Ann ay nagulat nang nakita ang mga ito at inanyayahan sila sa hapunan.

May limang anak ang mga Cannon. Ang kanilang panganay, si George, ay isang matalinong labintatlong taong gulang na bata na mahilig sa pagbabasa. Matapos ang hapunan, binigyan nina Wilford at John ang pamilya ng Aklat ni Mormon at *A Voice of Warning [Isang Tinig ng Babala]*, isang polyeto ng mga missionary na kasing haba ng isang aklat na inilathala ni Parley Pratt sa Lunsod ng New York ilang taon na ang nakararaan. Itinuro ni John sa pamilya ang mga unang alituntunin ng ebanghelyo at inanyayahan silang basahin ang mga aklat.³³

Pumayag ang mga Cannon na ingatan ang mga bagahe ng mga missionary nang sumakay sina Wilford at John ng tren papuntang Preston para kausapin sina Joseph Fielding at Willard Richards.³⁴ Kapwa nagpakasal sa mga Banal na Briton sina Joseph at Willard mula nang umalis sa misyon sina Heber Kimball at Orson Hyde noong nakaraang taon.

Tulad ng hula ni Heber, pinakasalan ni Willard si Jennetta Richards.

Pagkatapos ng pulong sa Preston, bumalik si John sa Liverpool habang si Wilford naman ay nagpunta sa timog-silangan sa industriyal na rehiyon ng Staffordshire, kung saan ay agad siyang nakapagtatag ng isang branch. Isang gabi, habang nakikipagpulong sa mga Banal doon, nadama ni Wilford na nanahan ang Espiritu sa kanya. “Ito ang huling pulong na gagawin mo sa mga taong ito sa loob ng maraming araw,” sinabi ng Panginoon sa kanya.

Ikinagulat ni Wilford ang mensahe. Kasisimula pa lamang ng gawain sa Staffordshire, at marami siyang nakatak dang pangangaral sa lugar na iyon. Ngunit kinaumagahan ay nanalangin siya para sa karagdagang gabay, at ang Espiritu ay pumukaw sa kanya upang pumunta pang lalo patimog, kung saan ay maraming kaluluwa ang naghihintay sa salita ng Diyos.

Kinabukasan ay umalis siyang kasama si William Benbow, isa sa mga Banal sa Staffordshire, at naglakbay papuntang timog sa sakahan nina John at Jane Benbow, ang kapatid at hipag ni William.³⁵ Pag-aari nina John at Jane ang isang maluwang na bahay na gawa sa puting laryo sa isang umuunlad na bukiring tatlong daang acre ang sukat. Pagdating nina Wilford at William, nanatili silang gising kasama ng mga Benbow hanggang alas-dos ng umaga na tinatalakay ang tungkol sa Panunumbalik.

Nakabuo ng magandang buhay para sa kanilang sarili ang mag-asawa, ngunit sila ay may espirituwal na kakulangan. Kamakailan lamang, sumama sila sa iba na tumiwalag sa kanilang simbahan upang hanapin ang tunay

na ebanghelyo ni Jesucristo. Tinatawag ang kanilang sarili bilang United Brethren, nagtayo ang grupo ng mga kapilya sa Gadfield Elm, ilang milya sa timog ng sakahan ng mga Benbow, at sa iba pang mga lugar. Pumili sila ng mga mangangaral mula sa kanilang sariling hanay at humingi ng karagdagang liwanag mula sa Diyos.³⁶

Habang nakikinig sina John at Jane kay Wilford nang gabing iyon, naniwala sila na sa wakas ay natagpuan na nila ang kabuuan ng ebanghelyo. Kinabukasan, nangaral si Wilford ng isang sermon sa bahay ng mga Benbow sa isang malaking grupo ng mga kapitbahay, at hindi naglaon ay bininyagan niya sina John at Jane sa isang kalapit na danaw.

Sa mga sumunod na linggo, nabinyagan ni Wilford ang mahigit sa isang daan at limampung miyembro ng United Brethren, pati na ang apatnapu't anim na ministro. Sa pagdami ng mga taong gustong magpabinyag, sumulat siya kay Willard Richards upang humingi ng tulong.³⁷

“Ako ay tinatawagan upang magbinyag nang apat o limang beses sa isang araw!” bulalas niya. “Hindi ko kayang isakatuparan nang mag-isa ang gawain!”³⁸

NOONG PEBRERO 5, NARINIG NG animnapu't pitong taong gulang na si Matthew Davis na si Joseph Smith, ang propeta ng mga Mormon, ay nangangaral nang gabing iyon sa Washington. Si Matthew ay isang peryodista sa isang tanyag na pahayagan sa Lunsod ng New York. Alam na ang kanyang asawang si Mary ay mausisa tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw, sabik siya na marinig magsalita ang propeta at iulat ang mga turo nito sa kanyang asawa.

Sa pangangaral, natuklasan ni Matthew na si Joseph ay isang magsasaka na payak ang pananamit na may matikas na pangangatawan, guwapong mukha, at kagalang-galang na tindig. Inihayag ng kanyang pangangaral na hindi siya pormal na nakapag-aral, subalit nakikita ni Matthew na siya ay marunong at maalam. Tila tapat ang propeta, walang bakas ng kawalang delikadesa o panatismo sa kanyang tinig.

“Isasaad ko sa inyo ang aming mga paniniwala, hangga’t ipapahintulot ng oras,” pagsisimula ni Joseph sa kanyang pangangaral. Nagpatotoo siya tungkol sa Diyos at sa Kanyang mga katangian. “Naghahari Siya sa lahat ng bagay sa langit at sa lupa,” paghahayag niya. “Inorden Niya bago pa sa buhay na ito ang pagkahulog ng tao, subalit dahil Siya ay napakamaawain, inorden Niya sa panahon ding iyon ang plano ng pagtubos para sa buong sangkatauhan.”

“Naniniwala ako sa kabanalan ni Jesucristo,” pagpapatuloy niya, “at Siya ay namatay para sa mga kasalanan ng lahat ng tao, na nahulog dahil kay Adan.” Sinabi niya na lahat ng tao ay isinilang na dalisay at malinis at ang lahat ng batang namatay sa murang edad ay pupunta sa langit, dahil hindi nila nakikilala ang mabuti mula sa masama at walang kakayahang magkasala.

Nakinig si Matthew na humahanga sa kanyang narinig. Itinuro ni Joseph na ang Diyos ay walang hanggan, walang simula o katapusan, tulad ng sa kaluluwa ng bawat lalaki at babae. Itinala ni Matthew na kakaunti lamang sa mga gantimpala o parusa sa kabilang buhay ang sinabi ng propeta maliban na siya ay naniniwala na ang kaparusahan ng Diyos ay magkakaroon ng simula at ng wakas.

Makalipas ang dalawang oras, tinapos ng propeta ang kanyang pangangaral sa kanyang patotoo tungkol sa Aklat ni Mormon. Ipinahayag niya na hindi siya ang may-akda ng aklat kundi natanggap niya ang mga ito mula sa Diyos, na direktang mula sa Langit.

Pinagninilayan ang pangangaral, natanto ni Matthew na wala siyang narinig noong gabing iyon na makapipinsala sa lipunan. “Naroon sa kanyang mga tuntunin, kung susundin ang mga ito,” sabi ni Matthew sa kanyang asawa noong sumunod na araw sa isang sulat, “ang makapagpapalambot ng kalupitan ng tao sa tao, at maaaring matulungan siyang maging isang makatwirang nilalang.”

Walang balak si Matthew na tanggapin ang mga turo ng propeta, ngunit natuwa siya sa kanyang mensahe ng kapayapaan. “Ito ay walang karahasan, walang galit, walang pagbatikos,” isinulat niya. “Ang kanyang relihiyon ay lumilitaw na relihiyon ng kaamuan, kababaang-loob, at banayad na panghihikayat.”

“Iniba ko na ang aking opinyon tungkol sa mga Mormon,” pagtatapos niya.³⁹

HABANG HINIHINTAY NI JOSEPH ang Kongreso na repasuhin ang petisyon ng mga Banal, nagsimula siyang mainip sa pagkakawalay sa kanyang pamilya. “Mahal kong Emma, ang puso ko ay nasa iyo at sa mga bata,” isinulat niya noong taglamig na iyon. “Sabihin mo sa mga bata na mahal ko sila at uuwi ako sa ating tahanan sa lalong madaling panahon.”⁴⁰

Nang pinakasalan ni Joseph si Emma, naniwala siya na ang pagsasama nila ay magwawakas sa kamatayan.⁴¹

Pero inihayag ng Panginoon sa kanya na ang mga buhay mag-asawa at mag-anak ay maaaring magpatuloy hanggang sa kabilang buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.⁴² Kamakailan lamang, habang bumibisita sa mga branch ng simbahan sa mga estado sa silangan kasama ni Parley Pratt, sinabi ni Joseph sa kanya na ang mga mabubuting Banal ay maaaring magkaroon ng ugnayan sa pamilya magpakailanman, tinutulutan silang lumago at umunlad sa pagmamahal. Kahit gaano kalaking distansya ang naghiwalay sa mga matatapat na pamilya sa lupa, maaari silang magtiwala sa pangako na balang araw ay magkakasama sila sa daigdig na darating.⁴³

Habang naghihintay sa Washington, nagsimula ring mapagod si Joseph sa pakikinig sa mga pulitiko na gumawa ng mga dakilang talumpati na puno ng matatayog na pananalita at mga pangakong walang laman. “Mayroong isang nangangating hangarin na ipakita ang kanilang pagbigkas sa pinakamaliit lamang na mga pagkakataon at napakaraming kabutihang-asal, pagyuko at pagpapalakas sa makapangyarihan, pagbaluktot at pagbaliktad upang ipakita ang kanilang katalasan ng isip,” sinabi niya sa kanyang kapatid na si Hyrum sa isang liham. “Para sa amin, ito ay pagpapakita ng kahangalan at sa halip na pagpapalabas ng kaalaman at kabigatan.”⁴⁴

Matapos ang bigong pulong kay John C. Calhoun, isa sa pinakamaimpluwensyang senador sa bansa, natanoto ni Joseph na nagsasayang siya ng kanyang panahon sa Washington at nagpasya nang umuwi. Lahat ng tao ay nagsasalita tungkol sa kalayaan at katarungan, ngunit tila

walang handang papanagutin ang mga tao sa Missouri para sa kanilang pakikitungo sa mga Banal.⁴⁵

Matapos bumalik ng propeta sa Illinois, patuloy si Elias Higbee sa paghingi ng kabayaran para sa mga nawala sa mga Banal. Noong Marso, nirepaso ng Senado ang petisyon ng mga Banal at pinahintulutan ang mga delegado mula sa Missouri na ipagtanggol ang mga kilos ng kanilang estado. Matapos pag-isipan ang kaso, nagpasiya ang mga mamabatas na walang gawin. Kinilala nila ang paghihirap ng mga Banal ngunit naniwala sila na ang Kongreso ay walang kapangyarihang makialam sa mga kilos ng pamahalaan ng estado. Tanging ang Missouri lamang ang makapagbibigay ng danyos perwisyo sa mga nawala sa mga Banal.⁴⁶

“Ang ating pakay ay natapos dito sa wakas,” buong kabiguan na sumulat si Elias kay Joseph. “Ginawa ko ang lahat ng makakaya ko sa bagay na ito.”⁴⁷



Isang Magandang Lugar

Habang nagpapatuloy ang pagkalat ng malarya sa Commerce sa taong 1840, binisita ni Emily Partridge at ng kanyang kapatid na si Harriet ang mga tolda, bagon, at hindi natapos na mga tahanan ng mga maysakit. Labing-anim na taong gulang ngayon, sanay si Emily sa mahirap na uri ng pamumuhay. Sa loob ng halos isang dekada, ang kanyang pamilya ay itinaboy mula sa isang abang tahanan hanggang sa isa pa, hindi natatamasa ang matatag na buhay sa tahanan na nakagisnan nila sa Ohio.

Dinalaw ng magkapatid ang mga maysakit hanggang sa sila mismo ay nagkaroon ng lagnat at panginginig. Nang matanto na ang buhay ng kanilang mga anak ay nasa panganib, inilipat nina Edward at Lydia Partridge ang mga ito mula sa isang maliit na tolda sa isang maliit na paupahang kuwarto sa isang inabandonang kamalig sa tabi ng ilog. Pagkatapos ay nagsimula si Edward na

magtayo ng bahay para sa kanyang pamilya sa isang lote na isang milya ang layo.

Subalit ang mga pagsubok sa Missouri ay nagpabagsak sa kalusugan ng bishop, at wala siya sa kundisyon upang magtrabaho. Hindi nagtagal ay nagkaroon na rin siya ng lagnat, na kanyang pinagaling ng gamot hanggang sa magkaroon siya ng sapat na lakas upang gawin ang isa o dalawang linggong gawain sa bahay. Nang bumalik ang karamdaman, uminom siya ng mas maraming gamot at bumalik sa trabaho.

Samantala, ang masikip at nakakasakal na silid sa kamalig ay hindi gaanong nakatulong kina Emily, Harriet, o sa kanilang mga kapatid, na kapwa rin nagkasakit. Nana-tiling walang pagbabago ang lagnat ni Emily sa kabuuan ng tagsibol ng 1840, ngunit ang lagnat ni Harriet ay lumala nang lumala. Pumanaw siya sa kalagitnaan ng Mayo sa edad na labing-walo.¹

Halos nadurog sa pighati ang mga Partridge dahil sa kamatayan ni Harriet. Pagkaraan ng libing, sinubukan ni Edward na ilipat ang pamilya sa isang hindi pa natatapos na kuwadra ng baka sa kanilang lote, umaasang makapagbibigay ito ng mas maayos na kanlungan. Ngunit lubha siyang pinagod ng pagsisikap na ito at hinimatay siya. Upang matulongan ang pamilya, pinatira ng mga kapwa Banal na sina William at Jane Law sina Emily at ang kanyang mga kapatid sa kanilang tahanan at inalagaan sila hanggang sa kanilang muling paglusog.

Nalugmok si Edward sa kama nang ilang araw bago siya pumanaw, isang linggo at kalahati pagkamatay ni Harriet. Iniwan ng mga pagpanaw si Emily na puno ng

hapis. Naging malapit siya kay Harriet, at alam niya na isinakripsiyong kanyang ama ang lahat upang tustusan ang kanyang pamilya at ang simbahan—kahit na ang mga nagrereklamong mga Banal, bumabatikos na mga walang pananampalataya, at malulupit na kapitbahay ay ginawang pagal ang kanyang kaluluwa.²

Sa paglipas ng panahon, nakabangon si Emily mula sa nakabalot sa kanyang sakit at kalungkutan, subalit iba na ngayon ang kanyang buhay. Upang matustusan ang kanyang naghihikahos na pamilya, siya at ang kanyang labingsiyam na taong gulang na kapatid na si Eliza, ay kailangang makahanap ng trabaho. May kasanayan si Eliza para makapagtrabaho bilang mananahi, ngunit si Emily ay walang kakayahan. Kaya niyang maghugas ng pinggan, magwalis at magkuskos ng sahig, at gawin ang iba pang mga gawaing-bahay, ngunit gayon rin ang halos lahat ng nasa komunidad.³

Sa kabutihang palad, hindi nakalimutan ng mga Banal kung gaano kalaki ang isinakripsiyong kanyang ama para sa simbahan. “Walang sinuman ang pinagkakatiwalaan ng simbahan nang higit kaysa sa kanya,” ang nakasaad sa obitwaryo para kay Bishop Partridge sa *Times and Seasons*, ang bagong pahayagan ng mga Banal. “Ang kanyang relihiyon ay ang lahat sa kanya; para dito ay ginugol niya ang kanyang buhay, at para dito ay inialay niya ang lahat.”⁴

Upang magbigay-pugay sa kanyang alaala at pangalagaan ang kanyang pamilya, tinapos ng mga Banal ang bahay na sinimulang itayo ng bishop, na siyang nagbigay sa kanyang pamilya ng lugar na matatawag nilang kanila.⁵

SA TAGSIBOL NG 1840, ang bagong lunsod sa may Ilog Mississippi ay mayroong magandang simula. Naghukay ang mga Banal ng mga kanal upang matuyo ang mga latian sa tabi ng ilog at gawing mas angkop tirhan ang lupain. Gumawa sila ng mga daan, naglatag ng mga pundasyon, nagtayo ng mga poste ng mga bahay, nagtanim ng mga halaman, at nag-araro sa mga bukirin. Pagsapit ng Hunyo, halos dalawang daan at limampung mga bagong bahay ang nakatayo bilang katibayan ng kanilang kasipagan.⁶

Dahil hindi nasiyahan sa pangalan na Commerce, muling pinangalanan ni Joseph ang lugar bilang Nauvoo pagkarating na pagkarating niya. “Ang pangalan ng ating lunsod,” paliwanag niya sa isang pahayag ng Unang Pangu-luhan, “ay nagmumula sa wikang Hebreo at nagpapahiwatig ng isang magandang sitwasyon o lugar, dinadala rin nito ang ideya ng *pagpapahinga*.”⁷ Umaasa si Joseph na ang Nauvoo ay mamumuhay ayon sa kanyang pangalan at bibigyan ang mga Banal ng kapahingahan mula sa mga labanan ng mga nakaraang taon.

Ngunit alam niya na ang kapayapaan at kapahingahan ay hindi madaling darating. Upang maiwasan ang pambabatikos at pang-uusig na naranasan nila sa Ohio at Missouri, kailangan ng mga Banal na pagtibayin ang kanilang samahan at lumikha ng matibay na pakikipagkaibigan sa kanilang mga kapitbahay.⁸

Sa panahong ito, tumanggap si Joseph ng liham mula kay William Phelps, na lumipat sa Ohio matapos talikuran ang simbahan at nagbigay-saksi laban kay Joseph sa isang hukuman sa Missouri. “Alam ko ang sitwasyon ko, alam

mo ito, at alam ito ng Diyos,” pagsulat ni William, “at gusto kong maligtas kung tutulungan ako ng mga kaibigan ko.”⁹

Batid na si William ay isang tapat na tao sa kabila ng kanyang mga kamalian, sumagot si Joseph kalaunan. “Totoong nagdusa kami nang labis dahil sa ginawa mo,” sinabi niya. “Gayunman, nainom na ang saro, nagawa na ang kalooban ng ating Ama, at kami ay buhay pa.” Masa-yang talikuran na ang mga madidilim na araw sa Missouri, pinatawad ni Joseph si William at pinababalik siya upang magtrabaho sa simbahan.

“Halika, mahal kong mga kapatid, dahil lumipas na ang digmaan,” isinulat ni Joseph, “sapagka’t ang magkaibigan noong una ay magkaibigang muli sa wakas.”¹⁰

Nakadama rin si Joseph na bigyan ng agarang espirituwal na patnubay ang mga Banal. Sa piitan ng Liberty, sinabi ng Panginoon na ang kanyang mga araw ay nababatid, at ipinagtapat ni Joseph sa mga kaibigan na sa palagay niya ay hindi siya aabot sa edad na apatnapu. Kailangan niyang ituro sa mga Banal ang iba pang mga inihayag sa kanya ng Diyos bago pa mahuli ang lahat.¹¹

Ang pagtatayo ng lunsod at pamamahala sa mga temporal na pangangailangan ng simbahan, gayunman, ay lubos na kumuha sa panahon ni Joseph. Lagi siyang aktibong nakikibahagi sa gawain ng simbahan, at matagal nang umasa sa mga taong tulad ni Bishop Partridge upang tumulong na dalhin ang mga pasanin. Ngayong wala na si Edward, nagsimulang umasa si Joseph kina Bishop Newel Whitney at sa mga karagdagang bishop na tinawag sa Nauvoo. Subalit alam niya na kailangan niya ng karagdagang tulong sa paggabay sa temporal na aspeto ng pangangasiwa

sa simbahan nang sa gayon ay makatuon siya sa espiritwal na ministeryo.¹²

Hindi nagtagal, tumanggap si Joseph ng isa pang liham, ngayon naman ay mula sa isang dayuhan na nagngangalang John Cook Bennett. Sinabi ni John na balak niyang lumipat sa Nauvoo, sumapi sa simbahan, at ialok ang kanyang paglilingkod sa mga Banal. Isa siyang doktor at isang mataas na pinunong opisyal sa milisya ng estado ng Illinois na naging isa ring pastor at propesor. “Naniniwala ako na ako ay magiging mas masaya sa piling ninyo,” sabi niya. “Ako ay inyong sulatan agad.”¹³

Sa mga sumunod na araw, tumanggap si Joseph ng dalawa pang liham mula kay John. “Maaasahan ninyo ako,” pangako ni John. “Umaasa ako na darating agad ang panahon kung saan ang inyong mga tao ay magiging aking mga tao at ang iyong Diyos ay aking Diyos.” Sinabi niya kay Joseph na ang kanyang kasanayan sa pagsasalita sa publiko at walang-kapagurang sigla ay magiging napakahalaga sa mga Banal.¹⁴

“Ang kasabikan ko na makasama kayo ay lumalakas sa bawat araw,” iginiit niya, “at agad kong tatapusin ang mga gawain ko bilang propesyonal at tutuloy sa iyong napakali-gayang tirahan, kung sa palagay mong pinakamainam ito!”¹⁵

Nirepaso ni Joseph ang mga liham, napasigla na ang isang taong may kredensiyal na tulad ni John ay nais na makiisa sa mga Banal. Ang taong may mga kakayahan niya ay talagang makatutulong sa simbahan na patatagin ang sarili nito sa Illinois.

“Kung maaari kang pumunta rito ngayong panahon upang magdusa ng mga paghihirap na kasama ang mga

tao ng Diyos,” isinulat ni Joseph kay John, “walang higit na masisiyahan o bibigyan ka ng mas taos-pusong pagbati kaysa sa akin.”¹⁶

HABANG NABUBUO ANG NAUVOO, nabaling ang pansin ni Joseph sa pagtitipon. Sa England, ang mga apostol ay nagpadala kamakailan ng isang pangkat ng apatnapu’t isang Banal upang tumawid sa karagatan, papunta sa Nauvoo. Inaasahan ni Joseph na salubungin ang mas marami pang mga pangkat sa darating na mga buwan at taon.

“Ito ang pangunahing lugar ng pagtitipon,” ipinahayag niya sa isang pangangaral noong Hulyong iyon. “Kung sinuman ang magnanais, hayaan siyang lumapit at malayang makibahagi sa kahirapan ng Nauvoo!”

Alam niya na ang pagpapaalis mula sa Missouri at ang bigong petisyon sa pamahalaan ay nag-iwan sa maraming tao ng kawalang-katiyakan tungkol sa kinabukasan ng Sion at sa pagtitipon. Nais ni Joseph na maunawaan nila na ang Sion ay higit pa sa isang lote ng lupa sa Jackson County. “Kung saan nagtitipon ang mga Banal ay ang Sion,” kanyang ipinahayag.

Ngayon ay inatasan sila ng Panginoon na magtatag ng mga stake sa Nauvoo at sa mga karatig na lugar. Sa pagdaan ng panahon, habang mas maraming Banal ang nagtipon sa Sion, bubuo ang simbahan ng mga karagdagang stake at pagpapalain ng Panginoon ang lupain.

Bago tapusin ang kanyang pangangaral, inihayag ni Joseph, “Inuubliga ko ang aking sarili na bumuo ng malaking templo na tulad ng ginawa Solomon, kung ako ay

tutulungan ng simbahan.” Iniunat niya ang kanyang kamay at itinuro ang lugar sa mataas na burol kung saan itatayo ng mga Banal ang sagradong gusali. “Kung kalooban ng Diyos na ako ay mabuhay upang mamasdan na kumpleto ang templong iyon,” sinabi niya nang may pananabik, “sasabihin ko, ‘O, Panginoon, ito ay sapat na. Panginoon, hayaan na ang inyong lingkod ay mapayapang yumao.’”¹⁷

Pagkaraan ng ilang linggo, habang ang mataas na temperatura ay nagpatuloy sa Nauvoo at kinitil pa rin ng pagkakasakit ang marami pang buhay, pumanaw ang kaibigan ni Joseph na si Seymour Brunson.¹⁸ Sa libing, naghandog si Joseph ng mga salita ng pag-alo sa balo ni Seymour na si Harriet, at sa libu-libong Banal sa kongregasyon. Habang nagsasalita siya, tumingin siya kay Jane Neyman, na ang anak na tinedyer na si Cyrus ay namatay bago mabinyagan.

Batid na si Jane ay nag-aalala sa kapakanan ng kaluluwa ng kanyang anak, nagpasiya ni Joseph na ibahagi ang itinuro ng Panginoon sa kanya tungkol sa kaligtasan ng mga namatay nang walang binyag, tulad ng kanyang sariling kapatid na si Alvin.¹⁹

Pagbukas ng Biblia, binasa ni Joseph ang mga salita ni Apostol Pablo sa mga taga-Corinto: “Sa ibang paraan, anong gagawin ng mga binabautismuhan dahil sa mga patay, kung ang mga patay ay tunay na hindi muling binubuhay? Bakit nga sila’y binabautismuhan dahil sa kanila?”²⁰ Napansin niya na ang mga salita ni Pablo ay katibayan na ang nabubuhay na tao ay maaaring binyagan alang-alang sa isang namatay na tao, pinapalawak ang mga benepisyo ng binyag para sa mga patay sa katawan ngunit patuloy na nabubuhay ang espiritu.

Sinabi ni Joseph na ang plano ng kaligtasan ng Diyos ay dinisenyo upang sagipin ang lahat ng mga taong handang sumunod sa batas ng Diyos, kabilang na ang maraming tao na namatay na hindi nalalaman ang tungkol kay Jesucristo o ang Kanyang mga turo.²¹

Pagkatapos ng pangangaral, nagpunta si Jane sa ilog kasama ang isang elder ng simbahan at nabinyagan para kay Cyrus. Nang narinig ni Joseph ang tungkol sa binyag kalaunan ng gabing iyon, itinanong niya kung anong mga salita ang ginamit ng elder sa ordenansa. Nang inulit ang mga ito sa kanya, kinumpirma ni Joseph na ginampanan ng elder nang tama ang pagbibinyag.²²

DUMATING SI JOHN BENNETT sa Nauvoo noong Setyembre 1840, at sabik na hiningi ni Joseph ang kanyang payo sa pamamahala sa mga legal at pulitikal na mga alalahanin sa Nauvoo at sa simbahan. Si John ay halos kasing edad ng propeta ngunit higit na may pinag-aralan. Siya ay isang maliit na lalaki na may nagkukulay-abo na maitim na buhok, maitim na mga mata at manipis at magandang mukha. Agad niyang tinanggap ang binyag.²³

Masyadong nag-aalala si Lucy Smith sa kanyang may-sakit na asawa para bigyang-pansin ang popular na bagong dating. Tulad ni Bishop Partridge, nilisan ni Joseph Sr. ang Missouri na mahina ang katawan, at ang masamang tag-init na klima ng Nauvoo ay lalo lamang nagpahina sa kanya. Umaasa si Lucy na kalaunan ay gagaling ito, subalit nang matapos itong sumuka ng dugo isang araw, natakot siya na malapit na ang araw ng kamatayan nito.

Nang nalaman nina Joseph at Hyrum ang tungkol sa lumalalang kalagayan ng kanilang ama, nagmamadali silang nagpunta sa kanyang tabi.²⁴

Nagpadala ng abiso si Lucy sa ibang mga kapamilya habang sinasamahan ni Joseph ang kanyang ama. Sinabi niya sa kanyang ama ang tungkol sa binyag para sa mga patay at ang mga pagpapalang ibinibigay nito sa lahat ng anak ng Diyos. Tuwang-tuwa, nakiusap si Joseph Sr. sa kanya na isagawa ang ordenansa para kay Alvin.

Hindi nagtagal ay naupo si Lucy kasama ang karamihan sa kanyang mga anak sa paligid ng kama ng kanilang ama. Nais ni Joseph Sr. na bigyan ang bawat isa sa kanila ng basbas ng pamamaalam habang may lakas pa siya na magsalita. Nang pagkakataon na ni Joseph, ipinatong ni Joseph Sr. ang kanyang mga kamay sa ulo ng kanyang anak.

“Manatiling matapat at ikaw ay pagpapalain, at pagpapalain ang iyong pamilya at ang iyong mga anak matapos mo,” sabi niya. “Mabubuhay kang matatapos ang iyong gawain.”

“O, Ama,” bulalas ni Joseph, “ako ba?”

“Oo, magagawa mo,” sinabi ng patriyarka, “at ilalahad mo ang plano para sa lahat ng mga gawain na ipinagagawa ng Diyos sa iyong kamay.”

Nang matapos basbasan ni Joseph Sr. ang kanyang mga anak, bumaling siya kay Lucy. “Ina,” sabi niya, “ikaw ay isa sa mga pinakamahalagang babae sa mundo.”

Tumutol si Lucy, ngunit nagpatuloy ang kanyang asawa. “Madalas nating hinihiling na pumanaw tayo nang sabay,” sabi niya, “ngunit hindi mo dapat naising mamatay

sa pagpanaw ko, sapagkat kailangan mong manatili para aluin ang mga bata kapag wala na ako.”

Matapos tumigil sandali, bumulalas si Joseph Sr., “Naki-kita ko na si Alvin.” Pagkatapos ay itiniklop niya nang magkasama ang kanyang mga kamay at nagsimulang huminga nang mabagal, hanggang sa ang kanyang hininga ay naging paikli nang paikli, at tahimik siyang pumanaw.²⁵

ILANG LINGGO MATAPOS ANG kamatayan ni Joseph Sr., nagtipon ang mga Banal sa Nauvoo para sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1840. Itinuro pa sa kanila ni Joseph ang iba pang tungkol sa binyag para sa mga patay, ipinapaliwanag na ang mga espiritu ng mga patay ay naghihintay sa kanilang mga kaanak na buhay na tanggapin ang nakapagliligtas na ordenansa para sa kanilang kapakanan.²⁶

Sa pagitan ng mga sesyon ng kumperensya, nagma-madaling tumungo sa Ilog Mississippi ang mga Banal, kung saan maraming mga elder ang nakatayo sa tubig na hanggang baywang, inaanyayahan silang magpabinyag para sa kanilang mga yumaong lolo't lola, mga ama, ina, kapatid at mga anak. Maya-maya pa, bininyagan si Hyrum para sa kanyang kapatid na si Alvin.²⁷

Habang pinagmamasdan ni Vilate Kimball ang mga elder sa ilog, inasam niya na mabinyagan para sa kanyang ina, na pumanaw mahigit isang dekada na ang nakararaan. Ninais niya na sana ay nakabalik na mula sa England si Heber upang gawin ang ordenansa, ngunit dahil hinikayat ni Joseph ang mga Banal na tubusin ang mga patay sa lalong

madaling panahon, nagpasiya siyang kaagad magpabinyag para sa kanyang ina.²⁸

Ang isip ni Emma Smith ay naroon din sa kanyang pamilya. Ang kanyang amang si Isaac Hale ay pumanaw noong Enero 1839. Hindi ito nakipag-ayos sa kanya at kay Joseph. Ilang taon bago siya namatay, pinahintulutan pa niya ang mga kritiko ng simbahan na maglathala ng isang liham na kanyang isinulat na kinukundena si Joseph at tinawag ang Aklat ni Mormon bilang “hangal na katha ng mga kamalian at kasamaan.”²⁹

Gayunpaman, minahal ni Emma ang kanyang ama at nabinyagan para sa kanya sa ilog.³⁰ Hindi niya tinanggap ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa buhay na ito, ngunit inaasahan niya na ito ay hindi magiging gayon magpakailanman.

NOONG TAGLAGAS NA IYON, nagbalangkas sina Joseph at John Bennett ng isang charter ng mga batas para sa Nauvoo. Layon ng dokumento na magbigay ng mas maraming kala-yaan hangga’t maaari para pamahalaan ang kanilang sarili at protektahan sila mula sa mga uri ng kawalang-katarungan na nagpahirap sa kanila sa Missouri. Kung aaprubahan ng lehislatura ng estado ang charter, ang mga mamamayan ng Nauvoo ay maaaring magpasa ng sarili nilang batas para sa lunsod, mamahala ng mga lokal na hukuman, magtatag ng isang unibersidad at mag-organisa ng milisya.³¹

Patuloy na lumago rin ang mga plano ni Joseph para sa simbahan. Inaasahang mas maraming Banal na magtitipon, itinatag ng propeta ang maraming stake sa mga bagong

pamayanang malapit sa Nauvoo. Hinirang din niya sina Orson Hyde at John Page na humayo sa isang misyon sa Palestine, kung saan kanilang ilalaan ang Jerusalem para sa pagtitipon ng mga anak ni Abraham. Para makarating doon, kailangang tawirin ng mga apostol ang Europa, na nagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon na ipangaral ang ebanghelyo sa marami sa mga lunsod nito.³²

“Maaaring malapit na nating asahan ang pagtitipun-tipon sa lugar na ito ng mga tao sa bawat lupain at sa bawat bansa,” pahayag ni Joseph at ng Unang Panguluhan, “ang mga tao ng lahat ng wika at ng bawat lengguwahe at ng bawat kulay, na sasama sa ating sumamba sa Panginoon ng mga Hukbo sa Kanyang banal na templo.”³³

Noong unang bahagi ng Disyembre, matagumpay na nailakad ni John Bennett sa lehislatura ng estado ng Illinois na pahintulutan ang charter ng Nauvoo, na siyang nagkaloob sa mga Banal ng kapangyarihan na maisakatuparan ang kanilang mga plano para sa lunsod. Nang matagumpay na bumalik si John sa Nauvoo, pinuri siya ni Joseph sa lahat ng pagkakataon.³⁴

Makaraan ang halos isang buwan, noong Enero 19, 1841, pinagpala ng Panginoon ang mga Banal ng isang bagong paghahayag. Tiniyak Niya sa kanila na Kanyang tinanggap sina Edward Partridge at Joseph Smith Sr. sa kanyang pangangalaga, kasama si David Patten, na napatay sa labanan sa Ilog Crooked. Tinawag si Hyrum Smith upang punan ang lugar ng kanyang ama bilang patriyarka ng simbahan at hinirang din siya upang maglingkod bilang isang propeta, tagakita, at tagapaghayag kasama ni Joseph,

pinupunan ang papel na dating taglay ni Oliver Cowdery sa simbahan.³⁵

Bukod pa rito, inutusan ng Panginoon si John Bennett na panigan si Joseph at patuloy na makipag-usap sa mga nasa labas ng simbahan upang maging kinatawan ng mga Banal, ipinapangako sa kanya ang mga pagpapala kung siya ay gagawa ng mabubuting gawain. “Ang kanyang gantimpala ay hindi mawawala kung siya ay tatanggap ng payo,” sabi ng Panginoon. “Aking nakita ang gawa na kanyang ginawa, na aking tinatanggap kung kanyang ipagpapatuloy.”³⁶

Tinanggap din ng Panginoon ang mga nakaraang pagsisikap ng mga Banal upang itatag ang Sion sa Jackson County, ngunit iniutos Niya sa kanila ngayon na itatag ang Nauvoo, magtatag ng iba pang mga stake at magtayo ng isang hotel na tatawaging Nauvoo House, na siyang magbibigay sa mga bisita ng lugar upang magpahinga at pagnilayan ang mga salita ng Diyos at ang kaluwalhatian ng Sion.³⁷

Higit sa lahat, inutusan ng Panginoon ang mga Banal na magtayo ng bagong templo. “Ang bahay na ito ay itayo sa aking pangalan,” Kanyang ipinahayag, “upang aking maihayag ang aking mga ordenansa roon sa aking mga tao.”³⁸

Ang binyag para sa mga patay ay isa sa mga ordenansang ito. Sa ngayon ay pinahintulutan ng Panginoon ang mga Banal na isagawa ang mga pagbibinyag sa Ilog Mississippi, ngunit ngayon ay inutusan Niya silang itigil ang ordenansa hanggang makapaglaan sila ng espesyal na lugar na pinagbibinyagan sa templo. “Ang ordenansang ito,” pahayag niya, “ay nabibilang sa aking bahay.”³⁹

Ang iba pang mga ordenansa sa templo at nakasisiglang mga bagong katotohanang ay darating kalaunan. “Sapagkat minarapat ko na ihayag sa aking simbahan ang mga bagay na pinanatiling nakatago bago pa ang pagkakatatag ng daigdig, mga bagay na nauukol sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon,” ipinangako ng Panginoon. “At ipakikita ko sa aking tagapaglingkod na si Joseph ang lahat ng bagay na nauukol sa bahay na ito, at ang pagkasaserdote nito.”⁴⁰

Ipinapangako na gagantimpalaan ang kanilang pag-sisikap at pagiging masunurin, hinikayat ng Panginoon ang mga Banal na magtrabaho sa templo gamit ang lahat ng kanilang lakas. “Magtayo ng bahay sa aking pangalan, maging sa lugar na ito, upang inyong mapatunayan ang inyong sarili sa akin na kayo ay matapat sa lahat ng bagay,” Kanyang iniutos, “na ako nawa’y pagpalain kayo, at putungan kayo ng karangalan, imortalidad, at buhay na walang hanggan.”⁴¹

Sa pagdating ng bagong taon, mukhang maliwanag ang hinaharap para sa mga Banal. Noong Pebrero 1, 1841, inihalal nila si John Bennett bilang alkalde ng Nauvoo, na naglagay rin sa kanya bilang punong mahistrado ng hukuman ng lunsod. Siya rin ang naging chancellor ng bagong unibersidad, pangunahing heneral ng milisya, at isang katuwang na tagapayo sa Unang Panguluhan.⁴² May tiwala si Joseph at ang iba pang mga lider ng simbahan sa kanyang kakayahan na pamunuan ang bayan at gawin itong dakila.

Habang lumalawak ang awtoridad at mga responsibilidad ni John, hindi maipagkakaila ni Emma na ang naitulong niya sa mga Banal ay napakalaki. Subalit hindi

siya nakibahagi sa pagmamahal ng mga Banal para sa kanya. Naisip niya na ipinarada ni John ang sarili nito sa bayan tulad ng isang hambog na heneral, at kung hindi siya nagpapakitang-gilas kay Joseph, tila sarili lamang ang iniisip nito at walang kunsiderasyon sa ibang tao.

Sa lahat ng kanyang mga talento at maitutulong, mayroong tungkol kay John Bennett na nakababahala para sa kanya.⁴³



Hikayatin Sila na Magtipon

Noong tagsibol ng 1841, tiningnan ni Mary Ann Davis sa huling pagkakataon ang mukha ng kanyang asawa bago isinara ang takip sa kabaong nito at binuhat ng mga kaibigan nito ang kanyang mga labi at dinala ito sa isang tahimik na sulok ng isang sementeryo sa bakuran ng simbahan sa Tirley, England. Si John Davis ay nasa kanyang kalakasan, dalawampu't limang taong gulang lamang, noong siya ay namatay. Habang pinagmamasdan ni Mary ang mga lalaki na dinadala palayo ang kabaong nito, bigla niyang nadama na mag-isa siya, nakatayong suot ang kanyang itim na damit pandalamhati sa isang nayon kung saan siya na lamang ang tanging Banal sa mga Huling Araw.

Namatay si John dahil sa kanyang mga paniniwala. Nagpunta sila ni Mary sa isang pulong ng mga Banal noong nakaraang taon, hindi katagalan matapos binyagan ni Wilford Woodruff ang daan-daang mga United Brethren sa

kalapit na Herefordshire. Sila ni John ay hindi sumamba kasama ang United Brethren, ngunit mabilis na kumalat sa lugar ang ipinanumbalik na ebanghelyo, inaakit ang pansin ng maraming tao.¹

Binuksan nina Mary at John ang kanilang tahanan sa mga missionary na umaasang makapagtatag ng isang kongregasyon sa lugar. Lumaki nang lumaki ang British mission, at pagkatapos lamang ng apat na taon, mayroon nang mahigit anim na libong mga Banal sa England at Scotland.² Maging sa London, kung saan ang mga mangangaral sa kalye mula sa maraming simbahan ay matinding nagpagalingan para sa mga kaluluwa, ay nagtatag ang mga missionary ng branch na may mga apatnapung Banal, na pinamumunuan ng isang batang Amerikanong elder na si Lorenzo Snow.³

Nanatiling malakas pa rin ang oposisyon sa buong bansa. Nagkalat sa mga daan sa karamihan sa mga lunsod ang mga mumurahing polyeto, na nagpapahayag ng lahat ng uri ng mga ideyang panrelihiyon.⁴ Ang ilan ay ang muling paglilimbag ng mga polyetong mula sa Estados Unidos na laban sa mga Mormon at nagbabala sa mga mambabasa laban sa mga Banal sa mga Huling Araw.⁵

Umaasa na maitama ang mga maling ulat, nagsimulang magsulat si Parley Pratt ng sarili niyang mga polyeto at naging patnugot ng isang buwanang pahayagan, ang *Latter-day Saints' Millennial Star*, na naglimbag ng mga balita mula sa mga Banal sa Nauvoo at sa lahat ng dako ng Britain. Inasikaso rin ni Brigham Young na magkaroon ng isang himnaryo at inilimbag ang Aklat ni Mormon para sa mga Banal na British.⁶

Sa Tirley, humarap sina Mary at John sa pagkapoot sa oras na nagsimulang mangaral ang mga missionary sa kanilang tahanan. Madalas na ginugulo at binubuwag ng mga magagaspang na tao ang mga pulong at pinatatakpong palabas ang mga missionary. Lalo lamang lumala ang mga bagay hanggang sa isang araw, pinatumba si John sa sahig ng mga lalaki at walang awa siyang sinipa. Hindi siya gumaling mula doon. Hindi nagtagal pagkaraan niyon, nakaranas siya ng isang masamang pagkahulog at nagsimulang umubo na may dugo. Sinikap ng mga missionary na bisitahin ang mag-asawa, ngunit patuloy silang tinataboy ng mga malulupit na kapitbahay. Naratay sa kama, patuloy na nanghina si John hanggang sa mamatay siya.

Matapos ang libing, nagpasiya si Mary na sumama sa pagtitipon sa Nauvoo. Ilang mga apostol, kabilang sina Brigham Young at Heber Kimball, ay nagpahayag kamakailan na sila ay uuwi sa tagsibol na iyon at isasama nila ang isang malaking grupo ng mga Banal na British. Balak ni Mary na umalis agad patungo sa Hilagang Amerika kasama ang isang maliit na pangkat ng mga Banal.

Dahil siya lamang ang miyembro ng simabahan sa kanyang pamilya, dinalaw ni Mary ang kanyang mga magulang at kapatid upang magpaalam. Inaasahan niya ang kanyang ama na tumutol, ngunit tinanong lamang siya nito kung kailan siya aalis at sa kung aling barko ang sasakyan niya.

Noong araw na umalis si Mary patungo sa bayang daungan ng Bristol, may sakit siya ng pagdadalamhati. Dinaan ang simbahan kung saan sila ikinasal ni John ilang buwan bago niyon, naisip niya ang lahat ng nangyari sa kanya mula noon.

Ngayon ay isang dalawampu't apat na taong gulang na balo, mag-isa siyang pupunta sa isang bagong lupain, determinadong makiisa sa kapalaran ng mga tao ng Diyos.⁷

DOON SA NAUVOO, ANG patnugot ng pahayagan na si Thomas Sharp ay umupo sa tabi ng Joseph Smith sa isang itinaas na entablado at tinanaw ang isang pulutong ng ilang libong mga Banal. Noon ay Abril 6, 1841, ang ikalabing-isang anibersaryo ng simbahan at unang araw ng pang-kalahatang kumperensya. Isang brass band ang tumugtog habang nag-uusap ang kongregasyon. Sa loob ng ilang sandali, ipagdiriwang ng mga Banal ang mahalagang araw sa pamamagitan ng paglalalatag ng mga pundasyon ng isang bagong templo.

Hindi nabibilang si Thomas sa kanilang simbahan, ngunit ang punong-bayan ng Nauvoo, si John Bennett, ay inanyayahan siyang magpalipas ng araw kasama ng mga Banal.⁸ Hindi mahirap isipin kung bakit. Bilang isang patnugot ng pahayagan, maaaring pagandahin o sirain ni Thomas ang reputasyon gamit ang isang dakot ng mga salita, at dinala siya sa Nauvoo bilang isang potensyal na kaalyado.

Tulad ng mga Banal, bago sa rehiyon si Thomas. Wala pang dalawampu't tatlong taong gulang, nagpunta siya sa kanluran noong nakaraang taon upang maging abogado at naninirahan sa lunsod ng Warsaw, mga isang araw na paglalakbay sa timog ng Nauvoo. Sa loob ng ilang buwan ng kanyang pagdating, siya ay naging patnugot ng tanging pahayagan sa county na hindi Mormon at nagkamit ng reputasyon para sa kanyang mapanghikayat na pagsusulat.⁹

Wala siyang pakialam sa mga turo ng mga Banal at maliit lamang ang paghanga niya sa kanilang katapatan sa kanilang pananampalataya.¹⁰ Subalit hindi niya maikakailang kagila-gilalas ang mga kaganapan noong gabing iyon.

Nagsimula ang araw sa nakabibinging pagpapaputok ng mga kanyon na sinundan ng isang parada ng mga milisya ng lunsod, na tinawag na Nauvoo Legion, na binubuo ng mga 650 kalalakihan. Sina Joseph Smith at John Bennett, na nakasuot ng matingkad na asul na kapote at mga ginintuang dekorasyon para sa balikat ng mga opisyal ng militar, ay pinamunuan ang pagmartsa ng Legion sa bayan at paakyat ng burol hanggang sa bagong-hukay na pundasyon ng templo. Bilang paggalang, ipinuwesto ng mga Banal si Thomas malapit sa unahan ng prusisyon, hindi kalayuan kina Joseph at sa kanyang mga katuwang sa milisya.¹¹

Sinimulan ni Sidney Rigdon ang seremonya para sa batong panulok sa pamamagitan ng isang oras na nakaaantig na talumpati tungkol sa kailan lamang na paghihirap ng mga Banal at sa pagsisikap nilang magtayo ng mga templo. Pagkatapos ng talumpati, tumayo si Joseph at sinabihan ang mga manggagawa na ibaba ang mga naglalakihang bato sa timog-silangang sulok ng pundasyon.

“Ang pangunahing batong panulok, na kumakatawan sa Unang Panguluhan, ay maayos na nailagay ngayon sa karangalan ng dakilang Diyos,” ipinahayag niya, “nang ang mga Banal ay magkaroon ng isang lugar para sambahin ang Diyos, at magkaroon ang Anak ng Tao ng kahihiligan ng Kaniyang ulo.”¹²

Matapos ang banal na pagdiriwang, inanyayahan ni Joseph si Thomas at iba pang mga panauhing pandangal

sa bahay niya para pagsaluhan ang isang pabo sa hapunan. Nais niyang malaman nila na sila ay malugod na tinatanggap sa Nauvoo. Kung hindi sila makikibahagi sa kanyang pananampalataya, umasa siya na tanggapin man lamang nila ang kanyang magiliw na pagtanggap.¹³

NASIYAHAN SI JOSEPH NA malaman na naglimbag si Thomas ng isang napakainam na ulat ng seremonya para sa batong panulok sa kanyang pahayagan kinabukasan. Sa unang pagkakataon mula nang itatag ang simbahan, tila ang mga Banal ay nakatatanggap ng simpatiya mula sa kanilang mga kapitbahay, suporta ng gobyerno, at mga kaibigan na nasa mahahalagang puwesto.¹⁴

Gayunman, tinatanggap man ni Joseph ang panahon ng kabutihan at kapayapaan sa Nauvoo, alam niyang inasahan ng Panginoon na susundin niya ang lahat ng Kanyang mga utos, kahit na ang pagsasagawa ng mga ito ay susubok sa pananampalataya ng mga Banal. At walang kautusan ang mas malaking pagsubok kaysa sa maramihang pag-aasawa.¹⁵

Naunawaan ni Joseph sa pamamagitan ng paghahayag na ang kasal at pamilya ay sentro sa plano ng Diyos. Ipinadala ng Panginoon ang propetang si Elijah sa Kirtland Temple upang ipanumbalik ang mga susi ng priesthood na nagbubuklod sa mga henerasyon na tulad ng mga kawing sa kadena. Sa ilalim ng patnubay ng Panginoon, si Joseph ay nagsimulang magturo sa iba pang mga Banal na ang mga mag-asawa ay maaaring mabuklod sa panahon at kawalanghangan, upang maging tagapagmana sa mga pagpapala ni

Abraham at tuparin ang walang hanggang plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak.¹⁶

Itinuro ng propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon na walang sinuman ang dapat magkaroon “maliban sa ito ay isang asawa,” maliban kung iba ang ipinag-uutos ng Diyos.¹⁷ Tulad ng nakita sa kuwento nina Abraham at Sara, minsan ay inatasan ng Diyos ang mga matatapat na mga tagasunod na makibahagi sa maramihang pag-aasawa bilang paraan para igawad ang mga pagpapala sa mas maraming tao at magbangon ng mga pinagtipanang tao ang Panginoon. Sa kabila ng mga pagsubok na dinala nito, ang kasal ni Abraham sa kanyang pangmaramihang asawa na si Agar ay nagbunga ng isang dakilang bansa. Gayundin ay susubukin ng maramihang pag-aasawa ang mga Banal na ipinamumuhay ito, subalit nangako ang Panginoon na dadakilain sila dahil sa kanilang pagsunod at sakripisyo.¹⁸

Ang mga taon matapos ang pag-alis ni Joseph mula sa Kirtland ay magulo, at hindi pa niya ipinakikilala noon sa mga Banal ang maramihang pag-aasawa. Ngunit ang sitwasyon ay iba sa Nauvoo, kung saan ang mga Banal ay nakatagpo sa wakas ng antas ng kaligtasan at seguridad.

May kumpiyansa rin si Joseph sa konstitusyon ng Estados Unidos, na nagtatanggol sa kalayaan sa relihiyon. Noong unang bahagi ng taong iyon, pinagtibay ng Konseho ng Lunsod ng Nauvoo ang karapatang ito nang ipinasa nito ang isang ordinansa na nagpapahayag na ang lahat ng relihiyon ay pinapayagan na malayang makasamba sa Nauvoo. Ang batas ay may bisa kapwa sa Kristiyano at di-Kristiyano. Kahit walang sinuman sa Nauvoo ang sumusunod sa Islam, maging ang ordinansa ay partikular na pumoprotekta sa

mga Muslim, na minsan ay nagsasabuhay ng poligamyá.¹⁹ Bagama't ang mga pulitiko ay binigo siya sa kabisera ng bansa, naniniwala at nagtitiwala si Joseph sa mga saligang alituntunin ng republika ng Amerika upang ipagtanggol ang kanyang karapatan na mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos.²⁰

Gayunpaman, alam niya na ang pagsasagawa ng maramihang pag-aasawa ay makasisindak sa mga tao, at nanatili siyang atubiling ituro ito nang hayagan. Bagama't madalas na niyayakap ng ibang relihiyon at ng mga komunidad na utopian ang iba't ibang uri ng kasal, palagiang ipinapangaral ng mga Banal ang monogamyá. Karamihan sa mga Banal—tulad ng maraming Amerikano—ay iniuugnay ang poligamyá sa mga lipunan na kanilang itinuturing na hindi kasing sibilisado kumpara sa kanila.

Maging si Joseph mismo ay hindi nag-iwan ng tala ng kanyang sariling pananaw sa maramihang pag-aasawa o ng kanyang pagsisikap na sundin ang kautusan. Wala ring ibinunyag si Emma tungkol sa kung gaano kaaga niya nalaman ang tungkol sa paggawa nito o kung ano ang epekto nito sa kanyang kasal. Ang mga isinulat ng iba na malapit sa kanila, gayunman, ay naglilinaw na ito ay pinagmumulan ng matinding paghihirap para sa kanilang dalawa.

Gayunman ay nakaramdam si Joseph ng agarang pangangailangan na ituro ito sa mga Banal, sa kabila ng mga panganib at sariling pag-aalinlangan. Kung ipakikilala niya ang mga alituntunin nang sarilinan sa matatapat na kalalakihan at kababaihan, makakakuha siya ng malakas na suporta para rito bilang paghahanda para sa panahon na ito ay maaaring ituro nang hayagan. Upang tanggapin

ang maramihang pag-aasawa, kailangang mapaglabanan ng mga tao ang kanilang maling palagay, pag-isipang muli ang mga nakaugalian sa lipunan, at magkaroon ng malakas na pananampalataya upang sundin ang Diyos kapag nag-utos Siya ng isang bagay na lubhang kakaiba sa kanilang mga tradisyon.²¹

Sa bandang taglagas ng 1840, nagsimulang makipag-usap si Joseph sa dalawampu't limang taon gulang na si Louisa Beaman tungkol sa paggawa nito. Ang pamilya ni Louisa ay kabilang sa mga unang naniwala sa Aklat ni Mormon at niyakap ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Matapos mamatay ang kanyang mga magulang, tumira siya kasama ang kanyang nakatatandang kapatid na babae na si Mary at ang kanyang bayaw na si Bates Noble, isang beterano ng Kampo ng Israel.²²

Naroroon si Bates habang isinasagawa ni Joseph ang pakikipagtalakayan kay Louisa tungkol sa maramihang pag-aasawa.²³ “Sa paghahayag ng mga ito sa iyo ay inilalagay ko ang buhay ko sa iyong mga kamay,” sinabi ni Joseph sa kanya. “Huwag mo akong ipagkanulo sa oras ng kasamaan sa aking mga kaaway.”²⁴

Kalaunan, nag-alok ng kasal si Joseph kay Louisa. Wala siyang iniwang tala kung paano siya tumugon sa alok, o kung kailan o kung bakit niya tinanggap ito. Subalit noong gabi ng Abril 5, 1841, ang araw bago sumapit ang pangkalahatang kumperensya, nakipagkita si Joseph kina Louisa at Bates para sa seremonya. Binigyang-awtorisasyon ni Joseph, binuklod ni Bates ang dalawa, muling inuulit ang mga salita ng ordenansa habang sinasambit ni Joseph ang mga ito sa kanya.²⁵

NOONG TAG-INIT NA IYON, nagdiwang ang mga Banal nang nahirang si John Bennett sa isang mahalagang posisyon sa korte ng county. Ngunit ang iba sa county ay nagalit, natatakot sa lumalawak na pulitikal na kapangyarihan ng mga Banal. Nakita nila ang paghirang kay John bilang tangka ng kanilang mga kalaban sa pulitika na makuha ang boto ng mga Banal.²⁶

Si Thomas Sharp, na noon ay miyembro ng katunggaling partido, ay hayagang pinagdudahan ang mga kwalipikasyon ni John para sa posisyon, ang kanyang reputasyon, at katapatan ng kanyang pagkakabinyag kailan lamang. Sa isang editoryal ng pahayagan, hinikayat niya ang mga mamamayan na tutulan ang pagtatalaga.²⁷

Pinalubha rin ni Thomas ang mga ulat ng pagkayamot sa mga daan-daang Banal na British na nagtitipon sa lugar. “Sinasabi na maraming nagpapasiyang umalis,” iniulat niya, “at may mga liham na ipinadala sa England, binibigyang-babala ang kanilang mga kaibigan, na nagpasayang mandayuhan, tungkol sa malungkot na kalagayan ng mga bagay sa Lunsod ng Simbahan.” Nasa sentro ng kanilang kawalang-kasiyahan, sinabi niya, ang kakulangan ng pananampalataya sa misyon ng propeta.²⁸

Galit na galit matapos basahin ang editoryal, nagdikta si Joseph ng sulat at ipinadala ito kay Thomas, na nagkankansela ng kanyang suskrisyon:

Ginoo—Iyong ititigil ang suskrisyon ko sa pahayagan—ang mga nilalaman nito ay kinakalkula upang dungisan ako at ang pagtangkilik sa madungis na papel—

*ang tisyung iyan ng kasinungalingan—
ang lababong iyan ng kasamaan—ay
kahiya-hiya sa sinumang mabuting tao.*

*Sumasainyo, na may lubusang paghamak,
Joseph Smith*

*P.S. Nawa'y ilathala ang nasa
itaas sa inyong hamak na papel.²⁹*

Naiinis sa liham, inilimbag ito ni Thomas sa sumunod na edisyon kasama ang nanunuyang komentaryo tungkol sa paghirang kay Joseph bilang propeta. May mga taong pinaratangan si Thomas ng paggamit ng kanyang pahayagan upang pakapurihan ang mga Banal.³⁰ Ngayon ay nais niyang malaman ng kanyang mga mambabasa na nakita niya ang mga Banal bilang isang lumalaking pulitikal na banta sa mga karapatan ng iba pang mamamayan sa county.

Bilang patunay, muling inilimbag ni Thomas ang pahayag na kailan lamang ay inilimbag ni Joseph na tinatawag ang mga Banal sa lahat ng dako na magtipon at itayo ang Nauvoo. “Kung ang kanyang kalooban ay ang kanilang magiging batas,” babala ni Thomas sa kanyang mga mambabasa, “ano ang maaari—hindi, ano ang *magiging*—kahihinatanan ng inyong mga karapatan at mga mahalagang pribilehiyo?”³¹

Habang nagiging mas kritikal si Thomas, nag-alala si Joseph na makukumbinsi nito ang iba sa county na kala-banin ang mga Banal.³² Ngayong nasa lugar na ang batong panulukan ng templo at ang pagdating ng mga nandayuhang British na dumarating mula sa mga barko, napakarami ang nakataya. Hindi maaaring mawala sa mga Banal ang

Nauvoo tulad ng pagkawala sa kanila ng Independece at Far West.

PINALILIBUTAN NG MGA SASAKYANG-DAGAT na malalaki at maliliit ang buhay na daungan ng Bristol Harbor sa timog-kanluran ng England.³³ Pagsakay sa barko na magdadala sa kanya sa Hilagang Amerika, natagpuan ni Mary Ann Davis na malinis ang kanyang kama at walang nakitang mga palatandaan ng garapata. Siya at ang iba pang mga pasahero ay pinayagang magdala ng iisang baul lamang sa tabi ng kanilang kama habang ang natitirang bahagi ng kanilang mga gamit ay nakatabi sa ibang bahagi ng barko.

Nanatili sa Bristol si Mary sa loob ng isang linggo habang inihahanda ang barko. Para sa pribasiya, siya at ang iba pang mga pasahero ay nagsabit ng mga kurtina sa pagitan ng kanilang mga kama, hinahati ang malaking silid sa mga maliit mga kuwarto. Ginalugad din nila ang mga makikitid na kalsada ng Bristol, ninanamnam ang mga tanawin at amoy ng lunsod.

Inaasahan ni Mary na darating ang kanyang mga magulang anumang araw upang ihatid siya paalis. Bakit pa nanaisin ng kanyang ama na malaman ang pangalan ng kanyang barkong sasakyan at lugar ng daungan?

Subalit hindi dumating ang kanyang mga magulang. Sa halip, may mga abogado—na inupahan ng kanyang ama upang pilitin siyang hindi umalis—na nagsimulang bisitahin araw-araw ang barko, nagtatanong tungkol sa isang batang biyuda na may maitim na mga mata at isang itim na bestida. Nalulungkot, ngunit determinadong magtipon sa

Sion, itinabi ni Mary ang kanyang damit ng pagdadalam-hati at nagsimulang magbihis tulad ng ibang mga dalagang nakasakay.

Hindi nagtagal ay naglayag ang barko patungong Canada. Nang dumaong ito makalipas ang dalawang buwan, naglakbay patimog sina Mary at ang kanyang mga kasama sa pamamagitan ng barko, tren, at bangkang pangkanal hanggang sa makarating sila sa isang daungang malapit sa Kirtland. Sabik na makasama ang mga Banal, nagtungo sa bayan sina Mary at ang kanyang mga kaibigan, kung saan nila natagpuan si William Phelps na pinangangasiwaan ang isang maliit na branch ng simbahan.³⁴

Ang Kirtland ay anino na lamang ng kung ano ito noon. Sa mga araw ng Linggo, nagdaraos si William ng mga pulong sa templo, madalas na mag-isang nakaupo sa mga pulpito. Mula sa kanyang kinalalagyan sa kongregasyon, inakala ni Mary na tila pinabayaan ang templo.

Ilang linggo kalaunan, isa pang grupo ng mga Banal na British ang dumating sa Kirtland. Isang miyembro ng grupo, si Peter Maughan, ay nagbalak pang tumuloy, sasakay ng barko patawid ng Great Lakes sa Chicago at pagkatapos ay maglalakbay sa lupa papunta sa Nauvoo. Sabik na matapos ang kanilang paglalakbay, sumama sa kanya at sa kanyang anim na maliliit na anak sina Mary at ilang pang mga Banal.³⁵

Habang papunta sa Nauvoo, mas lalong nagkakilala sina Mary at Peter. Isang balo si Peter na nakapagtrabaho sa mga minahan ng tingga sa hilagang-kanlurang England. Ang kanyang asawang si Ruth ay namatay sa panganganak bago nagplanong mandayuhan ang pamilya. Pinag-isipan

ni Peter na manatili sa England, ngunit kinumbinsi siya ni Brigham Young na pumunta sa Nauvoo.³⁶

Nang dumating si Mary sa Nauvoo, ginalugad niya ang lunsod para makakita ng mga kaibigan mula sa England. Binabagtas ang mga lansangan, nakita niya ang isang lalaki na nangangaral sa tuktok ng isang bariles at huminto para makinig. Ang mangangaral ay isang masayahing tao, at ang kanyang simple at madaling maintindihang pangangaral ay umakit sa maliit na grupo ng mga tao. Paminsan-minsan, humihilig siya nang pasulong at inilalagay ang kanyang mga kamay sa mga balikat ng isang matangkad na lalaki sa kanyang harapan, na tila sumasandal ito sa mesa.

Alam kaagad ni Mary na ito ay si Joseph Smith. Pagkaraan ng limang buwang paglalakbay, sa wakas ay nakatayo na siya kasama ang mga Banal sa piling ng propeta ng Diyos.³⁷

SAMANTALA, SA KABILANG PANIG ng mundo, si Orson Hyde ay puspos ng damdamin habang nakatitig siya sa Jerusalem sa unang pagkakataon . Ang sinaunang lunsod ay nasa tuktok ng isang burol na napaliligiran ng mga lambak at napalilibutan ng makakapal na pader. Habang papalapit siya sa kanlurang tarangkahan ng lunsod, pagod na mula sa kanyang mga paglalakbay, nasulyapan ni Orson ang mga pader nito at mga tore na naaaninag sa likod ng mga ito.³⁸

Umaasa si Orson na pumasok sa Jerusalem kasama si John Page, ngunit umuwi si John bago siya umalis ng

Estados Unidos. Mag-isang naglalakbay, nilibot ni Orson ang England at kabuuan ng Europa, dinaraan ang ilan sa mga malalaking lunsod ng kontinente. Pagkatapos ay nagtungo siya sa Constantinople sa timog silangan at sumakay ng barko patungo sa dalampasigang lunsod ng Jaffa, kung saan niya inasikaso ang paglalakbay patungo sa Jerusalem kasama ang mga ginoong Ingles at ang kanilang mga armadong tagapagsilbi.

Sa mga sumunod na araw, binaybay ni Orson ang maalikabok at baku-bakong mga daan ng Jerusalem at nakipagkita sa mga panrelihiyon at pansibikong lider ng lunsod. Humigit-kumulang sampung libong tao, karamihan ay nagsasalita ng Arabic, ang nanirahan sa Jerusalem. Nasa wasak-wasak na kalagayan ang lunsod, ang mga bahagi nito na nauwi sa pagkaguhong pagkaraan ng maraming siglo ng kaguluhan at kapabayaang.

Gayunpaman, habang binibisita ni Orson ang mga lugar na nabasa niya sa Biblia, namangha siya sa lunsod at sa sagradong kasaysayan nito. Nang makita niya ang taong gumagawa ng pang-araw-araw na gawain na inilarawan sa talinghaga ng Tagapagligtas, iniisip niya ang kanyang sarili na inihatid pabalik sa panahon ni Jesus. Sa Getsemani, pumutol siya ng isang sanga mula sa isang punong olibo at pinagnilayan ang Pagbabayad-sala.³⁹

Noong Oktubre 24, 1841, bumangon si Orson bago sumapit ang buwang-liwayway at naglakad pababa ng dalisdis malapit kung saan naglakad si Jesus sa gabing bago Siya ipinako sa Krus. Pag-akyat sa Bundok ng mga Olivo, nilingon ni Orson ang buong lambak sa Jerusalem at nakita ang kamangha-manghang Dome of the Rock, na nakatayo

malapit kung saan nakatirik ang templo noong panahon ng Tagapagligtas.⁴⁰

Batid na nangako ang Panginoon na ang ilan sa mga inapo ni Abraham ay titipunin sa Jerusalem bago ang Ikalawang Pagparito, naupo ang apostol at sumulat ng panalangin, humihiling sa Diyos na pamunuan ang mga nakakalat na mga labi sa kanilang lupang pangako.⁴¹

“Hikayatin silang magtipon sa lupaing ito ayon sa iyong salita,” panalangin ni Orson. “Hayaan mo silang dumating na parang alapaap at parang mga kalapati sa kanilang mga bintana.”

Nang matapos niya ang kanyang panalangin, nagtayo si Orson ng salansan ng mga bato sa lugar at naglakad pabalik sa kabuuan ng lambak upang magpatong muli ng karagdang mga bato sa Bundok ng Sion bilang isang simpleng bantayog sa pagtatapos ng kanyang misyon. Pagkatapos ay sinimulan niya ang mahabang paglalakbay pauwi.⁴²



Susubukin Natin Sila

Noong Enero 5, 1842, nagbukas si Joseph ng isang tindahan sa Nauvoo at magiliw na sinalubong ang kanyang maraming mga tagatangkilik. “Ibig kong paglingkuran ang mga Banal, at maging tagapaglingkod ng lahat,” sinabi niya sa isang kaibigan sa isang sulat, “umaasa na ako ay luluwalhatiin sa takdang panahon ng Panginoon.”¹

Ang doktrina ng kadakilaan ay napakabigat sa isipan ni Joseph.² Noong Pebrero, ibinaling niya ang kanyang pansin sa mga scroll na galing Egipto na binili niya sa Kirtland at ang hindi natapos na pagsasalin ng mga isinulat ni Abraham.³ Itinuro ng bagong banal na kasulatan na isinugo ng Diyos ang Kanyang mga anak sa lupa upang subukan ang kanilang katapatan at kahandaang sumunod sa Kanyang mga utos.

“Susubukin natin sila,” wika ng Tagapagligtas bago ang paglikha sa mundo, “upang makita kung kanilang gagawin

ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.” Ang mga taong masunurin sa Kanyang mga utos ay dadakilain sa higit na dakilang kaluwalhatian. Ang mga piniling sumuway sa Diyos ay mawawalan ng mga walang-hanggang pagpapalang ito.⁴

Nais tulungan ni Joseph ang mga Banal na matutuhan ang mga katotohanang ito para magawa nilang umunlad tungo sa kadakilaan at pumasok sa kinaroroonan ng Diyos. Sa Kirtland, pinatibay ng pagkakaloob ng kapangyarihan ang maraming tao para sa tindi ng misyon. Subalit ipinangako ng Diyos na magkakaloob ng mas dakilang espirituwal na kaloob sa Nauvoo temple. Sa paghahayag ng karagdagang mga ordenansa at kaalaman sa matatapat na kalalakihan at kababaihan ng simbahan, gagawin sila ng Panginoon bilang mga hari at reyna, mga saserdote at mga babaeng saserdote, gaya ng propesiya na ginawa ni Juan na Tagahayag sa Bagong Tipan.⁵

Hinimok ni Joseph ang Labindalawang at iba pang pinagkakatiwalaang mga kaibigan na sundin ang Panginoon habang inihahanda niya silang tumanggap ng mga kaloob na ito ng banal na kapangyarihan. Itinuro rin niya ang alituntunin ng maramihang pag-aasawa sa ilan pang mga Banal at nagpatotoo tungkol sa banal nitong pinagmulan. Noong nakaraang tag-init, wala pang isang linggo mula nang dumating sa Nauvoo ang mga apostol na mula sa England, kanyang itinuro sa ilan sa kanila ang alituntunin at ibinilin sa kanila na sundin ang mga ito bilang isang kautusan ng Panginoon.⁶ Bagama’t ang maramihang pag-aasawa ay hindi kinakailangan para sa kadakilaan o ang higit na pagkakaloob ng kapangyarihan, kailangan dito ang

pagsunod sa Panginoon at ang kahandaan ng isang tao na ilaan ang buhay nito para sa Kanya.

Tulad ni Joseph, nilabanan sa una ng mga apostol ang bagong alituntunin. Nakadama si Brigham ng gayon katinding pagdurusa sa desisyon na magpakasal sa ibang babae kung kaya't inasam niya ang maagang kamatayan. Sina Heber Kimball, John Taylor, at Wilford Woodruff ay nais ipagpaliban ang pagsunod hangga't maaari.⁷

Sinusunod ang utos ng Panginoon, ibinuklod din si Joseph sa ibang babae matapos ang kanyang kasal kay Louisa Beaman. Kapag nagtuturo sa isang babae tungkol sa maramihang pag-aasawa, inatasan niya itong hanapin ang kanyang sariling espirituwal na pagpapatibay na ang pagpapabuklod sa kanya ay tama. Hindi lahat ng babae ay tinanggap ang kanyang paanyaya, ngunit marami ang pumayag.⁸

Sa Nauvoo, ilang mga Banal ang pumasok sa maramihang pag-aasawa sa panahon at kawalang-hanggan, na nangangahulugang ang kanilang pagbubuklod ay magtatagal sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Tulad ng mga pagpapakasal sa iisang tao, maaaring kabilang dito ang seksuwal na relasyon at pagkakaroon ng mga anak. Ang iba pang maramihang pag-aasawa ay sa kawalang-hanggan lamang, at nauunawaan ng mga kalahok na ang kanilang pagbubuklod ay magkakabisa sa kabilang buhay.⁹

Sa ilang pagkakataon, ang isang babae na ikinasal sa panahon lamang sa isang Banal na napopoot sa simbahan, o sa isang lalaking hindi miyembro ng simbahan, o maging sa isang miyembro ng simbahan na may mabuting katayuan, ay maaaring mabuklod nang walang hanggan sa ibang lalaki. Matapos ang seremonya ng pagbubuklod, patuloy na

mamumuhay ang babae sa piling ng kanyang kasalukuyang asawa habang hinihintay ang mga pagpapala ng kasal na walang hanggan at kadakilaan sa buhay na darating.¹⁰

Noong unang bahagi ng 1842, iminungkahi ni Joseph ang gayong pagbubuklod kay Mary Lightner, na ang asawang si Adam ay hindi miyembro ng simbahan. Sa kanilang talakayan, sinabi ni Joseph kay Mary na inatasan sila ng Panginoon na mabuklod para sa kabilang buhay.¹¹

“Kung sinabi ito sa iyo ng Diyos,” tanong ni Mary, “bakit hindi Niya sinabi sa akin?”

“Taimtim na manalangin,” sumagot si Joseph, “sapagka’t sinabi ng anghel sa akin na dapat kang magkaroon ng patotoo.”¹²

BINAGABAG NG IMBITASYON NI Joseph si Mary. Sa pagtuturo sa kanya tungkol sa maramihang pag-aasawa, inilarawan ni Joseph ang mga walang hanggang pagpapala ng walang hanggang tipan ng kasal.¹³ Noong pinakasalan ni Mary si Adam, bumuo sila ng mga pangako sa isa’t isa para sa buhay na ito lamang. Ngayon ay naunawaan niya na siya ay hindi makagagawa ng mga walang hanggang tipan sa kanya kung hindi muna ito papayag na mabinyagan ng wastong awtoridad.¹⁴

Nakipag-usap si Mary kay Adam tungkol sa binyag, at nagsusumamo sa kanya na sumapi sa simbahan. Sinabi sa kanya ni Adam na iginagalang niya si Joseph subalit siya ay hindi naniniwala sa ipinanumbalik na ebanghelyo at tumangging magpabinyag.¹⁵

Umaasam para sa mga pagpapala ng walang hanggang kasal, ngunit batid na hindi niya matanggap ang mga ito kasama si Adam, inisip ni Mary kung ano ang dapat gawin. Napuno ng pag-aalinlangan ang isip niya. Sa wakas, nanalangin siya na magsusugo ang Panginoon ng anghel upang patunayan sa kanya na ang imbitasyon ni Joseph ay tama.¹⁶

Isang gabi, habang nasa bahay ng kanyang tiyahin, nakita ni Mary na nagkaroon ng liwanag sa kanyang silid. Nakaupo sa kama, nagulat siya nang makakita siya ng anghel, na nakasuot ng puting damit, nakatayo sa tabi niya. Ang mukha ng anghel ay nagniningning at maganda, may mga matang tumatagos sa kanya na parang kidlat.

Natakot, nagtalukbong ng kumot si Mary, at umalis ang anghel.

Noong sumunod na Linggo, tinanong ni Joseph si Mary kung nakatanggap siya ng sagot.

“Hindi ako nagkaroon ng saksi, ngunit nakita ko ang isang bagay na hindi ko nakita noon,” pag-amin ni Mary. “Nakita ko ang isang anghel at halos namatay ako sa takot. Hindi ako nagsalita.”

“Iyon ay isang anghel ng Diyos na buhay,” sabi ni Joseph. “Kung ikaw ay tapat makikita mo ang mas dakilang mga bagay kaysa sa yaon.”¹⁷

Patuloy na nanalangin si Mary. Nakakita siya ng isang anghel, na nagpalakas sa kanyang pananampalataya sa mga salita ni Joseph. At tumanggap siya ng iba pang espirituwal na mga saksi sa sumunod na mga araw na hindi niya mai-tatwa o maipagwalang-bahala. Mananatili pa rin si Adam bilang kanyang asawa sa buhay na ito, ngunit nais niyang

matiyak na matatanggap niya ang lahat ng pagpapalang maaaring makamtan niya sa buhay na darating.¹⁸

Hindi nagtagal ay tinanggap niya ang imbitasyon ni Joseph, at ibinuklod sila ni Brigham Young para sa kabilang buhay.¹⁹

SA ILALIM NG PAMAMAHALA ni Joseph, sina John Taylor at Wilford Woodruff ay nagsimulang ilathala ang pagsasalin ng propeta sa Aklat ni Abraham sa isyu ng Marso 1842 ng *Times and Seasons*. Habang binabasa ng mga Banal ang talaan, natuwa silang matuklasan ang mga bagong katotohanan tungkol sa paglikha ng mundo, layunin ng buhay, at walang hanggang tadhana ng mga anak ng Diyos. Nalaman nila na si Abraham ay nagkaroon ng Urim at Tummim at nakausap ang Panginoon nang harapan. Nabasa nila na ang mundo at lahat ng nandito ay inorganisa mula sa mga umiiral na materyal upang isakatuparan ang kadakilaan ng mga espiritung anak ng Ama.²⁰

Sa gitna ng kasiyahan sa paglalathala ng Aklat ni Abraham at sa mga doktrina nitong nakapagpapabuti ng kaluluwa, patuloy ang mga Banal sa pagsasakripisyo upang maitayo ang kanilang bagong siyudad at magawa ang templo.

Sa panahong ito, ang Nauvoo ay may mahigit isang libong bahay na yari sa troso, at maraming frame house at bahay na yari sa purong ladrilyo na natapos na o ginagawa pa.²¹ Upang mas maayos ang lunsod, hinati ito ni Joseph sa apat na yunit na tinatawag na ward at nagtalaga ng mga bishop na mamumuno sa kanila. Ang bawat ward ay

inaasahang tumulong sa pagtatayo ng templo sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga manggagawa na magtatrabaho sa bahay ng Panginoon sa bawat ikasampung araw.²²

Si Margaret Cook, isang dalaga na tinutustusan ang kanyang sarili bilang mananahi sa Nauvoo, ay nagmasid habang umuusad ang pagtatayo sa templo. Nagtatrabaho siyang kasama si Sarah Kimball, isa sa mga pina-kaunang nabinyagan sa simbahan, na ikinasal sa isang matagumpay na mangangalakal na hindi isang Banal sa mga Huling Araw.

Habang nagtatrabaho si Margaret, kung minsan ay pinag-uusapan nila ni Sarah ang mga pagsisikap na itayo ang templo. Ang mga pader ay ilang talampakan lamang ang taas, ngunit ang mga panday ay may binuong isang pansamantalang lugar sa silong ng templo at naglagay ng isang malaking bautismuhan para sa mga pagbibinyag para sa mga patay. Ang bautismuhan ay isang hugis-itlog na tangke ng ekspertong hinugis na mga tabla ng palutsina na nakapatong sa likod ng labindalawang baka na inukit ng kamay at tinapos sa mga pinong moldura. Noong nailaan ang bautismuhan, nagsimula ang mga Banal na muling magpabinyag para sa mga patay.²³

Sabik na personal na makapag-ambag sa templo, napansin ni Margaret na maraming mga manggagawa ang may kakulangan sa sapat na sapatos, pantalon, at polo. Iminungkahi niya kay Sarah na magtulungan sila upang lumikha ng mga bagong polo para sa mga manggagawa. Sinabi ni Sarah na maaari siyang magbigay ng mga mater-yaes para sa mga kamiseta kung si Margaret ang manana-hi. Maaari din nilang hingin ang tulong ng iba pang mga

kababaihan sa Nauvoo at magtaguyod ng samahan upang pamahalaan ang gawain.²⁴

Pagkaraan ng maikling panahon, inanyayahan ni Sarah ang isang dosenang babae sa kanyang tahanan upang talakayin ang bagong samahan. Hiniling nila kay Eliza Snow, na kilala sa kanyang mga talento sa pagsusulat, na bumuo ng saligang batas. Agad na sinimulan ni Eliza ang dokumento at ipinakita ito sa propeta nang matapos siya.

Sinabi ni Joseph na ito ang pinakamahasag na saligang-batas sa lahat ng uri nito. “Ngunit hindi ito ang gusto ninyo,” sabi niya. “Sabihin sa mga kapatid na babae na tinatanggap ng Panginoon ang kanilang mga handog, at Siya ay may inilalaang mas mainam para sa kanila.” Hiniling niya sa samahan na makipagkita sa kanya sa kanyang tindahan sa loob ng ilang araw.

“Aking isasaayos ang kababaihan sa ilalim ng priesthood, ayon sa kaayusan ng priesthood,” wika niya.²⁵ “Nasa akin na ngayon ang susi para magawa ito.”²⁶

NOONG SUMUNOD NA HUWEBES, Marso 17, 1842, umakyat ng hagdan si Emma Smith patungo sa malaking silid sa itaas ng tindahan ni Joseph. Labingsiyam na iba pang kababaihan, kabilang na sina Margaret Cook, Sarah Kimball, at Eliza Snow, ang dumating upang itatag ang bagong samahan. Naroroon din si Joseph kasama sina Willard Richards, na nagsimulang maging tagasulat ni Joseph matapos bumalik mula sa England, at si John Taylor.²⁷

Ang pinakabatang babaeng dumalo ay si Sophia Marks na labinlimang taong gulang. Ang pinakamatanda, si Sarah

Cleveland, ay limampu't apat na taong gulang. Karamihan sa mga kababaihan ay kaedad ni Emma. Bukod kay Leonora Taylor, na isinilang sa England, ang mga kababaihan ay mula lahat sa silangang Estados Unidos at nagtungo sa kanluran kasama ng mga Banal. Ang ilan sa kanila, tulad ni Sarah Kimball at Sarah Cleveland, ay may kaluwagan sa buhay, samantalang ang iba ay nagmamay-ari ng hindi gaanong hihigit sa mga damit na isinuot nila.

Kilalang-kilala ng mga babae ang isa't isa. Nakaligtas sina Philinda Merrick at Desdemona Fullmer mula sa pag-salakay sa Hawn's Mill. Magkapatid sina Athalia Robinson at Nancy Rigdon. Sina Emma Smith at Bathsheba Smith ay magpinsan sa kasal, maging sina Eliza Snow at Sophia Packard. Sina Sarah Cleveland at Ann Whitney ay tumulong kay Emma sa mahihirap na panahon sa kanyang buhay, pinatuloy siya at ang kanyang pamilya sa kanilang tahanan nang sila'y walang ibang matutuluyan. Nangupahan si Elvira Cowles sa bahay ni Emma at tumulong sa pag-aalaga sa kanyang mga anak.²⁸

Nagustuhan ni Emma ang ideya ng pagsisimula ng isang samahan para sa kababaihan sa Nauvoo. Nitong mga huling araw, pumasok sina Joseph at ang iba pang mga tao sa bayan sa isang napakalumang samahang pangkapatiran na tinawag na Freemasonry, matapos na ang mga matatagal nang Mason na sina Hyrum Smith at John Bennett ay tumulong na magtatag ng samahang Masonry sa lunsod. Ngunit ang mga kababaihan sa Nauvoo ay magkakaroon ng ibang uri ng samahan.²⁹

Matapos kumanta ang lahat ng "Espiritu ng Diyos" at nag-alay si John Taylor ng panalangin, tumayo si Joseph

at ipinaliwanag na ang bagong samahan ay hihikayatin ang mga kababaihan na hanapin at pangalagaan ang mga nangangailangan, magbigay ng mabuting pagtutuwid sa mga pagkakamali, at palakasin ang komunidad. Pagkatapos ay inanyayahan niya ang mga kababaihan na pumili ng pangulo, na siyang pipili ng dalawang tagapayo, tulad ng sa mga korum ng priesthood. Sa unang pagkakataon, ang mga kababaihan ay may opisyal na awtoridad at mga responsibilidad sa simbahan.³⁰

Iminungkahi ng kaibigan ni Emma na si Ann Whitney na maging pangulo si Emma, at lahat ng babae sa silid ay sumang-ayon. Pagkatapos ay itinalaga ni Emma sina Sarah Cleveland at Ann upang maging kanyang mga tagapayo.

Binasa ni Joseph ang paghahayag na natanggap niya para kay Emma noong 1830 at binanggit na siya ay inorden o itinalaga noong panahong iyon na ipaliwanag ang mga banal na kasulatan at turuan ang kababaihan ng simbahan. Tinawag siya ng Panginoon bilang “hinirang na babae,” ipinaliwanag ni Joseph, dahil siya ay pinili upang mamuno.

Pagkatapos ay inorden ni John Taylor si Sarah at Ann bilang mga tagapayo ni Emma at kinumpirma si Emma sa kanyang bagong tungkulin, binabasbasan ng lakas na kailangan niya. Matapos magbigay ng mga karagdagang tagubilin, ibinigay ni Joseph ang oras sa kanya, at iminungkahi ni John na pagpasiyahan nila ang pangalan ng samahan.

Iminungkahi ng mga tagapayo ni Emma na tawagin nila itong Nauvoo Female Relief Society, ngunit iminungkahi sa halip ni John ang Nauvoo Female Benevolent Society,

isinusunod sa mga pangalan ng ibang samahang pangkababaihan sa buong bansa.³¹

Iwinika ni Emma na mas gusto niya ang “relief” kaysa sa “benevolent”, ngunit iminungkahi ni Eliza Snow na ang “relief” ay nagpapahiwatig na isang di pangkaraniwang sagot sa isang malaking kalamidad. Hindi ba mas tututok ang kanilang samahan sa mga suliranin sa pang-araw-araw na buhay?

“May gagawin tayong isang bagay na di pangkaraniwan,” iginiit ni Emma. “Kapag nasadlak ang isang bangka sa mababaw at mabatong bahagi ng ilog na sakay ang napakaraming Mormon, ituturing nating malakas na paghingi iyon ng saklolo. Umaasa tayong magkakaroon ng mga pambihirang pagkakataon at mahihirap na gawain.”

Nanahan ang kanyang mga salita sa silid. “Sumusuko ako sa punto,” sabi ni John. “Ang iyong mga argumento ay napakalakas na hindi ko ito matatapatan.”

Palagiang nagbibigay-pansin sa panitikan ng mga salita, inirerekomenda ni Eliza ang kaunting pagbabago sa pangalan. Sa halip na Nauvoo Female Relief Society, iminungkahi niya ang “the Female Relief Society of Nauvoo.” Pumayag ang lahat ng mga kababaihan.

“Ang bawat miyembro ay dapat na maging determinadong gumawa ng mabuti,” sinabi ni Emma sa kanila. Higit sa lahat, ang pag-ibig sa kapwa-tao ang dapat na magbigay ng motibasyon sa kanilang samahan. Tulad ng itinuro ni Pablo sa Bagong Tipan, ang mga mabubuting gawain ay walang pakinabang sa kanila kung ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi mananagana sa kanilang mga puso.³²

MADALAS MAKIPAGTIPON SI JOSEPH sa Relief Society noong tagsibol na iyon. Mabilis na lumaki ang organisasyon, idinadagdag sa mga bilang nito ang matagal nang mga Banal at mga bagong binyag na nandayuhan. Sa ikatlong pulong nito, halos wala nang puwang ang mga babae sa tindahan ni Joseph para sa lahat ng nais dumalo. Nais ni Joseph na ihanda ng Relief Society ang mga miyembro nito para sa pagkakaloob ng kapangyarihan na matatanggap nila sa loob ng templo. Itinuro niya sa mga kababaihan na dapat silang maging isang natatanging samahan, na tumatayong hiwalay sa masama at gumagana alinsunod sa mga huwaran ng sinaunang priesthood.³³

Samantala, nag-alala si Joseph sa mga ulat na ang ilang lalaki sa Nauvoo ay mayroong seksuwal na relasyon sa labas ng kasal at nagsasabing ang gayong pag-uugali ay pinahihintulutan hangga't ang mga ito ay inililihim. Ang mga pang-aakit, na dumudungis sa mga turo ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri, ay pinapalaganap ng mga taong walang pakialam sa mga kautusan. Kung magpapatuoy ang mga ito nang hindi naitatama, maaari silang maging isang mabigat na hadlang para sa mga Banal.

Noong Marso 31, hiniling ni Joseph kay Emma na basahin ang liham sa Relief Society, na nagpapayo sa kanila na hindi pinagtitibay ng mga awtoridad ng simbahan ang gayong hakbang. “Gusto nating itigil na ito,” sabi ng liham, “sapagkat hangad nating sundin ang mga utos ng Diyos sa lahat ng bagay.”³⁴

Higit sa lahat, nais ni Joseph na maging karapat-dapat ang mga Banal sa mga pagpapala ng kadakilaan. “Kung gusto ninyong pumunta kung saan naroroon ang Diyos,

dapat ay maging katulad ninyo ang Diyos o taglayin ang mga alituntuning taglay ng Diyos,” sinabi niya sa mga Banal noong tagsibol na iyon. “Hangga’t nagpapakasama tayo sa Diyos, tayo ay bumaba sa diyablo at nawawalan ng kaalaman, at kapag walang kaalaman ay hindi tayo maaaring maligtas.”³⁵

Nagtiwala siya sa panguluhan ng Relief Society na aakayin nito ang mga kababaihan ng simbahan, at tutulong silang pangalagaan ang gayong kaalaman at mga kabutihan sa kanilang sarili.

“Ang samahang ito ay kukuha ng mga tagubilin sa pamamagitan ng orden na itinatag ng Diyos—sa pamamagitan ng mga itinalagang mamuno,” pahayag niya. “Pinagkakaloob ko ngayon sa inyo ang susi sa ngalan ng Diyos at ang samahang ito ay magagalak, at ang kaalaman at katalinuhan ay dadaloy mula sa oras na ito.”³⁶

NOONG MAYO 4, 1842, NATAGPUAN nina Brigham Young, Heber Kimball, at Willard Richards ang silid sa itaas ng tindahan ni Joseph na nagbago. Sa dingding ay isang bagong gawang mural. May mga maliliit na puno at halaman, na nagpapahiwatig ng isang gayak ng hardin. Ang ibang bahagi ng kuwarto ay hinati ng isang alpombra na sinampay na parang kurtina.³⁷

Inanyayahan ni Joseph ang tatlong apostol na pumunta sa tindahan ng umagang iyon para sa isang espesyal na pulong. Inanyayahan niya ang kanyang kapatid na si Hyrum at si William Law, kapwa mga miyembro ng Unang Panguluhan at dalawa sa kanyang pinakamalapit na tagapayo.

Naroon din sina Bishop Newel Whitney at George Miller, ang pangulo ng stake ng Nauvoo na si William Marks, at lider ng simbahan na si James Adams.³⁸

Sa kabuuan ng hapon, ipinakilala ng propeta ang isang ordenansa sa mga lalaki. Kasama sa bahagi nito ang mga paghuhugas at pagpapahid ng langis, tulad ng mga ordenansa na ibinigay sa Kirtland Temple at sinaunang tabernakulo ng Hebreo. Ang mga lalaki ay binigyan ng isang sagradong panloob na tinatakpan ang kanilang katawan at ipinapaalala sa kanila ang kanilang mga tipan.³⁹

Ang bagong ordenansa ng Diyos na inihayag kay Joseph ay nagtuturo ng mga nagpapadakilang katotohanan. Ito ay mula sa tala ng mga banal na kasulatan tungkol sa Paglikha at sa Halamanan ng Eden, kabilang na ang bagong salaysay na makikita sa pagsasalin ng Abraham, na gagabay sa mga tao sa bawat hakbang sa plano ng kaligtasan. Katulad ni Abraham at ng iba pang sinaunang propeta, nakatanggap sila ng kaalaman na makatutulong sa kanila na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos.⁴⁰ Sa pagpapatuloy, nakipagtipan ang mga tao na magkaroon ng matwid at malinis na buhay at ilaan ang kanilang sarili sa paglilingkod sa Panginoon.⁴¹

Tinawag ni Joseph ang ordenansa bilang endowment at nagtiwala sa mga lalaki na huwag ihayag ang mga nata-tanging kaalaman na natutuhan nila noong araw na iyon. Katulad ng pagkakaloob ng kapangyarihan sa Kirtland, ang ordenansa ay sagrado at para sa espirituwal ang isipan. Ngunit higit pa ito sa pagbuhos ng mga kaloob na espirituwal at banal na kapangyarihan sa mga elder ng simbahan. Sa oras na matapos ang templo, kapwa ang

mga kalalakihan at kababaihan ay maaaring tumanggap ng ordenansa, na magpapalakas ng kanilang pakikipagtipan sa Diyos, at makakahanap sila ng mas malaking kapangyarihan at proteksyon sa paglalaan ng kanilang buhay sa kaharian ng Diyos.⁴²

Nang matapos ang seremonya, nagbigay si Joseph ng ilang mga tagubilin kay Brigham. “Hindi wasto ang pagka-kaayos nito,” sabi niya sa apostol, “ngunit ginawa natin ang lahat ng makakaya natin sa sitwasyon na kung saan tayo ay inilagay at ninanais ko na iorganisa at ayusin mo ang lahat ng mga seremonyang ito.”⁴³

Nang nilisan nila ang tindahan nang araw na iyon, ang mga lalaki ay namamangha sa mga katotohanang natutuhan nila mula sa endowment. Ilan sa mga aspeto ng ordenansa ay nagpapaalala kay Heber Kimball ng mga seremonyang Mason. Sa mga pulong sa Free Masonry, isinasadula ng mga lalaki ang isang alegorikong kuwento tungkol sa arkitekto ng templo ni Solomon. Nag-aaral ang mga Mason ng mga galaw at salita na kanilang ipinangako na pananatilihing lihim, lahat ng ito ay sumasagisag na sila ay bumubuo ng isang matibay na pundasyon at nagdaragdag ng liwanag at kaalaman dito nang paunti-unti.⁴⁴

Subalit ang endowment ay isang ordenansa ng priesthood para sa mga kalalakihan at kababaihan, at itinuturo nito ang mga banal na katotohanan na hindi nakapaloob sa mga Mason, na sabik si Heber na matutuhan ng iba.

“Tinanggap namin ang ilang mahahalagang bagay sa pamamagitan ng propeta tungkol sa priesthood na magiging dahilan upang magbunyi ang inyong kaluluwa,” isinulat ni Heber kina Parley at Mary Ann Pratt sa England. “Hindi ko

maibibigay ito sa inyo sa papel, sapagkat hindi ito maaaring isulat, kaya kailangan ninyong pumunta at kunin ang mga ito para sa inyong sarili.”⁴⁵



Isang Traydor o Isang Tunay na Lalaki

Patuloy ang pagbuhos ng ulan sa mga kalye ng Independence, Missouri, noong gabi ng Mayo 6, 1842. Sa bahay, tapos nang maghapunan si Lilburn Boggs at naupo sa isang silya para magbasa ng diyaryo.¹

Kahit mahigit isang taon nang natapos ang kanyang termino bilang gobernador ng Missouri, aktibo pa rin si Boggs sa pulitika at tumatakbo ngayon para sa isang bakan-teng posisyon sa senado ng estado. Nagkaroon siya ng mga kaaway sa paglipas ng mga taon, at ang paghalal sa kanya ay hindi tiyak. Bukod sa pagpintas sa kanya sa pagpapalabas ng utos na pagpuksa na nagtaboy sa libu-libong mga Banal mula sa estado, ang ilang mga taga-Missouri ay hindi natuwa sa agresibong paghawak ng gobernador sa sigalot tungkol sa hangganan ng Teritoryo ng Iowa. Nagduda rin ang iba sa paraan ng pagtipon niya ng pondo para sa bagong state capitol building.²

Habang tinitingnan ni Boggs ang ulo ng mga balita, nakaupo siyang nakatalikod sa bintana. Ang gabi ay malamig at madilim, at naririnig niya ang mahinang patak ng ulan sa labas.

Sa sandaling iyon, hindi alam ni Boggs, tahimik na naglakad ang isang tao sa kanyang maputik na bakuran at nagtutok ng mabigat na baril sa bintana. Kumislap ang dulo ng baril, at napasubsob si Boggs sa hawak niyang diyaryo. Umagos ang dugo mula sa kanyang ulo at leeg.

Nang marinig ang putok, nagmamadaling tumakbo papunta sa silid ang anak na lalaki ni Boggs at humingi ng tulong. Sa sandaling iyon naihagis na ng taong bumaril ang sandata at tumakas nang hindi nakikita, na nag-iwan lamang ng mga bakas ng paa sa putik.³

HABANG SINISIKAP TUNTUNIN NG mga imbestigador ang bumaril kay Boggs, si Hyrum Smith ay nasa Nauvoo at sinisiyasat ang ibang uri ng mga krimen. Sa mga unang linggo ng Mayo, inakusahan ng ilang kababaihan si Alkalde John Bennett ng kakila-kilabot na mga gawa. Sa harap ng isang konsehal ng lunsod, sinabi nila kay Hyrum na pinuntahan sila nang lihim ni John na iginigiit na hindi kasalanan na magkaroon ng seksuwal na relasyon sa kanya basta't hindi nila sasabihin sa iba. Tinatawag niyang “espirituwal na pag-aasawa” ang gawaing ito, si John ay nagsinungaling sa kanila, tinitiyak sa kanila na pinayagan ni Joseph ang gayong pag-uugali.⁴

Noong una, ayaw maniwala ng mga babae kay John. Pero mapilit siya at pinanumpa sa kababaihan ang kanyang

mga kaibigan na nagsasabi siya ng katotohanan. Kung nagsisinungaling siya, sabi niya, sa kanya mapupunta ang kasalanan. At kung mabubuntis sila, nangako siya na bilang isang doktor, siya ang magsasagawa ng aborsiyon o pagpapalaglag. Ang mga babae kalaunan ay pumayag sa gusto ni John—at sa gusto ng ilan sa kanyang mga kaibigan nang dumating sila na gumagawa ng ganoon ding kahilingan.

Nagulantang si Hyrum. Medyo alam na niyang si John ay hindi mabuting tao tulad ng una niyang pagpapakilala. Hindi nagtagal ay lumutang ang mga bali-balita tungkol sa nakaraan ni John matapos siyang lumipat sa Nauvoo at naging alkalde. Ipinadala ni Joseph si Bishop George Miller para siyasatin ang mga tsismis at di nagtagal ay nalaman na si John ay lumilipat-lipat ng lugar, gamit ang kanyang maraming talento para pagsamantalahan ang mga tao.

Natuklasan din ni George na may mga anak si John at kasal pa rin sa isang babae na inabuso niya at pinagtaksilan sa loob ng maraming taon.⁵

Matapos mapatunayan nina William Law at Hyrum ang mga natuklasang ito, hinarap ni Joseph si John at pinagalitan siya sa mga kasamaang ginawa niya. Nangako si John na magbabago, ngunit nawalan na ng tiwala sa kanya si Joseph at hindi na nagtiwala sa kanya na tulad ng dati.⁶

Ngayon, habang pinakikinggan ni Hyrum ang patotoo ng mga babae, alam niyang mayroon pang mas dapat gawin. Magkakasama, sina Hyrum, Joseph, at William ay bumuo ng dokumento na nagtitiwalag kay John mula sa Simbahan, na nilagdaan ng iba pang mga lider ng simbahan. Dahil sinisiyasat pa rin nila ang lawak ng mga kasalanan ni John at umasang maaayos ang bagay na ito nang hindi lumilikha

ng iskandalo, nagpasiya silang ibimbin ang pabatid ukol sa pagtitiwalag.⁷

Ngunit isang bagay ang tiyak: ang alkalde ay naging panganib sa lunsod at sa mga Banal, at nadama ni Hyrum na kailangan niyang patigilin siya.

NATARANTA SI JOHN NANG malaman niya ang tungkol sa pag-iimbestiga ni Hyrum. Tumutulo ang mga luha sa kanyang pisngi, nagpunta siya sa opisina ni Hyrum at nagmakaawang kahabagan. Sinabi niyang habampanahon na siyang masisira kung malalaman ng iba na niloko niya ang maraming kababaihan. Gusto niyang kausapin si Joseph at itama ang mga bagay.

Lumabas ang dalawang lalaki, at nakita ni John ang propeta na tumatawid sa bakuran papunta sa kanyang tindahan. Pag-abot sa kanya, sumigaw si John, “Brother Joseph, may kasalanan ako.” Pulang-pula ang kanyang mga mata at lumuluha. “Alam ko ito, at nakikiusap akong huwag ninyo akong ilantad.”

“Bakit mo ginagamit ang pangalan ko para ipagpatuloy ang iyong mala-impiyernong kasamaan?” tanong ni Joseph. “Tinuruan ba kita ng anumang bagay na hindi mabuti?”

“Hindi kailanman!”

“May nalaman ka bang hindi mabuti o masamang asal o kilos ko kahit kailan, sa publiko man o sa pribado?”

“Wala po!”

“Handa ka bang gumawa ng sumpa tungkol dito sa harap ng konsehal ng lunsod?”

“Handa ako.”

Sinundan ni John si Joseph sa kanyang opisina, at inia-bot sa kanya ng isang klerk ang isang panulat at papel. Nang dumating ang konsehal, lumabas ng silid si Joseph habang nakaupo si John sa isang mesa at nagsulat ng pag-amin na nagsasabing hindi siya tinuruan ng propeta ng anumang bagay na labag sa mga batas ng Diyos.⁸ Pagkatapos ay nagbitiw siya bilang alkalde ng Nauvoo.⁹

Makalipas ang dalawang araw, noong Mayo 19, tinanggap ng konseho ng lunsod ang pagbibitiw ni John bilang alkalde at hinirang si Joseph sa katungkulang iyon. Bago niya tinapos ang pulong, tinanong ni Joseph si John kung mayroon siyang anumang sasabihin.

“Wala akong problema sa mga lider ng simbahan, at nais kong patuloy na makasama kayo, at umaasa na darating ang panahon na lubusang maibabalik sa akin ang buong pagtitiwala at pakikipagkapatiran,” sabi ni John. “Sakali mang dumating ang panahon na magkaroon ako ng pagkakataon na subukan ang pananampalataya ko, sa panahong iyon ay malalaman kung ako ba ay isang traydor o isang tunay na lalaki.”¹⁰

NANG SUMUNOD NA SABADO, isang pahayagan sa Illinois ang nagbigay ng update tungkol sa pamamaril kay Lilburn Boggs. Ayon sa ulat, nasa bingit pa rin ng kamatayan ang dating gobernador, dahil sa malubhang sugat sa kanyang ulo. Walang nangyari sa imbestigasyon ng mga pulis tungkol sa pagkakakilanlan ng bumaril. Ilang tao ang nag-akusa na mga katunggali ni Boggs sa pulitika ang bumaril, ngunit ipinagpilitan ng pahayagan na ang mga Banal ang nasa

likod nito, sinasabing minsan ay ipinropesiya ni Joseph ang marahas na pagkamatay ni Boggs.

“Dahil dito,” sabi nito, “maraming batayan ang mga usap-usapan.”¹¹

Ang ulat ay ikinasama ng loob ni Joseph, na pagod na sa mga paratang na krimen na hindi niya ginawa. “Nagawan ninyo ako ng kawalan ng katarungan sa pag-uugnay sa akin sa isang hula tungkol sa pagkamatay ni Lilburn W. Boggs,” isinulat niya sa patnugot ng pahayagan. “Malinis ang aking mga kamay, at dalisay ang aking puso, mula sa dugo ng lahat ng tao.”¹²

Ang paratang ay dumating nang halos wala siyang oras para ipagtanggol ang kanyang sarili sa publiko. Siya ay nasa gitna ng buong linggong pag-iimbestiga sa mga ginawa ni John Bennett.¹³ Araw-araw, ang Unang Pangu-luhan, ang Korum ng Labindalawa, at ang high council ng Nauvoo ay nakikinig sa mga patotoo ng mga nabiktima ni John. Habang nagkukuwento sila, natuklasan ni Joseph kung gaano binaluktot ni John ang mga batas ng Diyos, kinukutya ang mga tipan ng walang-hanggang ugnayan na pilit na itinuturo ni Joseph sa mga Banal.

Sa panahon ng mga pagdinig, narinig niya ang patotoo ni Catherine Warren, ang balo ng isang biktima ng pag-paslang sa Hawn's Mill. Bilang isang ina na may limang anak, siya ay talagang maralita at hirap sa pagsustento sa kanyang pamilya.

Sinabi ni Catherine na si John Bennett ang unang tao na nagsamantala sa kanya sa Nauvoo. “Sinabi niya na nais niyang ipinagkaloob sa kanya ang kanyang mga hangarin,” sabi niya sa high council. “Sinabi ko sa kanya na hindi ko

ginagawa ang gayon at iniisip ko na magdudulot ito ng kahihyan sa simbahan kung magbubuntis ako.” Pinagbigyan niya ang lalaki matapos itong magsinungaling sa kanya, na sinasabing inaprubahan ito ng mga lider ng simbahan.

Hindi nagtagal ginamit din ng ilang kaibigan ni John ang parehong mga kasinungalingan para pagsamantalan siya.

“Noong nakaraang taglamig, nabahala ako sa ginagawa ko,” sabi ni Catherine sa high council. Nang malaman niya na walang pahintulot ni Joseph at ng iba pang mga lider ng simbahan ang ginagawa ni John, nagdesisyon siyang magsalita laban sa kanya. Pinakinggan ni Joseph at ng high council si Catherine, patuloy na nag-fellowship sa kanya, at itiniwalag ang mga taong nanlinlang sa kanya.¹⁴

Nang matapos ang imbestigasyon, natanggap din ni John ang opisyal na pabatid ng pagtiwalag sa kanya. Minsan pa, nagmakaawa siya at hinimok ang kapulungan na tahimik na ipatupad ang kaparusahan sa kanya. Sinabi niya na ang balita ay ipagdaramdam nang husto ng kanyang inang matanda na at tiyak na ikamamatay nito ang pagdadalamhati.¹⁵

Tulad ni Hyrum, nasuklam si Joseph sa mga ginawang kasalanan ni John, ngunit dahil sa bumabagabag sa mga Banal na mga paratang tungkol sa pamamaril kay Boggs, at dahil sabik ang mga patnugot ng pahayagan na makapagbalita ng iskandalo sa Nauvoo, siya at ang iba pang mga lider ng Simbahan ay maingat na kumilos upang maiwasang makaagaw ng pansin ukol sa bagay na ito. Nagpasiya silang huwag ilathala ang pagtitiwalag kay John at naghintay para makita kung magbabago siya.¹⁶

Gayunman, nag-alala si Joseph tungkol sa mga babaeng nilinlang ni John. Karaniwan sa mga komunidad ang malupit na itakwil ang kababaihan na pinaghihinalaang nakagawa ng kasalanang seksuwal, kahit na walang kasalanan ang mga babae. Hinikayat ni Joseph ang kababaihan ng Relief Society na maging mapagkawanggawa at huwag agad ikondena ang iba.

“Magsisi, magbago, pero gawin ito sa paraan na hindi masisira ang lahat ng nasa paligid ninyo,” payo niya. Hindi niya gustong kunsintihin ng mga Banal ang kasamaan, ngunit hindi rin niya gustong iwasan at ipagwalang-bahala nila ang mga tao. “Magkaroon ng pusong dalisay. Nais ni Jesus na iligtas ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan,” paalala niya sa kanila. “Sabi ni Jesus, ‘Gawin ang mga bagay na nakikita ninyong ginagawa ko.’ Ito ang mahahalagang salitang dapat gawin ng lipunan.”

“Dapat isantabi ang lahat ng walang kuwentang tsismis at usap-usapan,” pagsang-ayon ni Emma. Gayunman wala siyang tiwala sa tahimik na pagdisiplina. “Hindi dapat pagtakpan ang kasalanan,” sabi niya sa kababaihan, “lalo na ang mga kasalanan na labag sa batas ng Diyos at sa mga batas ng bansa.” Naniwala siya na dapat ipaalam sa publiko ang maling mga ginawa ng tao upang mapigilan ang iba sa paggawa ng parehong mga pagkakamali.¹⁷

Gayunman, patuloy na pinangasiwaan nang pribado ni Joseph ang bagay na ito. Ipinakita ng nakaraang ugali ni John na lumalayo siya sa komunidad pagkatapos mailantad ang kanyang ginawa at matanggalan ng awtoridad. Marahil, kung matiyaga silang naghintay, kusa na lang aalis sa bayan si John.¹⁸

NAGKITA-KITA ANG RELIEF SOCIETY para sa ikasampung pulong nito noong Mayo 27, 1842, malapit sa kakahuyan kung saan madalas magpunta ang mga Banal para sumamba. Daan-daan na ngayon ang kabilang sa organisasyon, pati na si Phebe Woodruff, na isang buwan pa lang na naging kasapi kasama sina Amanda Smith, Lydia Knight, Emily Partridge, at marami pang kababaihan.¹⁹

Ang lingguhang mga miting noon ay panahon para isantabi ni Phebe ang mga alalahanin ng kanyang abalang buhay, malaman ang mga pangangailangan ng mga tao sa kanyang paligid, at makinig sa mga sermon na inihanda lalo na para sa kababaihan ng simbahan.

Madalas magsalita noon sina Joseph at Emma sa mga miting, ngunit sa araw na ito ay nagsalita si Bishop Newel Whitney sa mga babae tungkol sa mga pagpapala ng Panginoon na malapit nang ibigay sa kanila. Dahil katatanggap lang ng endowment, hinimok ni Bishop Whitney ang kababaihan na manatiling nakatuon sa gawain ng Panginoon at maghandang tanggapin ang Kanyang kapangyarihan. “Kung wala ang babae, lahat ng bagay ay hindi maibabalik sa lupa,” pahayag niya.

Ipinangako niya sa kanila na maraming mahahalagang bagay na ipagkakaloob ang Diyos sa matatapat na Banal. “Dapat nating kalimutan ang mga walang kabuluhang bagay at tandaan na nakatingin sa atin ang Diyos. Kung sinisikap nating gawin ang tama, kahit maraming beses tayong magkamali sa pagpapasiya, gayunman tayo ay inaaring-ganap sa paningin ng Diyos kung gagawin natin ang lahat sa abot ng ating makakaya.”²⁰

Dalawang araw pagkatapos ng sermon ni Newel, sina Phebe at Wilford ay umakyat ng burol papunta sa hindi pa tapos na templo. Bilang isang pamilya, dumanas sila ng mga paghihirap, kabilang ang pagkamatay ng kanilang anak na si Sarah Emma habang si Wilford ay nasa England. Ngayon ay mas matatag na ang katayuan nila mula nang mag-asawa sila, at nadagdagan ng dalawa pang anak ang kanilang pamilya.

Si Wilford ang namahala sa opisina ng *Times and Seasons*, na nagbigay sa kanya ng matatag na trabaho para masuportahan ang kanilang pamilya. Ang mga Woodruff ay nanirahan sa isang simpleng bahay sa lunsod habang nagtatayo ng bagong bahay na yari sa brick o laryo sa lote sa timog ng templo. Nagkaroon sila ng maraming kaibigan na dumalaw sa lugar, pati na sina John at Jane Benbow, na nagbenta ng kanilang malaking sakahan sa England upang makipagtipon sa mga Banal.²¹

Tulad ng itinuro ng Bishop Whitney, kailangan pa ring sikapin ng mga Banal na gawin ang tama, na nakikibahagi sa gawain ng Panginoon at umiiwas sa mga bagay na aakay sa kanila palayo.

Lalo pang naging mahalaga ang templo sa patuloy na pagtutuon sa bagay na ito. Sa pagbaba sa silong nito, pumasok si Phebe sa bautismuhan noong Mayo 29 at nabinyagan para sa kanyang lolo, lola, at grand-uncle.²² Habang inilulubog siya ni Wilford sa tubig, nanalig siya na tatanggapin ng kanyang yumaong mga kaanak ang ipinanumbalik na ebanghelyo at gagawa ng mga tipan na sundin si Jesucristo at alalahanin ang Kanyang sakripisyo.

SI JOHN BENNETT AY nasa Nauvoo pa rin dalawang linggo matapos niyang malaman ang kanyang pagkatiwalag. Noong panahong iyon binalaan na ng Relief Society ang mga babae sa lunsod tungkol sa ginawa niyang mga krimen at talagang kinondena ang uri ng mga kasinungalingan na ikinalat niya tungkol sa mga lider ng simbahan.²³ Lumutang din ang iba pang mga di magandang impormasyon tungkol sa nakaraan ni John, at natanto ni Joseph na panahon na para ipaalam ang tungkol sa pagkakatiwalag sa dating alkalde at hayagang ilantad ang kanyang matitinding kasalanan.

Noong Hunyo 15, inilathala ni Joseph ang maikling pabatid tungkol sa pagkakatiwalag ni John sa *Times and Seasons*.²⁴ Makalipas ang ilang araw, sa isang sermon sa kinatatayuan ng templo, nagsalita siya sa mahigit isang libong mga Banal tungkol sa mga kasinungalingan at pagsasamantala ni John sa kababaihan.²⁵

Mabilis na umalis si John sa Nauvoo makalipas ang tatlong araw, sinasabing ang mga Banal ay hindi karapat-dapat sa kanyang presensya at nagbabantang magpapadala ng isang grupo ng mandurumog sa Relief Society. Hindi nababahala, iminungkahi ni Emma na bumuo ang Relief Society ng isang polyeto na tumutuligsa sa pagkatao ni John. “Wala tayong dapat gawin kundi ang matakot sa Diyos at sundin ang mga kautusan,” ang sabi niya sa kababaihan, “at sa paggawa ng gayon tayo ay uunlad.”²⁶

Naglathala rin si Joseph ng isang karagdagang sakdal laban kay John, na nagdedetalye sa matagal nang paglihis sa landas ng dating alkalde. “Sa halip na magpakita ng diwa ng pagsisisi,” sabi ni Joseph, “pinatunayan niya hanggang sa

huling sandali na hindi siya karapat-dapat sa pagtitiwala o pagpapahalaga ng sinumang matwid na tao sa pamamagitan ng pagsisinungaling para linlangin ang mga walang-malay at pangangalunya sa pinakakarumal-dumal at di makataong paraan.”²⁷

Samantala, umupa ng isang silid sa kalapit na bayan si John at nagpadala ng mapapait na liham tungkol kay Joseph at sa mga Banal sa isang tanyag na pahayagan sa Illinois. Inakusahan niya si Joseph ng maraming krimen, kabilang na ang marami na ginawa niya mismo, at gumawa ng hindi totoo at mapagmalabis na mga kuwento para suportahan ang kanyang mga sinasabi at pagtakpan ang kanyang mga kasalanan.

Sa isang liham, inakusahan ni John si Joseph na ito ang nag-utos noong Mayo na barilin si Lilburn Boggs, na inuulit ang kuwento mula sa pahayagan na ipinropesiya ng propeta ang masakit na pagkamatay ni Boggs at idinagdag na isinugo ni Joseph ang kanyang kaibigan at bodyguard na si Porter Rockwell sa Missouri “para matupad ang propesiya.”²⁸

Nakita ng mga Banal ang maraming kasinungalingan sa mga isinulat ni John, ngunit ang mga liham ay nagpaalab sa apoy na naglalagablab na sa kanilang mga kritiko sa Missouri. Matapos magpagaling mula sa pag-atake sa kanya, hiniling ni Boggs na ang taong muntik nang makapatay sa kanya ay iharap sa hukuman. Nang malaman niya na si Porter Rockwell ay dumadalaw noon sa pamilya nito sa Independence, inakusahan ni Boggs si Joseph na kasabwat sa tangkang pagpatay sa kanya. Pagkatapos ay hinikayat niya si Thomas Reynolds, ang bagong gobernador ng Missouri,

na hilingin na arestuhin o dakpin ng mga opisyal sa Illinois si Joseph at pabalikin siya sa Missouri para litisin.²⁹

Pumayag si Gobernador Reynolds, at hiniling naman niya kay Thomas Carlin, na gobernador ng Illinois, na ituring si Joseph na gaya ng isang tumatakas sa katarungan na tumakas sa Missouri matapos ang krimen.³⁰

Nalalaman na hindi nagpunta si Joseph sa Missouri mula nang tumakas sa estado tatlong taon na ang nakalipas, at na walang katibayan ng kanyang pagkakasangkot sa pamamail, nagalit nang husto ang mga Banal. Ipinetisyon kaagad sa gobernador ng Konseho ng Lunsod ng Nauvoo at ng isang grupo ng mga mamamayan sa Illinois, na mababait sa mga Banal, na huwag arestuhin si Joseph.³¹ Naglakbay sina Emma, Eliza Snow, at Amanda Smith papunta sa Quincy para makipagkita sa gobernador at personal na ihatid ang kahilingan ng Relief Society bilang suporta kay Joseph. Pina-kinggan ni Gobernador Carlin ang kanilang mga pakiusap, ngunit sa huli ay ipinag-utos pa rin niya ang pagdakip kina Joseph at Porter.³²

Isang deputy sheriff at dalawang opisyal ang dumating sa Nauvoo noong Agosto 8 at inaresto ang dalawang lalaki, at sinabing si Porter ang bumail kay Boggs at si Joseph ay kasabwat nito. Gayunman, bago pa sila mailayo ng sheriff, iginiit ng Konseho ng Lunsod ng Nauvoo ang karapatang siyasatin ang warrant o pagpapaaresto. Pinagbintangan na noon si Joseph, at binigyan ng kapangyarihan ng Nauvoo charter ang mga Banal na protektahan ang kanilang sarili laban sa mga pang-aabuso ng sistema ng hustisya.

Hindi sigurado kung may karapatan ang konseho na kuwestiyunin ang warrant o pagpapaaresto, ipinaubaya

ng sheriff sina Joseph at Porter sa city marshal at umalis ng bayan para itanong sa gobernador kung ano ang dapat niyang gawin. Pagbalik niya makalipas ang dalawang araw, hinanap ng sheriff ang kanyang mga bihag, pero hindi sila matagpuan.³³



Ang Ikapitong Kaguluhan

Noong Agosto 11, 1842, isang munting sinag ng buwan ang naaninag sa tubig habang tahimik na sinasagwan ni Joseph at ng kanyang kaibigang si Erastus Derby ang munting bangka sa Ilog Mississippi. Sa unahan, natatanaw nila ang hugis ng dalawang makahoy na isla sa kahabaan ng ilog sa pagitan ng Nauvoo at Montrose. Sa pagdaan sa pagitan ng mga isla, napansin ng mga lalaki ang isa pang bangka na nakadaong sa kahabaan ng pampang at sumagwan patungo roon.¹

Isang araw bago iyon, tahimik na umalis sina Joseph at Porter sa Nauvoo upang maiwasan ang pag-aresto sa kanila, nag-aalala na baka hindi sila bigyan ng patas na paglilitis. Nagpunta si Porter sa silangan para lisanin ang estado habang si Joseph ay pumunta sa kanluran, tinawid ang ilog papunta sa bahay ng kanyang tiyo John sa Teritoryo ng Iowa, na lampas sa hurisdiksyon ng sheriff sa Illinois at

ng kanyang mga tauhan. Maghapon siyang nagtatago doon, ngunit masyado siyang nasabik na makita ang pamilya at mga kaibigan.

Nang idaong nina Joseph at Erastus ang kanilang munting bangka sa isla, sinalubong sila nina Emma, Hyrum, at ng ilang malalapit na kaibigan ni Joseph. Hawak ang kamay ni Emma, nakinig si Joseph habang nakaupo sa bangka ang grupo at tahimik na nag-usap tungkol sa sitwasyon sa Nauvoo.²

Mas malaki ang panganib kaysa sa inasahan ni Joseph. Narinig ng kanyang mga kaibigan na nagpalabas ang gobernador ng Iowa ng arrest warrant para sa kanya at kay Porter, ibig sabihin hindi na ligtas na magtago si Joseph sa bahay ng kanyang tiyo. Ngayon ay inaasahan na nilang hinahanap na siya ng sheriff sa magkabilang panig ng ilog.

Naniniwala pa rin ang mga kaibigan ni Joseph na ang mga pagtatangkang pag-aresto kay Joseph ay labag sa batas, isang walang kahihiyang pakana ng kanyang mga kaaway sa Missouri para dakpin ang propeta. Sa ngayon, ang pinakamagandang gawin ni Joseph ay magtago sa bukirin ng isang kaibigan sa gawi ng Illinois at maghintay hanggang sa tumahimik ang lahat.³

Pag-alis ni Joseph sa isla, umapaw ang kanyang puso sa pasasalamat. Paulit-ulit siyang pinabayaan at ipinagkanulo nang dumanas siya ng paghihirap. Ngunit dumating ang mga kaibigang ito sa hatinggabi, piniling suportahan siya at ang mga katotohanang pinahahalagahan niya.

“Sila ay mga kapatid ko,” naisip niya, “at ako ay mabubuhay.”

Pero ang pinakapinasalamatan niya ay si Emma. “Muli, narito siya,” naisip ni Joseph, “kahit sa ikapitong kaguluhan, walang takot, matatag at matibay, hindi nagbabago, ang mapagmahal na si Emma!”⁴

REGULAR NA NAKIPAG-UGNAYAN SI Emma kay Joseph nang sumunod na mga araw at linggo. Kapag hindi sila maaaring magkita nang personal, nagpapalitan sila ng mga sulat. Kapag naiwasan niya ang mga pulis na nagbabantay sa bawat kilos niya, nakakasama niya si Joseph sa isang safe house o ligtas na lugar at pinaplano ang susunod na gagawin nilang hakbang. Madalas na inihahatid niya ang mga mensahe ni Joseph sa mga Banal, pinipili kung sino ang mga taong dapat niyang pagkatiwalaan at mabilis na iniwasan ang mga taong gustong saktan si Joseph.⁵

Sa banta ng mga sheriff na hahalughugin ang bawat bahay sa Illinois kung kinakailangan, batid ni Joseph na nag-alala ang mga Banal na baka di magtagal ay mahuli siya at ibalik sa Missouri. Hinikayat siya ng ilan sa kanyang mga kaibigan na tumakas at magpunta sa gubat ng mga pino sa hilaga ng Illinois, kung saan nangunguha noon ang mga Banal ng kahoy para sa templo.⁶

Ayaw ni Joseph sa ideya ng pagtakas, at pinili niyang manatili sa Illinois at hintaying matapos ang krisis. Ngunit handa siyang sumama kung iyon ang gustong gawin ni Emma. “Nasa inyo ang kaligtasan ko,” isinulat niya. “Kung ikaw at ang mga anak natin ay hindi sasama sa akin, hindi ako pupunta.”

May bahagi ng kanyang pagkatao na nagnanais na dalhin ang kanyang pamilya sa kung saan, kahit sa maikling panahon lang. “Sawa na ako sa aba, mababa, at maruming kahalayan ng ilang bahagi ng lipunan na ating ginagalawan,” sabi niya kay Emma, “at siguro kung magkakaroon ako ng mga anim na buwang kapanatagan kasama ang aking pamilya, ito na ang pinakamagandang makakamit ko sa buhay.”⁷

Sinagot ni Emma ang kanyang sulat kalaunan ng araw na iyon. “Ako ay handang sumama sa iyo kung ikaw ay mapipilitang umalis,” isinulat niya, “pero may kumpiyansa pa rin ako na mapoprotektahan ka nang hindi umaalis sa bansang ito. Maraming paraan para maprotektahan ka.”⁸

Nang sumunod na gabi, sumulat siya sa gobernador ng Illinois na si Thomas Carlin para tiyakin sa kanya na inosente si Joseph. Wala si Joseph sa Missouri nang mangyari ang tangkang pagpatay, katwiran niya, at siya ay inosente sa mga ipinaparatang sa kanya. Naniniwala siya na hindi makakamit ni Joseph ang patas na paglilitis sa Missouri at sa halip ay malamang na paslangin siya.

“Nakikiusap ako sa inyo na huwag pahirapan ang kalooban ng inosenteng mga anak ko na muling makita ang di-makatarungang pagkaladkad sa kanilang ama papunta sa bilangguan, o sa kamatayan,” pagsamo niya.⁹

Ang gobernador ay tumugon kay Emma makalipas ang ilang sandali. Ang kanyang sulat ay magalang at pinag-isipang mabuti ang mga salita, iginigiit na ang kanyang mga hakbang laban kay Joseph ay dahil lamang sa pagtupad sa kanyang tungkulin. Nagpahayag siya ng pag-asa na susunod

si Joseph sa batas, at hindi siya nagbigay ng pahiwatig na handa siyang magbago ng isip ukol sa bagay na ito.¹⁰

Hindi natitinag, isinulat ni Emma ang ikalawang liham, sa pagkakataong ito ay nagpapaliwanag kung bakit ang pagdakip sa kanyang asawa ay labag sa batas.

“Anong kabutihan ang maidudulot sa estadong ito o sa Estados Unidos, o sa alinmang panig ng estadong ito, o sa Estados Unidos, o sa iyong sarili, o sa sinumang tao,” tanong niya sa gobernador, “kung ipagpapatuloy ang pang-uusig sa mga taong ito, o kay G. Smith?”

Ipinadala niya ang sulat at naghintay ng sagot.¹¹

SAMANTALA, HINDI ALAM NG karamihan sa mga Banal sa Nauvoo na nagtatago si Joseph ilang milya lamang ang layo sa kanila. Naniwala ang ilan sa kanila na bumalik siya sa Washington, DC. Inisip naman ng iba na nagpunta siya sa Europa. Habang pinanonood nila ang paghahalughog ng sheriff at ng kanyang mga tauhan sa mga lansangan ng Nauvoo, na naghahanap ng bakas ng kinaroroonan ni Joseph, lalong nag-alala ang mga Banal sa kanyang kaligtasan.¹² Ngunit nagtiwala sila na poprotektahan ng Panginoon ang Kanyang propeta, at sila ay nagpatuloy sa pang-araw-araw na buhay.

Tulad ng iba pang mga British na nandayuhan, si Mary Davis ay nag-a-adjust pa rin sa kanyang bagong tahanan sa Nauvoo. Mula nang dumating sa lunsod, napangasawa niya si Peter Maughan, na batang balo na nakilala niya sa Kirtland, at naging madrasta sa mga anak ni Peter. Sama-sama silang umupa sa bahay ni Orson Hyde, na noon ay

nasa kanyang misyon pa rin sa Jerusalem, at nahirapang makahanap ng angkop na trabaho para suportahan ang kanilang pamilya.¹³

Maraming trabahong laan ang Nauvoo para sa mga manggagawa sa bukid at konstruksiyon pero mas kakaunti ang oportunidad para sa mga bihasang manggagawang tulad ni Peter, na nanirahan at nagtrabaho sa abalang mga sentro ng pagmimina at mga pabrika ng England. Ang lokal na mga negosyante ay nagsisikap magtayo ng mga mill o gilingan, pabrika, at mga pandayan sa Nauvoo, pero nagsisimula pa lang ang mga negosyong ito at hindi mabigyan ng trabaho ang lahat ng bihasang mga manggagawa na dumadagsa mula sa England.¹⁴

Sa kawalan ng matatag na trabaho, nalampasan nina Mary at Peter ang kanilang unang taglamig sa pamamagitan ng pagbebenta ng ilan sa kanilang mga ari-arian para bumili ng pagkain at kahoy na panggatong. Nang malaman ni Joseph ang tungkol sa trabaho ni Peter bilang minero sa England, inupahan niya ito para hukayin ang isang pinagmumulan ng coal na natuklasan sa loteng pag-aari niya sa timog ng Nauvoo. Napatunayang mataas ang kalidad ng coal, at nakakuha si Peter ng tatlong bagon na puno nito para kay Joseph bago ito naubos.¹⁵

Ang ilang maralitanang pamilyang nandayuhan ay umalis sa Nauvoo para maghanap ng trabaho na may mas mataas na suweldo sa mga kalapit na bayan at lunsod, pero pinili nina Mary at Peter na manatili sa lunsod at pagkasyahin ang anumang mayroon sila. Inilatag nila ang mga tabla sa hindi pa tapos na sahig sa bahay ng mga Hyde at naglatag ng mga kutson para gawing kama. Ginamit nila ang isang

baul bilang mesa at nasa labas ang kanilang mga pinggan dahil wala silang mga paminggalan.¹⁶

Nakakahilo ang init kapag tag-init sa Nauvoo, pero kapag lumamig ang temperatura sa hapon at gabi, isinasantabi ng mga pamilyang tulad ng mga Maughan ang kanilang mga gawaing-bahay at sama-samang naglilibot sa lunsod. Kadalasan ay puno ang mga kalsada ng mga taong nag-uusap tungkol sa pulitika, lokal na balita, at ebanghelyo. Kung minsan ang mga Banal ay nagdaraos ng mga lektyur, dumadalo sa mga dula-dulaan, o nakikinig sa pagtugtog ng bagong tatag na Nauvoo Brass Band ng popular na mga awitin ng panahon. Laging may grupo ng mga bata sa di-kalayuan, naglalaro ng holen, nagluluksong-lubid, at naglalaro sa labas hanggang sa magkubli ang araw sa likod ng Ilog Mississippi at umandap-andap ang mga bituin sa nagdidilim na kalangitan.¹⁷

SA KATAPUSAN NG AGOSTO, ang mga liham na inilat-hala ni John Bennett sa tag-init ay muling inililimbag sa mga pahayagan sa iba't ibang panig ng bansa, sinisira ang reputasyon ng simbahan at lalong pinahihirapan ang mga missionary sa pagbabahagi ng mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Bilang tugon, nanawagan ang mga lider ng Simbahan sa daan-daang mga elder na nasa misyon upang labanan ang negatibong pamamahayag.

Noong Agosto 29, ang mga elder ay nagtipon sa kakahuyan malapit sa kinatatayuan ng templo para tumanggap ng tagubilin. Habang nagsasalita si Hyrum, nagbulungbulungan ang kongregasyon nang umakyat sa pulpito si

Joseph at naupo. Hindi siya nakita ng marami sa mga elder mula nang magtago siya sa simula ng buwang iyon.

Tinutugis pa rin ng mga awtoridad sa Illinois si Joseph, pero kaaalis lang nila sa lugar, kaya kahit paano ay nakapagpahinga si Joseph. Sa loob ng mahigit na isang linggo, tahimik siyang namuhay sa tahanan kasama ang kanyang pamilya at lihim na nakipagkita sa Labindalawa at iba pang mga lider ng Simbahan.¹⁸

Dalawang araw matapos ang pakikipagpulong sa mga elder, nadama ni Joseph na ligtas siya para dumalo sa miting ng Relief Society. Nagsalita siya sa mga babae tungkol sa kanyang mga pagsubok kamakailan at sa mga ipinaparatang sa kanya. “Kahit nagkakamali ako, hindi ko ginawa ang mga kamaliang ipinaparatang nilang ginagawa ko,” sabi niya. “Ang maling nagagawa ko ay dahil sa kahinaan ng likas na tao, tulad ng ibang tao. Walang taong nabubuhay nang walang kasalanan.”

Pinasalamatan niya si Emma at ang iba pang kababaihan sa pagtatanggol sa kanya at sa pagsamo sa gobernador para sa kanya. “Ang Female Relief Society ang pinakaaktibo sa pagtatanggol ng aking kapakanan laban sa aking mga kaaway,” sabi niya. “Kung hindi nagawa ang mga hakbang na ito, mas seryoso ang mga ibubunga nito.”¹⁹

Sa pagtatapos ng linggong iyon, tinanggap niya at ni Emma ang dating apostol na si John Boynton. Bagama’t nambatikos si John—at kahit pinagbantaan niya ang kapatid ni Joseph gamit ang isang espada sa Kirtland temple—isinantabi niya ang hindi nila pagkakaunawaan ni Joseph. Habang kumakain ng tanghalian ang pamilya, sapilitang pumasok sa bahay ang dalawang armadong opisyal

dala-dala ang bagong utos na arestuhin ang propeta. Nilito ni John ang mga lalaki, na nagbigay ng oras kay Joseph para tumakas gamit ang pintuan sa likod, tumakbo sa mga tanim na mais sa kanyang hardin, at magkubli sa kanyang tindahan.

Sa bahay, iginiit ni Emma na gusto niyang makita ang search warrant ng sheriff. Sinabi nito kay Emma na wala siyang dalang warrant at itinulak siya nito at ng kasama nitong mga tauhan. Hinalughog nila ang mga kuwarto, naghahanap sa likod ng bawat pinto at kurtina, pero wala silang natagpuan.

Nang gabing iyon, nang umalis na ng bayan ang mga pulis, lumipat si Joseph sa bahay ng kanyang mga kaibigan na sina Edward at Ann Hunter.²⁰ “Aking inisip na ito ay kapaki-pakinabang at karunungan sa akin na lisanin ang lugar sa maikling panahon, para sa aking sariling kaligtasan at sa kaligtasan ng mga taong ito,” pagsulat ni Joseph sa mga Banal makalipas ang ilang araw. Bagama’t ayaw niyang ituon ang kanyang pansin sa dinaranas niyang mga pagsu-bok, ibinahagi niya sa kanila ang isang bagong paghahayag tungkol sa binyag para sa mga patay.

“Katotohanang ganito ang wika ng Panginoon,” ang mababasa sa paghahayag, “ang gawain sa aking templo, at lahat ng gawain na aking itinakda sa inyo, ay ipagpatuloy at huwag itigil.” Inutusan ng Panginoon ang mga Banal na mag-ingat ng isang talaan ng mga proxy baptism na isinagawa nila at maglaan ng mga saksi para sa mga ito, upang ang pagtubos sa mga patay ay maitala sa lupa at sa langit.²¹

Makalipas ang ilang araw, nagpadala si Joseph ng karagdagang tagubilin sa mga Banal tungkol sa ordenansa.

“Ang mundo ay babagabagin ng isang sumpa, maliban kung may isang pag-uugnay ng anumang uri sa pagitan ng mga ama at mga anak,” pagsulat niya, na binabanggit ang sinabi ni Malakias. Ipinaliwanag niya na ang mga henerasyon noon at ngayon ay dapat magtulungan upang tubusin ang mga patay at isakatuparan ang kaganapan ng mga panahon, kung kailan ihahayag ng Panginoon ang lahat ng susi, kapangyarihan, at mga kaluwalhatian na inilaan Niya para sa mga Banal, pati na ang mga bagay na hindi pa Niya inihayag noon.

Hindi mapigilan ni Joseph ang kagalakan sa awa ng Diyos sa mga buhay at patay. Kahit sa pagtatago, sa dimakatarungang pagtugis ng kanyang mga kaaway, nagalak siya sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

“Ano ang ating naririnig sa ebanghelyo?” tanong niya sa mga Banal. “Isang tinig ng kagalakan! Isang tinig ng awa mula sa Langit; at isang tinig ng katotohanan mula sa lupa!” Masigla siyang sumulat tungkol sa Aklat ni Mormon, sa mga anghel na nagpanumbalik ng priesthood at ng mga susi nito, at sa paghahayag ng Diyos tungkol sa Kanyang plano nang taludtod sa taludtod at tuntunin sa tuntunin.

“Hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain?” tanong niya. “Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak. Bumulalas ang mundo sa pag-awit. Magsalita ang mga patay ng mga awit ng walang hanggang papuri sa Haring Immanuel.” Lahat ng nilikha ay nagpatotoo kay Jesucristo, at ang Kanyang tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan ay tiyak.

“Anong luwalhati ang tinig na ating naririnig mula sa langit!” Nagalak si Joseph.²²

NOONG TAGLAGAS NG 1842, tumugon si Gobernador Carlin sa ikalawang sulat ni Emma, nagpapahayag ng paghanga sa kanyang katapatan sa kanyang asawa ngunit sa huli ay tumangging tulungan siya.²³ Kasabay niyon, si John Bennett ay naglabas ng isang aklat na naglalaman ng eskandalosong ulat tungkol kay Joseph at sa mga Banal. Nagsimula rin siyang magbigay ng mga letyur sa tinawag niyang “The Secret Wife System at Nauvoo [Ang Sistema ng Lihim na Kabiyak sa Nauvoo],” na bumighani sa mga mambabasa dahil sa narinig niyang kumakalat na mga tsismis—at marami rito ay gawa-gawa lamang niya mismo—tungkol sa maramihang pag-aasawa ni Joseph.²⁴

Sa agresibo at puspusang kampanya ni John, at sa pagtangi ni Gobernador Carlin na tumulong o mamagitan, mas lalong nadama ni Joseph na naiipit siya. Alam niyang hindi niya kayang isuko ang kanyang sarili at humarap sa paglilitis hangga’t gusto ng kanyang mga kaaway sa Missouri na makita siyang patay. Pero hindi rin siya maaaring magtago sa buong buhay niya. Hanggang kailan siya makaiwas sa pag-aresto bago parusahan ng estado ang kanyang pamilya at ang mga Banal sa pagprotekta sa kanya?²⁵

Sa buwan ng Disyembre, nang si Joseph ay tatlong buwan nang nagtatago, nagtapos ang termino ni Gobernador Carlin. Kahit na ang bagong gobernador na si Thomas Ford, ay ayaw makialam nang direkta sa kaso ni Joseph, nagpahayag siya ng simpatiya sa mahirap na kalagayan ng propeta at ng tiwala na magpapasiya ang mga korte na pumanig sa kanya.²⁶

Hindi alam ni Joseph kung mapagkakatiwalaan niya ng bagong gobernador, ngunit wala siyang mas mainam na opsiyon. Nang sumunod na araw matapos ang Pasko

ng 1842, siya ay sumuko kay Wilson Law, isang heneral sa Nauvoo Legion at kapatid ni William Law. Pagkatapos ay nagpunta na sila sa Springfield, ang kabisera ng estado, para sa isang pagdinig upang malaman kung legal nga ang utos ng gobernador ng Missouri na pagpapadakip kay Joseph at kung siya ay ibabalik sa Missouri para litisin.²⁷

Ang pagdating ni Joseph sa Springfield ay nagdulot ng kaguluhan. Ang mga nag-uusisa ay dumagsa sa hukuman sa tapat ng bagong gusali ng kapitolyo, nagsisiksikan at nag-uusyoso para masulyapan ang lalaking ang tawag sa kanyang sarili ay isang propeta ng Diyos.

“Sino si Joe Smith?” tanong ng isa. “Siya ba ang malaking lalaking iyon?”

“Ang tangos ng ilong!” sabi ng isa pa. “Masyado siyang palangiti para sa isang propeta!”²⁸

Si Judge Nathaniel Pope, isa sa mga iginagalang na lalaki sa Illinois, ang namuno sa hukuman. Naupo si Joseph sa tabi ng kanyang abugado, si Justin Butterfield, sa harap ng hukuman. Sa di kalayuan, si Willard Richards, na nagsilbing secretary ni Joseph, ay nakatuon sa nakabukas na kuwaderno, at isinusulat ang mga nangyayari. Nagsiksikan sa silid ang ilang mga Banal.²⁹

Sa isipan ni Judge Pope, ang kaso ni Joseph ay hindi tungkol sa kung ang propeta ay kasabwat sa pamamaril kay Boggs, kundi kung siya ay nasa Missouri nang maganap ang krimen at pagkatapos ay umalis ng estado. Si Josiah Lamborn, batang district attorney ng Illinois, ay itinuon ang kanyang pambungad na pananalita sa sinasabing propesiya tungkol sa pagkamatay ni Boggs. Ikinatwiran niya na kung

ipinropesiya ni Joseph ang tungkol sa pamamaril kay Boggs, ibig sabihin dapat siyang papanagutin at litisin sa Missouri.³⁰

Nang matapos ni G. Lamborn sa kanyang pahayag, sinabi ng abogado ni Joseph na ang mga paratang ni Gobernador Boggs at ang mga kasong inihain laban kay Joseph ay mayroong mali, dahil wala si Joseph sa Missouri nang maganap ang pamamaril. “Wala ni katiting na patotoo na si Joseph ay tumakas mula sa Missouri,” pangangatwiran ni G. Butterfield. “Hindi siya maaaring ilipat hangga’t hindi napatutunayan na siya ay isang takas. Kailangan nilang patunayan na tumakas siya!”

Pagkatapos ay iniharap niya sa korte ang mga patotoo na nagpapatunay na inosente si Joseph. “Sa palagay ko anuman ang mangyari ay hindi dapat isuko ang nasasakdal sa Missouri,” pagtatapos niya.³¹

Kinabukasan, Enero 5, 1843, napuno ng usap-usapan ang korte nang bumalik si Joseph at ang kanyang abugado para pakinggan ang hatol ng hukom. Sabik na naghintay ang mga Banal, nalalaman na kung magpapasiya si Judge Pope laban kay Joseph, ang propeta ay madaling mapupunta sa kamay ng kanyang mga kaaway pagsapit ng gabi.

Dumating si Judge Pope makalipas ang alas nuwebbe. Nang maupo, pinasalamatan niya ang mga abogado at nagsimulang ilahad ang kanyang desisyon. Marami itong sinasabi tungkol sa kaso, at habang nagsasalita siya, nagmamadaling isinulat ni Willard Richards ang bawat salita.

Tulad ng sinabi ng tagapagtanggol noong nakaraang araw, naipasiya ng hukom na hindi legal ang pagpapatawag kay Joseph para litisin sa Missouri. “Dapat pakawalan si

Smith,” sabi niya, nakikitang wala nang dahilan para pigilan pa si Joseph.

Tumayo sa kanyang kinauupuan si Joseph at yumukod sa hukuman. Pagkaraan ng limang buwan ng pagtatago, sa wakas siya ay malaya na.³²



Nagkakaisa sa Walang Hanggang Tipan

Nang bumalik si Joseph sa Nauvoo noong Enero 10, 1843, nagpuntahan ang mga kaibigan at kamag-anak sa kanyang bahay para batiin siya. Maya-maya pa, nagdaos sila ni Emma ng party sa hapunan para ipagdiwang ang kanyang tagumpay at ang kanilang ikalabing-anim na anibersaryo ng kasal. Bumuo ng awitin sina Wilson Law at Eliza Snow para sa okasyon, at naghain sina Joseph at Emma ng pagkain habang nagtatawanan at nagkukuwentuhan ang kanilang mga bisita.¹

Masaya si Joseph na makasama ang mga mahal sa buhay. “Kung hindi ko inaasahang makikita kong muli ang aking ina, mga kapatid, at kaibigan,” pagbubulay-bulay niya, “sasabog ang puso ko sa isang iglap.”² Napanatag siya sa kaalaman na ang mga pagbibinyag para sa mga buhay at patay, ang endowment, at walang hanggang kasal ay nagbigay sa mga Banal ng daan para gumawa ng mga sagradong

tipan na nagbuklod sa kanila sa isa't isa at nagtitiyak na magpapatuloy ang kanilang ugnayan sa kabilang-buhay.

Subalit hanggang ngayon ay wala pang babae at kakaunting mga lalaki lamang ang nakatanggap ng endowment, at wala pa ring alam ang maraming Banal tungkol sa walang hanggang tipan ng kasal. Pinanghawakan ni Joseph ang pangako na siya ay mabubuhay hanggang sa matapos niya ang kanyang misyon, at inasam niyang matapos ang templo para mapasimulan niya sa mga Banal ang mga ordenansang ito. Patuloy niyang nadama na parang nauubos na ang oras.

Binilisan pa rin niya ang pagkilos habang hinihimok ang mga Banal na makipagsabayan. Naniwala siya sa pam-bihirang mga pagpapala na makakamtan ng mga taong tatanggap ng mga sagradong ordenansa at susunod sa mga batas ng Diyos. Ngayon, higit kailanman, ang mithiin niya'y ipaabot ang banal na kaalaman na natanggap niya sa mas marami pang mga Banal, para tulungan silang gumawa at tumupad ng mga tipan na magpapasigla at magpapadakila sa kanila.³

ANG ILOG MISSISSIPPI AY nagyelo noong taglamig na iyon, at naharangan ang karaniwang pagdaan ng mga balsa at bangka sa tubig. Madalas umulan ng niyebe noon, at napakalamig ng ihip ng hangin sa mga kapatagan at sa mga burol. Ilang Banal lang ang nanatili sa labas nang matagal dahil ang suot lang ng marami sa kanila ay sapatos na mababa, manipis na jacket, at maninipis na alampay para maprotektahan sila mula sa lamig at natutunaw na yelo at putik.⁴

Nang malapit nang matapos ang taglamig, dama pa rin ang matinding ginaw sa hangin habang naglalaba si Emily Partridge at inaalagaan ang mga bata sa tahanan ng mga Smith. Sa loob ng mahigit dalawang taon, siya at ang ate niyang si Eliza ay nakatira at nagtatrabaho sa mga Smith, hindi kalayuan sa tirahan ng kanilang ina at ng bagong asawa nito.⁵

Si Emily ay kabilang sa Relief Society at madalas kausap ang mga babae sa kanyang paligid. Paminsan-minsan nakaririnig siya ng mga bulung-bulungan tungkol sa maramihang pag-aasawa. Mahigit tatlung mga Banal ang tahimik na sumunod sa gawaing ito, kabilang ang dalawa sa kanyang mga stepsister at isa sa kanyang mga stepbrother. Mismong si Emily ay walang alam tungkol dito.⁶

Gayunman, isang taon bago iyon, nabanggit ni Joseph na may sasabihin ito sa kanya. Nag-alok si Joseph na isulat ito sa isang liham, ngunit hiniling ni Emily na huwag gawin ito, sa pag-aalala na baka may mabanggit dito tungkol sa maramihang pag-aasawa. Pagkatapos, pinagsisihan niya ang kanyang desisyon at sinabi niya sa kanyang kapatid ang tungkol sa usapan, na binabanggit ang kaunting nalalaman niya tungkol sa gawain. Nagalit si Eliza, kaya wala nang sinabi si Emily.⁷

Dahil walang mapagtapatan, nadama ni Emily na parang mag-isa siyang lumulusong sa malalim na tubig. Bumaling siya sa Panginoon at nanalangin upang malaman kung ano ang gagawin, at pagkaraan ng ilang buwan, nakatanggap siya ng banal na pagpapatibay na dapat niyang pakinggan ang sasabihin ni Joseph sa kanya—kahit na ito ay may kinalaman sa maramihang pag-aasawa.⁸

Noong Marso 4, ilang araw pagkatapos ng kanyang ikalabingsiyam na kaarawan, hiniling ni Joseph na makausap si Emily sa bahay ni Heber Kimball. Umalis siya kaagad pagkatapos ng kanyang gawain na handa ang isip tungkol sa alituntunin ng maramihang pag-aasawa. Tulad ng ina-asahan, itinuro ito sa kanya ni Joseph at tinanong siya kung gugustuhin niyang mabuklod kay Joseph. Pumayag siya, at si Heber ang nagsagawa ng ordenansa.⁹

Pagkaraan ng apat na araw, ang kapatid niyang si Eliza ay nabuklod din kay Joseph. Nakakapag-usap na ngayon ang magkapatid at naibabahagi ang kanilang naunawaan at nadama tungkol sa mga tipang ginawa nila.¹⁰

PATULOY NA IPINAGTANGGOL NG mga Banal si Joseph laban sa mga paratang sa paglalantad ni John Bennett. Karamihan sa isinulat ni John ay pinalamutian o talagang hindi totoo, pero ang sinasabi niya na si Joseph ay nagpakasal sa maraming babae ay tama. Dahil walang alam tungkol sa katotohanang ito, buong tapang na itinanggi nina Hyrum Smith at William Law ang lahat ng pahayag ni John at hindi namalayan na kinokondena nila ang ginagawa ng mga Banal na masunuring nagsagawa ng maramihang pag-aasawa.¹¹

Ikinabalisa ito ni Brigham Young. Hangga't walang nalalaman ang mga miyembro ng Unang Panguluhan tungkol sa gawain, naniwala siya na ang kanilang pagkondena sa poligamyay ay makahahadlang kay Joseph at sa iba pa sa pagtupad sa mga utos ng Panginoon.

Sinubukan na ni Joseph, at hindi siya nagtagumpay, na ituro sa kanyang kapatid at kay William ang tungkol sa maramihang pag-aasawa. Minsan, sa isang council meeting, sinisimulan pa lang niya ang isyu nang sumabad si William. “Kung ihahayag sa akin ng isang anghel mula sa langit na ang isang tao ay dapat magkaroon ng mahigit sa isang asawa,” sabi niya, “papatayin ko siya!”

Nakikita ni Brigham na pagod na si Joseph sa mga ginagawa nina Hyrum at William. Isang araw ng Linggo, pagkatapos ng mga gawain ni Brigham sa gabi, dumating sa kanyang pintuan si Joseph nang di-inaasahan. “Gusto kong pumunta ka sa bahay namin at mangaral,” sabi ni Joseph.

Karaniwang masaya si Brigham na makasama ang mga Banal, ngunit alam niya na mangangaral din si Hyrum sa gabing iyon. “Mas gugustuhin kong hindi pumunta,” sabi niya.¹²

Nalaman kapwa ni Brigham at ng kanyang asawang si Mary Ann sa pamamagitan ng panalangin at inspirasyon na dapat nilang gawin ang maramihang pag-aasawa. Sa pahintulot ni Mary Ann, si Brigham ay nabuklod sa isang babaing nagngangalang Lucy Ann Decker noong Hunyo 1842, isang taon matapos unang ituro sa kanya ni Joseph ang alituntunin. Hiwalay si Lucy sa kanyang unang asawa at may maliliit pang anak na aalagaan.¹³

“Brother Brigham,” giit ni Joseph, “kung hindi ka sasama sa akin, hindi ako uuwi sa bahay namin ngayong gabi.”

Atubili, pumayag si Brigham na mangaral, at naglakad siyang papunta sa bahay kasama ng propeta. Inabutan nila si Hyrum na nakatayo sa tabi ng fireplace, at nagsasalita sa mga tao na nasa bahay. Hawak niya ang Biblia, Aklat ni

Mormon, at Doktrina at mga Tipan at sinabing ang mga ito ang batas ng Diyos na ibinigay sa kanila upang itayo ang Kanyang kaharian.

“Lahat ng bagay na higit pa rito,” sabi si Hyrum, “ay sa tao at hindi sa Diyos.”

Nakinig si Brigham sa sermon ni Hyrum, at tumitindi ang kanyang emosyon. Nakaupo sa tabi niya si Joseph na nakasapo sa kanyang mga kamay ang kanyang mukha. Nang matapos si Hyrum, kinalabit ni Joseph si Brigham at sinabing, “Tumayo ka na.”

Tumayo si Brigham at dinampot ang mga banal na kasulatan na inilapag ni Hyrum. Isa-isa niyang inilatag ang mga aklat sa kanyang harapan, para makita ng lahat ng nasa silid. “Hindi ko ipagpapalit ang mga abo ng dayami ng trigo sa tatlong aklat na ito,” pahayag niya, “kung wala ang mga buhay na orakulo ng Diyos.”¹⁴ Kung walang propeta sa mga huling araw, sabi niya, ang mga Banal ay parang tulad pa rin noong bago inihayag ng Diyos ang ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith.

Nang matapos siya, napansin ni Brigham na naantig sa kanyang sermon si Hyrum. Nang siya ay tumayo, buong pagpapakumbabang hiniling ni Hyrum sa mga Banal na patawarin siya. Tama si Brigham, sabi niya. Bagama’t napakahalaga ng mga banal na kasulatan, ang mga ito ay hindi pamalit sa buhay na propeta.¹⁵

NANG TAGSIBOL NA IYON, madalas umalis si Joseph sa Nauvoo para bisitahin ang kalapit na maliliit na stake ng simbahan. Saanman siya magpunta, sinasamahan siya ng

kanyang bagong klerk na si William Clayton, isang matalinong bata pang lalaki mula sa England. Nagpunta si William sa Nauvoo kasama ang kanyang asawang si Ruth noong 1840 at kaagad kinuha ng propeta para magtrabaho.¹⁶

Noong Abril 1, si William ay naglakbay ng kalahating araw kasama sina Joseph at Orson Hyde, na kauuwi lang mula sa Jerusalem, papunta sa pulong sa isang bayan na tinatawag sa Ramus.¹⁷ Kinaumagahan, nakinig si William habang ipinangaral ni Orson na pribilehiyo ng mga Banal na manahan sa kanilang mga puso ang Ama at ang Anak hanggang sa Ikalawang Pagparito.¹⁸

Kalaunan, habang sila ay masayang kumakain sa tahanan ng kapatid ni Joseph na si Sophronia, sinabi ni Joseph, “Elder Hyde, may imumungkahi lang akong ilang pagwawasto sa iyo.”

“Buong pasasalamat kong tatanggapin iyan,” sagot ni Orson.

“Ang pagsasabi na ang Ama at ang Anak ay nananahan sa puso ng isang tao ay isang sinaunang paniniwala ng ibang sekta, at hindi ito tama,” sabi ni Joseph. “Makikita natin Siya bilang Siya. Ating makikita na Siya ay isang tao tulad ng ating sarili.”¹⁹

Marami pang sinabi si Joseph ukol sa bagay na ito nang magpatuloy ang kumperensya kalaunan nang gabing iyon. “Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din,” itinuro niya, “subalit ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu.”²⁰

Habang nagsasalita si Joseph, isinulat ni William ang lahat ng maaari niyang isulat tungkol sa sermon sa kanyang

diary. Humanga siya sa malalalim na katotohanang ibinahagi ni Joseph at gustung-gustong malaman pa ang iba.

Itinala ni William ang turo ni Joseph na ang kaalaman at katalinuhan na nakukuha ng mga tao sa buhay na ito ay kasama nilang babangon sa Pagkabuhay na Mag-uli. “Kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin kaysa sa iba,” paliwanag ni Joseph, “siya ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating.”²¹

Makalipas ang isang buwan, bumalik sina Joseph at William sa Ramus at tumuloy sa tahanan nina Benjamin at Melissa Johnson. Itinuro ni Joseph sa mga Johnson na ang isang babae at isang lalaki ay maaaring magkasamang mabuklod sa kawalang-hanggan sa bago at walang hanggang tipan ng kasal. Itinuro niya na tanging sa pagpasok sa tipang ito, na isang orden ng priesthood, sila magkakamit ng kadakilaan. Kung hindi, ang relasyon nila ay hindi na magpapatuloy sa kabilang-buhay, magbibigay wakas sa kanilang walang hanggang pag-unlad at pagdami o pagkakaroon ng mga anak.

Ang paglalarawan ni Joseph sa walang hanggang kasal ay ikinamangha ni William. “Gusto kong makasama sa isang walang hanggang tipan ang aking asawa,” isinulat niya sa kanyang diary, “at dalangin ko na mangyari na ito.”²²

ANG PAGBABALIK NI ORSON Hyde mula sa Jerusalem ay nangahulugan na kailangan nang umalis sina Peter at Mary Maughan at ang kanilang pamilya sa tahanan ng mga

Hyde sa Nauvoo. Dahil wala silang matirahan, namalagi sila sa isang lote sa lunsod na nakuha nila mula sa komite ng templo, sa kasunduan na magtatrabaho si Peter sa templo para mabayaran ang lupa. Samantala, ipinagpalit ni Mary ang mga sinulid na cotton na dala niya mula sa England para sa pagkain.

Di nagtagal nagsimula na si Peter na magtrabaho bilang kantero, nagpuputol at naghuhubog ng mga bloke ng batong-apog para sa templo.²³ Sa ngayon, ang mga pader ay labindalawang talampakan na ang taas sa ilang bahagi, at naglagay ng pansamantalang sahig para makapagdaos ang mga Banal ng mga pulong sa templo.²⁴

Ang gusali ay magiging mas malaki at mas marangya kaysa sa templong napuntahan nina Peter at Mary sa Kirtland. Mayroon pa rin itong mga silid ng pagtitipon sa una at ikalawang palapag nito. Ngunit ang labas ng templo sa Nauvoo ay papalamutian ng mga nililok na mga bato na hugis bituin, buwan, at araw, bilang paalala sa mga kaha-rian ng kaluwalhatian na inilarawan sa pangitain ni Joseph tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli at gayundin ng paglalarawan ni Juan ang Tagahayag tungkol sa simbahan bilang “isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labingdalawang bituin.”²⁵

Linggu-linggo, gumamit ang mga manggagawa ng pulbura para makakuha ng mga bato mula sa mga quarry o tibagan ng bato sa hilaga ng bayan. Pagkatapos ay tina-
tabas nila ang bato para maging magaspang na mga bloke at gumagamit ng mga kariton na hila ng mga baka para hakutin ang mga ito papunta sa isang workshop malapit sa

templo. Doon, pinuputol at kinikinis ng mga lalaking gaya ni Peter ang mga bloke sa tamang sukat nito samantalang ang mahuhusay na manggagawa ay inuukit at nilililok ang mga batong gamit na pampalamuti. Kapag handa na ang bato, ikinakabit ito ng mga manggagawa sa isang mataas na crane at inilalagay ito sa lugar.²⁶

Dahil may matatag na trabaho at may sariling lupa, sina Peter at Mary ay nagtanim ng mga gulay, sinikap na itayo ang kanilang bahay, at inasam ang komportableng mga araw na darating.²⁷

DALAWANG BUWAN MATAPOS SIYANG mabuklod kay Joseph, si Emily Partridge ay nagtrabaho pa rin araw-araw sa tahanan ng mga Smith, naglalaba at nagtatahi ng mga damit at nag-aalaga sa mga bata. Si Julia Smith ay naging labingdalawa nang tagsibol na iyon at nag-aral ng pagpipinta.²⁸ Lumalaki na rin ang mga batang lalaki. Ang batang si Joseph ay sampung taon, si Frederick ay anim na taon, at si Alexander ay halos limang taon. Ang nakatatandang mga bata ay nag-aral sa paaralan kasama ang nakababatang kapatid ni Emily na si Lydia. Ang batang si Joseph ay nakikipaglaro din sa kanyang siyam na taong gulang na kapatid na si Edward Jr.²⁹

Sa pagpiling mabuklod kay Joseph, nagtiwala si Emily sa kanyang patotoo na siya ay kumikilos bilang pagsunod sa utos ng Panginoon. Siya at ang kanyang kapatid na si Eliza ay patuloy na pinanatiling pribado ang tungkol sa kanilang pag-aasawa. Sila at ang iba pa na naging bahagi ng mara-mihang pag-aasawa ay hindi ito itinuring kailanman bilang

poligamya, na itinuturing nilang makamundong kataga, na hindi isang ordenansa ng priesthood.³⁰ Kapag kinokondena ni Joseph o ng sinuman ang “poligamya” o “espirituwal na pag-aasawa” sa publiko, nauunawaan ng mga taong nagsasagawa ng maramihang pag-aasawa na hindi nito tinutukoy ang kanilang mga ugnayan sa tipan.³¹

Bukod sa Biblia, si Joseph ay walang modelo o huwaring susundan, at ang Panginoon ay hindi palaging nagbibigay sa kanya ng eksaktong mga tagubilin kung paano susundin ang Kanyang salita. Tulad sa iba pang mga kautusan at paghahayag, kinailangan ni Joseph na sumulong ayon sa kanyang matalinong paghatol. Pagkaraan lamang ng maraming taon naisulat ni Emily at ng iba pa ang kanilang mga alaala tungkol sa pagsunod ni Joseph sa alituntunin at tungkol sa sarili nilang mga karanasan sa maramihang pag-aasawa sa Nauvoo. Ang kanilang mga tala ay kadalasang maikli at hindi kumpleto.³²

Dahil hindi isinulat ni Joseph o ni Emma ang nadama nila tungkol sa maramihang pag-aasawa, maraming kataunungan ang hindi pa nasasagot. Sa kanyang mga pagsulat, itinala ni Emily ang ilan sa kanilang mga pakikibaka ukol sa gawaing ito. Kung minsan lubos itong tinatanggihan ni Emma samantalang sa ibang pagkakataon ay may pag-aatubili niya itong tinatanggap bilang isang kautusan. Dahil nalilito sa pagitan ng utos ng Panginoon na mag-asawa ng marami at sa pagtutol ni Emma, minsan ay pinipili ni Joseph na pakasalan ang mga babae nang lingid sa kaalaman ni Emma, na lumilikha ng pagkabalisa para sa lahat ng sangkot dito.³³

Sa pagsisimula ng Mayo, kinausap ni Emma nang sari-linan sina Emily at Eliza at ipinaliwanag ang alituntunin ng maramihang pag-aasawa.³⁴ Sinabihan niya si Joseph na papayag siyang mabuklod ito sa dalawa pang asawa basta siya ang pipili sa mga ito, at pinili niya sina Emily at Eliza, tila hindi alam na nabuklod na si Joseph sa kanila.³⁵

Sa halip na banggitin ang kanyang pagkakabuklod, naniwala si Emily na ang pananahimik ukol sa bagay na ito ang pinakamabuti niyang gawin.³⁶ Makaraan ang ilang araw, siya at si Eliza ay muling ibinuklod kay Joseph, sa pagkakataong ito ay kasama si Emma bilang saksi.³⁷

NOONG MAYO 14, HABANG SI Joseph ay dumadalo sa isa pang kumperensya, si Hyrum ay nangaral sa templo laban sa mga lalaking mayroong mahigit sa isang asawa. Tinutukoy ang pagkondena ni Jacob tungkol sa hindi awtorisadong maramihang pag-aasawa sa Aklat ni Mormon, tinawag ni Hyrum na karumal-dumal ang gawaing ito sa harap ng Diyos.³⁸

Pagkatapos ng sermon, nagsimulang pagdudahan ni Hyrum ang kanyang katiyakan tungkol sa itinuro niya. Puno ng mga talakayan tungkol sa maramihang pag-aasawa sa Nauvoo, at ang mga tsismis na si Joseph ay nagkaroon ng maraming asawa ay karaniwan na rin.³⁹

Gustong maniwala ni Hyrum na hindi ito totoo, ngunit naisip niya na baka may hindi sinasabi sa kanya si Joseph. Nagkaroon ng mga pagkakataon, pagkatapos ng lahat, na si Joseph ay nagpahiwatig na ginagawa niya ito, marahil para tingnan kung ano ang magiging reaksyon ni Hyrum.

At nahiwatigan ni Hyrum na may ilang bagay na sinabi si Joseph sa Labindalawa na hindi nito itinuro sa kanya.

Isang araw pagkatapos ng sermon, nakita ni Hyrum si Brigham malapit sa kanyang tahanan at itinanong kung puwede silang mag-usap. “Alam kong may isang bagay o iba pa na hindi ko naiintindihan na ipinahayag sa Labindalawa,” sabi niya. “Totoo ba?”

Umupo silang dalawa sa buntong ng mga kahoy na gagawing bakod. “Hindi ko alam kung ano ang alam mo,” ang maingat na sagot ni Brigham, “pero alam ko kung ano ang alam ko.”

“Matagal kong pinagduduhan na nakatanggap si Joseph ng paghahayag na ang isang lalaki ay dapat magkaroon ng mahigit sa isang asawa,” sabi si Hyrum.

“Sasabihin ko sa iyo ang tungkol dito,” sabi ni Brigham, “kung manunumpa ka nang nakataas ang kamay sa harapan ng Diyos na hindi ka na magsasalita pa laban kay Joseph at sa kanyang mga gawain at sa mga doktrina na ipinapangaral niya.”

Tumindig si Hyrum. “Gagawin ko ito nang buong puso,” sabi niya. “Gusto kong malaman ang katotohanan.”

Habang itinuturo sa kanya ni Brigham ang tungkol sa paghahayag ng Panginoon kay Joseph tungkol sa maramihang pag-aasawa, umiyak si Hyrum, kumbinsido na tumulima si Joseph ayon sa kautusan.⁴⁰

SA HULING BAHAGI NG Mayo, 1843, sina Emma at Joseph ay ibinuklod sa kawalang-hanggan sa isang silid sa itaas ng tindahan ni Joseph, isinagawa sa wakas ang matagal

na nilang hinahangad.⁴¹ Pagkatapos ay inanyayahan ni Joseph sina Brigham at Mary Ann Young, Willard at Jenetta Richards, Hyrum at Mary Fielding Smith, at ang balong kapatid ni Mary na si Mercy Thompson, na maki-pagkita sa kanya kinabukasan para tanggapin ang ordenansa ring iyon.⁴²

Bago ang pulong, nag-alala si Hyrum sa kumplikadong sitwasyon ng kanyang pamilya. Kung ang mga pagpapala ng walang hanggang kasal ay para lamang sa mga taong ibinuklod sa pamamagitan ng priesthood, ano ang mangyayari sa kanyang unang asawang si Jerusha, na namatay anim na taon na ang nakalipas?

“Maaari mo siyang maipabuklod sa iyo gaya rin ng alituntunin na maaari kang magpabinyag para sa mga patay,” sabi ni Joseph.

“Ano ang magagawa ko para sa pangalawang asawa ko?” tanong ni Hyrum.

“Maaari ka ring makipagtipan sa kanya sa kawalang-hanggan,” sabi ni Joseph.

Pumayag si Mary na maging proxy ni Jerusha sa espesyal na pagbubuklod. “At ako mismo ay mabubuklod sa iyo para sa kawalang-hanggan,” sabi niya kay Hyrum. “Mahal kita at ayaw kong mawalay sa iyo.”⁴³

Noong umaga ng Mayo 29, si Joseph at ang iba ay nagkita-kita sa itaas ng kanyang tindahan, at bawat pares ay magkasamang ibinuklod, pinag-isa sila para sa kawalang-hanggan. Bilang nag-iisang balo sa silid, hindi maiwasang maging kaiba ang pakiramdam ni Mercy Thompson. Nguni nang malaman na siya ay maaari pa ring mabuklod sa kanyang asawang si Robert, na namatay sa lagnat na dulot

ng malarya ilang taon na ang nakalipas, nadama niyang ang Diyos ay nagmamalasakit sa kanya at sa kanyang sitwasyon.⁴⁴

Nang si Mercy na ang tatanggap ng ordenansa, sinabi ni Joseph na naisip niyang walang mas mainam na kumatawan kay Robert kundi ang kanyang bayaw na si Hyrum. Ibinuklod niya si Mercy kay Robert, pagkatapos ay ibinuklod si Hyrum kay Jerusha at si Mary ang nagsilbing proxy.⁴⁵

Winakasan ni Brigham ang kanilang pulong sa isang himno at panalangin, at buong umagang pinag-usapan ng mga magkakaibigan ang mga bagay ng Diyos. Isang kaaya-ayang pagkakasundo ang tila nagpatahimik sa lahat ng nagdulot ng kaguluhan sa mga Banal sa nakalipas na ilang taon.⁴⁶



Ang Diyos na ang Hahatol

Noong Hunyo 1, 1843, sina Addison at Louisa Pratt ay naglakad na kasama ang kanilang mga anak na babae papunta sa isa sa mga daungan ng bapor sa Nauvoo. Paalis si Addison nang araw na iyon para sa tatlong taong misyon sa Hawaiian Islands. Hawak-hawak niya si Anne, ang kanilang bunsong anak, habang ang kanyang mga ate na sina Ellen, Frances, at Lois, ay malungkot na nakasunod sa hulihan, natatakot sa paglisan ng kanilang ama.¹

Kamakailan, habang nakikipag-usap kay Brigham Young, masayang nabanggit ni Addison ang tungkol sa Hawaii at ang kanyang ilang tanong karanasan bilang isang batang whaler sa Pacific Ocean. Dahil wala pang sangay ang Simbahan sa mga islang iyon, itinanong ni Brigham kung handa ba si Addison na magbukas ng mission doon. Sinabi ni Addison na handa siya kung may makakasama siya. Di nagtagal pagkatapos niyon, tinawag siya ni Joseph

at ng Labindalawa na pamunuan ang isang grupo ng mga elder papunta sa mga isla.²

Tatlong araw na umiyak si Louisa nang malaman niya ang tungkol sa asaynment ni Addison. Ang Hawaii ay libu-libong milya ang layo, sa isang bahagi ng mundo na tila kakaiba at mapanganib. Walang sariling tahanan sa Nauvoo si Louisa, walang pera, at kaunti lang ang kalakal na mai-pagpapalit niya. Kakailanganin ng mga anak niya ang damit at pag-aaral, at kung wala si Addison, siya ang kailangang magsustento ng lahat ng bagay sa kanila.

Habang naglalakad si Louisa papunta sa bapor kasama ang kanyang pamilya, nanghihina pa rin ang kanyang puso, ngunit nagagalak siya na si Addison ay karapat-dapat sa pagtawag sa kanya. Hindi lang siya ang babae sa lunsod na mapag-iisa habang paalis ang kanyang asawa para ipangaral ang ebanghelyo. Paalis ang mga missionary papunta sa lahat ng dako sa tag-init na iyon, at nagpasiya si Louisa na harapin ang mga pagsubok at magtiwala sa Panginoon.

Nahirapan si Addison na pigilan ang kanyang damdamin. Pagtuntong sa kubyerta ng bapor na magdadala sa kanya palayo sa kanyang pamilya, kumuha siya ng panyo para pahirin ang mga luha sa kanyang mata. Sa pampang, ang kanyang mga anak ay nagsimula ring umiyak. Sinabi ni Frances na hindi niya inisip na makikita niyang muli ang kanyang ama.³

Dahil sanay siya sa dagat, naunawaan ni Addison ang mga panganib na naghihintay sa kanya. Ngunit nang i-set apart siya ng Labindalawa para sa kanyang misyon, binasbasan nila siya na magkaroon ng kapangyarihang sasaklaw sa mga elemento at ng lakas-ng-loob sa harap ng

mga unos. Kung siya ay mananatiling tapat, nangako sila sa pamamagitan ng Espiritu, siya ay ligtas na makakauwi sa kanyang pamilya.⁴

ILANG ARAW KALAUNAN, NILISAN nina Emma, Joseph, at ng kanilang mga anak ang Nauvoo para bisitahin ang kapatid na babae ni Emma sa Dixon, Illinois, na ilang araw na paglalakbay papunta sa hilaga. Bago umalis, sinabihan niya si Ann Whitney na hikayatin ang kababaihan ng Relief Society na patuloy na tulungan ang mga maralita at alalayan ang kalalakihan sa pagtatayo ng templo.⁵

Kamakailan, nagsalita si Joseph sa mga Banal tungkol sa mga ordenansa ng templo, itinuturo sa kanila na itinatayo nila ito para maibigay sa kanila ng Panginoon ang endowment. Nasabi ni Emma kay Ann na mula noon ay naging interesado na siya sa templo at gusto na talakayin ng Relief Society kung ano ang magagawa nila para mapadali ang gawain.

“Maaari nating kausapin ang komite ng templo,” mungkahin ni Emma, “at anuman ang ibig nila at magagawa naman natin, ay maaari nating gawin.”⁶

Sa bilin na ito, nanawagan si Ann para sa unang pulong ng Relief Society sa taong iyon at hiniling sa kababaihan na magmungkahi ng mga paraan para makatulong sa pagtatayo ng templo. Sinabi ng ilan na handa silang humingi ng mga donasyon at mangolekta ng mga balahibo ng tupa at iba pang mga materyal para gumawa ng mga bagong damit. Sinabi naman ng iba na handa silang gumawa ng tela, manahi, o ayusin ang mga lumang damit kung kinakailangan.

Iminungkahi ng isang babae na bigyan ang matatandang kababaihan ng yarn para gumawa ng mga medyas para sa mga manggagawa sa templo sa taglamig.

Sinabi nina Polly Stringham at Louisa Beaman na gagawa sila ng kasuotan para sa mga manggagawa. Sinabi ni Mary Felshaw na maaari siyang magbigay ng sabon. Iminungkahi ni Philinda Stanley na mag-aambag siya ng flax para sa paggawa ng linen at magbibigay ng isang quart ng gatas araw-araw para sa gawain. Nag-alok naman si Esther Gheen na mag-ambag ng sinulid na sarili niyang gawa.

“Ang mga anghel ay nagagalak sa inyo!” pagpapatotoo ni Sister Chase, pinupuri ang kahandaan ng kababaihan na tumulong sa pagtatayo ng bahay ng Panginoon.

Sa pagtatapos ng miting, hinimok ni Ann ang mga ina na nasa silid na ihanda ang kanilang mga anak na babae sa pagpasok sa templo. Turuan sila nang may pagmamahal, payo niya, at turuan silang kumilos nang mahinahon at may kaangkupan sa loob ng sagradong templo.⁷

DALAWANG DAANG MILYA ANG layo, ang pagdalaw ng mga Smith sa kapatid ni Emma noong Hunyo 21 ay naudlot nang dumating sina William Clayton at Stephen Markham na may dalang nakababahalang balita. Muling hinihiling ng gobernador ng Missouri na humarap si Joseph sa paglilitis sa Missouri, sa pagkakataong ito ay dahil sa lumang paratang ng pagtataksil, at si Gobernador Ford ng Illinois ay nagpalabas pa lang ng isa pang warrant para dakpin ang propeta.

“Hindi ako natatakot,” sabi ni Joseph. “Hindi ako masasaktan ng mga taga-Missouri.”⁸

Makalipas ang ilang araw, dalawang lalaki na nagpapanggap na mga elder na Banal sa mga Huling Araw ang kumatok sa pinto habang kumakain ng hapunan ang pamilya. Sinabi sa kanila ng bayaw ni Emma na si Joseph ay lumabas sa bakuran, malapit sa kamalig.

Pagkaraan ng ilang sandali nakarinig ng ingay sa labas si Emma at ang pamilya. Nagmamadali papunta sa pinto, nakita nila ang mga lalaki na nagtutok ng baril sa dibdib ni Joseph. Hawak ng isang lalaki si Joseph sa kwelyo ng damit nito. “Kung gagalaw ka kahit kaunti,” pagalit na sabi niya, “Babarilin kita!”

“Kung gayon barilin mo na ako!” sabi ni Joseph, na inilalantad ang kanyang dibdib. “Hindi ako takot sa mga baril ninyo.”

Tumakbo si Stephen Markham palabas at sinugod ang mga lalaki. Sa kabiglaanan, itinutok nila ang kanilang mga baril sa kanya pero mabilis na ibinalik ang pagtutok nito kay Joseph, na idinidiin ang dulo nito sa kanyang tadyang. “Diyan ka lang!” sigaw nila kay Stephen.

Nakipagbuno sila kay Joseph papunta sa likod ng kanilang bagon at inilagay siya doon. “Mga Ginoo,” sabi ni Joseph, “gusto ko sanang makakuha ng writ of habeas corpus.” Ang writ o kasulatan ay magpapahintulot sa isang lokal na hukom na magpasiya kung legal ang pagdakip kay Joseph.

“Letse ka!” sabi nila, minsan pang hinampas ng kanilang baril ang kanyang tadyang. “Hindi ka mabibigyan!”

Mabilis na tumakbo si Stephen papunta sa bagon at hinablod ang mga kabayo sa tali sa bibig ng mga ito habang tumakbo si Emma papunta sa bahay at kinuha ang coat at

sombrero ni Joseph. Sa sandaling iyon, nakita ni Joseph ang isang tao na dumaraan. “Dinudukot ako ng mga lalaking ito!” sigaw niya. Habang patuloy sa paglakad ang tao, bumaling si Joseph kay Stephen at sinabi sa kanya na humingi ng tulong.

“Takbo na!” sigaw niya.⁹

ANG MGA HUMULI KAY Joseph ay mga pulis na mula sa Illinois at Missouri. Nang hapong iyon, ikinulong nila siya sa isang kalapit na bahay-tuluyan at hindi siya pinayagang makipagkita sa isang abogado. Sa mabilis na pagkilos, inireport kaagad ni Stephen sa mga lokal na awtoridad ang pagmamalupit na ginawa kay Joseph, na di nagtagal ay hiniling na maaresto ang mga opisyal dahil sa pagdukot at pang-aabuso. Pagkatapos ay tumulong si Stephen sa pagkuha ng writ of habeas corpus mula sa isang opisyal ng kalapit na korte. Hinihingi ng writ o kasulatan na dumalo si Joseph sa isang pagdinig na animnapung milya ang layo.

Nang nalaman nilang wala sa bayan ang hukom, si Joseph, ang mga humuli sa kanya, at ang mga humili sa mga humili sa kanya ay naghanap ng ibang korte na lulutas sa kaguluhang ito.¹⁰

Sa Nauvoo, nalaman nina Wilson Law at Hyrum ang tungkol sa pagdakip kay Joseph at nagtawag ng mahigit sa isang daang tao para sagipin siya. Nagpadala sila ng ilang kalalakihan sa ilog sakay ng bapor samantalang inutusan ang iba na sumakay sa mga kabayo sa bawat direksyon at hanapin ang propeta.

Nang matanaw ni Joseph ang unang dalawang sasagip sa kanya, napanatag si Joseph. “Hindi ako pupunta sa Missouri sa pagkakataong ito,” sabi niya sa mga humuli sa kanya. “Ito ang mga bata ko.” Hindi nagtagal ang dalawang sumaklolo ay naging dalawampu—at nadagdagan pa. Pina-punta nila ang grupo sa Nauvoo, kung saan naniniwala silang mapagpapasiyahan ng municipal court ang legalidad ng warrant.¹¹

Pagsapit ng tanghali ang propeta ay papasok na sa lunsod, napaliligiran ng ilang pulis at ng kanyang mga tagasagip na sakay ng kabayo. Si Emma, na nakabalik na sa Nauvoo kasama ang mga bata, ay sumabay kay Hyrum para salubungin si Joseph habang tumutugtog ang Nauvoo Brass Band ng mga makabayang awitin at nagpapatok ng mga baril at kanyon ang mga tao bilang pagdiriwang. Di nagtagal ay isang hanay ng mga karwahe ang nakasama nila, hila ng mga kabayo na pinalamutian ng mga bulaklak sa parang.

Ang mga tao ay nakahanay sa magkabilang panig ng kalye para ipagbunyi ang ligtas na pagbalik ng Propeta habang dumaraan sa harapan nila ang prusisyon, na dahan-dahang patungo sa tahanan ni Joseph. Nang dumating ito, niyakap ni Lucy Smith ang kanyang anak, at nagtakbuhan palabas ng bahay ang kanyang mga anak para makita siya.

“Pa,” sabi ng pitong taong gulang na si Frederick, “hindi ka na kukuning muli ng mga taga-Missouri, di ba?”

“Muli akong nakawala sa mga kamay ng mga taga-Missouri, salamat sa Diyos,” sabi ni Joseph, na umakyat sa isang bakod para magsalita sa daan-daang mga Banal na nagtipon sa paligid niya. “Salamat sa inyong lahat sa inyong

kabaitan at pagmamahal sa akin,” sigaw niya. “Binabasbasan ko kayong lahat sa pangalan ni Jesucristo.”¹²

TULAD NG INASAHAN, IDINEKLARA ng korte o hukuman sa Nauvoo na ilegal ang pagdakip kay Joseph. Sa matinding galit, iginiit ng dalawang opisyal na humuli sa kanya na hamunin ng gobernador ang pasiya. Pero tumanggi si Gobernador Ford na makialam sa desisyon ng korte, na nagpagalit sa mga kritiko ng mga Banal sa buong estado. Nagsimula silang matakot na baka muling matakasan ni Joseph ang pang-uusig.¹³

Samantala, patuloy na nagtipon ang daan-daang mga Banal sa Nauvoo at sa mga kalapit na stake nito. Sa silangang estado ng Connecticut, isang dalagang nagngangalang Jane Manning ang sumakay sa isang bangka kasama ng kanyang ina, ilang kapatid, at iba pang miyembro ng kanyang branch para simulan ang kanilang paglalakbay papuntang Nauvoo. Pinamunuan sila ni Charles Wandell, isang missionary na naglingkod bilang pangulo ng kanilang branch.

Hindi tulad ng iba pang mga miyembro ng kanilang branch, na pawang mga puti, si Jane at ang kanyang pamilya ay mga malayang itim na mga Banal. Si Jane ay isinilang at lumaki sa Connecticut at halos buong buhay siyang nagtrabaho para sa isang mayamang mag-asawang puti. Siya ay sumapi sa isang simbahang Kristiyano, pero mabilis siyang nawalan ng gana dito.

Nang malaman niya na may isang Banal sa mga Huling Araw na elder na nangangaral sa lugar, nagpasiya siyang

gusto niyang makinig sa kanya. Sinabihan siya ng kanyang pastor na huwag dumalo sa sermon, pero pumunta pa rin si Jane at nakumbinsing natagpuan na niya ang tunay na ebanghelyo. Ang pinakamalaking branch sa lugar ay ilang milya lamang ang layo, at siya ay nabinyagan at nakumpirma sa sumunod na Linggo.¹⁴

Si Jane ay isang masigasig na bagong miyembro. Tatlong linggo matapos ang kanyang binyag, ang kaloob na mga wika ay napasa kanya habang siya ay nagdarasal. Ngayon, makalipas ang isang taon, siya at ang kanyang pamilya ay magtitipon sa Sion.¹⁵

Sa kanal o munting ilog, si Jane at ang kanyang pamilya ay naglakbay nang walang masamang nangyari patawid sa New York. Mula doon ay inasahan nilang maglalakbay silang kasama ang kanilang branch papuntang timog hanggang Ohio at papunta sa Illinois, pero hindi pinayagan ng mga opisyal ng kanal na magpatuloy ang mga Manning sa kanilang paglalakbay hangga't hindi nila nababayaran ang kanilang pamasaha.

Naguluhan si Jane. Akala niya ay hindi kailangang magbayad ang kanyang pamilya hanggang sa makarating sila sa Ohio. Bakit kailangan silang magbayad ngayon? Wala ni isa sa mga puting miyembro ng kanyang branch ang pinagbayad nang maaga ng kanilang pamasaha.

Binilang ng mga Manning ang pera nila, pero wala silang sapat na pambayad para sa paglalakbay. Lumapit sila kay Elder Wandell para humingi ng tulong, pero ayaw niyang tulungan sila.

Habang papalayo ang bangka at nawala na sa paningin, si Jane at ang kanyang pamilya ay halos walang pera

at mahigit walong daang milya ang layo sa pagitan nila at ng Nauvoo. Walang ibang gamit kundi ang kanyang mga paa na magdadala sa kanya sa kanluran, nagpasiya si Jane na pamunuan ang maliit na grupo papunta sa Sion.¹⁶

NOONG UMAGA NG HULYO 12, si William Clayton ay nasa opisina ni Joseph nang pumasok ang propeta at si Hyrum. “Kung isusulat mo ang paghahayag,” sabi ni Hyrum kay Joseph, “dadalhin ko ito at babasahin ito kay Emma, at naniniwala akong makukumbinsi ko siya sa katotohanan nito, at pagkatapos ay magkakaroon kayo ng kapayapaan.”

“Hindi mo kilala si Emma gaya ng pagkakakilala ko,” sabi ni Joseph. Sa tagsibol at tag-init na iyon, siya ay nabuklod sa iba pang kababaihan, pati na sa ilan na pinili mismo ni Emma.¹⁷ Gayunman ang pagtulong kay Joseph na pumili ng mga asawa ay hindi nagpadali sa pagsunod ni Emma sa alituntunin.

“Napakasimple ng doktrina,” sabi si Hyrum. “Maaari kong makumbinsi ang sinumang makatwirang lalaki o babae tungkol sa katotohanan, kadalisayan, at makalangit na pinagmulan nito.”

“Tingnan natin,” sabi ni Joseph. Hiniling niyang kumuha si William ng papel at magsulat habang binibigkas niya ang mga salita ng Panginoon.¹⁸

Karamihan sa mga paghahayag na ito ay alam na ni Joseph. Inilarawan nito ang bago at walang hanggang tipan ng kasal, kaakibat ang kaugnay na mga pagpapala at pangako. Inihayag din nito ang mga tuntuning sumasaklaw sa maramihang pag-aasawa, na nalaman ni Joseph habang

isinasalin ang Biblia noong 1831. Ang nalalabing bahagi ng paghahayag ay bagong payo para sa kanya at kay Emma, sinasagot ang kanilang mga tanong at mga hirap na kinkaharap ukol sa maramihang pag-aasawa.

Inihayag ng Panginoon na para magpatuloy ang kasal sa kabilang-buhay, ang lalaki at babae ay kailangang magpakasal sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood, maibuklod ng Banal na Espiritu ng Pangako ang kanilang mga tipan, at manatiling tapat sa kanilang tipan. Ang mga makasusunod sa mga kundisyong ito ay magmamana ng maluwalhating mga pagpapala ng kadakilaan.¹⁹

“Pagkatapos, sila ay magiging mga diyos, sapagkat sila ay walang katapusan,” sabi ng Panginoon. “Sa gayon sila ay mangingibabaw sa lahat, sapagkat lahat ng bagay ay saklaw nila.”²⁰

Nagpatuloy ang Panginoon sa pagsasalita tungkol sa maramihang pag-aasawa at sa Kanyang tipan na pagkakalooban si Abraham ng hindi mabilang na mga inapo dahil sa kanyang katapatan.²¹ Mula sa simula, inorden na ng Panginoon ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae para matupad ang Kanyang plano. Gayunman, kung minsan, pinahihintulutan ng Panginoon ang maramihang pag-aasawa bilang paraan upang magkaroon ng mga anak sa matwid na mga pamilya at maisakatuparan ang kanilang kadakilaan.²²

Bagama’t ang paghahayag ay para sa mga Banal, natapos ito sa payo para kay Emma tungkol sa maraming asawa ni Joseph. “Tanggapin ng aking katulong na babae, si Emma Smith, ang lahat ng yaong ibinigay sa aking tagapaglingkod na si Joseph,” pag-uutos ng Panginoon. Iniutos Niya kay

Emma na patawarin si Joseph, manatiling kasama niya, at tuparin ang kanyang mga tipan, nangangakong pagpapalain at pararamihin siya at bibigyan siya ng dahilan para magalak kung gagawin niya ito. Nagbabala rin Siya kay Emma tungkol sa katakut-takot na kahihinatnan na nangyari sa mga taong sumira sa kanilang mga tipan at sumuway sa batas ng Panginoon.²³

Nang matapos idikta ni Joseph ang paghahayag na ito, sampung pahina ang napuno ni William. Inilapag niya ang panulat at binasa kay Joseph ang paghahayag. Sinabi ng propeta na ito ay tama, at dinala ito ni Hyrum kay Emma.²⁴

NAGBALIK SI HYRUM SA opisina ni Joseph kalaunan nang araw na iyon at sinabi sa kanyang kapatid na sa buong buhay niya ay noon lang siya may nakausap nang gayon katindi. Nang basahin niya kay Emma ang paghahayag, nagalit si Emma at hindi ito tinanggap.

“Sabi ko na sa iyo na hindi mo kilala si Emma gaya ng pagkakakilala ko sa kanya,” ang tahimik na sinabi ni Joseph. Itinupi niya ang paghahayag at inilagay sa kanyang bulsa.²⁵

Kinabukasan, sina Joseph at Emma ay malungkot na nag-usap sa loob ng maraming oras. Bago sumapit ang tanghali, tinawag ni Joseph si William Clayton at pinapasok sa silid para tumulong na mamagitan sa kanila. Sina Joseph at Emma ay tila kapwa nasa isang imposibleng sitwasyon. Kapwa sila nagmamahal at may matinding malasakit sa isa’t isa at gustong igalang ang mga walang hanggang tipan na ginawa nila. Ngunit pinaghihiwalay sila ng pagsisikap nilang sundin ang utos ng Panginoon.²⁶

Si Emma ang tila lalong nag-aalala tungkol sa hina-harap. Paano kung malaman ng mga kaaway ni Joseph ang tungkol sa maramihang pag-aasawa? Muli ba siyang mabibilanggo? Mapapatay ba siya? Siya at ang mga anak niya ay umaasa kay Joseph para sa suporta, pero ang pera ng pamilya ay nakahalo sa pera ng simbahan. Paano silang mabubuhay kung sakaling may mangyari sa kanya?

Umiiyak sina Joseph at Emma habang nag-uusap sila, ngunit sa pagtatapos ng araw nalutas na nila ang kanilang mga problema. Para mabigyan si Emma ng karagdagan pinansyal na seguridad, ipinangalan ni Joseph ang ilang ari-arian sa kanya at sa mga anak nila.²⁷ At pagkatapos ng taglagas na iyon, hindi na siya nag-asawa pa ng iba.²⁸

SA PAGTATAPOS NG AGOSTO 1843, lumipat ang mga Smith sa isang dalawang palapag na tahananang malapit sa ilog. Tinawag na Nauvoo Mansion, sapat ang laki ng bagong bahay para tumira doon ang kanilang apat na anak, ang ina ni Joseph na matanda na, at ang mga taong nagtatrabaho para sa kanila at nangangasera sa kanila. Binalak ni Joseph na gamitin ang malaking bahagi ng bahay at gawing parang hotel.²⁹

Pagkaraan ng ilang linggo, nang matapos na ang tag-araw at taglagas na sa Nauvoo, si Jane Manning at ang kanyang pamilya ay dumating sa pintuan nina Joseph at Emma at naghahanap sa propeta at sa isang lugar na matutuluyan. “Tuloy kayo!” sabi ni Emma sa pagod na grupo. Ipinakita ni Joseph sa kanila kung saan sila maaaring matulog nang gabing iyon at nakahanap ng upuan para sa lahat.

“Ikaw ang pinuno ng maliit na grupong ito, ‘di ba?” sabi ni Joseph kay Jane. “Gusto kong ikuwento mo ang inyong karanasan sa inyong paglalakbay.”

Ikinuwento ni Jane kina Joseph at Emma ang kanilang mahabang paglalakbay mula sa New York. “Naglakad kami hanggang sa maluma ang aming mga sapatos at mamaga ang paa namin at masugatan at dumugo,” sabi niya. “Hiniling namin sa Diyos ang Amang Walang Hanggan na pagalingin ang aming mga paa, at nasagot ang mga dasal namin at gumaling ang aming mga paa.”

Natulog sila sa ilalim ng mga bituin o sa mga kamalig na malapit sa daan. Habang nasa daan, nagbanta ang ilang kalalakihan na itatapon sila sa kulungan dahil wala silang “papeles na nagsasaad na malaya sila,” o dokumento na nagpapatunay na sila ay hindi mga takas na alipin.³⁰ Sa isa pang pagkakataon, kinailangan nilang tumawid sa isang malalim na sapa na walang tulay. Tiniis nila ang madidilim na gabi at nagyeyelong mga umaga at tumulong sa iba kapag kaya nila. Hindi kalayuan sa Nauvoo, binasbasan nila ang isang batang maysakit, at gumaling ang bata sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya.

“Nagpatuloy kami sa daan,” sabi ni Jane tungkol sa kanilang paglalakbay, “na masaya, umaawit ng mga himno, at nagpapasalamat sa Diyos para sa Kanyang walang hanggang kabutihan at awa sa amin.”

“Pagpalain ka ng Diyos,” sabi ni Joseph. “Kayo ay nasa piling ngayon ng inyong mga kaibigan.”

Ang mga Manning ay nanatili sa bahay ng mga Smith nang isang linggo. Noong panahong iyon, hinahanap ni Jane ang isang trunk [o bagahe] na ipinadala niya sa Nauvoo,

pero sa tingin niya ay nawala o ninakaw ito habang nasa daan. Samantala, ang mga miyembro ng kanyang pamilya ay nakahanap ng mga trabaho at matitirhan at hindi nagtagal ay lumipat na.

Isang umaga, napansin ni Joseph na umiiyak si Jane at tinanong niya ito kung bakit. “Wala na sila at mayroon na silang mga tahanan,” sabi niya, “at ako’y wala.”

“May tahanan ka dito kung gusto mo ito,” pagtiyak sa kanya ni Joseph. Dinala niya si Jane kay Emma at ipinaliwanag ang sitwasyon. “Wala siyang tahanan,” sabi niya. “Wala ka bang tahanan para sa kanya?”

“Mayroon, kung gusto niya,” sabi ni Emma.

Si Jane ay kaagad naging bahagi ng abalang sam-bahayan, at malugod siyang tinanggap ng iba pang mga miyembro ng pamilya at ng mga nangangasera. Hindi na lumitaw ang kanyang trunk o bagahe, pero kaagad siyang binigyan nina Joseph at Emma ng mga bagong damit mula sa tindahan.³¹

NOONG TAGLAGAS NA IYON, nang tumira na ang kanyang pamilya sa bagong bahay nila, lalong nabahala si Emma tungkol sa maramihang pag-aasawa.³² Sa paghahayag sa kanya ng Panginoon labintatlong taon na ang nakalipas, nangako ang Panginoon na puputungan siya ng korona ng kabutihan kung tutuparin niya ang kanyang mga tipan at patuloy na susundin ang mga kautusan. “Malibang gawin mo ito,” sabi Niya, “kung nasaan ako ay hindi ka makatutungo.”³³

Gusto ni Emma na tuparin ang mga tipang ginawa niya kay Joseph at sa Panginoon. Pero madalas ay parang napakahirap tiisin ng maramihang pag-aasawa. Bagama't tinanggap niya sa kanyang tahanan ang ilan sa maraming asawa ni Joseph, masama sa loob niya na naroon sila at kung minsan ay ginagawa niyang hindi maganda ang buhay para sa kanila.³⁴

Sa huli, hiniling ni Emma na umalis na ng bahay sina Emily at Eliza Partridge. Katabi si Joseph, tinawag ni Emma ang magkapatid sa kanyang silid at sinabi sa kanila na kailangan nilang wakasan kaagad ang kanilang relasyon kay Joseph.³⁵

Nadaramang hindi na siya kailangan, lumabas si Emily sa silid, na nagagalit kina Emma at Joseph. “Kapag nag-utos ang Panginoon,” sabi niya sa sarili niya, “di dapat ipagwalang-bahala ang Kanyang salita.” Balak niyang gawin ang gusto ni Emma, pero ayaw niyang sirain ang kanyang tipan sa kasal.

Sinundan ni Joseph ang magkapatid sa labas ng silid at nakita niya si Emily sa ibaba. “Anong pakiramdam mo, Emily?” tanong niya.

“Tulad din ng madarama ng kahit sino sa gayong mga kalagayan,” sabi niya, at sumulyap kay Joseph. Parang lulu-bog sa lupa si Joseph, at nalungkot si Emily para sa kanya. May sasabihin pa sana si Emily, pero lumabas na ng silid si Joseph bago pa siya makapagsalita.³⁶

Makalipas ang mga dekada, nang matanda na si Emily, napag-isip niya ang mapapait na araw na ito. Nang sandaling iyon, mas naunawaan na niya ang kumplikadong

damdamin ni Emma noon tungkol sa maramihang pag-aasawa at ang sakit na idinulot nito sa kanya.³⁷

“Alam kong mahirap para kay Emma noon, at sa sinumang babae, na pumasok sa maramihang pag-aasawa noong mga panahong iyon,” pagsulat niya, “at alam kong tulad din ng ginawa ni Emma ang gagawin ng sinuman sa gayong mga kalagayan.”³⁸

“Diyos na ang hahatol,” pagtatapos niya, “hindi ako.”³⁹



Ihanda ang Iyong mga Balikat

Noong unang bahagi ng Nobyembre 1843, sinalubong ni Phebe Woodruff si Wilford mula sa isang apat na buwang misyon sa mga estado sa silangan. Dumating siyang may dalang regalo para sa kanyang pamilya at isang bagon na puno ng kagamitan para sa tanggapan ng *Times and Seasons*, kung saan nakatira sina Phebe at ang mga bata.¹

Nagsilang sa isa pang anak na babae noong Hulyo si Phebe, at hinintay niya sa loob ng isang buwan ang pagdating ni Wilford. Lubhang malapit sa isa't isa ang mga Woodruff at ayaw nilang magkahiwalay kapag nasa mga misyon si Wilford. Gayunpaman, hindi tulad ng ibang mga apostol at kanilang mga asawa, hindi pa sila nabubuklod sa buhay ngayon at sa walang hanggan, at nasasabik silang matanggap ang ordenansa.

Habang nasa malayo si Wilford, sumulat si Phebe sa kanya, itinatanong kung iniisip niya kung ang kanilang

pagmamahalan ay hindi magtatagal hanggang sa kawalang-hanggan. Tumugon si Wilford sa pamamagitan ng isang tula na nagpapahayag ng kanyang pag-asam na ang pagmamahalan nila ay uunlad pa pagkatapos ng kamatayan.²

Noong Nobyembre 11, isang linggo matapos ang pagbabalik ni Wilford, dumalaw ang mga Woodruff sa tahanan nina John at Leonora Taylor. Doon ay itinuro ni Hyrum ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, pagtubos, at kadakilaan sa pamamagitan ng bago at walang hanggang tipan. Pagkatapos ay ibinuklod niya sina Phebe at Wilford sa panahon at kawalang hanggan, at lahat sila ay masayang nagsamasama nang gabing iyon.³ Hindi nagtagal ay naghanda ang mga Woodruff na tanggapin ang endowment.

Noong unang bahagi ng taglagas na iyon, sa unang pagkakataon sa loob ng mahigit na isang taon, nagsimula si Joseph na bigyan ng endowment ang mas marami pang mga Banal. Tulad ng ipinangako, ibinigay niya ang endowment sa mga kababaihan, at noong Setyembre 28, pinangasiwaan niya ang ordenansa kay Emma sa Nauvoo Mansion.⁴ Hindi nagtagal, hinugasan at pinahiran ng langis ni Emma sina Jane Law, Rosannah Marks, Elizabeth Durfee, at Mary Fielding Smith. Iyon ang unang pagkakataon na nanguna ang isang babae sa ordenansa sa templo sa mga huling araw.⁵

Sa sumunod na mga linggo, nagsagawa si Emma ng ordenansa para kina Lucy Smith, Ann Whitney, Mercy Thompson, Jennetta Richards, Leonora Taylor, Mary Ann Young, at iba pa. Hindi nagtagal ang iba pang kababaihan ay nagsagawa ng ordenansa sa ilalim ng pamamahala ni Emma.⁶

Noong Disyembre naman, sina Phebe at Wilford ay hinugasan, pinahiran ng langis, at binigyan ng endowment.⁷ Sa pagtatapos ng taon, apatnapu't dalawang babae at lalaki ang tumanggap ng endowment. Madalas silang magtipon sa silid sa itaas ng tindahan ni Joseph upang manalangin at matutuhan ang tungkol sa mga bagay ng kawalang-hanggan.⁸

NOONG TAGLAGAS NA IYON, habang regular na kausap ang mga Banal na binigyan na ng endowment, itinago ni William Law kina Joseph at Hyrum ang katotohanan na siya ay nagkasala ng pangangalunya. Sa paggawa ng kasalanan, pakiramdam ni William ay lumabag siya laban sa kaniyang sariling kaluluwa.⁹

Sa panahong ito, binigyan siya ni Hyrum ng kopya ng paghahayag tungkol sa kasal. “Tuwi mo ito at basahin,” atas ni Hyrum, “pagkatapos ay pag-ingatan ito at ibalik itong muli.” Pinag-aralan ni William ang paghahayag at ipinakita ito sa kanyang asawang si Jane. Pinagdudahan ni William ang awtentisidad nito, subalit nakatitiyak si Jane na totoo ito.

Dinala ni William ang paghahayag kay Joseph, na nagkumpirma na ito ay tunay.¹⁰ Nagmakaawa sa kanya si William na talikdan ang mga turo nito, ngunit nagpatotoo si Joseph na iniutos ng Panginoon sa kanya na ituro ang maramihang pag-aasawa sa mga Banal at mapaparusahan siya kung susuway.¹¹

Sa isang punto, nagkasakit si William at sa huli ay ipinagtapat kay Hyrum ang kanyang pakikiapid, inaamin sa

kanyang kaibigan na hindi niya nadaramang karapat-dapat na mabuhay o mamatay. Subalit nais niyang mabuklod nang walang hanggan kay Jane, at tinanong niya si Joseph kung posible ito. Isinangguni ni Joseph ang tanong sa Panginoon, at inihayag ng Panginoon na hindi matatanggap ni William ang ordenansa dahil sa siya ay nangangalunya.¹²

Ngayon ang puso ni William ay nagsimulang magliyah sa galit kay Joseph.¹³ Noong huling bahagi ng Disyembre, tumigil siya at si Jane na makipagpulong sa mga Banal na binigyan na ng endowment.¹⁴ Ipinayo ni Jane na tahimik nilang ipagbili ang kanilang ari-arian at lisanin na lamang ang Nauvoo. Ngunit nais ni William na durugin si Joseph.¹⁵ Nagsimula siyang palihim na magplano kasama ng iba pang hindi sang-ayon sa propeta, at hindi nagtagal, nawala ang kanyang puwesto sa Unang Panguluhan.

Ipinahayag ni William na siya ay natutuwa na maging malaya na mula sa kanyang ugnayan kay Joseph. Ngunit sa halip na umalis sa Nauvoo at patuloy na mamuhay, tulad ng iminungkahi ni Jane, siya ay naging mas determinado, higit kailanman, na labanan ang propeta at pabagsakin ito.¹⁶

NAKALULUNGKOT NGUNIT HINDI BAGO ang pag-apostasiya ni William Law. “Sinikap ko sa loob ng ilang taon na maihanda ang isipan ng mga Banal sa pagtanggap ng mga bagay ukol sa Diyos,” sinabi ni Joseph sa isang kongregasyon noong isang maginaw na Linggo sa unang bahagi ng 1844, “subalit malimit na makakita kami ng ilan sa kanila, na matapos magpakasakit para sa gawain ng Diyos, ay nawawala katulad ng salaming madaling mabasag sa

sandaling may dumating na anumang salungat sa kanilang mga kaugalian.”

Mula nang itatag ang simbahan, nakita ni Joseph ang mga lalaki at babae na tinalikuran ang pananampalataya kapag hindi sila sumasang-ayon sa mga alituntuning itinuro niya o kapag hindi siya pumapasa sa kanilang ideya sa kung ano dapat ang isang propeta. Ang mga humiwalay sa simbahan ay madalas umaalis nang payapa. Subalit sa ipinakita ng mga lalaking tulad nina Ezra Booth, Warren Parrish, at John Bennett, na kung minsan ang mga taong tumatalikod ay kinakalaban ang propeta, ang simbahan, at mga turo nito, na madalas na nauwi sa karahasan laban sa mga Banal. Ang daang tatahakin ni William ay hindi pa nakikita.

Samantala, nagpatuloy si Joseph na ihanda ang mga Banal sa pagtanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa na matatagpuan sa templo. “Hinihiling ko sa Diyos na ang templong ito ay matapos na ngayon upang tayo ay makapasok rito,” sinabi niya sa malaking kongregasyon ng mga kalalakihan at kababaihan. “Papayuhan ko ang mga Banal na gawin ang lahat ng kanilang makakaya at tipunin ang lahat ng buhay nilang kamag-anak sa lugar na ito, upang sila ay mabuklod at maligtas.”¹⁷

Alam niya, gayunpaman, na magagawa lamang ito ng mga Banal kung matatapos nila ang templo. Inaalala na ni Joseph ang lumalaking kaguluhan sa mga komunidad sa paligid ng Nauvoo. Matapos ang halalang pang-estado noong nakaraang tag-araw, nagtipon ang mga bumabatikos sa kanya bilang pagtutol, pinaparatangan siya sa pagimpluwensya ng boto ng mga Banal. “Ang ganitong tao,”

pahayag nila, “ay hindi mabibigo na maging pinakamapanganib na nilalang, lalo na kung mailalagay niya ang kanyang sarili na maging pinuno ng isang napakalaking kuyog.”¹⁸

Batid kung gaano kabilis lumalala ang mga kaguluhan, umasa si Joseph na makahanap ng mga kaalyado sa pambansang pamahalaan na maaaring magtanggol sa mga Banal sa harap ng madla. Ilang buwan bago iyon, sumulat siya sa limang kandidato sa pagkapangulo sa darating na pambansang halalan, umaasang malaman kung susupportahan nila ang mga pagsisikap ng mga Banal na mabawi ang mga nawala sa kanila sa Missouri. Sumulat ang tatlo sa mga kandidato. Dalawa sa kanila ang nangatwiran na ang mga bayad-pinsala ay usaping pang-estado, at hindi ng pangulo. Ang pangatlo ay maawain ngunit sa huli ay walang ipinangako.¹⁹

Nayamot sa kawalang-kagustuhan ng mga kandidato na tumulong, nagpasya si Joseph na tumakbo mismo bilang pangulo ng Estados Unidos. Maliit ang tsansa na magwagi sa halalan, subalit nais niyang gamitin ang kanyang kandidatura upang ipagtanggol ang mga hinaing ng mga Banal at isulong ang mga karapatan ng iba na sumailalim sa dimakatarungang pagtrato. Inaasahan niya na daan-daang mga Banal ang mangangampanya sa buong bansa para sa kanya.

Noong Enero 29, 1844, pormal na hinirang ng Korum ng Labindalawa si Joseph bilang isang kandidato para sa pagkapangulo, at tinanggap niya ang kanilang nominasyon. “Kung makakamit ko man ang silya sa pagkapangulo,”

pangako niya, “poprotektahan ko ang mga tao sa kanilang mga karapatan at kalayaan.”²⁰

SAMANTALA, HABANG SAKAY NG isang barkong panghuli ng balyena mula sa dalampasigan ng South Africa, pinanood ni Addison Pratt ang mga kasama niya sa barko na nagbaba ng apat na maliliit na bangka sa karagatan at buong lakas silang nagsagwan para sundan ang isang malaking balyena. Itinabi ang kanilang mga bangka sa hayop, naghagis ang mga lalaki ng sibat sa likod nito, na nagdulot ditong sumisid sa ilalim ng tubig at hilahin ang kanilang mga bangka sa bulubunduking dibuho ng mga alon.

Pinutol ng mabilis na galaw ang lubid, at muling lumitaw ang balyena, sa pagkakataong ito malapit sa barko. Umaakyat sa tuktok ng poste upang makakuha ng mas magandang bista, nakita ni Addison ang dambuhalang nilalang na nagwawala, nag-iingay, at nagbubuga ng tubig habang tinatangka nito na makalaya mula sa dalawang sibat na nakatusok sa malakas na kalamnan nito. Nang nakalapit ang mga bangka, muli itong sumisid upang makaigtas sa isa pang pagsalakay at lumitaw na muli sa mas malayong bahagi ng dagat. Sinubukan ng mga lalaki na muli itong habulin, ngunit nakatakas na ang balyena.

Ang panonood ng pangangaso ay nagpaalala kay Addison ng patriarchal blessing na natanggap niya ilang sandali lamang matapos lumipat sa Nauvoo. Dito, nangako si Hyrum Smith sa kanya na siya ay “lalabas at papasok at hahayo sa balat ng lupa.” Pagkatapos ng basbas, sinabi ni

Hyrum, “palagay ko ay kailangan ninyong manghuli ng mga balyena.”²¹

Ilang buwan nang nasa karagatan sina Addison at kapwa niya mga missionary, naglalayag sa timog patawid ng Dagat Atlantiko at sa paligid ng Cape of Good Hope, tungo sa mga kapuluang lampas ng Australia. Hindi makahanap ng isang barko na patungo sa Hawaii, sumakay sila ng barkong pang-balyena papunta sa mas malayong timog sa Tahiti. Magtatagal nang halos isang taon ang paglalakbay, at sinusubukan na nina Addison at ng mga missionary na talakayin ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga kasama nila sa barko.

Karamihan sa mga araw sa barkong panghuli ng balyena ay kaaya-aya, ngunit ang mga gabi ni Addison kung minsan ay nababagabag ng masasamang panaginip. Isang gabi, nanaginip siya na si Joseph at ang mga Banal ay lulan ng isang barko na naglalayag nang direktso sa isang bagyo. Dumaan ang barko sa mga bato at tumama sa sahig ng karagatan, na sumira sa katawan ng barko. Sa pagtagas ng tubig sa barko, nagsimulang lumubog sa ilalim ng tubig ang unahan nito. Ilan sa mga Banal ay nalunod habang ang iba ay nagawang tumakas mula sa lumulubog na barko, upang masila lamang ng mga pating na gutom.²²

Sa isa pang panaginip, ilang gabi ang makalipas, nakita niya ang kanyang pamilya at ang simbahan na nilisan ang Nauvoo. Naghanap siya nang matagal bago niya natagpuan ang mga ito na nanirahan sa isang matabang lambak. Sa panaginip na ito, sina Louisa at ang mga anak nila ay nakatira sa gilid ng burol sa isang maliit na bahay na napaaligiran ng mga binungkal na bukid. Binati niya si Addison

at inanyayahan itong maglakad kasama niya upang makita ang kuwadra at pastulan ng baka sa bandang dulong itaas ng bukid. Walang harang ang bakuran at pinahihirapan siya ng mga baboy, subalit may magaling na aso si Louisa na nagbabantay sa ari-arian.²³

Nagising si Addison mula sa mga panaginip na nasa-sabik para sa kanyang pamilya at takot na muling pinahihirapan ng mga kaaway ang mga Banal.²⁴

NOONG TAGLAMIG NA IYON, naglikom sina Mercy Fielding Thompson at Mary Fielding Smith ng mga barya mula sa mga kababaihan ng Nauvoo bilang bahagi ng pangangalap ng pondo para sa templo. Noong huling bahagi ng nakaraang taon, habang nagdarasal na malaman kung ano ang magagawa niya para tumulong na itayo ang Sion, nabigyang-inspirasyon si Mercy na simulan ang proyekto ng pangangalap ng barya. “Sikapin na hikayatin ang mga kababaihan na magbigay ng isang sentimo kada linggo,” bulong sa kanya ng Espiritu, “para sa layunin ng pagbili ng mga salamin at pako para sa templo.”

Iminungkahi ni Mercy ang ideya kay Joseph, at sinabihan siya nito na ituloy ito at pagpapalain siya ng Panginoon. Masiglang tumugon ang mga babae sa plano ni Mercy. Bawat linggo, sila ni Mary ay nangongolekta ng mga barya at maingat na itinatala ang mga pangalan ng mga kababaihan na nangakong magbigay ng kanilang suporta.

Tinulungan din ni Hyrum ang mga kababaihan sa proyekto at binigyan ito ng buong rekomendasyon ng Unang

Panguluhan. Sinabi niya na ang bawat babae na nag-ambag ng kanyang mga barya ay dapat maitala ang kanyang pangalan sa Aklat ng Kautusan ng Panginoon, kung saan itinatala ni Joseph at ng kanyang mga tagasulat ang ikapu, mga paghahayag, at iba pang banal na kasulatan.²⁵

Nang nagsimula ang proyekto ng pangongolekta barya sa Nauvoo, nagpadala ang magkapatid ng sulat sa tanggapan ng *Millennial Star* sa England upang makalikom ng mga barya mula sa kababaihan ng simbahan doon. “Ito ay para ipaalam sa inyo na nagsimula kami rito ng isang maliit na lingguhang pagbibigay ng donasyon para sa mga pondo sa templo,” ang isinulat nila. “Isang libo na ang sumali, habang marami pa ang inaasahang sasali, kung saan nagtitiwala tayo na tutulong para sumulong nang tunay ang dakilang gawain.”²⁶

Hindi nagtagal ang mga babae sa British mission ay ipinadadala ang kanilang mga barya patawid ng karagatan patungo sa Nauvoo.

SA TULONG NI WILLIAM Phelps, nakabuo si Joseph ng isang sariling platapormang pampresidente at nagbalangkas ng polyeto upang ipakalat ito sa buong bansa.²⁷ Iminungkahi niya na magkaloob sa pangulo ng karagdagang kapangyarihan na lupilin ang mga mandurumog, palayain ang mga alipin sa pamamagitan ng pagbibigay ng danyos sa kanilang mga amo, gawin ang mga bilangguan bilang lugar ng pag-aaral at reporma, at palawakin ang bansa pakanluran, ngunit kung may buong pagsang-ayon lamang ng mga American Indian. Nais niyang malaman ng mga botante

na siya ay ang tagapagtaguyod ng lahat ng mga tao, hindi lamang ng mga Banal sa mga Huling Araw.²⁸

Naniniwala siya na ang teokratikong demokrasya, kung saan pinili ng mga tao na mamuhay ayon sa mga batas ng Diyos, ay makapagtatag ng isang makatarungan at mapayapang lipunan upang ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagparito. Ngunit kung ang kanyang kampanya ay mabibigo at ang mga pinahihirapan at inaapi ay maiiwang walang tagapagtanggol, nais niyang magtayo ng isang lugar upang maprotektahan ang mga ito sa mga huling araw, sa isang lugar sa labas ng Estados Unidos.

Ang mga palagiang pagbabanta sa Missouri at Illinois, pati na ang patuloy na pagdami ng mga Banal, ang naghikayat kay Joseph nitong mga huling araw na tumingin pakanluran para sa ganoong lugar. Hindi niya layon na lisanin ang Nauvoo, ngunit inasahan niyang lalago ang simbahan nang higit pa sa makakayanan ng lunsod. Nais ni Joseph na makahanap ng lugar kung saan maitatag ng mga Banal ang kaharian ng Diyos sa lupa at maipatutupad ang mga makatarungang batas na pamamahalaan ang mga tao ng Panginoon sa panahon ng Milenyo.

Isinasaisip ito, kinunsidera ni Joseph ang mga lugar tulad ng California, Oregon, at Texas, na pawang lahat noon ay nasa labas ng mga hangganan ng Estados Unidos. “Magpadala ng isang delegasyon at siyasatin ang mga lugar na ito,” utos niya sa Labindalawa. “Humanap ng magandang lugar kung saan tayo maaaring lumipat matapos mabuo ang templo at magtayo ng isang lunsod sa loob ng isang araw at magkaroon ng ating sariling pamahalaan na may malusog na kapaligiran.”²⁹

Noong Marso 10 at 11, bumuo ang propeta ng bagong kapulungan ng mga lalaki na siyang mangangasiwa sa pagtatatag ng kaharian ng Panginoon sa mundo.³⁰ Ang konseho ay nakilala bilang Konseho ng Kaharian ng Diyos, o ang Konseho ng Limampu. Nais ni Joseph ng masiglang debate sa kapulungan at hinikayat niya ang mga miyembro nito na ipahayag ang nasa kanilang isipan at sabihin kung ano ang nasa kanilang mga puso.

Bago isinara ang kanilang unang pulong, masiglang nagsalita ang mga miyembro ng konseho tungkol sa paglikha ng sarili nilang pamahalaan sa ilalim ng isang bagong saligang batas na sumasalamin sa isipan ng Diyos. Naniwala sila na ito ay magsisilbing pamantayan sa mga tao at isasakatuparan ang propesiya ni Isaias na ang Panginoon ay magtatatag ng isang sagisag sa mga bansa upang tipunin ang Kanyang mga anak sa mga huling araw.³¹

Sa panahong ito, tila nahihirapan si Joseph sa mga pagpupulong kasama ang mga lider ng simbahan. Naniniwala siya na may mahalagang bagay na mangyayari. “Maaaring patayin ako ng aking mga kaaway,” sabi niya, “at sakali mang gawin nila iyon, at hindi ko naigawad sa inyo ang mga susi at kapangyarihan, mawawala ang mga ito sa mundo.” Sinabi niya na nadarama niyang kailangan niyang igawad sa Labindalawang Apostol ang lahat ng susi ng priesthood upang siya ay mapanatag na magpapatuloy ang gawain ng Panginoon.³²

“Sa mga balikat ng Labindalawa dapat nakaatang ang responsibilidad na pamunuan ang Simbahang ito hanggang sa humirang kayo ng mga taong papalit sa inyo,” sabi niya

sa mga apostol. “Sa gayon ang kapangyarihang ito at ang mga susing ito ay magpapatuloy sa mundo.”

Ang daan pasulong ay hindi magiging madali, babala sa kanila ni Joseph. “Kung kayo ay tinawag upang ialay ang inyong buhay, mamamatay kayo na tulad ng mga tunay na lalaki,” sabi niya. “Matapos nila kayong patayin, hindi na nila kayo maaari pang mapinsala. Kung kinakailangan ninyong pumasok sa mga panganib at mga panga ng kamatayan, huwag matakot sa masama. Namatay si Jesucristo para sa inyo.”³³

Ibinuklod ni Joseph sa mga ulo ng mga apostol ang lahat ng susi ng priesthood na kailangan nila upang ipagpapatuloy ang gawain ng Panginoon kung wala siya, kabilang na ang sagradong mga susi ng kapangyarihang magbuklod.³⁴ “Inililipat ko ang dalahin at responsibilidad ng pamumuno sa Simbahang ito mula sa aking mga balikat patungo sa inyo,” sabi niya. “Ngayon, balikatin ninyo ito at manindigan kayo bilang mga tunay na lalaki; dahil ako’y pagpapahingahin muna ng Panginoon.”

Hindi na mukhang nabibigatan si Joseph. Ang kanyang mukha ay maliwanag at puno ng kapangyarihan. “Pakiramdam ko ay kasinggaan ako ng isang tapon. Pakiramdam ko ay malaya ako,” sinabi niya sa mga lalaki. “Pinasasalamatan ko ang aking Diyos sa paglayang ito.”³⁵



Isang Panganib sa Madla

Matapos ang pagpapaalis sa kanya mula sa Unang Pangu-luhan, iniwasan ni William Law si Joseph. Noong huling bahagi ng Marso 1844, sinubukan ni Hyrum na pagkasun-duin ang dalawang lalaki, ngunit tumutol si William na makipag-ayos hangga't patuloy na itinataguyod ng propeta ang maramihang pag-aasawa.¹ Kasabay niyon, narinig na ni Joseph na si William at ilang iba pa sa bayan ay nagsasab-watan upang patayin siya at ang kanyang pamilya.²

Tiwalang nagsalita si Joseph laban sa mga magkaka-sabwat. “Hindi ako hihingi ng mandamyento para sa kanila, sapagkat hindi ko kinatatakutan ang sinuman sa kanila,” sinabi niya sa mga Banal. “Hindi nila matatakot ang isang inahing manok na naglilimplim sa kanyang mga itlog.”³ Suba-lit nag-aalala siya tungkol sa lumalaking pambabatikos sa Nauvoo, at ang mga banta ng kamatayan ay nagdaragdag

lamang ng pakiramdam na ang kanyang panahon upang turuan ang mga Banal ay malapit nang magwakas.⁴

Noong tagsibol na iyon, isang miyembro ng simbahan na si Emer Harris ang nagpabatid kay Joseph na ang mga nagsasabwatan ay nag-anyaya sa kanya at sa kanyang 19 na taong gulang na anak na si Denison, na dumalo sa kanilang mga pulong. “Brother Harris,” sabi ni Joseph, “Papayuhan ko kayo na huwag dumalo sa mga pulong na iyon, maging huwag silang pansinin.” Subalit sinabi niya kay Emer na gusto niyang dumalo si Denison sa mga pulong at alamin ang lahat tungkol sa mga nagsasabwatan.

Kalaunan, nakipagkita si Joseph kay Denison at sa kaibigan nitong si Robert Scott upang ihanda sila sa kanilang tungkulin. Batid na mapanganib ang mga nagsasabwatan, nagbabala siya sa mga binata na huwag masyadong magsalita habang naroon sila at huwag salungatin ang sinuman.⁵

NOONG ABRIL 7, 1844, SA ikalawang araw ng pangkalahatang kumperensya ng simbahan, isinantabi muna ni Joseph ang kanyang mga pag-aalala tungkol sa pagsasabwatan upang magsalita sa mga Banal. Umihip ang malakas na hangin sa kongregasyon nang nagpunta siya sa harapan. “Magiging napakahirap na marinig ninyo akong lahat maliban na lamang kung makikinig kayong mabuti,” sabi ng propeta sa gitna ng malakas na hangin. Ipinahayag niya na siya ay magsasalita tungkol sa kaibigan niyang si King Follett, na pumanaw kamakailan, at magbibigay ng kaginhawahan sa lahat ng mga taong nawalan ng mahal sa buhay.⁶

Niniais rin niya na ibigay sa bawat Banal ang ideya sa kung ano ang naghihintay sa kanila sa mundong darating. Nais niyang alisin ang espirituwal na tabing, kahit panandalian lamang, at ituro sa kanila ang kalikasan ng Diyos at ang kanilang banal na potensiyal.

“Anong klaseng nilalang ang Diyos?” tanong niya sa mga Banal. “Alam ba ng sinumang lalaki o babae? Mayroon ba sa inyong nakakita na sa Kanya, nakarinig sa Kanya, nakipag-usap sa Kanya?” Hinayaan ni Joseph na pagnilayan ng kongregasyon ang kanyang mga tanong. “Kung mapupunit ngayon ang tabing,” sabi niya, “at ang dakilang Diyos, na hawak ang mundo sa daangtala nito, at itinataguyod ang lahat ng bagay sa Kanyang kapangyarihan—kung makikita ninyo Siya ngayon, makikita ninyo Siya sa buong pagkatao, imahe, at anyo mismo ng isang tao.”

Ipinaliwanag ni Joseph na ang paghahanap ng kaalaman at pagtupad sa mga tipan ay makakatulong sa mga Banal na tuparin ang tunay na plano ng Ama para sa kanila. “Kailangan ninyong matutuhan mismo kung paano maging mga diyos,” sabi ni Joseph, “sa pamamagitan ng pag-unlad mula sa isang mababang antas tungo sa mas mataas na antas, biyaya sa biyaya, kadakilaan sa kadakilaan, hanggang maluklok sa kaluwalhatian tulad ng mga yaong naluklok na sa walang katapusang kapangyarihan.”

Ang planong ito, ipinaalala niya sa kanila, ay lumupig sa kamatayan. “Lubhang nakaaaliw sa mga namimighati,” sabi niya, “ang malaman na bagaman ang tabernakulo [katawan] sa lupa ay naagnas, muli silang babangon upang manahan sa [imortal na] kaluwalhatian, upang hindi na muling magdalamhati, magdusa, o mamatay, kundi sila ay

magiging mga tagapagmana sa Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo.”⁷

Ang proseso ay matatagalan, nangangailangan ng maraming tiyaga, pananampalataya, at pag-aaral. “Hindi mauunawaan ang lahat sa mundong ito,” pagtitiyak ng propeta sa mga Banal. “Kailangan ang mahabang panahon sa kabilang-buhay upang maunawaan ang kabuuan.”

Sa pagtatapos ng kanyang pangangaral, naging mapanindim si Joseph. Nagsalita siya tungkol sa kanyang mga kapamilya at kaibigan na pumanaw. “Sandali lamang silang wala,” sabi niya. “Sila ay nasa espiritu, at sa pagkamatay natin ay sasalubungin natin ang ating mga ina, ama, kaibigan, at lahat ng mahal natin.” Tiniyak niya sa mga ina na namatayan ng mga sanggol na magkakasama silang muli ng kanilang mga anak. Sa mga kawalang-hanggan, aniya, ang mga Banal ay hindi na mamumuhay sa takot sa mga mandurumog, ngunit sa halip ay maninirahan sa galak at kaligayahan.⁸

Nakatayo sa harapan ng mga Banal, si Joseph ay hindi na ang magaspang at hindi nakapag-aral na magbubukid na humingi ng karunungan sa kakahuyan. Sa bawat araw, sa bawat taon, kininis siya ng Panginoon na tulad ng isang bato, dahan-dahan siyang hinuhubog na maging isang mas mahusay na instrumento para sa Kanyang mga kamay.⁹ Subalit napakakaunti lamang ang nauunawaan ng mga Banal sa kanyang buhay at misyon.

“Hindi ninyo batid ang aking puso,” sabi niya. “Hindi ko sinisisi ang sinumang hindi maniwala sa aking kasaysayan. Kung hindi ko ito naranasan, ako mismo’y hindi

maniniwala.” Umaasa siya na isang araw, kapag natimbang na ang kanyang buhay, mas makikilala siya ng mga Banal.

Nang matapos si Joseph, umupo siya at ang mga koro ay umawit ng himno. Nagsalita siya nang halos dalawa’t kalahating oras.¹⁰

ANG MGA PANGANGARAL NI Joseph ay nagbigay-inspirasyon sa mga Banal at pinuspos sila ng Espiritu. “Ang mga turo na narinig namin ay nagpaligaya sa aming mga puso,” sulat ng Ellen Douglas sa kanyang mga magulang sa England isang linggo matapos ang kumperensya. Sina Ellen at ang kanyang asawa at mga anak ay kasama sa mga British na unang nabinyagan na naglayag patungo sa Nauvoo noong 1842, at ang mga katotohanang itinuro ni Joseph sa kanyang pangangaral ay paalaala kung bakit nagsakripisyo sila nang malaki upang makipagtipon sa mga Banal.

Tulad ng marami sa mga nabinyagang British, ginamit ng mga Douglas ang karamihan sa kanilang ipon upang mandayuhan sa Nauvoo, na nag-iwan sa kanila sa kahirapan. Ang asawa ni Ellen na si George ay namatay kaagad matapos ang kanilang pagdating, at nagkasakit siya ng matinding lagnat, kung kaya’t hindi niya maitaguyod ang kanyang walong anak. Hindi naglaon ay nagmungkahi ang isang kaibigan na humingi siya ng tulong mula sa Relief Society, kung saan sumapi si Ellen pagdating niya sa lunsod.

“Tumanggi akong gawin iyon,” sabi ni Ellen sa kanyang mga magulang sa liham na kanyang isinulat matapos ang kumperensya, “ngunit sinabi niya na may kailangan ako at matagal na rin akong maysakit, at kung hindi ko gagawin

iyon, siya ang gagawa nito para sa akin.” Alam ni Ellen na kailangan ng kanyang mga anak ang maraming bagay, lalo na ang mga damit, kung kaya’t sumang-ayon siyang humingi ng tulong sa isang miyembro ng Relief Society.

“Tinanong niya kung ano ang pinakakailangan ko,” paliwanag ni Ellen, “at nagdala sila ng bagon at nagdala ng regalong hindi ko pa natatanggap mula sa anumang lugar sa mundo.”

Siya at ang kanyang mga anak ngayon ay may baka at nag-aalaga ng dose-dosenang mga manok sa lote na kanilang inuupahan habang sila ay nag-iimpok ng pera upang makabili ng sariling lupain. “Kailanman ay hindi ako nasiyahan sa buhay ko nang higit sa nararamdaman ko ngayon,” sinabi niya sa kanyang mga magulang. “Nadarama ko sa aking sarili na magsaya at magbigay-puri sa aking Diyos na pinadala Niya ang mga elder ng Israel sa England, at binigyan Niya ako ng isang puso na maniwala sa kanila.”

Winakasan niya ang liham sa pagbibigay ng patotoo tungkol kay propetang Joseph Smith. “Darating ang araw,” sinabi niya sa kanyang mga magulang, “na inyong malalaman na sinabi ko sa inyo ang katotohanan.”¹¹

NOONG TAGSIBOL NA IYON, dumalo sina Denison Harris at Robert Scott sa lihim na pulong ni William Law at iniulat kay Joseph ang kanilang nalaman.¹² Sa ngayon, nakikita ni William ang kanyang sarili bilang isang taga-reporma ng simbahan. Nagpapahayag pa rin siya ng paniniwala sa Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan, ngunit siya ay galit na galit sa maramihang pag-aasawa at sa mga

kamakailan lamang na mga turo ni Joseph tungkol sa kalikasan ng Diyos.¹³

Kabilang sa mga kasabwat, nakilala nina Denison at Robert ang asawa ni William na si Jane, at ang nakatatandang kapatid nito na si Wilson. Nakita rin nila sina Robert at Charles Foster, na naging mga kaibigan ni Joseph hanggang sa hindi sila nagkasundo nito ukol sa pagpapayabong ng lupain sa paligid ng templo.¹⁴ Ang mga dating kaalyado ni John Bennett na sina Chauncey at Francis Higbey ay dumalo rin, kasama ang isang lokal na mambubutang na nanggangalang Joseph Jackson.¹⁵

Malaki ang pasasalamat ng propeta na handa sina Denison at Robert na isugal ang kanilang mga buhay para sa kanya. Kasunod ng kanilang pangalawang pulong kasama ang mga nagsasabwatan, tinagubilinan niya ang mga binata na muling dumalo. “Maging lubhang mapagtimpi,” ipinayo niya, “at huwag magbitaw ng pangako na makipagsabwatan laban sa akin o sa alinmang bahagi ng komunidad.” Binalaan niya sila na maaaring subukan silang patayin ng mga nagsasabwatan.

Noong sumunod na Linggo, nakakita sina Denison at Robert ng mga lalaking may dalang mga maskit at bayoneta na nagbabantay sa karaniwang lugar ng pagpupulong. Pumasok ng bahay ang dalawa at tahimik na nakinig habang ang mga nagsasabwatan ay nagtatalo. Sumang-ayon ang lahat na si Joseph ay dapat mamatay, subalit hindi sila magkasundo sa iisang plano.

Bago nagwakas ang pulong, pinangasiwaan ni Francis Higbee ang panunumpa ng pagkakaisa sa bawat kasabwat. Isa-isa, ang mga lalaki at babae sa silid ay itinaas ang Biblia

sa kanilang kanang kamay at sumumpa. Nang pagkakataon na nina Denison at Robert, tumanggi silang humakbang pasulong.

“Hindi ba ninyo narinig ang malakas na patotoo ng lahat na naroon laban kay Joseph Smith?” ikinatwiran ng mga nagsasabwatan. “Ipinapalagay natin itong taimtim na tungkulin na isagawa ang kanyang pagkawasak at iligtas ang mga tao mula sa panganib na ito.”

“Kami’y nagpunta sa inyong mga pagpupulong dahil inakala namin na kayo ay aming mga kaibigan,” sabi ng mga binata. “Hindi namin inakala na may masama rito.”

Inutusan ng mga pinuno ang mga bantay na dakpin sina Denison at Robert at dalhin sila pababa sa silong ng bahay. Pagdating doon, binigyan ang mga binata na isa pang pagkakataon na sumumpa. “Kung kayo ay determinado pa ring tumanggi,” sinabi sa kanila, “kakailanganin naming patayin kayo.”

Muling tumanggi ang mga binata at inihanda ang kani- lang sarili sa kamatayan.

“Tumigil kayo!” sigaw ng isang tao sa silong. “Pag- usapan natin ito!”

Sa isang iglap muling nagtatalo ang mga nagsasabwa- tan, at narinig ng mga binata ang isang lalaki na nagsabing lubhang mapanganib na patayin sila. “Ang mga magulang ng mga binata,” paliwanag niya, “ay maaaring magsimula ng paghahanap na siyang mapanganib sa atin.”

Dinala ng mga armadong guwardiya sina Denison at Robert pababa sa ilog at pinakawalan. “Kapag binuk- san ninyo ang mga bibig ninyo,” babala ng mga bantay,

“papatayin namin kayo sa gabi o sa araw, saan man namin kayo mahanap.”¹⁶

Umalis ang mga binata—at kaagad ay nag-ulat kay Joseph at sa bantay na kasama nito. Habang nakikinig ang propeta sa kanilang kuwento, nagpapasalamat na sila’y hindi nasaktan, naging seryoso ang kanyang mukha. “Mga kapatid,” sabi niya, “hindi ninyo alam kung paano ito magtatapos.”

“Sa palagay mo ba ay papaslangin ka nila?” tanong ng bantay. “Mapapaslang ka ba?”

Hindi direktang sinagot ni Joseph ang tanong, ngunit tiniyak niya sa mga binata na mali sina William Law at ang iba pang mga nagsasabwatan tungkol sa kanya. “Hindi ako isang bulaang propeta,” nagpatotoo siya. “Wala akong mga maiitim na paghahayag. Wala akong mga paghahayag mula sa diyablo.”¹⁷

SA KABILA NG KAGULUHAN sa tagsibol, regular na nakipagkita si Joseph sa Konseho ng Limampu upang talakayin ang mga ulirang katangian ng isang teokratikong demokrasya at ang mga batas at kaugalian na nagpapatupad nito. Sa isang pulong, hindi pa natatagalan matapos ang kumperensya ng Abril, bumoto ang kapulungan na tanggapin si Joseph bilang propeta, saserdote, at hari.

Walang pampulitikang awtoridad ang mga lalaki, kung kaya’t ang boto ay walang temporal na kahihinatnan. Ngunit pinagtibay nito ang katungkulan ni Joseph sa priesthood at ang mga responsibilidad niya bilang pinuno ng kaharian ng Panginoon dito sa lupa bago ang Ikalawang Pagparito. Ito

ay may kaugnayan sa patotoo ni Juan na Tagapaghayag na ginagawa ni Cristo ang mga matwid na Banal bilang mga mga hari at saserdote sa Diyos, na nagbibigay ng karagdang kahulugan sa titulo ng Tagapagligtas bilang Hari ng mga Hari.¹⁸

Kalaunan nang hapong iyon, napansin ni Joseph na ang ilan sa mga miyembro ng konseho ay hindi mga miyembro ng simbahan. Ipinahayag niya na sa Konseho ng Limampu, ang mga lalaki ay hindi kinokonsulta tungkol sa kanilang mga pangrelihiyong kuru-kuro kahit ano pa man sila. “Kumikilos tayo ayon sa malawak at liberal na alituntunin na lahat ng tao ay may pantay na karapatan at dapat igalang,” sabi niya. “Bawat tao ay may pribilehiyo sa organisasyong ito na kusang pumili sa kanyang sariling Diyos at kung ano ang pipiliin niyang relihiyon.”

Habang nagsasalita siya, kumuha si Joseph ng isang mahabang panukat at malawak itong ikinumpas, tulad ng ginagawa ng isang guro sa paaralan. “Kapag nadarama ng isang tao ang pinakamaliit na tukso sa gayong kawalang-pagpaparaya, nararapat na tanggihan niya ito,” sinabi niya sa kapulungan. Sinabi niya na ang espiritu ng kawalang-pagpaparaya sa relihiyon ang siyang nagtigmak sa lupa ng dugo. “Sa lahat ng transaksyon sa pamahalaan o pulitika,” sinabi niya, “ang mga pangrelihiyong kuru-kuro ng isang tao ay hindi dapat bigyang-pansin at kuwestiyunin. Ang tao ay dapat hatulan ayon sa batas, at hindi dahil sa masamang palagay tungkol sa relihiyon nito.”

Nang matapos magsalita si Joseph, aksidente niyang naputol ang panukat sa gitna, na gumulat sa lahat ng nasa silid.

“At dahil naputol ang panukat sa kamay ng ating pangulo,” sabi ni Brigham Young, “nawa’y ang bawat mapaniil na pamahalaan ay bumagsak sa ating harapan.”¹⁹

SA KATAPUSAN NG ABRIL, ang patuloy na lumalaking pampublikong pambabatikos nina William at Jane Law ang nagdulot sa konseho ng tatlumpu’t dalawang lider ng simbahan na itiwag sila at si Robert Foster dahil sa hindi pang-kristiyanong pag-uugali. Dahil walang nagpatawag sa kanila upang ipagtanggol ang kanilang sarili sa pagdinig, nagalit si William, at tinanggihan niya ang desisyon ng kapulungan.²⁰

Pagkatapos nito, naging mas maingay ang mga kritiko ng simbahan habang marami sa mga apostol at hindi mabilang na mga elder ang umalis ng Nauvoo upang maglingkod sa mga misyon at mangampanya para sa pagtakbo sa pagkapangulo ni Joseph. Naghalungkat sina Robert Foster at si Chauncey Higbee para sa mga katibayan na magagamit nila sa kaso laban sa propeta.²¹ Nagdaos si William Law ng pampublikong pulong noong Abril 21, kung saan niya tinuligsa si Joseph bilang isang huwad na propeta at nag-organisa ng bagong simbahan.

Sa pulong, ang mga alagad ni William ay nagtalaga sa kanya bilang pangulo ng bagong simbahan. Pagkatapos niyon, nagtipon sila tuwing Linggo at nagplano ng mga paraan upang hikayatin ang iba pang mga hindi nasisiyahang Banal sa kanilang layunin.²²

Samantala, si Thomas Sharp, ang batang patnugot ng pahayagan na tumuligsa sa mga Banal matapos nilang

makarating sa Illinois, ay pinuno ang kanyang pahayagan ng mga pagbatikos kay Joseph at sa simbahan.

“Wala kayong alam sa mga paulit-ulit na insulto at pinsala na natanggap ng ating mga mamamayan mula sa mga lider ng simbahang Mormon,” paghahayag niya habang ipinagtatanggol ang kanyang mga pag-atake sa mga Banal. “Hindi ninyo alam ang mga bagay na ito, o hindi ninyo magagawang subukan na pagsabihan kami sa pagsisikap na ilantad ang ganitong grupo ng mga kriminal, traydor, at manlilinlang.”²³

Pagkatapos, noong Mayo 10, ipinahayag nina William at ng kanyang mga tagasunod ang kanilang plano na ilathala ang *Nauvoo Expositor*, isang pahayagan na nagbibigay, ayon sa kanilang pananalita, ng “isang buo, prangka, at malinaw na pahayag ng katotohanan, alinsunod sa tunay na pag-iral ng mga ito sa lunsod ng Nauvoo.”²⁴ Naghain din ng mga paratang si Francis Higbee laban kay Joseph, inaakusahan ito ng paninirang puri sa kanyang pagkatao sa publiko, habang ginamit nina William at Wilson ang maramihang pag-aasawa ni Joseph bilang basehan upang paratangan ito ng pangangalunya.²⁵

“Palaging itinatayo ng diyablo ang kanyang kaharian sa parehong oras para salungatin ang Diyos,” sabi ni Joseph sa mga Banal sa isang pangangaral sa pagdami ng mga maling paratang sa kanya. Pagkatapos nito, siya at ang iba pang Banal na nakatanggap na ng endowment ay nagpu-long sa itaas ng kanyang tindahan at nanalangin upang maligtas mula sa kanilang mga kaaway.²⁶ Nais ni Joseph na umiwas sa pagkakadakis, subalit ayaw na rin niyang

magtago. Nagdadalantao si Emma at malubha ang sakit, at nag-aalangan siya na iwanan ito.²⁷

Sa huli, sa katapusan ng Mayo, nagpasiya siyang pinakamainam na pumunta sa Carthage, ang kapitolyo ng county, at humarap sa isang legal na imbestigasyon sa mga paratang laban sa kanya.²⁸ Sinamahan si Joseph sa bayan ng dalawang dosenang mga kaibigan niya. Nang dumating sa harapan ng hukom ang kaso, kulang ng saksi ang mga tagausig at hindi magawang ituloy ang imbestigasyon. Naantala ang mga pagdinig nang ilang buwan, at pinahintulutan ng sheriff si Joseph na umuwi sa bahay.²⁹

Nagpagalit kay Thomas Sharp ang paglaya ni Joseph. “Sapat na ang nakita at narinig namin upang makumbinsi na si Joe Smith ay hindi ligtas sa labas ng Nauvoo, at hindi tayo magugulat na marinig ang kanyang kamatayan sa marahas na paraan sa loob ng maikling panahon,” sinabi niya sa isang editoryal. “Ang tensyon na nadarama ng bansang ito ay nasa sukduhan, at ito ay biglang sasabog sa isang matinding galit sa pinakakaunting pang-uudyok.”³⁰

HABANG UMIIGTING ANG OPOSISYON kay Joseph, patuloy ang mga Banal sa pagtataguyod sa kanilang lunsod. Nahirapan si Louisa Pratt na makahanap ng matitirhan at makakain ang kanyang apat na anak na babae habang ang kanyang asawa ay nasa malayo sa kanyang misyon sa Timog Pasipiko. Bago umalis, bumili ng ilang mga tabla si Addison, ngunit hindi iyon sapat upang makapagtayo si Louisa ng bahay sa kanilang lote sa lunsod. Dahil siya ay nagmamayari ng ilang lupain sa kalapit na estado, nagtungo siya sa

isang kalapit na pagawaan ng tabla at humiling na umutang ng kahoy, gamit ang kanyang lupain bilang panggarantiya.

“Hindi ninyo kailangang pagdudahan ang isang babae,” sinabi niya sa tagakiskis sa pag-aalala na hindi siya pauutangin dahil sa kanyang kasarian. “Sa pangkalahatan, sila ay mas maagap kaysa sa mga lalaki.”

Walang reklamo ang tagakiskis na pautangin siya, at kaagad ay nakuha ni Louisa ang kahoy na kailangan niya upang bumuo ng isang maliit na frame house. Sa kasamaang palad, ang mga tauhan na inarkila niya upang gawin ang trabaho ay nagdulot ng tuluy-tuloy na kabiguan, dahil dito ay napilitan siyang umarkila ng iba hanggang sa matagpuan niya ang mga maaasahang manggagawa.

Habang itinatayo ang bahay, nagtrabaho si Louisa bilang mananahi. Nang nagkasakit ng tigdas ang kanyang mga anak na babae, binantayan niya ang mga ito araw at gabi, ipinagdarasal ang kanilang pagbuti hanggang tuluyan silang gumaling. Paano man tingnan, tila nakakaya niya ang mga nangyayari sa kabila ng mga kalagayan. Ngunit madalas siyang nalulungkot, may kakulangan, at walang magawa upang pasanin ang pabigat sa kanyang balikat.

Nang natapos ang bahay, pinatira na ni Louisa ang pamilya niya rito. Naglagay siya ng alpombra na siya mismo ang gumawa at nilagyan niya ng mga muwebles na binili niya mula sa kanyang kinita.

Sa paglipas ng mga buwan, nabuhay sina Louisa at mga anak niya sa kanyang maliit na kita, nagbebenta at bumibili ng mga gamit na pautang habang binabayaran niya ang utang niya sa tagakiskis. Nang maubos na ang

kanilang pagkain at may mga bagong utang na dapat bayaran si Louisa, nagtanong ang mga bata, “Ano ang gagawin natin, Nanay?”

“Dumaing sa Panginoon,” matamlay na sabi ni Louisa. Inisip niya kung ano ang kalalabasan ng kanyang panalangin. Daraing ba siya tungkol sa mga tao na pinagkakautangan niya ng pera? Magreklamo ba siya tungkol sa mga hindi nagbayad sa kanya para sa trabahong inarkila siyang gawin?

Noong pagkakataong iyon ay may isang lalaking dumating na may dalang mabigat na kargada ng panggatong para sa kanya, na maaari niyang ibenta. Pagkatapos ay may isa pang lalaki na may dalang isandaang librang harina at dalawampu’t limang libra ng karne ng baboy.

“Aba, Inay,” sabi ng anak niyang si Frances, “napaka-suerteng po ninyong babae!”

Napuspos ng pasasalamat, nagpasiya si Louisa na huwag nang dumaing sa Panginoon.³¹

TULAD NG IPINANGAKO NI William Law, nagsimulang ipamahagi ang *Nauvoo Expositor* sa mga lansangan ng Nauvoo noong unang bahagi ng Hunyo. “Masigasig nating hinahangad na sirain ang mga masasamang prinsipyo ni Joseph Smith,” nakasaad sa paunang salita nito, “na tiyak na alam natin na hindi tumutugma sa mga alituntunin ni Jesucristo at ng mga apostol.”

Sa pahayagan, iginiit ni William at ng kanyang mga tagasunod na lumayo si Joseph mula sa ipinanumbalik na ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpapakilala ng

endowment, pagsasabuhay ng maramihang pag-aasawa, at pagtuturo ng mga bagong doktrina tungkol sa kadakilaan at sa katangian ng Diyos.³²

Binalaan din nila ang mga mamamayan ng county na lumalakas ang politikal na kapangyarihan ng mga Banal. Kinondena nila ang pagpapalabo ni Joseph sa mga papel ng simbahan at estado at kinondena ang kanyang kandidatura sa pagkapangulo ng bansa.

“Tayo ay bumangon sa karingalan ng ating lakas,” nagbabanta nilang inihayag, “at buwagin ang impluwensya ng nanggugulo at mga malulupit na tao sa ibabaw ng lupa.”³³

Kinabukasan matapos maipamahagi ang pahayagan, tinipon ni Joseph ang Konseho ng Lunsod ng Nauvoo upang talakayin ang mga dapat gawin sa *Expositor*. Marami sa mga kapitbahay ng mga Banal ay kumakalaban na sa simbahan, at nag-alala siya na ang *Expositor* ay maka-uudyok sa mga ito sa karahasan. “Hindi ligtas na magkaroon ng gayong mga bagay,” sabi niya, “dahil sa diwa ng pandurumog na maaaring ibunga ng mga ito.”³⁴

Ipinaalala ni Hyrum sa konseho ng lunsod ang mga mandurumog na nagpalayas sa kanila mula sa Missouri. Tulad ni Joseph, nag-alala siya na pupukawin ng pahayagan ang mga tao laban sa mga Banal maliban na lamang kung may ipapasa silang batas upang pigilan ito.

Lumalalim na ang gabi noong Sabadong iyon, at ipinagpaliban ng mga lalaki ang pulong hanggang Lunes.³⁵ Noong araw na iyon, nagtipon ang konseho ng lunsod mula umaga hanggang gabi at muling tinalakay kung ano ang magagawa nila. Iminungkahi ni Joseph na ipahayag

ang peryodiko bilang isang panganib sa madla at sirain ang palimbagan na nag-iimprenta nito.³⁶

Sumang-ayon si John Taylor. Bilang patnugot ng *Times and Seasons*, pinahahalagahan ni John ang isang malayang pahayagan at malayang pamamahayag, ngunit siya at si Joseph ay naniwala na may karapatan sila ayon sa saligang batas na protektahan nila ang kanilang sarili laban sa libelo. Ang pagwasak sa *Expositor* at sa palimbagan nito ay magiging kontrobersyal, ngunit naniniwala sila na pinahihintulutan ng batas na gawin ito ayon sa legal na paraan.

Malakas na binasa ni Joseph mula sa saligang batas ng estado ng Illinois ang tungkol sa kalayaan ng mga mamamahayag upang ang lahat ng nasa silid ay maunawaan ang batas. Kinuha ang isang pinagpipitagang aklat sa batas, isa pang konsehal ang nagbasa ng legal na katwiran para sa pagwasak ng isang panganib na gumagambala sa katahimikan ng isang komunidad. Nang mapatibay ang legal na pangangatwiran, inulit ni Hyrum ang mungkahi ni Joseph na kanilang sirain ang palimbagan at ikalat ang type.³⁷

Sinabi ni William Phelps sa kapulungan na nirepaso niya ang konstitusyon ng Estados Unidos, ang charter ng lunsod ng Nauvoo, at ang mga batas ng lupain. Ayon sa kanya, ang lunsod ay may lubos at legal na katwiran na ipahayag na ang palimbagan bilang isang panganib at kaagad itong sirain.

Bumoto ang kapulungan na sirain ang palimbagan, at nagpadala ng kautusan si Joseph sa city marshal upang maisakatuparan ang panukala.³⁸

NANG GABING IYON, DUMATING ang Nauvoo marshal sa tanggapan ng *Expositor* kasama ang isang daang tao. Pumasok sila sa palimbagan gamit ang isang maso, kinaladkad ang imprenta sa kalye, at binasag ito sa maliliit na piraso. Pagkatapos ay itinambak nila ang mga kalsunsilyo ng type at sinunog ang tumpok. Anumang mga kopya ng diyaryo na natagpuan nila ay idinagdag sa sunog.³⁹

Kinabukasan, inulat ni Thomas Sharp ang pagkawasak ng palimbagan sa ekstrang edisyon ng kanyang pahayagan. “Ang digmaan at pagpuksa ay hindi maiiwasan! Mga mamamayan *bumangon, isa at lahat!!!*” isinulat niya. “Wala na tayong oras para sa mga komento, bawat tao ay kikilos ng sarili niya. *Hayaan itong mabuo ng pulbura at bala!!!*”⁴⁰



Isang Kordero sa Katayan

Matapos manawagan ni Thomas Sharp sa mga tao na armasan ang kanilang mga sarili, ang galit laban sa mga Banal sa Nauvoo ay kumalat sa lugar na parang napakalaking apoy. Nagkaisa ang mga mamamayan sa kalapit na Warsaw at Carthage na tutulan ang pagkawasak ng *Expositor*. Nanawagan ang mga pinuno ng bayan sa mga lalaki sa rehiyon na samahan silang mag-aklas laban sa mga Banal.¹ Sa loob ng dalawang araw isang armadong pangkat ng mga mandurumog na may tatlong daang tao ang nabuo sa Carthage na handang humayo sa Nauvoo at lipulin ang mga Banal.²

Isang daang milya sa hilagang silangan ng Nauvoo, sina Peter Maughan at Jacob Peart ay umupo upang kumain sa isang hotel. Sa ilalim ng pamamahala ni Joseph, nagtungo sila sa lugar upang mahanap ang isang minahan ng coal upang bilhin ng simbahan. Naniwala si Joseph na

kapaki-pakinabang na minahin ang coal at ipadala ito sa Mississippi gamit ang *Maid of Iowa*, na siyang bapor ng simbahan.³

Habang hinihintay nila ang kanilang pagkain, binuksan ni Peter ang pahayagan at binasa ang isang ulat na nagsasabing isang napakalaking digmaan ang naganap sa Nauvoo, na pumatay ng ilang libong tao. Nabigla, at natakot para kina Mary at sa kanilang mga anak, ipinakita ni Peter ang ulat kay Jacob.

Sumakay ang dalawang lalaki sa kasunod na bangka pauwi. Nang mga tatlumpung milya na sila mula sa Nauvoo, natuwa silang malaman na walang labanan na naganap. Ngunit tila panahon na lamang ang hinihintay bago pumutok ang karahasan.⁴

SA KABILA NG PINAG-ARALANG desisyon ng konseho ng lunsod na sirain ang palimbagan, naging maliit ang pagtantiya nila sa sumunod na malawakang pagtutol. Tumalilis si William Law mula sa lunsod, subalit ang ilan sa kanyang mga taga-suporta ay nagbabanta ngayon na wasakin ang templo, sunugin ang tahanan ni Joseph, at wasakin ang palimbagan ng simbahan.⁵ Pinaratangan ni Francis Higbee si Joseph at ang iba pang mga miyembro ng konseho ng lunsod ng pag-udyok ng gulo nang winasak ang palimbagan. Sumumpa siya na sa loob ng sampung araw, walang matitira kahit isang Mormon sa Nauvoo.⁶

Noong Hunyo 12, isang opisyal mula sa Carthage ang dumakip kina Joseph at iba pang mga miyembro ng konseho ng lunsod. Nabatid ng korteng munisipal ng Nauvoo

na walang batayan ang mga paratang at pinakawalan ang mga lalaki, na lalong nagpagalit sa mga mambabatikos ni Joseph. Kinabukasan, nalaman ni Joseph na tatlong daang lalaki ang nagtipon sa Carthage na handang magmartsa patungo sa Nauvoo.⁷

Umaasa na maiwasan ang isa pang matinding digmaan sa kanilang mga kapitbahay, tulad ng kanilang nasaksihan sa Missouri, sumulat sina Joseph at ang iba ng mga mada-liang liham kay Gobernador Ford, ipinaliliwanag ang mga aksyon ng konseho ng lunsod at nagsusumamo ng tulong laban sa pagsalakay ng mga mandurumog.⁸ Nagsalita si Joseph sa mga Banal, hinihikayat ang mga ito na manatiling mahinahon, maghandang ipagtanggol ang lunsod, at huwag gumawa ng kaguluhan. Pagkatapos, tinipon niya ang Nauvoo Legion at isinailalim ang lunsod sa batas militar, sinususpende ang karaniwang paghahari ng batas at inilalagay ang militar bilang tagapamahala.⁹

Noong hapon ng Hunyo 18, nagtipon ang Legion sa harap ng Nauvoo Mansion. Bilang kumander ng milisya, nakasuot ng buong uniporme ng militar si Joseph at umakyat sa taas ng isang kalapit na entablado, kung saan siya nagsalita sa mga lalaki. “Iniisip ng ilan na ang ating mga kaaway ay masisiyahan sa aking pagkawasak,” sabi niya, “ngunit sinasabi ko sa inyo na kapag sila ay nagpadanak ng aking dugo, sila’y mauuhaw sa dugo ng bawat tao na may mabuting puso kung saan nananahan ang isang kislap ng diwa ng kaganapan ng ebanghelyo.”

Hinugot ang kanyang espada at itinaas sa langit, hini-mok ni Joseph ang mga lalaki na ipagtanggol ang kalayaan na ipinagkait sa kanila noon. “Sasamahan ba ninyo akong

lumaban hanggang sa kamatayan,” tanong ni Joseph, “at sang-ayunan, na maaaring ikapapahamak ng inyong buhay, ang mga batas ng ating bansa?”

“Oo!” sigaw ng mga tao.

“Buong-puso ko kayong minamahal,” sabi niya. “Karamay ko kayo sa oras ng kagipitan, at handa akong isakripisyo ang aking buhay para sa inyong pangangalaga.”¹⁰

MATAPOS MARINIG MULA KAY Joseph ang tungkol sa mga dahilan ng konseho ng lunsod para sa pagwasak sa palimbagan, naunawaan ni Gobernador Thomas Ford na ang mga Banal ay kumilos nang may mabuti at tapat na hangarin. May mga legal na dahilan at mga dating halimbawa para sa pagpapahayag at pagwasak ng mga panganib sa isang komunidad. Ngunit hindi siya sang-ayon sa desisyon ng konseho at hindi naniwala na ang kanilang mga ginawa ay nasa pangangatwiran. Ang legal na pagkawasak ng isang pahayagan, sa kabila ng lahat, ay hindi karaniwan sa panahong iniwan ng mga komunidad ang paggawa nito sa mga ilegal na mga mandurumog, gaya noong winasak ng mga vigilante ang pahayagan ng mga Banal sa Jackson County mahigit isang dekada na ang nakararaan.¹¹

Binigyan din ng mataas na halaga ng gobernador ang proteksyon ng malayang pamamahayag na nasa saligang-batas ng estado ng Illinois, sa kabila ng anumang ipinahihintulot ng batas. “Ang iyong asal sa pagkawasak ng palimbagan ay isang tunay na kabuuang pang-aalipusta sa mga batas at kalayaan ng mga tao,” isinulat niya sa propeta.

“Naging puno man ito ng paninirang-puri, ngunit hindi ito nagbibigay sa inyo ng pahintulot na wasakin ito.”

Idinagdag pa ng gobernador na ang charter ng lunsod ng Nauvoo ay hindi nagkaloob sa mga lokal na korte ng kasingraming kapangyarihan tulad ng tila nasasaisip ng propeta. Pinayuhan niya ito at ang iba pang miyembro ng konseho ng lunsod na pinaratangan ng kaguluhan na isuko ang kanilang mga sarili at pasakop sa mga korte sa labas ng Nauvoo. “Inaalala ko ang pagpapanatili ng kapayapaan,” sabi nito sa kanila. “Ang isang maliit na pagpapabaya ay maaaring magdulot ng digmaan.” Kung isusuko ng mga pinuno ng lunsod ang kanilang sarili at haharap sa paglilitis, nangako siya na protektahan sila.¹²

Batid na ang Carthage ay puno ng mga taong nasusuklam sa mga Banal, nagduda si Joseph kung matutupad ng gobernador ang kanyang pangako. Subalit ang pananatili sa Nauvoo ay lalong magpapagalit sa mga bumabatikos sa kanya at maghihikayat sa mga mandurumog na pumunta sa lunsod, na maglalagay sa mga Banal sa panganib. Lalong tila ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang mga Banal ay lisanin ang Nauvoo patungo sa kanluran o humingi ng tulong sa Washington, DC.

Sa isang liham sa gobernador, sinabi ni Joseph sa kanya ang kanyang mga plano na lisanin ang lunsod. “Sa lahat ng bagay na sagrado,” isinulat niya, “isinasamo namin sa Iyong Kamahalaan ang kapakanan ng aming kaawa-awang mga babae at bata na maprotektahan mula sa karahasan ng mga mandurumog.” Iginiit niya na kung ang mga Banal ay may ginawang mali, gagawin nila ang lahat ng kanilang makakaya upang itama ito.¹³

Nang gabing iyon, matapos magpaalam sa kanyang pamilya, sumakay ng bangka si Joseph kasama sina Hyrum, Willard Richards, at Porter Rockwell at naglayag patawid ng Ilog Mississippi. May butas ang bangka, kung kaya't ang magkapatid at si Willard ay tinatapon ang tubig gamit ang kanilang mga bota habang nagsasagwan si Porter. Makalipas ang ilang oras, noong umaga ng Hunyo 23, nakarating sila sa Teritoryo ng Iowa, at inatasan ni Joseph si Porter na bumalik sa Nauvoo at magdala ng mga kabayo para sa kanila.¹⁴

Bago umalis si Porter, binigay sa kaniya ni Joseph ang sulat para kay Emma, inatasan ito na ipagbili ang kanilang ari-arian kung kinakailangan upang suportahan ang sarili nito, ang kanilang mga anak, at ang kanyang ina. "Huwag mawalan ng pag-asa," sinabi niya rito. "Kung magbubukas ang Diyos ng pintuan para sa akin, magkikita tayong muli."¹⁵

Kalaunan ng umagang iyon, ipinadala ni Emma si Hiram Kimball at ang kanyang pamangkin na si Lorenzo Wasson sa Iowa upang kumbinsihin si Joseph na umuwi at isuko ang kanyang sarili. Sinabi nila kay Joseph na balak ng gobernador na sakupin ang Nauvoo gamit ang mga kawal hanggang sa isuko niya at ng kapatid niyang si Hyrum ang kanilang mga sarili. Bumalik kaagad si Porter kasama si Reynolds Cahoon at may isang liham mula kay Emma, na muling nagmamakaawa sa kanya na bumalik na sa lunsod. Tinawag nina Hiram Kimball, Lorenzo, at Reynolds si Joseph na isang duwag dahil sa paglisan sa Nauvoo at paglalantad sa mga Banal sa panganib.¹⁶

"Mamamatay muna ako bago ako tawaging isang duwag," sabi ni Joseph. "Kung walang halaga ang buhay

ko sa aking mga kaibigan, wala rin itong halaga sa akin.” Nalaman na niya ngayon na hindi mapapangalagaan ang mga Banal ng kanyang paglisan sa Nauvoo. Subalit hindi niya alam kung ligtas siyang makapupunta sa Carthage. “Ano ang dapat kong gawin?” tanong niya kay Porter.

“Ikaw ang pinakamatanda at dapat batid kung ano ang pinakamainam,” sabi ni Porter.

“Ikaw ang pinakamatanda,” sabi ni Joseph habang nakatingin sa kanyang kapatid. “Ano ang gagawin natin?”

“Bumalik tayo at isuko ang ating mga sarili, at tingnan natin ang kalalabasan,” sabi ni Hyrum.

“Kung babalik kayo, ako ay sasama sa inyo,” sabi ni Joseph, “ngunit tayo ay makakatay.”

“Kung tayo ay mabubuhay o mamamatay,” wika ni Hyrum, “tatanggapin natin ang ating kapalaran.”

Sandaling pinag-isipan ito ni Joseph, pagkatapos ay hiniling kay Reynolds na kumuha ng isang bangka. Isusuko nila ang kanilang mga sarili.¹⁷

IKINALUNGKOT NI EMMA NANG umuwi si Joseph nang hapong iyon. Ngayon na nakita na niya itong muli, natakot siyang tinawag niya itong pabalik sa kamatayan nito.¹⁸ Nasa-sabik si Joseph na muling mangaral sa mga Banal, ngunit sa halip ay nanatili siya sa bahay kasama ang kanyang pamilya. Tinipon nila ni Emma ang kanilang mga anak, at binigyan niya ng basbas ang mga ito.

Kinaumagahan, lumabas sina Joseph, Emma, at ang kanilang mga anak mula sa bahay. Hinalikan niya ang bawat isa sa kanila.¹⁹

“Babalik ka,” sabi ni Emma habang lumuluha.

Sumakay si Joseph sa kanyang kabayo at humayo kasama ni Hyrum at ng iba pang kalalakihan sa Carthage. “Ako ay patutungong gaya ng isang kordero sa katayan,” sinabi niya sa kanila, “subalit ako ay mahinahon gaya ng isang umaga sa tag-araw. Ako ay may budhi na walang kasalanan sa harapan ng Diyos at sa lahat ng tao.”²⁰

Inakyat ng mga mangangabayo ang burol patungo sa templo habang tumataas ang araw, sinisinagan ng ginintuang liwanag ang hindi pa natatapos na pader ng gusali. Pinatigil ni Joseph ang kanyang kabayo at tiningnan ang kabuuan ng lunsod. “Ito ang pinakamagandang lugar at pinakamabubuting tao sa ilalim ng kalangitan,” wika niya. “Hindi nila alam ang mga pagsubok na naghihintay sa kanila.”²¹

HINDI NAWALA NANG MATAGAL si Joseph. Tatlong oras matapos lisanin ang Nauvoo, nakasalubong niya at ng kanyang mga kaibigan ang mga kawal na may utos mula sa gobernador na samsamin ang lahat ng mga armas na ibinigay sa Nauvoo Legion. Ipinasiya ni Joseph na bumalik at makitang sinusunod ang kautusan. Kung manlalaban ang mga Banal, batid niya na maaaring magbigay ito ng dahilan sa mga mandurumog na salakayin sila.²²

Doon sa Nauvoo, nangabayo si Joseph pauwi upang makita muli sina Emma at ang kanilang mga anak. Muli siyang nagpaalam at tinanong si Emma kung sasama ito sa kanya, ngunit alam ni Emma na kailangan niyang manatili kasama ng mga bata. Tila mataimtim at mapag-isip si Joseph,

nanghihilakbot sa kasiguruhan ng kanyang kapalaran.²³ Bago siya umalis, humingi sa kanya si Emma ng isang bas-bas. Walang oras na dapat aksayahin, hiniling ni Joseph rito na isulat ang pagpapalang ninanais at ipinangako niya na lalagdaan ito pagbalik niya.

Sa pagpapalang isinulat niya, humiling si Emma ng karunungan mula sa Ama sa Langit at ng kaloob na pag-unawa. “Nais ko ang Espiritu ng Diyos upang makilala at maunawaan ang aking sarili,” isinulat niya. “Nais kong magkaroon ng kapaki-pakinabang at aktibong kaisipan, upang maunawaan ko ang mga layunin ng Diyos.”

Humiling siya ng karunungan upang mapalaki ang kanyang mga anak, pati na ang sanggol na inaasahan niyang iluluwal sa Nobyembre, at nagpahayag ng pag-asa sa kanyang walang hanggang tipan ng kasal. “Buong puso kong ninanais na igalang at bigyang-pitagan ang aking asawa,” isinulat niya, “na palagiang mabuhay sa kanyang tiwala at sa pagkilos nang may pakikiisa sa kanya ay mapanatili ang lugar na ibinigay sa akin ng Diyos sa kanyang tabi.”

Sa huli, nanalangin si Emma na maging mapagpakumbaba at umasa na magdiwang sa mga pagpapala na inihanda ng Diyos para sa mga masunurin. “Nais ko na anuman ang aking kapalaran sa buhay,” pagsulat niya, “ako ay mabigyan ng kakayahan na kilalanin ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay.”²⁴

MGA ALULONG AT PAGMUMURA ang sumalubong sa magkapatid na Smith nang dumating sila sa Carthage ilang minuto bago maghatinggabi noong Lunes, Hunyo 24. Ang

yunit ng milisya na nagtipon ng mga armas ng mga Banal sa Nauvoo ang siya ngayong naghatid kina Joseph at Hyrum sa gitna ng kaguluhan sa mga lansangan ng Carthage. Isa pang yunit, na kilala bilang Carthage Greys, ay humimpil sa liwasang bayan malapit sa hotel kung saan binalak ng magkapatid na magpalipas ng gabi.

Nang nilampasan ni Joseph ang Carthage Greys, nagtulakan at nagsikuhan ang mga kawal upang makakita. “Nasaan ang kasumpa-sumpang propeta?” sigaw ng isang lalaki. “Magbigay-daan at hayaan kaming masilayan si Joe Smith!” Sumigaw at pumalakat ang mga sundalo at inihagis ang kanilang mga baril sa ere.²⁵

Kinaumagahan, isinuko nina Joseph at ng kanyang mga kaibigan ang kanilang sarili sa isang constable. Ilang saglit pagkalipas ng alas nuwebe, inanyayahan ni Gobernador Ford sina Joseph at Hyrum na sumama sa kanyang maglakad sa gitna ng mga nagtipong kawal. Ang milisya at mga mandurumog na nakakumpol sa paligid nila ay tahimik hanggang sa isang pangkat ng mga Grey ang nagsimulang tuyain silang muli, inihahagis ang kanilang mga sumbrero sa ere at inilalabas ang kanilang mga espada. Tulad ng ginawa nila noong nakaraang gabi, sinigawan at kinutya nila ang magkapatid.²⁶

Nang araw na iyon sa korte, pinakawalan sina Joseph at Hyrum upang hintayin ang paglilitis sa mga kaso ng kaguluhan. Ngunit bago nakaalis ng bayan ang magkapatid, dalawa sa mga kasamahan ni William Law ang naghahin ng mga reklamo laban sa kanila sa pagpapatupad ng batas militar sa Nauvoo. Pinaratangan sila ng pagtataksil sa pamahalaan at sa mga mamamayan ng Illinois, isang

pangunahing paglabag na hindi nagpapahintulot sa mga lalaki na makapagpiyansa.

Ikinulong sina Joseph at Hyrum sa piitan ng county, magkakasamang nakakulong sa isang selda ng gabing iyon. Marami sa kanilang mga kaibigan ang pinili na manatiling kasama nila, upang maprotektahan at samahan sila. Nang gabing iyon ay sumulat si Joseph kay Emma na may nakakahikayat na balita. “Kasasang-ayon pa lamang ng gobernador na dalhin ang kanyang hukbo sa Nauvoo,” ulat niya, “at kasama niya ako.”²⁷

KINABUKASAN, INILIPAT ANG MGA bilanggo sa mas komportableng silid sa ikalawang palapag ng bilangguan ng Carthage. Ang silid ay may tatlong malalaking bintana, isang kama at isang pintuang kahoy na may basag na trangka. Noong gabing iyon, malakas na nagbasa si Hyrum mula sa Aklat ni Mormon at nagbigay si Joseph ng makapangyarihang patotoo tungkol sa banal na katotohanan nito sa mga nakahimpil na bantay. Pinatotohanan niya na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik, na naglilingkod pa rin ang mga anghel sa sangkatauhan, at ang kaharian ng Diyos ay nasa lupa nang muli.

Matapos lumubog ang araw, nagpuyat si Willard Richards na nakaupo sa pagsusulat hanggang sa naupos ang kanyang kandila. Nakahiga sina Joseph at Hyrum sa kama, habang ang dalawang bisita, sina Stephen Markham at John Fullmer, ay nakahiga sa kutson sa sahig. Malapit sa kanila, sa matigas na sahig, nakahiga sina John Taylor at

Dan Jones, isang Welsh na kapitan ng barko na sumapi sa simbahan mahigit isang taon na ang nakakaraan.²⁸

Minsan bago sumapit ang hatinggabi, nakarinig ang mga lalaki ng isang putok sa labas ng bintana na pinakamalapit sa ulo ni Joseph. Bumangon ang propeta at lumipat sa sahig sa tabi ni Dan. Tahimik siyang tinanong ni Joseph kung takot siyang mamatay.²⁹

“Palagay ba ninyo, oras ko na?” tanong ni Dan sa kanyang malakas na puntong Welsh. “Sa ganitong layunin palagay ko hindi gaanong nakakatakot mamatay.”

“Makikita mo pa ang Wales,” bulong ni Joseph, “at gagampanan mo pa ang misyong ipinagagawa sa iyo bago ka mamatay.”

Bandang hatinggabi, nagising si Dan sa ingay ng mga kawal na dumaan sa bilangguan na nagmamartsa. Tumayo siya at tumanaw sa bintana. Sa ibaba, nakita niya ang isang pulutong ng mga tao sa labas. “Ilan ang papasok?” narinig niyang may nagtanong.

Nagulat, agad na ginising ni Dan ang iba pang mga bihag. Narinig nila ang mga yabag na paakyat ng hagdan at mabilis na ipinuwesto ang kanilang mga sarili sa pinto. May isang dumampot ng upuan para gamitin bilang sandata kung sakaling ang mga lalaki sa labas ng silid ay pumasok. Pinalibutan sila ng nakakabinging katahimikan habang hinihintay nila ang pagsalakay.

“Halika na kayo!” Sa wakas ay isingaw ni Joseph. “Handa na kami para sa inyo!”

Sa may pintuan, naririnig nina Dan at ng iba pang mga bihag ang pagkaladkad ng mga paa, tila hindi mawari ng mga lalaki sa labas kung lulusob o aalis. Nagpatuloy

ang kaguluhan hanggang buwang-liwayway, nang marinig sa wakas ng mga bilanggo na umatras pababa ng hagdan ang mga lalaki.³⁰

KINABUKASAN, HUNYO 27, 1844, TUMANGGAP si Emma ng liham mula kay Joseph, na nasa sulat-kamay ni Willard Richards. Sina Gobernador Ford at isang pangkat ng mga milisya ay patungo na sa Nauvoo. Ngunit sa kabila ng kanyang pangako, hindi isinama ng gobernador si Joseph. Sa halip, binuwag niya ang isang yunit ng milisya sa Carthage at pinanatili lamang ang isang maliit na grupo ng Carthage Greys upang bantayan ang piitan, iniwan ang mga bihag na mas mahina mula sa pagsalakay.³¹

Gayunpaman, nais ni Joseph na ang mga Banal ay makitungo sa gobernador nang may paggalang at huwag gumawa ng anumang pambubulabog. “Walang pang-anib ng anumang utos ng pagpuksa,” sinabi nito sa kanya, “subalit ang ibayong pag-iingat ay ang magulang ng kaligtasan.”³²

Matapos ang liham, isinulat ni Joseph ang tagihabol gamit ang kanyang sariling sulat-kamay. “Natanggap ko nang lubos ang aking kapalaran, nalalamang ako ay mabibigyang-katwiran, at nagawa ang lahat ng dapat kong gawin,” paghahayag niya. Hiniling niya rito na ipaabot ang kanyang pagmamahal sa mga anak at sa kanyang mga kaibigan. “Ukol naman sa pagtataksil,” dagdag pa niya, “hindi ko ginawa ang kahit ano nito, at hindi nila mapapatunayan ang pagpapakita ng anumang uri nito.” Sinabi niya rito na hindi kailangang mag-alala tungkol sa panganib na nakaambang

sa kanya at kay Hyrum. “Pagpalain kayong lahat ng Diyos,” isinulat niya sa pagtatapos.³³

Dumating sa Nauvoo noong huling bahagi ng araw na iyon si Gobernador Ford at nagsalita sa mga Banal. Sinisi niya ang mga ito sa krisis at nagbantang papanagutin sila sa mga ibubunga nito. “Isang malaking krimen ang nagawa sa pagsira ng palimbagan ng *Expositor* at sa paglalagay ng lunsod sa ilalim ng batas militar,” sabi niya. “Isang matinding pagbabayad-sala ang dapat gawin, kung kaya ihanda ang inyong isipan sa oras ng kagipitan,”³⁴

Nagbabala siya sa mga Banal na ang Nauvoo ay maaaring mauwi sa abo at ang mga mamamayan nito ay lipulin kung sila ay maghihimagsik. “Asahan ninyo ito,” sabi niya. “Kaunti pang masamang asal mula sa mga mamamayan, at ang sulo na nasindihan na ay gagamitin.”³⁵

Nayamot sa talumpati ang mga Banal, ngunit dahil hiniling sa kanila ni Joseph na panatilihin ang kapayapaan, nangako sila na susundin ang babala ng gobernador at itataguyod ang mga batas ng estado. Nasiyahan, tinapos ng gobernador ang kanyang talumpati at ipinarada ang kanyang mga kawal sa Main Street. Habang nagmamartsa ang mga kawal, hinugot nila ang kanilang mga espada at mapanganib nila itong iwinasiwas.³⁶

MABAGAL NA LUMIPAS ANG oras sa piitan ng Carthage noong haponng iyon. Sa init ng tag-araw, hindi sinuot ng mga lalaki ang kanilang mga kapote at binuksan ang mga bintana upang papasukin ang hangin. Sa labas, walong kalalakihan mula sa Carthage Greys ang nagbabantay sa

bilangguan habang ang natitirang bahagi ng milisya ay nagkampo sa di-kalayuan. Isa pang bantay ang naupo sa kabilang banda lamang ng pintuan.³⁷

Sina Stephen Markham, Dan Jones, at iba pa ay lumakad para gawin ang mga iniutos ni Joseph. Sa mga lalaking nanatili doon noong nakaraang gabi, tanging sina Willard Richards at John Taylor ang kasama pa rin nina Joseph at Hyrum. Noong unang bahagi ng araw, ipinuslit ng mga bisita ang dalawang baril sa mga bilango—isang rebolber na maipuputok nang anim na beses bago magkarga muli ng bala at isang pistola na isang bala lang ang maikakarga—kung sakaling may pagsalakay. Nag-iwan din si Stephen ng isang matibay na tungkod na tinawag niyang “masamang panghampas.”³⁸

Upang maibsan ang kalooban at palipasin ang oras, umawit si John ng himno na British na kamakailan lamang ay naging popular sa mga Banal. Isinalaysay ng mga titik nito ang tungkol sa abang dayuhan na nangangailangan na sa huli ay inihayag ang kanyang sarili bilang ang Tagapagligtas:

*Bigla sa aking paningin,
Nagbago ang kanyang anyo;
Sa sugat ng kanyang kamay,
Natanto kong s'ya si Cristo;
Sinabi N'ya—
Dahil ako ay hindi mo kinahiya—
H'wag kang matakot
Ang lahat ay sa akin din ginawa.”*

Nang matapos umawit si John, hiniling ni Hyrum na muli niya itong awitin.³⁹

Pagsapit ng ika-apat ng hapon, nagpalitan ang mga bantay. Nagsimulang makipag-usap si Joseph sa isang bantay sa pintuan habang sina Hyrum at Willard ay tahimik na nag-usap. Pagkaraan ng isang oras, pumasok sa silid ang kanilang bantay at tinanong ang mga bilanggo kung gusto nilang ilipat sa mas ligtas na selda sakaling magkaroon ng pagsalakay.

“Pagkatapos ng hapunan ay papasok kami,” sabi ni Joseph. Umalis ang bantay at tumingin si Joseph kay Willard. “Kung makukulong kami,” tanong ni Joseph, “sasama ka ba sa amin?”

“Sa tingin mo ba ay ngayon kita tatalikdan?” sagot si Willard. “Kung ikaw ay bibitayin dahil sa pagtataksil, ako ang magpapabitay para sa iyo, at ikaw ay lalaya.”

“Hindi mo dapat gawin iyon,” sabi ni Joseph.

“Gagawin ko,” sabi ng Willard.⁴⁰

ILANG MINUTO ANG NAKALIPAS, nakarinig ang mga bilanggo ng kaluskos sa pinto at tunog ng tatlo o apat na putok ng baril. Sumulyap si Willard sa bukas na bintana at nakita niya ang isang daang lalaki sa ibaba, pinaitim ng putik at pulbura ang kanilang mga mukha, sinasalakay ang pasukan ng bilangguan. Kinuha ni Joseph ang isa sa mga pistola habang si Hyrum ay kinuha ang isa pa. Dinampot nina John at Willard ang matitigas na baston at hinawakan ang mga ito na parang pambambo. Lahat ng apat na lalaki ay dumikit sa pintuan habang sumusugod ang mga mandurumog paakyat ng hagdan at puwersahang pumapasok.⁴¹

Narinig ang pagputok ng baril sa hagdanan habang binabaril ng mga mandurumog ang pintuan. Tumakbo si Joseph, John, at Willard patungo sa gilid ng pintuan habang isang bala ang tumagos sa kahoy. Tinamaan si Hyrum sa mukha at napaikot siya, sumusuray palayo sa pinto. Isa pang bala ang tumama sa kanya sa babang likuran niya. Pumutok ang kanyang pistola at tumumba siya sa sahig.⁴²

“Kapatid na Hyrum!” sigaw ni Joseph. Hinagilap ang kanyang baril na nalalagyan ng anim na bala, binuksan niya ang pintuan at minsang nagpapatok. Mas maraming bala ang lumipad patungo sa silid, at bara-barang nagpapatok si Joseph sa mga mandurumog habang gumamit si John ng baston upang hampasin pababa ang mga ipinasok na mga baril at bayoneta sa pintuan.⁴³

Matapos ang hindi maayos na pagputok ng baril ni Joseph nang dalawa o tatlong beses, tumakbo si John sa bintana at sinubukang akyatin ang malalim na pasimano. Lumipad sa loob ng silid ang isang bala at tinamaan siya sa binti na nag-alis ng kanyang balanse. Namanhid ang kanyang katawan at pabagsak na tumama sa pasimano, na sumira sa kanyang relong pambulsa mga labing-anim na minuto makalipas ang alas-singko.

“Tinamaan ako!” sigaw niya.

Hinila ni John ang kanyang sarili sa sahig at gumulong sa ilalim ng kama habang muling nagpapatok nang paulit-ulit ang mga mandurumog. Isang bala ang tumama sa kanyang balakang, winawasak ang isang tipak ng laman. Dalawa pang mga bala ang tumama sa kanyang pulso at sa buto sa itaas ng kanyang tuhod.⁴⁴

Sa kabilang panig ng silid, pinilit nina Joseph at Willard na isandal ang lahat ng kanilang bigat sa pintuan habang hinahawan ni Willard ang mga maskit at bayoneta sa harap niya. Bigla na lang, inihagis ni Joseph ang kanyang rebolber sa sahig at tumakbo patungo sa bintana. Habang naka-saklang siya sa pasimano, dalawang bala ang tumama sa kanyang likod. Isa pang bala ang tumama sa bintana at tinamaan siya sa ilalim ng kanyang puso.

“O, Panginoon kong Diyos,” sigaw niya. Sumuray paharap ang kanyang katawan at nalaglag mula sa bintana na una ang kanyang ulo.

Nagmamadaling tinawid ni Willard ang silid at inilabas ang kanyang ulo habang pumito sa tabi niya ang mga tinggang bala. Sa ibaba, nakita niya ang mga mandurumog na nagkukumpulan sa duguang katawan ni Joseph. Naka-handusay ang propeta sa kanyang kaliwang tagiliran sa tabi ng isang batong pader. Nagmasid si Willard, umaasang makakita ng ilang palatandaan na ang kanyang kaibigan ay buhay pa. Lumipas ang ilang segundo, at wala siyang nakitang paggalaw.

Si Joseph Smith, ang propeta at tagakita ng Panginoon, ay pumanaw na.⁴⁵



Isang Makapangyarihang Pundasyon

Bago ang buwang-liwayway noong Hunyo 28, tumugon si Emma sa nag-aapurang katok sa pintuan. Nakita niya ang kanyang pamangkin na si Lorenzo Wasson na nakatayo sa tarangkahan at balot ng alikabok. Pinagtibay ng mga salita nito ang kanyang pinakamalaking kinatatakutan.¹

Hindi nagtagal at ang buong lunsod ay nagising nang pumasok si Porter Rockwell sakay ng kanyang kabayo habang isinisigaw ang balita ng pagkamatay ni Joseph.² Halos agad na nagtipon ang isang umpukan ng tao sa labas ng tahanan ng mga Smith, ngunit nanatili sina Emma at ang kanyang mga anak sa loob na kasama lamang ang iilang mga kaibigan at ang kanilang mga nangangasera. Ang kanyang biyenan na si Lucy Smith ay palakad-lakad sa kanyang silid, wala sa isip na nakadungaw sa bintana. Nag-uumpukan naman nang magkakasama ang mga bata sa kabilang silid.³

Nakaupong mag-isa si Emma, tahimik na nagdadalamhati. Hindi nagtagal, inilagay niya ang kanyang mukha sa kanyang mga kamay at sumigaw, “Bakit ako balo at ang mga anak ko ay ulila?”

Nang marinig ang kanyang hikbi, si John Greene, ang marshall ng hukbo ng lunsod ng Nauvoo, ay pumasok sa silid. Sinisikap na mapanatag siya, sinabi nito sa kanya na ang kanyang paghihirap ay magiging putong ng buhay sa kanya.

“Ang aking asawa ang aking putong,” matalim niyang sinabi. “Bakit, O Diyos, ay gayon ako iniwan?”⁴

KALAUNAN NG ARAW NA iyon, dumating sina Willard Richards at Samuel Smith sa Nauvoo na may dalang mga bagon sakay ang mga bangkay nina Joseph at Hyrum. Upang protektahan ang mga ito mula sa maalinsangang araw ng tag-init, inilagay ang mga bangkay sa kahon na yari sa kahoy at pinuno ng dayami.⁵

Kapwa lubhang nayanig sina Willard at Samuel mula sa pagsalakay ng mga nakaraang araw. Sinubukan ni Samuel na dalawin ang kanyang mga kapatid sa piitan, subalit bago pa siya nakarating ng Carthage, pinaputukan siya ng mga mandurumog at hinabol siya nang higit sa dalawang oras sakay ng kabayo.⁶ Samantala, si Willard ay nakaligtas mula sa pagsalakay na may maliit na sugat lamang sa umbok ng kanyang tainga, isinasakatuparan ang isang propesiya ni Joseph noong nakaraang taon na ang mga bala ay lilipad sa paligid ni Willard, tatamaan ang kanyang mga kaibigan

sa kanan at kaliwa, ngunit walang iiwanang butas sa kanyang damit.⁷

Si John Taylor, sa kabilang banda, ay agaw-buhay sa isang hotel sa Carthage, lubhang nasugatan para lisanin ang bayan.⁸ Noong nakaraang gabi, sumulat ng maikling liham sina Willard at John sa mga Banal, sumasamo sa kanila na huwag gumanti sa pagpatay kina Joseph at Hyrum. Nang natapos ni Willard ang liham, lubhang nanghina si John dahil sa kawalan ng dugo kung kaya't halos hindi niya mailagda ang kanyang pangalan rito.⁹

Nang papalapit na sina Willard at Samuel sa templo, isang grupo ng mga Banal ang sumalubong sa mga bagon at sumunod sa kanila sa bayan. Halos lahat ng tao sa Nauvoo ay sumama sa prusisyon habang dahan-dahang dinaanan ng mga bagon ang lugar ng templo at ang paanan ng burol patungo sa Nauvoo Mansion. Hayagang umiyak ang mga Banal habang naglalakad sila sa lunsod.¹⁰

Nang dumating ang prusisyon sa tahanan ng mga Smith, umakyat si Willard sa entablado kung saan huling nagsalita si Joseph sa harap ng Nauvoo Legion. Tinitingnan ang pulutong ng sampung libong tao, nakita ni Willard na marami ang nagalit sa gobernador at mga mandurumog.¹¹

“Magtiwala sa batas para sa bayad-pinsala,” pagsumamo niya. “Hayaan ang paghihiganti sa Panginoon.”¹²

NANG GABING IYON, INIHANDA ni Lucy Smith ang kanyang sarili habang naghihintay kasama sina Emma, Mary, at kanyang mga apo sa labas ng komedor ng Nauvoo Mansion. Bago nito, ilang mga lalaki ang nagdala sa mga labi

nina Joseph at Hyrum sa bahay upang hugasan at damitan. Simula noon naghihintay sina Lucy at ang kanyang pamilya para makita ang mga labi. Halos hindi makontrol ni Lucy ang kanyang sarili, at nanalangin siya na magkaroon ng lakas upang tingnan ang kanyang mga pinaslang na anak.

Nang handa na ang mga labi, unang pumasok si Emma ngunit agad na napaupo sa sahig at kinailangang buhatin palabas ng kuwarto. Sumunod si Mary sa kanya, nanginging habang naglalakad. Kasama ang kanyang dalawang bunsong anak na nakakapit sa kanya, lumuhod siya sa tabi ni Hyrum, niyakap ang ulo nito sa kanyang mga bisig, at humikbi. “Binaril ka ba nila, aking mahal na Hyrum?” sabi niya, habang inaayos ang kanyang buhok sa kanyang kamay. Nadaig siya ng pagdadalamhati.

Sa tulong ng mga kaibigan, agad na nakabalik si Emma sa silid at sinamahan si Mary sa tabi ni Hyrum. Inilagay niya ang kanyang kamay sa malamig na noo ng kanyang bayaw ay mahinang nagsalita rito. Pagkatapos ay bumaling siya sa kanyang mga kaibigan at sinabi, “Ngayon ay maaari ko na siyang makita. Malakas na ako.”

Tumayo si Emma at naglakad nang walang tulong papunta sa bangkay ni Joseph. Lumuhod siya sa tabi nito at inilagay ang kanyang kamay sa pisngi nito. “Oh, Joseph, Joseph!” sabi niya. “Nakuha ka na nila sa akin sa wakas!”¹³ Ang batang si Joseph ay lumuhod at hinalikan ang kanyang ama.

Lubhang ginupo ng pagdadalamhati sa kanyang paligid si Lucy kung kaya’t hindi siya makapagsalita. “Diyos ko,” tahimik siyang nagdasal. “Bakit mo pinabayaan ang pamilyang ito?” Ang mga alaala ng mga pagsubok sa

kanyang pamilya ay bumaha sa isip niya, ngunit nang tingnan niya ang mga walang buhay na mukha ng kanyang mga anak, tila mukhang payapa ang mga ito. Alam niya na sina Joseph at Hyrum ay hindi na maaabot ng kanilang mga kaaway.

“Sila ay akin nang kinuha,” narinig niya ang isang tinig na nagsasabi, “upang sila ay magkaroon ng kapahingahan.”¹⁴

Kinabukasan, libu-libong tao ang pumila sa labas ng Nauvoo Mansion upang magbigay-galang sa magkapatid. Ang araw ng tag-init ay mainit at walang ulap. Sa bawat oras, pumasok ang mga Banal sa isang pinto, dumaan sa kanilang mga ataul, at lumabas ang isa pang pinto. Inilagak ang magkapatid sa mga mararangyang ataul na nilagyan ng maputing telang de ilo at malambot at maitim na pelus. Isang salamin sa ibabaw ng kanilang mukha ang nagpahintulot sa mga nagluluksa na makita sila sa huling pagkakataon.¹⁵

Matapos ang burol, nangaral si William Phelps ng isang sermon sa libing ng propeta sa lipumpon ng libu-libong mga Banal. “Ano ang aking sasabihin ukol kay Joseph ang tagakita?” tanong niya. “Dumating siya hindi sa gulo ng opinyon ng publiko, kung hindi sa simpleng pangalan ni Jesucristo.”

“Siya’y dumating upang ibigay ang mga utos at batas ng Panginoon, na magtayo ng mga templo, at turuan ang mga tao na umunlad sa pagmamahal at biyaya,” patotoo ni William. “Siya’y nagtatag ng ating simbahan sa lupa, sa pamamagitan ng mga dalisay at walang-hanggang alituntunin ng paghahayag, propeta, at mga apostol.”¹⁶

PAGKATAPOS NG LIBING, SUMULAT si Mary Ann Young kay Brigham tungkol sa trahedyang, na ilang daang milya ang layo sa silangan habang nangangampanya para kay Joseph kasama ang ilang miyembro ng Labindalawa. “Nagkaroon kami ng labis na paghihirap sa lugar na ito simula nang umalis ka ng bahay,” ikinuwento niya. “Ang ating mahal na kapatid na sina Joseph Smith at Hyrum ay naging mga biktima ng malulupit na mga mandurumog.” Tiniyak ni Mary Ann kay Brigham na ang kanilang pamilya ay nasa mabuting kalagayan, ngunit hindi niya alam kung gaano sila kaligtas. Noong mga huling tatlong linggo, ang mga liham na papasok sa Nauvoo ay halos hindi natatanggap, at palagian ang banta ng pagsalakay ng mga mandurumog.

“Ako ay mapalad na mapanatiling kalmado ang nadarama ko sa oras ng bagyo,” isinulat ni Mary Ann. “Sana ay maging maingat ka sa iyong pag-uwi at hindi itambad ang iyong sarili sa mga nais ilagay sa panganib ang iyong buhay.”¹⁷

Sa araw ring iyon, sumulat si Vilate Kimball kay Heber. “Hindi pa ako kailanman sumulat sa iyo sa gitna ng napakahirap na sitwasyon tulad ng kinalalagyan namin ngayon,” sinabi niya sa kanya. “Huwag nawang hayaan ng Diyos na makasaksi akong muli ng isa pang tulad nito.”

Narinig ni Vilate na si William Law at ang kanyang mga tagasunod ay naghahangad pa rin na makapaghiganti laban sa mga lider ng simbahan. Nag-aalala para sa kaligtasan ni Heber, atubili siyang umuwi ang kanyang asawa. “Dalangin ko tuwina ngayon ay pangalagaan tayong lahat ng Panginoon na magkita na muli,” isinulat niya. “Natitiyak ko na pinagtatangkaan ang iyong buhay, ngunit nawa ay

bigyan ka ng Panginoon ng karunungan upang makatakas mula sa kanilang mga kamay.”¹⁸

Makalipas ang maikling panahon, sumulat si Phebe Woodruff sa kanyang mga magulang at inilarawan ang paglusob sa Carthage. “Ang mga bagay na ito ay hindi makapigil sa gawain nang higit pa kaysa sa kamatayan ni Cristo, ngunit magpapatuloy nang may higit na kabilisan,” patotoo ni Phebe. “Naniniwala ako na sina Joseph at Hyrum ay naroroon kung saan maaari nilang gawin sa simbahan ang mas maraming kabutihan ngayon kaysa noong kasama natin sila.”

“Ako ay mas malakas sa pananampalataya ngayon kaysa noon,” patotoo niya. “Hindi ko isusuko ang pananampalataya ng totoong Mormonismo kahit na kapalit nito ang buhay ko sa loob ng isang oras matapos ang isinusulat kong ito, sapagkat nalalaman ko nang may katiyakan na ito ay gawain ng Diyos.”¹⁹

HABANG ANG MGA LIHAM nina Mary Ann, Vilate, at Phebe ay naglakbay pasilangan, narinig nina Brigham Young at Orson Pratt ang mga bulung-bulungan na pinaslang sina Joseph at Hyrum, ngunit walang sinuman ang makapagkumpirma sa kuwento. Pagkatapos, noong Hulyo 16, isang miyembro ng simbahan sa New England branch na kanilang dinadalaw ang tumanggap ng liham mula sa Nauvoo na nagdedetalye ng kalunus-lunos na balita. Nang mabasa niya ang sulat, pakiramdam ni Brigham ay parang mabibiyak ang kanyang ulo. Kailanman ay hindi pa siya nakadama ng gayong kawalang pag-asa.

Ang isipan niya ay agad na bumaling sa priesthood. Hawak ni Joseph ang lahat na mga susi na kailangan upang pagkalooban ang mga Banal at ibuklod sila sa walang hanggan. Kung wala ang mga susing yaon, ang gawain ng Panginoon ay hindi susulong. Sa isang sandali, natakot si Brigham na dinala ni Joseph ang mga ito sa libingan.

Pagkatapos, sa isang bugso ng paghahayag, nagunita ni Brigham kung paano ipinagkaloob ni Joseph ang mga susi sa Labindalawang Apostol. Inilalagay ang kanyang kamay sa kanyang mga tuhod, sinabi niya, “Ang mga susi ng kaharian ay nandito sa simbahan.”²⁰

Nagtungo sina Brigham at Orson sa Boston upang makipagkita sa iba pang mga apostol sa mga estado sa silangan. Nagpasiya silang umuwi agad at pinayuhan ang lahat ng mga missionary na may mga pamilya sa Nauvoo na bumalik na rin.²¹

“Magalak,” sinabi ni Brigham sa mga Banal sa lugar. “Kapag ang Diyos ay nagpadala ng isang tao upang gawin ang gawain, hindi siya kayang patayin ng lahat ng mga demonyo sa impiyerno hanggang sa matapos niya ito.” Nagpatotoo siya na ibinigay ni Joseph sa Labindalawa ang lahat ng susi ng priesthood bago siya pumanaw, at iniwan sa mga Banal ang lahat ng bagay na kailangan nila upang magpatuloy.²²

DOON SA NAUVOO, HABANG nagdadalamhati si Emma sa kanyang asawa, nagsimula siyang mag-alala tungkol sa pagtataguyod sa kanyang mga anak at biyenang babae nang mag-isa. Nagsagawa si Joseph ng malawakang legal

na pagsisikap upang paghiwalayin ang ari-arian ng kanyang pamilya mula sa pag-aari ng simbahan, ngunit nag-iwan pa rin siya ng malaking utang at wala siyang testamento. Maliban na lamang kung mabilis na makapagtatalaga ang simbahan ng trustee-in-trust upang palitan si Joseph bilang tagapangasiwa ng mga ari-arian ng simbahan, pag-aalala ni Emma, maaaring maiwanang dukha ang kanyang pamilya.²³

Ang mga lider ng simbahan sa Nauvoo ay nahati sa usapin tungkol sa taong may awtoridad na gumawa ng pagtatalaga. May mga taong naniniwala na ang responsibilidad ay dapat mapunta kay Samuel Smith, ang pinakamatandang buhay na kapatid ng propeta, pero ito ay nagkasakit matapos siyang palayasin ng mga mandurumog sa Carthage, at biglang namatay noong katapusan ng Hulyo.²⁴ Naniniwala ang iba na dapat piliin ng mga lokal na lider ng stake ang bagong tagapangasiwa. Nais nina Willard Richards at William Phelps na ipagpaliban ang desisyon hanggang sa makabalik ang Labindalawa mula sa kanilang misyon sa mga estado sa silangan upang sila ay makalahok sa pagpili.

Subalit balisa na si Emma para sa isang desisyon at nais na magtalaga na kaagad ang mga lider ng simbahan ng isang trustee-in-trust. Ang kanyang pinili sa posisyon ay si William Marks, ang Nauvoo stake president.²⁵ Tinutulan ni Bishop Newel Whitney ang pagpiling ito, gayunman, dahil itinakwil ni William ang maramihang pag-aasawa at hindi gaanong pinahalagahan ang mga ordenansa ng templo.

“Kung si Marks ang maitatalaga,” palihim na ipinahayag ng bishop, “ang ating espirituwal na mga pagpapala ay malilipol, yamang siya ay hindi sang-ayon sa mga pinakamahahalagang bagay.” Batid na ang Simbahan ay higit pa

sa isang korporasyon na may kinikitang salapi at mga legal na obligasyon, naniwala si Newel na ang bagong trustee-in-trust ay dapat maging isang tao na lubusang itinataguyod ang inihayag ng Panginoon kay Joseph.²⁶

Sa panahong ito, sapat na ang paggaling ni John Taylor mula sa kanyang mga sugat para makabalik sa Nauvoo. Bumalik na rin si Parley Pratt mula sa kanyang misyon at sinamahan sina John, Willard Richards, at William Phelps upang himukin sina Emma at William Marks na hintayin ang pagbabalik ng iba pang mga apostol. Naniniwala sila na mas mahalaga na piliin ang bagong tagapangasiwa sa pamamagitan ng wastong awtoridad kaysa bumuo ng isang mabilis na desisyon.²⁷

Pagkatapos, noong Agosto 3, bumalik sa Nauvoo si Sidney Rigdon. Bilang pangalawang pangulo ni Joseph sa kampanya sa pagiging pangulo, lumipat si Sidney sa ibang estado upang matugunan ang mga legal na hinihingi ng batas para sa posisyon. Ngunit nang malaman niya ang pagkamatay ng propeta, nagmamadaling bumalik ng Illinois si Sidney, nakatitiyak na ang kanyang tungkulin sa Unang Panguluhan ay nagbigay sa kanya ng karapatan na mamuno sa simbahan.

Upang mapalakas ang kanyang pag-angkin, ibinalita rin ni Sidney na siya ay nakatanggap ng isang pangitain mula sa Diyos na nagpapakita sa kanya na kailangan ng simbahan ng tagapangalaga—isang tao na pangangalagaan ang simbahan sa pagkawala ni Joseph at patuloy na mangungusap para sa kanya.²⁸

Ang pagdating ni Sidney ay nagpabahala kay Parley at sa iba pang mga apostol sa Nauvoo. Ang tunggalian

tungkol sa mga trustee-in-trust ay naglinaw na kailangan ng simbahan ng namumunong awtoridad na gagawa ng mahahalagang desisyon. Ngunit alam nila na si Sidney, tulad ni William Marks, ay tumanggi sa marami sa mga turo at gawain na inihayag ng Panginoon kay Joseph. Ang mas mahalaga, alam nila na binawasan ni Joseph ang pagdepende niya kay Sidney noong mga nakaraang taon at hindi ipinagkaloob sa kanya ang lahat ng susi ng priesthood.²⁹

Isang araw matapos ng kanyang pagdating, lantarang inialok ni Sidney na pamunuan ang simbahan. Wala siyang sinabi tungkol sa pagtatapos ng templo o pagbibigay sa mga Banal ng espirituwal na kapangyarihan. Sa halip, nagbabala siya sa kanila na ang mga mapanganib na panahon ay darating at nangako na gagabayan sila nang buong tapang sa mga huling araw.³⁰

Kalaunan, sa isang pulong ng mga lider ng simbahan, iginiit ni Sidney ang pagtitipon ng mga Banal sa loob ng dalawang araw upang pumili ng bagong pinuno at magtatalaga ng isang trustee-in-trust. Nababahala, sina Willard at iba pang mga apostol ay humiling ng mas maraming oras upang pag-aralan ang mga inihayag ni Sidney at hintayin ang pagbabalik ng mga natitirang miyembro ng kanilang korum.

Sumang-ayon si William Marks at itinakda ang pulong ng Agosto 8, apat na araw mula noon.³¹

NOONG GABI NG AGOSTO 6, mabilis na lumaganap ang balita na sina Brigham Young, Heber Kimball, Orson Pratt, Wilford Woodruff, at Lyman Wight ay dumating sa Nauvoo

sakay ng bapor. Kaagad na sinalubong ng mga Banal ang mga apostol sa mga lansangan habang binabagtas nila ang daan pauwi.³²

Kinabukasan ng hapon, sumama ang mga bagong dating na apostol kina Willard Richards, John Taylor, Parley Pratt, at George A. Smith sa isang pulong kasama si Sidney at iba pang mga konseho ng simbahan.³³ Sa panahong ito, nagbago na ang isip ni Sidney tungkol sa pagpili ng bagong pinuno noong Agosto 8. Sa halip, sinabi niya na nais niyang magdaos ng isang pulong ng panalangin kasama ang mga Banal sa araw na iyon, ipinagpapaliban ang desisyon hanggang sa makapagsasama-sama ang mga lider ng simbahan at “paningasín ang puso ng isa’t isa.”³⁴

Gayunman, iginigiit ni Sidney ang kanyang karapatan sa pamamahala sa simbahan. “Ipinakita sa akin na ang simbhang ito ay dapat itayo kay Joseph,” sabi niya sa mga konseho, “at ang lahat ng pagpapalang tinatanggap natin ay dapat sa pamamagitan niya.” Sinabi niya na ang kanyang bagong pangitain ay karugtong lamang ng dakilang pangitain ng langit na nakita niya kasama si Joseph mahigit isang dekada na ang nakararaan.

“Ako ay naorden bilang tagapagsalita ni Joseph,” sabi pa niya, tinutukoy ang mga paghahayag na natanggap ni Joseph noong 1833, “at kailangan kong magtungo sa Nauvoo at masiguro na ang simbahan ay pangangasiwaan sa wastong paraan.”³⁵

Hindi napabilib si Wilford ng mga sinabi ni Sidney. “Ito ay isang uri ng segunda-klaseng pangitain,” sulat niya sa kanyang talaarawan.³⁶

Matapos magsalita ni Sidney, tumayo si Brigham at nagpatotoo na iginawad ni Joseph ang lahat ng susi at kapangyarihan ng mga apostol sa Labindalawa. “Hindi mahalaga sa akin kung sino ang mamumuno sa simbahan,” wika niya, “ngunit ang isang bagay na nais ko lang malaman ay kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol dito.”³⁷

Noong Agosto 8, ang araw ng pulong ng panalangin ni Sidney, hindi nakadalo si Brigham sa isang maagang pagpupulong sa kanyang korum, isang bagay na hindi niya kailanman ginawa.³⁸ Paglabas niya, nakita niya ang libu-libong mga Banal na nagtipon sa kakahuyan malapit sa templo. Marahas ang hangin noong umaga, at tumayo si Sidney sa isang bagon na nakatalikod sa isang malakas at tuluy-tuloy na hangin. Sa halip na magdaos ng isang pulong ng panalangin, muling iniaalok ni Sidney ang sarili bilang tagapangalaga ng simbahan.

Si Sidney ay nagsalita nang mahigit isang oras, nagpatotoo na dadalhin nina Joseph at Hyrum ang kanilang awtoridad ng priesthood sa walang hanggan at sapat na itinatag ang mga kapulungan ng simbahan upang pangasiwaan ang simbahan matapos ang kanilang pagkamatay. “Ang bawat tao ay tatayo sa kanyang sariling katungkulan sa kanyang sariling paghirang sa harap ni Jehovah,” paghahayag ni Sidney. Iminungkahi niyang muli na ang kanyang sariling lugar at tungkulin ay bilang tagapagsalita ni Joseph. Hindi niya nais na pagbotohan ng kongregasyon ang bagay na ito, ngunit nais niyang malaman ng mga Banal ang kanyang mga pananaw.³⁹

Nang matapos magsalita si Sidney, sumigaw si Brigham sa pulutong ng mga tao na manatili ng mga ilang sandali

pa. Sinabi niya na nais niya ang karagdagang panahon upang magdalamhati sa pagkamatay ni Joseph bago ayusin ang anumang gawain sa simbahan, ngunit nadama niya na kailangan ng mga Banal na pumili ng bagong pinuno. Nag-alala siya na ang ilan sa kanila ay nagkakamkam ng kapangyarihan na labag sa kalooban ng Diyos.

Upang malutas ang problema, hiniling ni Brigham sa mga Banal na bumalik kinahapunan upang sang-ayunan ang bagong lider ng simbahan. Sila ay boboto bilang mga korum at bilang buong simbahan. “Maaari nating gawin ang bagay na yaon sa loob ng limang minuto,” sabi niya. “Hindi tayo kikilos laban sa isa’t isa, at bawat lalaki at babae ay magsasabi ng amen.”⁴⁰

NANG HAPONG IYON, BUMALIK si Emily Hoyt sa kakahuyan para sa pulong. Isang pinsan ng propeta, si Emily ay malapit nang mag-apatnapu at nagtapos sa isang paaralan para sa mga guro. Sa nakaraang ilang taon, siya at ang kanyang asawang si Samuel ay naging malapit kina Joseph at Hyrum, at nalungkot sila sa biglaang pagkamatay ng magkapatid. Bagama’t sila ay nakatira sa kabilang ibayo ng ilog sa Teritoryo ng Iowa, nagpunta sina Emily at Samuel sa Nauvoo noong araw na iyon upang dumalo sa pulong ng panalangin ni Sidney.⁴¹

Bandang alas dos ng hapon, ang mga korum ng priesthood at mga kapulungan ay magkakasamang naupo sa at sa paligid ng pulpito. Pagkatapos ay tumayo si Brigham Young upang magsalita sa mga Banal.⁴² “Napakaraming nasambit tungkol kay Pangulong Rigdon na maging pangulo

ng simbahan,” sabi niya, “ngunit sasabihin ko sa inyo na ang Korum ng Labindalawa ang may hawak ng mga susi ng kaharian ng Diyos sa buong mundo.”⁴³

Habang nakikinig si Emily kay Brigham na magsalita, napansin niya ang sarili na tumitingin dito upang matiyak na hindi si Joseph ang nagsasalita. Taglay niya ang pananalita ni Joseph, ang paraan nito ng pangangatwiran, at maging ang tunog ng boses nito.⁴⁴

“Si Brother Joseph, ang propeta, ang naging saligan ng isang dakilang gawain, at magtatayo tayo roon,” pagpapatuloy ni Brigham. “Isang pinakamakapangyarihang pundasyon ang inilatag, at makakabuo tayo ng isang kaharian na hindi pa nagkakaroon kailanman sa mundo. Tayo ay makagagawa ng isang kaharian nang mas mabilis kaysa sa kakayahan ni Satanas na paslangin ang mga Banal.”

Ngunit kailangan ng mga Banal na magtulungan, paghahayag ni Brigham, sumusunod sa kalooban ng Panginoon at namumuhay nang may pananampalataya. “Kung nais ninyo si Sidney Rigdon o si William Law na pamunuan kayo, o sinupaman, kayo ay malugod na tatanggapin nila,” sabi niya, “pero sinasabi ko sa inyo sa pangalan ng Panginoon na walang taong mailalagay sa pagitan ng Labindalawa at ng propetang si Joseph. Bakit? Kanyang ibinigay sa kanilang mga kamay ang mga susi ng kaharian sa huling dispensasyong ito, para sa buong mundo.”⁴⁵

Nadarama na ang Espiritu at kapangyarihan na nanahan kay Joseph ay nasa kamay na ngayon ni Brigham, minasdan ni Emily ang apostol na manawagan sa mga Banal para sang-ayunan ang Labindalawa bilang mga lider ng simbahan. “Bawat lalaki, bawat babae, bawat korum ay

inilagay na ngayon sa ayos,” sabi niya. “Lahat ng sumasang-ayon sa mga ito sa buong kapisanan ng mga Banal, ipakita sa pamamagitan ng pagtataas ng kanang kamay.”

Si Emily at ang buong kongregasyon ay nagtaas ng kanilang kamay.⁴⁶

“Napakaraming gagawin,” sabi ni Brigham. “Ang pundasyon ay inilatag ng ating propeta, at magtatayo tayo sa ibabaw nito. Walang iba pang saligan ang maaaring ilatag maliban sa yaong nakalatag na, at tayo ay magkakaroon ng ating endowment kung loloobin ng Panginoon.”⁴⁷

Makalipas ang pitong taon, itinala ni Emily ang kanyang karanasan sa panonood kay Brigham na magsalita sa mga Banal, nagpapatotoo kung gaano siya naging kahawig sa hitsura at katulad ng tinig ni Joseph sa pulpito. Sa mga taon na darating, dose-dosenang mga Banal ang magdaragdag ng kanilang patotoo sa kanya, inilalarawan kung paano nila nakitang napunta ang balabal ng propetang Joseph kay Brigham noong araw na iyon.⁴⁸

“Kung sinuman ang nagdududa sa karapatan ni Brigham upang pamahalaan ang mga gawain para sa mga Banal,” pagsulat ni Emily, “ang sinasabi ko lamang sa kanila ay ito: Taglayin ang Espiritu ng Diyos, at alamin sa inyong sarili. Maglalaan ang Panginoon para sa sarili Niya.”⁴⁹

ISANG ARAW PAGKATAPOS NG kumperensya, nadama ni Wilford ang kapanglawan na bumabalot pa rin sa buong lunsod. “Ang propeta at patriyarka ay wala na,” isinulat niya sa kanyang talaarawan, “at tila walang maliit na ambisyon na gumawa ng anumang bagay.” Gayunpaman, agad na

nagtrabaho sina Wilford at ang Labindalawa. Nagkita sila nang hapong iyon at itinalaga ang mga bishop na sina Newel Whitney at George Miller upang maglingkod bilang mga trustee-in-trust para sa simbahan at lutasin ang mga suliranin na may kaugnayan sa pananalapi ni Joseph.⁵⁰

Makalipas ang tatlong araw, tinawag nila si Amasa Lyman sa Korum ng Labindalawa at hinati ang silangang bahagi ng Estados Unidos at Canada sa mga distrito na pinamumunuan ng mga high priest. Sina Brigham, Heber at Willard ay tatawag ng mga lalaki sa mga posisyong ito at pangangasiwaan ang simbahan sa Amerika habang si Wilford naman ay maglalakbay kasama ni Phebe sa England upang pamunuan ang British mission at pamahalaan ang palimbagan nito.⁵¹

Habang naghahanda si Wilford para sa kanyang misyon, ang iba pang mga Apostol ay nagsumikap na palakasin ang simbahan sa Nauvoo. Ang mga Banal sa pulong noong Agosto 8 ay sinang-ayunan ang Labindalawa, ngunit sinusbukan ng ilang tao na hatiin ang simbahan at inilalayo ang mga tao. Ang isa sa kanila ay si James Strang, isang bagong miyembro ng simbahan na nag-aangkin na may liham mula kay Joseph na naghihirang sa kanya bilang tunay na kapalit nito. May isang bahay sa Teritoryo ng Wisconsin si James at nagtipon doon ang mga Banal.⁵²

Pinagsabihan ni Brigham ang mga Banal na huwag sumunod sa mga hindi sumasang-ayon. “Huwag kumalat,” paghihimok niya sa kanila. “Manatili rito sa Nauvoo, at itayo ang templo at kunin ang inyong endowment.”⁵³

Ang pagtapos sa templo ay nanatiling pinagtutuunan ng simbahan. Noong Agosto 27, isang gabi bago sila umalis patungo sa England, binisita nina Wilford at Phebe ang templo kasama ang mga kaibigan. Nakatayo sa paanan ng mga pader nito, na halos umabot sa tuktok ng ikalawang palapag, hinangaan nina Wilford at Phebe kung paano pinalabas ng liwanag ng buwan ang karingalan at kadakilaan ng istruktura.

Umakyat sila sa hagdan sa tuktok ng mga pader at lumuhod upang manalangin. Ipinahayag ni Wilford ang kanyang pasasalamat sa Panginoon sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga Banal na itayo ang templo at nagsumamo na matapos nila ito, matanggap nila ang endowment, at maitanim ang gawain ng Diyos sa buong mundo. Hiniling din niya sa Panginoon na pangalagaan siya at si Phebe sa mission field.

“Bigyan po kami ng kakayahan na gawin ang aming misyon nang may kabanalan,” panalangin siya, “at muling makabalik sa lupaing ito at yumapak sa mga silid ng bahay ng Panginoon sa kapayapaan.”⁵⁴

Kinabukasan, bago umalis ang mga Woodruff, binigyan ni Brigham ng basbas si Phebe para sa gawaing naghihintay sa kanya. “Ikaw ay pagpapalain sa iyong misyon katulad ng asawa mo, at ikaw ay magiging daan sa paggawa ng maraming kabutihan,” pangako niya. “Kung ikaw ay hahayo nang buong pagpapakumbaba, ikaw ay pangalagaan hanggang makabalik at makipagkita sa mga Banal sa templo ng Panginoon at magagalak doon.”

Kinahapunan, nagtungo sina Wilford at Phebe sa England. Kabilang sa mga missionary na kasama nilang maglakbay ay sina Dan Jones at ang kanyang asawang si Jane, na pupunta sa Wales upang matupad ang mga propesiya ni Joseph.⁵⁵



Pinagkalooban ng Kapangyarihan

Noong taglagas ng 1844, nagpadala ng liham ang Korum ng Labindalawa sa lahat ng mga Banal sa lahat ng dako. “Ang templo,” balita nila, “ay nangangailangan ng ating pangunahin at pinakamahigpit na pansin.” Hinikayat nila ang mga Banal na magpadala ng salapi, mga suplay, at mga manggagawa upang pabilisin ang gawain. Naghihintay sa kanila ang pagkakaloob ng kapangyarihan. Ang tanging kailangan na lamang nila ay isang lugar para tanggapin ito.¹

Ang mga Banal at ang mga apostol ay kapwa nagmamadali. Noong huling bahagi ng Setyembre, sumulat si Peter Maughan kay Willard Richards tungkol sa bagong minahan ng coal ng mga Banal na isang daang milya ang layo sa Ilog Mississippi. Kailan lamang ay ibinenta nina Peter at Mary ang kanilang tahanan sa Nauvoo, ginamit ang pera upang mabili ang minahan para sa simbahan, at inilipat ang kanilang pamilya sa isang magaspang na bahay na yari sa

troso na malapit sa lugar ng trabaho. Subalit nasasabik na si Peter na bumalik sa Nauvoo upang magtipak ng bato para sa bahay ng Panginoon.

“Ang tanging bagay na nasa isip ko,” sabi niya kay Willard, “ay ang templo ay itinatayo at ako ay nawalay sa pribilehiyong tumulong.”²

Habang tumataas ang mga pader ng templo, determinado si Brigham na ipagpatuloy ang gawaing sinimulan ni Joseph. Alinsunod sa halimbawa ng propeta, madalas siyang manalangin kasama ng pinagkalooban o binigyan ng endowment na mga Banal at hiniling sa Panginoon na pangalagaan at pagkaisahin ang simbahan. Ang mga pagbibinyag para sa mga patay, na tumigil matapos ang pagkamatay ni Joseph, ay nagsimulang muli sa silong ng templo. Mas maraming mga elder at pitumpu ang bumalik sa mission field.³

Subalit hindi lumayo ang mga hamon. Noong Setyembre, nalaman nina Brigham at ng Labindalawa na balak umano silang labanan ni Sidney Rigdon at pinaratangan si Joseph bilang isang nahulog na propeta. Pinaratangan nila ito ng apostasiya, at itiniwalag siya nina Bishop Whitney at ng high council. Nilisan agad ni Sidney ang Nauvoo pagkatapos noon, hinuhulaan na hindi matatapos ng mga Banal ang templo.⁴

Nag-aalala pa rin tungkol sa kalagayan ng kanyang pamilya, tumanggi rin si Emma Smith na ibigay ang kanyang buong suporta sa mga apostol. Nakipagtulungan siya sa mga trustee-in-trust na kanilang hinirang upang ayusin ang ari-arian ni Joseph, ngunit ikinagalit niya ang mga pagtatalo ukol sa mga papeles at iba pang pag-aari ni Joseph. Naligalig

din siya na patuloy ang mga apostol sa lihim na pagtuturo at pagsasabuhay ng maramihang pag-aasawa.⁵

Ang mga babaeng nabuklod kay Joseph bilang asawa sa maramihang pag-aasawa ay hindi na naghabol ng karapatan sa kanyang ari-arian. Matapos ng kamatayan nito, ang ilan sa kanila ay bumalik sa kanilang mga pamilya. Ang iba naman ay nagpakasal sa mga miyembro ng Labindalawa, na nakipagtipan na pangangalagaan at itataguyod sila sa pagkawala ni Joseph. Sa tahimik na paraan, nagpatuloy ang mga apostol sa pagpapakilala ng maramihang pag-aasawa sa iba pang mga Banal, isinagawa ang maramihang pag-aasawa, at nagsimula ng mga pamilya kasama ng kanilang mga bagong asawa.⁶

Noong simula ng 1845, ang mga pinakamatitinding pagsubok ng mga Banal ay nagmula sa labas ng simbahan. Sina Thomas Sharp at walo pang mga lalaki ay pinaratangan sa pagpatay kina Joseph at Hyrum, subalit hindi inasahan ng mga Banal na mahahatulan sila. Samantala, pinagsikapan ng mga mambabatas ng estado na pahinain ang kapangyarihang pampulitika ng mga miyembro ng simbahan sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa ng charter ng lunsod ng Nauvoo. Sinuportahan ni Gobernador Ford ang kanilang mga pagsisikap, at sa katapusan ng Enero 1845, tinanggal ng lehislatura sa mga Banal na naninirahan sa Nauvoo ang kanilang karapatan na bumuo at magpatupad ng batas at binuwag ang Nauvoo Legion pati na rin ang lokal na pulisya.⁷

Kapag wala ang mga proteksyong ito, pangamba ni Brigham na ang mga Banal ay magiging mahina mula sa mga pag-atake ng kanilang mga kaaway. Subalit matagal pa

bago matapos ang templo, at kung lilisanin ng mga Banal ang lunsod, hindi nila halos maaasahang matatanggap pa nila ang kanilang dakilang kaloob o endowment. Kailangan nila ng panahon upang tapusin ang gawaing ibinigay sa kanila ng Panginoon. Subalit ang pananatili sa Nauvoo, kahit na sa loob lamang ng isa pang taon, ay maaaring maglagay sa panganib ng buhay ng lahat.

Lumuhod si Brigham at nanalangin upang malaman kung ano ang dapat gawin ng mga Banal. Tumugon ang Panginoon sa isang simpleng sagot: manatili at tapusin ang templo.⁸

NOONG UMAGA NG MARSO 1, ang tatlumpu't walong taong gulang na si Lewis Dana ay naging unang American Indian na naging kasapi ng Konseho ng Limampu. Matapos ang pagkamatay ni Joseph, natigil ang mga pulong ng konseho, ngunit noong pinawalang-bisa ang charter ng Nauvoo at natanto ng mga Banal na bilang na ang kanilang mga araw sa Nauvoo, tinawag ng Labindalawa ang kapulungan upang tumulong sa pamamahala ng lunsod at planuhin ang paglikas nito.

Isang miyembro ng tribong Oneida, si Lewis ay nabin-yagan kasama ang kanyang pamilya noong 1840. Naglingkod siya sa iba't ibang misyon, kabilang na ang isa sa mga teritoryo ng mga Indian sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos, at nangahas na magpunta sa mga malalayong lugar tulad ng Rocky Mountains. Batid na si Lewis ay may mga kaibigan at kamag-anak sa mga teritoryo ng mga Indian sa kanluran, inanyayahan siya ni Brigham na sumapi sa

kapulungan at ibahagi ang nalalaman niya tungkol sa mga tao at mga lupain doon.

“Sa ngalan ng Panginoon,” sinabi ni Lewis sa kapulungan, “ako ay handang gawin ang lahat ng makakaya ko.”⁹

Sa paglipas ng mga taon, naging malalim ang hinanakit ng mga Banal sa mga lider ng kanilang bansa dahil sa pagtangga ng mga ito na tulungan sila. Desidido ngayon ang mga lider ng simbahan na lisanin ang bansa at isagawa ang plano ni Joseph na magtatag ng isang bagong lugar na pagtitipunan nila kung saan ay magtataas sila ng isang sagisag sa mga bansa, tulad ng ipinropesiya ng propetang si Isaias, at ipamuhay nang mapayapa ang mga batas ng Diyos. Tulad ni Joseph, nais ni Brigham na ang bagong lugar na pagtitipunan ay sa kanluran, kasama ng mga Indian, na inaasahan niyang magtitipun-tipon bilang isang sangay ng nakakalat na Israel.

Sa pagtatalumpati sa kapulungan, iminungkahi ni Brigham na ipadala si Lewis at ilang iba pang mga miyembro ng kapulungan sa kanluran sa isang ekspedisyon upang makipagkita sa mga Indian mula sa ilang mga tribu at ipaliwanag ang layunin ng mga Banal sa paglipat sa kanluran. Tutukuyin din nila ang mga posibleng mga lugar para sa pagtitipon.¹⁰

Sumang-ayon sa plano si Heber Kimball. “Habang hinahanap ng mga lalaki ang lugar na ito,” sabi niya, “ang templo ay matatapos at makukuha ng mga Banal ang kanilang endowment.”¹¹

Inaprubahan ng konseho ang ekspedisyon, at sumang-ayon si Lewis na pamunuan ito. Sa natitirang bahagi ng Marso at Abril, dumalo siya sa mga pulong ng konseho

at pinayuhan ang mga kapwa councilman sa kung paano pinakamahusay na paghahandaan ang ekspedisyon at pagkamit ng mga layunin nito.¹² Sa katapusan ng Abril, itinalaga ng kapulungan ang apat na lalaki na sumama kay Lewis sa paglalakbay, kasama ang kapatid ni Brigham na si Phineas at isang bagong binyag na nagngangalang Solomon Tindall, isang Mohegan Indian na inampon ng mga Delaware.¹³

Hindi nagtagal ay lumisan ang ekspedisyon mula sa Nauvoo, naglalakbay sa timog-kanluran palabas ng Missouri patungo sa teritoryo sa ibayo.¹⁴

SA PULO NG TUBUAI sa Timog Pasipiko, tinantiya ni Addison Pratt na halos dalawang taon na mula nang lisanin niya ang kanyang asawa at mga anak sa Nauvoo. Bagama't walang duda na sumusulat sa kanya si Louisa, tulad ng pagliham niya sa bahay sa bawat pagkakataon, wala siyang natanggap na sulat mula sa kanyang pamilya.

Gayunpaman, nagpasalamat siya sa mga mamamayan ng Tubuai, na nagparamdam sa kanya na tila siya ay nasa kanyang sariling tahanan. May humigit-kumulang dalawandaang mamamayan ang maliit na isla, at si Addison ay nagsumikap, natutuhan ang kanilang wika, at nagkaroon ng maraming mga kaibigan. Pagkaraan ng isang taon sa isla, nabinyagan niya ang animnapung tao, kabilang na si Repa, ang panganay na anak na babae ng lokal na hari. Bininyagan din niya ang mag-asawang nagngangalang Nabota at Telii, na nagbahagi sa kanya ng lahat ng mayroon sila at itinuring siya na isang kapamilya. Para

kay Addison, isang espirituwal na piging na marinig sina Nabota at Teli na manalangin para sa mga Banal sa Nauvoo at pasalamatang ang Panginoon sa pagpapadala kay Addison sa misyon.¹⁵

Bagama't ang pag-isip kina Louisa at sa kanilang mga anak na babae ay nagpapangulilia kay Addison, binigyan din siya nito ng pagkakataon upang pagnilayan ang dahilan ng kanilang sakripisyo. Nasa Tubuai siya dahil sa kanyang pagmamahal kay Jesucristo at sa kanyang pagnanais para sa kaligtasan ng mga anak ng Diyos. Habang nililibot niya ang isla upang bisitahin ang mga Banal na Tubuaian, madalas makadama si Addison ng init at pagmamahal na nagdulot sa kanya at sa mga nakapaligid sa kanya na mapaiyak.

“May mga kaibigan ako rito na hindi malilikha ng kahit ano pa man maliban sa mga bigkis ng walang hanggang ebanghelyo,” sinabi niya sa kanyang talaarawan.¹⁶

Pagkaraan ng tatlong buwan, noong Hulyo 1845, nalaman ni Addison ang tungkol sa pagpanaw nina Joseph at Hyrum sa isang liham mula kay Noah Rogers, ang kanyang kapwa missionary, na noon ay naglilingkod sa mas malayong lugar ng Tahiti. Habang binabasa ni Addison ang tungkol sa mga pagpaslang, tila nanlamig ang dugo sa kanyang mga ugat.¹⁷

Matapos ang isang linggo ay muling lumiham si Noah kay Addison. Ang mga pagsisikap ng mga missionary sa Tahiti at sa mga karatig na pulo ay hindi naging ganoon katagumpay tulad ng kay Addison sa Tubuai, at nagpaligalig kay Noah ang mga balita mula sa Nauvoo. Mayroon siyang asawa at siyam na anak sa kanilang tahanan at nag-aalala siya para sa kanilang kaligtasan. Nagdusa sila nang husto

noong kaguluhan sa Missouri, at ayaw niya silang magtiis pa nang wala siya. Nagbalak siyang sumakay sa susunod na barko pauwi.¹⁸

Maraming dahilan si Addison upang sundan si Noah. Ngayong wala na si Joseph, maging siya ay nangangamba para sa kanyang pamilya at sa simbahan. “Anuman ang mga magiging kalalabasan,” isinulat niya sa kanyang talaarawan, “tanging Panginoon lamang ang may alam.”¹⁹

Naglayag si Noah makaraan ang ilang araw, ngunit pinili ni Addison na manatili kasama ng mga Banal na Tubu-
aian. Noong sumunod na Linggo, nangaral siya ng tatlong sermon sa lokal na wika at isa sa wikang Ingles.²⁰

SA ILLINOIS, BINISITA NI Louisa Pratt ang mga kaibigan niyang sina Erastus at Ruhamah Derby sa Bear Creek, isang munting pamayanan na nasa timog ng Nauvoo.²¹ Habang naroon siya, sinunog ng mga mandurumog ang isang kalapit na pamayanan ng mga Banal. Kaagad na umalis si Erastus upang ipagtanggol ang pamayanan, hinahayaan ang dalawang babae na bantayan ang bahay sakali mang sugurin din ng mga mandurumog ang Bear Creek.

Noong gabing iyon, takot na takot si Ruhamah para matulog at iginiit na magbantay habang natutulog si Louisa. Nang gumising siya kinabukasan ng umaga, natagpuan ni Louisa ang kaibigan niyang pagod na pagod ngunit alisto pa rin. Isang mabagting na araw ang lumipas nang walang nangyayari, at nang muling sumapit ang gabi, sinubukan ni Louisa na kumbinsihin si Ruhamah na hayaan siyang magbantay nang gabing iyon. Noong una, tila lubhang takot

si Ruhamah na magtiwala sa kanya, subalit sa wakas ay nahimok siya ni Louisa na matulog.

Nang nakabalik si Erastus makalipas ang ilang araw, pagod na pagod na ang dalawang babae pero hindi sila nasaktan. Sinabi sa kanila ni Erastus na ang mga Banal sa kalapit na pamayanan ay nakatira sa mga tolda at bagon, nakalantad sa ulan at hamog.²² Nang umabot ang balita kay Brigham, tinawag niya ang mga Banal na nakatira sa labas ng Nauvoo na magtipon upang pumunta sa ligtas na lugar sa lunsod. Umaasang mapipigilan ang pananalakay ng mga mandurumog at magkakaroon ng mas maraming oras upang maisakatuparan ang utos ng Panginoon na tapusin ang templo, nangako siya kay Gobernador Ford na iiwanan ng mga Banal ang lugar sa tagsibol.²³

Nang malaman ito ni Louisa, hindi niya alam ang gagawin. Dahil si Addison ay nasa kabilang panig ng mundo, pakiwari niya ay wala siyang kakayahan o kagamitan na ilipat ang kanyang pamilya nang mag-isa. Habang lalo niyang iniisip na lisanin ang Nauvoo, lalo siyang nababalisa.²⁴

MATAPOS ANG ISANG LINGGONG pag-ulan, naging maaliwalas ang himpapawid sa itaas ng Nauvoo na tama lamang ang panahon para sa kumperensya ng Oktubre 1845 ng simbahan. Hindi pangkaraniwan ang init ng araw na iyon habang ang mga Banal mula sa iba't ibang panig ng lunsod ay umakyat ng burol patungo sa templo at naupo sa bagong tayo nitong bulwagan sa unang palapag. Habang ang natitirang bahagi ng loob nito ay hindi pa natatapos, ang mga panlabas na pader at bubong ay natapos na at

ang simboryong kampanaryo ay makintab na nakatindig sa ilalim ng sikat ng araw.²⁵

Habang pinagmamasdan ni Brigham na pumapasok ang mga Banal sa bulwagan, naguluhan siya. Ayaw niyang iwanan ang templo ni ang Nauvoo, ngunit ang mga panibagong pag-atake ng mga mandurumog ay patikim lamang sa kung ano ang mangyayari kung mananatili pa nang mas matagal ang mga Banal sa lunsod.²⁶ Noong tagsibol na iyon, ang mga lalaking inakusahan na pumatay kina Joseph at Hyrum ay pinawalang-sala rin, nagbibigay sa mga Banal ng karagdagang patunay na ang kanilang mga karapatan at kalayaan ay hindi igagalang sa Illinois.²⁷

Mainam ang mga ulat mula kay Lewis Dana sa ekspedisyon sa mga Indian, at sa nakalipas na ilang linggo, ang mga apostol at ang Konseho ng Limampu ay pinagdedebatihan ang tungkol sa mga posibleng maging bagong lugar na pagtitipunan. Nagkaroon ng interes ang mga lider ng simbahan sa lambak ng Great Salt Lake, sa dulong bahagi ng Rocky Mountains. Ang mga paglalarawan sa Salt Lake Valley ay nakasisigla, at naniwala si Brigham na ang mga Banal ay maaaring manirahan malapit doon, at kalaunan ay kumalat at manirahan sa Baybayin ng Pasipiko.²⁸

Subalit ang lambak ay isang libo at apat na raang milya ang layo sa ibayo ng isang malawak at hindi kilalang kaparangan na may iilang kalsada at halos walang tindahan kung saan sila maaaring bumili ng pagkain at suplay. Alam ng mga Banal na kailangan nilang lisanin ang Nauvoo, ngunit magagawa ba nilang sumailalim sa isang mahaba at posibleng mapanganib na paglalakbay?

Sa tulong ng Panginoon, tiwala si Brigham na kaya nila ito, at binalak niyang gamitin ang pagpupulong upang palakasin at panatagin ang loob ng mga miyembro ng simbahan. Unang nagsalita si Parley Pratt sa sesyon sa hapon, tinutukoy ang plano ng simbahan na lumipat pakanluran. “Layon ng Panginoon na akayin tayo tungo sa mas malawak na lugar, kung saan may lugar para sa mga Banal na lumago at umunlad,” pahayag niya, “at kung saan matatamasa natin ang mga dalisay na alituntunin ng pantay na karapatan at kalayaan.”

Sunod na tumayo si George A. Smith sa pulpito at nagsalita ukol sa mga pag-uusig na dinanas ng mga Banal sa Missouri. Binabantaan ng utos ng pagpuksa, magkasama nilang nilisan ang estado, nakikipagtipan na walang iiwanan. Nais ni George ang mga Banal na gawin din ito ngayon, na ibigay ang lahat ng kanilang makakaya para tulungan ang mga hindi makakayanang maglakbay nang mag-isa.

Nang matapos si George, iminungkahi ni Brigham na makipagtipan sila sa isa’t isa at sa Panginoon na walang iiwanan na nais magpunta sa kanluran. Humiling si Heber Kimball para sa boto ng pagsang-ayon, at ang mga Banal ay nagtaas ng kamay bilang tanda ng kahandaan nilang isakatuparan ang kanilang mga pangako.

“Kung kayo ay magiging tapat sa inyong mga tipan,” pangako ni Brigham, “ako ngayon ay magpopropesiya na ang dakilang Diyos ay magbibigay ng anumang kailangan upang maisagawa nang eksakto ang anuman na iatas sa kanila.”²⁹

SA MGA BUWANG KASUNOD ng kumperensya, ginamit ng mga Banal ang bawat lagari, martilyo, palihan, at karayom sa pananahi upang bumuo at lagyan ng gamit ang mga bagon para sa paglalakbay pakanluran. Pinag-ibayo rin ng mga manggagawa ang kanilang mga pagsisikap sa templo upang matapos nila ito nang sapat para hayaan ang mga Banal na tanggapin ang mga ordenansa roon bago nila lisanin ang lunsod.³⁰

Habang inihahanda ng mga manggagawa ang kisame ng templo para sa mga endowment at pagbubuklod, patuloy ang pagbibinyag para sa mga patay sa silong. Sa ilalim ng patnubay ng Panginoon, iniutos ni Brigham na ang mga lalaki ay hindi na bibinyagan para sa mga babae o ang mga babae para sa mga lalaki.³¹

“Si Joseph sa kanyang buong buhay ay hindi tinanggap ang lahat ng bagay na nauugnay sa doktrina ng pagtubos,” itinuro ni Brigham sa mga Banal sa pagsisimula ng taong iyon, “ngunit iniwan niya ang susi sa mga taong nakauunawa kung paano magkaroon at magturo sa maraming tao ng lahat ng kailangan para sa kanilang kaligtasan at kadakilaan sa kahariang selestiyal ng ating Diyos.”

Ipinakita ng pagbabago sa ordenansa kung paano patuloy na ipinapakita ng Panginoon ang Kanyang kaloo-ban sa Kanyang mga tao. “Ginabayan ng Panginoon ang mga tao sa buong panahong ito sa ganitong paraan,” sabi ni Brigham, “sa pagbibigay sa kanila ng kaunti rito at kaunti roon. Sa gayon ay Kanyang dinagdagan ang kanilang karunungan, at siya na tumatanggap nang kaunti at nagpapasalamat para rito ay parami nang parami nang parami ang matatanggap.”³²

Noong Disyembre natapos ang kisame ng templo, at inihanda ito ng mga Apostol para sa pagbibigay ng endowment. Sa tulong ng iba pang mga Banal, nagsabit sila ng makakapal na kurtina upang hatiin ang malalaking bulwagan sa ilang mga silid na napapalamutian ng mga halaman at mga larawang nakapinta sa mga pader. Sa dulong silangan ng kisame, hinati nila ang isang malaking espasyo para sa silid-selestiyal, ang pinakabanal na lugar sa templo, at pinalamutian ito ng mga salamin, mga larawang may kuwadro, mga mapa, at napakagandang marmol na orasan.³³

Pagkatapos ay inanyayahan ng mga apostol ang mga Banal na pumasok sa templo upang tumanggap ng kanilang mga pagpapala. Ang mga kalalakihan at kababaihan na nabigyan na ng endowment noon ay halinhinan sa pag-sasagawa ng iba't ibang tungkulin sa seremonya ngayon. Ginagabayan ang mga Banal sa mga silid ng templo, itinuro nila sa kanila ang higit pa tungkol sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak at inilagay sila sa ilalim ng karagdang mga tipan na ipamuhay ang ebanghelyo at ilaan ang kanilang sarili sa pagtatayo ng Kanyang kaharian.³⁴

Pinangasiwaan nina Vilate Kimball at Ann Whitney ang ordenansa ng paghuhugas at pagpapahid ng langis para sa mga babae. Pagkatapos ay ginabayan ni Eliza Snow ang kababaihan sa natitirang bahagi ng ordenansa, sa tulong ng iba pang mga babae na tumanggap na ng endowment. Hinirang ni Brigham si Mercy Thompson na tumira sa templo upang tumulong sa mga gawain doon.³⁵

Noong simula ng bagong taon, nagsimula ang mga apostol na magbuklod ng mga mag-asawa sa buhay na

ito at sa kawalang-hanggan. Hindi nagtagal, mahigit isang libong mag-asawa ang tumanggap ng bago at walang hanggang tipan ng kasal. Kabilang sa kanila sina Sally at William Phelps, Lucy at Isaac Morley, Ann at Philo Dibble, Caroline at Jonathan Crosby, Lydia at Newel Knight, Drusilla at James Hendricks, at iba pang kababaihan at kalalakihan na sumunod sa simbahan mula sa bawat lugar, inilalaan ang kanilang buhay sa Sion.

Nabuklod rin ng mga apostol ang mga anak sa mga magulang at ang mga babae sa mga asawa na pumanaw. Si Joseph Knight Sr., na nagalak kasama ni Joseph noong umaga na dinala niya ang mga laminang ginto sa kanilang tahanan, ay ibinuklod para sa kanyang asawang si Polly, ang unang Banal na inilibing sa Jackson County, Missouri. Ang ilang Banal ay nakibahagi rin sa pagbubuklod ng espesyal na pag-ampon na nagbuklod sa kanila sa walang hanggang pamilya ng mga malalapit na kaibigan.³⁶

Sa bawat ordenansa, ang plano ng Panginoon ng pinagkaisang tanikala ng mga Banal at ng kanilang mga pamilya, na nakabuklod sa Kanya at sa isa't isa sa pamamagitan ng priesthood, ay naging totoo.³⁷

NOONG TAGLAMIG NA IYON, ang mga kaaway ng simbahan ay hindi mapalagay, nag-aalinlangan na ang mga Banal ay tutupad sa kanilang pangako na umalis sa tagsibol. Sina Brigham, at iba pang mga apostol ay pasinungaling na pinaratangan ng mga krimen, kaya napilitan silang manatiling hindi nakikita at kung minsan ay nagtatago sa loob ng templo.³⁸ Kumalat ang mga bulung-bulungan na pinagdudahan

ng pamahalaan ng Estados Unidos ang katapatan ng mga Banal at nais magpadala ng mga kawal upang pigilan silang lisanin ang county at pumanig sa mga dayuhang kapangyarihan na may kontrol sa mga lupain sa kanluran.³⁹

Nakadarama ng matinding panggigipit na umalis, nagpasiya ang mga apostol na ang mga lider ng simbahan, kanilang mga pamilya, at iba pa na tumanggap ng pag-uusig ay dapat umalis kaagad. Naniniwala sila na maaaring maantala ng pagtawid nila sa Ilog Mississippi patungo sa Iowa ang kanilang mga kaaway ng ilang panahon pa at makapag-iwas sa kanila sa karagdang karahasan.

Noong unang bahagi ng Enero 1846, tinatapos ng mga apostol ang kanilang mga plano sa paglisan kasama ang Konseho ng Limampu. Bago umalis, nagtalaga sila ng mga kinatawan upang pamahalaan ang ari-arian na kanilang iiwanan at ipagbili ang lahat ng kanilang makakaya upang matulungan ang mga mahihirap na gawin ang paglalakbay. Nais din nila na ang ilang mga lalaki ay manatili upang tapusin at ilaan ang templo.

Sina Brigham at ang Labindalawa ay desidido na ngayon na tipunin ang mga Banal sa mga lambak lampas ng Rocky Mountains. Matapos ang pag-aayuno at pagdarasal araw-araw sa loob ng templo, nakita ni Brigham ang isang pangitain kung saan si Joseph ay itinuturo ang ituktok ng bundok na may isang nagwawagayway na bandila sa taas nito bilang isang sagisag. Sinabi sa kanya ni Joseph na magtayo ng isang lunsod sa ilalim ng anino ng bundok na iyon.

Naniwala si Brigham na iilang tao lamang ang naganasa sa rehiyon, na hindi ganoon kayaman kaysa sa kapatagan sa silangan ng mga kabundukan. Umasa siya

na magbibigay rin ng proteksyon sa kanila ang mga bundok mula sa mga kaaway at magbibigay ng katamtamang klima. Kapag nanirahan na sila sa lambak, pag-asam niya, magagawa nilang magtayo ng daungan sa Baybayin ng Pasipiko upang tumanggap ng mga mandarayuhan mula sa England at sa silangang Estados Unidos.⁴⁰

Muling nagpulong ang konseho makalipas ang dalawang araw, at muling pinagnilayan ni Brigham ang hangarin ni Joseph na tuparin ang propesiya ni Isaias at magtaas ng isang sagisag sa mga bansa. “Ang sinabi ng mga propeta ay hindi mapapatunayan,” sinabi ni Brigham sa kapulungan, “maliban na lamang kung ang bahay ng Panginoon ay itatayo sa mga tuktok ng mga bundok at ang marilag na bandila ng kalayaan ay iwawagayway sa itaas ng mga lambak na nasa loob ng kabundukan.”

“Alam ko kung nasaan ang lugar na ito,” pahayag niya, “at alam ko kung paano gawin ang watawat.”⁴¹

NOONG PEBRERO, 2, MATAPOS MATANGGAP ng libu-libong mga Banal ang mga ordenansa sa templo, ibinalita ng mga apostol na kanilang ititigil ang gawain sa templo at sa halip ay maghahanda ng mga bangka na magtatawid ng mga bagon sa nagyeyelong Ilog Mississippi. Nagpadala ng mga sugo si Brigham sa mga kapitan ng mga pangkat ng bagon, na nag-aatas sa kanila na maghandang umalis sa loob ng apat na oras. Pagkatapos ay patuloy siyang nangasiwa ng endowment para sa mga Banal hanggang lumalim ang gabi, pinananatiling naroon ang mga

tagarekord sa templo hanggang ang bawat ordernansa ay naitala nang wasto.⁴²

Paggising ni Brigham kinabukasan, sinalubong siya ng isang pulutong ng mga Banal sa labas ng templo, sabik na para sa kanilang endowment. Sinabi sa kanila ni Brigham na hindi mabuting maantala ang kanilang paglisan. Kung mananatili sila upang gumawa pa ng karagdagang endowment, ang kanilang daan palabas ng lunsod ay maaaring mahadlangan o kaya ay maputol. Ipinangako niya na sila ay magtatayo ng mas maraming templo at magkakaroon ng mas maraming pagkakataong tumanggap ng kanilang mga pagpapala sa kanluran.

Pagkatapos ay naglakad si Brigham papalayo, umaasang maghihiwa-hiwalay ang mga Banal, ngunit sa halip ay umakyat sila sa mga hakbang ng templo at pinuno ang mga bulwagan nito. Pumihit sa kanyang kinalalagyan, sinundan sila ni Brigham sa loob. Nakita niya ang kanilang nag-aalalang mukha, at nagbago ang kanyang isip. Alam nila na kailangan nila ang endowment upang malampasan ang mga darating na paghihirap, mapagtagumpayan ang tibo ng kamatayan, at makabalik sa piling ng Diyos.

Para sa kabuuan ng buong araw na iyon, pinangasiwaan ng mga manggagawa sa templo ang mga ordenansa para sa daan-daang mga Banal.⁴³ Kinabukasan, Pebrero 4, 1846, ang karagdagang limang daang mga Banal ay tumanggap ng kanilang endowment habang ang mga unang bagon ay umalis mula sa Nauvoo.

Sa wakas, noong Pebrero 8, nagpulong sina Brigham at ang mga apostol sa itaas na palapag ng templo. Lumuhod sila sa altar at nagdasal, hinihiling na pagpalain ng Diyos ang mga taong naglalakbay patungong kanluran at ang mga mananatili sa Nauvoo upang tapusin ang templo at ilaan ito sa Kanya.⁴⁴

NOONG MGA DUMATING NA araw at linggo, ang mga pulutong ng mga Banal ay isinakay ang kanilang mga bagon at mga baka sa mga gabara at itinawid sila ng ilog, sumasama sa iba pang nakatawid na. Habang umaakyat sila sa isang mataas na dalisdis ilang milya ang layo sa kanluran ng ilog, lumingon ang maraming Banal sa Nauvoo upang magsagawa ng emosyonal na pamamaalam sa templo.⁴⁵

Araw-araw, pinanood ni Louisa Pratt ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay na nililisan ang lunsod. Takot pa rin siya sa ideya na pumunta sa kanluran nang walang tulong at patnubay ni Addison. Inaasahan ng lahat na ang paglalakbay ay puno ng hindi inaasahang panganib, subalit hanggang ngayon ay walang nagtatanong sa kanya kung siya ay handang gawin ito. At wala ni isa sa mga kalalaki-hang naghirang kay Addison sa misyon ang tumulong sa kanyang lumipat.

“Sister Pratt,” sabi ng isang kaibigan isang araw matapos niyang sabihin ang kanyang saloobin, “inaasahan nilang sapat ang iyong talino upang makaalis nang mag-isa kahit na walang tulong, at na makatutulong ka pa sa iba.”

Pinag-isipan iyon sandali ni Louisa. “Aba,” sabi niya, “ipapakita ko sa kanila kung ano ang magagawa ko.”⁴⁶

DAHIL SA NIYEBENG UMAALIMPUYO sa kanya, nanginig sa ginaw si Emily Partridge nang naupo siya sa natumbang puno sa may kanlurang pampang ng Ilog Mississippi. Ang kanyang ina at kapatid ay tumawid sa ilog anim na araw na ang nakararaan at nagkampo sa di-kalauyan, ngunit hindi alam ni Emily kung saan. Tulad ng maraming Banal na umalis ng Nauvoo, siya ay pagod, gutom at nag-aalala sa paglalakbay nila kalaunan. Ito ay ang pang-apat na pagkakataon na siya ay itinaboy mula sa bahay niya dahil sa kanyang pananampalataya.⁴⁷

Sa tagal ng kanyang naaalala, palagi siyang isang Banal sa Huling Araw. Bilang isang batang babae, pinanood niya ang kanyang ama at ina na magdusa ng pag-uusig at kahirapan upang maglingkod kay Cristo at itatag ang Sion. Sa edad na labing-anim, noong pinuwera ng mga mandurumog ang kanyang pamilya na lumayas sa Missouri, ginugol na ni Emily ang halos buong buhay niya sa paghahanap ng isang lugar ng kanlungan at kapayapaan.

Ngayong halos dalawampu't dalawang taon gulang na, magsisimula siyang muli ng isa pang paglalakbay. Matapos ang pagpanaw ni Joseph, pinakasalan niya si Brigham Young bilang asawa sa maramihang pag-aasawa. Noong nakaraang Oktubre, nagkaroon sila ng anak, si Edward Partridge Young, na ipinangalan sa kanyang ama. Makalipas ang dalawang buwan, pumasok si Emily sa templo at tinanggap ang kanyang endowment.

Kung ang kanyang sanggol ay ligtas na makapaglalakbay, lalaki ito sa mga kabundukan, ligtas mula sa mga mandurumog noong kabataan ng kanyang ina. Subalit hindi niya malalaman, gaya ng pagkakaalam ni Emily, kung paano ang mabuhay sa Jackson County o sa Nauvoo. Hindi niya makikilala si Joseph Smith o mapakikinggan siyang mangaral sa mga Banal sa Linggo ng hapon.

Bago tumawid ng ilog, nagpunta si Emily sa Nauvoo Mansion upang dalawin ang sanggol na anak nina Joseph at Emma, si David Hyrum, na isinilang limang buwan matapos ang pagkamatay ng propeta. Ang hinanakit na minsang umiral sa pagitan nina Emma at Emily ay wala na, at inanyayahan siya ni Emma sa kanyang tahanan at pinakitunguhan siya nito nang maayos.

Sina Emma at ang mga bata ay hindi maglalakbay pakanluran. Ang kanyang paghihirap na tanggapin ang maramihang pag-aasawa, pati na rin ang patuloy na mga alitan sa lupain, ay patuloy na nagpapalubha ng kanyang relasyon sa simbahan at sa Labindalawa. Naniniwala pa rin siya sa Aklat ni Mormon at nagkaroon ng malakas na patotoo tungkol sa kanyang asawa noong tinawag ito bilang propeta. Ngunit sa halip na sumunod sa mga apostol, pinili niyang manatili sa Nauvoo kasama ng iba pang mga miyembro ng pamilya Smith.⁴⁸

Nakaupo sa may pampang ng Ilog Mississippi, unti-unting gininaw si Emily habang natitipon ang malalaking taliptip ng niyebe sa kanyang damit. Nasa Nauvoo pa si Brigham, pinamamahalaan ang malakihang paglisan, kung kaya't tumayo siya at dinala ang kanyang sanggol mula sa isang apoy sa kampo patungo sa isa pa, naghahanap ng init

at isang pamilyar na mukha. Hindi nagtagal, muli niyang nakasama ang kanyang kapatid na si Eliza at sumama sa kanya sa isang kampo ng mga Banal sa isang lugar na tinatawag na Sugar Creek. Doon ay nakita niya ang mga pamilyang nagsisiksikan sa mga tolda at bagon, magkaka-sama na nakakapit sa init at kaginhawahan laban sa lamig at hindi tiyak na hinaharap.⁴⁹

Walang sinuman sa kampo ang nakakaalam sa kung ano ang ihahatid ng umaga. Gayunman, hindi sila sumusu-ong nang walang alam. Nakipagtipan sila sa Diyos sa templo, pinalalakas ang kanilang pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan na gumabay at umalalay sa kanilang paglalakbay. Bawat isa ay nagtiwala na sa isang dako sa kanluran, sa ibayo ng mga tuktok ng Rocky Mountains, makatatagpo sila ng lugar upang magtipon nang sama-sama, bumuo ng isa pang templo, at itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa.⁵⁰

M G A T A L A

Ang ilang sources ay tinutukoy gamit ang pinaikling pagsipi. Ang bahagi na “Sources na Binanggit” ay nagbibigay ng buong impormasyon ukol sa lahat ng sources na binanggit. Marami sa mga sources ay makukuha sa digital na anyo at may link sa electronic version ng aklat, na matatagpuan sa saints.lds.org at sa Gospel Library.

Ang salitang Paksa sa mga tala ay nagpapahtwatig ng karagdagang impormasyon sa internet sa saints.lds.org.

PAUNANG SALITA

1. Woodruff, Journal, Oct. 20, 1861.
2. Joseph Smith at iba pa, *History of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, pinamatnugutan ni B. H. Roberts (Salt Lake City: Deseret News, 1902–1912 [tomo 1–6], 1932 [tomo 7]); B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints: Century I*. 6 tomo (Salt Lake City: Deseret News, 1930).
3. Doktrina at mga Tipan 69:8 (Revelation, Nov. 11, 1831–A, sa josephsmithpapers.org).
4. Tingnan sa Mosias 3:19.

KABANATA 1: HUMILING NANG MAY PANANAMPALATAYA

1. Raffles, “Narrative of the Effects of the Eruption,” 4–5, 19, 23–24.
2. Raffles, “Narrative of the Effects of the Eruption,” 5, 7–8, 11.
3. Wood, *Tambora*, 97.
4. Wood, *Tambora*, 78–120; Statham, *Indian Recollections*, 214; Klingaman at Klingaman, *Year without Summer*, 116–18.
5. Wood, *Tambora*, 81–109; Klingaman and Klingaman, *Year without Summer*, 76–86, 115–20.
6. Klingaman at Klingaman, *Year without Summer*, 48–50, 194–203.
7. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 131; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 2, [11]–book 3, [2]. **Paksa: Operasyon sa Binti ni Joseph Smith**
8. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [3]; Stilwell, *Migration from Vermont*, 124–50.
9. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [4]; Bushman, *Rough Stone Rolling*, 18–19, 25–28. **Paksa: Pamilya nina Joseph Sr. at Lucy Mack Smith**
10. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [5]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 131–32.
11. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [2]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 131.
12. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [5]–[6]; Lucy Mack Smith, History, 1845, 67; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 132. **Paksa: Lucy Mack Smith**
13. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [6]–[7].
14. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [7]; Tucker, *Origin, Rise, and Progress of Mormonism*, 12. **Paksa: Pamilya nina Joseph Sr. at Lucy Mack Smith**
15. Cook, *Palmyra and Vicinity*, 247–61. **Paksa: Palmyra at Manchester; Mga Simbahang Kristyano noong Panahon ni Joseph Smith**
16. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 1–2, in *JSP*, H1:11–12.
17. Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–6; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, [1]–2, in *JSP*, H1:208–10 (draft 2). **Paksa: Mga Paniniwalang Panrelihiyon noong Panahon ni Joseph Smith**

